ALEGRIA GIRLS SERIES 2

Ripped

jonaxx

Ripped: Freya (Alegria Girls Series #2) by jonaxx

No one is good enough to deserve the beautiful Freya Cuevas of Alegria. She's witty, smart, and confident. Lahat halos sa buong campus ay hinahangaan siya. From the consecutive wins to topping her batch's classes. Lahat ng iyon, nangunguna siya. Kahit yata sa puso ng pinakahahangaang lalaki sa kanilang eskwelahan.

Her life is perfect. She can control anything and anyone. It's so easy! Kaya naman mabilis siyang na chachallenge sa isang bagay. She did everything perfectly for it.

She played with it like it's just a funny game.

Pero nang isa-isa na nitong nakuha ang lahat ng noon ay sa kanya, napagtanto niyang nagkamali siya. She ruined her own titles. She destroyed her own name. She ripped her own heart.

==========

Ripped

This is a work of fiction. Names, characters, businesses, places, events and incidents are either the products of the author's imagination or used in a fictitious manner. Any resemblance to actual persons, living or dead, or actual events is purely coincidental.

Do not distribute, publish, transmit, modify, display or create derivative works from or exploit the contents of this story in any way. Please obtain permission.

_____

This is the second installment of Alegria Girls Series.

==========

Simula

OceanofPDF.com

Simula

"And the winner of the Miss Intramurals is..."

Parang kasing lakas ng dagugdong ng drum ang puso ko. Sobrang laki ng ngisi ko habang tinitingnan ang crowd.

Hindi ko maipagkakaila na ako ang sinisigaw ng halos lahat ng narito. I even got

the biggest banner here. I laughed.

Ang katabi kong kandidata ay mukhang constipated na sa kaba. I stood there with my head high. Whatever's the decision, I will accept it humbly. It's a good fight. I did well. They did well. It's a great experience.

Hindi ito ang unang pagkakataon na sumali ako ng isang pageant. Even before this, I won the Miss Intramurals title of Alegria Elementary School. At marami pang ibang titulo sa mga pageant sa barangay.

Bata pa ako simula nang iexpose ako ni mama sa mga pageant. Nakahiligan ko na rin iyon dahil iyon na ang nakasanayan ko.

With my tall and slender body figure, hindi naging mahirap panatilihin ang pagbagay ko sa mga pageant. I'm fair but not as white as paper. Ang sabi nga ni mama, madalas nanalo sa mga pageant ay iyong may kayumangging balat. Kaya naging hilig ko ang magbilad sa araw just to perfectly bronze my skin.

"Who's your bet, folks?" tanong ng Master of Ceremonies sa crowd.

Tumawa ako.

"The winner of Miss Intramurals is Miss Freya Dominuque Cuevas!"

Nilingon ko ang katabing kandidata at niyakap siya ng mahigpit. Binigyan siya ng sash at bouquet of roses. Ganoon din ako. Kinoronahan ako ng dating Miss Intramurals.

Hindi ako makapaniwala. Sa totoo lang, hindi ko inasahang mananalo ako kahit na marami na akong experience. This is my first time joining here. Ayaw pa nga ni Mama dahil dapat 'tsaka na raw kapag naging junior na ako.

Pero wala siyang nagawa nang sinabi kong gusto kong sumali ngayon. I'm still a freshmen. Kaya laking gulat ko nang nanalo na kaagad ako kahit ganoon.

"Awards will be given by judges Mrs. Carolina Esquivel and Ms. Catherine Ortiz..."

Naging mabilis ang panahon sa pagkakapanalo ko. Picture dito, picture doon. It's all glamorous. Halos ma spoil ako.

"I told you you'd win. Next year, sa akin mo ipapasa ang korona, huh?" tawa ng kaibigan kong si Juliet.

Tumawa rin ako.

Ilang minuto pa kaming nanatili sa stage para sa pictorials. Kinausap rin ako ng prinsipal at ng ilang judges.

"You deserve your win, Freya..." sabi ng Principal.

"Salamat po. Hindi ko inasahan 'to pero tuwang-tuwa po ako..."

Nilapitan ako ng aking Mama at Papa. Alam kong kukunin na nila ako dahil may meeting pang sasalihan si Mama mamaya. Hindi kami pwedeng magtagal dito.

"I'm so proud of you, anak. Ang galing mo sa question and answer portion! You amazed the judges. You really won the title. Ang alam ko, ilang freshmen pa lang ang nanalo ng titulong ito!" ani Mama.

Tumawa ako. "Buti na lang sumali ako, Ma... Ayaw mo pa akong isali, e."

"You know I'll be very busy this year. Hindi kita natutukan pero nagawa mo parin! I am so proud of you!" ani Mama.

"Kapag talaga kasali si Freya sa isang pageant, hindi pwedeng hindi siya ang manalo!" tawa ng isa sa mga teachers.

Ilang pageant na rin ang nasalihan ko. Lahat ay naipanalo ko. Kahit sa unang pageant ay naipanalo ko parin!

Ilang sandali pang pictorials kasama ang pamilya at mga kaibigan ko bago kami nagpasyang umalis. Dala-dala na ng kapatid ko ang mga gamit ko habang naglalakad kami palayo sa auditorium.

"Frey, magkita na lang tayo mamaya, ha?"

Ngumiwi ako kay Juliet.

"Walang pagod-pagod! Alam ko rin namang pupunta ka, e." Ngumisi siya.

Tumango ako at kumaway na sa kanila.

Pumasok na kami sa pick up. Nilapag ng kapatid ko ang gamit sa likod.

"Joaquie, huwag mong ilagay diyan sa likod! Dito sa loob mo ilagay!" utos ko sabay turo sa loob ng pick up.

Nagkamot ng ulo ang kapatid ko at tamad na inilipat ang mga gamit doon. Pumasok na rin ako sa loob.

Humikab ako. Nakakapagod ang pageant. Mabuti na lang at naipanalo ko, at least hindi sayang ang pagod.

Ayaw ko na sanang sumama pa kina Mama at Papa sa meeting nila doon sa mansyon ng mga Revamonte ngunit alam kong mahalaga ito kay Mama. Tatakbo kasi siya bilang Punong Barangay sa amin sa nalalapit na eleksyon at kapartido niya si Pantaleon Revamonte III na tatakbong gobernador.

"May alam ba iyang anak ni Don Pantaleon sa buong lalawigan? Tingin ko ay wala.

Iyan ang hirap kapag laking syudad..." ani papa nang lumipad ang kanilang usapan sa politika.

"Kaya 'yan. Magaling na pinuno si Don Pantaleon. Malamang pati ang anak niya ay magaling..." giit ni mama.

"Paano iyong isyu sa kanya, mama? Iyong may anak siya sa ibang babae?" nakisali ako.

Nadedehado kasi ang partido nina Mama dahil sa mga isyung kaharap ng tumatakbong gobernador.

"Hindi iyan. Kung si Don Pantaleon ang mangangampanya para sa kanya, sigurado na ang panalo."

Humikab ulit ako.

Nang nakarating na kami sa bahay ay busy agad ang lahat. Maging ang aming kasambahay ay hindi na magkanda ugaga sa mga utos ni Mama. Naligo ulit ako at nagbihis para lamang sa okasyong magaganap ngayon.

Tamad na lumabas si Joaquin, ang aking nakababatang kapatid sa kwarto. Dumiretso siya sa computer at nagsimula nang maglaro.

Nilingon ko si Mama at Papa na parehong nagbibihis ng pormal para sa okasyon.

"Freya... halika rito!" tawag ni Mama.

Tumayo ako at lumapit sa kanya. Sa malaking salamin namin sa sala niya ako sinuklayan ng buhok. Na blowdry at unat ko na 'to sa kwarto ngunit mukhang hindi pa iyon sapat kay Mama.

Tanaw ko ang aking sarili sa harap ng salamin. Dahan-dahang sinusuklay ni Mama ang

aking buhok. Ngumiti si Mama sa akin.

"Buong pamilya na ni Gov ang umuwi galing Manila patungo dito," ani Mama.

"Talaga?" kumunot ang noo ko.

Suminghap si Mama. "Oo. May problema kasi sila kaya ganoon. Frey... may halos ka edad ka sa mga kapatid ng Ate Lea mo."

Nanlaki ang mga mata ko. "Talaga? Kung ganoon, ba't 'di sinabi ni Juliet sa akin?

Pwede namin siyang maging kaibigan! Mag-aaral ba siya sa Alegria, Ma?" excited kong sinabi.

Tumango si Mama at tumawa. "Baka hindi sinabi dahil lalaki ang halos ka edad mo, Frey. Hindi babae tulad ng Ate Lea mo..."

Naupos ang sigla ko. I'm not really close with boys. Si Joaquin lang ang close ko sa mga lalaki. Papaano ba naman kasi, I really dislike the way they treat girls.

I'm not generalizing, though. I just hate it when they play around. Play around thinking we girls could like them kahit na ang totoo ay halos disgusting na.

Or is it just me?

Ang ibang boys kasi sa school, kapag nakakausap ko na ay biglang yumayabang. Kaya ang ginagawa ko ay dumidistansya ako sa kanila. It's probably true. That men are from Mars and girls are from Venus.

"O... E 'di dapat si Joaquin ang gawing close, 'di ba?" tanong ko.

"I told Joaquin, too. Sinasabi ko lang sa'yo 'to dahil baka mas magkasundo kayo noong anak niya dahil mas malapit ang edad n'yo."

Ngumiwi ako. I guess, I have no choice then?

Kasama ang pamilya ko ay nagpunta na kami sa mga Mansion ng Revamonte. Like all the other mansions here in Alegria, their mansion is ancient. Concrete but the sculpture of men and women as the mansion's foundation made it look medieval.

Ilang beses na akong nagpunta dito ngunit hanggang ngayon namamangha parin ako.

Pagkapasok namin sa bahay ay agad na umalis si Joaquin sa aking tabi. Sumama siya kay Peter na siyang madals nitong kalaro. Nakita ko si Juliet kasama ang kanyang Mommy at Daddy. Nagngitian lamang kaming dalawa. Naroon din si Marjorie, ang isa ko pang kaibigan. Ngumiti lamang ako. I can't be with them just yet. Habang 'di pa ako sinasabihan na pwede nang gumala.

Sa hapag ay naroon ang malalaking tao ng Alegria. Naririnig ko pa ang pang eencourage nila kay Papa na tumakbo rin sa mas mataas na posisyon kesa sa Mama ko pero lagi niya itong tinatanggihan.

"Engineer, sayang naman. Isa kang magaling na public servant. I like what you did noong huling bagyo... It was so helpful."

"I did that for my wife. Syempre, abala na siya sa marami pang bagay. 'Tsaka kagustuhan ko ring tumulong..." ani Papa.

Nang dumating ang kandidatong gobernador kasama ang kanyang mga anak ay naestatwa na ako sa kinatatayuan ko.

"Ladies and gents, finally... Heto na ang mga apo ko..." sabay tawa ni Don Pantaleon II.

Hinawi niya ang mahabang buhok na nakapatong sa kanyang balikat at nilahad ang kamay sa mga dumating.

There stood Ate Leandra Revamonte with her siblings. May tatlong lalaking kapatid pala siya.

"Kulang yata ng isa, Don Pantaleon?" sabay tawa ng isa sa mga panauhin.

Tumawa rin si Don Pantaleon. "Hindi na natin iyon isasali. Hindi ba, Third?"

Umigting ang panga ni Pantaleon Revamonte III sa sinabi ng kanyang amang Don. May anak kasi siya sa labas. Iyon ang isyung hinaharap niya

ngayon. Tinatawanan lang ng lahat.

Pinasadahan ko ng tingin ang tatlong lalaking anak. The first one looked so formal.

Tinatanguan niya ang mga taong bumabati. The second one was just too happy. Laging nakangiti at mukhang hindi mapagkakatiwalaan.

Pumirmi ang mga mata ko sa huling lalaki. He looked morbid. Parang laging seryoso at laging mukhang naghahanap ng away. Tuwing tumitingin sa ibang tao ay parang may sarkastikong ngiti kang makikita sa kanyang mga mata. I can't decide if he's mean or just like that.

"These are my legitimate grand children. I'm sure all of you knows Lea Revamonte..."

Ngumiti si Ate Leandra.

"This is Kaius Revamonte," turo ni Don Pantaleon sa unang lalaki sa tabi ni Ate Lea. "This is Nicholas Revamonte..." Turo niya sa sunod. "And... Pantaeleon Revamonte the fourth..." lahad niya sa huli.

Bahagya akong tinulak ni Mama. Halos matalisod ako sa gulat. Nilingon ko si Mama at nakangiti na siya kay Don Pantaleon.

"Hindi ba ay halos magka edad lang itong si Leon at ang anak kong si Freya, Don?"

Mabilis kong tiningnan ang nakababatang apo. His eyes are now directed at me.

Bahagya akong kinapos sa hangin.

The way he gazes made me tremble. Hindi ko alam kung bakit. His lashes are long.

Mas lalo lang nitong nadepina ang kanyang mga mata. His semi shaved head made him look more badass.

"Oo. Leon, meet Freya Cuevas. She's a Grade Seven student at Alegria National High School. Baka maging magkaklase kayo nito."

I regained my composure. Tumuwid ako sa pagkakatayo at naglahad ng kamay sa pinakabatang Revamonte.

"Freya Dominique Cuevas... You are... Leon?" nagtaas ako ng isang kilay.

His lazy eyes looked at me from head to foot. Tinikom ko ang bibig ko. This is why I hate boys. Pero kailangan kong pakisamahan ang isang ito.

"Ganito pala talaga ang probinsyana. I thought it's just a stereotype," iyon ang unang lumabas sa kanyang bibig.

Nanlaki ang mga mata ko. Tumawa si Don Pantaleon at dinirekta ang atensyon sa mga kadarating lang na bisita. Maging si Mama ay binalewala ang remark ni Leon.

Nanatili ang mga kamay ko sa harap ni Leon.

What? What did he just say?

Nakafloral dress ako. It's hugging my body. I don't know what he's talking about and why he told me that!

"Leon!" malamig na saway ni Ate Lea sa kanyang kapatid.

Tamad na tatanggapin sana ni Leon ang aking kamay pero agad kong binawi iyon.

Humugot ako ng malalim na hininga at nagtaas ng kilay.

"The stereotype I have for city boys isn't like this..." Pinasadahan ko siya ng tingin mula ulo hanggang paa. "They were better on TV."

Ngumisi ako at nilipat ang mga mata sa sunod na Revamonte. Akala mo, ha?

==========

Kabanata 1

OceanofPDF.com

Close

That's how we first met.

"Ah. Si Leon ba?" ani Juliet.

Sinabi ko sa kanya ang nangyari kanina. Tapos na ang salu-salo at nasa closed door meeting na ang mga kandidato. Ang ibang bisita, media, at ang ibang kaibigan ng mga tatakbo ay nasa labas lang nag aantay. Ganoon din ako. Ganoon din kami ng mga kaibigan ko.

"Ganoon naman silang magkakapatid na lalaki. Normal sa kanila ang ganoon. They're rude and snob..."

Nilingon ko ang magkakapatid. Si Kaius na siyang pinakamatanda sa mga lalaki ay may kausap nang grupo ng mga kaibigan. Si Nicholas ay nakatutok sa kanyang iPad.

Samantalang si Leon naman ay nasa veranda at nakatingin sa labas.

"Hayaan mo na sila."

"Ang gwapo nilang magkakapatid, Juliet. Sa bagay, maganda si Ate Leandra. Ano ba ang tunay na pangalan ng Leon? Bakit Fourth ang tawag ng iba sa kanya?" tanong naman ng kaibigan kong si Marjorie.

"Pantaleon Revamonte the fourth, 'di ba?" sabi ko.

Hindi mahirap ifigure out iyon.

Nagpatuloy ang tipon tipon. Mabuti na lang at sa kabaitan ni Ate Lea ay pinapasok

niya kami sa iba't-ibang silid ng kanilang mansyon.

Marami itong silid. Pakiramdam ko, kung mag-isa ako ay maaaring mawala ako sa loob nito.

Nagpunta kami sa isang silid na puno ng libro. Library ata iyon. May sinaunang globe pa doon. Kahit na alam kong replika lamang ay mangha parin ako. How people thought that the Earth was flat is understandable. Kung siguro'y walang nagsabi sa aking bilog ang mundo, maaaring iisipin kong talagang flat ito.

"Gusto mo 'yan, Frey?" tanong ni Ate Lea.

Tipid akong ngumiti. "Nakakacurious lang, Ate."

Iginiya niya rin kami sa isang silid na puno ng sculpture. Doon ko nalaman na si Kauis pala ay mahilig mag sculp. Tulad na lang ng ama ni Juliet na isa ring Revamonte. Namana niya yata sa kanyang tito.

"This is his latest work. Niship pa ito galing Maynila patungo dito..." ani Ate habang ipinapakita ang sculpture ng isang babaeng mala dyosa ang ganda.

"Pinaship, Ate? Bakit?" tanong ko.

"Dito na kasi mag-aaral ang magkapatid sa susunod na school year. Pupwede namang hindi na isama si Kaius, pero gusto niya yatang tapusin ito sa buwan na ito.

Mamamalagi siya dito buong buwan kaya ganoon."

Pagkatapos doon ay sa isang silid naman na puno ng mga salamin. Mangha talaga ako.

Pakiramdam ko, iyong bahay namin ay dalawang silid lang ng mansyon nila.

We're not rich like them. May lupain ang Lolo ko ngunit hinati ito sa mga kapatid nina Mama kaya hindi ganoon kalakihan ang mana. My papa is an engineer. Ilang taon siya sa ibang bansa, kaya kami nagkaroon ng kaonting negosyo. We're fine. But not as fine as the Revamontes.

"Mabuti na nga rin at dito sila mag-aaral. Si Leon kasi... sa Maynila, masyadong barkadista. Halos basagulero pa ang lahat ng barkada. Kaya

mabuti na rin at dito, kayo ni Freya pa lang muna ang kilala niya..."

Napatingin ako kay Ate Lea. Ang mahaba niyang buhok ay sumasayaw sa bawat kilos.

Her complexion is shining bronze. Tulad ng kanyang mga kapatid na lalaki. Iyan ang kulay na gusto ko sa akin. Ayaw ko ng masyadong maputla tulad ng kulay ko ngayon.

"Naku! Don't let us handle him, Ate..." Humalukipkip si Juliet. "We get along well.

But I don't think he can last with us. I mean, hindi namin masasabayan ang mga gusto niya. Sa circle of friends namin, walang lalaki. Puro kami babae. He'll get bored..."

"Better bored than bad, Juliet. Kaya hayaan mo siya."

"He will find boys, Ate. Sus... Ang dami kaya naming mga kaklaseng lalaki..." ani Marjorie.

"I bet they're better boys than his other friends, Marj."

Nagkibit na lang ako ng balikat. Good thing he's not my cousin. Not my responsibility.

That was my oldest memory of it. After that, everything is a blur.

Ang alam ko lang, simula nang dumating siya lagi nang may buntot si Juliet. Grade 8

ako nang una siyang nag-aral sa Alegria National High School.

Dahil matanda siya ng higit isang taon, Grade 9 siya noong tumungtong siya doon. I really didn't care much about the other details of how he got in. Basta ay nandyan na lang siyang bigla.

Hinilot ko ang aking sentido habang nagbabasa sa loob ng library namin. Lumilipad talaga ang utak ko kapag usapang matematika o siyensya ang

topic ng aming klase.

"Frey..." kinalabit ako ni Juliet.

Para siyang maiihi sa pagkakapanic niya. Kumunot ang noo ko at tiningnan siyang mabuti mula ulo hanggang paa.

"Anong nangyari?" tanong ko.

Kinagat niya ang kanyang labi. She's now bright red. May lagnat ba ito? Kumunot ang noo ni Marjorie sa akin. Kaharap ko naman siya. Iniwan ang pagbabasa ng Edgar Allan Poe dahil sa kaibigan naming may problema.

Sumulyap si Juliet sa kabilang table. Walang pasok ngayon dahil magkakaroon ng Culminating Activity sa Buwan ng Wika. Kaya nandito kami sa library. Kaya rin nandito ang ilang mga estudyante. At ang tinitingnan ni Juliet ngayon ay si Leon na nasa kabilang table.

Unfortunately, he's not here to read. They're here for sight-seeing. Umirap ako.

Mabilis siyang nagkaroon ng barkada. Paano ba naman kasi, noong summer ay sumali daw ito ng mga liga kasama ang kapatid na si Nicholas. Hindi ko alam na mahilig pala ito sa basketball.

"Si Jarrick kasi nakikipagkita sa akin."

"Tapos..." walang kabuhay-buhay kong tanong.

Ito talagang si Juliet. Pinagbabawalan na ngang magboyfriend, ginagawa parin. How hard is it to stick with the rules? It's all simple.

"Alam mo naman, 'di ba? Si Leon, baka magsumbong. Aalis muna ako dito. Kapag hanapin niya ako, pwede bang ikaw muna sa kanya?"

Binaba ko ang binabasang libro. Now she got my full attention. Kung hindi ko lang ito kaibigan ay tatanggihan ko na ito.

"Anong sasabihin ko?"

Dumungaw ulit siya sa cellphone at parang 'di niya narinig ang tanong ko. Ngumisi pa siya sa nabasa niya sa screen. Mas lalong kumunot ang noo ko. Ridiculous!

"Hello? Juliet?" tanong ko.

"Sige na! Kaya mo 'yan! Magaling ka naman!" Tapos hinalikan niya ako sa pisngi.

Nanlaki ang mga mata namin ni Marjorie. Umalis kaagad ang kaibigan ko. And God! Not only that! She did it while Leon's watching us. Ni hindi man lang nag-ingat!

Sinundan ko ng tingin si Juliet at talagang sinundo pa siya ni Jarrick sa pintuan ng library. For everyone to see! I cannot believe it!

"Saan tungo ni Juliet?" nahihimigan ko na ang tuwa sa boses ni Leon.

Tumingala ako. Nasa gilid ko na siya agad. Nakapamulsa siya. Ang kanyang mga kaibigan na basketball players din ay nagkalat sa likod.

Come on. At times like this, do we really lie? I mean. Lying is a stupid thing to do. Lalo na't alam kong nakita niya namang umalis si Juliet kasama si Jarrick.

"May binili sa canteen, Leon..." ani Marjorie.

Tinapunan ko ng tingin si Marjorie. Her chubby cheeks flushed.

Biglang umupo si Leon sa tabi ko. Nanatili ang mga mata ko kay Marjorie habang nakatingin na ito sa akin.

"Ikaw? May masasabi ka? Saan ang pinsan ko?" Humalakhak siya. "I know you know better than that, Miss Beauty Queen."

"Bakit nagtatanong ka pa?" tanong ko.

"So I have a witness."

Umirap ako. Ilang beses na siyang naisumbong ni Juliet sa mga magulang nila sa mga kabulastugan niya dito sa school. Now he wants revenge. Si Juliet naman ang isusumbong niya for sure.

"Hindi ko kailangang sagutin ang tanong mo..." sabi ko sabay tayo.

Ngumiti ako kay Marjorie at sinenyas sa kanyang ang librong binabasa ko.

"I'll just... put this back..." sabi ko at umalis na.

Sumunod si Leon sa akin. Well, at least ako nga ang bahala sa kanya gaya ng gustong mangyari ni Juliet. Dapat niya akong ilibre mamaya. Though, I'm not sure if she's going to be happy with this. Alam kong nakita ni Leon na kasama niya si Jarrick.

Wala paring takas.

Binalik ko sa book shelf ang librong kinuha ko at naghanap ulit ng bagong babasahin. Sumusunod si Leon sa akin habang ginagawa ko iyon. His scent is attacking my nose. It's sweet and manly. How can this creature create that kind of scent is beyond me.

"So you're a supporter of true love?" aniya.

Tinapunan ko siya ng tingin. Did he really mention that? Alam niya ba ang ibig sabihin ng true love? Or kahit love man lang?

"You'd give up peace and order for it..." aniya.

Wow. That's deep! Nakuha niya ang atensyon ko. Though it's ridiculous, I still find that thought amazing. Hindi ko inakalang ihahalintulad niya ang nangyari sa malalaim na salita.

"There will be peace and order if you shut your mouth..."

Humalukipkip ako.

Matangkad si Leon. Halos kasing tangkad siya ng ibang mga nasa Grade 11 at 12 na.

Kung sabagay, ganoon silang magkakapatid. Hindi na kailangang kwestyunin. May tamang tangos ang kanyang ilong, ang labi niya'y mapupula at makurba, at ang mga mata ay masyadong nadedepina. Ang buhok niya naman, tulad nang una ko siyang nakita, semi shaved. That's how he probably likes it.

"So..."

Tumingala siya. His adam's apple protruded. Suminghap ako. Hindi ako tao kung hindi ko napupuna ang mga ito.

"Miss Freya Dominique Cuevas, if I let you choose kung alin ang mas mahalaga. Peace and order or true love, you'd choose true love?" naglaro ang ngiti sa kanyang labi.

"Peace and order..." diretso kong sinabi.

Ngumuso siya at tumango tango. "Then why did you let Juliet go with that boy?"

"Dahil hindi naman peace and order ang kapalit kung hindi ko siya hahayaan, 'di ba?"

Tinalikuran ko siya. That's enough play for now. I wish Juliet's back.

Nagpatuloy ako sa paghahanap ng libro. Nagulat ako nang naramdaman ko parin si Leon sa likod ko.

"So you're one of those who believe that peace and order may exist?" aniya sa mababang boses.

Hindi ko siya nilingon habang kinakausap. I'm more concerned of the books in front of me. And the unarranged Dewey Decimal System.

"So you want me to choose true love, rather?"

"Peace and order won't exist. Hindi ba mas maganda kung hindi bale nang mag giyera basta kasama mo lang ang mahal mo? Ma protektahan mo siya?"

Tumawa ako ng bahagya. "Peace and order isn't possible because of people who don't believe in it... like you."

Nilingon ko siya. Kitang kita ko ang mangha sa kanyang mukha. Nagtaas ako ng kilay.

"If you believe in it, you'd pursue it. You'll live it. But if you don't, walang mangyayari."

"That's ideal, Miss Cuevas."

"We all wish for the ideals..." I said confidently at nilagpasan siya.

Ilang hakbang ang nagagawa ko nang nakita ko ang mesa namin ni Marjorie. Juliet is not yet back! Kung ano man ang pinag uusapan nila, it better be more interesting than what Leon and I talked about!

"Anong sabi?" tanong ni Marjorie.

"It's useless. He saw Juliet..." sabi ko.

Natahimik agad si Marjorie. May kung sinong tinitingnan sa likod ko. Hindi ko na kailangang tanungin kung sino. I know.

Hinawakan niya ang table at ramdam ko ang pagyuko niya galing sa likod.

"Sa bahay ba kayo mamaya?" tanong ni Leon.

Nagkibit ako ng balikat. "Kung hindi papagalitan si Juliet..."

"Hindi ako magsusumbong..."

Nagkatinginan kaming dalawa. I don't know if I can trust him. Ganoon naman talaga lagi, hindi ba? Kahit wala tayong tiwala, mananalig parin tayo. Coz it's easy to just submit. It's easy to just believe. Than to question and prove something wrong...

"You think I'll believe you?"

"I am every bad thing. But I'm true to my words..."

Nagtiim-bagang ako at dahan-dahang tumango. And just like that, our worlds are closer.

But what is wrong with being close? It's the possiblity of collision. Like it or not... it is a possibility.

==========

Kabanata 2

Kabanata 2

OceanofPDF.com

Fourth

Indeed, he's true to his words.

"Mabuti na lang talaga!" ani Juliet sabay lapag sa kanyang bag.

Pumasok kami ni Marjorie sa kanyang kwarto sa mansyon ng mga Revamonte. They live here too. Ang alam ko, may bahay sariling bahay sila ngunit madalas siyang dito tumutuloy sa mansyon. Nga naman, mas malapit kasi ito sa aming paaralan.

"Magpasalamat ka kay Freya!" ani Marjorie.

"Ano bang pinag-usapan n'yo ni Leon? At milagrong hindi nagsumbong..."

Humalukipkip ako. I don't really know what I did. Ang alam ko lang, pumayag akong pumunta sa mansyon para doon magstudy.

Kapag din sinabi ko kay Mama na dito kami mag-aaral kina Juliet ay hinahayaan niya na lang ako. Sinusundo lamang ako ni Papa kapag sinabi kong tapos na kami. Ganoon din si Marjorie sa kanyang Papa.

Tutok ako sa mga libro habang nasa library kami ng mansyon. Instrumental lang ang music habang nagbabasa kami ni Marjorie. Yes, kami lang ni Marjorie. Juliet's on her phone again.

Sumusulyap ako tuwing tumutunog ang isang beep galing sa kanyang cellphone. Ni hindi niya iniisip na nakakaistorbo siya sa akin. Marjorie seems fine with it. But I'm really just so distracted with every beep.

"Tapos ka na ba sa homework mo?" tanong ko kay Juliet pagkatapos ng isang malapad na ngisi.

"Hindi pa, e. Pakopyahin mo na lang ako pagkatapos mo..."

Tumawa ako at umiling. "Ewan ko sa'yo. Hindi ko alam kung gusto ko ba si Jarrick o ano. I think you're better off without him..."

"Does it matter if you like Jarrick?" isang baritonong boses ang narinig ko galing

sa likod.

Hindi ko na nilingon. Alam ko agad. Si Marjorie at Juliet ay nakatingin na sa likod. Tinapunan ako ng marahas na tingin ni Marjorie. Like she's telling me something weird because he's here.

"Leon, pwede ba?" ani Juliet. "Leave us. If you have nothing good to say..."

"Hindi kita sinumbong tapos itataboy mo ako..."

Nilapag ni Leon ang kanyang mga notebook sa harap namin. He's studying? Hindi ko alam na marunong itong mag-aral? Or is he going to let us answer his homeworks?

Nagkatinginan kaming dalawa. An amused grin is plastered on his face.

"Mahina ako sa Science..." aniya.

"Huwag ka nga! Mahiya ka naman! Are you asking us to do your homework?" ani Juliet.

Exactly. Bad boys like him just know what they want, and gets it... in any way.

Handa akong gawin ang assignment niya. Though, I don't know much about a Grade 9's Science. Is it Chemistry? But if I read books, I'd probably understand. Ibig sabihin, mababawasan ang oras ko sa pag-aaral ng sarili kong mga subject. But then I have time tomorrow morning. That's okay.

"I saved your soul today, Juliet. Kung nakita ka ni Mang Kador kasama ang syota mo, baka grounded ka."

Pumula ang pisngi ni Juliet. Bumaling ulit si Leon sa akin. Huminga ako ng malalim at naglahad ng kamay.

"Give me your notes..." sabi ko.

"Oy, Freya! Hindi mo kailangang gawin iyan!" maliit na boses ang sinalubong ni Juliet.

"I can help Freya, Jul. It's okay..." ani Marjorie sa tonong may pagpapanic.

"What? No... Magpapaturo ako. Gagawin ko ang sarili kong assignment. There's just some things I don't understand that's all..."

I did not see that one coming. Mangha akong nakatingala kay Leon. Umupo siya sa

tabi ni Marjorie at inayos ang kanyang mga notebook.

Nagkatinginan kaming tatlo. There. That would be easier. It means I have more time to read entertainment tomorrow kapag natapos ko ang gawain ko ngayon. Magpapaturo lang naman pala siya.

Everything went smoothly. He's a fast learner. Pero hirap na ako sa pag-iintindi ng lessons nila dahil mas mataas ang antas nito sa amin.

"Kailangan ko ba talagang imemorize ang table na ito?" tanong ni Leon.

"If you want to ace your exams without cheating, you must..." sabi ko sa kalagitnaan ng pagtuturo.

"Hmmm..."

Kumunot ang noo niya habang tinitingnan ang table at kinokopya ang kakailanganing detalye sa kanyang notebook.

"Ayos ba 'to?" tanong niya sabay pakita ng notebook kay Marjorie.

Kinuha ni Marjorie ang notebook at inabot sa akin. Kinuha ko rin ito at tiningnan ang solution niya. Kumunot ang noo ko. Well, at least I have an idea about this.

Pag dating ko ng Grade 9, hindi na masyadong mahirap.

"Ayos lang... Ipagpatuloy mo..." sabay bigay ko kay Marjorie sa notebook.

Binigay naman ni Marjorie kay Leon. Tumingin si Leon kay Marj. Pinanood ko kung paano dahan-dahang sinubukan ni Leon si Marjorie.

"Pwede bang magpalit tayo para mas madali iyong pagpapakita ko sa kanya?"

"Sure! Sure..." ani Marjorie.

Tumuwid ako sa pagkakaupo at tinaas ang isang kilay. Nagpatuloy ako sa pagbabasa habang nagpalit ng pwesto si Leon at Marjorie.

Tumikhim si Juliet. Inangat ko ang tingin ko sa kanya. Her brown eyes bore into me.

Hindi ako magpapatay malisya. Alam ko ang ibig sabihin ng tingin na iyan. Diskarte?

Alas nuwebe nang umuwi ako sa bahay. Tulog kaagad ako dahil sa pagod. Iyon yata ang pinakamatagal naming study session sa mansyon. At least I finished all my homeworks.

Nakatanggap ako ng mensahe galing kay Juliet nang nakauwi na ako.

Juliet:

Thanks sa lahat. Sorry kanina. Uh, ano sa tingin mo ang ginagawa ni Leon?

Nagtipa agad ako ng sagot.

Ako:

Nagpaturo ng assignment. You're welcome.

Sa sumunod na araw, library period nang naabutan ko ang grupo ni Leon sa likod ng building. Pupunta sana ako sa P.E. room para iabot sa aming guro ang mga worksheet kaninang umaga nang datnan ko sila doon.

Kitang-kita ko ang usok galing sa paniguradong sigarilyo. Tawanan at hagikhikan ang naririnig ko galing sa kanila. Karamihan ay lalaki ngunit

may iilang babae. Kahit si Leon ay may kaakbay na babae.

Library period? Or cutting classes? I don't know and I don't want to know.

Nagpatuloy ako sa paglalakad. Narinig ko ang sinabi noong isa.

"Shit! 'Yong crush ko!"

Hindi ako lumingon. That's how you get the attention. Yes, he got mine but I won't let him see that. My head turn is precious.

"Tapon mo nga 'yan!" narinig ko ang isa.

"Baka magsumbong 'yan!"

Perpekto ang lugar na ito para tambayan ng mga nagbubulakbol. Matalahib, tahimik, malayo sa faculty, at open space. Dito tumatambay ang naninigarilyo o di kaya'y nag iinuman.

Madalas rin dito iyong naghahalikan at higit pa. Probably that's why Leon's with his girlfriend here.

"Freya..." tawag ni Leon sa likod.

Lilingunin ko ba o hindi? That's my name. But I can pretend I didn't hear him...

Nagpatuloy ako sa paglalakad.

"Suplada 'yan. Hard to reach..." tawa noong isa.

"Freya!" sigaw ulit ni Leon.

Nahimigan ko ang paglapit ng boses niya kaya bago siya tuluyang makalapit ay nilingon ko na.

"Huh?"

Lumapit nga siya. Kasama ang babaeng ngayon ay nakatayo sa gilid niya.

"P.E. Room?" he asked.

Binigyan siya ng sigarilyo noong katabi niya. Tinanggap niya iyon ngunit pinitik at inapakan.

"Kakasindi lang noon, Leon..." anang lalaking ngumiti naman sa akin.

"Yeah..." sabi ko.

"'Wag mong sabihin kay Juliet ha..."

Pinasadahan ko ng tingin ang mga kasama niya. Nakita ko ang isang gin na nakapatong sa bato. Of course they're drinking alcohol.

Nagkibit ako ng balikat.

"Huwag kang magsusumbong sa faculty, Freya..." sabi noong isang lalaki na tingin ko'y naging kaklase ko noong elementary.

Tumango ako at nagpatuloy sa paglalakad.

"Ito na po 'yong assignment..." sabi ko sa guro.

Nakabukod kasi ang P.E. classrooms sa mismong building ng paaralan. Sa tapat ito ng

gymnasium at field.

"Tapos n'yo agad? Kasisimula pa lang ng library period n'yo ah?"

"Computer period po kasi pagkatapos kanina kaya agad naming nagawa."

"Magaling..."

Ngumiti ako at nagpaalam na sa guro. Iniba ko ang ruta ng aking pagbalik sa building. Imbes na doon dumaan sa kung nasaan sina Leon ay pinili ko ang mas malayong daan para hindi na madatnan ang mga nag cucutting. If I have known they were there, hindi na ako dumaan doon kanina.

"Freya!"

He jogged his way to me. Ni hindi ko namalayan na sumunod pala siya sa akin.

Nilingon ko siya at nagpasilong sa isang puno.

"Ba't ka dito dumadaan? Mainit. 'Tsaka malayo dito..."

Pumatak ang pawis sa kanyang noo. Nakahubad na siya ng polo at tanging ang puting round neck t shirt na lang at ang kulay blue na slacks ang suot niya. The gold cross necklace hung on his neck.

"Ayos lang. Dadaan sana ako ng canteen para bumili ng tubig."

Lumapit siya sa akin para magpasilong na rin. Umatras ako ng bahagya. Tiningnan niya ang distansya namin.

"I have spare mineral water on my bag..." ani Leon.

I like it cold, though. Bago ko iyon masabi ay nagdesisyon akong ibahin ang topic.

"Anong ginagawa mo dito? Asan mga kaibigan mo?" Nilingon ko ang building. "Makita ka ng teacher n'yo dito..."

"Umalis na sila. Papasok ako next period..." aniya.

Tumango ako at ngumuso. "Sige... sa short cut na lang ako..."

Tumango kaagad siya at sumunod sa paglalakad ko. Dumaan ako sa kung saan may shade ng puno. Ganoon din siya.

Umihip ang malamig na hangin. Inayos ko ang buhok ko. Kahit mainit sa Alegria, malamig parin ang hangin.

"Naipasa ko na nga pala iyong assignment."

"Tama ba?" kuryoso kong tanong.

"Oo naman..." Tumawa siya. "Hindi ka pala sigurado doon?"

Nagkibit ako ng balikat. "Hindi, actually. It's my first time to do that, Leon. I'm just Grade 8, you see..."

Kitang-kita ko ang paglalaro ng ngiti sa kanyang labi. Ngumiti rin ako at umiling.

"Pero mas na explain mo ng maayos kesa sa teacher."

"Baka kasi 'di ka nakikinig sa teacher, Leon."

Nagsimula na siyang tumawa kaya hindi ko na dinugtungan. "Can you call me Fourth, instead?"

Nilingon ko siya. "Everyone's calling you Leon. Do you want Fourth better?"

Sana ininform niya ang mga kaibigan niya sa gusto niya, kung ganoon. The whole school calls him Leon.

Nakatingin siya sa malayo. Hindi ko mabasa ang iniisip niya. Ang tanging kita ko lang ay ang naglalarong ngiti sa kanyang labi.

"I want you to call me Fourth..."

Tinanaw ko rin ang kanyang tinitingnan. It is the beautiful view of the mountains of Alegria. Backdrop iyon ng aming field.

"Fourth..." sabi ko.

Ibinigay niya sa akin ang mineral water niya. Hindi na ito gaanong malamig pero tinanggap ko na lang. Besides, I'm not really thirsty. It's just my alibi.

"Salamat. Alis na ako..." sabi ko.

"Classroom o Library?" tanong niya habang sinusuot ang bag.

"Library Period namin ngayon."

Tumango siya. "Tamang tama dadaan ako ng library bago makapunta sa sunod na klase."

Hinayaan ko siyang sumabay sa paglalakad sa akin. That was the first time I walked with him alone. Ang unang mga nakakita sa aming dalawang magkasama ay mga freshmen.

I can see their stares. I ignored it.

Iniisip ba nilang kabit ako nitong si Leon? Dahil may girlfriend na siya?

Hindi na ako nagpaalam kay Leon nang pumasok akong library. Dumiretso ako sa loob.

I find it rude kaya nilingon ko siya ng isang beses.

Huminto pala siya sa pintuan. Tumaas ang isang kilay niya. Kakaway na sana ako pero tinalikuran niya na ako at umalis.

"Freya, si Leon Revamonte iyon 'di ba?"

Napatingin ako sa napadaang kaklase. Yeah, right. Juliet's cousin.

Nilingon ko ang lamesang madalas naming inuupuang magkaibigan. Nakatingin si Juliet at Marjorie sa akin na parang may kung anong espesyal akong nagawa. Huminga ako ng malalim at lumapit na doon. Nilapag ko ang aking bag sa lamesa at nagsimula nang maghalungkat.

"Saan galing iyon si Leon?" tanong ni Juliet. "Bakit kayo magkasama?"

"Nadaanan ko siya sa likod..."

"Cutting?" may taranta sa tono ni Juliet.

Inangat ko ang aking mga mata sa kanya. "Oo. Huwag mo nang isumbong. Hayaan mo na..."

"Huh? E, papagalitan kami! 'Tsaka..." nag ngising-aso siya. "Bakit kayo magkasama?"

Umirap ako. "Nadaanan ko nga. Akbay niya iyong girlfriend niyang kaklase. Kasama ibang mga lalaki. Ewan ko, kaklase o kateam sa basketball. 'Di ako sure..."

"May girlfriend siya?" tanong ni Marjorie.

"Oo. Papalit palit 'yan every week. Akala namin 'di niya na madadala ang ugaling iyan dito. Mas lumala pa yata..." ani Juliet at nag ngising-aso muli sa akin.

Umiling na lamang ako at binuklat ang aklat. Come on!

"Naku, Freya. Baka pormahan ka niyan..." ani Juliet.

As if may mangyayari kung pormahan man ako ni Leon. I can be kind but I am not kind enough to be stupid.

"Ang sabi pa naman nila, kapag daw matalino, bobo sa pag-ibig..." ngumiti si Juliet.

Tiningnan kong mabuti ang aking kaibigan.

"Hindi naman ako matalino. I only study, that's why... so don't fret..."

==========

Kabanata 3

Kabanata 3

OceanofPDF.com

Nothing

"Hoy Leon!" saway ni Juliet sa pinsan.

Nasa bleachers kami ngayon. Nagbabasa ako ng assignment. Sa harap ay tinatanaw namin ang practice game ng basketball. Iyong mga Grade 7 versus Grade 8. Sina Leon kasama ang tropa niya ay nakaupo lang din sa bleachers di kalayuan sa amin.

"Ano?" lumapit si Leon sa kanyang pinsan.

Nanatili ang mga mata ko sa aking aklat. Si Marjorie naman ay nakatingin sa mga naglalaro naming kaklase.

"Baka makabuntis ka riyan, ha?" ani Juliet sa mahinang boses.

Tumingala ako. Nagtama ang mga mata namin ni Leon. I can see his amused smile.

"Makabuntis? Marunong akong gumamit ng proteksyon, Juliet..."

Namula si Juliet. Unti-unti ring nag init ang pisngi ko.

"At isa pa, kahit wala noon ay pwede ko namang i-withdraw..." Tumawa si Leon.

What the hell? I know those things but I just don't think about it because I know it's not what I should think about right now! Masyado pa kaming bata to engage in those kind of things! Isa pa, hindi ba kapag kasal lang gagawin iyon?

Humugot ako ng malalim na hininga at tiningnang muli ang aklat. Fine. Some things are just not the same for all people.

"Ano ka ba?"

"Baka nga ikaw diyan ang mabuntis, e. Mag-ingat ka. Alam ko ang mga lalaki. At

'yang si Jarrick..." tumawa lamang si Leon. "Walang mapagkakatiwalaang lalaki ngayon."

"Tulad mo, ganoon?" ani Juliet sa nakakaeskandalong boses.

Tumawa ulit si Leon. "Huwag kang magtitiwala, Juliet..."

Tumunog ang siren hudyat na tapos na ang grade level namin at sina Leon na ang susunod. Nanatili ang mga mata ko sa aklat habang nag hahanda na sina Leon sa game.

"Kainis talaga si Leon... Pinagsasabihan ko lang naman kasi may naririnig akong gumagawa daw sila ng milagro noong freshmen..." ani Juliet sabay tabi sa akin.

"Paano naman iyong sinabi niya tungkol kay Jarrick?" tanong ni Marjorie.

Tiningnan ko si Juliet. Maging ako ay hindi masyadong gusto si Jarrick para sa kanya. I feel like he's just using her or something. I have told her once but she never listened.

"Ewan ko kay Leon..."

Tumingin si Juliet sa malayo.

"Jul, baka naman tama si Leon. I really feel like Jarrick isn't sincere. It's either he's cheating on you or he's just playing with your feelings..."

Nanliit ang mga mata ni Juliet sa akin.

"Ayan ka na naman, Frey. Nagiging judgemental ka na naman. Kilalanin muna iyong tao."

"I've been with him. I'm not judgemental. That's my intuition..."

Tumigil ako sa pagsasalita nang nakitang palapit si Jarrick sa amin. Nagkatinginan lamang kami ni Marjorie.

Nagsimula na ang practice game ng mga Grade 9 at Grade 10. Katabi na rin ni Juliet si Jarrick ngayon. Naririnig ko ang bulungan ng dalawa. Hindi ko mapigilan ang pagkakairita.

"Sige na. Saglit lang naman 'to..."

"Jarrick kasi si Leon. 'Tsaka baka matagalan tayo, iiwan ako niyan. Mamaya magsumbong pa..." ani Juliet.

"Sige na, Jul... Saglit lang talaga. Gusto ko lang mapag-isa kasama ka..."

Nilingon ko silang dalawa. Matalim kong tiningnan si Jarrick. Kita niya iyon dahilan kung bakit siya tumigil sa pamimilit kay Juliet.

"Jarrick, bakit hindi na lang kayo lumayo ng kaonti sa amin dito sa bleachers para

'mapag-isa' kayong dalawa. Hindi ninyo naman siguro kailangang umalis..."

Nagkamot ng ulo si Jarrick. He's thin face elongated because of his expression.

"Oo nga..." ani Juliet.

"Sige na nga. Huwag na lang. Aalis na lang muna ako... May pupuntahan lang ako."

Umirap ako at tumingin na sa laro. Isang tingin pa lang sa kanya, alam mong hindi na mapagkakatiwalaan. Kapag nakakausap mo na, mas lalo mong mapagtatantong talagang 'di mo siya pwedeng pagkatiwalaan.

"Ha? Saan ka naman?" si Juliet.

"Eh, basta! Ayaw mong sumama, e."

Nakita kong pinasa kay Leon ang bola. Halos lahat ng guards ay pumunta sa kanya.

"Go Leon!" tili ng mga babae sa kabila.

"Gusto kong mapag-isa tayo para makapag-usap pero 'di naman natin kailangang lumayo, a?"

"Gusto ko ng walang istorbo, e. Sige na. Dito ka na lang. Aalis muna ako! Text text na lang!" ani Jarrick at agad nang umalis.

Umupo ng matuwid si Juliet sa tabi ko at dinungaw agad ang cellphone. I don't feel guilty at all. I'd rather watch her sulk than be with that asshole.

"Kung gusto niya talagang mag-usap kayo, papayag na 'yon kahit dito lang. He does not want it enough kung ganoon siya umasta..."

Tahimik si Juliet habang nagtatype ng text. Ayaw kong manghimasok sa dalawa pero kaibigan ko siya.

"Hala!" ani Marjorie nang biglang sinapak ni Leon ang makulit na guard sa kanyang likod.

"Foul!" sabi noong teacher namin sa P.E. Siya ang nagsilbing referee.

Mainit ang ulo ni Leon kapag naglalaro. Laging na fa-foul kasi laging nakakasiko o

'di kaya ay nakikipag-away. Some players just play dirty. Iyan ang dahilan kung bakit ginagantihan niya rin ang mga ito ng ganoon.

"Boo!" sigaw noong girlfriend ngayon ni Leon.

PInanood ko ang game hanggang sa natapos. Maraming shoots si Leon, nga lang marami din siyang foul. Muntik na nga siyang ma foul out. Tumawa lamang siya pagkatapos ng game.

Tagaktak ang pawis niya. Basang basa ang jersey. Sinalubong kaagad siya ng kanyag girlfriend at pinunasan ang noo. Uminom siya ng tubig at nakikipag-usap sa ka teammates niya samantalang ang kanyang girlfriend ay pinagsisilbihan siya.

"Parang naging nanay naman ang girlfriend..." ani Marjorie.

"Ganyan talaga, Marj. Kapag naging girlfriend, aalagaan mo naman talaga ang boyfriend mo, 'di ba?"

Well, hindi ako makapag komento. Hindi pa naman ako nakakaranas na maging girlfriend. Wala rin 'yan sa bokabularyo ko. Hindi ko kasi alam kung paano maniwala sa mga sasabihin ng isang lalaki. I find it stupid to believe them. The letters on my locker were ridiculous. Sulat pa nga iyon, paano na lang kung harap harapan, 'di ba?

"Sa bagay, kailangan ni Leon 'yan. Hindi na ba talaga bumalik ang mommy niya?"

tanong ni Marjorie.

Umiling lamang si Juliet.

Simula nang nalaman daw ng mommy ni Leon ang kagaguhan ni Governor ay hindi na naging maganda ang relasyon ng mag-asawa. Governor cheated on Leon's mom. Habang nasa Maynila ang pamilya ay may ginawang kabulastugan pala si Gov dito sa Alegria.

But that was a long time ago. In fact, matanda pa nga ng ilang taon ang anak ni Gov sa ibang babae kay Leon at Nicholas. That means he had been cheating on his wife for a long time now.

True love seems surreal. Sa panahon ngayon, hanggang libro na lang ang tunay na pag-ibig. It's just so hard to believe it now. Lalo na't kahit mag-asawa ay natitibag ng temptasyon.

Nasa tao iyan, pero tingin ko'y kulang na sa tiwala at pag-ibig ang mga tao ngayon.

Na kaya nilang talikuran ang pamilya para sa tawag ng laman.

Iniwan ng mommy ni Leon ang pamilya. That's one of the reasons why they stayed here in Alegria. Para matutukan sila ni Gov dahil kung mananatili sila sa Maynila, wala na ang mommy nila.

"Freya!" tawag ni Leon na siyang nagpagulat sa akin.

"Hmm?" Nagtaas ako ng kilay.

"Iyong usapan natin bukas, ha?"

Nilingon ako ni Juliet. Sinabi ko sa kanya ang tungkol dito kanina. Nagtitext siya noon kaya hindi niya siguro ako narinig.

"Oo..." sabi ko sabay tayo.

"Anong usapan n'yo?" tanong ni Juliet.

"Sinabi niya na kanina, Jul. Hindi mo narinig?"

"Magpapaturo siya sa Chem."

"E, Sabado bukas, a?"

"Oo. Sa bahay, hindi sa library..."

Nag ngising-aso ulit si Juliet. She has all the right to doubt the reason. Pero iyon talaga ang sinabi ni Leon at iyon din ang gagawin ko. There's no hidden agenda.

"Iba na 'yan, ha?"

"Tuturuan ko lang siya. Wala sa isip ko iyang mga nasa isip mo, Juliet."

That's the first time he went to our house. Kilala siya ni Mama at Papa pero hindi nila alam na tinuturuan ko si Leon sa isang subject niya. Kaya naman nang kumatok si Leon sa gate namin ay gulat na gulat si Mama.

"Oh, Leon..." ani Mama.

"Si Freya po?"

"Pasok ka..."

Tinabi ko ang mga notebook sa lamesa. Buti at natapos ko na ang assignment ko bago siya dumating. At least now, I can concentrate.

"Nasa loob si Freya. May usapan kayo?" tanong ni Mama.

Natataranta siya pagpasok ni Leon. Lahat ng bagay na masamang tingnan ay pinagpupulot niya. Pinapasadahan pa ng palad niya ang mga alikabok sa kabinet.

May dalang notebook at aklat si Leon. Binaba ko ang isang throw pillow galing sa sofa para doon siya ipaupo.

"Dito ka..." sabi ko.

Tumango si Leon at ngumiti sa Mama ko.

"Frey, 'di mo naman sinabi na may gagawin kayo! Nakakahiya tuloy ang bahay! Hindi pa ako lubusang nakapaglinis."

"Hindi po! Ang linis nga po ng bahay n'yo..." Pinasadahan ng tingin ni Leon ang buong bahay.

Ngumisi ako. He's really good at complimenting people. Kaya marami siyang nadadali.

"Maghahanda ako ng meryenda. Anong gusto mo, Leon?" balisa parin si Mama.

"Huwag na po! Ayos lang ako."

"Mama, gusto ko ng banana cue..." sabi ko. "Tsaka juice."

"Kumakain ka ba ng banana cue, Leon? Etong si Freya talaga, oo..."

"Kumakain po! Sige, iyon din ang gusto ko."

Pinagmasdan ko si Mama na hindi malaman ang gagawin. Wala si Papa ngayon dahil nagpunta sa Maynila. May proyekto yata siya doon kaya ganoon. Naroon din ang lolo at lola ko na madalas niyang binibisita.

Nilingon ko si Leon na ngayon ay nakaupo na rin sa throw pillow.

"Freya! Umupo kayo ng maayos! Bakit sa sahig mo pinapaupo si Leon! Nakakahiya naman!" sigaw sigaw ni Mama galing sa kusina.

Umirap ako. Ano bang espesyal at bakit sa upuan talaga dapat umupo? Mas kumportableng dito umupo kapag nagsusulat sa lamesang ito, e.

Nilingon ko si Leon na panay ang tingin sa mga bagay sa bahay namin. His eyes stopped on our glass cabinet. Naroon ang mga trophy ko simula pa lang kinder.

Nanalo ako bilang Little Miss Alegria. Naroon pa ang ilang pagkakapanalo ko. Kahit sa mga quizbee na plaque ay naroon din. Iyong pictures ng pagkapanalo, mga medalya, mga certificate.

Ngumisi si Leon habang tinitingnan ang mga iyon.

"Alin ba diyan ang ipapaturo mo?" tanong ko.

Nilingon niya ako. "You really love joining contests, huh?"

We are here to talk about his assignment. Not my personal life.

"Gusto ni Mama. Sumusunod lamang ako. So... ano? Are you going to count my certificates or we'll do your assignment?"

Tiningnan niya ang kanyang notebook at nagsimula nang buklatin ang mga iyon.

Ipinakita niya sa akin ang assignment na hindi niya maintindihan.

Tatlumpong minuto kong inexplain sa kanya iyon. Nakuha niya naman agad at nagsimula na siyang mag solve noon. Pinanood ko ang pagsosolve niya.

Lagapak ng bola ang narinig ko galing sa labas. Probably Joaquin.

"Mama!" sigaw ni Joaquin. "Pupunta kami ni Henry sa may plaza. Maglalaro..."

Napatingin si Leon sa kapatid ko. Nilingon niya ako at tinuro iyon. Tumango ako.

Kahit hindi niya na itanong ay alam ko na ano ang ibig niyang sabihin.

Napatingin si Joaquin sa aming dalawa ni Leon. Ang awkward ng pagkakatingin niya kaya dumiretso siya sa kusina.

"Hindi mo sinabing may kapatid kang lalaki."

"Hindi ka nagtanong."

Hinatid ni Mama ang banana cue na hiningi ko. Sumusunod si Joaquin sa kanya, siguro ay para mapagbigyan sa gusto.

"Ay huwag na! Buti si Henry, malapit sa plaza ang bahay nila, e, malayo tayo."

"Mama naman!" ani Joaquin.

"Joaquie, eto nga pala si Kuya Leon mo..." paliwanag ko sa kapatid kong grabe kung makatingin kay Leon.

"Mahilig kang mag basketball? Gusto mo turuan kita?" ani Leon.

"Ay huwag na. Mamaya maniko 'tong kapatid ko!"

Natawa si Leon sa sinabi ko. Sinipat agad ako ni Mama.

"Ikaw, Freya! Ano ka ba? Huwag ka ngang ganyan kay Leon!"

Seriously? I'm just telling the truth!

Dahil malakas si Leon kay Mama ay pinagbigyan niya si Joaquin. Sa isang kondisyon na kasama si Leon sa plaza. Kaya sumama rin ako dahil hindi rin naman pupunta si Leon kung hindi ako sasama.

"Ang bait ng mama mo..." ani Leon sa isang mahinahong boses pagdating namin sa plaza.

"Minsan 'di kami nagkakasundo..."

Nilingon ko siya. Nanatili siyang nakatingin sa paglalaro ni Joaquin. Umihip ang hangin at napagtanto ko sa ekspresyon niya ang isang bagay na hindi niya sinasabi.

He probably misses his mom.

Or am I just exaggerating things?

"Ilang buwan na simula noong umalis ang Mama mo?" tanong ko bigla.

Nilingon niya ako. He pursed his lips. I can't help but stare at them.

"Ilang taon dapat..."

Kumunot ang noo ko. "Ilang taon, kung ganoon?"

"Higit limang taon..." Nagkibit siya ng balikat.

Then he's so young?

"Or more. I'm not sure." Yumuko siya at sumigaw. "Joaquin, kaya na 'yan! Shoot the ball now! Don't pass it!"

Tumingin ako sa mga naglalaro.

"Bakit ganoon? Bagong isyu pa lang iyong lumabas na may anak si Gov sa labas, a?"

"Bagong labas pero matagal ng alam ni Mommy..." malamig na sagot ni Leon.

"Pero nagkakausap naman kayo, 'di ba? Christmas? Birthday... or even everyday..."

Umiling siya. "Joaquin! Huwag mo nang ipasa!" sigaw niya ulit sa kapatid ko.

Nilingon ko ulit ang court.

Pumalakpak si Leon nang nai shoot ng kapatid ko ang bola. Ngumiti ako at pumalakpak na rin para sa kapatid ko.

I suddenly feel like I shouldn't ask him that much. Masyado akong nanghihimasok sa buhay ng may buhay. Ang mabuti pa ay manahimik.

Hindi na ulit ako nagsalita. Panay ang cheer ni Leon kay Joaquin. Dinidiktahan niya ang kapatid ko kung paano.

"Tahimik ka..." bigla niyang puna.

"Nanonood ako ng game..." sagot ko.

Ngunit sa gilid ng aking mga mata ay kitang kita ko ang pananatili ng kanyang titig. Hindi ko siya nilingon.

Bahagya siyang lumapit sa akin. Kitang kita ko ang paglipad ng kamay niya sa aking likod. Hindi ko na napigilan ang paglingon sa kanya. He then kept his arm beside him. Ngumuso siya at tinagilid niya ang kanyang ulo.

"Don't feel bad about it. It's nothing to me..." Tumawa siya.

Umiling ako at bumaling ulit sa laro. Sa gilid ng aking mga mata ay kita ko ang pagsapo niya sa kanyang noo at ang bahagyang pag layo sa akin.

==========

Kabanata 4

Kabanata 4

OceanofPDF.com

Scare

Nagkahiwalay din si Jarrick at Juliet nang nag Grade 9 kami. Matagal din silang

naging patagong mag-on. Ayaw daw kasi ng Mommy at Daddy ni Juliet kay Jarrick.

Umiiyak si Juliet habang nagbabasa ng libro sa library. Pinapanood ko siya imbes na magbasa ako. Nababasa ang pahina ng aklat sa mga luha niya.

"Huwag ka na nga lang magbasa muna. Huwag mo nang pilitin ang sarili mo..." sabi ko.

Pinalis ni Juliet ang kanyang mga luha. Hindi ko kayang magconcentrate sa pagbabasa kapag ganito ang kaibigan ko kaya sinarado ko ang aking aklat.

"Freya, pumunta kaya tayo ng canteen?" wika ni Marjorie.

Sasang-ayon na sana ako pero matalim akong tinitigan ni Juliet.

"Ayaw ko! Nandoon siya!"

Isang linggo na siyang ganito. Iyan ang hirap kapag masyado kang nag expect.

Actually, it's not love that hurts. It's actually a good feeling. Expectation hurts. Betrayal hurts.

"Anong nangyari?" agad na may umupo sa tabi ko.

Nilingon ko kaagad si Leon. Ang diamond earring niya ay kumikinang. Kakalagay lang nito noong nakaraang buwan. Sinamahan ko pa nga siyang magpalagay nito sa kanilang mansyon. Takot daw kasi siya sa karayom.

Umirap ako at tumingin ulit kay Juliet.

"Iyon parin..." sagot ko.

"Ang mabuti pa, sumama kayo sa amin sa Alps. Maliligo kami mamaya ng mga kaibigan ko."

"Ano namang gagawin namin doon?" iritadong tanong ni Juliet.

"Para matuwa ka, 'di ba? Para makalimutan mo 'yong gagong 'yon!" Sabay tawa ni Leon.

"Oo nga. Sumama ka na, Juliet..." sabi ko. "It's time you unwind..."

Nagtama ang mga mata namin ni Leon. Kumunot ang noo niya.

"What about you? Sasama kayong tatlo, 'di ba?"

"Hmm. Sama na rin tayo, Freya..." ani Marjorie.

"Huh? Hindi pa ako nakakapagpaalam kay Mama."

"Asus! Ako na ang magpapaalam kay Tita, Freya. Malakas ako sa Mama mo, e."

Naningkit ang mga mata ko habang tinitingnan si Leon. He's really using his appeal for this.

"Isa pa, walang pasok bukas dahil Sabado. Papayagan ka naman siguro mamaya.

Hanggang alas sais lang tayo, promise. Tapos sa bahay na tayo mag dinner."

Ngumuso ako. Parehong hopeful si Marjorie at Juliet sa sagot ko. Tiningnan ko ang mamasa masang mata ng kaibigan ko. Well, for Juliet.

Dahan-dahan akong tumango.

"Yes!" ani Leon sabay tayo at punta na sa kanyang tropa.

Iba na naman ang girlfriend niya ngayon. Well, I can't even count how many exes does he have. Pero improving siya ngayon. Malayo na ang gap

ng pagpapalit niyang babae at naglalast na ng isang buwan ang bawat isa. Unlike before.

"Hindi marunong lumangoy si Freya, Leon," ani Mama.

Nakapag impake na ako ng damit pangligo. Alam kong papayagan naman ako ni Mama, may kaonting kaba lamang siya.

"Ayos lang po. Marunong naman akong lumangoy 'tsaka 'di naman ako papayag na lumayo siya at pumunta sa malalim na parte..."

Tumango si Mama sa kanya. Kitang-kita ko ang pag-aalala niya. Hindi naman kasi ako madalas lumalabas kasama ang mga kaibigan. I mean, with only Marjorie and Juliet as my friends, you can't expect me to go somewhere other than the four walls of our school.

"Mag-ingat ka doon, Freya, ha? Anong oras mo ba siyang iuuwi dito, Leon? Susunduin ko na lang..." si Papa.

"Huwag na! Iuuwi ko siya dito after dinner, Tito. Siguro nasa mga alas syete o alas otso. Alas sais kasi kami uuwi galing Alps, tapos baka alas syete na makapag dinner sa bahay."

"Sigurado ka bang 'di ko na lang susunduin?"

"Hindi na. Sasama pa ako paghatid ni Mang Kador sa kanya kaya walang problema, Tito."

Leon smiled. I can't help but smile back. He really knows how to assure my parents.

"Okay..."

Sumakay ako sa kanilang pick-up. Naroon na si Juliet sa loob. Tahimik at nagluluksa parin. Umiling kami ni Leon pagkapasok.

Napagtanto ko doon na kapag pala kailangan mong mag move on, you have to help yourself. Don't let yourself sulk. You should try to be happy. Kasi kapag ikaw na mismo ang magpapaka down, mas lalo ka lang lulubog.

"Juliet! Hindi ka ba excited?" tanong ko.

"Huwag kang mag-alala, Juliet. Ipapakilala kita sa tropa kong mabait..." Tumawa si Leon.

"You don't heal someone by giving her another heartache!" sabi ko.

Nasa front seat si Leon kaya lumingon siya sa akin dahil sa sinabi ko.

"Hmm. Gwapo ba 'yan?" tanong ni Juliet, natatawa.

"I cannot believe you Revamontes!" sambit ko.

"At least ako, no strings attached. You should learn that too, Juliet," he encouraged.

Umiling ako. Ganito na ba talaga ang mundo ngayon? Nilingon ko ang labas. Mabilis ang andar ng sasakyan.

Tiningnan ko ang likod ni Leon. Maybe he's like that to avoid heartache. Siya nga naman. Kapag minalas ka at nag invest ka ng feelings mo para sa isang tao, magagaya ka kay Juliet. So to play safe, you have to condition yourself through playing. Na kailangan, ilagay mo sa mindset mo na wala lang ang lahat ng ito. It's just a game, that's all.

"Nga naman. Mas maganda nga ang no strings attached para huwag akong masaktan..."

ani Juliet.

Tumawa lamang ako. "Sige nga, paturo rin ng ganyan para kapag ako naman, hindi ako matulad kay Juliet."

Nilingon ako ni Leon. Napatingin na rin ako sa kanya.

"Bullshit..." malutong niyang mura.

"Oh? Bakit? Hindi ba highly recommended mo iyang way of life mo?"

Nilingon niya muli ako at tinapunan ng sarkastikong tingin. He cursed again.

Tumawa ako at umiling. Tahimik hanggang nakarating kami sa Alps.

Sa labas pa lang ay nagulat na ako sa dami namin. Higit sampu ang tropa ni Leon.

Kasama pa roon ang girlfriend niya ngayon. Si Marjorie ay parang out of place sa kanila habang nag hihintay sa amin.

"Ang tagal n'yo! Shucks!" ani Marjorie at lumapit agad sa amin ni Juliet.

Kumapit agad kay Leon ang kanyang girlfriend. Pumasok na kami doon sa Alps pagkatapos magbayad ng entrance.

Tiningnan ko ang mga lagoon na naroon. Noong bata pa ako, madalas kami dito. Dahil walang dagat dito sa Alegria, isa ito sa pinaka pinupuntahan ng mga tao bukod sa iilang talon at spring.

May iilang nasa senior high na mga estudyanteng naliligo. Isang grupo sila, actually. Tulad din namin.

Kumuha ang mga tropa ni Leon ng isang malaking cottage. Gusto ko sanang bumukod dahil ayaw kong mapasama sa kanila pero ayaw ko namang masabihan na maarte kaya hindi ko na sinuggest kay Juliet.

Naghubad agad ang mga lalaki. Kitang kita ko ang paglabas ng pagkain, inumin, at mga sigarilyo. Nagkatinginan kami ni Marjorie dahil doon. Naghubad din ang mga babae. Naka two piece at shorts ang mga ito. Taliwas sa iniisip kong susuotin.

Kumapit ang girlfriend ni Leon sa kanya. Inakbayan naman ni Leon ang babae. Tinuro ko kay Marjorie at Juliet ang dressing room.

"Magbihis muna tayo?" anyaya ko.

Isang puting racerback ang susuotin ko at isang kulay pink na shorts. May two piece akong kulay puti sa loob nitong damit ko at wala akong planong

maghubad. Ganoon din si Marjorie. But Juliet showed off her body with her two piece.

"Mag sho-shorts ako para medyo demure naman..." ani Juliet.

Bumalik kami sa cottage pagkatapos. Sina Leon kasama ang tropa niya ay nasa mga lagoon na. May dalawang lalaking tropa si Leon na nanatili sa cottage at nag inuman. Ang isa ay nanigarilyo. Nang nakita akong nakatingin ay agad tinapon sa kung saan.

"Maliligo na kayo, Freya?" tanong ng hindi ko kilalang kaibigan ni Leon.

"Yeah. Let's go, Juliet... Marjorie..." sabi ko.

Sumunod ang dalawa sa akin. Sa gilid lang kami ni Juliet. Hanggang dibdib ang lalim ng tubig habang sina Leon ay nasa mas malalim. Marunong lumangoy ang kanyang girlfriend kaya kaya nila doon.

"Ang sweet sweet naman ng mga ito. Nakakabitter..." ani Juliet habang tinitingnan ang nagpares pares na kaibigan ni Leon.

"Alam mo ikaw, Juliet, huwag ka nga masyadong mag isip ng lovelife? Tingnan mo kami ni Freya. Buhay pa naman kami kahit walang boyfriend..." ani Marjorie.

"Hindi mo alam kung anong nararamdaman ko kasi hindi mo pa nararanasan ang masaktan, Marj..."

Well, I agree with Marjorie but we can't really judge Juliet. No matter how small her battles are, it's still a battle.

"Sige na! Mag enjoy na lang tayo..."

Sinubukan kong sumisid. Hindi talaga ako marunong lumangoy. Hindi ako umuusad tuwing sumisisid.

Ganoon din ang ginawa ni Marjorie. She took out her smartphone. Ang alam ko'y waterproof ito kaya nagsimula kaming magpicture.

Inayos ko ang damit ko dahil nakikita ang cleavage. Bakat pa ang bra ng two piece ko.

"Ay sorry..." ani Juliet nang may nasipa siyang naliligo rin.

Dalawang lalaki ang naroon. Nairita ang lalaking nasipa niya pero nang nakita si Juliet ay nag iba agad ang ekspreyson.

Well, Juliet's a Revamonte. And they are known for their beauty. Siya pa nga ang pinasahan ko ng corona last year sa Miss Intramurals. Ngumisi ang lalaki at agad nanliit ang mga mata ko.

That face.

Hindi mapagkakatiwalaan.

"Hi! Juliet, 'di ba?" tanong ng lalaki.

"Yes. You are?" nagtaas ng kilay ang kaibigan ko.

Hihilahin ko na sana si Juliet nang naramdaman ko ang init ng katawan sa tabi ko.

Nakita kong nasa malayo na si Marjorie at ngumingiwi na sa nangyayari.

Ang kaibigan ng lalaking nasipa ni Juliet ay nasa tabi ko na. He towered over me.

Nakangiti siya. Kung hindi mapagkakatiwalaan ang lalaking kausap ni Juliet. Mas lalo na ito!

"Excuse me..." sabi ko.

"Hi, Freya... Pumupunta ka pala sa mga lugar na ito?" tanong niya.

I'm sorry. I don't talk to strangers. Hindi ko iyon sinabi para hindi siya mairita.

Mamaya ay mainis pa siya sa akin.

Naaalala ko pa noon, may tanong sa Values Ed. About sa rapist. Anong gagawin kapag may magyaya sayong pumunta sa madilim na lugar? Kayong dalawa lang. I suck at these things because I answer with all honesty. Ang tamang sagot ay sabihing hindi ako sasama. Pero ang sinagot ko, 'mamaya na'. Because I think he'll get pissed if I told him that I don't want to. Ang ending ay pipilitin niya ako. Kesa sa sabihin kong 'mamaya na', he'll give me time. And I'll use that time to escape.

"Oo. Nandito ako kasama ang mga kaibigan ko."

Sinubukan kong lumagpas pero hinarangan niya ako. Tumingala ako sa kanya. Stupid faggot.

"Pupuntahan ko lang si Marjorie. Tara, Juliet!" yaya ko pero nalilibang na si Juliet sa lalaking kausap.

"Excuse me..." ulit ko pero hinatak ako noong lalaki.

Mabilis agad ang pintig ng puso ko sa kaba. What the heck?

"Mag usap muna tayo. Ang tagal na kitang crush, a. Biruin mo, nagkita tayo dito? Sa school, mailap ka..." aniya.

"Mamaya na..." like my Values Education answer.

"Huh? Bakit? Saan ka pupunta?"

Kumalas bahagya ang kamay niya. Makakatakas na ako!

Pero bago pa ako makatakas ay bumagsak na ang lalaki sa tubig.

Pulang pula si Leon pagkatapos suntukin sa mukha ang lalaki. Nagsigawan ang mga naroon. Nakisama sa pagsuntok ang mga tropa noong lalaki. Mabuti naman at marami rin sina Leon!

Hinila agad ako ni Juliet para makaahon. Umahon ang lalaki habang iniinda ang suntok ni Leon sa kanyang ilong. Umahon si Leon at sinugod pa ang lalaki.

Lumaban ang lalaki kay Leon. Ang mas payat niyang braso at kumuyom. Hindi na kailangang pumorma ni Leon. He was always the bulky type. Sinuntok niyang muli ang lalaki kaya bumagsak ito sa sahig.

Hindi siya nakuntento! Kahit na nakatihaya at hindi na makagalaw ang lalaki ay mabilis niya itong pinagsusuntok!

Pulang pula maging ang kanyang leeg. His strong and tight arms continued punching the other boy's face. Parang walang makakapigil sa kanya!

"Leon!" sigaw ng kanyang girlfriend.

"Shit!" ani Juliet. "Leon!"

Nalaglag ang panga ko at tumakbo na rin sa kung saan pinagsusuntok ni Leon ang lalaki.

"Leon!" sigaw ko nang lumapit.

Tumayo si Leon. Mabilis ang hininga niya. Agad siyang pinalibutan ng mga trabahante ng Alps. Itinayo ng iba ang lalaking pumorma sa akin. Duguan na iyon at halos wala nang malay.

"Bitiwan n'yo ako!" sigaw ni Leon sa mga lalaking umaawat sa kanya.

"Leon, anong nangyari?" tanong ng isang lalaki na mukhang may-ari nitong Alps.

Hinawakan ni Leon ang kanyang leeg at hinawi ang kamay ng mga nakahawak sa kanyang braso.

Bumaling siya sa akin. Kitang-kita ko ang galit sa kanyang mga mata. Unti-unti itong napalitan ng hindi malamang ekspresyon. Malamig ang aking mukha. Siguro'y namumutla ako ngayon. Hinawakan ni Juliet ang aking braso. Malamig din ang kamay ng kaibigan ko.

Napalunok ako habang tinitingnan ni Leon. Kung hindi siya pinigilan ay baka kung ano nang nangyari sa lalaki!

"Ayos ka lang..." mahinahon niyang tanong sa akin.

Hindi ako nakapagsalita. Tumango lamang ako. I am so stunned, alright!

Bumaling ako sa lalaking pinaupo na nila sa isang cottage. May malay ito pero duguan ang kanyang mukha. Bumaling ulit ako kay Leon.

"May tumawag ng police..." sabi noong may-ari.

Tumango si Leon. "Haharapin ko..."

Lumapit si Leon sa akin. Umatras naman ako. I'm still so stunned. I can't believe he can do that.

Nilagpasan ako ni Leon. Sinalubong naman siya ng girlfriend niya. Nag-usap silang dalawa. Kinuha niya ang itim na tuwalya sa kanyang bag at nilingon muli ako. Then he came back to us.

"Put the towel on your body. Magbihis ka na rin... Juliet, kayo ni Marjorie..." ani Leon.

Tumango agad ako at sinunod ang sinabi niya. I am still unable to speak. Hinanap agad ni Juliet si Marjorie. Susunod na sana ako pero pinigilan ako ni Leon.

"Hindi ka nagsasalita..." aniya.

Umiling ako at tumikhim. "Uh... Wala... Ayos ka lang?"

I actually don't know what to say. Tumango siya.

"Did I... Uh... scare you?" aniya.

Umiling ako at agad siyang iniwan doon para puntahan si Juliet.

==========

Kabanata 5

OceanofPDF.com

Thank You

Nagmamadali akong magbihis. Wala sa sarili kong pinunasan ng marahas ang buhok ko gamit ang tuwalya.

"Shit talaga! Grabe! Bigla na lang sumugod si Leon! Napano ka ba, Freya?" tanong ni Juliet sa akin.

"Nakita mo ba ang mukha noong lalaki, Jul? Wasak! Hindi ba mapapagalitan si Leon?

Ang dinig ko may pupuntang pulis! Sinong tumawag?" si Marjorie naman ngayon.

Hindi ako nakapagsalita. Hinayaan ko silang mag-usap. Nagpatuloy ako sa pag-aayos ng buhok. Sa malayo ay kita namin ang cottage kung nasaan ang mga barkada ni Leon.

Papalubog na ang araw. Kinse minutos na lang at alas sais na. Tahimik na nag-usap usap sina Leon sa cottage. Mahinahon na sila ngunit nakatingin parin ang kanilang grupo sa kabila.

"Ewan ko. Tingin ko ay sa kabilang grupo... Sa takot siguro!"

"Paano 'yan? Makukulong si Leon?" tanong ni Marjorie.

"Hindi. Minor pa. 'Tsaka hahayaan ba iyon ni Tito? Lalo na ni Lolo!"

"Naku! Anong gagawin natin dito?" ani Marjorie sa nag-aalalang tono.

"Freya... Huy..."

Hinila ni Juliet ang braso ko. Hinarap ko siyang mabuti at nagsimula akong magsuklay sa basa kong buhok.

"Ano? Kanina ka pa hindi nagsasalita, a? Ayos ka lang?"

Tumango ako. "I'm fine..."

Nanatili ang mga mata ni Juliet sa akin. Hindi ko rin maintindihan ang sarili ko.

Kung bakit wala akong mahanap na salita. Walang pumapasok sa aking utak.

I am shocked. Until now. The way Leon punched the other guy made me tremble. The way his skin turned so red because he was so mad touched something in me. Hindi ko alam kung natatakot ba ako, sobrang nagulat, o ano. Basta wala akong masabi.

"Ano bang ginawa noong lalaki sa'yo? Nag-uusap lang kami noong isa at paglingon ko sinuntok na iyon ni Leon."

"I..."

Binalikan ko ulit ang pangyayari. Hinawakan ako noong lalaki sa braso noong sinubukan kong kumawala. Makakawala na sana ako at sinuntok siya ni Leon. That's how it started. I did not even saw Leon coming. Bigla na lang siyang sumulpot.

"Aalis sana ako para puntahan si Marjorie. Humarang iyong lalaki tapos bago ako makawala, sinuntok na siya ni Leon."

"Papagalitan kami nito! Hindi ko alam kung tatawagan ko ba si Mommy o 'di kaya si Tito. Tingin mo, Freya? Anong gagawin ko?"

Para akong natanong sa isang oral recitation ng 'di nakapag-aral. My logic did not work fast. Nanatili ang mga mata ko kay Juliet hanggang sa narinig ko ang bulung-bulong ni Marjorie.

"Andyan na ang mga police!"

Sabay kaming lumingon ni Marjorie. Indeed, the policemen in uniform came to Leon.

Nasa tatlong police ang pumunta. Isang nanatili sa kabilang grupo at dalawa ang dumiretso doon.

"Ano, Freya?" tanong ni Juliet.

Hindi na ako nag-isip. I don't need much logic for this. Common sense would do.

"Huwag muna. Let Leon deal with this. Kapag lumala, 'tsaka ka na tumawag. Isa pa, I don't think Leon will keep this a secret. Hindi ito magiging sekreto, Juliet..."

Kinagat ni Juliet ang kanyang labi at sabay naming nilingon sina Leon na ngayon ay kinakausap parin ng mga awtoridad.

Hindi kami lumapit. Hindi rin ako nag suggest na lumapit. I am content that we are watching them talk. I don't think Leon would deny it. The way he told the owner of Alps that he'd face the authority, I don't think he'll sugarcoat anything.

Trenta minutos ang tinagal ng pag-uusap. Naunang umalis ang nasuntok ni Leon para magpagamot sa ospital. Ngunit bago pa ito nakaalis ay pinalapit ng police si Leon sa kanila. Nagkausap sila. Hindi ko nga lang alam kung anong nilalaman ng pag-uusap pero saglit lang iyon.

Lumapit kami sa cottage nang paalis na ang mga police. Nanlamig ang aking tiyan.

Lalo na nang nakitang lumapit na rin si Leon sa cottage. Nilingon ko si Juliet na ngayon ay nakatingin sa kanyang pinsan.

"Anong nangyari, Leon? Malalaman 'to ni Tito, for sure! Papagalitan tayo!

Nicholas!" ani Juliet.

"Alam na ni Dad, Juliet. Pinapauwi na kayo. Doon na kayo magdinner sa bahay."

"Doon naman talaga kami magdi-dinner," ani Juliet.

Nanatili ang mga mata ko kay Juliet. Sa gilid ay alam kong nakatingin na si Leon sa akin. Huminga ako ng malalim at tiningnan ang nasa loob ng aking

bag.

"Tapos? Hindi ba nagalit? Paano iyong lalaki, Leon? Magsasampa ba ng kaso?

Blotter!?"

"Hindi na. Nakausap ko ang mga police."

"Bakit mo kasi biglaang sinugod?" ani Juliet.

"Sige na! Tara na! Umalis na tayo! Gutom na ako..." ani Leon.

Tumango ang mga kaibigan niya. Tumayo ang mga ito at isa-isang kinuha ang kanilang mga gamit. Hinawakan kong mabuti ang bag ko at tiningnan si Marjorie. She's also just observing what's happening.

Sumunod si Juliet sa kanyang mga pinsan. 'Tsaka lang ko lumingon nang nakitang umalis na sila.

"Should we stay with them, Frey?" nahihimigan ko ang takot sa boses ni Marjorie.

"I think so. Magtatampo si Juliet pag umuwi tayo. Isa pa, tingin ko'y ayos na rin naman..."

Sumunod kami sa kanila. Nasa hulihan ang ibang mga lalaking kaibigan ni Leon. Hindi ko alam kung bakit wala parin akong masabi kahit na kung anu-ano nang tanong ni Marjorie.

"Hindi kaya pagdating natin ng mansyon ay pagalitan si Leon? E di ang awkward..."

Hindi ako sumagot. Pagkalabas ay nakita ko agad ang ilang tricycle na naroon, naghihintay ng pasahero. Pwede namang mag tricycle na lang kami ni Marjorie para umuwi pero pinagbuksan ni Leon ang pintuan ng pick up. Ang kanyang mga kasama ay sumakay sa pick up ng tropa ni Leon na kilalang basketball player sa school.

Unang pumasok si Juliet. Si Nicholas naman ay nasa kabilang sasakyan na nakaparking sa malayo.

Una kong pinapasok si Marjorie dahil alam kong nagdadalawang-isip siya. Sa gilid ay alam kong 'di pa pumapasok si Leon sa front seat. Hindi ko na siya nilingon pagkapasok ko. It's still fresh to me. The way he punched the other guy. It was...

terrifying... intense. Hindi ko alam kung anong sasabihin ko sa kanya.

Sinarado ko ang pintuan. Boses agad ni Juliet ang umalingawngaw.

"Baka badtrip si Tito! Pagalitan tayo sa harap pa ng mga kaibigan mo..." ani Juliet.

"Chill, Juliet..." ani Leon.

"Bakit ba kasi? Ayos na iyong nilayo mo siya kay Freya. You don't have to pound on his face till he's unconscious. Pwede siyang mawalan ng malay sa ginawa mo o mamatay, Leon..."

Likod lamang ni Leon ang nakikita ko. Matapang ko siyang tinitigan dahil hindi naman kami kaharap.

"That's what he gets..." simpleng sinabi ni Leon.

Nagkatinginan kami ni Juliet.

"That's what he gets? Kung wala kami doon. Kung 'di ka napigilan? E di baka napatay mo 'yon!"

Hindi na nagsalita si Leon. Si Juliet lamang ang talak nang talak hanggang sa nakarating kami sa mansion. Then I saw familiar medieval feels of their house...

Lumabas agad si Leon sa pick up. Lumabas rin si Juliet. Lalabas na sana ako nang naunahan ako sa pagbukas ni Leon sa pintuan sa side ko.

Lumagpas siya. Hindi niya ako hinintay'ng makalabas. Mabuti naman. I really don't know what to say to him.

Pero ngayong medyo dumistansya na sa panahon ay napagtanto kong kailangan kong magpasalamat o 'di kaya ay magsorry. Hindi ako sigurado sa dalawa.

"What happened, Nicholas?" boses ni Governor ang sumalubong.

Nakita kong nasa hagdanan siya at naghihintay sa amin.

"Dad..." nagmano si Nicholas. Ganoon din si Leon sa kanyang ama. "Just like what I told you..."

Nakarating na rin ang pick up na sinakyan ng tropa ni Leon. Lumabas agad sila at tumingin sa hagdanan kung saan nag uusap ang mag-ama.

"Hindi ba sinabi ko naman sa'yo, Leon! Control your temper! Kung hindi nakipag areglo sa'yo, anong mangyayari? At magpasalamat ka't menor de edad ka!"

Lumapit si Juliet at nagmano na rin kay Governor. Lumapit ng bahagya si Marjorie.

Ganoon din ako. Nilingon ni Leon ang pick-up ng kanyang tropa pagkatapos ay kami.

Bumaling agad ako kay Gov.

Kumunot ang noo ni Governor Pantaleon Revamonte III. Kahit na paniguradong 'di pa katandaan ay nagpapakita na ang wrinkles sa kanyang noo. Maybe because of his family problems plus the politics.

"Yes, dad..."

"Sana ay hindi na maulit pa ito!"

Tumingin si Governor sa amin. Ngumiti siya at umakyat paatras ng isang palapag.

"Pasensya na kayo. Hindi ko mapigilan ang pagpapangaral kay Leon. Pasok kayo sa

loob. Naghanda kami ng mga pagkain..."

Ngumisi si Leon sa kanyang mga kaibigan at sinenyasan niyang pumasok na. Lumapit ang girlfriend niya sa kanya. Hinawakan ni Leon ang likod nito at pinauna na sa pagpasok.

Nagtulakan pa kami ni Marjorie kung sinong mauuna. In the end, I took the first step. Nanatili si Leon sa hagdanan, parang hinihintay kami.

Diretso ang tingin ko sa loob. Mabuti na lang at naghintay rin si Juliet. Hindi masyadong awkward.

"Gutom na kayo?" tanong ni Leon, nakatingin sa akin.

"Obviously! Kung hindi ka sana nag eskandalo ay kanina pa tayo nakakain!" sagot ni Juliet.

Hindi na ako sumagot. Juliet said it anyway.

Sumunod lamang si Leon sa amin. Pumasok agad ako sa mansyon. Pinadiretso kami sa dining are kung nasaan ang isang mahabang dining table.

Parang fiesta ang handa. May lechon! Umupo na agad ako sa tinurong upuan ni Juliet.

Maingay ang mga kaibigan ni Leon sa hapag. Parang excited ang mga ito sa pagkain.

Lumapit si Leon sa kanyang girlfriend at doon umupo sa tabi nito. Kitang-kita ko na medyo hindi maganda ang ekspresyon ng kanyang girlfriend. She looks concerned for Leon. Nagkausap ang dalawa. Inalis ko ang tingin ko doon at ibinaling sa pagkain.

"Gutom na gutom ako..." sabi ni Marjorie nang nagsimula nang kumain.

"Oh, dahan dahan, Marj..." Tumawa pa si Juliet.

Madalas kasi nitong inaasar si Marjorie sa double chin nito. Tumawa lang din si Marjorie. Tipid akong ngumiti at kumain na rin.

"Tahimik mo, ha!" ani Juliet. "Ano? Shocked ka? First time mo ba 'yong makitang makipag suntukan si Leon?"

Come to think of it. Matagal ko nang kilala si Leon. Marami na akong naririnig sa kanyang pakikipag basag ulo pero iyon ang unang pagkakataong nakita ko mismo ng harap harapan iyon.

"Ganoon ba talaga siya, Juliet? I mean... Everytime he fights with other boys?"

"That was the worst... As far as I know. I mean... Did you see the other boy's face?" ani Juliet at sinubo kaagad ang pagkain.

Tiningnan ko ang aking pinggan. Nag-angat din ako ng tingin kay Leon na ngayon ay tahimik at parang walang ganang kumain. Taliwas sa mga kaibigan niyang nagtatawanan habang maligayang kumakain.

Nang napansin ko ang ambang pagtingin niya sa akin ay agad akong uminom ng tubig at dinirekta ang tingin sa ibang bagay.

Nang nag-alas otso ay tinupad nga ni Leon ang kasunduan nila ni Papa. Kasama si Marjorie ay hinatid kami ni Juliet sa pick up. Si Leon ulit ang nasa front seat at si Mang Kador ang mag dadrive para sa amin.

"Salamat ha? Susunduin ako nina Mommy pero mamaya pang alas diyes! Ingat kayo, Freya, Marj!"

"Salamat din, Juliet!" sabi ko sabay kaway.

Nang nakalayo kami ay mas lalo lang nadepina ang katahimikan sa loob ng sasakyan.

"Galit si Gov, Leon?" tanong ni Mang Kador sa nasa front seat.

"Hindi naman. Pinalampas..."

"Buti 'di mo nasobrahan 'yon? Ano bang nangyari? Baka sumugod sa opisina ni Gov ang mga magulang noon? Paano sa paaralan?"

"Nakipag areglo naman. Iyon naman ang may kasalanan, e. Alam niyang may kasalanan siya kaya nakipag areglo."

Nagkatinginan kami ni Marjorie.

"Antok na ako..." bulong ni Marjorie sa akin.

Tumango lang ako. I should make as little sound as possible.

"Dito ba ang inyo, Marjorie?" tanong ni Leon nang palapit na kami sa bahay nina Marjorie...

"Ah, e, oo, Leon. Diyan lang sa may maraming halaman..."

Sumunod si Mang Kador sa sinabi ni Marjorie at tinigil ang sasakyan sa harap ng bahay nila. Nagpaalam na si Marjorie sa akin. Kinawayan ko siya.

Then I realized that I'll be alone on the back seat! Tumuwid ako sa pagkakaupo. I hope Mang Kador continues talking about whatever. Pero simula nang umandar ang sasakyan galing kina Marjorie ay wala na siyang sinabi.

"Tahimik mo, ah?" ani Leon nang 'di ako tinitingnan.

I am sure he's talking to me. I just did not want to let him know that I know I've been too silent for the past hours.

Nilingon niya ako. Nagtaas ako ng kilay.

"Huh?"

"Why are you so silent?" maagap niyang tanong.

"Ano bang sasabihin ko?"

Bumaling ulit siya sa kalsada. His face before he looked away was unreadable.

Nanatili ang mga mata ko sa kanyang likod.

"Anong sinabi noong lalaki sa'yo?" tanong niya.

"He just wants to talk to me. That's all."

"Bakit parang hinihila ka niya, kung ganoon? He forced you?" Hindi parin siya makatingin.

"I told him we'll talk later. Kaya sinubukan kong umalis. Ganoon."

Bumaling siya sa akin. Nakakunot na ang kanyang noo.

"Bakit 'di mo tinanggihan?"

"He'd only get pissed. I'd rather-"

"Hindi mo tinanggihan because you don't want him to get pissed, Freya? Really?"

My Values Education subject taught me that rejecting him will save me. But in

truth, delaying the rejection, in real life, saves you. Real talk.

"I want to delay his reaction, that's all. Kung tinanggihan ko siya agad, Leon, e di magagalit siya at mas lalo akong pipilitin. If I give him assurance, he'll give me time. And then I use that time to escape. That's my idea..."

Tumawa si Leon. Sarkastiko iyon. Hindi ako makangiti.

"You don't need to give him assurance for your time. I'm there. I was watching you... You should have thought about that."

"Wow!" Nanlaki ang mga mata ko. "At that moment, you think I can still think about that? And you were busy... What if wala ka, 'di ba? I did what I can because I don't really think anyone can save me. I need to save myself." Tumawa ako ng bahagya. "Besides, it's not life threatening. I can handle that..."

"Nabastos ka ba?" tanong niya sa isang marahas na tono.

Napaawang ang bibig ko. Hindi ako makahanap ng tamang salita. Napakurap kurap ako.

Kitang kita ko ang galit sa kanyang mga mata.

Tumigil ang sasakyan sa aming bahay. Imbes na makipagtitigan kay Leon ay tumingin ako sa aming bahay. Hindi siguro alam ni Mama at Papa na may nangyari kanina.

"Tama lang 'yon sa kanya," mariing sinabi ni Leon.

Kinalas niya ang kanyang seatbelts. Hindi ako nakapagsalita. The image of him punching the other guy came back to me.

Lumabas si Leon at pinagbuksan ako. Kinuha ko ang bag ko at lumabas na rin.

"Akin na. Ihahatid kita sa loob. Sasabihin ko sa Mama mo ang nangyari..." sabay kuha niya sa aking bag.

"Huwag na." Iniwas ko ang bag at lumayo kaagad sa kanya.

Sa gilid ng aking mga mata ay kitang-kita ko ang pagkakatigil niya sa tabi ng pintuan ng sasakyan. Bakas sa kanyang mukha ang gulat dahil sa biglaang pag-iwas ko.

Inayos ko ang bag sa aking balikat.

"Kaya ko."

At tinalikuran ko siya.

"Thank you kanina..."

'Tsaka ako naglakad palapit sa aming gate.

Sumunod siya sa akin. And like what he said. He explained what happened to my parents. Hindi kuntento ang parents ko sa kanya kaya tinanong parin nila ako pagkatapos.

"Sino ba iyong estudyanteng iyon?" tanong ni Papa nang wala na si Leon.

"Oo nga at masumbong natin-"

"If you do that, mauungkat lamang. Mauungkat din na pinagsusuntok siya ni Leon. Mas lalala ito, Mama..." sabi ko.

==========

Kabanata 6

Kabanata 6

OceanofPDF.com

Bahala Na

Nagbabasa ako ng aklat sa library. Parehong nasa mga bookshelves sina Juliet at Marjorie. May hinahanap na aklat ni Edgar Allan Poe.

Nag-angat ako ng tingin sa ilang estudyanteng papasok sa library. Binalik ko ulit ang tingin ko sa aking binabasa.

"Si Leon, o..." may narinig akong singhap.

Binalik ko ulit ang mga mata ko sa pintuan at nakita kong papasok nga si Leon doon.

Diretso ang tingin niya sa aking lamesa. He knows where I usually sit here. Baka may sadya o may ipapaturo?

"Alam mo bang break na sila ni Gretchen?"

Nilingon ko ang nag-uusap na mga babae. Sa pag-aakala nilang naiingayan ako ay tumahimik sila at nagpatuloy sa pagbabasa.

He broke up with his recent girlfriend?

Lunes ngayon. Dalawang araw mula noong nangyari ang insidente sa Alps. Nanatili ang mga mata ko sa aking aklat.

"Freya..." ani Leon sabay upo sa harap ko.

Sumulyap ako kay Leon. "Nasa mga bookshelf sina Juliet..."

Kumunot ang noo ni Leon. "So?"

Binaba ko ang aking aklat. Nagkatinginan kami.

It's still there. I can still feel it. The way his eyes looked at me intensely.

Naaalala ko ulit ang pagsuntok niya sa lalaki noon sa Alps.

From what I've heard, pumasok naman daw ang lalaki. Hindi na pinalaki dahil aminado itong may kasalanan. My other friends and classmates even asked me if I am okay.

Ayos lang naman ako. Although, nabastos nga ako. Napagtanto ko na wala sa laki ng kasalanan ang harassment. Nasa pakiramdam ito. If you felt you're harassed. If you felt you're rights were disrespected, then you were harassed.

Tumikhim ako at napakurap-kurap.

"Sinabi ko lang. Akala ko hinahanap mo..." sabi ko sabay tingin ulit sa aklat.

Tinagilid niya ang kanyang ulo. Kung makatingin siya ay para bang nasa akin lahat ng atensyon niya. His diamond earring twinkled. I can't help but look at him again.

Inayos ko na agad ang aking mga aklat.

"Pupuntahan ko lang muna si Juliet. I don't know what's taking them so long-"

Hindi niya ako pinatapos.

"Iniiwasan mo ba ako?"

Nakangiti siya pero walang humor doon. Umiling kaagad ako. Sa maagap na iling ko napagtantong may kung ano nga rito. Iniiwasan ko siya. I am guilty. His accusation is true. Nevertheless, I'll deny it.

Kasi... bakit ko siya iiwasan?

"Hindi."

Tumayo ako at inayos ang mga aklat. Tumayo rin siya para harangan ako.

"Simula noong Biyernes. Ramdam ko ang pag-iwas mo, Freya. What's wrong? What did I do?" Umiling siya nanatili ang ngiting hilaw.

Tinitigan ko siya. He's right. I've been acting weird lately. Hindi ko makuha kung bakit ganoon but I'm really uneasy and uncomfortable when he's around. Lalo na tuwing naiisip ko iyong pinagsusuntok niya ang lalaking iyon. Something about it. I don't know. The word for it isn't in the dictionary yet.

"Wala..." Umiling din ako at umupong muli.

There's no reason to leave him. I don't really need to find Juliet and Marjorie.

I'm fine here. Gusto ko lang naman talagang umalis dahil narito si Leon.

Nakatayo parin siya. Nakadungaw sa akin at punong puno ng pagtataka ang mga mata.

At kung hindi ako nagkakamali, kita ko ang bahid ng galit doon. He's only suppressing it for some reason.

"Tingin ko simula noong nakipagsuntukan ako. Anong problema doon?"

Really? Are we talking about this?

"Wala. I said Thank you for being there... Walang problema."

"Then why are you acting strange... Like..." Umiling siya at umupo. "Galit ka ba kasi sinuntok ko ang lalaking iyon? You like him?"

"What? No!"

"Galit ka kasi..." Ngumuso siya. "Nakipagsuntukan ako?"

Nanatili ang mga mata ko sa kanya. Ganoon din siya sa akin. Napaawang angt bibig niya na parang may sasabihin pa siya.

"No... Leon... I was just..." Natigilan ako. I need to name it. He wants an answer at paano ko sasabihin ang isang bagay na maging ako ay hindi alam. "Shocked..."

"Shocked about what?" parang uhaw siya ng sagot.

"Sa ginawa mo. I think that was the first time I saw you mad like that. Siguro..."

Tumango ako. "Gulat ako kasi nakipagsuntukan ka."

"Kaya iniiwasan mo ako?"

"Hindi kita iniiwasan."

Tumawa siya. "Come on... I know you..."

"Kung iniiwasan kita, wala na ako rito. I'd go now-"

"You almost did. Kung 'di kita pinigilan, nakawala ka na..."

Tumikhim ako. Fine. I give up. Umiiwas nga ako kanina! Hindi na ngayon!

Tumawa ako. "Guni-guni mo lang 'yan. O? Anong sadya mo dito? Library Period n'yo ba?" tanong ko.

"Hindi..." aniya.

"Nag cutting ka, ganoon?" nagtaas ako ng kilay.

"Hindi... Nag CR lang ako tapos dumiretso na ako rito. Alam kong Lib Period n'yo..."

Nanliit ang mga mata ko.

"So may sadya ka?"

Tumayo siya at tumango na rin.

"Magpapaturo?" tanong ko.

Umiling siya. "Tapos na. Babalik na ako sa classroom."

Tatango na sana ako pero pinatong niya ang daliri niya sa aking aklat at tiningnan kung anong binabasa ko. Pagkatapos ay tiningnan niya rin ang cover page nito.

Binawi ko kaagad. Nagtaas siya ng kilay.

"Love novels, huh?"

"It's free time. I'm done with my homeworks!" Uminit ang pisngi ko.

Parang tuwang tuwa siya. Hindi ko alam kung bakit. Hindi ko rin alam kung bakit hiyang-hiya agad ako. This is plain stupid! What the hell is wrong with love novels?

Is it because I know he did not expect me to read these kind of books? Alam ko kung ano ang tingin niya sa akin. Like I'm some nerd who's bitter about love. Kaya tuwang-tuwa siya ngayong nalaman niyang nagbabasa ako ng ganito.

"Alis na ako. Sabay tayong umuwi mamaya ha?" Natatawa niyang sinabi.

"Okay..."

"Pula mo..." Tumawa ulit siya.

Umirap ako at sinenyasan na siya na umalis na. Bumaling ulit ako sa binabasa ko.

Pagkatapos kong balik balikan ang isang pangungusap ng mga higit limang beses ay tumigil ako sa pagbabasa. Hindi pumapasok sa utak ko ang mga salita!

I can't remember the exact time his preferences changed but... simula noong hiniwalayan niya si Gretchen, hindi na muli siya nagkaroon ng girlfriend.

May naririnig ako kay Juliet na may mga kafling si Leon. Iba-iba pa nga, actually.

Ranging from batchmates to freshmen. Pero wala ni isang sinabing girlfriend niyang talaga.

"Altamirano, Yeshua; Madrigal, Tamara..."

"Yieee!" tilian ng mga estudyante

Umiling ako. Nakaupo kami ngayon sa auditorium habang hinihintay ang pagpapares ng mga Grade 11 at Grade 12 na estudyante.

Ito ang unang pagsali ko sa prom. Grade 11. Noong Grade 10 kami, mayroong fine dining. May sayawan din pero anila ay nasa Grade 11 at 12 daw talaga ang bonggang kainan.

Pinaghandaan din ito ni Mama. May gown na ako. Pinatahi iyon sa Maynila. Isinama pa ako ni Papa noon para makakuha talaga ng maganda.

Tumitili lahat habang binabasa ng mga guro ang pagpapares pares ng mga estudyante.

Paano ba naman kasi, pagkatapos tawagin ay tatayo ng magkasama at pupunta sa nakahilerang estudyante sa gilid. Iyon na ang formation sa sayawan.

"Basta, Jigs, ah?" kanina pa 'tong si Juliet na halos umiyak na. "Kapag tapos na ang sayawan, tabi na tayo agad. Ayaw kong katabi ang magiging kapartner ko. Gusto ko, ikaw..."

Oh God... May bago siyang boyfriend. One month and three days pa lang sila to be exact. In fairness, ilang taon din bago napalitan ni Juliet si Jarrick. Well, tumagal din naman kasi sila ng taon kaya mahirap na pagmo-move on ang ginawa niya.

"Oo. Ayaw ko rin ng iba... Ikaw lang ang gusto ko..." ani Jigs.

Hindi ko alam kung iirap ba ako o tatawa. Hahayaan ko na lang ang dalawa. I think he's better than Jarrick anyway.

"Ortiz, Magnus; Yu, Angel..."

Nagsigawan ang lahat. Napatingin ako sa likod kung nasaan iyong mga nagtitilian.

Tumawa ako at umiling ulit.

"Hi Freya..." tawag ni Axl, isang kaklase ko.

Nagkatinginan kaagad kami ni Marjorie. Umupo si Axl sa harap namin. Matagal ko na siyang kaklase pero these past few months ay madalas naming makasama dahil sa mga group activities. Ang haka-haka ni Marjorie at Juliet ay may gusto raw ito sa akin.

Pero hindi ko naman pinansin. Dahil lang sa group activities kaya kami nagkakalapit.

"San Jose, Jarrick Caesar; Revamonte, Juliet..."

Nanlaki ang mga mata ko. Walang tiliang naganap. It was so silent that I can hear Juliet's heavy breathing.

"Jigs..."

Nilingon ako ni Juliet. Hindi maitsura ang kanyang ekspresyon pero tumayo parin siya. Wala kaming magagawa. Our teacher's rules are absolute. The hell they care about pasts and awkwardness?

"Kaya 'yan, Juliet!" ani Jigs. "Wala na naman, 'di ba?"

Tumayo si Jarrick at hinintay ang paglapit ni Juliet sa kanya. Pinanood ko ang

paglalakad ni Juliet patungo sa dating kasintahan. I cannot believe it. Never in my wildest thoughts did I ever think this would happen.

"Revamonte, Pantaleon IV; Cuevas, Freya Dominique..."

Tumayo ako. We're partners! Humiyaw ang mga lalaki sa likod. Narinig ko ang mga sabi-sabi ng ilan. May mga sumipol pa.

"Damn it! Akin dapat!"

Pinasadahan ko ng tingin ang mga nasa likod. The girls are silent but they're looking at me like I did something wrong. Iniwas ko ang tingin ko sa kanila.

Hanggang doon na lang din naman sila. Hanggang tingin lang.

Inangat ko ang aking tingin kay Leon na nag-aantay na sa akin sa dulo. Nakangisi siya at panay ang biro niya sa kanyang mga barkada. Matalim ko lang siyang tinitigan. At least I don't have to deal with a stranger.

"Timing, 'di ba?" ani Leon at sumabay na siya ng lakad sa akin.

"Yeah. Mabuti na lang din at at least kilala ko ang partner ko sa kauna-unahang prom ko."

Hinintay namin na matawag ang lahat. Pagkatapos ng tawagan ay ibinigay na sa amin ang handouts ng mga lyrics ng kakantahin. May community singing kasing magaganap.

Bukas kami magpapractice ng cotillon. I can't say I'm excited. I'm not even sure if Leon can dance.

Lingon nang lingon si Juliet sa akin habang nagpapractice. Hindi sila nag-uusap man lang ni Jarrick. Mabuti nga at katabi kami sa linya kaya hindi masyadong tahimik.

Si Marjorie itong nalayo at nasama doon sa ilan pang fourth year. Tingin ko'y mabuti na lang din. She's the shy type. I guess she needs to deal with other people too.

"Freya..." tawag ni Axl sa akin.

Sumulyap muna ako kay Juliet bago siya nilingon. Nasa tabing linya lang pala namin siya.

"O, Axl..."

"Ayos ka lang?" tanong niya sabay ngiti.

He's cute. I admit it. He's also one of the top sa klase. He's not the sporty type or the bulky type but he'd pass for a basketball player. Iyon nga lang, mukhang hindi niya hilig ang sports. He'd rather read books, aniya.

"Ayos lang ako..." sabi ko. "Ikaw?"

Tiningnan ko ang kapartner niyang fourth year. Ngumiti si Axl.

"Mamaya pagkauwi... Susunduin ka ba ng papa mo?"

Madalas kasi akong sinusundo ni Papa kung hindi ako magtatricycle pauwi. Kung tapos na naman si Leon sa mga ginagawa ay sinasabay niya ako sa sasakyan.

"Tatricycle lang ako..." sabi ko.

"Sabay na tayo, ha?"

"Huh?" narinig ko ang boses ni Leon.

Ngumuso ako. "Hindi na. Baka kasi matagalan kami ni Marjorie. May ireresearch kami mamaya..." sabi ko.

"Hihintayin ko kayo. Ayos lang?"

This is not the first time I heard that. Ganoon talaga, 'di ba? Only that if I agree, he'd hope when there is nothing to hope for. I don't like that. I don't want to give false hopes. If I let you hope, it's because I'm thinking of a possibility.

In this case, there is none.

"Huwag na, Axl. Ayos lang kami ni Marjorie."

"Huwag na raw!" ani Leon.

Napatingin si Axl kay Leon. Sasabat pa talaga, e.

Lumapit ako kay Axl. Kitang kita ko ang pagtataka sa mga mata ni Axl.

"Freya!" sigaw ni Leon.

Sumenyas lang ako na maghintay siya. Ayaw ko kasi ng sumasabat siya. Hindi naman siya kasali sa usapan.

"Axl..." mababa ang boses ko. "It's okay. Hindi mo naman kasi kailangang maghintay sa akin. I don't want to be a bother to anyone."

"You're not a bother to me, Frey..." aniya sa isang mababang boses.

Nagkatinginan kami. Now that it's down to this, naramdaman ko ang kaonting lungkot.

"You know... Okay lang..." ani Axl.

"Hindi na, Axl. I'm fine... You know..." nagtaas ako ng kilay. "I mean... really.

I'm gonna be fine. I don't need you to wait for me. I'm fine..."

Axl's jaw clenched. In the end, he sighed. Matalino nga siya. He knows what I mean.

Ngumiti ako.

"'Tsaka na lang tuwing may outing tayong magkakaibigan, papayag akong ihatid mo ako pauwi. But this? Everyday routine? No... I can do it..." Ngumiti ulit ako.

He smiled back. This is not the first time I did this. Ito lang iyong pinakamahirap dahil mabait si Axl. Not some usual asshole...

"Okay, Freya..."

Tinalikuran ko siya at ang una kong nakita ay si Leon na titig na titig sa amin.

Bumalik ako sa tabi niya at diniretso ang tingin kay Juliet na hindi naman makatingin sa katabi.

"Anong pinag-usapan n'yo? Pumayag ka? Ihahatid kita, e!" ani Leon. "Tinanggihan mo ba?"

"Tinanggihan ko na..." Nakatingin parin ako sa harap.

"Really?" mas mahinahon ang boses niya.

Sa gilid ng aking mga mata ay nakita kong dumiretso ang tingin ni Leon sa kung nasaan si Axl.

"Umalis. Anong sinabi mo?"

Nilingon ko kung nasaan si Axl kanina at nakita kong wala na siya. This is hard.

They don't usually walk out.

"Sabi ko ayos lang ako. I guess he's smart enough to know what I mean..."

"What you mean?" ani Leon. "Is he courting you?"

Umiling ako. "Iniwasan ko lang dahil ayaw kong umabot pa sa ganoon..." Nag-angat ako ng tingin kay Leon.

He looked at me stunned. Umismid ako. Inaasar na naman siguro ako nito.

"Stop it... Hindi ako gaya mo na mahilig magpaasa..."

Hindi siya nagsalita. Bumaling siya sa stage kung nasaan ang aming mga guro. Hindi siya nagsalita ng kahit ano. Tumitig ako. Weird.

"Leon..." tawag ko.

Huminga siya ng malalim at nilingon ako. Hindi ko mabasa ang ekspresyon niya.

"So that's what you do to the guys who want to court you, huh?"

Ngumisi ako. Seryoso siya masyado. Hindi naman ganoon.

"Ihahatid kita pagkatapos nito..."

"May research pa kami ni Marjorie-"

"Maghihintay ako..."

Tumikhim ako. This sounds familiar. Axl's lines. Only that Leon delivered it this time. And with his serious face.

"Are you kidding me? You'd be happier with your friends, Leon... 'Tsaka matatagalan kami."

"And I'm no exception?"

Kumunot ang noo ko. Nagkatinginan kaming dalawa.

"Freya!" tawag ni Juliet kaya naagaw niya ang atensyon ko.

Palihim niyang tinuro si Jarrick at ngumiwi siya. Tumawa ako at tumingin ulit kay Leon. He's waiting for me to answer him. I didn't.

"Okay... Same time tomorrow, we are all going to assemble here for the first practice of the JS Promenade..." sabi ng guro. "You are all dismissed..."

Hinila agad ako ni Juliet palayo. Nagpatianod ako. Hinanap namin si Marjorie at sabay-sabay na kaming pumunta sa library.

As usual, Juliet's a dead weight. Ka grupo pa namin si Jigs kaya double dead weight ang nangyari. Naghanap kami ni Marjorie ng related literature sa aming short research.

Tatlumpong minuto kaming nagbabad sa mga libro at kumopya ng mga ilalagay sa paper namin. Sina Juliet at Jigs ay nag uusap sa malayong parte ng lamesa.

"Ano bang hinahanap n'yong related lit? I can help..."

Halos mapatalon ako nang umupo si Leon sa tabi ko. Napahawak ako sa aking puso sabay iling.

"Fourth naman, e!" sabi ko.

Nakahawak siya sa likod ng aking upuan. Umirap ako sa iritasyon sa ginawa niya pero nanatili siyang nakatingin sa akin.

"What is it again?" malambing ang ginamit niyang boses. Halos walang ibang makarinig. Kahit si Marjorie ay hindi narinig iyon.

"Huwag mo akong gulatin..." sabi ko.

Umigting ang kanyang bagang at ngumiti siya. His smile is wicked. I can't help but marvel on it. Tinagilid niya ang kanyang ulo.

Lumapit siya sa akin. Halos mapaatras ako. Hindi ako sanay na sobrang lapit niya.

Masyadong malaki ang privacy bubble ko.

"You just called me Fourth... The way I want you to call me."

Nanliit ang mga mata ko. "You are called Fourth, anyway. Huwag mo akong gulatin ulit."

Nag-iwas ako ng tingin. Mga libro na ngayon ang nakakuha ng aking atensyon.

Hinawakan niya ang pahinang binabasa ko at hinaplos ang corner nito. Ang isang kamay niya ay nakahawak parin sa likod ng aking upuan.

Nilingon ko siya at nakita ko na nanatili ang ngiti niya. Kagat niya ang pang

ibabang labi niya habang nakangiti. His neck till his ears were red.

"Namumula ka..." sabi ko.

Mapupungay ang mga mata niya nang bumaling siya sa akin. Malikot ang titig niya.

Tiningnan niya ang aking ilong, pisngi, noo, labi...

Then he licked his lower lip.

"Bahala na nga 'to... Bahala na..." aniya sabay tingin ulit sa aking libro. "What is it that you need, Frey. I'll help you find it..."

Nakangiti siya habang tinitingnan ang aklat. Pumikit ako ng marahan at ilang saglit. Please... no.

==========

Kabanata 7

Kabanata 7

OceanofPDF.com

Someday

Dalawang minuto lang ang tinagal ng cotillon. Simple lang ang steps para na rin siguro sa hindi marunong sumayaw.

"Hold hands now!"

Pang huling practice na namin ito pero marami paring nagkakahiyaan. They won't hold hands immediately. Dapat ay hindi pa nagsisimula ang music, ready na ang mga kamay nila.

"Juliet!" saway ko.

For instance, Juliet won't hold Jarrick's hands. Anyway, I understand. Everyone would. Pero 'di iyon alam ng mga guro kaya wala lang iyon para sa kanila.

Pinatong ko ang kamay ko kay Leon. His palms are rough. Lutang lang ang kamay kong

nakapatong sa kanya. Ayaw ko namang magpabitin at hayaan siyang buhatin ang bigat ng kamay ko.

Ngumiwi si Juliet sa akin at nilagay na ang kanyang kamay sa kamay ni Jarrick.

Nilagay ni Leon ang isang kamay niya sa aking baywang. Napabaling ako sa kanya.

Nasakin ang buong atensyon niya.

Nagsimula ang music kaya nagsimula na rin kaming sumayaw. Ngumisi ako nang una pa lang ay nagkamali ako. Leon won't even smile because of it. Masyado talaga siyang seryoso kapag practice. All this time I thought he'd cut class at times like this.

Sa climax ng kanta ay magpapalit kami ng partner. Nginitian ko ang senior na nakapares ko. Nilingon ko si Juliet na ngayon ay maligayang

pansamantalang nawalay kay Jarrick. Nahanap rin ng mga mata ko si Leon na kahit kapartner ang ibang babae ay nakatingin sa akin. I smiled at him and continued dancing.

Nagpalit ulit ng partner at iba na ulit ang partner ko. I continued dancing.

Tumatawa lamang ako tuwing nagkakamali ako. That's a tendency when you constantly repeat it... masyado ka nang sanay na kahit simple ay nagkakamali ka na.

Sa huli ay bumalik ulit ako kay Leon. Umikot ako sa kanya at sabay kaming nag bow.

Ilang beses pa iyong inulit bago kami pinakawalan para bukas ng gabi.

"May susuotin ka na ba?" tanong ko sa kanya para mabasag ang katahimikan.

"Oo."

"Ibagay mo sa susuotin ko iyong necktie mo, ha?"

Tumango agad si Leon.

"Freya!" tawag ni Juliet at agad na lumapit sa akin.

Hinila niya ako para makalabas na sa gym. Lagi siyang ganito pagkatapos ng practice. Parang may tinatakbuhang utang.

"Ayaw ko na talaga!" aniya.

"Ha? Imbes na bukas na ang actual, ayaw mo na?" sabi ko.

Umiling siya. Hindi ko alam kung anong problema niya. Lumapit si Jigs at Marjorie sa amin. Sinalubong agad ni Juliet si Jigs ng yakap.

"Uuwi na tayo? Titingnan ko pa iyong susuotin ko bukas. Pakiramdam ko 'di na

magkakasya, e."

Tumango ako. "Ako rin..."

"Ihatid ko na kayo ni Marjorie..." ani Leon. "Naghihintay na si Mang Kador sa labas."

"Leon! Hintayin mo ako! May pag uusapan lang kami ni Jigs!" ani Juliet.

I crashed out the possibility of a free ride. Hindi pa uuwi si Juliet kaya 'di pa makakaalis si Leon.

"Huwag na. Kailangan na naming umuwi ni Marjorie... Magtatricycle lang kami..."

sabi ko. "Juliet..."

Tumango si Juliet.

"Babalikan lang ni Mang Kador si Juliet..." ani Leon.

Suminghap ako.

Hindi niya naman talaga obligasyon na ihatid ako. O kami. I mean, the answer is simple. He should wait for Juliet. He should sacrifice even just this time. Lagi niya naman akong hinahatid kapag 'di ako kinukuha ni Papa. Iyon ay kung uuwi na rin si Juliet. Pero ngayong may rason para maghintay muna siya, bakit hindi niya gagawin?

"Hindi na. Ayos lang. Para 'di na aksaya ng krudo..." sabi ko.

"Hindi na. Malapit lang naman, e..." ani Leon.

Mataman ko siyang tinitigan. Gusto ko pa sanang makipagtalo ngunit hindi ko na kinwestyon iyon. Ayaw ko nang humaba pa ang usapan. Nanatili ang mga mata niya sa akin na para bang hinihintay ang pag-alma ko ngunit 'di ko ginawa.

"Babalikan lang natin si Juliet?" tanong ni Mang Kador.

"Opo..."

"Bakit? Hindi pa tapos ang klase?"

Pumasok kami ni Marjorie sa loob ng sasakyan. Nakinig lamang ako sa pag-uusap ni Leon at Mang Kador.

"May ginagawa pa..."

Sumulyap si Leon sa akin. Tiningnan ko lang siya. Nagtaas siya ng kilay sa akin. I can't help but notice how his longer-than-usual hair suits him. Siguro ay mga isang pulgada na ang haba nito. Still semi-shaved but it looks so good on him, really...

"What?" tanong niya.

Umiling ako.

"Tahimik ka na naman..." Bumaling siya sa kalsada.

Siniko ako ni Marjorie. Kapag ganyan ang asta niya o 'di kaya ay ni Juliet, ibig sabihin ay may napapansin na naman sila ni Leon. Lagi silang ganito. Umirap ako. I am not blind. I can sense it. I don't need a dictionary to name what he's doing.

It's just that...

Leon is a known playboy. May mga babae siya. Fling. I'm not blind. This is just his moves... maybe he's trying to see if I can ride with him.

"Hindi naman..." sabi ko.

Nilingon niya muli ako. Nagkatinginan ulit kami.

"Would you rather ride the tricycle? Ayaw mong ihatid ka?"

I don't understand why he always know what I'm thinking. Natatahimik talaga ako pag pakiramdam ko ay pinopormahan niya ako. Pinopormahan.

That's the right word. Subtle but I can sense it. I don't want to assume but I don't want to ignore it either.

Anyway, you can't really ignore it.

"No... I'm fine here..."

"Why'd you always go silent everytime I insist?" hindi niya na ako nilingon ng tinanong niya ako noon.

Nagkatinginan kami ni Marjorie.

"Uhm... I'm not silent. It's just that... you can wait for Juliet instead. I mean, kaya naman naming magtricycle. Kaya ko naman. 'Di ba, Marjorie?"

"Well, Frey... you don't have to. Kaya kitang ihatid. Isa pa, magpapaalam din ako kay Tita at Tito tungkol bukas..."

Siniko ulit ako ni Marjorie. Hindi niya na kailangang magpaalam dahil nasabi ko na kay Mama at Papa na si Leon ang magiging kapares ko.

"It's just a little gesture. It's nothing..."

Nagkibit ako ng balikat. Hindi na ako nilingon ni Leon. Siguro nga ay ganito lang talaga siya. Well, wala rin namang mawawala kung papayag ako. It's actually even convenient to me.

Unang hinatid si Marjorie. Huli ako para makapagtagal ng saglit si Leon para makausap si Mama at Papa.

He asked my dad if he can pick me up. There's no need for that, actually. Masyado lang talagang pormal si Leon ngayon... and for JS Prom.

Pumayag naman si Papa. May tiwala siya kay Leon. Kung sabagay, ilang taon na rin kaming magkaibigan.

Sa araw ng Prom, pinaayos ni Mama ang aking make up sa mentor ko tuwing may mga pageants. Gusto raw niyang manalo akong prom queen sa unang taon ko sa JS Prom.

Ang kulay pula kong ball gown ay kumikinang nang umikot ako. The intricate designs of crystals on the laces looked stunning. Tingin ko tuloy masyadong head turner ang gown ko. Gusto talaga ni Mama na nasa akin ang atensyon.

"Ate, nasa baba na nga pala si Leon..." ani Joaquin nang bumisita sa kwarto.

Tumango ako at naghanda ng bumaba. Tumulong ang mentor ko sa pagbaba. Tama si Joaquin, namataan ko kaagad si Leon sa aming sala. Nakaupo siya kaharap si Papa.

Dumikit ang mga mata niya sa akin. I winked at him.

"Inaasahan kita, Leon. Hindi talaga ako sang-ayon kapag papasok sa relasyon habang nag-aaral pa. Wala ba talagang nanliligaw dito? O 'di kaya'y boyfriend?" pabirong sinabi ni Papa.

Umismid ako. "Pa!"

Unti-unting gumapang ang init sa aking pisngi. Really? Ano kayang pinag-usapan ni Leon at ni Papa? Bumaling ulit ako kay Leon, nasakin parin ang kanyang mga mata.

"Leon..."

"Po... Opo.. Wala po..." ani Leon sabay baling kay Papa.

Tumawa ako at nagkagat labi. Binalik ni Leon ang kanyang mga mata sa akin. Unti-unting napawi ang ngiti ko.

His eyes are serious. I am not sure what I'm seeing but I sense something strange... like... loneliness... sorrow... Natabunan lamang ang nakita ko nang umangat ang gilid ng kanyang labi.

"Tara?"

Tumango ako. Nilingon niya ang aking Papa para magpaalam.

Magulong magulo si Mama nang hinatid niya kami sa gate. Marami siyang pinaalala tungkol sa pagreretouch ko, sa gagawin kong kaway kapag nanalo ako (yes, she assumed I'd win), at na huwag kalimutang magpasalamat sa School Principal at sa mga guro. Seriously?

Tahimik ako sa byahe. Tabi kami ni Leon sa likod. Tahimik din siya. Kaya tuloy ako kinabahan dahil masyado kaming tahimik.

Sa labas pa lang ng school ay marami ng mga nagpapapicture. Pagandahan at pabonggahan ng gowns.

Sabay kaming lumabas ni Leon. Umikot agad siya para makatabi ko. I feel like kaming dalawa lang ang talagang nagsabay pa papunta rito. Lahat ay kanya kanyang pagdating.

"Freya!" ani Marjorie nang namataan ako.

She's wearing a black turtle neck gown. Ngumiti ako sa kanya. Her short black hair is curled and in a half pony tail.

"Si Juliet?" tanong ko.

"Hindi pa dumadating, e. Hindi ko nga rin mahanap si Jigs. Pumasok na lang tayo at itetext ko na lang na nasa loob na tayo?" ani Marjorie.

Tumango ako at nilingon si Leon.

Namataan ko ang mga kaibigan ni Leon sa malapit. He went to them too for a while.

Pero nang nakitang papasok na kami ay bumalik na siya sa amin.

"You can be with your friends, Leon. We can meet on our table..." sabi ko.

Umiling siya. "Magkikita rin naman kami sa loob kaya ayos lang..."

Binalewala ko iyon. Patuloy kami ni Marjorie sa pagcontact kay Juliet na hindi na sumasagot. Sisipot pa kaya iyon?

At kung hindi siya sisipot, I'd say she still has something going on for Jarrick.

Sana naman ay wala. I really think he's an asshole... until now.

Nagtransform ang aming auditorium. Naging isang napakagantang party venue ito. With the dark blue curtains surrounding the whole venue, and the red curtains on stage, nag mukha itong eksklusibong hotel.

"Wow! The lights, huh?" ani Marjorie nang napuna ang disco ball sa gitnang parte.

"Oo nga!" Tumawa ako.

I appreciate how the school made an effort for this event. Hihilahin ko na sana ang upuan ko nang si Leon na mismo ang naglahad para sa akin. Nang nilingon ko siya ay mataman siyang nakatingin sa akin. His diamond earring reflected the lights from the disco ball.

Tumikhim ako at dahan-dahang umupo. Inayos niya ang upuan sa likod ko bago siya umupo sa tabi.

"Freya, itext mo ako kapag may balita ka na kay Juliet, ha?" ani Marjorie. "Pupunta na ako sa linya ko..."

Tumango ako at kinawayan si Marjorie. Sinundo siya ng kapartner niyang isa sa barumbadong players ng Seniors.

"Where is Juliet? Akala ko sasabay siya?" tanong ko.

"Sa bahay nila siya umuwi. Ihahatid yata ng Daddy niya."

Nagkatinginan kaming dalawa. All his attention is directed at me. Para bang walang ibang tao. Dinungaw ko ang cellphone ko at tumingin rin siya doon.

Ako:

Juliet... Magsisimula na. Asan ka na?

Sinubukan kong tawagan siya. Nakatingin si Leon sa akin habang nilalagay ko ang cellphone sa aking tainga. Tinupi niya ang kanyang pang-ibabang labi ng wala sa sarili habang nakatingin sa akin. I made a face.

Hindi sumasagot si Juliet. Hindi ko alam kung ano na ang nangyayari sa babaeng iyon.

Ako:

I'm worried! Where are you! I won't judge you if you tell me now na 'di ka pupunta!

Pagkatapos ma send ay tumawag ulit ako. This time, after five rings, she answered.

"Hello..." in a low voice.

"Ano? Pupunta ka ba?"

"Papatapusin ko ang cotillon..." aniya.

"What?"

"Sa entrance lang naman 'yan, 'di ba?"

True enough, wala nga siya sa entrance ng students. Napapalingon si Jarrick sa akin. Siguro'y nagdadalawang isip kung magtatanong ba dahil alam niyang ayaw ko sa kanya.

"Where's Juliet, Leon?" tanong niya sa katabi ko.

Nagkibit-balikat si Leon. Bumaling si Jarrick sa akin. Hindi parin makapagtanong.

Hindi ko rin siya sasagutin. Bakit ba kailangan pang magresearch nito? You can find the answer all by yourself. Text or call her. Find a way. Stupid!

Ang malapad na likod ni Leon ay humarang sa tinginan namin ni Jarrick.

"It's starting..." ani Leon.

"Freya..." panimula ni Jarrick.

"Hindi niya rin alam. Kung anong alam ko, iyon lang din ang alam niya. No need to ask her..."

Hahawakan ko sana ang braso ni Leon ngunit pinigilan ko iyon. Something about touching him...

Nagwalk out si Jarrick pagkatapos ng sinabi ni Leon. Bumaling si Leon sa akin, seryoso ang mga mata. He's protective of Juliet, huh?

"'Di siya sasali sa cotillon kasi wala siyang partner..."

"Yeah..." Humarap na si Leon sa akin. "I really hate it when some other guy talks to you..." Nag-iwas siya ng tingin.

Nanlaki ng bahagya ang aking mga mata. Alam ko kung ano ang dapat na maging reaksyon ko pero hindi ako sigurado kung tama bang ipakita ko iyon. Nang muli siyang tumingin sa akin ay mas lalo lamang naging seryoso ang kanyang titig.

Tumunog ang music ng cotillon. Siya na mismo ang kumuha ng kamay ko. Nilagay niya rin agad ang kanyang kamay sa aming baywang. Before I can even react, sumayaw na kami.

'Di tulad ng sa mga practices, hindi na ako nakangiti ngayon. Masyado akong nagulat sa sinabi niya. No... hindi nagulat... something... I can't name it.

"Please, smile..." aniya habang nagsasayaw kami.

Kinagat niya ang kanyang labi.

"Please, don't be silent tonight... Please, don't feel uncomfortable..." aniya.

Bago pa ako makapagsalita ay umalis na ako para sa ibang partner. Doon lamang ako nakahinga ng malalim. Mukhang kanina ko pa pinipigilan ang

paghinga ko dahil sa sinabi ni Leon!

Nang bumalik ako sa kanya ay nakangiti na siya.

"'Di ka mananalo ng prom queen kung lagi kang ganyan, Freya..."

Umangat ang gilid ng labi ko.

We both bowed after the song. Nilingon ko siya pagkatapos.

"Are you gonna be prom king?" nagtaas ako ng kilay.

Nanlaki ang mga mata niya. Tumawa siya.

"Is that what you want?" tanong niya.

"I'm just asking..." pabiro kong sinabi.

"Not my thing at all but... if you're gonna be prom queen. I should be your king..."

Parang sumisikip ang dibdib ko na hindi ko malaman. Hindi ko rin alam kung bakit sa moment na iyon napagtanto kong ayos lang kung 'di ako manalo ngayon... basta ba magkasama kami.

Nagkainan na. Tinupad nga ni Juliet ang sinabi niya. Dumating siya sa dinner. Dahil wala na si Jarrick ay tumabi na sa kanya si Jigs. Sinenyasan niya pa ako na para bang nagtatanong kung nasaan iyon ngunit wala akong maisagot kundi kibit balikat.

We did the rituals for the prom. Community singing, class predictions, turn over...

at marami pang iba. Kasama ako sa turn over ng Campus Crush. Leon got the Campus Heartthrob. Inis pa siya dahil gusto niya siya iyong sa Campus Varsity. E, hindi naman siya papasa doon dahil basagulero siyang maglaro.

Sa huli ay ang sayawan. Saktong lumapit si Leon sa mga kaibigan niya nang dumilim para doon. Nagtawanan kaming tatlong magkakaibigan. Lalo

na nang si Marjorie ang unang nakuha ang kamay sa amin! Isang top student ng senior ang nagyaya sa kanya.

Syempre si Jigs at Juliet ay sinabayan lamang ako sa upuan dahil wala pang humihingi ng kamay.

"Nasaan ba si Leon?" tanong ni Juliet.

Pinasadahan ko rin ng tingin ang buong auditorium at 'di ko siya mahanap.

Isang kaklase ang naglahad ng kamay sa akin. Pinagtutulakan pa siya ng ibang lalaki kong classmates at pulang pula siya sa harap ko. I'm most of the time reserved but I am not rude... especially to my classmates.

Tumawa ako at tinanggap ang kamay niya. Anyway this event is for building and nurturing friendships, not necessarily love life. Like how every girl sees it. It's socialization. It's how you present yourself with other people.

Jolly ang kanta kaya hindi stiff ang sayaw namin. He was game so it wasn't awkward!

"Kent! Sino partner mo?" tanong ko.

"Si Lexie."

Kumunot ang noo ko. Hindi ko kilala ang partner niya.

Binunggo ako ni Juliet at nagsayawan kaming apat. We even took pictures.

Lumapit ang ibang kaklase namin at nagsayawan kami. Napalitan agad ang partner ko ng isang schoolmate. Kilala naman kaya ayos lang.

For the whole hour ay papalit palit ang partner ko. Ang saya nga! Ang saya tuwing grupong sayawan. It was too funny! The boys invented weird dance steps and we all follow it. Sumasakit ang tiyan ko sa kakatawa.

Hanggang sa unti-unting naging mahinahon ang mga kanta. Some were tired of dancing kaya umupo sila pabalik. Si Juliet at Jigs ay parehong hindi

paawat kaya pinatulan nila ang mga lovesongs.

Sumunod na thirty minutes ay papalit palit ulit ako. But the love song dances were boring. Or am I just tired? Nilingon ko ang upuan.

"Axl, upo na muna ako. Sumasakit ang paa ko..." sabi ko.

Tumango naman si Axl at hinayaan akong makawala.

Umupo ako sa upuan. Pinasadahan ko ulit ng tingin ang venue. Everyone on the dancefloor are now serious. Siguro ay dala na rin sa pagiging masyadong seryoso ng musika.

Huminga ako ng malalim. Gumalaw ang tabing upuan ko at nalingunan ko roon si Leon.

Nakatingin siya sa akin.

"Saan ka galing?" tanong ko.

Tumingin ako sa parte kung saan tingin ko'y naroon siya kanina. Maybe dancing with other girls or what. We just didn't meet on the dancefloor because we're not on the same crowd of people.

"Sa tapat na table lang..."

Oh... sa mga kaibigan niya?

Tahimik ako. Ganoon din siya. Kahit na may music ay unti-unting naging awkward.

Napatalon ako nang hinawakan niya ang kamay ko. Nilingon ko siya at nakita kong nakatingin lamang siya sa aking kamay.

"Huh?"

Nag-angat siya ng tingin sa akin. Wala siyang sinabi. Pinatong niya lang ang kamay ko sa kanyang kamay.

Nanlamig ako. My heartbeats were faster and louder. At hirap akong lumunok sa ginawa niya. I want to ask him what he meant by that... kahit na alam ko na kung ano. And I'm not even assuming it. I know. I just know. I just really know. By the way his eyes look at me. Punong puno iyon ng pagsusumamo kaya nanikip ang dibdib ko.

Kinagat niya ang kanyang labi.

"Natotorpe ako..." Umiling siya.

Tumawa ako para maibsan ang tensyon.

He's now holding my hand. He then squeezed it. Napapikit ako ng marahan.

"All I ever want to do tonight is really dance with you..."

"We already danced..."

"Dahil inutos iyon..." pumungay ang mga mata niya. "Kung walang nag-utos... kung hiningi ko lang... pagbibigyan mo ba ako..."

Natahimik ako.

"Loving can hurt

OceanofPDF.com

Loving can hurt sometimes

But it's the only thing that I know

When it gets hard..."

Kinagat ko ang labi ko at tumango. Tumayo agad siya at dahan dahang hinila ang kamay ko. Napaawang ang bibig niya nang humarap na ako sa kanya.

Tumawa siya ng bahagya. Kumunot naman ang noo ko. Hindi ko alam kung paano pakakalmahin ang sarili ko.

I am dancing with him. He's staring at me like there's something special about me.

"Ilan ang nasayaw mo?" tanong niya.

"'Di ko mabilang, e." Nanginig ang boses ko.

Ngumiti siya. "Twenty-two..."

"Huh?"

"So you can keep me

OceanofPDF.com

Inside the pocket

OceanofPDF.com

Of your ripped jeans

Holdin' me closer

'Til our eyes meet"

"Binilang ko..."

Ngumiwi ako. "You probably were too busy dancing! Impossible..."

"I can name everyone of them if you want to..." Tumawa siya.

Tumitig lang ako sa kanya. Did he really count all of them?

Napawi ang ngiti niya at binaba niya ang kamay ko. Tumigil siya sa pagsasayaw kaya tumigil din ako. May kinuha siya sa kanyang bulsa at hinulog niya ang pendant nito sa harap ko.

It's a cross pendant. It's a twin of his necklace.

Kinagat ni Leon ang kanyang labi at tinali niya ang necklace sa aking leeg.

"What is this for?" gulat kong tanong.

"February 12 of two thousand and sixteen, I danced with the most beautiful girl I've ever known..."

Hinaplos niya ang aking leeg. Ngumiti siya. Hindi ako makapagsalita.

"I... I don't want to be silent... But I don't really know what to say, Leon..."

He licked his lips.

"Fourth..."

He smiled. He touched my chin.

"Someday..." mahinahon niyang sinabi.

==========

Kabanata 8

Kabanata 8

OceanofPDF.com

Possessive

Magaling talaga si Mama mag assume. Naging Prom Queen ako at si Leon naman ang naging Prom King.

Nakakatawa nga kasi hindi ko inasahan iyon. Ang sabi kasi nila, the teachers don't usually choose school bad boys as Prom King. Lagi raw iyong mga matitino ang kinukuha nila. Hindi ko nga alam kung bakit nga ba nila kinuha si Leon.

Alas diyes y media nang hinatid ako ni Leon at Juliet sa bahay. Sa sasakyan ay tahimik na. Hindi ko maikwento ang tungkol sa necklace kay Juliet. Pakiramdam ko, I'd betray Leon if I did that.

"Maraming salamat, Leon... Naging maayos ba ang party? Nanalo raw kayo bilang Prom King at Prom Queen?"

Tumawa si Mama. Tumawa rin si Leon. Nilamig ako kaya pumasok na ako sa loob ng bahay. Napatindin si Leon sa akin.

"Oo nga po, e."

"Naku! Mabuti naman at talagang pinaghirapan pa 'tong lahat kay Freya..."

Nanatili ang mga mata ni Leon sa akin bago nagpaalam.

"Sige na po. Aalis na kami at lumalalim na ang gabi..."

"Maraming salamat, Leon..." ani Papa.

"No problem, Tito..."

Umatras ako. Bago siya umalis ay ako ang huli niyang tiningnan.

That same night, I couldn't sleep. Kahit sobra-sobra ang pagod ko, hindi ako pinatulog ng mga naiisip ko.

Hinawakan ko ang cross necklace na binigay niya. Tulad nga ito ng sa kanya. Manipis at isang simpleng gold stick lang ang bumubuo ng mismong pendant. Wala nang ibang disenyo kundi iyon. Ang necklace ay pinong-pino.

Paulit-ulit na nagplay sa utak ko iyong nangyari sa Prom. Iyong sayaw naming dalawa. Lahat ng sinabi niya. Pati iyong pagbibilang niya kung ilan ang nakasayaw ko. Lahat.

What is this about?

Ganito ba siya pumorma? Sa mga babae niya? Sa mga ex niya? Binibigyan niya ba ng ganitong alaala? Am I just like them? Tingin niya ba ay pwede akong pang one month lang?

Or am I assuming too much? Ilang taon na rin kaming magkaibigan at sa oras na lumagpas siya sa linya, alam niyang magbabago ang lahat.

What about me? How do I really feel about this?

Do I really need to think about it?

Kapag ba ganito, it's now or never agad?

Kapag ba totoo ang lahat ng ito, kailangan bang ngayon na agad mangyari?

Hindi ba malalaman natin na totoo kung kahit na hindi nangyari ngayon ay mangyayari parin sa susunod na pagkakataon. Not because of destiny but because you made it happen.

"Accountancy, Freya... Hindi ba?" tanong ni Mama kinaumagahan sa hapagkainan.

Iyon na ang laman ng iniisip ni Mama. Mag gigrade 12 na ako at matagal nang pinlano ang kurso ko sa college. I don't mind. I'm fine with anything. I mean, wala naman talaga akong hilig. It will be either all about Math or Science. Accountancy is fine.

"Opo..."

"Anong kukuning kurso ni Leon?" tanong ni Papa.

"Malamang Business Ad o Agri biz, Pa..."

"Ma, alis muna ako kasama sina Drixie, Heather, at Henry..." singit ng mabangong mabango na si Joaquin.

Nginiwian ko ang kapatid ko. "Asus! Baka kayo ni Drixie magkatuluyan ha!" biro ko.

"Tss. Not my type..." aniya sabay kuha ng adobo sa aking pinggan at agad sinubo ng walang paalam.

Hinampas ko ang braso niya kaya napatakbo siya palayo.

"Kayong dalawa talaga! Tumigil na kayo, ha?"

Hindi naman kailangang magmadali. Everything will fall into place one day. I'm fine with whatever's happening now. Madalas kasi sa pagmamadali nadadapa ang mga tao. If we would just all come down and let all the things reveal themselves, then there will be no wounds...

"Mabuti naman at gagraduate naman daw si Leon..." sabay tawa ni Juliet.

Nasa covered court ang mga senior at naghahanda para sa practice ng graduation.

Hula ko ay naroon din si Leon. We haven't seen each other after the prom. Ngayong naramdaman kong malapit lang kami ay para akong lumulutang.

"He's not really flunking, is he? Bulakbol lang pero hindi bagsakin. Pero sabagay..." nagkibit ako ng balikat. "Parte ang attendance sa grade."

Umupo kami sa bench sa tapat ng field. May shade ng puno roon kaya kahit mainit ay hindi namin ramdam. Naririnig ko na ang tunog ng marching para sa graduation.

Pagkatapos ng prom ito naman ang ipapractice nila.

Humalukipkip si Juliet at tumingin sa fields. Nakatayo siya na para bang buong hasyenda niya ang tinitingnan.

"Anong tinitingnan mo diyan?" tanong ni Marjorie.

Bumaling si Juliet sa aming dalawa. Something's off. I can't lay a finger on it, though.

"Asan si Jigs?" tanong ko.

Umiling si Juliet at umupo sa gitna naming dalawa ni Marjorie. Seriously? What reaction is that?

"Hindi ko alam."

"What?"

Nagulat ako sa gulat ko. I mean, this is my least expected answer.

"Nag-away kayo?" tanong ni Marjorie.

Hindi sumagot si Juliet. Unlike before... parang hindi niya super pinoproblema ang nangyayari. Unlike how she handled her relationship with Jarrick. Anyway, people change. She matured.

"Ayaw ko na munang pag-usapan..." ani Juliet.

"Wow... That's new..." Ngumisi ako.

"Hi!" halos mapatalon ako sa nagsalita!

Sa likod ng bench na inuupuan namin ay si Leon. Sa likod niya ay ang iilang bulakbol ding basketball players. Bahagyang tumikhim si Marjorie.

"Oh, Leon! 'Di ka sasali sa practice?" tanong ni Juliet.

Hindi ko alam anong sasabihin ko. Nanatili ang mga mata niya sa kanyang pinsan.

"Boring. Inaantok ako kaya umalis kami..."

Napatingin si Leon sa akin. Ngumiti siya. I smiled back. Kinalma ko ang sarili ko.

Oh... it's fine.

"Kayo? Bakit kayo nandito?"

"It's our free time. Pinagawa kasi kami ng project ni Ma'am de Silva. Serve as exam na raw iyon," ani Juliet. "Tapos na kami kaya wala na kaming ginagawa."

"Saan naman kayo ngayong magcucutting kayo?" napatanong ko.

Kitang kita ko ang paglalaro ng ngiti sa labi ni Leon.

"Well, paplanuhin lang namin iyong sa liga ng barangay. Sasali kami..."

Tumango ako.

"Weh? Babae na naman 'yan, 'no? Ano ba? Fourth year? O baka college na?" biro ni Juliet.

Tumawa si Leon at napatingin ulit sa akin. Tahimik ako. "Ano ka? One woman man

'to!"

Tumikhim agad ako.

"One woman? E 'di meron nga? Sino?" tanong ni Juliet sabay panliliit ng mata sa akin.

Nagtaas ako ng kilay sa kanya.

"Basta! Basta! Huwag ka nang maingay!" Bumaling si Leon sa akin. "Canteen lang kami..."

"O buti pa bilhan mo kami ng pagkain! Gutom na itong si Freya!"

"Huh?" halos batukan ko si Juliet.

"Ano bang gusto n'yo?"

"Burger!" ani Marjorie sabay tawa.

"Akin din, Leon!" sigaw ni Juliet.

"Sa'yo?"

Para ulit akong natanong sa isang oral recitation ng 'di nakapagstudy. Talaga nga naman!

"Kahit ano..."

Tumango siya at ngumiti. Tinuro siya ni Juliet at tinawanan.

"What the hell?"

"Tss! Ihahatid ko na! Sige! Alis na kami!"

Tumalikod ako at umiling. Buong buo ang tawa nI Juliet kahit na umalis na si Leon.

Mabilis na umulan naman ang tanong ni Marjorie para sa akin.

"Wala! Wala talaga!" iyon lang talaga ang sagot ko tuwing tinatanong ako.

Kahit noong nag college na si Leon. June nang binisita ako ni Nicholas sa school.

"Freya,"

"Hmm?"

Pinalabas niya ako sa classroom para kausapin. Nagulat nga ako. We don't usually talk. Ito yata ang unang pagkakataon na talagang sinadya niya ako.

"Talaga bang gusto ni Leon sa Alegria Community College mag college?"

Kumunot ang noo ko. Hindi ko alam kung bakit ako ang tinatanong niya nito.

"Bakit?"

Matangkad si Nicholas, tulad ni Leon. Only that, Leon's more bulky. Halos pareho na sila ngayon ng buhok ni Leon. He's sporting a semi-shaved head as well.

"Siya lang itong pinili na dito mag-aral sa aming tatlo. I wonder if it's because of his friends or what. He doesn't like the rural life that much so..."

Nagkibit ako ng balikat. "I am not sure..."

Tumango si Nicholas.

"Bakit? Dapat bang sa Maynila siya mag college?"

"Niyaya siya ni Papa. Pero ayaw niya. So we're wondering..."

And why they turn to me everytime they wonder isn't a mystery to me. They all probably assume that we have something going on in between us.

"Anyway, sige. Iyon lang ang pinunta ko dito..." ani Nicholas.

Iniisip ko kung gaano ka importante ang lahat. Hindi mananadya si Nicholas kung hindi importante. It must be important for Ate Lea, Kai, and Nicholas na si Leon ay sa Maynila mag kolehiyo.

Well, maybe they miss their youngest. But I think Leon will be fine here. Narito si Don Pantaleon at si Governor. If anything, mas mabuting nandito siya para matutukan ng mga nakakatanda.

"Pinapili ka ba kung saan ka mag ka-college?" tanong ko kay Leon.

Nakaupo ako sa bleachers ng barangay covered court ngayon. Sa tabi ay si Juliet at Marjorie na panay ang cheer sa isang mas matandang lalaki. He's

tall and handsome kaya pareho nilang nagustuhan.

Si Leon ay nasa tabi ko na dahil pina exit muna. Malapit na kasi siyang ma foul out. This time, his game improved. Hindi siya masyadong magagalitin. Pero dahil malaki ang pangangatawan ay laging nakakabunggo ng mas payat. It'd look foul...

Nilingon niya ako.

"Any school is the same."

"Don't you miss your Kuyas and Ate?" tanong ko.

"Umuuwi naman sila dito. I'd rather miss them than miss..." hindi niya dinugtungan.

Nanatili ang mga mata niya sa akin. I looked away. There... This is okay.

"Pinuntahan ka ni Kuya Nico?" tanong niya.

"Yup. I thought he'd tell me to convince you to choose Manila..." Ngumiti ako.

"If he tells you that, would you do it?"

Umiling ako. "You have your own free will. Kung saan mo gusto, e di iyon. Ayaw kong mamilit."

Tumango siya at bahagyang lumapit sa pagkakaupo. Hawak hawak niya ang isa pang jersey. Iyon 'yong suot niya kanina pagsimula ng laro. May nakalagay na 12

Revamonte sa likod noon.

His birthday isn't twelve. Mine isn't too. Well...

Naamoy ko kaagad ang bango niya. His usual scent. Pakiramdam ko nga ay sa sobrang madalas naming magkasama ay masyado na akong komportable

sa bango niya. Na kapag 'di kami magkasama ay hinahanap hanap ko na. Withdrawal syndrome.

"Leon!" tawag ng kanilang coach.

"Po!"

Tumayo kaagad siya. Sinenyasan siya na papasok kaya nilingon niya ako. Tumango naman ako.

Pumasok siya ulit sa game. Kabado ulit ako. You know... I just hope he can stay chill till the end. Ganito ako lagi kapag may game siya.

"Go! Go! Go!" sigaw ni Juliet at Marjorie para doon sa kalaban.

Seriously... are they really my friends? Tahimik lang akong nanonood.

Lumabas sa laro iyong bet nilang lalaki. Dahil tabi lang sila nakaupo sa amin ay halos manginig ang dalawa sa kilig.

Humiyaw ang mga kasama noong lalaki. Pinagtutulakan siya sa amin. Mas lalo lamang akong napailing.

Nilingon ko ang mga lalaking palapit dahil lang sa kay Juliet at Marjorie. Nga naman, oo...

"Pahingi raw ng number..."

Naghiyawan ulit ang mga lalaki sa bench nila. Tumawa si Juliet at mabilis na nilabas ang cellphone. Ganoon din si Marjorie.

They exchanged numbers. Tumingin ako kay Leon at nakita kong nakatingin na siya sa amin habang may nagfe-free throw.

A bunch of boys went to us because of the exchange-number commotion. May ilan pa akong narinig na tinatawag ako pero 'di ko sila nilingon.

Imbes na makiagaw si Leon ng bola para sa rebound ay umexit pa siya sa free throw line.

"Leon!" sigaw ng kanyang coach.

Alam ko na kaagad ano ang gagawin ko. Hindi iyon napansin ni Juliet kaya 'di niya ako matutulungan sa mga lalaki. Bumaba ako sa bleachers para makalayo doon at sinalubong ko siya.

"Anong ginagawa ng mga lalaking 'yon?" mariin niyang tanong.

"They... are asking for Juliet's number..." sabi ko.

Nanatili ang mga mata ni Leon sa mga lalaki. Tinatawag na siya ng teammates at coach niya.

"Kay Juliet lang ba talaga? Baka pati sa'yo?" baling niya sa akin.

"Pipito na ang referee kung hindi ka pa babalik. And why would I give my number to them, anyway?"

Nanatili ang mga mata niya sa akin.

"Freya!" sigaw ng coach nila sa akin.

Tumango agad ako. Hindi ko na alam kung ano ang gagawin ko para mapabalik lang siya sa court.

"Like all your frequent texters isn't enough... Huwag kang biglang mamimigay ng numero-"

Umirap ako. "Hindi ako namimigay. They got it from friends of friends."

"I know."

He knows. Ilang beses na akong nag change ng number dahil sa pag aalburuto niya.

"Freya!" tawag ulit ng coach! "Mafafoul!"

"O sige na! We'll exchange phones for this week!"

Lumapad ang ngiti ni Leon. Tinalikuran niya ako at bumalik na sa court.

And the disaster awaits again... What a stupid stint...

Noon kasing unang pag exchange namin ng phone nakipag meet up pa siya sa mga texters ko. Hanep lang... Ang lakas talaga ng loob niyang makipagbasag ulo.

Syempre, noong nakitang siya ang nag hihintay, aatras na agad ang texter.

Ngayon ay mangyayari na naman iyan dahil lang sa mga lumapit na lalaki kay Juliet.

Very nice.

Nilingon ko si Juliet at Marjorie. Wala na ang mga lalaki kaya safe nang bumalik.

"Oh? Anong nangyari?" tanong ni Juliet na parang wala lang.

Umiling ako. Mas marami pa naman akong unknown texter ngayon. May caller pa.

Bigla akong napangiti nang naisip iyon.

After the game, he got what he wanted. We exchanged our phones. Unang hawak niya pa lang sa cellphone ko ay may tumawag na agad.

"Hello?" sagot niya.

Nagtaas si Leon ng kilay sa akin. Tinitigan ko siya. His eyes looks amused. I can't help but stare at his nose, his perfectly angled jaw, his curved lips...

"Oh bakit? Boyfriend niya. Ano? Suntukan na lang?"

Nagmura siya at binaba ang phone ko. Pakiramdam ko ay binabaan siya.

Hindi ko alam pang ilang irap ko na ito. Bahala na nga siya diyan. Tumingin ako kay Juliet at Marjorie para hindi niya makita ang ngiti ko.

"Ewan ko sa'yo. Baliw ka talaga..." sabi ko.

Binalewala niya ako at may pinipindot na ulit siya sa cellphone ko. Siguro'y may nirereplyan na.

"Hindi ko talaga alam kung bakit pa kailangang mangamba..." sabi ko.

Nag-angat siya ng tingin sa akin. Nakagat ko agad ang labi ko. I feel like I said something strange.

All this time, hindi ko talaga binigyan ng tamang kahulugan ang kung anong nasa aming dalawa. Hindi niya rin ako pinilit. So it was all okay with me... Pero sa huling sinabi ko, it's an indirect statement of the real meaning of all these.

I wonder what I should do to stop him from being this paranoid?

Nanatili ang tingin niya sa akin. Pagkatapos ay umiling siya na parang nabasa ang iniisip ko.

"Nothing will ever make me stop being possessive of you..."

Hindi ko alam kung bakit bahagyang nanikip ang dibdib ko. It's not on my mind but I can't help but think about it now. Now that he said 'Nothing'. Wala ba talaga?

Kahit maging kami? O makasal kami? Wala?

"Really, Fourth?"

Nag-angat ulit siya ng tingin sa akin. Seryoso ang mga mata niya ngayon. Ramdam ko ulit ang bakas ng takot at kalungkutan. How I always detect this in his eyes... And then lost it the next second is a mystery to me.

"Really..."

==========

Kabanata 9

OceanofPDF.com

Change

Ang sabi nila, nagbabago ang lahat dahil sa panahon. Tama rin naman. Pero tingin ko, nagbabago ang mga bagay dahil habang tumatagal, nagsasawa ka. Habang tumatagal, nagiging madali ang lahat. Habang tumatagal, unti-unting nawawala.

"Iyon talaga ang nangyari sa amin ni Jigs, Frey..." wika ni Juliet.

Nakatingin ako sa lawak ng soccerfield. Mainit ngunit ang umiihip na hangin ay malamig. Nasa isang bench kami ngayon na may katabing puno. Ang shade ng puno ang dahilan kung bakit hindi kami nasisinagan ng mahapding araw.

Mag-iisang taon na simula ng misteryosong paghihiwalay ng dalawa. Nanliit ang mga mata ko sa soccerfield.

"I fell out of love..."

Kinulit namin siya nang kinulit ni Marjorie para malaman namin kung ano talaga ang tunay na nangyari. Ngayon lamang siya nag share sa amin.

Nakita kasi namin si Jigs kanina. As usual, umiwas ulit ito. Balita ko, may kadate na daw itong ibang babae. Wala lang iyon kay Juliet.

"Ganoon ba talaga iyon, Juliet?" tanong ko. "Do you really just fell out of love?"

Nagkibit siya ng balikat.

"Nakakatakot namang magmahal kung ganoon..." ani Marjorie.

I wonder if Leon's dad fell out of love with his mom, too. Kaya nagawa niya ang kasalanan. Is it really a natural tendency to fell out of love? Ano? Nagsasawa?

Nagsasawa talaga ang mga tao sa paulit-ulit. Nagsasawa ang mga tao sa isang taong kasama palagi.

"Kaya nga sugal ang magmahal, 'di ba?"

"Only that you won, Juliet, because you fell out first. Kaya hindi parin kayo nagpapansinan ni Jigs."

"I'm sure hindi ganoon. Wala 'yan sa panalo o talo, Freya... Hindi ito laro..."

"Kung hindi nga ito laro, bakit parang may talunan?" tanong ko.

Nagkatinginan kami ni Juliet. Hindi niya rin masagot ang tanong ko.

"Stop overthinking. Stop being so deep. Wala lang ito, ano ka ba!"

"Magdedepende lang ba sa kung sino ang mauunang makalimot?" tanong ko.

"Iniwan ako ni Jarrick. Siya ang unang nakalimot. Ngayon ako naman kay Jigs. It doesn't matter. Life is like that. I hope you are informed..." ani Juliet na parang sanay na sanay na sa ganito.

"Hala!"

Napatingin kami ni Juliet kay Marjorie. Nakatingin ito ito sa relo.

"Five minutes na lang, next period na! Tara!"

Tumango ako at tumayo kaagad. Dumiretso na kami sa klase.

Iniisip ko na ganoon nga. Kaya ang mga tao, kapag may opportunidad, kinukuha nila agad dahil baka magbago ito pag pinatagal pa. Bakit ngayon ko lang ito naisip?

"Tapos na ba kayo sa inyo?" tanong ni Juliet sa akin.

Gumagawa kami ng kagrupo ko ng isang paper. Tatlo lang kami at mahaba ang gagawin kaya lagi kaming overtime.

"Hindi pa, e," sabi ko.

"Dito n'yo talaga gagawin sa school?" tanong ni Juliet sabay tingin kay Axl, na isa sa kagrupo ko ngayon.

"Dito na. Mas mabuti rito dahil may mga libro kung kailangan."

Nagdala na rin kasi ng laptop si Axl kaya kung kailangan naming mag search, pu-pwedeng doon.

"Iyong amin nga ni Marj, sa bahay lang gagawin. Doon na lang din kayo. Sabay ka na sa akin pag uwi..."

Umiling ako.

Simula ng nagcollege si Leon ay sumasabay na lang ako kay Juliet sa pag-uwi. Iba rin kasi ang schedule niya sa akin. May klase siya ng alas kwatro hanggang alas singko. Ako naman ay madalas wala ng ginagawa ng alas kwatro kaya umuuwi na. Minsan naman ay dumadalaw siya at kinukuha ako sa school.

"O sige. Mauuna na ako, ha? Kami nina Marjorie..."

Tumango ako. "Uuwi rin ako. Siguro mga alas sais..."

Iniwan kami ni Juliet doon. Binuhay naman ni Axl sa tabi ko ang kanyang laptop.

Graduating students na kasi kami. Kailangan nang magseryoso sa paper na ito dahil dito nakasalalay ang lahat. Axl's running for an honor award. Parehas kami. Kaya mas pressured.

Tumunog ang cellphone ko. Dinungaw ko ito at nakita ko na si Leon iyon.

Leon:

Sumabay ka kay Juliet pag-uwi.

Maybe, he's playing again. Or a project? Something...

Hindi na ako nagreply. He texts me this kapag hindi siya makakapunta dito sa school. Ayos lang iyon. Hindi niya naman obligasyon ang pumarito. At least he texts me.

"Tama na iyong nakuha natin sa internet kanina. Iaarrange na lang natin ito ngayon para mag connect..." ani Axl.

Si Jerica na kasama rin namin ang nag hanap sa mga libro. Kami ni Axl ang nag-ayos para kumunekta sa isa't-isa ang paper namin.

Balak naming tapusin ito ngayon. Lalo na dahil may pa entrance exam na next week ang Alegria Community College. Kabado na ako. Gusto kong makapasok sa Accountancy nila.

Hinayaan ako ni Axl na magtype sa kanyang laptop. Siya naman ay nanonood sa mga tinitipa ko. He corrects me everytime he sees something wrong.

Hinawakan ko ang leeg ko. Sumasakit na ang likod ko.

"Ayos ka lang?" he asked.

Tumango ako.

Madilim na sa labas. Alas sais na at may kaonti pa kaming kulang.

"Pwede nating bukas na lang tapusin ito," sabi ni Axl.

"Hindi na. Magrereview ako bukas para sa Sabado. Ngayon na natin tapusin ito."

"Sigurado ka?" Kumunot ang noo ni Axl.

"Yup..."

Pinagpatuloy ko ang ginagawa namin. Natapos ko ito ng mga quarter to seven. Kanina pa kami pinapaalis ng librarian dahil completely closed na ang school ng mga alas syete.

"Sinong kukuha sa'yo?" tanong ni Axl.

"Magtatricycle lang."

"Kung ganoon, sabay na tayo!" ani Axl sabay tingin kay Jerica.

Tumango lang ako sa pagod.

Nagligpit kami ng mga gamit. Halos patayin na ng security guards ang ilaw para lang makaalis na kami. Mabuti na lang at nasa labas na kami ng nawalan na ng ilaw ang buong library.

Kinuha ko ang cellphone ko. Walang text si Leon doon bukod sa naunang text. May text si Mama, nagtatanong kung anong oras akong uuwi.

Ako:

Pauwi na ako.

Nilagay ko sa bulsa ang cellphone at nagpatuloy na sa paglalakad paalis ng school.

"Hindi ka ba susunduin? 'Di ka nagpasundo?" tanong ni Axl sa akin.

Umiling ako. "Kayo?"

"Nagtatricycle lang talaga ako pauwi, e."

"Ang tanong ay kung may tricycle pa ba ngayon!" ani Jerica.

"Oo nga!"

Tiningnan ko ang labas. Nakakita naman ako ng isang tricycle. Kahit paano ay naibsan ang pangamba ko.

Hindi pa ako umuuwi ng ganito kadilim galing school. At palagi akong sinusundo kung gagabihin. This is going to be the first time I'll go home this late without anyone to pick me up.

Nasa Maynila kasi si Papa at may inasikasong trabaho. Kaya walang susundo sa akin.

Palapit na kami sa gate. Nanlamig ako sa ihip ng hangin. Niyakap ko ang sarili ko.

"Nilalamig ka?" tanong ni Axl sabay lagay ng kanyang polo sa aking likod.

Sa gulat ko ay halos napatalon ako. The coldness is bearable. Hindi niya na kailangang isuot pa sa akin ang kanyang polo.

"Huwag na..." sabi ko.

Palabas na kami ng gate noon. Tumawa si Jerica at kinantyawan si Axl. I removed the polo on me but he insisted.

"Ano 'yan?"

Napalingon ako sa kung sino ang nasa likod. There, I saw their pick up. Sa dilim ay kitang kita ko ang galit sa mga mata ni Leon. Katabi niya ang isang stall ng siomai. Pati ang nagtitinda ay napatingin na rin sa akin.

Binalik ko agad kay Axl ang kanyang polo at dumiretso kay Leon.

"Oh? Bakit ka nandito?" winala ko ang usapan.

Nakatingin siya kay Axl. I know him too well. Alam kong isa sa ikinagagalit niya ay iyong may aaligid sa akin.

"Sige, Freya..." malamig na sambit ni Axl. "May sundo ka pala..."

"Bakit? Anong gagawin mo kapag wala siyang sundo?" angil ni Leon.

Tumawa ng bahagya si Axl. He probably think Leon's being ridiculous again. With his bad boy image, all the students in the first section has the same opinion of him.

Except lamang doon sa mga may gusto sa kanya, syempre.

"E di ihahatid, Leon! Tss. Come on. 'Di naman kayo. At isa pa, nagmamagandang loob ako."

Pumasok agad si Jerica at Axl sa natitirang tricycle. Nilingon ko si Leon na gustong gusto nang sumugod.

"Fourth..." malamig kong sinabi.

Nilingon niya ako. Kitang kita ko ang paghinga niya ng malalim. Ang kamay niya ay lumipad sa aking likod. Titingnan ko na sana nang bigla siyang napakamot na lang sa ulo.

"Yabang noon!" ani Fourth sabay tingin sa umalis nang tricycle. "Pumuporma iyon sa'yo, 'di ba? Binasted mo na nga, umaasa pa rin!"

Umiling siya. Napangiti ako. I know it's ridiculous to just suddenly smile after what happened. Dapat nga akong magalit sa kanya, 'di ba? Kasi kung 'di ko siya pinigilan ay nakipag basag-ulo na naman siya.

Napatingin siya sa akin habang nakangiti ako. Tumigil siya sa panggagalaiti.

"Tsss. Tara na nga. Umuwi na tayo..."

Binuksan niya ang pintuan ng kanilang pick up. Sa front seat iyon. Hindi ko alam kung bakit may init na bumalot sa aking puso. Seeing him right here right now made my heart swell. I did not expect to see him right now. Talagang hindi. At ang magpakita siya ngayon, hindi ko alam kung bakit laking tuwa ko.

"Don't look at me like that..." mahinahon niyang sinabi.

Kitang kita ko ang pamumungay ng kanyang mga mata. Kahit sa madilim ay hindi makatakas sa akin ang pagngiti ng mga ito.

"Bakit ka nandito?" tanong ko nang 'di pa pumapasok.

Marami akong tanong. Pakiramdam ko hindi kakayanin ng byahe papuntang bahay.

"Ang sabi ni Juliet 'di ka raw sumama sa kanya pauwi."

"Wala ka bang klase o laro?"

Umiling siya. "Wala na."

Ipinakita niya sa akin ang susi. Isa pa iyan sa itatanong ko. Bakit ako sa front seat pinapasakay?

"Pumayag na si Dad na magmaneho ako!"

Lumapad lalo ang ngiti ko. Finally! Hindi kasi siya pinapayagan dahil wala masyadong tiwala ang daddy niya sa kanya. Magaling naman siyang magmaneho. Isang taon na rin simula ng natuto na siya. Pero ngayon pa lang siya pinagdrive ng walang kasama!

"Congrats!"

"Sa inyo na sana ako bibisita pagkauwi mo pero sabi ni Juliet 'di ka pa umuuwi. I don't wanna disturb you so I just stayed here. Isa pa, 'di ako pinapapasok ng guard."

"Kilala ka kasi niyan. Iniisip na baka manggulo ka lang sa loob!" sabay ngiti ko.

Kinagat ni Leon ang kanyang labi. Something about this simple feeling is making me so happy. Hindi ko alam kung bakit.

Ang kulang na lang ay ang pumasok na ako sa loob para makauwi na kami. Pero hindi ko alam kung bakit ayaw kong pumasok. Something about staying here. Staying right now.

"Uh, habang nag aantay ako kanina, kumain ako ng siomai. Gusto mo?" sabay turo niya sa likod namin kung nasaan ang stall ng siomai.

Tumango ako.

"Wait. Are you hungry? Do you want dinner?" tanong niya kaagad.

Umiling ako. "Nagsnack ako kanina bago kami nagsimula sa project. Ayos na ang siomai..."

Tumango si Leon.

Binilhan niya ako ng apat. Nilapag ko ang bag ko sa front seat at umupo ako doon.

Nakabukas ang pintuan ng sasakyan at hinihintay ko si Leon na ibigay sa akin ang binili.

"Sila yata ang huling estudyanteng lumabas..." sabi ng nagbibenta ng siomai.

"Paano kapag wala ng estudyante? Sino na ang bibili sa inyo rito?" tanong ni Leon.

Hinilig ko ang ulo ko sa upuan ng pick up. I like seeing him like this. Talking to simple and random people. Magaling talaga siya sa ganito. Basagulero siya pero magaling siyang makipag interact sa mga tao..

"Marami naman, Leon. Iyong mga nasa mga bahay nila. Oh... Ayan..."

Sabay sila ni Leon na tumingin sa paparating na mga bata. Tumango si Leon at nilingon ako. Nilahad niya sa akin ang siomai.

Tinanggap ko iyon. Hinawakan niya ang pintuan ng sasakyan at ang likod ng upuan ko.

"Gusto mo na bang umuwi o 'tsaka na pag ubos mo na 'yan?"

'"Tsaka na..."

Tumango siya at pinanood ako. Tinusok ko ang isang siomai ng toothpick at kinagatan na iyon.

"Masusundo na kita araw-araw..." he said.

Tumawa ako. "Hindi. Mas una kami umuwi sa inyo kaya minsan lang siguro..."

"O... E 'di makakapunta na ako sa inyo pagkatapos."

Hindi ako nagsalita. Nagpatuloy ako sa pagkain.

"Ayos lang ba iyon sa parents mo?" tanong niya.

Tumikhim ako. "Baka magtanong si Mama kung bakit ka lagi doon."

Kitang-kita ko ang biglang pagkakalito niya. Para bang naghanap siya ng iaalibi. Sa huli at suminghap siya.

"Isasama ko si Juliet..."

Tumawa ako at umiling.

""Tsaka nagpapatulong iyon si Joaquin sa akin. Kaya pwede rin iyon..."

"Pwedeng excuse?"

Tumango siya at nag-isip pa ng maraming excuse. I am not allowed to entertain boys yet. And I do not deny that something in between Leon and me. Alam ko lang talaga na hindi pa iyon ang dapat kong inuuna. Marami pang ibang bagay. And I think Leon is respecting my decision. Kaya nga hanggang ngayon hindi niya pa ako nililigawan, 'di ba?

But... until when?

Until when will all these be?

This can't last forever, right?

Nothing lasts forever.

Feelings don't last forever.

"Ayoko na..." sabi ko sabay bigay sa kanya ng pinaglagyan ng siomai.

Tumawa siya at umiling.

"Ayan ka na naman, ha! Ayaw mo na pero isa na lang ang natira? E di sana, inubos mo!" ani Leon.

Ngumiti ako. He really pays attention. Kahit iyong mga bagay na ginagawa ko unconsciously ay napapansin niya.

"Sayang naman 'to!"

Kinain niya ng buo ang isang siomai at nilagay sa basurahan ang lalagyanan.

"Salamat, Manong! Uwi na kami ni Freya..."

"Walang anuman, Leon..." Ngumiti ang tindero sa akin.

I don't usually interact with random people. But because of Leon, I did. I smiled back at him.

"Maraming salamat po, Manong."

"Walang anuman."

Umikot si Leon at dumiretso sa driver's seat. Pinaandar niya na ang sasakyan at umalis na kami roon.

Pumasa ako sa Alegria Community College. Doon kami pumasok nina Juliet at Marjorie.

Ito lang kasi ang kolehiyo rito sa Alegria. Iyong mga nasa ibang High School sa mas malayong lugar ay dito pumapasok. Pero kadalasan ang mga estudyanteng narito ay mga kaklase ko rin sa Alegria National High School noon.

Everything went smooth for us. Si Juliet ay kumuha ng Business Ad. Si Marjorie at ako ay nasa Accounting. May mga klase ring kaklase ko si Juliet kaya hindi masyadong nakakapangulila. Isa pa, pumupunta rin ako madalas sa kanila dahil kay Leon.

"Joaquin!" tawag ni Leon sa kapatid ko habang naglalaro ito sa plaza. "Huwag kang patalo! Ayusin mo ang laro mo!"

Ani Leon ay tutulungan niya raw ang kapatid kong makapasok sa Basketball Team ng Alegria Community College next year kaya heto at tinitrain niya. Ito ang ginagawa niyang alibi kung bakit madalas siya sa bahay.

"Kung ikaw sana ang sumali ngayon, Frey, e di sana nanalo ang college natin..." ani Marjorie.

"Kabado pa kasi ako. Hindi pa ako nakaka adjust sa college. Siguro next year, sasali na ako..." sabi ko.

Ang tinutukoy ni Marjorie ay iyong Miss ACC. Nasayangan din naman ako dahil naisip kong maipapanalo ko siya kung ako ang sumali.

"Sige, next year ha?" ani Marjorie.

Tumango ako at nilingon si Juliet na may kaharutan na naman panigurado sa text.

Walang pinagbago ang lahat. I like it. I wish it won't change. I wish nothing would, really.

==========

Kabanata 10

Kabanata 10

OceanofPDF.com

Dapat

"Hindi ka ba naeexcite?" tanong ni Juliet sa akin.

Nasa loob kami ng isang napakalaking walk in closet. Isa ito sa maraming kwarto dito sa mansyon ng mga Revamonte.

Umiling ako. Sinasayaw ni Juliet ang mahabang gown ng kanyang ina. Maraming damit at gowns dito. Puro pa mamahalin. May vintage, may bago, at marami pang iba. May nakita pa nga akong mga damit daw ng Mommy ni Leon.

"Eto ang maganda!"

Ipinakita ni Juliet sa akin ang isang champagne colored gown. It's true, though.

Napatitig ako sa napakagandang gown. Mukha itong gawa sa gold at iba't-ibang crystals. Bahagya akong napatigil kahit na gumagawa pa ako ng assignment.

"Juliet..." Huminga ako ng malalim. "Malayo pa 'yon! Masyado kang excited!"

Malapit nang magsimula ang sunod na taon namin sa kolehiyo. Ang sabi ni Mama, ipapasali niya na raw ako sa Miss ACC dahil mapapanood na ito ni Joaquin lalo na ngayong college na rin siya.

"Wala lang... Hindi ako makapaniwalang pumayag si Mama na kumuha ka ng damit dito para masuot mo sa pageant! I mean, I've been dreaming of wearing these pieces. Pero wala akong mapagsuotan!"

Ngumiti ako. Well, it doesn't change a thing. Kanila ang mga ito. If Juliet wants to wear it anywhere, she can. Ako, kailangan pa ng approval.

Bumukas ang pintuan ng kwarto. Sabay kaming napatingin ni Juliet sa kung sinong dumating.

"Akala ko si Marjorie!" ani Juliet.

Si Ate Lea ang dumating. Her super long hair danced as she walked toward us. Tipid siyang ngumiti at dinungaw ang sinusulat ko.

"Nasaan ba si Marjorie?" tanong ni Ate Lea.

"Ewan ko. May family gathering daw sila saglit pero paparating na rin naman dito, Ate. Wala pa ba sa labas? Mamaya na wala iyon. Hindi pa naman kabisado noon ang mga daanan."

"Wala pa. Wala pa namang nasasabi ang mga kasambahay."

Nilingon ulit ako ni Ate Lea. Nagpatuloy ako sa aking ginagawa.

Tuwing summer, narito ang mga kapatid ni Leon. Ngayon nga ay nakapagtataka ang hindi pag-uwi ni Kai at Nicholas. Siguro ay masyadong nagustuhan ang Maynila? Hindi ko alam.

"Kailan ang alis ni Nicholas?" tanong ni Juliet.

Napatingin ako sa aking kaibigan. Alis saan?

"Hindi ko pa sigurado, Juliet. Siguro mga Disyembre..." sagot ni Ate Lea. "Anong ginagawa mo, Freya?"

"Ah. May tinatapos lang akong homework..." sabi ko.

"Homework? Gayong summer naman?"

"Hay, Ate! Ganyan talaga ang mga Accountancy studs. 'Tsaka itong si Freya, hindi tumitigil sa kakaaral. Kahit summer ay 'di pinapalampas."

"Kailangan naman kasi, Juliet..."

Tumango si Juliet. Nagpatuloy ulit ako sa ginagawa kahit na naiilang na dahil pinapanood na ako ni Ate Lea.

"Nasaan si Leon?"

Napatingin ako kay Ate Lea dahil sa kanyang tanong. I don't know who she's asking but I feel like it's me. Nakatingin kasi siya sa akin. She's smiling but her eyes looked curious.

"Baka nasa kwarto niya, Ate..." sagot ni Juliet.

I really thank Juliet for being so talkative. Siya na ang bahala sa mga tanong. I don't like to answer that, anyway.

"Oh! Akala ko nasa labas ulit..."

"Naku! Mamaya pa 'yon lalabas!"

Napatingin si Juliet sa akin. Kinabahan agad ako.

Nagpapasama kasi si Leon sa akin. Mag-eenrol daw siya ngayon. Ako naman ay enroled pa sa summer class kaya mahuhuli ako. I'm not sure if Leon's siblings know something but I'm uncomfortable. Lalo na't wala naman akong maisasagot kung sakaling tatanungin ako ng diretso.

"Hay!"

Bumukas ang pintuan. Napatingin kami kay Marjorie na medyo pawisan at magulo pa ang buhok. Mukha siyang nagmamadali.

Ngumiwi si Juliet nang nakita ang kaibigan namin. Napatayo si Ate Lea. I can't help but say my thank yous silently. At least medyo nawala ang usapan.

"Oh? Bakit ka natagalan?" tanong ni Juliet.

"Sinabi ko naman sa'yong may family affair akong dinaluhan..." ani Marjorie.

"Saan naman?"

"Maiwan ko na muna kayo..." ani Ate Lea sabay sulyap sa akin.

Ngumiti ako. Ganoon din siya sa akin. Kumaway si Juliet at hinayaan na ang pinsan na umalis. Nanatili ang mga mata ko kay Ate Lea habang nag-uusap si Marj at Juliet.

"Sa bahay lang kasi!" ani Marjorie.

"Anong mayroon?"

Nagkamot ng ulo si Marjorie. Para bang nahihirapan siyang iexplain ang lahat.

"Iyong pinsan ko kasi titira sa bahay kasama ang pamilya. Galing Maynila..."

"Oh? Ganoon? Oh, e gwapo?" ani Juliet.

Umirap si Marjorie. "Babae kasi... First year."

"Ah!" Nagkibit ng balikat si Juliet at mukhang nawalan agad ng gana.

Sasama ang dalawa sa amin sa school. Mag-eenrol din silang dalawa kaya ganoon.

Inungkat nila lahat ng damit na naroon sa cabinet habang nag hihintay kami kay Leon. Natapos ko na ang assignment ko kaya agad ko na itong nilagay sa bag.

Actually, it's not even just an assignment. It's a take home exam. Ito ang nagsisilbing finals namin.

"Tapos ka na?" tanong ni Juliet.

Tumango ako. Bumukas ulit ang pintuan. Pagkalingon ko ay nakita ko si Fourth na naka puting round neck shirt, dark blue maong pants, sneakers, at bagong ligo.

Agad siyang lumapit sa akin. Mixed mint, aftershave, and shower gel attacked my nose. Napa iwas ako ng tingin.

"Tara na?" ani Leon.

"Oo..." Nag ngising aso si Juliet at hinila niya na agad si Marjorie para mauna silang lumabas.

"Akin na ang bag mo..." ani Leon.

Iniwas ko ang bag ko sa kanya. Mataman ko siyang tiningnan. I really can't help but stare at his intense eyes.

"Kaya ko naman 'to. Huwag na..."

Nagkamot siya sa ulo at tumango. Para bang gusto niyang makipagtalo pero di niya na lang ginawa.

"Tara na..."

Sumunod siya sa akin. Kumalabog agad ang puso ko nang dumaan kami sa sala. Naroon si Don Pantaleon Revamonte at Ate Lea, nag-uusap kasama ang mayordoma nila. Nauna si Juliet at Marjorie at huli kami ni Leon. Mabilis agad akong naglakad para hindi bigyan ng kahulugan.

"Leon..." anang matandang don.

"Lo..."

Sumulyap si Don Pantaleon sa akin at bumalik ulit kay Leon. Napalunok ako.

"Mag-eenrol ka ba?"

"Opo... Nasabi ko na kay Ate..." ani Leon.

Tumango si Don Pantaleon at sumulyap kay Ate Lea.

"Sige, Leon... Juliet, dito ba kayo magtatanghalian?"

"Baka hindi na Ate Lea. Sa school na lang para matapos namin lahat ngayon."

Tumango si Ate Lea. Nagpaalam na kami at nakalabas na ng mansyon.

Para akong nabunutan ng tinik sa paglabas namin. Ang pick up nina Leon ay naghihintay na sa labas.

Binuksan ni Leon ang pintuan ng front seat bago siya umikot ng walang sinabi.

Bahagya akong natigil at tumingin sa kanya. Pinagtaasan niya lang ako ng kilay.

Pumasok ako sa loob. Pumasok na rin si Juliet at Marjorie sa likod.

"Are you still not used to that..." mahinahon niyang sinabi.

"There are some things I can do myself..." mahinahon ko ring sinabi.

"Ano 'yan?" singit ni Juliet.

"Wala!" sabay pa kami ni Leon nang sabihin ito.

"Asus! Itong dalawa-"

"Shut up, Juliet!" ani Leon.

"Yeah! Yeah! Hindi ko na ipopoint-out dahil ma aawkward na naman si Freya!"

Nanlaki ang mga mata ko at nilingon si Leon. Nagkatinginan kaming dalawa. Sumulyap siya kay Juliet at umiling. Pinaandar niya na agad ang sasakyan.

Ganoon ang tingin ni Juliet sa aming dalawa? It's not awkward. Well, maybe? Pero umiiwas akong pag-usapan ang tungkol dito dahil hindi pa ako handa. Lumaki ako na dala-dala ang pag-iisip na una dapat ang pag-aaral 'tsaka ang mga relasyon.

Tahimik ako sa byahe patungong school. Si Juliet lang itong maingay.

"Sana pala sinama mo ang pinsan mo, Marj. Sabi mo mag eenrol siya ng freshmen!?"

"Hindi rin. Mag titake pa iyon ng exam. Hindi ko nga alam kailan, e."

"Sa makalawa. Magtitake si Joaquin..." singit ko.

"Oh! Sasabihin ko..." ani Marjorie. "Naiinis nga ako dahil ako pinapabantay?"

Tumawa si Juliet. "Oh bakit? Sobrang bata ba? O isip bata?"

Leon parked their car inside the school. Pagkalabas namin ay narinig ko kaagad ang mga dahon ng nagtatayugang mahogany trees sa Alegria Community College.

Magkasing lawak lang daw ang ACC at ANHS. Ang kaibahan lang ay mas maraming building itong ACC kumpara sa ANHS na halos puro field. Naiintindihan ko naman.

Dahil maging ang taga karatig probinsya ay dito nag-aaral dahil mas malaki na ito kumpara sa ibang malapit na College.

"Ewan ko doon. Masyado protective ang parents... Anyway, anong kukunin mong subjects?"

Dahil pareho ng kurso ang dalawa ay madalas sila ang nagkakasundo sa subjects.

"Ano, Leon? Kita na lang tayo mamaya? Pupunta muna kami ng Registrar! Naku! Kabado na ako!" ani Juliet.

Kukuha kasi sila ng grades. Si Leon ay tapos nang kumuha kahapon kasama ako. Hindi ko nga alam kung bakit inuunti unti nito ang gawain. Pu-pwede namang kahapon na lang siya nag enrol pero 'di niya ginawa.

"Baka bumagsak ka!" Tumawa si Leon.

Hahampasin ko na sana ang braso pero pinigilan ko ang sarili ko. Nginiwian siya ni

Juliet.

"Sige na! Umalis na nga kayo ni Freya! Bye!" ani Juliet at siya pa talaga ang umalis.

Kabado iyon. Buong sem iyon kabado sa magiging standing niya. Nilingon ko si Leon at nakangisi na siya. Did he just... oh... he did.

Umiling ako. "Inasar mo talaga siya..."

"Ang tagal makapag desisyon. Mabuti umalis..." ani Leon.

"Sige na... Saan tayo una? May natapos ka na ba?" tanong ko.

Kinuha niya ang kanyang grades. Maayos naman ang ito. In fairness, walang bagsak.

Kinuha ko iyon sa kamay niya at niyaya siya sa Dean's Office nila para ipasa iyon.

Marami pa kaming nakakasalubong na mga kaibigan niya. His usual friends were there.

Kinakawayan at pinapalapit si Leon sa isang bench kung nasaan ang mga ito ngunit kumaway lamang siya.

"Mag-eenrol muna ako!" sigaw ni Leon.

"Ha? 'Di ka pa tapos? E, naroon si-"

"Basta! Sige!" sigaw ni Leon.

"Lumapit ka na muna sa kanila kung gusto mo..." sabi ko.

Umiling siya. "Hindi. Lagi naman kaming nagkikita twing may basketball, e."

"Okay..."

Nagpatuloy ako sa paglalakad patungo sa kanilang building. Alam kong may mga sinisenyas senyas pa si Leon sa mga kaibigan niya. Hinayaan ko na lang. Bakit 'di na lang siya dumiretso sa kanila, 'di ba?

Pagkarating namin si Dean's Office ay pinasa niya ang kanyang grades. Binigyan siya ng mga papel kung saan siya fi-fill up. Pinanood ko siyang nagfill up ng mga iyon.

OceanofPDF.com

Pantaleon Hernaez Revamonte IV

Mag-aalas onse na. Tingin ko ay hindi namin matatapos ito ng half day dahil mag lalunch break pa.

"Saan tayo kakain?" tanong ko.

Nag-angat siya ng tingin sa akin.

"Gutom ka na?"

Tinapos niya ang pagfi-fill up ng isang mahabang pirma. Mabilis siyang dumiretso sa computer room kung saan ito ipapaencode. Nakita ko ang isang barkada niyang encoder doon.

"Russ! Ikaw na bahala diyan, ha?"

Tumango ito. "Kanina pa kita hinihintay, ah?"

"Ah! Natagalan lang!"

Kumunot ang noo ko. Hindi ko maintindihan.

"Sige!" anang kanyang tropa at bumalik na sa loob ng room.

Bumaling si Leon sa akin.

"We don't need to go back immediately. We can eat somewhere else."

"Ha? Paano iyong enrolment mo?"

"Si Russel na bahala noon. Kaya niya na iyon. Ano? Tara!?"

"Huh? Saan naman tayo?"

"Kakain lang! Tara!" yaya niya ulit nang napagtantong 'di ako gumagalaw sa kinatatayuan.

Nanliit ang mga mata ko. Mukhang pwede naman pala siyang 'di na pumunta dito dahil may tropa siyang tumutulong sa pag eenrol. Pero sinadya niyang pumunta. And now he's telling me that we don't need to go back because his friend can do it?

"Sa... uh... Cafeteria mo ba gustong kumain?" medyo mahinahon niyang tanong.

"Bakit? Saan ba ang pinlano mo?"

Yes. Because now, I can clearly tell that he planned all this. That explains his super duper attractive scent!

"Uh... I did not plan this! This isn't a date!"

Nanlaki ang mga mata ko. "Nobody said it's a date. Kakain lang tayo. Saan?"

Pinasadahan niya ng daliri ang kanyang buhok at tinalikuran ako saglit. Pagkatingin niyang muli ay kitang kita ko na ang pamumula ng kanyang leeg hanggang tainga.

Imbes na magalit ako ay natawa na lang ako.

"Uh... Bili tayo ng pagkain sa bayan tapos sa burol malapit sa Tereles Peak tayo kakain..."

Halos humagalpak ako. Tinalikuran ulit ako ni Leon. Napafacepalm ako. Nag init din ang pisngi ko.

Seriously? This isn't planned, huh?

"O sige. Sige!"

"Kung ayaw mo, edi sa cafeteria..."

Umiling ako. "Sige na. Doon!"

"Sa burol?" tanong niya.

"Oo!"

Nasunod nga siya. Kumakanta pa siya sa loob ng sasakyan habang papunta kami sa bayan. Pinaglalaruan ko lang ang cross na nakasabit sa leeg ko.

Bumili kami ng mga chichirya at tanghalian. Barbecue ang binili niya at kanin.

Bumili rin kami ng softdrinks. Nakita ko pa sa likod ang isang banig.

Napatingin ako kay Leon. Batid niyang nakita ko ang banig na hinanda niya. Picnic, huh?

"Ano?" tanong niya nang naningkit ang mga mata ko.

"Nothing..."

Hinayaan ko siya sa kanyang gusto. Dumiretso na kami sa mga iba't-ibang farmlands para lang makapunta sa burol na tinutukoy niya.

Hindi pa ako nakapunta doon pero alam kong dito ang daanan patungo sa Tereles Peak.

Malalawak na plantation ng mga mais, pinya, tubo, mangga, at marami pang iba ang dinaanan namin.

I know their farmlands stretch from the next province till here. Ganoon ka lawak kaya talagang kilala ang mga Revamonte, 'di lang sa Alegria, kundi sa buong lalawigan.

Lumabas kami ni Leon sa sasakyan nang nasa paanan na kami ng burol. Napabuntong hininga ako nang nakitang hindi ganoon ka steep ang paakyat. Mabato nga lang.

Kinuha ko iyong banig. Si Leon naman ang may dala ng mga pagkain, inumin, at marami pang kakailanganin pati ang bag ko.

Nauna ako sa tuktok. May limang puno sa tuktok ng burol. Ang view ay ang katabing Tereles Peak at ang kalakhan ng mga farm lands.

Hindi mainit dahil sa shade ng mga puno. Inayos ko ang banig doon. May lamesang gawa sa hardwood doon. Hindi nga lang makinis at hindi pwedeng paglagyan ng plato pero sapat na iyon para tungtungan ng kahit ano.

Nilapag ni Leon ang bag ko sa banig. Pati ang mga pagkain.

Hindi maalis ang mga mata ko sa ganda ng tanawin. Ang gandang tingnan ng Tereles Peak sa ganito ka lapit. Lagi ko siyang nakikita sa malayo. Dito lumulubog ang araw. Pero ngayong malapit na ay hindi ko inakalang ganito siya kaganda.

From afar you think it's perfect that's why it's amazing. Pero ngayong malapit na ako, mas naging perpekto ito sa paningin ko. Hindi dahil wala itong lubak, kundi dahil marami itong lubak. Iyon ang nagpaperpekto sa bulkang ito.

Hindi ako nakuntento. I just want to stare at it. Sinubukan kong umakyat sa lamesa.

Mataas iyon. Hanggang baywang kaya kung 'di ko mabuhat ang sarili ko ay 'di ako makakaupo.

Sa isang kilos ay binuhat ako ni Leon galing sa baywang at pinaupo sa lamesa. Halos napatili ako sa gulat.

"I'm just helping out..." dipensa niya.

I know. Though, I was just really shocked.

Kaharap ko ngayon ang Tereles peak at ang mga katabi nitong bundok. Si Leon ay nasa gilid ko. Matangkad siya kaya hindi na mahirap na lumebel sa akin.

Sa gilid ng mga mata ko ay alam kong nakatingin siya sa akin. Umihip ang malakas na hangin. Sumabog ang buhok ko sa kanyang mukha.

Tumawa ako at sinikop ang buhok ko. Tumulong siya sa ginagawa ko. Napawi ang ngiti ko lalo na nang nakita siyang seryoso.

"Sorry..." sabi ko.

Tumango siya at napatingin sa aking labi.

Nag-iwas ako ng tingin sa kanya. If we kiss right now, he's going to be my first kiss. It will be hard to forget him. But will there be a need to forget him?

Nothing is constant. There will come a time, Freya...

Alam kong nakatingin parin siya sa akin. Tumingin ako sa aking mga palad. Ayaw ko siyang tingnan. Pakiramdam ko maiwawala ko ang logic ko kung ibabalik ko ang mga mata ko sa kanya.

"Fourth..." sabi ko para pigilan siya.

"Hmm?" malambing ang kanyang tono.

This is so hard. This is just so hard... Bumaling ako sa kanya. The sorrow, pain, and everything he's feeling is reflected in his eyes. Nakatingin siya sa aking labi.

Hindi pa kami. Hindi rin naman kasi pwede. Bata pa kami. 'Tsaka... 'di ko alam...

"If you kiss me right now, you're going to be my first kiss..."

Hindi ko alam kung bakit ko iyon sinabi. It's what I'm thinking pero dapat ay 'di ko na iyon binanggit.

Tumango siya. "Alam ko..."

Kumpara sa kanya na marami nang nahalikan.

"If I kiss you right now, I will probably never forget. It's... scary..." Ngumiti siya.

Ngumiti ako pabalik. Napawi ulit ang ngiti niya at napatingin siya sa aking labi.

"Pero gagalingan ko. Para 'di mo rin ako makalimutan..."

Halos 'di ako makahinga sa sinabi niya!

"Gagalingan ko, Frey..." he whispered.

Lumapit siya sa akin. He closed his eyes. I closed mine too. Nagbadya ang luha sa aking mga mata. Hindi ko alam kung para saan gayong ang tanging nararamdaman ko lang ngayon ay saya.

He kissed me. Just one. One taste. His lips are soft. Dumilat ako. Nakita kong dilat din siya ngunit mapupungay ang mga mata niya.

Kinagat niya ang pang-ibabang labi niya at bumaba ang tingin niya muli sa aking labi.

Then he kissed me again. This time, thoroughly and smoothly. Bawat dampi ng kanyang labi sa akin ay para niya akong dinadala sa langit. Napapaatras ako kaya hinawakan niya ang aking likod.

He showered me kisses like he's worshipping every inch of my lips... every corner of my mouth. And when finally I learned how he's doing it, I kissed him back once.

Tumigil siya dahil sa ginawa ko.

Pinikit niya ang kanyang mga mata ng ilang sandali pagkatapos ay nag-angat siya ng tingin sa akin. He's bright red now.

Ngumisi ako. Pumungay ang mga mata ko habang tinitingnan siya.

"I'm your first kiss..." aniya.

Tumango ako. "Wala akong mapagkumparahan dahil first time ko 'yon..." Ngumisi ulit ako.

Napawi ang ngiti niya. "Mapagkumparahan? Kailangan mo ba noon?"

Nagkibit ako ng balikat.

"Hindi mo kailangan noon!" pagalit niyang sinabi.

Tumawa ako. Umiling siya at masama akong tinitigan.

Hinawakan niya ang lamesang inuupuan ko. Ang dalawang kamay ay nagkukulong sa akin doon.

"Hindi mo na kailangan ng mapagkukumparahan. Ako lang. Dapat, Frey..."

Nakangiti parin ako habang tinitingnan siya.

"Ako lang dapat," ulit niya.

==========

Kabanata 11

Kabanata 11

OceanofPDF.com

Kindness

"Freya, nasaan si Leon?" tanong ni Julio, isa sa mga kaibigan ni Leon.

Kasama nito si Russel. Pareho silang nakatingin sa akin kaya nilingon ko si Leon na ngayon ay nasa counter ng cafeteria.

Mags-snack kami. Halos magkapareho ang schedule namin ngayon. Hindi nga lang kami magkaklase ngunit pareho ang oras ng breaks namin. Kaya heto at pwede kaming sabay mag merienda, o 'di kaya ay lunch.

"Nasa counter. Bakit?"

Nilingon din nila ang kaibigan. Kumunot ang noo ni Russel.

"Hindi na namin siya masyadong nakikita, e. Dalawang klase lang ang magkaklase kami..." ani Julio.

"Bakit? Ano bang kailangan n'yo?" tanong ko.

Now, I'm feeling guilty. Simula noong pumunta kami sa burol, halos hindi na sumasama si Leon sa mga kaibigan niya. Dagdagan pa ng schedule na pareho sa akin ay mas lalo lamang siyang 'di sumama.

"Hindi na... lalapitan na lang namin. Tara, Russ!" ani Julio.

Nilingon ko si Leon na may dalang tray. Palapit na siya sa aming table. Dalawang hakbang lang ang ginawa ng magkaibigan at naabutan na kaagad si Leon.

"Uy! Mamaya, may laro sa liga. Hindi ka sumipot last game. Ang sinabi ni Joaquin, nasa bahay ka raw nila?"

Bumaling si Leon sa akin. I got a feeling but I ignored it. Ngayon, talagang nakumpirma ang feeling na iyon.

"Pupunta kami nina Freya mamaya sa Tinago, e," ani Leon.

Kapag may lakad kami, mas pinipili niya talaga iyong lakad namin. Kahit na may larong importante ay pinagpapaliban masunod lang iyong lakad.

"Huwag na lang. I-postpone na lang natin iyon at sumali ka na lang muna sa laro niyo..."

Halos magdiwang si Russel at Julio sa sinabi ko. Umigting ang panga ni Leon.

"Hindi na, Frey... Ayos lang naman..."

Napawi ang pagdiriwang ng dalawa. Tumawa na lang ako.

"Manonood ako..." sabi ko.

"Hmmm... Kailan tayo sa Tinago, kung ganoon?"

Umupo si Leon. Umupo na rin sa amin ang dalawang kaibigan niya. Nagbulungan pa sila. Nakita kong ngumisi si Russel sa akin at umiling.

"Sa Sabado na lang..." sagot ko.

"O sige. Sunduin kita mamaya?" tanong ni Leon.

"Isama natin si Marjorie at Juliet..."

"Huwag na. Busy mga iyon. Tayo lang!"

Nanliit ang mga mata ko. Pero sa huli, pinagbigyan ko rin siya. Ayaw ko nang makipagtalo. 'Tsaka tama siya. Medyo abala nga ang dalawa. Si Juliet sa kanyang mga manliligaw at si Marjorie naman sa kanyang pinsan.

"Ang kwento ni Russel, simula noong nag Hunyo, Leon, hindi ka na masyadong sumasama sa kanila!" ani Juliet.

I ignored the whole thought of her statement. Ang naisip ko lang ay kung paano nasabi ni Russel kay Juliet iyon. Nag-uusap ba ang dalawa? Naningkit ako pero binalewala iyon ni Juliet.

"Ha? Anong pinagsasabi nila? Nagpapakita kaya ako!" ani Leon sabay subo ng kanin.

Nakakasabay namin minsan si Juliet ng lunch. Ngayon ay inaantay pa namin si Marjorie dahil nasa kabilang building ang klase noon.

"Nagchange number ka raw!"

"Totoo naman! Binigyan ko naman sila ng numero ko!" ani Leon, nakikipagtalo sa kanyang pinsan.

"E, 'di ka raw nagrereply! Feeling nila, sobrang busy mo na!" ani Juliet.

Tumawa ako. I swear the whole time he's busy, he's with me. Kahit nakatunganga lang kaming dalawa ay magkasama parin. Sa library, sa pagkain, pag-uwi, pag s-study.

Lahat.

Sumulyap si Juliet sa akin at bumalik ulit kay Leon.

"Alam mo ikaw, Leon, I mean... kayong dalawa. Ewan ko sa inyo. Kayo na ba?"

"Hindi!" natatawa kong sinabi.

"Weh? Nakakaloka kayo... At ikaw Leon, buti pa itong si Freya, sumisipot pa naman sa mga lakad, at sa mga group work laging present. E, ikaw... Tinalikuran mo na yata ang buhay mo para sa kay Freya!"

Nalaglag ang panga ko sa sinabi ni Juliet. Tumawa ulit ako. Leon is almost pissed now.

"Ano? Hindi ba pwedeng busy lang? 'Tsaka sumisipot ako sa group work 'no!"

"Sabi ni Russ, isang beses lang daw! E 'yong mga liga n'yo? Pinaghatian n'yo pa ang pang jersey tapos 'di ka sumisipot!"

"Busy ako! May gagawin kami ni Freya!"

Nanliit ulit ang mga mata ni Juliet.

Tumawa ako at tiningnan si Leon na sobrang galit sa pinsan niya. Bakit ba kasi ito iniinterrogate ni Juliet. Alam naman niyang hindi nga talaga kami ni Leon. Alam niyang bawal pa.

"Ano naman kaya?" nagtaas ng kilay si Juliet.

"Study! Gala! Kain!" ani Leon.

Pinagmamasdan ko si Leon. Pasimpleng nilagay ni Leon ang kanyang kamay sa likod ng aking upuan. Sumulyap siya sa akin. Umiling ako habang nakangiti.

"Totoo naman!" ani Leon sa akin.

"Oo!" giit ko rin ng natatawa.

I need to encourage him to go back to his old life. Hindi naman ibig sabihin na...

kailangan niya nang laging kasama ako. Ayos lang iyong dito sa school pero kapag may liga, ayos lang na sumama siya.

"Pinagbabawalan ako ni Freya na lumabas-"

"Hoy! Hindi kita pinagbabawalan, ha?" sabi ko.

Kainis naman! Ako pa ang dinahilan? I can't help but smirk.

"Freya?!" ani Juliet.

"Hindi, Jul! 'Di ko siya pinagbabawalan, ha! Hinahayaan ko kaya siya! Pinapasama ko nga siya sa liga mamaya!"

"E, nag-aaral siya kaya sa bahay lang muna ako. Mamaya, 'di siya mags-study kaya sasama siya kaya ako pupunta sa liga! Sa Sabado na ang

Tinago!" ani Leon.

Umiling si Juliet. She looked so confused! Kinurot ko ang braso ni Leon.

"Hindi naman kita pinagbabawalan!"

Ngumisi siya sa akin. "Baka may babaeng tumingin sa akin. Magselos ka pa... Ayaw ko ng ganoon!"

Humagalpak ulit ako. Ang kulit kulit niya talaga!

"Hi! Ang tagal tagal natapos ng klase!" biglang sumulpot si Marjorie.

Nagbeso siya kay Juliet, pagkatapos ay sa akin. Sa likod niya ay isang babaeng maputi, mahaba ang itim na buhok, at maganda. This is probably her cousin. Hindi ko pa nakikita ang pinsan n'ya ngunit nakuha ko kaagad. May hawig ito kay Marjorie.

Pinaypayan ni Marjorie ang kanyang sarili. Padarag siyang umupo sa tabi ko. Kinuha niya ang isang upuan sa kabilang lamesa at nilagay sa gitna nila ni Juliet.

"Ayana, dito ka..." ani Marjorie. "Akin na ang pera mo pang lunch. Ako na ang bibili ng pagkain natin..."

Mahinhin na umupo ang kanyang pinsan sa tabi ni Juliet. Umusog ng kaonti si Juliet sa tabi ni Leon.

"By the way, this is Juliet, Leon, and Freya. Ito si Ayana, ang sinasabi kong pinsan."

Tumango ako. Naglahad ng kamay si Ayana. No need to be formal but then she's done it so I shook her hand. Ganoon din ang ginawa niya para kay Juliet at Leon.

"Bili muna ako. Gutom na ako. Dito ka lang, Ayana..." ani Marjorie at mabilis na umalis.

Tumikhim ako. Mukhang tahimik itong si Ayana. She also looks so pretty. Para siyang doll. Sobrang pula ang kanyang labi at sobrang itim ang kanyang mahabang buhok. Her eyes were also jet black. Her skin is porcelain white. Maputi rin naman ako pero hindi talaga kasing puti niya.

Bawat lalaking dumadaan ay napapalingon sa lamesa namin. And she throws awkward looks to the guys who looks at her.

"Anong course mo?" tanong ni Juliet.

Mabuti at madaldal si Juliet. Leon's just busy eating.

"A-Ah, Agri Business..." ani Ayana.

"Oh?" Bumaling si Juliet sa akin.

"Magkaklase ba kayo ni Joaquin Cuevas?" tanong ko.

"Oo..." Umaliwalas ang mukha ni Ayana. "Siya iyong kaibigan ni Drixie at Heather."

Nagulat ako at kilala niya ang mga kaibigan ng kapatid ko. His friends are loud.

Hindi ko maimagine na mapapasali ang isang ganito ka hinhin na babae sa mga kaibigan ng kapatid ko.

Dumating na si Marjorie dala ang tray ng pagkain. Nilapag niya sa mesa iyon.

"Alam n'yo, binubully itong si Ayana ng mga kaklase niya! Si Drixie, binubully kaya niya 'to!" ani Marjorie.

Nanlaki ang mga mata ko sa sinabi ni Marjorie. Nahihiyang ngumiti si Ayana.

"Hindi naman."

"Naku, oo! Grabe!"

"Naku! Huwag kang magpabully. Natural pa naman na ganyan ang mga tao rito!" ani Juliet.

"Baka naman masyado kang mahinhin..." sabi ko.

Nagkibit siya ng balikat. Ngumiti rin siya.

Hindi ko maalala kung kailan ako nakihalubilo ng ganito kahinhin na babae. Everyone of my classmates are loud. They are not easily bullied.

Inayos ni Marjorie ang mga pagkain nila. Inayos ko na rin ang kutsara at tinidor ko. Tapos na kasi akong kumain. Uminom ako ng tubig at nag-angat ng tingin kay Ayana.

"Oops! Sorry!"

Nasabuyan ng tubig ang damit ni Ayana. Nagtutulakan kasi iyong mga naglalakad at natulak nila iyong babaeng may dalang isang baso ng tubig. Hindi sinasadya pero nairita ako nang nakitang tumawa ang may sala.

"Hoy!" sigaw ni Juliet sa nakatapon ng tubig.

Nagkibit ng balikat ang babae at tinapon ang plastic cup.

Tumayo si Ayana at kitang kita ko ang pencil skirt niyang tumutulo ng tubig.

Pinunasan ni Marjorie ng tissue pero alam naming lahat na hindi na iyon kaya.

Nilingon ko si Leon na nakatingin sa mga nagtatawanang mga estudyante.

"Hindi ba may shorts ako sa sasakyan mo?" tanong ko.

Tumango si Leon.

Agad niyang nakuha ang gusto kong iparating. I will lend it to Ayana. Ngayong basa na siya at paniguradong may pasok pa siya mamaya, kailangan niya ng damit.

Tumayo si Leon para kunin ang shorts na tinutukoy ko. Bumaling ako kay Ayana.

Nagtawanan ulit ang mga babae sa malayo. I hate that these people are trying to piss her off. Alam ko kung bakit iyon. It's probably because of her looks and the way she handles herself. Mahinhin siya at mukhang pwedeng paglaruan. The students here are a sucker for that.

Naiiyak si Ayana nang bumaling sa mga estudyanteng nagtatawanan.

"Manila pa more!" tawa ng isa sa kanila.

Nagtiim bagang ako. Why are they doing this?

"Hindi ba sinabi ko naman sa'yo, Ayana. Huwag mo nang ikwento sa klase mo kung ano ang estado n'yo sa Manila. Siguro ay nayabangan sila sa'yo!" ani Marjorie.

Whatever the reason of the way they treat Ayana is invalid. Tingin ko, walang deserve na maging ganito. Walang taong deserve na paglaruan ng ganito!

Tumayo ako. Natahimik ang kabilang table. Kitang-kita ko na nagbulungan ang mga estudyante doon. These are freshmens. Kita ko pa ang iilang pamilyar na mukha na siguro'y taga ANHS noon.

Wala ang kapatid ko doon. Siguro ay may klase. But I saw Drixie, Heather, and Ben on that table.

Lumapit agad ako. Tinikom ni Drixie ang kanyang bibig. Ang babaeng tumatawa kanina ay tahimik na lang sa gilid ni Heather.

"What's your problem?" tanong ko sa kanila.

"Huwag ka nang makealam, Freya... We just really hate the way she introduced herself last time," anang babae. I don't even know her.

"Baka naman naiinggit ka?" tanong ko.

Natahimik sila. Bumaling ako kay Drixie. Hindi na siya makatingin sa akin.

"She's pretty right? At siguro'y mayaman din. Kahit anong gawin n'yong pambubully sa kanya, hindi n'yo mararating ang estado niya."

"Grabe ka naman, Ate..." anang isang kaibigan nila.

"Kung ayaw n'yo siyang kaibigan, well then... we are her friends. At si Joaquin?"

nilingon ko si Drixie.

Napatingin siya sa akin. Maging si Heather.

"I'm gonna introduce her to him. Ano man ang gawin n'yo sa kanya, ako at ang mga kaibigan ko ang makakalaban n'yo!"

Then I turned around to face our table. Humalukipkip si Juliet at kumindat sa akin.

Pasalamat sila at hindi si Juliet ang lumapit at baka nanampal na iyon dito.

Dumating si Leon na dala ang shorts ko. Binigay niya agad ito kay Ayana. Lumapit na ako sa aming lamesa.

"Pasensya ka na, Ayana. Ganyan talaga rito. Kapag mahina ang puso mo, hindi mo kakayanin ang mga tao dito..." ani Juliet.

"Thanks Jul... Thanks, Frey. Sasamahan ko muna siyang magbihis, ha?" ani Marjorie.

"Sige at nang makakain na rin kayo..." sabi ko.

"Thank you, Freya..." ani Ayana sa akin.

"No problem..."

Umupo si Leon pabalik sa kanyang upuan. Tumingala siya sa akin.

"Anong ginawa mo?" tanong niya.

"Nilapitan ko lang iyong grupong gumawa noon sa kanya."

"Oh? Tapos?"

Umupo na rin ako sa tabi ni Leon.

"Baka naman 'di sinadya?" aniya.

"Hindi sinadya?" pagalit na sabi ni Juliet.

"We're girls. Alam namin kung kailan sinadya at hindi. Alam din namin ang tunay na rason. No need to think about it. They are insecure..."

"Bakit naman sila maiinsecure?" tanong ni Leon.

"Because she's pretty... And she looks... rich!" sabi ko.

"She is rich, Frey. Iyon ang sabi ni Marjorie."

"Oh eh bakit ikaw? Ba't 'di ka nila ginaganyan?" tinagilid ni Leon ang kanyang ulo.

He really didn't get it. Monsters only attack those who think they can easily get.

And Ayana is that kind of girl. Mahina, mahinhin, mabait. One look and you know she's like that.

"Who would dare?" tumawa si Juliet.

Umiling ako. "Magiging kawawa si Ayana..."

"Ipakilala mo kay Joaquie..." ani Juliet.

Tumango ako. "Sige..."

Paulit-ulit na nagpasalamat si Ayana sa akin. Hindi ko alam kung matutuwa ba ako o maiirita. Some people are capable of being kind. It seems that it's not a usual occurence in her life. Napailing ako. Kawawa naman ang batang ito.

"Sorry, Freya... Natagalan kami..." ani Marjorie sabay sakay sa likod ng pick up ni Leon.

Sumakay na rin si Ayana. Inimbitahan ko siyang manood ng laro nina Joaquin at Leon.

Maybe, Drixie's team will be there watching.

Pinagmasdan ko siya. She's wearing a floral dress. It reminds me of something. It reminds me of my young self. Her innocence reminds me of myself.

Ngumiti siya sa akin. I smiled back.

I really hate it when people are too kind. I hate it when rights are violated because of kindness. Alam kong mabuti ang maging mabait pero ang sobra nito ay masama na. So eternal and unfailing kindness is not my thing. Being harsh and firm is sometimes needed in this life. I'm sorry I may seem idealistic but a saint-like life isn't on my checklist.

"Naroon iyong mga babaeng bumuhos ng tubig sa'yo kanina..." sabi ko.

"Ha? P-P-Paano na? Natatakot ako! N-Nasa game?"

Napalingon si Leon kay Ayana. Pagkatapos ay sumulyap si Leon sa akin.

"Akong bahala..." sabi ko.

"Kaming bahala..." dagdag ni Juliet.

Iyon nga ang ginawa ko. Pagkadating namin sa plaza ay nasa tabi ko si Ayana. Lahat ng mga barkada ni Joaquin ay naroon. Nakatingin agad sila sa amin. Humalukipkip ako at nagtaas ng kilay habang nakatingin kay Leon.

Mabuti at nang makita nila na hindi ako nagbibiro. Lumapit si Joaquin sa akin at agad kong pinakilala si Ayana.

"This is my brother Joaquin. Joaquin, ito si Ayana. I believe you're classmates?"

Tumango lamang ang kapatid ko.

"Alam mo bang inaway siya nina Drixie sa canteen?" singit ni Juliet.

Nagkibit ng balikat si Joaquin. "Alam n'yo naman ang mga iyon."

"Naku! Pagsabihan mo sila. Pinsan 'to ni Marj. Sinabuyan siya ng tubig kanina sa canteen!"

"Oo na, Ate. Pagsasabihan ko sila..."

Nilingon ko si Ayana at ngumiti siya sa akin. Bumaling ulit siya kay Joaquin.

Napatingin si Joaquin sa kanya ngunit agad ring binawi ang mga mata.

I'd go for her for my brother.

Umalis si Joaquin at lumapit kina Drixie. May sinabi siya sa mga ito. Siguro ay iyon din ang sinabi ko ang binanggit niya. Hinayaan ko silang mag-usap habang si Leon ay naglalaro.

Eventually, my mind wandered to Leon's skills. Pumalakpak ako nang nakashoot siya.

Nairita rin nang tinawagan ulit siya ng referee kahit na hindi niya naman sinadya iyong pagkakasiko. Ayaw ko talaga ng para akong naha-heart attack.

"Ang galing pala ni Leon, 'no?" ani Ayana.

Hindi ako sigurado kung si Juliet, Marjorie, o ako ang sinabihan niya noon ngunit si Juliet ang nagsalita.

"Barumbado nga lang..."

Sabay kaming pumalakpak kay Ayana nang nakashoot si Leon ng isa pa ulit na beses.

Lumingon siya sa amin sa bleachers at kumindat siya sa akin. Tumawa ako.

"Excuse me..."

Napalingon kami sa nagsalitang babae. Kulot-kulot ang kanyang buhok at si Ayana ang kinakausap niya.

"Hindi ba ikaw iyong si Ayana? Ako nga pala si Susie! Magkaklase tayo!" anang babae.

Nagkatinginan kami ni Juliet.

"Hi!"

Genuine happiness is plastered on Ayana's face.

"May homework ka na?" tanong noong babae.

Makikingiti na sana ako pero hindi ko ginawa.

"Meron na! Ikaw?"

"Wala pa nga, e."

"Gusto mo tulungan kita?" ani Ayana.

Too much kindness sucks...

==========

Kabanata 12

Kabanata 12

OceanofPDF.com

Hold

"Go Kuya!" sigaw ni Juliet sa kapatid niyang naglalaro.

Hindi na sana namin siya isasama ngayon dahil may gagawin daw siya pero sa huli ay nagsumama rin dahil maglalaro ang kapatid. Kateam si Jairus at Leon at parehong pareho sila kung makapaglaro. Parang palaging galit.

Imbes na ituon ko ang atensyon ko roon ay napapatingin ako kay Ayana na ngayon ay maligayang kausap iyong babaeng si Susie.

Nagdala pa talaga ng notebook iyong si Susie. Does Ayana really think that this girl wants to be her friend?

Magaling ako sa klase at alam kong maraming mapagsamantala. Juliet is an exception.

High school na siya nagsimulang magrely sa akin. At kapag nagseryoso naman siya ay natuto rin ako sa kanya. But this girl Susie seems off. Pakiramdam ko tuloy ay pinagsasamantalahan lang nito si Ayana.

Siniko ko si Juliet. Naistorbo ko pa yata sa pagtitext niya. Si Marjorie naman ay nagcoconcentrate sa laro kaya 'di ko na inistorbo.

"You think that girl Susie really wants Ayana to be her friend?" tanong ko.

"Who's Susie?"

Nakalimutan kong kulang nga pala ng retention itong si Juliet. O sadya lang walang

pake sa paligid.

"Iyong kasama ni Ayana ngayon..." bulong ko.

Nakaupo silang dalawa pareho sa bleachers at sinusulatan ni Ayana ang notebook noong Susie. I saw a bunch of other girls from afar. Nakatingin din sila kay Susie.

Hindi kaya mga kaibigan niya ang mga iyon at nag-aantay sa makokopya kay Ayana?

Siniko ko si Marjorie.

"Magaling ba itong si Ayana?" tanong ko.

"Hmm?" Gulat pa siya noong una ngunit tumango rin. "Salutatorian 'yan sa High School! Naofferan nga iyan ng scholarship sa Ateneo, e."

"O? E, anong nangyari at bakit dito siya sa Alegria nag-aral?" tanong ko.

Medyo nawala ako sa linya ng pag-iisip dahil sa nasabi ni Marjorie. Sayang naman ang pinakawalan ni Ayana sa Maynila.

"I don't know. Her parents just want to move. That's all..." ani Marj.

"Wala silang bahay dito?" tanong ko.

"Nirentahan nila iyong tabing bahay namin. Hindi masyadong maganda pero ayos na raw iyon."

Tumango ako. She was brought up by humble people. This is why she's like this.

"Alam mo Freya, hayaan mo na 'yan. It's not our problem if she chooses to be used..." ani Juliet.

"Used? What do you mean used? Who's using her?" ani Marj sabay tingin kay Ayana.

Tumayo si Ayana at Susie. Siguro ay tapos na ang homework. Tinalikuran siya ni Susie at dumiretso sa grupo ng mga babaeng tinitingnan ko kanina. Sumulyap ako ng isang beses sa laro at tiningnan muli iyong si Susie.

"Pinagawa niya ang assignment n'yo?" tanong ni Marjorie.

Maligayang ngumiti si Ayana. I find it stupid. It's annoying!

"Buti naalala ko pa mga sinagot ko kaya 'di ako nahirapan! Inimbita niya akog mag lunch bukas kaya 'di na ako sasama sa inyo!" maligayang sambit ni Ayana.

What the hell?

Nakipag high five si Susie sa grupo ng mga babae. I knew it! Pinagkaguluhan nila ang notebook niya.

Umiling ako. This is just so stupid!

Tiningnan ko ulit ang laro. Imbes na makinig sa mga pangaral ni Marj sa kanyang pinsan ay mas pinili kong panoorin si Leon. Pumasok pa si Joaquin kaya doon ko na lang tinuon ang mga mata ko.

"Go Joaquin!" sigaw ng iilang babae sa malayong tapat namin.

May dala pa silang kartolina na may nakapentel pen na pangalan ni Joaquin. Iyong kanya ang pinakamalaki, sa baba ay ang iilang underdogs. Those were his batchmates.

Joaquin is the Leon of his batch. Just minus the angst and body. He's the coolest.

Well, at least noong high school. I still can't say that right now since kasisimula pa lang ng klase.

"O, Biyernesanto!" ani Leon sabay tingin sa score boards. "Hindi ako foul out.

Mukhang mananalo kami... Anong problema?"

Hinawakan niya ang noo ko at inayos ang kunot nito. Hinawi ko ang kamay niya.

"Nothing. I'm just thinking..."

Bumaba ako ng isang palapag para makatabi ko siya sa pag-upo. Pabirong tumikhim si Juliet na pareho naman naming binalewala. Binigay ko kay

Leon ang kanyang tubig.

Binuksan niya at ininom agad.

"Thinking about what?"

Umupo siya sa tabi ko. Ngumiti ako. Some things I just can't really share to him, huh.

"Wala..." sabi ko.

"Iyong siko ba kanina?" he said innocently. "Wala 'yon! Mas malakas pa ako sa lalaking iyon. I wasn't hurt!"

Gusto kong magface palm pero 'di ko ginawa. This is already akward and I have no intention to make it more awkward! Nawala ang lahat ng iniisip ko kanina sa sinabi ni Leon. Nagtagumpay siya.

Natawa ako at tiningnan ang bandang baywang niya. Napaka assuming niya lang talaga!

"Weh? Mukhang masakit 'yon! Baka may pasa ka?" tanong ko.

Nagtaas siya ng kilay sa akin. Tinaas niya ang kanyang kulay royal blue na jersey para ipakita sa akin iyong dibdib niya.

I've seen him topless and wet but not wet because of sweat! And seeing his abdomen covered in sweat now rendered me speechless! He's not all show. He really has it!

Uminit ang pisngi ko at bumaling sa naglalaro.

"Leooon!" may narinig akong sigaw kung saan.

Binalewala ko iyon. May nagtawanan din sa banda kung saan nagsigawan. Siguro ay hindi na napigilan. Kung sabagay, halos lahat ng may gusto kay Leon ay nagpipigil na lang, e. Alam ng lahat na kami ni Leon ang palaging magkasama. Siguro nga ay iniisip nila na kami na.

I even heard moans from sluts somewhere. Nagtawanan ulit sa kanilang banda.

"Wala na kayong pag-asa!" ani Juliet sabay tawa.

Umiling ako. Nanatili ang mga mata ko sa game na patapos na. Tumunog ang siren, hudyat na tapos na nga ito. Imbes na matuwa si Leon sa kanilang pagkapanalo ay naging abala pa siya sa kakahuli sa mga mata ko.

"What?" sabi ko.

"Galit ka? Wala 'yon!" aniya.

I forgot that he has a bunch of exes. They're all slutty. I can see them in the hallways but I ignore them. I don't think they also have emotional attachment towards Leon. Lalo na iyong mga last flings niya. But I'm sure maybe one or two were emotionally attached to him at some point. I mean, yes, kung malandi ka maaaring iisipin mo lang iyong makamundong pagnanasa mo. Pero is it really possible to just think about the physical connection without thinking about your emotional need? I guess not. That one is impossible. I call bullshit on that. No girl is ready to risk her everything without thinking about the possibility of romantic connection. I don't know but that's what I think...

"Hindi ako galit. Tiningnan lang ng mga babae iyang katawan mo. They probably find you hot."

"Nagseselos ka?"

Sumilay ang ngiti sa kanyang labi. Nagawa niya pang dilaan ito.

Umiling ako at natawa. God, why is he just so innocent when he shouldn't be?

Tumikhim siya nang siguro'y napagtanto na nagkamali siya sa kanyang ekspresyon.

"Don't get jealous. It's nothing! You know it's always been..." hindi niya tinapos.

"Hindi ako nagseselos. I'm just pointing that one out."

Tinuro ko ang kateammates niyang patungo sa amin. Maging ang kapatid kong pawisan ay patungo na sa akin.

"Ate! Sasama muna kami nina Henry sa kay Kuya Jairus..." ani Joaquin.

Ngumiwi ako. Bakit sa akin ito nagpapaalam? Bakit hindi kay Mama?

Kinausap ni Jairus si Leon kaya nadirekta doon ang atensyon niya. Nilingon ko sina Juliet at Marjorie at nang nakita ko si Ayana ay doon ko naalala ulit.

She looked hopeful as she watched the other girls walk in flocks. Naroon din sina Drixie at Heather kasama ang kanilang mga kaibigan.

"Ayana..." tawag ko. "Hindi ba magkaklase kayo ni Joaquin?"

"Ate!" ani Joaquin sa isang iritadong boses.

Ganunpaman ay napatingin parin ang kapatid ko kay Ayana. Ayana smiled shyly.

Joaquin can help her overcome her inferiority.

"Ah, oo..." sabi ni Ayana.

"O, edi bukas, kayo na lang ni Joaquin ang magkasama? Sabay na kayong maglunch nitong kapatid ko!"

"H-Ha?"

Namula si Ayana.

"Sige na, Ayana!" Marjorie cheered.

"Ate!" tawag ni Joaquin.

I ignored him. He has to be ridiculous to reject my idea. Maganda si Ayana. Sa kanyang batch, siya yata ang pinakamaganda. She looks classy, elegant,

and feminine. Nothing short of what I want my brother to have as his girlfriend. Kaya rin siguro 'di pa nagkaka girlfriend itong si Joaquin ay dahil wala talagang papasa sa batch niya.

"Pu-puwede. Iyon ay kung ayos lang..."

Yumuko si Ayana. She played with her fingers. I cannot describe how weak I think she is just by her mannerisms. Nilingon ko si Joaquin at tinaas ko ang aking mga kilay.

"Okay, then..." Nilingon ng kapatid ko si Ayana. His piercing eyes looked at her with full dominance. "Bukas, isasama kita sa lunch..."

Kumibot ang labi ni Joaquin nang nilingon ako. "Happy?"

Ngumisi ako at kumindat.

That was it. My night brightened up. It feels good to help a weak person boost her confidence! Ang ngiti sa labi ni Ayana ay hindi matatawaran!

"Sige ba!"

Tumango ang kapatid ko.

A switch turned on somewhere inside me. I have an idea. Through Joaquie, I can make Ayana from zero to one hundred in just five months. I'm sure of that! I'm sure of that!

"So... we'll drop Marjorie and Ayana first..." ani Leon pagkapasok namin sa kanyang sasakyan.

"Yes..." sabay lagay ko sa aking seatbelts.

Pumasok si Marjorie at Ayana sa likod. Nanatili ang mga mata ko sa kalsada. Si Leon

naman ay nakatingin sa akin kaya sumulyap ako sa kanya.

"Don't worry about those girls..." aniya sabay paandar ng sasakyan.

Wow! Really? He's still not over that? Napangiti ako ng bahagya.

"I told you. Wala nga iyon. I'm well informed that there are so many girls out there... who likes you. At may magagawa ba ako riyan? Hindi ba wala? I can't force them to unlike you. So there is no need to be..." jealous.

Uminit ang pisngi ko. Nasa likod si Marjorie at Ayana. Pwede bang tigilan namin itong pagtatalong walang katuturan? God, kung hindi ka lang cute, Leon!

"O bakit ako? Nagagalit ako sa mga may gusto sa'yo!"

Kumunot ang noo ko sabay tiningnan siya.

"LQ?" tumawa si Marjorie sa likod.

Silang dalawa lang ang ihahatid namin dahil si Juliet ay sasabay kay Jairus.

"Ba't ka nagagalit?" tanong ko.

"Nagseselos ako! Oh!" giit niya.

"O e bakit ka nagseselos? Gusto ko ba sila? 'Tsaka ka na magalit kapag gusto ko sila!" sabi ko.

Bakit ganito ang away namin? Mas lalong uminit ang pisngi ko.

"Ha? Darating ba ang panahong 'yan, Freya?"

Sumulyap sulyap siya sa akin habang nagmamaneho.

"Eyes on the road!" saway ko.

"Hindi darating ang panahon na magkakagusto ka sa iba!" giit niya.

Humagikhik na si Marjorie sa likod. Sinapo ko ang noo ko habang tinitingnan ang kalsada. Pasulyap sulyap si Leon sa akin ngayon, frustrated. Ayaw ko nang makipagtalo. He really dislikes this topic. E, kasalanan niya naman kung bakit kami napunta dito.

"Freya..." mahinahon niyang tawag nang napagtantong 'di ko na siya pinapatulan.

Hindi ako kumibo. Gusto kong matawa pero I need to concentrate and watch the road.

Leon's being stubborn so I need to take over.

"Frey... Hey..." aniya sabay kuha sa kamay ko.

He changed the gear. Nahawakan ko rin ang kambyada dahil dinala niya ang kamay ko sa kung saan siya hahawak.

Napatingin ako sa kanya. He'll do anything just for my attention.

"Hmmm?"

He then looked at the road. Nagconcentrate na siya ngayon. That is all he wants. My attention. Just one glance and he's now back on the road. Umiling ako at ngumiti.

Mas lalo siyang nagiging clingy overtime. I'm not sure if this is right but it feels so good. Para akong nililipad sa langit. Nilingon ko ang kamay naming magkahawak habang nakahawak rin siya sa kambyada.

I want to take a picture of it pero nahihiya ako kay Marjorie at Ayana sa likod.

"Salamat sa paghatid! Freya! Leon!" ani Marjorie sabay ngiting aso.

Sumulyap si Marj sa kamay namin ni Leon. Tumango lang ako.

"Sige... Salamat din sa pagsama!" sabi ko.

"Thanks, Leon... Freya..." ani Ayana sabay yuko at alis na.

Tinanguan ko lang siya. Kumaway ang dalawa nang paalis na kami. Ngayon kami na lang ni Leon.

Kukunin ko sana ang cellphone ko ngunit nilagay ni Leon ang kanyang cellphone sa aking upuan.

"What?"

Kumalabog ang puso ko. He can't be thinking of taking a picture right? Hindi pwedeng pareho kami ng iniisip!

"This is... the first time I held your hand this... long."

My jaw dropped. Pilit kong inalala ang lahat ng pagkakataong maaaring nahawakan niya ang kamay ko. There were instances but the longest I think was our dance on our prom!

"Magkahawak kamay tayo sa prom!" sabi ko.

"Hindi iyon ganito ka tagal..." marahan niyang sinabi. "Take a pic, Frey."

"O-Okay..." sabi ko sabay kuha sa cellphone niya.

Mahirap dahil isang kamay lang naman ang gamit ko pero nagsikap ako para lang hindi ko mabitiwan ang kamay niyang nakahawak sa akin.

I took five pictures in different angle. His big hand is holding mine. Napangiti ako.

"Am I... allowed to hold your hand?"

Nilingon niya ako. Kumurap kurap ako. Ganito ba talaga? Ganito ba talaga ang nangyayari? Kapag ba first holding hands, nagtatanong ba talaga? Kapag ba unang beses na mahawakan ang kamay ganito ba talaga ang pakiramdam? Nanikip ang dibdib ko sa tanong ni Leon.

Huminga ako ng malalim at inayos ang pag upo. Hinigpitan niya ang hawak sa aking kamay. Para bang ninanamnam baka hindi na ito maulit pa.

"You are the only one I will allow, Fourth..." I said.

Kinagat niya ang kanyang labi at nanatili ang mga mata niya sa kalsada. Hindi parin matigil ang pagsikip ng dibdib ko.

"Leon is so damn crazy over you Freya Dominique Cuevas. I'm sure you know that?"

ani Juliet habang umiinom ng Coke.

Tumakbo si Leon patungo sa kanyang classroom. Absent ang teacher namin ngayon at may take home quiz lang kaya nasa canteen ako. Si Juliet at Marjorie naman ay walang pasok. Si Leon ay mayroon.

Ayaw pa ngang umalis noon dahil wala raw akong pasok kaya pinilit ko na pumasok na rin siya. Hihintayin ko lang dito.

"Kahit si Mommy ay iyon ang sinabi. Paniguradong pati si Lolo..."

Ngumiwi ako. "Bakit pati si Don Pantaleon?"

"E kasi naman nagkaroon kami ng dinner sa mansyon, ikaw ang puro bukambibig. Ka text si Freya. Kay Freya galing ang phone case. Pati ang wallpaper sa phone, ikaw!

Ba naman 'yan! Baka sunod, cousin in law na kita!"

"Uy ano ka ba! Wala pa 'yan sa akin!" sabi ko.

Tinitingnan ko sa malayo si Joaquin. Isang linggo na simula noong sinabi ko sa kanyang isama niya si Ayana. Now, he's with Ayana with his friends. Iyon nga lang, parang ayaw ng ibang friends niya kay Ayana. I can see it on their faces.

"Sus! 'Di ka lolokohin niyang pinsan ko. Ang tagal nang nag hihintay niyan sa'yo!"

"Juliet!" Umiling ako. "Ang mabuti pa, basahin mo na lang ito. Baka matulungan mo ako!"

I said distracting her with something else so she'll stop talking!

"Sino bang tinitingnan mo?" tanong ni Juliet sabay tingin sa line of vision ko.

"Ayana? Why is she wearing that? She looks like she belongs in a cult!"

"Juliet!" ani Marjorie.

I'm no fashion analyst like Juliet but she has a point. Mahabang saya at longsleeve button down shirt ang suot ni Ayana. Her glasses were thick rimmed too. What the hell?

"Wala raw siyang maisuot kanina!"

"Ayana, anong kulto mo? Hahaha!" Kantyaw ng taga ibang table.

I saw how Joaquin's friends ignored Ayana after that call. Mga lalaki pa ang kumakantyaw kay Ayana. How ungentleman!

"Do something, Joaquin!" bulong ko.

But my brother only shook his head! Talaga bang ganito?

"Oh? Hayaan mo na 'yan!" saway ni Juliet sa akin.

"She seriously needs to dress up properly kahit na ubos na ang damit niya! Mayaman siya, 'di ba?" tanong ko kay Marjorie.

"Oo! Mango naman ang brand niyang skirt niya at Topshop ang longsleeve."

Money can't buy fashion sense. Umiling ako.

"Call her, Marjorie," utos ko.

"Let's teach her how to dress up properly!" ani Juliet Exactly!

Looking at the scenes, I find it so bad. Mga lalaki ang kumakantyaw sa damit ni Ayana. Guys don't usually mind the girl's clothes but this time, it's just probably too awful to ignore.

"Okay!"

Now how to save a girl from her social downfall? Let's see.

==========

Kabanata 13

Kabanata 13

OceanofPDF.com

Harsh

Dinala namin ni Juliet si Ayana sa mansion ng mga Revamonte. They have all the means there. From the latest fashion trends to the most classic pieces. Na excite ako sa gagawin namin.

"Let's test your fashion sense first," sabi ni Juliet.

I agree with her. Ayana looked so innocent as she listened to us.

Tinulungan ko si Juliet sa paglatag ng mga damit. Nanood lang si Ayana habang pinagsasabihan siya ni Marjorie na kaya siya binubully sa school ay dahil sa weird niyang damit.

"If you have all these pieces, Ayana. What would you wear to school?" tanong ko sabay lahad sa mga damit.

Si Leon ay nasa labas kasama si Jairus. Sa Maynila kasi nag-aaral ang Kuya ni Juliet kaya hindi madalas dito. Mukhang bakasyon nila ngayon kaya nagawang bumisita.

"Well, I'd wear jeans and uhm... this t-shirt."

Nagkatinginan kami ni Juliet. Not bad. Nga lang, masyadong maluwang ang jeans na kanyang pinili. It reminds me of those hiphopers I see on TV. And the t-shirt she wants is too loose too.

Tumawa si Juliet. Pinandilatan ko siya. We are here to boost her confidence, not push it further on the ground!

"Sorry!" ani Juliet. "I can't help but laugh! Masyado naman yatang pangit! I mean, we gave you better choices. It's as if you don't have any other choice!"

"Do you read magazines? Any magazine, Ayana?" tanong ko.

"We have magazines at home..." ani Marjorie.

"Oo naman..." nahihiyang sambit ni Ayana.

"Then, do you see the models' clothes? Do you think this is a trend now? The loose pants, I mean?"

"Tingin ko naman kasi kung saan ako komportable, ayos na iyon..." ani Ayana.

Ngumisi ako. "But you are not saying that the other better choices aren't comfortable. They are also very comfortable, Ayana. And they look better.

Magdadamit ka na nga lang, ayusin mo na, hindi ba? What's the use of buying expensive clothes when you don't have the fashion sense? I for one can't afford expensive clothes, but I'm doing my best to look good and be comfortable at the same time."

Nanatili ang tingin ni Ayana sa akin. I am not sure what she's thinking. I don't need to know anyway. I'm gonna put my views on her head.

"Let's try again! Nakakatuwa ito!" si Juliet.

Nilahad niya ulit ang mga damit para ipapili si Ayana. She chose the ruffled three-fourth top and a bohemian skirt.

Suminghap ako. The pieces are fine but they just don't fit one another.

"Magmumukha kang kurtina niyan!" ani Marjorie.

"I like the pink ruffled top."

Umiling si Juliet. "If you plan on wearing big skirts, you should wear a light top.

At ang pinili mo ay hindi light. Mabigat tingnan."

Kinuha ko ang spaghetti strap na mga top. Pati ang mga sleeveless body hugging tops para i-match sa bohemian skirt.

"This looks better. The top is light. And the bohemian skirt is big..."

Marahang tumango si Ayana.

She tried again. This time, I must say it looks better but something is still wrong. Skinny jeans is fine. She chose another white ruffled longsleeve.

"Para itong galing sa hukay ng isang bampira!" sabay tawa ni Juliet.

"Why is it here, anyway?"

Kinuha ko iyong damit para itabi. Tumawa lamang si Juliet. She's not here to help.

She's here to have fun... Umiling na lamang ako.

We taught Ayana how to dress better. Iyong maganda tingnan at kumportable naman siya. In her case, she has a feminine style. Gusto niya ng ruffles at skirts kaya hinanapan namin siya ng dress na ganoon.

"Kung sana ay malapit lang dito sa Alegria ang mga magagandang stores!" ani Juliet.

"But if you want some clothes here, Ayana, you can borrow it..."

"Ah! Hindi na... Nakakahiya naman..."

Nagkamot ng ulo si Ayana at namula. We have to improve her sense of fashion first bago iyang attitude. After all, she'll gain more confidence if she's socially accepted.

Bumukas ang pintuan habang minimake-upan namin ni Juliet si Ayana. Pumasok ang kasambahay kasama si Leon.

"What are you doing?" tanong ni Leon sabay salampak sa sofa kung nasaan ang ilang damit.

"We're having fun!" ani Juliet.

Seryosong seryoso ako sa paglalagay ng eye shadow sa mga mata ni Ayana. Although, this shouldn't be the case for an everyday look pero sinagad na

namin ngayon. Tutal ay nagmake over na lang, sagarin na rin sa make up.

She's wearing a ruffled pink off shoulder dress. I let her hair down. Kinulot ni Marjorie ang ibaba ng buhok ni Ayana habang si Juliet ang nagbibigay sa akin ng mga gamit.

Naturuan akong mag make up sa sarili dahil sa pagsali ko sa mga pageants. Kailangan iyon dahil may mga instances na maiiwang mag-isa o 'di kaya ay malilate ang mentor.

Marunong din naman si Mama ngunit mas gusto niya ring marunong ako.

Dark orange ang nilagay ko bilang eyeshadow niya. I blended it with two other darker and lighter shades.

"Freya, kumain ka muna ng meryenda," Leon said.

Tumango ako at nagconcentrate lang sa mga mata ni Ayana. At nang natapos ko iyon at dumilat siya ay si Juliet naman ang pumalit para sa lipstick.

Nilingon ko si Leon. Tinapik niya ang katabi ng sofa. He pushed all the clothes away para lang pagbigyan ako ng upuan.

His big diamond earring shined. Lumapit ako sa kanya at kinuha ang juice sa lamesa.

Sumimsim ako at umupo.

"Ano bang ginagawa n'yo?" he asked.

"Teaching Ayana how to dress up properly..." sagot ko sabay tingin sa nakatalikod na si Ayana.

"Why?" bulong ni Leon. "Pangit ba manamit?"

Seriously, this is the kind of guy I'm expecting him to be. Walang pakealam. But then the first time we met, he watched me from head to foot.

"Basta, 'di maganda..." sabi ko. "O, bakit ka nandito? Akala ko ba mag-uusap pa kayo ni Jairus?"

"Tumawag girlfriend niya kaya pumunta muna ako sa akin..."

He smirked. Nanliit ang mga mata ko.

"Tapos na!" sigaw ni Juliet.

Napalingon kaagad ako sa kanila. Pumalakpak si Marjorie. Tumayo si Ayana at humarap sa amin ni Leon.

She looks good. Really. Maputi siya at maganda naman ang bone structure. Her pink lips suites her. Very feminine. Tinagilid ko ang ulo ko.

"Better!"

Tumayo ako at nilapag ang juice sa lamesa.

"Nakakahiya naman!" ani Ayana. Namula siya.

Really. We have to work on that. This one is the first step.

"Bukas, ang susuotin mo ay iyang dress na iyan. I'll give you a lip and cheek tint.

Pressed powder would do."

"Paano iyong eye shadow? 'Di pa ako marunong mag make up."

"Hindi mo na kailangan 'yan. Mag-aaral ka lang, hindi rarampa kaya ayos na iyan. We want you to look better, pero hindi agaw pansin."

Nilingon ko si Leon. Naabutan kong kinukuha niya ang juice ko. Ang juice niya ay ubos na.

"That's mine!" sabi ko kaagad.

Magtatanong na sana ako kung maganda ba si Ayana, e, abala pala siya sa ibang bagay!

"I know! Ubos na sakin! I want another glass."

"Asus! E 'di tawagin mo si Manang. Gusto mo lang ng baso ni Freya, e!" singit ni Juliet.

Nilapitan ko si Leon at binawi ko iyong baso. He gave it to me innocently. Nag ngising-aso siya nang kinunot ko ang noo ko.

"Pahalikin mo kasi, Frey. Para 'di na 'yan masyadong-"

"Ha? Juliet! Anong akala mo sakin?"

Bakit ganito ang usapan? Naisip ko tuloy iyong nangyari sa amin ni Leon sa burol.

Naiirita na naman si Leon ngayon sa mga panunukso ni Juliet.

"Oh my God!" tinuro ako ni Juliet na para bang inaakusahan niya ako.

Great, Leon! Ang proud proud niya! Pakiramdam ko, kung walang magulang na nagpipigil sa aming dalawa ay baka lahat ng nakakasalubong niya ay sinabihan niya na na nakahalik na siya sa akin!

"Whatever, Juliet!"

"You seriously have some explaining to do!" ani Juliet.

"Let's just do this! Nandito tayo para tulungan si Ayana! O..."

Nilingon ko si Leon para lang maiwala ang ang topic ni Juliet.

"What do you think? Maganda na ba?" tanong ko kay Leon.

Parang wala pa sa sarili si Leon. Hindi pa niya mabitiwan ang reaksyon ni Juliet.

At the same time, he wants to give me his attention. And he needs to answer my question.

"Ano?" Nagtaas ako ng kilay.

I am seriously going to punch him if he gives weird remarks! Wala na ngang confidence iyong tao, nilulugmok pa.

"Of course, nice. Ikaw gumawa, 'di ba?"

"Hay naku, Frey! Tinatanong mo 'yan, e, wala 'yang ibang nakikita kundi ikaw!" ani Juliet.

"Talaga? This is nice? Salamat!" Pumula muli ang pisngi ni Ayana.

I smiled at her. Juliet should shut her mouth. It's not helping!

"Joaquin!"

Pagkauwi ko ay kinulit ko na ang kapatid ko tungkol kay Ayana. If she's with Joaquie, her popularity will rise in no time. At rerespetuin pa siya ng lahat dahil kay Joaquin. She will surely gain confidence.

"Oo na nga! Isasama ko nga siya!"

"E, bantayan mo! Inaasar siya!"

"It seems like she doesn't care anyway..." Nagkibit ng balikat ang kapatid ko.

"That's because she's inferior. Ipakilala mo siya ng mabuti kay Drixie at Heather nang sa ganoon ay makita nilang-"

"I already did that. I don't see your point..."

Nasa sala kami at si Ayana ang topic namin. If only Joaquie could like Ayana, e di mas masaya. Jackpot pa si Joaquin dahil maganda at mabait si Ayana!

"Ano ka ba? Aren't you attracted!? She's pretty!"

"You won't be attracted when you like someone else..." ani Joaquin.

"What? You like someone else?"

Hinampas ko siya ng throw pillow. My brother likes someone? And it's not Ayana! Oh God!

"Hindi! Basta! Huwag ka na ngang makulit, Ate!"

Mabilis na humupa ang pang-aasar ng mga lalaki kay Ayana. She showed up at school wearing the dress. Wala nang nasabi ang iba. Even Joaquin's group didn't say anything. In fact, nakakita pa ako ng mga lalaking tingin nang tingin sa kanya.

Isang linggo ang lumipas at naging mas maganda ang tungo ng mga tao sa kanya. Hindi pa kami nagtatapos doon dahil tinulungan pa talaga namin siya sa kanyang mga damit.

Marami naman pala siyang magagandang damit. Hindi niya lang nagagamit ng mabuti dahil hindi talaga siya marunong.

"Hi Ayana..." sabi noong isang lalaki.

Sinipat ko iyong lalaki. Ayana blushed and she said "hi!" too. Iyon nga lang, wala akong tiwala sa lalaking iyon. He's an ugly asshole. I really hate it when a guy's already ugly, masama pa ang ugali. Kinikilabutan ako.

I know that good looking guys don't have the right to be an asshole too. Pero dapat kapag pangit ka, at least bumawi ka na lang sa attitude, 'di ba? That way, the world will be a better place. At least bigyan mo naman ang sarili mo ng good qualities, hindi iyong pinakyaw mo ang kapangitan sa mundong ito.

"She'll date that ugly freshmen, for sure..." ani Juliet.

Sinabi niya pang talaga.

"Madaling mauto 'yan! Tsk..." ani Marjorie.

Nakita kong binigyan nga ng number ni Ayana iyong pangit na tinutukoy ni Juliet.

Umiling ako at bumaling sa aking aklat.

That was also a part of what I want her to learn. To choose who to date. To be at least hard-to-get.

"He's nice to me..." she reasoned out noong sinabi kong dapat tigilan niya ang pakikipag text sa lalaking iyon.

"Hindi lahat ng mababait sa'yo ay talagang mabait na!"

Sabay sabay namin siyang pinapangaralan halos araw-araw. In three months, she improved. She knows how to properly handle herself. She has her own circle of friends. And she's not giving away her number for anything.

"Finally!" ani Leon nang sinundo ako.

Biyernes ngayon at kakatapos lang ng midterms. Laging nauunsyame ang Tinago namin dahil sa maraming gagawin. Ngayon, naroon na si Juliet at Marjorie kasama ang mga kaibigan ni Leon. Kami na lang ang natitira. Paano ba kasi ay tinapos ko pa iyong dapat na gagawin ko bukas.

"I'm sorry you'll be late."

"It's okay... Tinapos mo ang gagawin mo bukas. Ibig sabihin, wala kang gagawin bukas?"

The look on his face is telling me that he's got some plans. Actually, 12 kasi bukas. At nakikita kong tuwing 12 sa buwan ay may pinaplano talaga siya.

"Bakit? Do you have plans for tomorrow?" tanong ko.

"We can make plans, you know." He smiled.

Hmm. Well, we can. For a change, I can tell him what I want. Ano nga ba?

Habang nag-iisip ako at nagdadrive siya patungong Tinago ay naabutan namin si Ayana sa isang liblib na lugar. Doon sa may kakahuyan siya nakatayo.

"Is that?" ani Leon.

"Yes! Stop the car!" sabi ko agad.

She's looking at the road na parang may hinihintay. Napatalon siya nang nakitang bumaba ang salamin ko.

"Anong ginagawa mo rito?"

Malapit nang magdilim. It's already 4:45PM and she's here all alone? Ayos lang sana kung may mga bahay kung saan pero wala.

"Uh..." Nagkamot siya sa kanyang batok.

I'm waiting for her explanation. At the same time, naiirita dahil kung hindi siya magsasalita ay malilate na lalo kami ni Leon sa Tinago.

"You're waiting for someone?" tanong ko. "Who?"

"You know Magnus? He told me we'll meet here. Alas singko. Napaaga ako kaya-"

"What?"

Napatingin ako kay Leon. Nagkibit ng balikat si Leon. She's wearing an odd pink dress. Wala na ba talagang mas itatanga ang sitwasyong ito?

"Who would let you wait here? For what? For a date, Ayana?" pagalit kong sinabi.

Kitang kita ko ang takot sa mga mata ni Ayana. Para bang pinagalitan ko siya kahit

na gusto ko lang naman talagang itama ang mga mali niya.

"He said we'll just stroll. Freya, ayos lang naman. It's nature-"

"Nature!?" Tumawa ako. "You think he's here for nature? Taga rito si Magnus sa Alegria. Nalibot niya na ang buong probinsya tapos gusto niya pa ng nature?"

Binuksan ko ang pintuan ko. Pinagbuksan ko siya ng pinto sa likod. Ayaw niya pang pumasok. She's insisting!

"Look, Ayana. Magnus is a known playboy. Good-looking, yes. And he's not cheap, yes. Like what I taught you. Pero dapat ay naisip mo na ang paghintayin ka niya rito sa lugar na ito ay hindi maganda. If his intentions were true, he should've at least went to your home! Bakit ikaw lang?"

"What do you mean, Freya?"

"Na baka..."

Sometimes, no matter how much you try to be kind, you need to be harsh. May mga taong hindi natututo kung dinadaan mo sa mahinahong usapan. Kung baga, tulog na tulog. You need a slap to wake her up.

"Baka may mangyari sa inyo rito at wala ka nang magagawa kahit sumigaw ka pa dahil walang tao rito at mag gagabi na!"

Nanlaki ang mga mata ni Ayana. Mabilis siyang pumasok sa sasakyan ni Leon. Sinarado ko ang pintuan at dumiretso muli sa front seat.

Sumipol si Leon at tiningnan ako.

"That was..." He grinned. "Sinusundo kita sa inyo. At alam ng parents mo..."

Sinimangutan ko siya. Hindi pa ako nakakalma sa pangaral kay Ayana ay may masasabi na naman itong si Leon.

"And besides, when the time comes, I won't force you. You will force me. You will beg..." nakangiti siyang tinitingnan ang daanan.

"Ano?" habang inaayos ko ang seatbelts.

He chuckled. Uminit ang pisngi ko. Kinalabit niya ang baba ko at pinaharurot ang sasakyan.

"Anong sinabi mo, Fourth?" tanong ko.

Umiling siya. Ayaw ng ulitin.

Alam ko ang main idea ng sinabi niya. I just want him to say it to me once more para mabugahan ko siya ng galit pero dahil hindi niya ginawa ay kinurot ko na lang ang braso niya.

"Aray!" aniya.

"Idaan muna natin si Ayana sa kanila!" utos ko sabay lingon sa kay Ayana.

Naabutan ko siyang malungkot na nakatingin kay Leon. Maagap niyang nilipat ang mga mata niya sa akin.

"Don't do that again. Delikado 'yong ginawa mo! Paano kung hindi ka namin nadaanan?

Naku!"

Tumango siya. "I'm sorry. I didn't know..."

Marami pa siyang kailangang matutunan.

==========

Kabanata 14

Kabanata 14

OceanofPDF.com

Love

"Oh! Ba't natagalan kayo?" salubong ni Marjorie sa amin nang nakarating kami ni Leon sa gazebo.

They're already swimming. Papalubog na ang araw kaya nasayangan ako sa naaksayang oras namin ni Leon. Hindi tuloy ako nabusog ng tanawin sa buong Tinago falls.

"Iyong pinsan mo, naabutan namin sa daanan. Mag-isa siya at makikipagkita raw kay Magnus!" sabi ko.

"'Di nga?" ani Marjorie.

Tumango ako.

Lumangoy palapit sa amin si Juliet. Dalawang lalaki ang nasa likod niya. Si Leon naman ay agad na naghubad sa likod ko. Hindi ko na nilingon dahil mamaya kung ano namang masabi niya.

"Ugh! I want to swim!" sabi ko sabay pasada ng tingin sa talon.

"Nuh-uh... No..." ani Leon.

Nilingon ko siya. He's already wearing just his black shorts. Hinawakan niya ang aking magkabilang braso at tinabi para makatalon na sa tubig.

"Ha? Ano 'yan, Freya? Kinokontrol ka na nitong si Leon?"

Umahon si Juliet. She's wearing a yellow one piece proudly. Hindi ako mag si-swimming dahil una, hindi ako marunong lumangoy. Pangalawa, tinatamad akong mag bihis.

"Hindi ah?" sabi ko agad.

"Hindi rin naman ako makakapunta sa talon."

May parte kasing malalim sa gitna. And unless Leon gets the balsa, hindi ako makakapunta doon. He's also really willing to float with me para lang hindi ako matakot pero sa ngayon ayaw niya.

Tiningnan ko ang grupo ng mga kaibigan niyang naroon. May dalawang babae bukod kay Marjorie at Juliet. Pero halos sampu ang lalaki at iyon ang ayaw niya. Ang sabi niya'y ayos lang kung si Russel at Julio lang pero kapag nandyan na ang iba, ayaw niya na raw.

Pero hindi naman naapektuhan ng pag-ayaw niya ang desisyon ko. I can swim if I want but I'm too lazy to do that. I mean, maghahanda pa ng damit. Magbibihis pa. Tapos bihis ulit, pagkatapos. Nakakatamad lang. Ayos sana kung mas maaga kaming dumating.

"O, e di kumapit ka kay loverboy..." Juliet moaned the last word.

Tumawa ako. For sure my cheeks are bright red.

"Hindi na. Tinatamad ako."

""Tsaka ayaw ni Leon, ganoon ba?"

"Hindi 'no!"

Nagtaas ng kilay si Juliet at umiling.

"Anong nangyari kanina, Freya?" tanong ulit ni Marjorie.

I forgot that we were talking about Ayana.

"Si Magnus ang kikitain niya sana sa gubat. Naabutan namin siya."

"Saang gubat?" tanong ni Marjorie.

"Sino 'yan?" si Juliet.

"Si Ayana. Sa gubat bago ka makarating dito. Diyan sa gitna ng palayan? Diyan daw siya kikitain ni Magnus."

"What?!" sabay pa silang nagulat.

"We picked her up tapos binalik muna sa bahay n'yo Marj, bago kami pumarito ni Leon kaya kami natagalan."

Nagtampisaw na lang ako roon. Umupo ako sa gazebo at hinayaan ang aking paang maramdaman ang lamig ng tubig sa talon. Si Marjorie ay hindi na umaalis sa tabi ko habang si Juliet ay pabalik balik lang ang langoy mula dulo hanggang sa akin.

Leon's talking with his friends. At least he has time for them...

"My God! Paano kung hindi kayo dumaan? Paano kung napaaga ka?" nag-aalalang sinabi ni Marjorie.

"Kaya nga..."

"Well, you can see naman na talagang ganyan ang attitude ni Ayana. She's too innocent for her own good," ani Juliet.

"Pinagsabihan ko nga, e."

"She falls for that easily..." ani Marjorie. "And because she doesn't have real friends, she seeks advice on the wrong person... Kaya ganyan... Iyong mga kaibigan niya siguro. 'Tsaka, wala talaga kasi siyang confidence. That she needs the approval of other people."

How sad it is to rely to others for approval. Iyong tipong wala kang tiwala sa sarili mo kung hindi sinabi ng ibang tao na kaya mo. Well, I think all of us have that side or have that certain moment. Pero iyong gawin iyang hobby ay hindi maganda. It will result to poor judgement. I pity her. Sayang. Sayang ang ganda, ang talino, ang yaman, ang bait... Sayang.

"Hoy Leon! Bakit ba ayaw mong palanguyin iyong si Freya?"

Nasa paanan ko na si Leon ngayon. He touched his ear then smiled. Medyo madilim na ngunit kitang kita ko parin ang kislap ng kanyang mga mata.

His big arms showed and his pecs peeped. Hindi ko mapigilan ang pagsusuri. Good thing madilim na.

"Too much skin..." sagot ni Leon.

"Ha! Eh sa Nobyembre sasali iyan ng Ms. ACC. Paano 'yan?" Tumawa si Juliet. "I'm sure there's a swim suit or sports attire?"

"'Di ako papayag na sumali 'yan!"

Nanlaki ang mga mata ko. Nagkatinginan kami ni Leon.

"Kidding, alright!" bawi niya agad. "At least she's not wet while walking, that's okay..."

Mas lalo siyang lumapit. Hinagilap niya sa tubig ang aking paa. Sinipa ko ang kamay niya. He then smiled.

"Stop it!" sabi ko.

"What?" he said innocently.

Uminit ang pisngi ko. Hinagilap niyang muli ang aking paa. When his hand touched my heel, nasipa ko ulit siya. This time, mas malakas.

Nagulat siya lalo na't bahagya siyang napaatras.

"LQ. Iwan mo na, Marj! Last round sa balsa!" ani Juliet.

Tumango si Marjorie. Hindi parin makangiti, siguro sa kakaisip kay Ayana. Sabay silang lumangoy palayo. Naiwan kami ni Leon sa gazebo. Ngayon, madilim na. Ang tanging ilaw ay iyong munting ilaw galing sa gazebo at sa may punong puno ng baging.

"May kiliti ka sa paa?" tanong niya na para bang ang tagal niyang pinag-isipan iyon.

Suminghap ako. Hindi lang sa paa, actually. Sa leeg, sa tagiliran, sa kilikili, sa likod, sa tiyan, sa hita, sa legs... The main reason why I'm not good with

body make up application. Hindi naman kailangan sa pageants pero may talent ako noon na kailangan akong kulayan ng orange ang half body ko dahil may face paint akong tiger pero hindi nagawa dahil sa mga kiliti ko.

"I don't like it..." sabi ko sabay yakap sa tuhod ko.

Hinawakan niya ang tabi ko at inangat niya ang sarili niya galing sa tubig. Drops of water dripped on him from his hair and body. Bahagya pa nga akong na nabasa kaya umiwas ako.

Nilingon niya ako. His eyes were expressive and very very intimate. Para bang gusto niyang sabihin na kaming dalawa lang at walang makakapasok sa mundo namin kahit kailan.

My heart swelled. My heart felt so warm.

Tinitigan ko siya. I want to look away but it's just so hard to do that. Now that I'm so drawn with his eyes.

Nilagay niya ang takas na buhok sa aking tainga habang nagkakatitigan kami.

"There are times when I really find it so hard to wait..." ani Leon.

Bahagyang sumakit ang puso ko. Then it hit me... How am I so affected by what he just told me? Alam kong may kung ano na sa aming dalawa. And that I refuse to name it because it's just so hard to believe that it's true but... kung ganitong may sakit akong nararamdaman, ilusyon pa ba ito?

"Then why are you waiting? You're not obliged to wait, you know..."

Umiling siya at ngumisi.

Tinuro niya ang dibdib niya. Bumaba ang tingin ko doon. His muscular chest made me sigh.

"Because I feel it here. I know this is going to be worth it. I know that in the end, I will only like... I will only love..."

Kinagat ni Leon ang kanyang labi.

Love.

That strong word.

What did the bible said about it? It bears all things, hopes all things, and endure all things.

But that's the ideal side. Lahat ng tao ginagawang batayan iyan para maging tama.

Lahat ng tao, nagsisikap na abutin ang perpektong pag-ibig para masabing tama ang ginagawa. But I know that in this world right now, it's just so impossible.

Kaya ang pag asa na makakapaghintay nga si Leon ay ang pag asa na sana nga ay perpekto itong ibinigay sa akin.

"You..."

He said it to me indirectly. Gusto kong pahabain ang usapan. Gusto kong sabihin sa kanya na hindi rin niya masasabi iyan ngayon. Maaaring sobra sobra pa iyang attraction niya dahil mga bata pa kami. They said, kapag teenager ka extreme ang feelings mo. You love as if you'd die tomorrow. Kaya heto ngayon...

But then a part of me wants to experience that side of nature. Growing up. To feel and to hope for things... to believe that it will really endure anything... kahit na ngayon pa lang ay alam kong sa realidad ay maaaring imposible ito.

Nanatili ang tingin ko kay Leon. Maingay na ang mga kaibigan namin sa malayo.

Tinutukso na kaming dalawa dahil sa pagtititigan namin dito.

"Uyyy! Sasagutin na 'yan!" sigaw ni Juliet.

Nagtawanan ang mga lalaking kaibigan ni Leon.

"Hindi ka ba napapagod?" tanong ko.

"Hindi lang naman ako nag hihintay dito, e..." Ngumisi siya. "Sinisigurado ko rin."

Tumawa ako. Really, Leon. Sinisigurado talaga?

"I'll make sure you'll end up to me, Frey..."

Bumaba ang tingin niya sa aking labi. And I can't help but look at his lips too.

Kung kaming dalawa lang ay baka nahalikan ko na ulit siya. I licked my lower lip then looked away.

Tuloy ang plano ni Leon na lumabas kami bukas. Sa huli ay niyaya niya akong mag dinner kasama si Don Pantaleon at si Governor! Noong una ay umaayaw pa ako. Ayaw ko dahil masyadong pormal. Naiintimidate ako! Pero kalaunan ay sinabi ni Leon na magbabarbecue lang naman daw kaming dalawa sa garden nila tapos ang Dad niya ay huling darating dahil may meeting pa kaya medyo naging ayos na iyon para sa akin.

Also, I like the barbecue part. Hindi pa ako nakakatry na gumawa ng barbecue.

Kumain lang. New experience.

"Hindi ka namin dinidiktahan kung sino ang dapat mong i-date, Ayana. We're just warning you..." ani Marjorie.

She looks disappointed. Para bang may nagawa tuloy kaming kasalanan. Lalo na ako.

Dahil kami ni Leon ang naghatid sa kanya pabalik sa bahay nila. Iyon ang dahilan kung bakit naudlot sila ni Magnus.

"You can always take it slow, you know. Hindi naman kasi ito paligsahan na dapat may maunang magka boyfriend, Ayana..." sabi ko.

"Hindi naman iyan ang gusto kong mangyari. That's just a friendly-"

"Oh my God? Who falls for that? Friendly date? Kayong dalawa lang? Oh..." Tumawa si Juliet.

Harsh man pakinggan ang sinabi ni Juliet ay may punto naman siya. Nobody falls for that! Si Ayana lang ang kilala kong naniniwala na friendly date nga iyon.

"Okay... So what do you suggest?" tanong niya.

"Don't slouch!" ani Juliet.

Tumuwid sa pagkakaupo si Ayana.

"Kapag may pumorma sa'yo, let us judge. Don't just give in immediately. Girl, it's the 21st century pero 'di old school ang pakipot. It's always a classic. And we want to be classic." Ngumiti si Juliet.

Tumunog ang cellphone ko. I guess that's enough lessons for Ayana for today.

Napansin ko rin si Joaquie at ang kanyang tropa palapit sa aming lamesa. Siguro ay para sunduin si Ayana?

"Hello, ma..." sabi ko.

Pinikit ko ang isang mata ko. I know what this meant. Sabado ngayon at inutusan ko niyang mag jog in preparation sa Ms. ACC ngayong Nobyembre pero 'di ko ginawa.

Besides, ilang buwan pa naman iyon.

"Nag ja-jog ka ba?" tanong ni Mama.

Ang totoo, nasa plaza kami ngayon sa tapat ng simbahan. Sumama ako kanina kay Joaquin patungo dito at sinabi ko kay Leon na dito na rin ako sunduin. Si Marjorie at Juliet kasi ay may ginawang group work at dito sila nagkita.

"Next Saturday..."

"Hindi ba sinabi ko naman sa'yo? Hindi lang naman iyan para kontrol sa katawan, para rin iyan maganda tingnan ang legs mo!"

Ilang beses niya na itong sinabi.

"Yeah... yeah..."

"Buwan ang preparasyon sa mga pageants, Freya! At sa mga buwang ito ka dapat-Magkasama ba kayo ni Leon? Ngayon ba iyong tinutukoy niyang doon ka sa mansyon nila maghahapunan?"

Nanlaki ang mga mata ko. Leon mentioned it to my Mama? Talaga naman!

"Oo. Ngayon iyon."

Tumuwid ulit sa pagkakaupo si Ayana sa harap ko. Her mouth went half open na para bang may tinitingnan sa likod kong kung ano.

"Ma, I'll call you later..." sabi ko.

"O, sige sige. Mag text ka ha? Ihahatid ka ba ni Leon?"

Then my eyesight went black. Pamilyar na bango ang umatake sa aking ilong. It was Leon. Hinawakan ko ang kamay niya at napangiti ako.

"Sus! Ang sweet!" ani Juliet.

"Oo, Ma. Sige..."

Tinanggal ni Leon ang kanyang kamay at binaba ko na rin ang cellphone. Kulay orange na ang langit, hudyat na mag gagabi na.

"Let's go?" ani Leon sa akin.

Tumango ako pagkatapos ay tumayo. Nilingon ko si Ayana na hanggang ngayon ay mangha parin sa nangyari. Ngumiti ako kay Juliet at Marjorie.

"Alis na kami..." sabi ko.

"Saan ba kayo?" tanong ni Juliet. "Isama n'yo naman ako!"

"Weh! Kanina sinabi mo may pupuntahan ka mamaya?" tukso ni Marjorie.

"Paraan niya lang 'yan para malaman kung saan kami pupunta!" ani Leon sabay tawa.

"Sige na! Sige na! Aalis na nga kami! Bye!"

Nagbeso ako kay Marjorie at kay Juliet. Kinawayan ko si Ayana na hanggang ngayon ay nakatuon parin ang atensyon kay Leon.

"Hello!" sabi ko sabay pasada ng kamay sa kanyang mga mata.

Natauhan siya at tumingin sa akin. She blushed immediately.

Tipid akong ngumiti at kumaway ulit. Pagkatalikod ko ay nanliit ang mga mata ko.

That reaction. I know that very well... Hmmm...

"Bibili ba tayo ng pang barbecue?" tanong ko kay Leon.

"Hindi na. Meron na sa bahay..."

Why yes of course, right?

Pagkapasok pa lang sa bahay nila ay kabado na ako. I'm kind of uneasy. Iniimagine ko na kasi ang itatanong ng Lolo niya at ni Gov.

Example:

"Kayo na ba?"

Anong isasagot ko? Syempre hindi, 'di ba?

But they would probably understand. That thought soothed me.

Pinanood ko si Leon na nilalagyan ng sauce ang mga pork belly.

"Ikaw ang maglagay sa mga barbecue. Gayahin mo lang 'tong ginagawa ko..." he said.

May niset up na lamesa sa 'di kalayuan. Doon daw kami kakain. Alas sais y media ang dating ni Don Pantaleon at nasa mga alas siete naman si Gov.

"Ganito ba?" tanong ko sabay ayos sa ginagawa ko.

"Mali!" ani Leon.

"Ha?"

Tiningnan kong muli ang ginagawa niya sa pork belly. I'm pretty sure what I'm doing is right, though!

Ginawa ko ulit.

"Hindi! Hindi ganyan!" aniya nang patapos na siya sa kanyang ginagawa.

"Ha? E, ginagaya lang naman kita..."

"Akin na nga!" ani Leon.

Akala ko ay kukunin niya iyong brush ngunit nang hawakan niya ang kamay ko at iginiya niya sa barbecue ay nagduda na ako.

Hinapit niya pa ang baywang ko habang ginagawa namin iyon. I slapped his arms.

Tumawa siya at lumayo sa akin.

"You are too serious!" aniya. "Loosen up, Frey..."

Nakakainis! Tama siya! Masyado akong kabado at masyado kong iniisip na dapat perpekto ang lahat.

Nakakainip pala ang magluto ng barbecue. Kailangan mong bantayan para maayos ang pagkakaluto. And it involves smoke... lots of it. Amoy barbecue na tuloy ako.

"Leon, si Don Pantaleon parating na rito. Ilalagay ko na ba ang kanin at ang wine?"

tanong ng kasambahay.

Inaayos ko na ang mga kubyertos sa lamesa. Kumalabog na ang puso ko. Nagkatinginan kami ni Leon.

"Chill, okay?" he said.

Tumango ako.

"Sige, Manang. Pakilagay na po. Maluluto na rin itong pang huling barbecue..." ani Leon.

Iyon ang ginawa ng kasambahay. Tinulungan ko naman si Leon na ayusin ang barbecue.

Sana masarap 'to. Tingin ko naman, oo. Na marinate daw ito ni Leon, e.

"Leon! Freya!" malalim na boses ang sumalubong sa amin.

Don Pantaleon's white hair is in low ponytail. Malaki ang ngiti niya at nilahad ang mga braso. Nag hintay siyang lumapit kami.

"Magandang gabi po, Don Pantaleon..." sabi ko.

"Magandang gabi, Lolo..."

Nagmano si Leon. Ang mga kamay ko ay nasa likod ko lang habang binibigyan ng espasyo ang dalawa.

"O? Don Pantaleon? Leon, bakit 'di mo pa pinatawag ng Lolo sa akin 'tong si Freya?"

sabay pang nagtawanan ang dalawa.

Uminit ang pisngi ko. This is awkward! God!

"Lo. Hindi pa po kami..." Tumawa si Leon.

Nanlaki ang mga mata ni Don Pantaleon.

"Ang bagal mo naman, apo..."

Napangiti ako sa reaksyon niya.

"'Di ah! Ang bilis ko nga, e!" ani Leon sabay ngising aso.

Nanlaki ang mga mata ko. Damn you, Leon!

"O sige! Pag-usapan natin 'yan dito. Gutom na ako!"

Umupo ang matandang don sa hinanda naming mga silya. Umupo na rin ako doon. Sa gitna ako ng dalawa. At ang natitirang silya ay para kay Governor.

We prayed before eating the food. Si Don Pantaleon ang nagdasal. Pagkatapos ay kinuha agad ni Don ang lalagyanan ng kanin para ilahad sa akin.

"Ah! Salamat po!" sabi ko.

Kinuha ni Leon ang lalagyanan at nilagyan niya ng kanin ang aking pinggan. Nagtaas ng kilay si Don Pantaleon. Nagkatinginan kaming dalawa.

"We've met so many times, Freya. Pero hindi iyong ganitong sinadya talaga. And I'm glad we finally meet formally tonight. Kamusta ang iyong mga

magulang?"

"Ah! Maayos po si Mama at Papa. Madalas si Papa sa Maynila dahil sa tinatrabaho."

"Ha! Inutusan ko si Kador noong isang araw na ifollow up sa inyo iyong binigay kong kontrata para kay Clarence. May ipapagawa kaming building sa Maynila sa kanya sana ako lalapit."

"Ganoon po ba? Tatanungin ko si Mama tungkol diyan..."

Tumango si Don Pantaleon.

The conversation went on and on. Ang dami niyang nasasabi. He kind of reminds me of Leon. Iyong tipong kahit saan mo ilagay ay kayang makipag-usap at makihalubilo sa mga tao. Kalaunan din ay naging komportable ako.

"Kayo bang dalawa ang nagluto nitong mga barbecue?" tanong ng Don.

Nagkatinginan kami ni Leon. He smiled at me. I smiled back. "Opo."

"Masarap! Magaling!" Tumango tango siya. "Pu-pwede na kayong mag-asawa!"

Tumawa si Leon. "Mag-iipon muna ako, Lo. Siguro naman malaki na ang ipon ko pagkagraduate ni Freya..."

Tumawa na rin ako at nagkatinginan ulit kami. Really, though? May ganoong plano siya?

==========

Kabanata 15

Kabanata 15

OceanofPDF.com

Tingin

"Sorry, I'm late..." panimula ni Governor Pantaleon Revamonte III.

Tumayo ako. Ganoon din si Leon. Nagmano siya sa kanyang ama.

"Tito... Magandang gabi," sabi ko.

"Freya... Magandang gabi rin.

Umupo na kami at nagpatuloy sa pag kain. Noong una naiintimidate na naman ako kay Gov. I mean, it's the governor in front of me! Pero kalaunan ay naging magaan din ang loob ko. The governor knows how to make me feel easy.

"Hindi ko talaga alam kung anong mararamdaman ko kung pati si Leon ay umalis ng Alegria," ani Governor noong sinabi niya sa aming mabuti na rin at dito nag-aral si Leon.

Tumawa na lang si Leon sa sinabi ng ama.

"Buti nga at uuwi naman sa susunod na taon sina Nicholas..."

My brows furrowed. Sobrang layo ba ni Nicholas at Kaius para sabihin ito ni Tito?

Para bang ang layo layo ng Maynila dito para sa susunod na taon pa umuwi ang dalawa?

"Saan po ba sila?" tanong ko.

Napatingin si Leon sa akin.

"They're in the US. Si Leandra lang ang nasa Maynila. Balak nga nilang isama si Leon pero ayaw nitong sumama. Mabuti na lang din."

"Syempre, Third. Bakit sasama, e, nandito si Freya?" Baritono ang boses ni Don Pantaleon nang tumawa siya.

Uminit ang pisngi ko.

"Oo nga naman..." Ngumisi rin si Governor.

His features were softer than Leon's. Ngayon ko lang napansin iyon. Leon's just more masculine.

"Hindi ka kumuha ng Engineering katulad ng tatay mo, Freya?" tanong ni Governor.

"Hindi po. Accountancy po ang kinuha ko..."

Tumango siya at uminom ng tubig. "Isang trabahong pahirapang makuha rito sa probinsya..."

"Unless there's an opportunity in the government here, Third..."

Tumango ulit ang ama ni Leon.

"Madalas pong trabaho nitong accountancy ay sa Maynila. Actually, iyon ang plano ko. Right after I graduate, I want to earn my experience there..."

Tumawa si Don Pantaleon sabay lingon kay Leon. "Eto namang si Leon ay dito lang sa Alegria para mamahala ng lupain."

"Pu-pwede rin naman po ako sa Maynila. Sa marketing na lang ako..."

Tumawa ang dalawang Pantaleon sa harap namin. Ngumiti rin ako sabay tingin kay Leon.

"Oh! Sabi na nga ba! Si Freya lang ang inaantay mo? Kung saan siya ay doon ka?

Ganoon ba, Leon?"

Ngumisi lamang si Leon. Everything went smoothly. Kung wala lang katawagang marami si Governor ay humaba pa ang usapan. Pero dahil sa trabaho at kung anu-ano pa ay natapos din. Though, I really feel relieved after that.

"Thanks for tonight..." ani Leon nang hinatid na ako sa bahay.

"Thank you rin for inviting me..."

Kinalas ko ang aking seatbelts. Nagkatinginan kaming dalawa ni Leon. Tinagilid niya ang kanyang ulo at hinaplos ang takas na buhok sa gilid ng aking pisngi. I subtly bit my lower lip nang napatingin siya sa labas.

Nilingon ko kung sino ang tinitingnan niya. Suminghap ako nang nakita si Mama na parang tinitingnan ang loob ng sasakyan.

Binuksan ko kaagad ang pintuan at hinarap si Mama.

"Kumusta ang dinner?" salubong niya.

Nagmano ako kay Mama. Lumabas na rin si Leon sa kanyang sasakyan.

"Magandang gabi po!" ani Leon.

"Maayos naman, Mama..." sabi ko sabay pasok sa loob.

Sumunod kaagad si Mama sa akin para paulanan ako ng mga tanong tungkol doon. She was pleased by what happened. Nagkakasundo sila ni Leon. Kulang na lang ay tanungin niya si Leon kung anong meron! Buti na lang at hindi naman niya ginawa.

Grabe ang pagsusunog ko ng kilay para sa midterms. Salungat kami ni Juliet na nagbabasa lamang ng mga messages sa phone. Ako ay puro libro ang inaatupag. Ganoon din si Marjorie.

"Juliet! Midterms na uy!" saway ni Marjorie sa aming kaibigan.

"Alam ko, oo. Sa bahay na ako mag-aaral!" iritado pa siya sa pang iistorbo ni Marjorie.

Umiling na lang ako at nagbasa ulit ng libro. Ilang sandali ang nakalipas ay halos napatalon ako nang may biglang umupo sa tabi ko.

"Seryoso masyado!" ani Leon.

"Wala siyang time sa'yo dahil midterms, Leon!" ani Juliet, sa wakas ay naagaw ang atensyon.

"Hindi ko naman iistorbohin! Ginugutom lang ako kaya bibili muna ako ng pagkain.

Dito na ako sa lamesa n'yo kakain..." ani Leon.

He smiled. His ridiculously perfect teeth flashed. He then licked his lower lip.

Nilingon niya ang counter ng cafeteria.

I sighed. He is so handsome. Nadidistract ako.

Tumayo si Leon at dumiretso sa counter. Nanatili ang mga mata ko sa kanya.

Nakita kong may iilang babaeng lumapit. May nakita rin akong parang uod na binudburan ng asin pagkatapos masalubong si Leon. Then when the girl's eye reached mine, tumuwid ang kanyang kilos at halos magtago sa kaibigan.

"You're sending those girls death glares, Freya..." sabay tawa ni Juliet.

Napatingin ako sa aking kaibigan. Ngayon, may kaharap ng libro.

"Napatingin lang ako..." sabi ko.

Sabay-sabay naman kaming tumingin sa grupong dumating. For the past months, Ayana improved a lot. Pinagsabihan ko rin kasi si Joaquin na isama niya si Ayana sa mga gala nila. Not because I want her to belong to their batch's alpha group, but because I know that his group were the realest. Kahit kasi mean si Drixie, totoong tao naman siya. Kumpara sa ibang grupo rito.

"Who's that beautiful girl with Joaquin?" tanong ni Marjorie.

Napatingin ako sa naka flannel polo shirt. All black ang inner top at high waist pants niya. She looks like a city girl to me. Kumaway si Ayana sa amin dahilan kung bakit naagaw niya ang atensyon ko.

Ayana's wearing a very feminine dress. Even her fashion improved! Thank God!

Nilingon ko ulit si Joaquin na kinakausap iyong magandang babaeng naka flannel polo shirt. Napatingin si Joaquin sa akin. Alam niya kaagad ang ibig kong sabihin.

Sino iyang babaeng kausap niya? At paano si Ayana?

"Kumusta?" tanong ni Marjorie sa pinsan.

Lumapit kasi si Ayana sa lamesa namin.

"Heto! Maayos naman! Pupunta kaming Alps mamaya. Baka gusto n'yong sumama?" tanong

ni Ayana sa maligayang tono.

"Sino naman ang kasama mo? Nagtitext pa ba si Magnus sa'yo? E, 'yong si Roy?"

Maraming pumuporma kay Ayana. And thank God she's learned from us!

"Hindi na 'no!" agarang sagot ni Ayana sabay tingin sa akin.

"Your shoes don't fit your dress, Ayana..." puna ni Juliet.

She's wearing a black gladiator sandals. Though they look better but... I agree with Juliet.

Pumula ang pisngi ni Ayana sa sinabi ni Juliet. Nakatingin parin siya sa akin.

"Ano pala sana ang bagay, Freya?"

"Hmm. It's actually just fine for me but... It defeats the femininity of your dress. Siguro pastel or light colors. And thinner straps..."

"Ang dami kong natututunan sa'yo!" sabay ngiti niya.

I smiled too but it faded quickly.

"Hi Ayana!" tawag noong isang senior sa kanya.

Nanlaki ang mga mata ni Ayana. She looked embarassed and pleased at the same time.

Tipid akong ngumiti sa reaksyon niyang idinirekta sa akin.

"She's almost the new crush ng campus, huh?" Tumawa si Juliet.

"Dethrowning you?" Tumawa si Marjorie.

"Dethrowning Freya? Ay, hindi. Hindi naging crush ng campus si Freya simula nang dumating si Leon..." ani Juliet.

Umiling ako. Tipid na ngumiti si Ayana habang nakikinig sa amin. Itinuro niya ang mga kaibigan niya. Senyales na magpapaalam na muna siya sa amin. Pagkatango ko ay agad naman silang nagkabungguan ni Leon.

Nasabuyan si Ayana ng isang basong coke na dala ni Leon sa kanyang tray.

"Oh shit! Sorry!" ani Leon sabay lapag agad sa tray doon sa aming lamesa.

Tumayo si Marjorie at kumuha ng tissue. Basa ang kalahati ng dress ni Ayana. Tumayo ako para daluhan ang dalawa.

Nanghingi ako ng tissue kay Marjorie. Ganoon din ang ginawa ni Leon.

Leon wiped the liquid out of his chair. Ako naman ay sa saya ni Ayana.

"Paano na 'to?" ani Ayana sa isang nag-aalalang boses.

"I'm sorry..." ani Leon.

"Hindi ayos lang. Kasalanan ko! 'Di ko nakita..." ani Ayana sabay tingin kay Leon.

Nag-angat ako ng tingin kay Ayana. Leon looked confused. Hindi alam kung ano pa ang pwedeng gawin gayong natapos na ang pangyayari.

Unfortunately, I did not have the spare clothes on Leon's car. Nilingon ko si Leon at nanliit ang mga mata ko. Nagkatinginan kami.

"Matutuyo rin 'yan! Magbilad ka sa araw..." ani Juliet sabay tango.

Tiningnan kong muli ang dress ni Ayana. Ang buong baso talaga ng coke ang nabuhos sa kanya dahilan kung bakit basang basa.

"Do you need a t-shirt or something?" tanong ko.

"Hindi na... Ayos lang... Basa lang naman dito sa may palda... Wala pa naman akong panyo..."

Kumunot ang noo ni Leon sa akin. Nagtiim bagang naman ako.

"May panyo ako sa dashboard, 'di ba? 'Yong nilagay mo?" tanong niya.

Tumango ako. "Get it... Pahiram mo muna..."

Tumango agad si Leon at umalis.

"Hala! Hindi na! Huwag na..." ani Ayana.

Nag-iwas ako ng tingin kay Ayana at naupo na sa aming lamesa.

"Umalis na siya para kunin 'yong panyo..."

"Ayos na naman sana 'tong tissue..." ani Ayana.

"Okay lang 'yan. May panyo naman sa sasakyan ni Leon..." sambit ko.

Dumating din agad si Leon dala ang puting panyo. Binigay niya kaagad iyon kay Ayana. Ayana smiled.

"Thank you."

"You're welcome. At sorry talaga sa nangyari..." ani Leon sabay tabi sa akin.

"It's okay. Alam ko namang 'di sinadya..." ani Ayana sabay tingin sa kanyang palda.

Lumapit si Heather kay Ayana, isa sa kaibigan nina Drixie. Tinulungan niya si Ayana sa pagpupunas sa palda at pagkatapos ay umambang babalik sa kanilang mesa. Nilingon kaming muli ni Ayana.

"Salamat dito..." sabay pakita niya ng panyo kay Leon.

Tumango si Leon. "No problem..."

Dumungaw agad ako sa aking aklat. Something's really bothering me. I'm just not sure if I'm thinking too much or I'm just being possessive.

Kinuha ni Leon ang tray na pinaglagyan ng pagkain. Binilhan niya pala ako ng sandwich. Kanin at steak iyong kanya. Isang coke na lang ang natitira. Agad niyang binigay sa akin.

"Bibili muna ako ng isa pa..." ani Leon.

Umiling ako. "May tubig ako. Huwag na ang coke..."

Nanliit ang mga mata niya. "Diet na naman ba?"

Umiling ako. "Hindi. Para 'di ka na mahirapan."

"Asus! Para namang kailangan mo pang mag diet?"

"Para kasi sa pageant nga!" ani Juliet.

"Last na 'yang pageant na 'yan ha? Ayaw ko na ng isa..."

Tumawa ako at pansamantalang kinalimutan ang naiisip kanina.

"Wow! You have a say?" biro ko.

Natigilan si Leon sa sinabi ko. Tinitigan niya lang ako. I'm not sure if he's serious or being funny again. Ngumiwi ako sa kanya.

"Ako lang ang makakapagsabi kung last na 'yang pageant na 'yan!" sabi ko sabay tingin muli sa aklat.

Nilapit niya ang kanyang upuan sa akin. Ang kanyang braso ay nakapatong na sa likod ng aking monoblock chair. Hindi ko siya binalingan. Hinayaan ko siya sa pakulo niya.

Linapit niya ang mukha niya sa akin. Umiwas ako at nanatili ang mga mata sa libro.

Wala na namang pumapasok sa kokote ko!

"Leon..." sabi ko sabay layo muli sa kanya.

Pilit siyang lumapit. Hinawi niya ang mga buhok na nakatabon sa aking tainga. Nang naramdaman ko ang kiliti ng hininga niya ay halos sapakin ko siya!

Pasalama't siya't hinawakan niya ang braso ko para pigilang mangyari iyon!

"Time will come, Frey. I will have a say on your everything..." bulong niya.

Tumigil ako sa paghinga at pilit na pinanatili ang mga mata sa aking libro. Napukaw ng mga salita at kilos niya ang damdaming kahit ako ay hindi alam na mayroon sa akin. This is Leon... This is his effect to me. He shakes my world. Just like that.

Tumikhim si Juliet at nagpatuloy sa pagbabasa sa kanyang cellphone. Marjorie made herself busy with her books. Tiningnan ko ng bahagya si Leon na sobrang lapit na ngayon sa akin. Hindi parin nakakalayo galing sa pagbulong.

"Bakit? Do I have a say on you?" nagtaas ako ng kilay.

Leon chuckled.

"You always have, Frey. Simula pa noon, e. I'll do whatever you want," he whispered.

Nangingiti ako kaya umirap na lang ako at tiningnan ang aking aklat. Pilit akong nagbasa.

"Mag-aaral muna ako..."

Nanatili siya sa aking tabi. Nakangiti na ngayon.

"Oo nga. Mag-aaral ka nga..."

Humalakhak ulit siya. Napapangiti talaga ako! This is stupid! I don't even know what's funny!

Lumapit ulit siya sa aking tainga.

"Bango mo..." humalakhak siya.

Tinulak ko siya palayo. Nagkatinginan kami ni Juliet. Umiling lamang siya.

"Tumigil ka, ha! Seryoso ako..."

Tumawa si Leon. "Damn!" Pagkatapos ay tumuwid sa pagkakaupo.

"Kumain ka na!" sabi ko.

"Kumain ka na, loverboy..." tawa ni Juliet. "Tama na raw muna ang harutan."

"Loverboy ka riyan, Juliet!" saway ko.

Ngumisi si Leon at tumingin sa akin habang kinukuha ang kutsara at tinidor.

He is just ridiculously hot, alright! I find it really amusing. Is this man really crazy for me? Seriously, though?

Suminghap ako at aksidenteng napatingin sa lamesa nina Joaquin. Naabutan kong nakatingin si Ayana sa amin. Or... Nahagip ako ng kanyang paningin kaya tumuwid siya sa pagkakaupo.

She smiled. I didn't.

There is that ugly feeling in my gut.

But maybe, I'm just being really possessive over Leon?

Tulad ng sinabi ko kay Leon noon, wala akong magagawa sa mga may gusto sa kanya.

It's their feelings.

Wait. I am not concluding that Ayana likes Leon. Thinking about this is just so below the belt. Pero... Hmmm...

Nakikipag-usap na si Ayana sa kanyang mga kaibigan. She never looked at our table again. Just like how the other girls react when I saw them trying to flirt with Leon, huh?

I am not dumb to close that possibility. Besides, when feelings hit you hard. Your principles won't matter. That's why it's called falling in love, right? You can't control it. You can't control your actions when you're falling. You just simply...

fall.

"After midterms tuloy na 'yong jogging natin?" tanong ni Leon pagkatapos ay uminom ng coke.

Tumango ako. "Pero tinatamad ako. I hate jogging."

"We have treadmills at home. And other fitness equipments. Baka lang gusto mo..."

aniya.

Ngumiwi ako. "Ayoko nga! Nakakahiya kaya!" sabi ko agad.

Nagkibit siya ng balikat at nagpatuloy sa pagkain.

Napatingin ulit ako sa lamesa nina Joaquin at naabutan kong muli si Ayana na nakatingin sa kay Leon at sa akin.

Oh... Well...

Bumaling ulit siya sa kanyang katabing si Heather.

Ayaw ko talaga ng may naiisip na kung ano. Isinantabi ko na iyong iniisip na ganoon para sa midterms. I have no time to deal with Leon's fangirls.

Right after midterms, the hype for the 54th foundation day of ACC increased. Iyong

sports teams, mga booths, at ang Ms. ACC.

I will represent the College of Accountancy. Napangalanan na rin ang nasa Education at ilan pang kurso. Sa Business ay nililigawan si Juliet at ang isa pang babae na ayaw daw sumali. Ayaw din ni Juliet. Aniya ay next year na siya. Ipapasa ko raw sa kanya ang korona. I only laughed though. Tulad ba ito noong Miss Intrams?

Ayana showed up to the library wearing a cropped sleeveless shirt and a high waist pants. Kita ang pusod sa sinuot niya. Habang tumatagal ay lalong gumaganda ang sense of fashion niya. Napatingin siya sa akin at agad lumapit.

I'm with Juliet who's busy with a romance novel.

"Hi, Freya!" Pumula ang pisngi niya at tumingin siya sa kanyang suot. "Ayos lang ba ito?"

Tipid akong ngumiti at bahagyang tumango.

"Bakit? Ayaw mo?" she asked.

"No... Actually it looks good. Bagay sa'yo."

Napatingin din si Juliet kay Ayana.

"Nice shirt..." puna ni Juliet.

"See?" sabi ko. "You dress better than before, Ayana..."

She smiled. I did not even lift the sides of my lips.

==========

Kabanata 16

Kabanata 16

OceanofPDF.com

Territorial

Pagkatapos ng midterms ay jogging agad ang inatupag namin ni Leon. Ang sabi kasi ni Mama, mas maganda raw na firm tingnan ang legs ko. Actually, I don't really see any difference but just to stop Mama from nagging, ginawa ko na lang.

Minsan sa plaza kami nagja-jogging. Madalas sa bakuran nina Leon. May isang beses pa ngang sa kanilang farm. Ang problema lang doon ay masyadong maputik. Ang resulta, maaga kaming natatapos dahil ayaw ko nang tumakbo.

Kinontak na rin ni Mama ang aking mentor. Inalam na namin kung anu-ano ang nasa contest. May sports attire doon. Mabuti na lang at hindi kasing liit ng mga two piece bikini ang ipapasuot sa aming mga swimwear.

Nagpagawa na rin kami ng gown. Isang buwan bago kunin kaya dapat maaga naming pinagawa. Everything went smoothly. Na miss ko rin ang ganito. Na miss ko ang ganitong thrill. Besides, it's been ages since my last pageant.

"Naku, Freya! Baka nga 'di ka na marunong rumampa!" ani Mama.

Umirap ako. Hindi basta-basta nakakalimutan ang isang bahagi ng pagkatao. And competitions like these are part of me so it's all so easy.

"Good!" puna ng mentor ko nang pinarampa niya ako sa aming sala.

Hindi na ako makapaghintay na sa mas malawak na lugar ako rarampa. Masyado kasing maliit ang sala namin.

Nakapangalumbaba si Leon habang tinitingnan akong rumarampa roon.

"Chin up..." sabi ng aking mentor.

Ginawa ko ang sinasabi niya.

"Hindi ka na masyadong pa sweet, huh?" anito nang humarap na ako sa kanya.

"Ano ba ang dapat?" I asked.

"Ayos lang 'yan. Besides, you matured so that's okay. Ibang-iba lang sa last na sinalihan mo."

"Of course, talagang mag-iiba 'yan Jam. Ilang taon na rin 'yon!"

"Kung sabagay."

Nilingon ko si Leon na seryosong nakatingin sa akin. I winked at him. He sighed and looked at my mom.

"Naiinip ka na?"

Nilapitan ko si Leon. Tumuwid siya sa pagkakaupo.

"Bakit ako maiinip?"

Ihahatid niya ako ngayon sa bahay nina Marjorie. Birthday kasi ni Marj at ang hiningi niya sa kanyang mga magulang ay sleepover para sa aming mga girls. Syempre, 'di kasama si Leon doon. Ihahatid niya lang naman ako.

"Okay na, Freya. Aalis na ba kayo?" tanong ni Mama.

"Opo sana. Alas sais ang usapan namin nina Marjorie, e."

Tumango si Mama. Pinakawalan na kami kaya kinuha na ni Leon ang bag ko para makaalis na sa bahay.

Tahimik siya patungo sa sasakyan. Nilagay niya ang bag ko sa backseat at pagkatapos ay pinagbuksan ang front seat.

Tiningnan ko siya. Hindi muna ako pumasok. Nagkatinginan kami nang napansin niya ang pagtayo ko lang doon.

"Hmm?"

Nagtaas siya ng kilay. Ganoon din ang ginawa ko.

"Okay ka lang?"

Kanina pa kasi siya seryoso. Thirty minutes akong rumampa sa sala at tahimik lamang siya. Walang sinasabi.

Tumango siya at lumunok. It's weird to see him so bothered like this. I'm not used to it. Humalukipkip ako at hinintay ang pagsasalita niya. Alam niya iyon. Binigyan ko siya ng ilang sandali bago makapagsalita.

"Fine..." ani Leon sabay tingin sa akin. "I'm not ready to see you in front of everyone... like that."

Tumawa ako. Nangiti rin siya pero pinipigilan niya.

"Oo nga pala. This is your first time, right?"

I met him right after my last win. Kaya first time niya ngang makikita ito ngayon.

It's always been a part of me but for him, it's like the other side of Freya.

"Parang..."

Natulala siya sa gilid.

"Ang hirap." Sabay tingin niya sa akin. "Maraming magkakagusto sa'yo kapag nakita nilang ganito ka..."

"Ha?" Nanliit ang mga mata ko. "Ganito ako?"

Tumawa siya at umiling.

"Huwag na nga! Basta! Sige na. Pumasok ka na..."

"Hindi ko naiintindihan, Fourth..."

Nagkamot siya sa ulo at iminuwestra niya ang kanyang sasakyan.

"Sige na..."

"Bakit nga?" pilit ko.

Bumuga siya ng malalim na hininga at hinarap muli ako.

"I will support you. But it's just so hard to..." Pumikit siya ng mariin. "Ayaw ko, Frey... Ayaw ko ng hinahangaan ka masyado ng maraming lalaki...

Pinagpapantasyahan."

"Huh?" Napalakas ang boses ko sa sinabi niya.

Tinampal ko ang braso niya. Ngumisi siya at hindi makatingin sa akin.

"Sabi na, e. Pumasok ka na nga lang!" aniya sabay marahang tulak sa akin sa kanyang sasakyan.

Sinarado niya ang pintuan. Tumawa ako. Nakita ko siyang umiiling paikot sa driver's seat.

Kantyaw ang inabot niya sa akin habang nagdadrive patungo kina Marjorie.

Ngiting-ngiti ako habang siya ay miserable dahil nalaman ko ang tunay niyang hinaing.

"Leon Revamonte. Territorial. Synonyms ba ang mga iyan?" kantyaw ko sa kanya.

"Tsss. Freya..." pigil niya sa akin. "Bakit? Hindi ka ba ganoon sa akin?"

Nilingon niya ako na para bang hinihintay ang sagot. Ngumiti lamang ako. Hindi ko alam kung gusto ko bang umulit sa pageants para makita ang ganitong reaksyon niya or tumigil para lang pagbigyan ang gusto niya.

"Territorial ka rin sa akin, e..." ani Leon.

Tumawa lamang ako.

"Tssss..."

Nag-aassume na naman siya. Naaliw talaga ako rito. But in truth... yes... I am territorial. So territorial.

"Bagay sa'yo ang pangalan mo. Leon..." sabi ko.

Ngumisi lamang siya at nagpatuloy sa pagdadrive.

"Balang araw... ikaw rin, Frey. But unlike you, I won't laugh."

Tinigil niya ang sasakyan sa tapat ng bahay ni Marjorie. Ang usapan namin ay idadrop niya lang ako ngayon. Isa pa, may basketball game rin sila ni Joaquin.

Pagkatapos dito ay pupuntahan ni Leon si Julio para sabay na silang pumunta sa court.

Kinalas ko ang seatbelts at tumingin kay Leon.

"I'd kiss you..."

Napawi ang ngiti ko kanina. The reflection of his eyes is just so amazing.

Kumikislap iyon dahilan kung bakit nangapos ako sa paghinga.

Tumunog ang cellphone ko. Pareho kaming napatalon. Pumikit ako ng mariin at si Leon naman ay huminga ng malalim.

"Hello?" sagot ko.

"Asan ka na? Kanina pa kami rito kina Marj!" si Juliet.

Sinapo ko ang aking noo at agad na binuksan ang pintuan. Bumukas rin ang kay Leon.

Kukunin ko sana iyong bag ko sa likod pero naunahan niya na ako.

Sabay kaming lumabas ni Leon.

"Nasa labas na. Papasok na sa gate... Papasok na ako..." sabi ko.

"O? Ayana, pakitingnan nga. Sa gate raw..."

Pinutol ko ang linya.

"Pumasok ka na sa gate..." ani Leon.

Kinuha ko ang bag ko sa kanya. Tumango ako.

"Salamat..."

"Text me when you're inside..."

Ngumiti ako. Wow, ha? Mga 30 seconds lang ang agwat noon.

"Yeah..." sagot ko at binuksan na ang gate ng bahay nina Marjorie.

Mga anino ng kaibigan ko ang nakita ko sa bintana. Nilingon ko si Leon. Kumaway siya sa akin. I waved at him too.

Nagpatuloy ako sa paglalakad papasok at nang nakarating sa pintuan ay nasalubong ko si Ayana. She's wearing a short shorts and spaghetti strap top. Ngumiti siya sa akin.

"Nandoon sila sa loob," ani Ayana.

Tumango ako.

Nanatili ang mga mata ni Ayana sa likod ko. Para bang may tinitingnan siya.

Titingnan ko rin sana pero pinigilan ko ang sarili ko. I think I know who she's looking at.

"Kasama mo si Leon, 'di ba? Isosoli ko lang itong panyo..."

Ipinakita niya sa akin ang panyo at nilagpasan na ako doon. Pumasok ako sa pintuan ngunit hindi tuluyan sa bahay. Nanatili ako para tingnan kung

anong gagawin ni Ayana.

"O, Freya! Ginugutom na kami! Inantay ka namin. Sa dining table na tayo!" ani Juliet.

Tumayo silang pareho ni Marjorie para pumunta sa lamesa. Nanatili akong nakatingin sa labas.

Papasok na sana si Leon sa kanyang sasakyan nang tinawag siya ni Ayana. Binuksan ni Ayana ang pintuan at tumakbo patungo kay Leon.

Bago pa niya ipinakita ang panyo ay may sinabi muna siya. Ngumiti si Leon at umiling.

Baka sinabing isosoli ang panyo kaya umiling si Leon? God!

"Freya! Kain na tayo? Asan si Ayana?" tanong ni Marjorie. "Ilapag mo muna 'yang bag mo..."

Hindi ako sumagot. Nanatili akong nakatingin kay Ayana at Leon.

Masyadong mahaba ang usapan. 'Di parin ipinapakita ni Ayana ang panyo ni Leon.

Nanliit ang mga mata ko. Ngumiti si Ayana. Her smile is so weird. Kaduda duda.

Iyong nahihiya at pa-cute. God! I am not even sure if I'm thinking too much or what but...

"Freya?" ani Juliet.

"Saglit lang..." iritado kong sinabi.

Ipinakita ni Ayana ang panyo ni Leon. Kumunot ang noo ni Leon sa panyo. Seryoso na ang kanyang ekspresyon ngayon. No trace of humor or what. Ayana's serious now too...

"Anong tinitingnan mo riyan?" sabay tabi sa akin ni Juliet.

"Wala. Si Ayana, sinoli kay Leon ang panyo..." sabi ko.

"Ah!" ani Juliet sabay alis ulit sa tabi ko.

Nagtiim bagang ako. Nakita ko ang pagkibot ng labi ni Leon nang sinabi niyang

"Thank you..."

Ngumiti si Ayana at marami pang sinabi. Tiningnan muli ni Leon ang panyo at pagkatapos ay binuksan na ang sasakyan.

Tumabi si Ayana at kumaway kay Leon. Kumaway si Ayana habang umaalis ang sasakyan ni Leon. Ilang sandali pa bago niya tinalikuran ang daanan.

I immediately moved away from the door. Nilapag ko ang aking bag sa sofa at dumiretso na sa lamesa.

Pagkarating ni Ayana sa loob ay tahimik ko siyang tiningnan. Nagtama ang aming mga mata. She then looked away...

"Kain na tayo, Ayana..."

Nagtaas ako ng kilay. I am really feeling that ugly thing in my gut. Kumalabog ang puso ko. Hindi sa kaba kundi sa unti-unting pag-aalab ng iritasyon.

"Oo. Gutom na ako..." she said happily.

Sa harap ko siya umupo. Kumuha agad siya ng ulam. Tiningnan kong mabuti ang maligaya niyang kilos.

"Alam mo ba itong si Ayana, Frey? Nililigawan 'yan ng course namin na siya ang mag represent sa Ms. ACC," ani Marjorie.

"Talaga?"

Pilit kong pasiyahin ang tono ko ngunit nanatili ang pagtataas ng isang kilay. I really can't help it!

"Oo!"

Pumula ang pisngi ni Ayana. Tumawa siya.

"Hindi nga ako pumapayag!"

"Ba't naman?" tanong ko.

"E, ayaw kong kalaban ka..."

So...

First, it's okay with her. She can handle the pressure. Hindi siya nahihiya sa harap ng maraming tao. Dahil ang rason niya kung bakit hindi siya sasali ay dahil kalaban ako. Hindi man lang... dahil "nahihiya" siya sa mga tao.

"That's okay. I'm sport..."

Nagkibit ako ng balikat.

"Oo nga, Ayana. Try it!" ani Juliet.

"E kasi itong si Juliet, ayaw pa," ani Marjorie.

Binati ko ang mga magulang ni Marj nang naghatid sila ng ilan pang ulam sa lamesa.

Ngunit dinirekta ko rin agad kay Ayana ang aking atensyon.

"Kasi nga next year na ako..." sambit ni Juliet.

"O, kailangan mo nang pumayag, Ayana..." ani Marj.

"Wala akong alam sa ganyan. First time ko ito, kung sakali... Eh alam kong si Freya, matagal na 'tong ginagawa..."

The iritation inside me went full blast. Hindi ko maintindihan ang sarili ko pero alam ko na sa kaibuturan ay may pagdududa ako.

"Matagal na rin simula ng last pageant ko. Join. Pareho tayong beginners, kung sakali..."

Umiling siya. "I've never been to this. Ako lang ang beginner..."

Edi ikaw na!

"Let's try your beginners luck, then..."

Tumikhim si Juliet. "Try mo Ayana..."

Ngumisi si Ayana. "Hmmm..."

Talagang pinag-iisipan niya. Talagang gusto niyang mangyari ito.

"Besides, this will completely build your confidence. Your experience... You'll meet new people. Magiging exposed ka rin sa crowd..."

Experience lang. Because I am going to win the crown!

"Oo nga! Try mo!" Juliet seconded.

"Sige..." Kibit balikat ni Ayana.

Sumubo ako ng pagkain. I almost rolled my eyes kaya uminom na lang ako ng tubig para pagtakpan iyon.

Ngumiti ako kay Ayana. She smiled back at me.

"Hala! Totoo ba ito! Oh my! I'll text the organizer!" ani Ayana.

"Good luck!" ani Juliet sabay tingin sa akin.

Nagpatuloy ako sa pagkain. Si Marjorie at Ayana ay parehong masaya sa desisyon. We joined their happiness, too. Syempre naman. I'm not entirely rude.

Mas naging masaya kami nang pinalabas ang cake ni Marjorie na may kakaibang kandila. Iyong flower na bumubuka at tumutugtog ng birthday song.

We took pictures. I took pictures with Juliet, Marjorie... and Ayana...

Nakisaya ako.

Ngunit sa aking puso ay may kung ano. Naitext ko na si Leon kanina habang kumakain.

He sent me three messages reminding me to text him about everything.

Pero sa huli ay gabing-gabi ko na nacheck ang cellphone ko. Iyong nakahiga na kaming apat habang nanonood ng movie. Ayana's on the other side. I'm inbetween Marj and Juliet.

Leon:

Tulog ka na ba?

Leon:

What are you doing?

Ako:

Nanonood na lang kami ng movie. Ngayon lang ako nakapag reply dahil busy kami kanina sa pagcecelebrate ng birthday ni Marj. Are you home?

Leon:

Oo. Kanina pa. We won.

Ako:

Foul out?

Leon:

Almost lang. :D Kumain ka na?

Ako:

Of course. The first thing we did. Ikaw?

Leon:

Kakain pa lang. Call? Or nah?

Napatingin ako sa TV. Pagkatapos ay kay Ayana na halos magtago sa ilalim ng kanyang unan dahil sa takot. Stupid horror movies.

Ako:

Sinoli ni Ayana ang panyo mo kanina?

Leon:

Yup. Nakalimutan ko na nga na nasa kanya pala 'yon.

Ako:

Anong sinabi niya sa'yo?

Ilang saglit pa bago nagreply si Leon. I don't know if it's because he's eating or my question is hard.

Leon:

Nagpasalamat sa panyo. Sinabi ko sana 'di niya na lang sinoli. There's no problem.

Why?

But I'm sure that's too long for just that statement.

Ako:

Nagtatanong lang. Tapos ka na kumain?

Leon:

Yup. Maliligo na ngayon. Can I call right after?

Ako:

Okay. :) Maligo ka na.

Leon:

Yes, Frey...

Nilapag ko muna ang cellphone ko at nagconcentrate sa movie. Sumisigaw na si Juliet at Ayana sa takot. Napapatalon lamang ako kapag may biglang sumusulpot o masyadong maingay ang sound effects. Everything is just about sound effects when it comes to this.

Tumunog bigla ang cellphone ko. It's Leon.

"Sus!" ani Juliet.

Tumayo agad ako. Lalabas muna ako saglit para kausapin si Leon. May ibang mga gabing hindi siya kuntento sa text. Isa itong gabing ito.

"Sagutin ko lang ito..." sabi ko.

Tumingin si Ayana sa akin.

"Si Leon, Frey?" she asked.

What a stupid question! Who would call, right? Si Mama? At aalis ako sa harap nila para sa tawag ni Mama? Right! Maybe!

"Oo. Bakit?"

Tumigil talaga ako para antayin ang kanyang magiging sagot.

Umiling siya at nilipat ang mga mata sa TV.

"May ipapasabi ka?" tanong ko.

Napatingin si Juliet sa akin. Sumigaw si Marjorie dahil sa horror movie.

"Wala naman..." ani Ayana.

"Ah!"

Tumango ako at niswipe na ang cellphone.

"Hmm?" salubong ko kay Leon.

"Hi..." His voice was husky.

Tinulak ko ang pintuan para makalabas pagkatapos ay umirap.

"Hello..." sagot ko at humalukipkip.

Nasa bakuran na ako nina Marjorie. Umupo ako sa isang wooden bench doon. Hindi bali ng lamukin. Huwag lang sa loob makipag-usap kay Leon.

Humikab si Leon. Kinagat ko ang labi ko.

"Anong pinapanood n'yo?" tanong niya.

"Horror. Ang ingay ni Juliet at Ayana..."

I mentioned Ayana to see if there's anything.

"Ikaw? Hindi ka nag-iingay diyan?" He chuckled.

There's none, though. No reaction.

"Hindi naman."

"Hindi ka natatakot?"

"Natatakot din... Nabibigla lang, actually..."

"Hindi pa natin 'yan nagagawa..."

"Panonood ng horror movie?" tanong ko.

"Yup... You just gave me an idea..."

"Saan naman tayo manonood?" tanong ko.

"Sa kwarto ko?"

"Ha?"

Tumawa siya. Pumikit ako ng marihin at 'di na mapawi ang ngiti ko. Hindi mababayaran ng kahit ano ang ginagawa ni Leon sa akin.

"I'm kidding..." bawi niya agad.

"Sa sala na lang muna..."

Ngumisi ako.

"Muna? Next time sa kwarto na?" Tumawa ulit siya.

"Bakit? Ano bang meron sa kwarto? Masyado kang dirty minded!"

"Wala lang..." Tumawa ulit siya.

The sound of his voice inside a room and sleepy is just so attractive.

"Anong ginagawa mo?" tanong niya.

"Hmm. Nakaupo lang dito sa labas. Bakit?"

"Nilalamok ka diyan? Pumasok ka na sa loob..."

"Hindi naman... Ikaw anong ginagawa mo?"

"Just... hugging my pillow..." ani Leon.

"Oh little girl..." kantyaw ko.

"Tsss... Imagining this is you..."

Tumawa ulit ako. Ilang sandali ang nakalipas ay napawi ang tawa ko.

"Fourth..." I said.

Hindi siya agad nagsalita. Hinintay ko ng ilang saglit dahil alam kong nakikinig talaga siya. Ganyan lagi. This isn't the first time.

"I'm really so addicted to that, you know..." seryoso niyang sinabi.

Fourth. Iyon ang kinaadikan niya. Ang tawagin ko siyang Fourth. Ewan ko kung bakit.

"What is it, Freya?" malambing niyang sinabi.

"I think you're right."

"Right about what?" kuryoso niyang tanong.

"I'm kind of territorial..."

Hindi ulit siya nagsalita. Para bang pinoproseso pa ang sinabi ko.

"That's okay, Frey..." mas malambing niyang sinabi. "I am so territorial. I am very, very territorial. So kind-of-territorial is okay."

Humalakhak ako. Parang nawala ang bigat sa aking puso.

"Hihintayin ko iyong sobrang territorial mo na. What I'd give for that, Frey..."

Humalakhak din siya.

Paano ko sasabihin sa kanya ang tungkol kay Ayana. Para namang wala lang iyon sa kanya. But then... I really have this feeling about Ayana. I really have this bad feeling.

==========

Kabanata 17

OceanofPDF.com

Jealous

"Joaquin," tawag ko sa aking kapatid.

Nasa cafeteria ako kasama si Juliet. But she's reading. Hindi ko na nga lang inistorbo dahil milagro.

"Ate..."

Lumapit ang kapatid ko. It's 4 in the afternoon. Hinihintay ko na lang si Leon ngayon dahil may meeting pa sila sa kanyang groupmates. Pinilit ko pa nga iyong pumunta dahil umaayaw na naman siya ngayon.

"MagTi-Tinago na naman kayo ngayon?" I asked.

Tumango si Joaquin.

Nilingon ko ang mga kaibigan niyang nasa likod. Kumpleto sila. Drixie and Heather's ready. Naroon na rin sina Henry. Isa na lang ang kulang... si Ayana.

"Bakit, Frey? Gusto mong mag Tinago?" tanong ni Juliet.

Binaba niya ang aklat na binabasa at uminom galing sa straw ng softdrink. Umiling

ako.

"Nope... I need to finish some things..."

"Oo nga naman. Ang daming requirements." Suminghap siya. "Ang tagal ni Marj!"

"Balik muna ako doon..." sabay turo ni Joaquin sa mga kaibigan.

Tumango ako ngunit maagap din siyang pinigilan. "Isasama n'yo si Ayana?"

"Oo."

Luminga-linga si Joaquin. Para bang hinahanap sa paligid si Ayana.

"Akala ko sumunod samin."

"Ha? Nasaan pala siya?"

Nagkibit ng balikat ang aking kapatid.

"Ewan ko..."

Nilingon ni Joaquin ang building kung nasaan si Leon. Nanliit ang mga mata ko.

Don't tell me diyan sila nanggaling. And don't tell me... Hmmm. I'm over reacting.

That can't be. Umiling ako.

"Sige. Pumunta ka na kina Drixie..." sabi ko.

Tumango si Joaquin at tinalikuran ako. Tumikhim si Juliet at nagpatuloy sa pagbabasa.

I took out my phone.

Ako:

Tapos ka na ba?

Tinext ko si Leon. I still have that ugly feeling. I don't want to feel this, though. Dapat ko itong itabi.

"Hmm. Ikaw naman ngayon ang panay ang cellphone ha?"

Humalakhak si Juliet nang napansin ang patingin-tingin ko sa aking cellphone.

Hindi ako nagsalita. Pinaabot ko ng tatlong minuto bago ako tumayo. He did not reply. And I'm thinking about something. Ayaw ko lang aminin sa

sarili ko. Because that would be too much.

"Saglit lang ako..." sabi ko kay Juliet.

Tumingala siya sa akin.

"O? Saan ka?" she asked.

"Puntahan ko lang si Leon."

Diretso na akong umalis. Hindi ko na hinintay ang kantyaw o kahit ano pa mang side comments niya.

Malapit sa AVR nagmeeting sina Leon. Kasama niya doon ang mga kaibigan niya tulad nina Russel at Julio. Una kong nakita si Julio na kausap ang isang babaeng mukhang group leader na tinutukoy ni Leon.

May mga handouts na dinidistribute ang babae. Ginala ko ang mga mata ko sa kanila para hanapin si Leon. Palapit pa lang ako ay nakita kong wala siya roon.

Tumigil ako sa paglalakad nang nakalapit na ako sa hagdanan. Bago pa ako makita ni Russel ay nagtago ako doon pagkatapos ay ginala ko ang mga mata ko sa paligid.

Tumalon ang puso ko nang nakita ko si Leon sa labas ng building. Under the shade of the Mahogany trees, naroon siya kasama si Ayana.

Nanlaki ang mga mata ko sa nakita.

Bumilis ang pintig ng puso ko.

I really thought it's just a wild guess. I really thought I'm just over reacting.

That I'm creating my own problem! Pero ang makita ngayon na ganyan na, hindi ko na alam kung anong mararamdaman ko.

Napahawak ako sa aking puso. Parang may hanging dumaan dahilan ng pagsakit nito.

Bumigat ito. Pilit ko paring kinalma kahit na alam kong hindi na maiiwasan pa ito.

Ayana's wearing a lavender dress. Gray T-shirt and dark maong pants naman ang kay

Leon. Sa ilalim ng nagtatayugang mahogany tree, they look like an epic painting.

Hinihipan ng hangin ang buhok ni Ayana. Seryoso namang nakikinig si Leon sa kanya.

Habang tinitingnan ko ang dalawa ay lumalakas ang pintig ng puso ko.

Bakit sila nag-uusap? Wala na silang kailangan sa isa't-isa. Nasoli na ni Ayana ang panyo kay Leon. Ano bang pag-uusapan nila?

Lutang lamang ang naramdaman ko nang may napag-isip isip.

Do I have the right to question Leon? Do I have the right to demand answers? Do I have the right to keep him away from Ayana? Hindi naman kami.

Ganunpaman, alam ko na hindi ako matatahimik kung hindi ko gawin ang mga iyon. So what if we're not really together? So what if I ask him? So what if I demand answers! If he couldn't answer it, then... that's too bad.

Nanikip lalo ang dibdib ko sa mga naiisip.

Nanlaki ang mga mata ko nang tinalikuran ni Leon si Ayana. Napatalon ako at aalis na sana sa kinatatayuan ko para bumalik sa cafeteria nang tumigil si Leon at hinarap muli si Ayana.

Kumunot ang noo ko at mas lalong nanikip ang aking dibdib. Bakit ganyan? Anong meron?

Kapos ako sa paghinga sa sobrang pagsikip ng dibdib. Gusto kong malaman! But then is this enough to question him?

My mind is tangled! Hindi na ako makapag-isip ng mabuti! Hindi ko alam alin ang uunahin ko. Ang pag-iisip kung may karapatan ba ako, ang pagtatanong, ang paghuhula kung anong meron, at kung anu-ano pa.

Binalikan ni Leon si Ayana at lumapit siya rito. May sinabi siya kay Ayana pagkatapos ay tinalikuran niyang muli ito.

Nagtiim bagang ako.

Should I confront him now?

Nangilid ang luha sa aking mga mata. Tumingala ako.

Para saan 'yon? Wala pa naman, a? Bakit ganito?

Pumikit ako ng mariin habang nakatingala. As far as I know, this is the first time I felt this. I've never been this jealous. Sa puntong mararamdaman ko sa bawat himaymay ng aking puso ang sakit.

To act now without thinking it through will probably mess it up. I should give myself time, right? Pero ang isang parte sa akin ay galit na galit. Gustong-gusto ko agad malaman kung ano 'yon! I wat to lash out in front of Leon. To ask him about everything that's bothering me!

Kinain ako ng nararamdaman ko. Lutang akong naglakad pabalik ng canteen. Hindi tumulo ang luha ko dahil pinigilan ko iyon. Ngunit may kung anong espasyo sa aking puso. Hindi ko alam kung anong nawala at bakit ganoon na lamang ang naramdaman ko.

"Oh? Saan na?" salubong ni Juliet sa akin pagkabalik ko.

"Nasa meeting pa..." sabi ko ng 'di siya tinitingnan.

"Hindi pa tapos?" wala sa sariling tanong ni Juliet. "Oh! Heto na pala..."

Napatalon ako at napatingin kung sino ang tinutukoy niya.

"... Si Marjorie..."

Binagsak kong muli ang mga mata ko sa aking aklat.

Hindi pumapasok sa utak ko lahat ng mga salita. I couldn't understand anything.

Naka sampung beses ako sa pagbabasa ng isang paragraph at wala paring pumapasok sa kokote ko.

This is why you really can't do two things at once. To be in a relationship and to study like this. Hindi pala talaga pwede.

And I'm not even in a relationship, huh!

"Hi! Kakapagod! Anong gagawin n'yo ngayon?" tanong ni Marjorie at pabagsak na umupo sa upuan.

"Wala naman. Uuwi lang. Ikaw?" tanong ni Juliet.

"May meeting kami ng groupmates ko sa English mamaya. Wala ba kayo?"

"Wala, e. Hmm. Ikaw, Freya?" tanong ni Juliet.

"Huh?"

Kumunot ang noo niya. I did not hear her.

"Anong gagawin mo mamaya?" tanong ni Juliet.

"Jogging..." tanging sagot ko.

"Hi!" si Leon.

Kinuha niya agad ang isang monoblock chair galing sa ibang lamesa at itinabi sa akin. Nilapag niya ang dalang libro at hinanap ang mga mata ko.

"You done?" he asked.

"Uh. Yup..."

I need to act normal. I will ask him but not right now when my head is still in tangles. Nilingon ko si Leon. He smiled like nothing's going on. Syempre, ako lang naman kasi ang nakakaalam sa nakita ko.

"Tara na? Sa Tereles tayo magja-jogging ngayon," ani Leon.

Tumango ako at hinagilap ang mga gamit.

Tumayo si Leon at tinulungan na ako sa mga aklat ko. Hinayaan ko siyang dalhin iyon.

Papunta kami sa kanyang sasakyan ay tahimik ako. May nadadaanan siyang mga kaibigan kaya medyo naging abala siya sa pagbati sa kanila.

Pinatunog niya ang car alarm. Agad akong dumiretso sa front seat. He never got to open the door for me. Pumasok agad ako at nag-ayos ng seatbelts.

Uuwi muna ako para makapagbihis ng damit pang jogging. May dala siya at sa bahay na siya magbibihis. This is our routine. Only that today is different. At ako lang ang nakakaalam kung bakit iba.

"Kumusta meeting n'yo?" tanong ko nang 'di siya tinitingnan.

"Fine. We divided the topics."

Tumango ako.

Sumulyap siya sa akin ng isang beses. Hindi ko siya nilingon.

"Buti wala kang meeting ngayon?"

Umiling ako. "Nagawa ko na kanina."

"Ayos lang ba sayo kung sa Tereles tayo mag ja-jog..." Humalakhak siya. "Paakyat doon?"

"Yup..."

"Whoa! Sure?"

"Yup..."

Sumulyap ulit siya sa akin. Ni hindi ako nag effort na gawing mas masigla ang boses ko.

Pagkarating sa bahay ay sinalubong agad ako ni Mama ng mga tanong tungkol kay Joaquin.

"Tinago na naman sila?" tanong ni Mama.

"Oo. Kasama mga kaibigan. Sina Henry... Drixie, Heather, Ayana..." Nilingon ko si Leon na ngayon ay inaayos ang sapatos. "Ben..."

"Hindi nakapagtext 'yong kapatid mo. Inaasahan niya talagang sasabihin mo sa akin!"

Pagkatapos magbihis ay nagpaalam na kami ni Leon. Pabalik sa sasakyan ay nauna ako.

"Hey..." tawag niya.

"Hmm?" Nagtaas ako ng kilay sa kanya.

Pinanood niyang mabuti ang aking ekspresyon. He looked right through my eyes. Nag-iwas ako ng tingin. His curious eyes were too much for me.

"Is there a problem?" tanong niya.

"Wala," sagot ko at agad na pumasok sa loob ng kanyang sasakyan.

Umikot agad siya para makapasok sa driver's seat. Nilingon ko siya. Nakatingin din siya sa akin.

"Sa bahay ka na magdinner mamaya. Pagkatapos mag jogging..."

Tumango ako. "Okay..."

Tumango rin siya at pinaandar ang sasakyan. Tahimik ako sa byahe patungong Tereles.

Nagtatanong siya paminsan minsan sa akin at nililingon niya ako paminsan-minsan.

Nang tumigil na ang sasakyan sa paanan ng burol ay nilingon niya na ako. Kinalas ko ang seatbelts.

"I know you have a problem. What is it, Freya?" tanong niya.

Tinitigan ko siya ng mabuti. Iniisip ko pa kung ano ang tamang gawin. Nawala na ang galit na nararamdaman ko kanina. Hindi ako sigurado kung namanhid o ano.

"I saw you with Ayana earlier..." I said.

Tumango siya. "She said she wants to talk to me..."

"Alone?"

Nanliit ang mga mata ko. Tumango naman si Leon.

"She said she wants us alone," aniya.

"Anong pinag-usapan n'yo?"

Leon smirked.

Uminit ang pisngi ko. Lalo na nang tinitigan niya na ako na para bang may hinahanap siya sa aking mukha.

"What?" Nangingiti niyang tanong.

"Answer my question, Fourth!" pagalit kong sinabi.

"Well, she asked me if we'll go to Tinago that day. I said we won't."

"Iyon lang?" Nagtaas ako ng kilay.

"Tinanong niya rin ako kung anong mga ginagawa mo in preparation for the pageant. I told her to go straight to you for that. I'm not entirely sure. We

just jog and that's all. Plus I see you rehearse."

Nagkibit siya ng balikat at ngumisi muli.

"Is that all?"

Kumunot ang noo niya. "Are you jealous?"

Umiling ako at lumabas ng sasakyan niya.

Hindi pa siya nakakalabas ay nagsimula na akong tumakbo. May route na kami rito.

Iyon ang sinunod ko. Inikot ko muna ang buong burol.

Nag sprint ako kahit na hirap. Tumigil lamang nang nalibot ko na ang kalahati ng burol. I started jogging normally hanggang sa narating kong muli ang pinagsimulan ko.

Sasakyan na lang ni Leon ang naroon. Then I heard his footsteps from somewhere. I was sure he's not far behind.

Umakyat ako ng burol na tumatakbo. Hindi ko na halos mahabol ang hininga ko. Hindi ko alam na masarap palang magjogging kapag ganito. Parang lahat ng frustration ko ay ibinubuhos ko sa bawat yapak.

Tumigil ako nang nakarating sa tuktok. The table is still there. Nakapamaywang ako habang hinahabol ang hininga. Hindi pa ako nagsasampung segundo roon ay nakaakyat na rin si Leon. He sprinted. Didn't stop until he got to me.

Agad niyang hinawakan ang baywang ko. Bago pa ako makaapila ay binuhat niya na ako at nilapag sa lamesa.

Pareho kaming hinihingal. Ramdam ko ang pawis sa kanyang katawan at braso.

Nakahawak ako sa kanyang pawisang braso ngayon.

"Ano ba, Fourth!" sigaw ko.

Niyakap niya ako habang hinihingal. Hindi ako makahinga dahil sa yakap niya. Para akong pinipiga.

"Fourth! 'Di ako makahinga!" sabi ko sabay habol sa paghinga.

Nanatili siyang nakayahap. Binaba niya ang braso sa aking baywang at mas lalong hingpitan. Nilagay niya ang kanyang ilong sa aking buhok. Malapit sa aking tainga.

Ramdam ko ang bawat hagilap niya ng hangin. Pareho kaming dalawa.

"You did not stretch..." he whispered.

Hindi ako sumagot. Ngayon ko lang din napagtanto. Agad akong tumakbo at iniwan siya. Hindi ko na naisip na kailangan ko nga pala ng stretching.

Bahagya ko siyang tinulak ngunit mas lalo lang niyang hinigpitan ang yakap niya.

"Fourth!"

Suminghap ako ng malalim. Hindi parin nagiging stable ang paghinga ko.

Mas lalo pang humigpit ang yakap niya. My chest touched his.

"Ayaw ko na pala..." bulong niya sa akin, sabay singhap rin. "Ayaw ko na palang nagseselos ka."

Tumigil ako sa pagtulak at hinayaan siya sa kanyang pagkakayakap. Narinig ko ang malakas na pintig ng puso ko. Siguro ay dahil sa ginawa ko.

"I'd shit bricks if you do this again..." seryosong bulong niya sa aking buhok sabay singhap.

Nanatili kaming ganoon. Tanaw ko ang gilid ng tereles peak at ang kabuuan ng mga lupain nila sa baba ng Tereles.

Unti-unting bumagal ang malalalim niyang hininga. Mas lalong humigpit ang yakap niya. Hinayaan ko siya roon.

"Do you know each other?" tanong ko ng wala sa sarili.

"Ayana?" tanong ni Leon na hindi ko sinagot. "Nope... Bakit mo naisip 'yan?"

"I just feel like you know each other..." sabi ko.

Humigpit lalo ang yakap niya sa akin.

"Hindi, Frey. Sabay lang natin siyang nakilala," bulong niya sa aking buhok. "I was just really being nice. She asked me if we could talk. I said we may. But she asked me to follow her so we can talk alone. Is that it? Huh?

Inangat niya ang kanyang ulo at hinuli ang aking mga mata.

"You saw us together?"

Tumango ako.

Mapupungay ang mga mata ni Leon. His beautiful eyes were bloodshot and tired.

Parang pinipiga ang puso ko.

Umiling siya. Parang bata na hindi alam kung paano gawin ang isang bagay.

"I know you're finding it so hard to trust me because of my past, Frey. But I told you... I am every bad thing. But I am true to my words.""

Napalunok ako.

"In case you don't know..."

Lumayo siya ng bahagya para hagilapin ang aking mga kamay. Hinawakan niya ang aking kamay at dinala sa kanyang labi. He kissed my hand softly. Pumikit siya ng marahan habang ginagawa iyon. Tumindig ang aking balahibo.

"I am in love with you. And when I mean love, Frey, there's only you. There's only one. I commit to this."

Nanlaki ang mga mata ko nang nakita ang mas lalong pagpula ng kanyang mga mata. His neck to his cheek's now so red too.

Umihip ang malakas na hangin. Papalubog na ang araw. He looked away. Para bang ikinakahiya niya na sa harap ko ay ipinapakita niya ang lahat sa akin. His soul.

Every bit of him. So wide open. And it's up to me if I'll break him.

Namuo ang luha sa gilid ng aking mga mata.

There's nothing wrong. I just want more time pero bakit parang may sakit akong nararamdaman. Hindi ko alam kung ano 'yon.

"I commit to you."

Binitiwan niya ang kamay ko at nayakap niya akong muli. Ang kanyang ilong ay nasa aking buhok muli.

"I really hate it when you push me away..." bulong niya.

Kinagat ko ang aking labi. Yeah. I remember it clearly.

"I'm always scared everytime you do that. Iyong parang lumalayo ka sa akin. Iyong parang naglalagay ka ng distansya... Ayaw ko ng ganoon. It hurts..."

Hinawakan niya ang kamay ko at nilagay niya sa kanyang dibdib.

"It hurts here..."

Suminghap ako at pinigilan ang aking mga luha. Bakit ang bigat bigat ng damdamin ko?

"Remember the... first time? Remember when I punched Steve?"

Kumunot ang noo ko. "Who's Steve?"

Nagmura siya ng marahan at mas lalong nilapit ang kanyang mukha sa aking ulo.

"Sa Alps noon? Noong tinanong kita kung natakot ba kita? Tapos umiling ka lang at umiwas ka sa akin."

I remember!

"Hindi ako umiwas noon..." I lied.

Humigpit muli ang yakap niya sa akin.

"Liar..." mas marahan niyang sinabi. "You were scared. I saw it in your eyes... You were even disgusted of me..."

Parang nilukot ang puso ko sa sinabi niya.

"Hindi ah!"

Wala na akong pakealam kay Ayana. Kung gusto niya si Leon, e 'di maglaway siya.

Wala siyang magagawa. He's mine! He'll forever be mine!

"Umiiwas ka. 'Di ka makatingin sa akin. Kulang na lang takbuhan mo ako! There's a constant pain in my chest that time. I thought it's a sign of a fucking heart attack!"

Tumawa ako.

First time ba niyang ma heart broken noon?

"Don't laugh! It's not funny... So... You really were scared that time, right?"

"Hindi nga!"

Hindi na mapawi ang ngiti ko.

"Ayaw ko ng ganoon..."

Mas lalo niya akong niyakap. His face fits my neck. Tumindig ang balahibo ko.

Nakikiliti ako sa kanyang hininga.

"Fourth..." I whispered.

Tinulak ko siya ng bahagya. Kulay kahel na ang langit dahil sa papalubog na araw.

Nag aaway na ang liwanag at dilim.

"No..." bulong niya.

Tumigil ako sa pagtulak.

"Sakin ka, Frey..." bulong niya. "Hindi ka makakawala..."

==========

Kabanata 18

Kabanata 18

OceanofPDF.com

Friend

Pagkatapos naming magjogging ay nagkasundo kaming sa kanila na mag dinner. Pumayag naman ako.

I felt really relieved. I know Leon's true to his words. Ilang beses ko nang napatunayan iyan. At kung sasabihin niyang ako lang, ako nga lang talaga.

"Where have you been, hijo?" salubong na tanong ni Don Pantaleon sa apo nang dumating kami.

Nagmano si Leon sa kanyang lolo. Sa likod ako at nag-aantay sa pag diretso ni Leon sa dining area.

"Nag jogging kami nI Freya sa Tereles, Lo. Bakit po?" he asked.

"Ang Ate Leandra mo ay narito. Hinihintay ka. Nasa dining area. I was about to call you when the maid said you're home."

Tumango si Leon. Sabay silang naglakad ni Don Pantaleon patungo sa dining area.

Nilingon ako ni Leon at ngumisi siya.

"Gutom ka na?"

Umiling ako.

"You're lying. Diet na naman?"

"Hindi ako nagda-diet 'no," giit ko.

Sa dining area ay naroon na si Ate Lea. Naroon na rin si Governor. Uminit ang pisngi ko. Mukhang private family dinner ito at narito pa ako. Napatingin si Ate Lea sa akin. Ngumiti siya. Thank God the Revamontes don't usually unwelcome guests.

"Hindi n'yo kasama si Juliet?" tanong ni Ate Lea sa akin.

Sinagot siya ni Leon. "Nag jogging kami ni Freya. Si Juliet, nagpaiwan. Siguro ay sa kanila iyon umuwi..."

Tumango si Ate Lea. Pinaupo ako ni Leon sa tabi niya. Tumikhim ako at tumuwid sa pag-upo. Masyado namang pormal dito.

Pinagsilbihan kami ng kanilang mga kasambahay. Nilagyan ng juice ang aking baso at pati ang paglalagay ng kanin ay sila pa ang gumagawa.

Nakapag dinner na ako rito kina Leon. Pero hindi naman ganito ka pormal. Siguro ay kapag may bisita, hinahayaan na lang muna ng kasambahay. Pero kapag sina Leon lang ang nasa bahay, ganito sila kung makapag silbi.

Nagsimula na kami sa pag di-dinner. Tahimik si Gov. Si Don Pantaleon lang ang patuloy na nagtatanong kay Ate Lea.

"Kumusta si Kaius?" tanong ng matandang Don.

"Maayos siya, Lo. Uuwi siguro iyon. Pero next year pa lang."

"Ano bang pinagkakaabalahan niya doon? Did he really pursue his love for art?"

Umiling si Ate Lea. "If you mean his love for sculpting, he said it's just his pastime. Lo, he's pursuing Architecture. He said it's almost related."

Tumango si Don Pantaleon. "That's great. Ang alam ko lang si Nicholas ang gustong mag Business. Though..." tumawa ang matanda. "I'm not sure if he's serious about that. Baka naman may apo na ako sa kanya?"

Tumawa si Ate Lea. "Don't expect from Nico. Even kay Kaius, lo. Parehong mapaglaro ang dalawa."

"Kay Leon na lang pala..." sabay tingin ni Don Pantaleon kay Leon.

Nilingon ako ni Leon.

Napainom ako ng tubig. Kumislap ang mata ng matandang Don at tumawa. Ngumisi rin si Ate Lea.

"Pati ba si Kai, sa susunod na taon pa babalik, Lea?" tanong ni Governor sa wakas.

Kanina pa siya walang imik. Nakikinig lang sa usapan. I wonder if he misses his other sons? Panigurado, hindi ba? Mga anak niya 'yan.

"Opo, dad," simpleng sagot ni Ate Lea.

"Mga anong buwan?"

"Iyan ang hindi ko sigurado..."

"Your mom with them that time?" tanong ni Governor.

Natigilan si Ate Lea at napatingin kay Leon. Nilingon ko rin si Leon na ngayon ay patuloy lamang sa pagkain.

"I... am not sure, dad..." nag aalinlangang sagot ni Ate Lea.

Humagalpak ng tawa si Don Pantaleon. Tumuwid naman sa pagkakaupo si Governor.

Nakakunot ang kanyang noo sa matanda.

"Am I going to start my lines for this again, Third?"

Bigong ang mukha ni Governor sa sinabi ni Don Pantaleon. Nagpatuloy ako sa pagkain.

Though I know they don't really mind my presence, pero pakiramdam ko ay sa mga oras na ganito ay dapat wala ako.

"Lo..." pigil ni Ate Lea sa matanda.

"Hindi solusyon ang paghihiganti sa kahit ano," ani Don Pantaleon.

Tumitig lamang si Governor sa matanda.

Huminga naman ng malalim si Ate Lea. "This is an old issue. Let us not ruin dinner for this..."

Now I feel so awkward. Hindi ko alam kung dapat ba akong narito. Alam ko ang isyu ng mga Revamonte. But I know that what I know is just the surface. I don't know everything. And I don't really mind if I don't. Hindi naman ako makikiusyoso.

"Nagtanong lang ako, Pa," mariing sagot ni Governor.

Tumawa si Don Pantaleon sa sagot. "Only those who are brave enough to forgive are the ones who can forget..."

Palipat-lipat na ang tingin ko sa kanilang tatlo. How awkward can this scene get?

Nilingon ako ni Don Pantaleon. Kumalabog ang puso ko nang nagtama ang paningin namin.

"Iyan ang dahilan kung bakit hindi nawala si Dorothea sa akin..."

Now my mind's tangled. Pilit kong inisip kung sino si Dorothea. Hindi ko saulo ang pamilyani Leon pero tingin ko'y ito ang yumao niyang Lola.

"Here we go again..." ani Ate Lea.

"And the main reason why Ate Astrid didn't marry... Because she can't forgive..."

singit ni Governor sa ama.

Tumawa si Don Pantaleon. "Astrid didn't marry because she couldn't find what she's looking for. She's lost it a long time ago, Third..."

"Mataas ang standards ni Tita Astrid sa mga lalaki, Lo..." si Leon.

Tumawa lamang si Don Pantaleon. "Isang bagay na namana ni Leandra..."

"Lo..."

"Third, ang tanging minana mo sa akin ay ang malasakit sa kapwa. Hindi mo namana sa akin ang nakay Daniel..."

Nag-iwas ng tingin si Governor sa ama at napainom sa wine glass.

Astrid Revamonte is Governor Pantaleon Revamonte's sister. Daniel is his younger brother, Juliet's father. Hindi ko pa narinig na mag-usap ang mga Revamonte sa ganitong bagay noon. Pakiramdam ko ay unti-unti kong nalalaman ang mga sekreto nila.

"How's your daughter, dad? Lumiere, I mean..." ani Ate Lea.

"She's... fine, Lea. Bakit?"

"Nakagraduate na iyon, hindi ba? Nagtatrabaho na ba?"

Suminghap si Governor. "Papapasukin ko siya sa pabrika..."

Then the conversation went on and on. Tahimik lamang ako hanggang sa natapos ang pagkain. Nagpaalam si Leon para ihatid ako sa bahay.

"Umuwi ka kaagad, Leon..." ani Ate Lea.

Tumango lamang si Leon at 'di na nilingon ang hapag pagkalabas naming dalawa.

"Pasensya ka na sa napag-usapan sa hapag..." ani Leon.

"That's okay. Nalibang ako sa pakikinig. Ang daming words of wisdom galing kay Don Pantaleon."

"Ganyan na talaga si Lolo," ani Leon sabay labas sa mansyon.

Gusto kong magtanong kung ano ang problema ni Governor at bakit siya pinapangaralan ni Don Pantaleon pero hindi ko na ginawa. Masyado naman yata akong nanghihimasok kung pati iyon ay itatanong ko. Tama na na narinig ko silang nag-uusap ng ganoon.

Bumilis ang mga araw pagkatapos noon. Sumama ako sa Maynila kay Papa at Mama para sa final fitting ng gown. Kukunin ko ang gown na isusuot sa pageant. We stayed there for two days.

"Paniguradong mananalo ka niyan, Freya!" ani Tita Betty.

Tuwing si Papa ay nag Ma-Maynila, dito siya tumitira sa common house nilang magkakapatid.

"Sana nga po..." sabi ko habang sinusukat ang gown.

"Naku! 'Tsaka pagkagraduate mo, ha? Fixed na 'yan. Papapasukin kita samin..."

Tumawa lamang ako. Masyado pang maaga para isipin iyang sinasabi ni Tita Betty.

Marami pang mangyayari. Pwede rin akong makahanap ng ibang oportunidad pero hindi ko maipagkakailang maganda na nga iyang offer niya.

"Ipagpatuloy niya lang iyang standing niya ngayon, paniguradong gagraduate itong with Cum Laude, Bet," siguradong sinabi ni Mama.

Pagkauwi ko naman, patuloy kami ni Leon sa pagja-jogging after class. Minsan naman, kapag may practice game siya ay nag rerehearse ako ng sports o talent kasama ang mentor ko. Ngunit isang buwan lang tumagal iyon dahil may sariling rehearsal na rin ang pageant na magsisimula next week. May photoshoot pa kami sa Biyernes, kung saan doon ko ma mi-meet ang ilan pang kasali.

"O, akala ko may rehearsal ka ulit ngayon?" tanong ni Juliet nang nagkita kami sa Library.

"Wala na. Last na iyong noong Sabado. Magsisimula na kasi next week ang sa pageant..."

"Oh! So hinihintay mo na lang si Leon ngayon?" tanong ni Juliet.

"Yup. May practice sila. 'Di ako na nood."

Tumango si Juliet. "Mabuti pa nga! Tuwing nanonood ka kasi masyado iyong pasikat!"

Umiling ako sa sinabi ni Juliet. That's true. The last time I went to their practice game nagawang mag dunk ni Leon. Pagkatapos ng ginawa niya ay nilingon niya agad ako.

Ang sinabi ni Russel ay talagang pasikat siya kapag nandoon ako kaya mas mabuting wala para hindi siya ganoon. 'Tsaka mas mabilis din siyang mapikon pag nanonood ako. Ayaw niya yata kasing naaagawan ng bola o ano kapag nanonood ako.

Nagtawanan kami ni Juliet.

"Tapos na kami sa grupo ko. Kanina ka pa ba rito? Sina Marjorie sa bahay nina Axl sila gumawa ng project at group study, e."

"Oo..."

Kumunot ang noo ko sa sinabi ni Juliet. Naalala ko kasi na nanghingi ng number ni Ayana si Axl kahapon. Hindi ko nabigyan dahil wala naman akong numero ni Ayana. He should just ask Marjorie. Ka groupmates pala sila, e.

"Crush yata ni Axl si Ayana..." sambit ko.

"Oh? Paano mo nalaman?"

Nanghingi kasi ng numero ni Ayana si Axl. Sakin..."

"Ba't sa'yo? Ba't 'di kay Marj?"

"Hindi ko alam. Nahihiya siguro kay Marjorie..."

Pagkatapos ng ilang minuto, nagpasya kami ni Juliet na pumunta na sa gym para tingnan si Leon. Ayaw niya kasing iniiwan ako.

"Sino na naman 'yang susundo sa'yo?" nanliit ang mga mata ko.

These past few days, may mystery man na naman siya. Hindi niya nga lang sinasabi sa akin. Madalas ay nalalaman ko naman pero ito, matinding pagtatago yata.

"Basta... Ihahatid kita kay Leon para makauwi ka na!" aniya sabay ngisi.

Umiling ako. Talagang masikreto siya sa bago niya ngayon, ha? Siguro ay para hindi maudlot?

"Tingin mo tapos na sina Leon ngayon?" tanong ni Juliet.

"I think so. Ganitong oras silang natatapos..." sambit ko.

Patungo na kami sa gym. Dinungaw ko ang cellphone ko, baka sakaling nagtext si Leon pero hindi pa. Siguro ay patapos pa lang ang game.

Naririnig pa namin ang mga tunog ng sapatos sa gym. Paniguradong patapos pa nga sila.

Pagkapasok namin ni Juliet sa main entrance ng gym ay nakita ko kaagad si Ayana sa bleachers. Malapit sa side entrance siya naupo. Mag-isa.

Dinungaw ko agad ang cellphone ko para magtype ng message kay Leon na ngayon ay nasa court pa.

Ako:

Tapos ka na? Hinihintay kita...

Tumunog ang siren hudyat na tapos na ang game. Nakatayo lamang kami ni Juliet sa main entrance.

Nakita naming dumiretso si Leon sa mga bag nilang nasa bleachers sa tabi lamang ni Ayana. Uminit ang pisngi ko. Literal kong naramdaman ang pagkulo ng dugo.

"Hmm. Si Ayana..." ani Juliet na mukhang ngayon lang nakita.

Kinuha ni Leon ang kanyang bag. Agad siyang naghubad ng pawisang jersey. Sa tabi niya ay sina Julio at Russel na ganoon din ang ginawa.

Nakipag high five si Leon sa mga kasama bago nagsuot ng t-shirt. Tumayo si Ayana,

'di kalayuan kay Leon.

Humakbang ako ng isa at hinawakan agad ni Juliet ang aking braso.

Nakita ko ang paglapit ni Ayana kay Leon. Napatingin si Leon kay Ayana. Ganoon din sina Russel at Julio. Naunang umalis si Leon, nilagpasan niya si Ayana. Hinabol siya ni Ayana at nawala na sila sa paningin ko.

Nanlamig ang kamay ko pagkatapos ay tiningnan si Juliet.

"What was that?" tanong ko.

Nagkibit ng balikat si Juliet. "Tawagan mo si Leon."

Sinunod ko ang sinabi ni Juliet. Nanatili kami sa kinatatayuan naming dalawa. Agad na sumagot si Leon sa tawag ko.

"Asan ka?"

"Nasa entrance ng gym. Nakita kita. Hinabol ka ni Ayana."

"Okay. Pupunta ako riyan. May sasabihin daw siya kaya niya ako hinahabol. I...

ignored her, though."

Nagtiim bagang ako. Sana ay sumunod si Ayana hanggang dito para magkaalaman na!

"Bilisan mo..." sabi ko.

Pinutol ko ang tawag at humalukipkip. Hinintay kong magpakita si Leon. Nainip agad ako kahit na ilang segundo pa lang ang nakakaraan.

Tahimik si Juliet sa tabi ko. When Leon finally showed up, nilagpasan ko siya para makita kung sinusundan ba siya ni Ayana.

Then there, I saw her! She's almost half running. Nang nakita niya ako ay bumagal ang lakad niya at nag-iba ng daanan.

"Anong sasabihin niya, Foruth?" salubong ko.

Sinalubong ako ni Leon ng yakap. Hindi parin ako mapakali. I mean... what the hell?

What kind of girl is that?

Tinulungan ko siya noon! I did everything for her to gain her confidence and now?

What the hell is she doing? Ngayong tanggap na siya ng mga kaibigan ni Joaquin, malalaman kong may ganitong side siya?

"Just ignore her..." ani Leon.

"Ignore? What the hell? Bakit siya nag aantay diyan sa bleachers para sa'yo at sinusundan ka pa niya? Para makipag-usap?"

Hinigpitan ni Leon ang yakap niya sa akin. Nagpupumiglas na ako sa galit. Halos masaktan ko na siya sa iritasyon!

"Anong pag-uusapan n'yo? Gaano ka importante?! At bakit parang wala lang sa'yo?"

"I don't care about what she has to say, Freya. It just doesn't matter to me."

Tinulak ko siya palayo sa akin. I am already so fuming mad. Nagtaas agad ng kamay si Leon. Humalakhak si Juliet.

"Ganito ba siya lagi? Tuwing wala ako, inaantay ka niya sa gym? Ganito?"

Naglahad ulit ng yakap si Leon ngunit binalewala ko siya.

"This isn't the first time a girl's this aggressive towards me, Freya. But I stayed with you so please, calm down..."

Shit? So totoo ang sinabi ko? Na nag aantay nga si Ayana twing may practice si Leon?! Ngayon ko lang naabutan dahil wala akong rehearsal? Na sa tuwing nag rerehearse ako ay tinatakbuhan pala ni Leon si Ayana?

Sinalubong ako ni Leon ng yakap.

"No need to worry about it..." ani Leon.

Pumikit ako ng mariin. It's true, though. This isn't the first time a girl's so aggressive towards Leon. Pero bakit dito ako pinaka naapektuhan? Because I made her. Because I am responsible for her confidence. Because she got accepted because of what we did to her. At ito ang isusukli niya sa malasakit ko?

"Freya, I'll ask Marj about this..." ani Juliet. "I've been thinking about this, too."

Nilingon ko si Juliet habang nakapalupot pa ang braso ni Leon sa aking baywang.

Huminga ako ng malalim, pilit na kinakalma ang sarili.

"I saw here outside Leon's class yesterday, too."

Nilingon ko si Leon. "Ba't 'di mo sinabi sa akin."

Pumungay ang mga mata niya. "Does it even matter? Hmm. May nakatingin lagi sa klase namin sa akin. Hindi ba mas importante iyon kesa sa nag-aabang sa labas?"

He chuckled.

Kinurot ko ang kanyang tagiliran.

"Aww!" Nanatili siyang nakayakap.

"It's important, idiot. I treated her like a friend!"

"Really?" bulong ni Leon.

Umiling si Juliet sa akin.

"Tara na nga..." ani Juliet. "Magtatanong ako. Magtanong ka rin..."

Nauna na siya sa paglalakad. Nanatili si Leon sa gilid ko.

"Your friend or not, I don't care. I don't like anyone, Frey. I am only attracted to you..."

==========

Kabanata 19

Kabanata 19

OceanofPDF.com

Weakness

"Wala namang nasasabi si Ayana sa akin," nag-iisip si Marjorie pagkatapos sabihin ni Juliet ang hinaing ko.

Of course, why would Ayana say that, right? Magkaibigan kami ni Marjorie. And they are all aware of what's in between me and Leon.

"Tatanungin ko..." ani Marj.

"Huwag na, ano ka ba. E 'di mas pangit kapag ganyan, Tinanong mo pa..." ani Juliet.

Hindi ako kumibo. I don't know what's the right thing to do. I just know that I'll confront her if there's a chance.

"You know, Freya, kahit na magpinsan kami, hindi naman kami super close..." ani Marjorie sa ang-aalalang tono.

"I'm not saying that she likes Leon, Marj. I just want to know why she's acting like that!"

"Tss. She's acting like that, Freya, because she likes Leon. I mean, why would she chase him like that?" ani Juliet.

"Baka naman nagkakamali kayo? Baka naman hindi niya naman talaga hinahabol si Leon.

Nagkataon lang na pareho sila ng dadaanan-"

"Hello! She waited there! Sa bleachers!" giit ni Juliet.

Huling araw ito ng finals para sa first semester. Ito rin ang unang araw sa rehearsal para sa Ms. ACC.

Tapos na ako sa aking exam sa araw na ito. Hinihintay ko na lang ang oras nang sa ganoon ay pumunta na sa gymnasium kung saan kami unang mag re-rehearse.

"Well... Hindi ko siya mahagilap dito sa school. She's always with Joaquin's friends. Why don't you ask him, Frey?" ani Marjorie.

I won't stoop that low. Hindi ko talagang sasadyain ang pagtatanong kay Ayana. I'd wait for the time na magkakaharap kami. Luckily, today is that day. She's the representative of the College of Business. Magkikita kami mamaya sa rehearsal.

"I will..." sabi ko.

Nagkatinginan si Marjorie at Juliet. Magsasalita na sana si Juliet kung hindi lang tumunog ang kanyang cellphone.

"My, Hello..." salubong niya sabay talikod. "Nag-eexam pa po si Leon. Kaya siguro

'di niya sinasagot ang tawag ni Tito..."

Napatingin ako kay Juliet. Nilingon niya naman ako.

"Si Freya at Marj ang kasama ko ngayon..." ani Juliet.

"Ano 'yan?" tanong ni Marjorie.

"Si Tita Astrid? Anong sabi ni Ate Lea? Dinner?" ani Juliet.

Hindi pa ako sigurado kung si Astrid Revamonte ba iyong nakakatandang kapatid ng Tatay ni Juliet at ni Governor o ano. But it seems like it. I listened more.

"Okay. Sasabihin ko kay Leon pagkatapos niyang mag-exam."

Maybe his Tita Astrid's here in Alegria. Baka may dinner sila. Mabuti na rin nang maiwan niya ako kasama si Ayana doon. I hate seeing Ayana's eyes looking at him.

"Mag-aantay pa iyon si Leon na matapos si Frey, My. Hindi iyon agad makakauwi-"

"Juliet!" nahihiya kong sinabi.

"Susubukan ko. Sige, sasabihin ko..."

Pinutol ni Juliet ang tawag at nilingon ako.

"May family dinner mamaya sa mansyon dahil dumating daw si Tita Astrid. Gusto ni Mommy na umuwi kami agad ni Leon pagkatapos ng exam niya-"

"E 'di umuwi si Leon. Minsan lang naman siyang nauunang umuwi."

"Yeah, yeah. I doubt papayag iyon na iwan ka rito. Sinabi ko kay Mommy na aantay ka pa noon."

Umiling ako. Nakakahiya naman at mukhang masyado akong paimportante.

"Sumama ka na lang daw sa dinner para 'di na kayo matagalan..." ani Juliet.

"Huh? Ayaw ko nga! Nakakahiya! Family dinner n'yo 'yan kaya bakit ako kasama?"

Nagngising-aso si Juliet. "Asus, Frey! You're part of the family!"

Humagalpak siya sa tawa. Umiling na lamang ako. Kahit na madalas ako kina Leon, alam ko paring may limitasyon iyon. These events are just off limits for me. Para sa kanila ito. Hindi ibig sabihin na inimbita ako ng Mama ni Juliet o ni Juliet o kahit ni Leon ay pwede na akong sumama.

Namataan ko kaagad sina Russel, Julio, Leon, at iba pang mga kaibigan nila. Sabay-sabay silang lumabas ng classroom. Dumiretso sila sa cafeteria.

Nahanap agad ni Leon ang mga mata ko. Ngumisi siya at umupo sa tabi ko.

"Leon!" ani Juliet. "Si Tita Astrid dumating. Umuwi raw tayo ng maaga dahil may dinner..."

Natigilan si Leon sa sinabi ni Juliet.

"You can go. I'm fine..." sabi ko.

Umiling si Leon. "Aantayin ko si Freya."

"See?" ani Juliet sabay ngisi.

"Family dinner n'yo 'yan-"

"Sabi ni Mommy, pwede mo naman daw dalhin si Freya..." singit ni Juliet.

"Kaya nga. After her rehearsal, 'tsaka kami uuwi..." ani Leon.

Umiling na lamang ako. Hindi ako sigurado kung alin ang mas gusto ko. Iyong wala si Leon sa aming rehearsal o naroon. Lalo na't naroon pa talaga si Ayana.

I can push him away but I didn't. Maybe because I somehow want to be with him.

"Ano? Mauna na ako, ha? Umuwi rin si Kuya Jairus. Pinasundo ako ni Mommy, e. Ikaw na bahala sa kay Freya, Leon?"

Tumango lamang si Leon kay Juliet. Sabay na naglakad palayo si Juliet at Marjorie sa amin. Tumayo ako at nagsimula na kaming magtungo ni Leon sa gym.

Nilingon ko si Leon.

"Si Tita Astrid mo ang nakakatandang kapatid ng Daddy mo at ng Daddy ni Juliet?" I asked.

"Yup... Why?"

"Hindi siya nag-asawa?" tanong ko.

Based on what I kind of know, iyon ang naging conclusion ko.

"Hindi."

"Ba't naman?"

I'm sure she's pretty. I mean, God, the Revamonte's are gods and goddesses. Baka masyado siyang maganda na walang papasa kahit sino?

"Mataas ang standards?" Leon smirked.

Palapit kami sa gym ay nakita ko kaagad ang ibang candidates. Ako na lang yata ang hinihintay. Pati ang bading na organizer ay naroon na. Pati na rin ang dalawang professor na in charge.

"Dito ka lang..." sabay turo ko kay Leon sa bleachers.

Mabuti na lang at naabutan ko naman iyong briefing. Iyong mga sched, nilagay ko sa cellphone ko. Dahil sembreak na, dito gagawin halos lahat ng rehearsal. Kaya kahit na sembreak ay 'di ko mararamdaman iyon. I'll be very busy with this.

Si Ayana ay nasa malayong gilid ko. Sumulyap ako sa kanya. But she was so attentive she didn't even look at me.

Or is she just scared?

Humalukipkip ako at nanatili sa pakikinig sa organizer. Pagkatapos ng briefing ay nag demo na siya kung paano kami rarampa, isa-isa.

Nagngingitian ang ibang candidates. Napapangiti rin ako madalas kapag may sasabihing nakakatawa ang bading na organizer. But most of the time, I'm serious.

"We'll practice the walk now. Iyong choreography sa next meeting na, 'kay?" anang organizer.

Pinatunog na ang magiging background music ng pageant. Pang-apat ako at pangalawa naman si Ayana. Hindi kami ganoon kalayong dalawa.

Nauna siyang rumampa sa akin. Her moves looked too reserved. Parang nahihiya pa. As expected sa baguhan.

"Girl, don't be shy. You joined a pageant! Give your all!" the organizer cheered.

Humalukipkip ako. Nakita kong sumulyap si Ayana sa banda ni Leon. Si Leon ay nakatingin lamang sa aming ginagawa.

The nerve of this girl.

"Gagawin ko po ulit!" ani Ayana.

Nagtiim bagang ako. Ginawa niya ulit. This time it was better. Hindi na ako umimik.

Hinintay kong rumampa ang susunod pagkatapos ay ako. My moves were smooth. Ni hindi ako nahirapan sa pag ikot at pagrampa. Pumalakpak ang organizer sa akin.

"As expected... Next!"

Nagkatabi kami ni Ayana dahil pareho kaming even numbers. Ganoon inarrange ang candidates pagkatapos rumampa.

The deafening silence between us is screaming at me. Parang sinisigaw nito na may mali ngang talaga sa kanya.

Hindi ko kayang manahimik. Nilingon ko siya. Nakataas ang kilay ko.

"May presentation ka na?" bungad ko.

"Uh... Uhm... Mag papractice pa lang ako," ani Ayana.

She's stuttering.

Ridiculous. Takot ka pala, bakit nagpapaka bitch ka? Kung hindi kaya ng puso mo, huwag mo na lang kasing subukan.

Mataman ko siyang tinitigan. Hindi na siya makatingin sa akin.

"Anong nangyari sa'yo? Are you nervous?" tanong ko.

Tumikhim siya at agarang umiling. Umiling din ako sa disappointment.

"Nervous because Leon's looking?" sabi ko.

"H-Huh?"

Nanlaki ang mga mata ni Ayana. Oh, bitch please? Do you really think I'm this dumb?

Really, Ayana?

"Anong sinasabi mo, Freya..."

"Balik!" sigaw ng organizers.

Hindi ko na sinagot si Ayana. I maintained my bitch face and I don't care. Tuwing sumusulyap si Ayana sa akin ay agad siyang nag-iiwas ng tingin.

Bumalik sa pagrampa. Her second attempt was even worse! Muntik na siyang natalisod.

Halos matawa nga ako, e.

Nilingon ako ni Ayana. Her cheeks were bright red because of what happened.

Pagkatapos ay sumulyap ulit siya sa banda ni Leon.

Napawi na ang ngiti ko. She's really testing my patience.

Ang pangalawang rampa ko ay mas agaw pansin pa. I want her too see who rules here.

I rule here. She's an outsider. Kahit saan, dito sa Alegria.

Nilingon ko siya nang napunta na ulit ako sa kanyang tabi. Tahimik na siya at hindi na makatingin sa akin. Nagtaas ako ng kilay at tahimik na lang din.

Iyon lang muna ang ginawa namin sa first rehearsal. Pagkadismiss ay dumiretso na ako kay Leon. Lalo na't gabi na at may dinner pa kaming pupuntahan.

Tumayo si Leon para salubungin ako.

"You did great! Tingin ko ikaw ang mananalo!" Leon chuckled.

Nagtaas ako ng kilay sa kanya. Bumaba na kami sa bleachers para makaalis na roon.

"Hindi ka nainip?" I asked.

"Tsss. Bakit ako maiinip?" tanong ni Leon sabay ngisi.

Nilingon ko si Ayana sa malayong likod. Normally, I would invite her to Leon's car para maihatid namin pero ngayon, hindi. Nakatingin siya sa amin ni Leon. Nang naabutan niya ako ay nag-iwas agad siya ng tingin sa akin.

Bitch.

Dumiretso na kami sa sasakyan ni Leon. I tried to tell him that I shouldn't go to that dinner ngunit hindi siya papayag na tumanggi ako. In the end, I got tired so I called Mama.

"Mama, kina Leon muna ako magdi-dinner..." sabi ko.

"Oh? Ang alam ko ay dumating si Astrid. Inimbitahan ka?" tanong ni Mama.

Hindi ko masagot iyon. I wasn't really invited by his Tita Astrid. Si Leon at ang Mama ni Juliet ang nag imbita.

"Opo..." sabi ko.

"Oh? Sige, sige. Umuwi ka ng mga alas nuwebe. Sabihin mo kay Leon..."

"Opo. Sasabihin ko po..."

Pinatay ko ang tawag.

Papasok kami sa mansyon ng mga Revamonte ay sumibol ang pamilyar na kaba sa akin.

Like the first time I had dinner with Governor and Don Pantaleon.

Sa mga muscle cars pa lang sa garahe nila, kinakabahan na ako.

"Sinong nandito?" tanong ko kay Leon.

"Hmm. Juliet's family, Daddy, Lolo, Tita Astrid, Ate Lea... Bakit?" ani Leon.

Sabay kaming lumabas sa sasakyan niya. Nilingon ko ang iba't-ibang sasakyang naroon. Ibang-iba talaga ang buhay nila sa buhay namin.

"Let's go?" ani Leon.

Tumango ako at sumunod na kay Leon.

Para akong nakalutang nang pumasok kami sa bahay nila. Palapit sa dining area ay kabado na ako. Lalo na't wala akong naririnig kahit konting kaluskos. Masyado silang tahimik kumain!

"Good evening, Tita..." ani Leon sabay diretso sa kanyang Tita Astrid.

Tumayo ang Mommy ni Juliet at nilahad ang upuang para sa akin, sa tabi lamang ni Ate Lea. Sa tabi ko pa ay may isang upuan kung saan tingin ko'y dapat si Leon.

Ngumisi si Juliet sa akin habang kumakain.

"Nahuli na tuloy kayo..." anang Tita Astrid ni Leon.

As expected, his Tita's around early 40s or something. Ngumiti siya sa akin. Her skin is shining fair. Her hair's dark brown. Mahaba ang kanyang buhok at ang kanyang postura ay nagsusumigaw ng karangyaan.

"Si Freya po, Tita..." pakilala ni Leon.

Ngumiti ang kanyang Tita Astrid.

"Magandang gabi po..." sabi ko.

"Magandang gabi. You two must be hungry. Ang tagal n'yong nakauwi..." anang kanyang Tita Astrid.

Umupo si Leon sa tabi ko. Nilingon ko si Governor na tahimik na kumakain. Si Don Pantaleon ay mukhang tapos na dahil sumisimsim na sa kanyang wine glass.

"May pageant po kasing sasalihan itong si Freya, Tita. Nag rehearsal pa..." ani Juliet.

"Ganoon ba? So you're a beauty queen?" Ngumisi ang kanyang Tita.

Now I realize why she haven't found a man to marry. Hindi siya basta-basta. Masyado siyang matayog. Mahirap makahanap ng papantay o hihigit pa sa kanya. That aura of sophistication and elegance...

"Hindi naman po. I'm just trying my luck..." sabi ko.

Parang umingay ang hapag dahil sa amin. Tahimik ang kuya nI Juliet sa tabi niya.

Maging si Juliet ay nangingiti lamang.

"So Leon, nabanggit ba ni Leandra sa'yo iyon?"

Nilingon ko si Leon. Kakalagay niya pa lang ng pagkain sa akin. Kahit na naglalagay rin ang mga kasambahay nila ay parang 'di siya nakukuntento.

Nilapag ni Leon ang ribs na kinuha at nag-angat ng tingin sa kanyang Tita Astrid.

"Tita, nag-uusap pa lang kami ni Leon tungkol diyan..."

Kumunot ang noo ko sa napag-usapan.

"Hindi pa nakakapag desisyon?"

Juliet looked troubled. Nag-angat ng tingin si Jairus kay Leon. Si Ate Lea naman ay palipat lipat ang tingin sa akin at kay Don Pantaleon.

"Astrid, hayaan mo munang kumain ang mga bata. Kakarating lang nila..." ani Don Pantaleon.

"I'm sorry. My bad. Kumain ka na muna, Leon. I just don't understand if I'm excited or what..." anang Tita Astrid sabay tingin kay Governor. "I'm beginning to think that among all your boys, Third, si Leon talaga ang nagmana sa'yo..."

Tiningnan ko ang pagkain ko. Sumubo ako kahit na hindi ako gutom. Gusto kong may pinagkakaabalahan ako. I knew it's a bad idea to be here! There's that feeling again. Iyong tipong dapat ay wala ako rito pero nandito ako.

"Tita Astrid..." pigil ni Leon.

"Why? Hindi mo parin ba napapatawad ang Mommy mo? Right. Besides, a son who loved his mother dearly just can't easily accept what happened. You're the closest among all of her boys..."

Hindi nakapagsalita si Leon. Tumawa lamang si Don Pantaleon. His laugh echoed around the room. Ang nakadagan sa puso ko ay unti-unting nawawala dahil sa tawang iyan.

"He's a little boy when his mom left, Astrid. Huwag mong isiping ganito parin siya hanggang ngayon. Please..." Tumawa ulit si Don Pantaleon.

Umiling ang Tita Astrid at ngumisi sa amang nalilibang sa pinag-uusapan.

Nilingon ko si Leon at nakita kong nagpatuloy lamang siya sa pagkain. Like he's trying to act normal but he's not normal. Like he wants to hide something but... he just can't hide it from me.

Nilingon ako ni Leon.

When our eyes met, I knew there was something. The loneliness, sorrow, and sadness that only I could see.

"Tama si Lolo, Tita Astrid," ani Juliet.

"Siya, siya... By the way, Papa, ano na ang balita sa pinapagawa mong mga building?"

The topic changed quickly. Pero nanatili ang kung ano sa aking utak.

There are so many unanswered questions in me. Bakit hindi mapatawad ni Leon ang kanyang Mommy? Ano ang nangyari? Iniwan si Leon ng kanyang ina? Iniwan sila dahil nangaliwa si Governor. So Leon got angry because his mom left them, is that it?

At ano naman kaya ang dapat pag-isipan ni Leon? Ano iyong ikina eexcite ng kanyang Tita Astrid?

Parang bumabaliktad ang sikmura ko sa kakaisip.

Pagkatapos naming kumain ay gumaan na ang atmosphere. Tawanan na at hindi na ganoon ka tahimik. Alas otso pa lang at may isang oras pang nalalabi bago ako kailangang umuwi.

"Leon, nakita mo ba iyong sasakyan ko sa garahe?" tanong ni Jairus.

Kumunot ang noo ni Leon. "Alin doon?"

"Ipapakita ko sa'yo, halika..." sabay tayo ni Jairus.

Nilingon agad ako ni Leon. I smiled. "Puntahan mo..."

"Saglit lang 'to..." ani Leon.

Tumango ako. Umalis naman si Leon kasama si Jairus. I don't really mind. Besides, narito naman si Juliet at kahit paano'y may makakausap ako.

"Kumusta ang rehearsal, Frey? Nagkausap ba kayo?"

Umiling ako. "We didn't have time. Pero I asked her if she's shy because Fourth's watching, 'di siya makasagot."

Ngumiwi si Juliet.

"Freya, kumain ka pa..." ani Ate Lea sa tabi ko sabay lagay ng panghimagas.

Tatanggi sana ako ngunit nakalagay na sa aking harap ang creme brulee. "Salamat."

"Pasensya ka na kay Tita Astrid kanina, ha?" ani Ate Lea sa pabulong na tinig.

Nag-uusap ang kanilang Tita Astrid, si Don Pantaleon, at ang Mommy ni Juliet ngayon. Ngumisi si Juliet sa akin.

"Walang problema iyon..." sabi ko kahit na hindi ko naman talaga masyadong maintindihan ang napag-usapan kanina.

"Close kasi si Mommy at Tita Astrid noon bago umalis si Mommy kaya ganyan..." ani Ate Lea.

"Ah... Ganoon ba? 'Di nabanggit ni Fourth..."

Tumitig si Ate Lea sa akin. I smiled. Ginalaw ko ang Creme Brulee.

"'Di niya talaga babanggitin 'yan... Basta tungkol kay Mommy..." ani Ate Lea.

Napalingon ako. Halos bitiwan ko ang tinidor para lang makinig kay Ate Lea. "Ba't naman?"

I know I should just ask Leon about this.

Ate Lea only smiled.

"Alam mo ba kung ano ang kahinaan ni Leon, Freya?" nagtaas ng kilay si Ate Lea sa akin.

Hindi pa ako nakakailing ay sinagot niya na ang sarili niyang tanong.

"Our mother..."

Hindi ako nakapagsalita. Ngumisu lamang si Ate Lea sa akin.

"And he hates to show you his weakness. Leon hates to show you, Freya, his weakness. Gusto niya, hindi ba, na sa paningin mo, malakas siya..."

==========

Kabanata 20

Kabanata 20

OceanofPDF.com

Low

Tumango lamang ako sa sinabi ni Ate Lea. Napapaisip ako. Iniwan siya ng kanyang ina dahil sa ginawa ni Governor. But then the boys, Nicholas and Kaius stayed with his mother for college. Si Leon lamang ang hindi.

Kung tunay na close si Leon sa kanyang ina, bakit hindi niya iniwan ang Alegria para doon na magkolehiyo?

Nanikip ang dibdib ko. I can't imagine Leon without me.

"How's Kai?" narinig kong tanong ng Mommy ni Juliet sa Tita nila.

"He's fine. Uuwi raw sila dito ni Nicholas sa susunod na taon."

"Mabuti naman... si Jairus malilibang na rito sa Alegria..."

Nilingon ko si Ate Lea na tahimik na kumakain ngayon. Nang napansin niya ang paglingon ko ay sumulyap din siya sa akin at ngumiti.

I have so many questions. I just didn't know if it's right to ask her or go straight to Leon. Ang tanong ay kung sasagutin ba ako ng maayos ni Leon. Will he open up that side of him? I doubt it.

Matagal na kaming magkakilala. Matagal na kaming magkaibigan at hindi parin kami naging ganoon ka close na pati iyan ay malaman ko.

"Ate Lea..." tawag ko.

"Hmm?"

Sa akin agad ang buong atensyon ng kapatid ni Leon. Binabaan ko ang boses ko. I didn't want anyone to hear what I have to say. Abala rin ang mga matatanda sa kamustahan. Juliet's on her phone again.

I failed to even ask Juliet about Leon's history. She never mentioned anything to me. Siguro na rin ay iniisip niyang hindi iyon mahalaga sa akin.

"Nasabi mong iniwan kayo ng Mommy mo, 'di ba? Kailan pa 'yon?"

"Years ago, Frey. I forgot exactly. High school pa ako noon..."

Pagdating ni Leon dito sa Alegria ay wala na ang kanyang ina. So maybe the year before that? Or months before that? But Lumiere Revamonte's older than Leon! So Governor cheated way way back. Hindi pa ipinapanganak si Nicholas at Leon ay nangaliwa na si Gov!

"The year before Fourth went here?" I asked.

Umiling si Ate. "Mas maaga pa noon. Bata pa lang si Leon, Frey..."

Magtatanong pa sana ako ngunit nakabalik na si Jairus at Leon kaya tumahimik na lamang ako. Lumapit kaagad si Leon sa akin at tumingin sa kanyang writs watch.

Hindi ko namalayan ang oras. Kinse minutos na lang at mag aalas nuwebe na.

"Baka hinahanap ka na?" ani Leon.

Tumango ako. "Baka nga. Let's go?"

Tumango rin si Leon.

Nagpaalam na kami sa kat Tita Astrid, Don Pantaleon, Governor, sa Mommy at Daddy din ni Juliet.

"Oh! Sige. Ikaw ang maghahatid, Leon?" tanong ng kanya Tita Astrid.

"Opo, Tita..."

"Uwi ka kaagad. May pag-uusapan tayo..."

Tumikhim ako at nilingon si Don Pantaleon na naka half smile habang tinitingnan kaming dalawa ni Leon. Tipid akong ngumiti at nagpaalam na rin. Sumama pa si Juliet sa amin patungong sasakyan para lang maihatid ako.

"School ka parin bukas?" tanong ni Juliet.

"Oo. Rehearsal, e."

"Text kita. Baka magawi ako doon..." ani Juliet sabay kaway.

Tumango ako at nag-ayos na lang ng seatbelts. Kumaway ako sa kanya.

Pinaandar ni Leon ang pick-up. Palabas kami sa kanilang bakuran ay tahimik ako.

Maraming gumugulo sa isip ko.

"Ganda ng bagong sasakyan ni Jairus..." ani Leon nang nakalabas kami sa kanilang gate. "Iba talaga kapag may sarili ng pinagkakakitaan. Ikaw na ang mamimili ng sarili mong sasakyan..."

He seems normal. Like it's all okay. Well, yes, it's all okay. Ako lang naman itong maraming iniisip dahil sa mga nasabi ng kanyang Tita Astrid at Ate Lea.

Sumulyap si Leon sa akin. Nagkasalisi ang sulyapan namin kaya hindi kami nagkatinginan.

"You okay?" tanong ni Leon.

Tumango ako.

I want to ask him. I just don't know which question to ask first. And I am not even sure if I am allowed to ask him. Am I allowed to ask about his personal life? His family? Or is that off limits?

"May sinabi si Tita Astrid?" tanong ni Leon.

"No... Sila ni Tita Nelia ang nag-uusap..."

Suminghap si Leon. Nilingon ko siya at nanatili lamang ang kanyang mga mata sa daanan. Although we're so close, I can still feel a gap. A world

somewhere in him I can't touch. I shouldn't touch. I am not allowed to. I'm an outsider.

"Magkaaway pala kayo ng Mommy mo?"

Shots fired. I said it before I could stop myself. Dumiretso ang tingin ko sa daanan. Pakiramdam ko ang byahe patungo sa aming bahay ay hindi sapat kung pag-uusapan namin ito.

"Nope..." simple niyang sinabi.

Sumulyap ako sa kanya. I know for sure that I asked a wrong question. It shouldn't be like that. Hindi sila magkaaway ng Mommy niya. May pagtatampo siya sa Mommy niya.

"Ilang taon ka nga ulit noong umalis siya sa inyo?" tanong ko.

"I forgot... It's been years... Seven... Eight? Nine?"

Sumulyap si Leon sa akin. Nagtataka sa mga tanong ko.

"Tagal na pala..." sabi ko. "Hindi na sila magkasundo ng Daddy mo kaya siya umalis?"

Umigting ang panga ni Leon. Alam ko agad na naglalaro na ako sa borderline ng mga pwede kong pasukin at hindi. And this exact topic is what's off limits.

Kung sasagutin niya ako ng vague answers, I'd understand. I'll stop asking. Alam ko na lahat ng tao ay may kahinaan. Lahat may sikreto. Leon isn't an exception. In his case, this is his secret. Not ours. Not mine. Kaya 'di ako makikialam.

"Hindi na..."

He parked the car a few blocks away from our hose. Nilingon ko siya. It's weird na dito niya ako ibababa. Usually sa harap talaga ng gate namin.

Kinalas ko ang aking seatbelts.

"Thanks for tonight. Maaga ako bukas para sa rehearsals-"

Hinawakan niya ang braso ko. Palabas na sana ako kaya natigilan ako at nilingon ko siya. Pagod na mga mata ang tumambad sa akin. Kumalabog ang aking puso sa nakikita sa kanya. May kaonting kirot din dito.

"We still have ten minutes. You can stay until nine, right?" aniya.

Napatingin ako sa aking wrist watch. He's right. We still have ten minutes. Nag-angat ako ng tingin kay Leon. Ang mapupungay niyang mga mata ang nagsasabi sa aking hayaan siya sa gusto niya.

"Susunduin mo ako bukas?" I asked.

Tumango siya.

Tinagilid ko ang ulo ko. Nag-iwas siya ng tingin sa akin. Pakiramdam ko ay may gusto siyang sabihin pero hindi niya masabi. O hindi niya alam kung paano simulan.

And I don't want to pressure him. I don't want him to feel obliged.

"Magpapractice rin ako bukas sa sports..." sabi ko.

Tumango si Leon at nag-angat muli ng tingin sa akin.

Now his eyes were intense. He stretched his head revealing some veins and muscles on his shoulder and neck. Napatingin ako roon ngunit agad ding binalik sa mga mata ni Leon ang atensyon.

"My mom left us dahil 'di na sila magkasundo ni Daddy..." ani Leon.

Hindi ako nakapagsalita. Is he ready for this? I want to ask so many questions but I didn't. I'll let him tell me what he wants me to know. Kung ayaw niya sa ibang detalye ay 'di ko na pipilitin.

Hinawakan ni Leon ang manibela ng kanyang sasakyan. Diretso ang tingin niya sa daanan.

"She cheated first..." ani Leon sa isang malamig na boses.

Nanigas ako sa kinauupuan ko. What did he just say? His mom cheated first? Paano nangyari iyon?

Napatingin si Leon sa akin. Now his eyes were different. Hindi na pagod. Hindi na mapupungay. Kitang kita ko ang pag-aalab ng galit at poot doon.

"Hindi namin alam iyon. But my Dad knew. That's why he had an affair too..."

Nalaglag ang panga ko. So this is what his Tita Astrid's talking about? This is what Don Pantaleon's talking about! Revenge!

Nanuyo ang lalamunan ko. He looked away again.

"'Tsaka lang namin nalaman iyong tungkol kay Mommy nang pumutok na ang balita kay Daddy. Lumiere Revamonte got exposed in public. Nag-away si Mommy at Daddy dahil doon. But then Kuya Nico and I heard the fight. Na unang nagtaksil si Mommy kaya iyon nagawa ni Daddy."

Umiling ako. Napaka kumplikado naman yata ng pamilya nina Leon!

"But... But... I don't think..." Hindi ko masabi.

I don't think his Dad's reason is okay. It's not okay to cheat. It will never be okay to cheat.

If Leon's Mom cheated, dapat ay 'di na dinagdagan pa ng Daddy ni Leon. But in the first place, why would Leon's Mom cheat?

Hindi ko alam kung sino ang makatwiran. Parehong may pagkakamali ang mga magulang niya at parehong malaki ang kasalanan!

Tumango si Leon at pumikit. Humilig siya sa kanyang upuan.

"That's what happened. Konti lang ang may alam niyan, Frey..."

Dumilat siya at tumingin sa akin. His adam's apple protruded because of his position.

"Now, will you keep that secret for me?" marahan niyang tanong.

Tumango ako.

Hinagilap niya ang aking kamay at pinaglaruan ang aking mga daliri. Tiningnan ko siyang mabuti.

Kahit na pilit niyang tinatago ang pagkabigo at ang sakit ay nakikita ko ito.

He caressed my fingers. Stopping at my ring finger. Nag-angat siya ng tingin sa akin. Hinabol ko ang aking hininga. I just can't contain all the information he told me. And what he's doing right now.

"If I marry you someday, I will never cheat."

Suminghap ako. Hinawakan ko rin ang kanyang kamay.

I can only hope for that. The world today lacks virtues. The use of love is usual.

The meaning of it is disguised as romance. In truth, it's not all that. It's commitment, dedication, and kindness.

Like what I said before, to hope for what Leon wants is to hope for perfection.

Something so rare in our world today.

Hindi ako sigurado kung kaya kong mangarap para sa bagay na alam kong halos hindi makamit.

"Hindi na ba kayo nag-usap ulit ng Mommy mo, Fourth?"

Umiling siya.

"Ever? All those years? Even phone calls?"

Nag-iwas ng tingin si Leon sa akin pagkatapos ay umiling.

"I don't need to hear her..." malamig ang kanyang tono.

Ramdam na ramdam ko ang galit at poot sa kanya. Ramdam ko kung gaano siya kagalit sa Mommy niya. Pero hinding hindi niya rin maitatago sa akin ang pagsusumamo. He can't hide his longing and his deep hope that one day it's all going to be okay.

Nag-angat siya ng tingin sa akin. The same sorrowful eyes looked at me. Parang kinukurot ang aking puso. I know that there's a gaping hole in his heart. No one could really fill it. That hole is for his mom.

"Okay..." sabi ko sa nanginginig na tono.

He smiled. Nawala ang nakikita ko sa kanyang mga mata. He is too determined to cheer me up after that.

"Will you keep it for me?" tanong niya.

Tumango ako. Ayaw kong magsalita dahil may nagbabara sa lalamunan ko. Pakiramdam ko ay manginginig ulit ang boses ko kapag nagsalita pa.

Halos hindi ako makatulog sa gabing iyon dahil sa kaiisip sa mga sinabi ni Leon.

Pakiramdam ko kasi maging si Mommy at Daddy ay hindi alam ang parteng iyon sa kanilang pamilya.

The next day we had our rehearsals. Mabuti na lang at kasama naman ni Leon si Russel at nagkasundo silang tapusin iyong isang project na 'di pa natatapos habang nag rerehearse kami.

Inabala ko ang sarili ko sa rehearsal. I didn't even talk to Ayana. Ni hindi ko nga siya tinitingnan.

Mas nakilala ko pa ang ibang candidates na naroon. Halos lahat sila ay first timers. May iba, napanalo na ang mga korona ng kanilang baranggay. Iyong iba ay nasali rin sa Miss Intrams noon.

Araw-araw ang naging rehearsals. Ang iba rin kasi ay sa school nag rerehearse ng kanilang presentation.

Sasayaw ako sa aking presentation. It's an folk dance. Dito iyon nag originate sa Alegria. Ang mentor ko ang naghanap ng piece na iyon pati na rin ng susuotin ko.

I'm not really a good dancer but I don't suck at it. Sa Miss Intrams naman noon, basketball ang presentation ko. This time, sports or talent kaya sinunggaban ko iyong pagsasayaw. And folk dance because it appeals to the judges. Hindi sa audience pero iyon ang gusto ng judges. And my Mom said I don't have to impress everyone. I need only the people who matters. And in this case, the judges are the people who matters.

"Freya, pakiramdam ko ikaw ang mananalo rito..." sabay tawa ng isang kandidata.

Mas matanda siya ng isang taon sa akin. She's representing Education. Nanalo rin siya noon sa Miss Intrams kaya marunong din ang isang ito.

Humalukipkip ako. Si Ayana ay nag eensayo ng ribbon dancing sa aming harap.

Hinihintay na lang naming mag resume ang rehearsal.

Kakatapos lang kasi namin sa photoshoot.

"Hindi 'no. I'm pressured, actually. Everyone thinks I'll win..." sabi ko.

"Hindi mo ba naiisip na ikaw ang mananalo?"

Namataan ko ang pagkadapa ni Ayana sa pangalawang talon niya.

"Alam kong mas marami ang experience ko sa inyo. Pero matagal nang huli akong sumali..."

Tumango iyong candidate at napatingin sa iba pang nag eensayo ng kani-kanilang mga talent.

"Tapos ka na noong sa'yo?" she asked.

"Yup..."

Nanatili ang mga mata ko kay Ayana. She fell again but this time may tinitingnan na siya.

"Ayana! Ayusin mo. Masakit na ba ang paa mo?" tanong ng kanyang bading na mentor.

Hinanap ko ang line of vision niya. When I traced it I knew...

Parating si Leon. Si Leon ang tinitingnan ni Ayana.

Nagtiim bagang agad ako. Nilingon ako ni Ayana at nang nakita niyang nakatingin ako sa kanya ay nagpatuloy siya sa pag eensayo.

"Boyfriend mo, oh!" sabi noong katabi kong kandidata.

Hindi ako umimik. Umalis siya para siguro bigyan kami ng privacy ni Leon.

Dala niya ang aking I.D. at ang isang piraso ng papel. I asked him to get my grades for me. It's been two weeks since our finals and today is the first day of enrolment for the second semester.

"How's my grades?" I asked.

"Nagtatanong ka pa ba talaga niyan?" aniya sabay ngisi.

Binigay niya sa akin ang papel. Sabay naming tiningnan ng mabuti iyon.

Nakita ko na mababa ang dalawang major ko. Bigla akong nanlamig.

Shit!

"What's wrong?" tanong ni Leon nang naglakad ako palayo doon para pumunta sa aking bag.

Sumunod siya sa akin.

"Mababa ang Majors ko..." sabi ko.

I want to graduate with Latin Honors here. Not just Latin honors. I want to be on top!

Agad kong tiningnan ang mga grade ko last year. I compared them. Nag compute rin ako ng aking general average at kung ilan dapat ang pwede kong makuha sa sunod na dalawa pang taon.

"That's a fine grade, Freya..." ani Leon.

Hindi ako nagsalita. Masyadong maliit ang chance na nasa top ako. This is the lowest grades I had. Simula noong nagcollege ako! What the heck?

Napaawang ang bibig ko sabay tingin kay Leon. He looked confused and bothered.

"Is there a problem?"

Sa malayong likod niya ay nakita kong nakatingin ulit si Ayana sa aming dalawa.

Kumunot ang noo ko at tinitigan ko siya.

Don't look at me like that now!

"Hey... Freya..." ani Leon.

Binalik ko ang tingin ko kay Leon. Suminghap ako.

"Ang baba nito, Fourth..." sabi ko.

Kinagat ni Leon ang kanyang labi at kinuha ang papel kung nasaan ang grades ko.

"This is fine, Frey... Don't worry about it, 'kay? Come here..."

Hinigit ako ni Leon at niyakap ng sobrang higpit. Nanghina ako.

What happened this sem and why are my grades low?

"I have no room for errors next semester... I need to ace tests..." bulong ko.

Humalakhak si Leon. Bahagya kong tinampal ang kanyang braso.

"Can't wait for you to graduate. There will be so many room for errors of you major me, Frey. You won't have to worry about acing. You will always ace me."

Kinagat ko ang labi ko. Kumalas siya sa yakap. Sumigaw agad ang organizers para sa rehearsal namin.

He smiled devilishly. Nanliit ang mga mata ko pagkatapos ay umiling na lang.

"Ewan ko sa'yo..."

Tumawa siya at pinakawalan ako.

I need to really win this one.

==========

Kabanata 21

Kabanata 21

Queen

Natutulala ako sa practice dahil sa aking grades. Second Semester last year maayos naman iyon pero hindi matataas tulad noong first semester ko sa college.

This semester parang mas lalong bumaba.

It's fine. Makakatungtong pa ako ng with honors. Ayos lang naman siguro iyon, 'di ba?

But am I going to adjust my dreams because of this reality? I can do better than this so why can't I give my best? There's no room for errors next semester! That's for sure!

Pagkatapos ng rehearsal sa araw na iyon ay hindi parin ako makangiti. Nagligpit ako ng gamit. Pagkatapos ay kinuha ko ang bag ko sa lamesang pinaglagyan nito.

Nahagip ng tingin ko si Ayana na nakatingin sa palapit na Leon.

Pagod akong suminghap. I'm too tired to even care but... Tinawag niya si Leon nang sobrang lapit na nila. Napatingin si Leon sa kanya.

Natigilan ako at pinagmasdan silang dalawa. Kumunot ang noo ni Leon. Bumaling si Ayana sa akin na para bang tinitingnan kung ano ang magiging reaksyon ko pero nang nakitang nakatingin ako ay mabilis siyang nagligpit ng gamit at naglakad na palayo.

Leon looks confused. Dumiretso siya sa akin at ngumisi.

I want to ask him about it but I'm too tired today.

"Na post na ba ang dean's lister?" tanong ko.

Tumango si Leon. "Ang sabi ipopost ng mga alas dos. It's three. Baka nandoon na..."

Tumango rin ako at nagyaya na kay Leon na pumunta sa mga bulletin boards.

Palapit pa lang sa mga nagtitipon-tipong estudyante ay kinakabahan na ako. Last year I was always on the 3rd or 4th spot. First sa aking batch. At dahil ang Dean's List sa Accountancy ay halu-halo mula first year hanggang 4th, nalalagay ako sa mga spot na iyon.

Maraming nakatingin. Sa bagay, kakapost lang nito.

Una kong nakita ang sa School of Business. Hindi ko na kailangang hanapin!

I saw it immediately!

OceanofPDF.com

2. Ayana Kathleen Clemente

She's the top of her batch for sure! Napalunok ako.

"Excuse me..." ani Leon sa mga taong nakakaharang sa amin.

Wala na akong lakas para magsalita pa habang papalapit sa board ng Accountancy.

May labing dalawang nasa Dean's List lang. Hindi tulad ng nasa ibang kurso.

1. 2. 3. 4. 5.

Sa limang numerong iyon, wala ako. Nanlamig agad ako. I immediately skimmed other numbers and there I saw.

"Number nine... Congrats, Frey..."

Leon squeezed my shoulders. Nanginig naman ako sa nakita.

Muntik na akong malalaglag sa Dean's List! Shit!

Nilingon ko si Leon. Ngumuso siya at nagtaas ng kilay.

He stretched the sides of my lips.

"Please smile. You made it to the top students!"

Pilit akong ngumiti para sa kanya pero ang bigat-bigat ng nararamdaman ko. Tumawa siya sa ngiti ko.

"Why do you always want to be on top?" bulong ni Leon.

Kinagat ko ang labi ko. Why? Because that's how I always roll even before. I'm consistently on top. Ngayon lang ako bumaba ng ganito at hindi ako sanay.

I traced what I did wrong. Noong midterms ay nakita ko na ang grade kong medyo maayos lang. I say it's just the midterm grade so I don't need to worry. Babawi ako sa finals. But what happened with the finals?

I studied hard. Tried to ace the exams. I was confident I did it. But it turns out, I was just too over confident!

What's wrong with this semester?

"I am used to that... 'Di bale... Babawi ako..." sabi ko kay Leon para lang hindi na siya mag-alala.

Kahit na ang totoo ay kinakabahan na ako. If this semester was hard for me, paano pa kaya ang susunod? I need to double my study habits.

Study habits. Saan ako nagkulang?

Nababawasan ito saan? And... did I really concentrate for the finals?

Nagtiim bagang ako habang inaalala ko ang lahat. I was just really worried that Ayana's hitting on Leon.

Study habits. I study with Leon... pero...

"Ayos lang ba ito? Paano iyong pangarap mong Summa?" tanong ni Mama habang dinudungaw ang aking grades. "Kaya pa ba?"

Kaya. Kung Uno lahat ng susunod kong mga subjects. Na tingin ko ay magiging imposible. That means I can't be wrong for anything.

Hindi ako kumibo.

"Summa na lang, ganoon?" Nanliit ang mga mata ni Mama.

Hindi parin ako umimik.

"Paano ba 'yan. Sa Maynila, mga galing sa malalaking unibersidad ang mga kalaban mo sa pag-aapply. Nangako pa naman tayo sa Tita mo na agad kang makakapasok doon kasi Latin Honors ka... Pang ilan ka sa Dean's list?"

"Nine..." iyon lang ang naging tanging naisagot ko.

This is the first time I felt so down because of my grades. Kahit kailan hindi ako napagsabihan ng ganito ni Mama. Ngayon lang talaga. Nanonood lang si Papa sa akin pero alam ko kung anong iniisip niya.

Si Leon.

"Paano 'yan, Freya?"

"Pagbubutihin ko po next sem..."

"Iyong pageant? May extra points ka doon kapag nanalo ka, 'di ba?"

"Opo..."

"Doon ka bumawi. Baka sakaling pwede pa 'to..."

Sa mga sumunod na rehearsals ay mas lalo kong pinagbutihan. Nag practice ulit ako para sa aking presentation kasama ang aking mentor at halos napapalakpak siya sa sobrang linis ng sayaw ko.

Ang bawat rampa ko ay sobrang linis. Wala na akong panahong ikumpara ito sa iba kahit kay Ayana. The hell I care if she looks at Leon from time to time. I'm tired of thinking about her intentions. Kung gusto niya si Leon, e 'di magpatuloy siya sa pagkakagusto niya! Nobody cares.

"Maganda..." Sabay tango ni Juliet.

Nakahalukipkip siya habang tinitingnan ako mula ulo hanggang paa. Sa AVR ako nag dress rehearsal sa aking presentation.

Ngayong Sabado na ang pageant. Kasisimula pa lang ng Second Semester at foundation day na agad ng ACC.

Abala si Leon sa kanyang basketball practice dahil may ACC Cup na mangyayari sa foundation day.

Nilapag ko ang malaking pamaypay sa isang lamesa. Pumalakpak si Mama kasabay noong aking mentor.

"You're perfect, Freya!" ani Mama.

Alam kong bias siya kung makapuri pero syempre ay pupunahin naman siguro niya kung may mali. In this case, sinigurado kong walang mali kahit saan.

Tinanggal ng aking mentor ang headdress.

"Ano sa tingin mo, Jam? Ayos na iyon? 'Di na tayo mag rerehearse ulit? 'Di kaya malaglag 'tong headdress niya sa actual performance?"

"Ay hindi na! Sa practices namin pinapag headdress ko siya para masanay..."

Naging abala si Mama at ang aking mentor sa pag-uusap tungkol sa pageant.

Binalingan ko si Juliet na nakangiti sa akin sabay hawi sa aking buhok.

"You really think it's okay?" tanong ko.

"It's fine."

Tumango tango si Juliet pero ramdam kong may problema. Something's off. Parang may comment siyang gustong sabihin pero nagdadalawang isip.

Tinitigan ko siya. Alam niya agad kung ano ang ibig kong sabihin.

"It's so smooth. It's so perfect, Freya. Kaya parang may something. Parang may kulang..." amin niya.

"Huh? Anong kulang?"

"Ewan ko..." Umiling siya. "Don't get me wrong. Everything's perfect. Walang mali.

With poise, confidence, everything... But something's really missing. I don't know... Or is it just me?"

Gusto ko tuloy ulitin ang rehearsal para maipakita kay Juliet na guni-guni lang iyong hinahanap niya. Dahil nasa sayaw ko ang hinahanap niya! She's just probably not looking hard enough.

Dahil sa hectic na sched ay huli akong nakakapasok sa klase. My professor understands because it's for the pageant. It's for our course. Pero hindi ako nagrerely sa understanding niya. Nag double time ako sa pag-aaral.

Sumisenyas si Leon sa likod niya. Kumunot ang noo ko at nilingon kung sino ang kasenyasan niya at naabutan ko si Russel at Julio roon.

"Ano 'yan?" I asked.

"Wala..." ani Leon sabay ngisi.

Nagkatinginan si Julio at Russel. I know there's something.

"What is it?" tanong ko ulit sa mas seryosong tono.

Nagkamot ng ulo si Leon. Kitang-kita ko parin ang pagdadalawang isip sa sasabihin niya.

"It's just our practice game..."

"May game ka? Sumama ka na!" sabi ko.

Ihahatid niya lang ako sa bahay ngayon. Mag sstudy ako dahil may quiz kami bukas.

Though bukas na rin ng gabi ang talent portion, kailangan ko paring pumasok sa umaga.

"Hindi na. Ihahatid na kita..." sabi ni Leon.

"No. It's okay. Ihahatid mo lang naman ako. Pwede ka nang sumama."

Mags-study ako mamaya. He can't stay in our house for long. Kaya para mas may kabuluhan ang oras niya, sana ay pumunta na lang siya sa practice game.

Alam niyang seryoso ako sa sinasabi ko. Alam niyang 'di mababali ang gusto ko.

"Ihahatid muna kita. Pupunta rin ako sa game right after..." giit niya.

Well, that's convenient. Sa bagay, pwede naman iyon.

"Okay..." sagot ko sabay ngiti sa kanya.

"Mamaya!" ani Leon sa kay Russel at Julio.

Hindi na ako nakakasama sa mga practice game niya simula noong nag sem break. Mas kailangan ko kasing mag rehearse at mag-aral na rin.

Tulala ako sa sasakyan. Napakurap lamang ako nang tumama ang sinag ng araw sa aking mga mata. Napagtanto ko kaagad kung nasaan kami ngayon.

"Fourth, I thought we're going home!?"

I panicked! I still need to study but why are we here? Sa daanang patungo sa Tereles ang tinahak ng pick-up.

Masyado akong naging preoccupied sa byahe na 'tsaka ko na napansin nang nasa mga farmlands na kami.

"Saglit lang 'to..." ani Leon at nagpatuloy sa pagdadrive.

I want to stop him from doing this but I didn't. Mahirap siyang tanggihan. Lalo na't nitong mga nakaraang linggo ay hindi kami gaanong nakakalabas dahil sa hectic na schedule.

Tiningnan ko ang cellphone ko at nakita ko na Twelve nga pala ngayon!

"O-Okay..." sabi ko.

Pinarada niya ang sasakyan sa baba lamang ng burol. Mabilis niyang kinalas ang kanyang seatbelts. Dahan-dahan naman ang ginawa ko sa akin. I don't know why we're here. Hindi kami nagdala ng pagkain kaya hindi ito picnic. Hindi rin kami magja-jogging.

Bumaba ako ng sasakyan. Inayos ko ang aking dress at pinasadahan ng tingin ang tanawin sa paanan. Dito pa lang, relaxing na tingnan ang lahat. Parang walang problema. Parang ang gaan gaan.

Nilingon ko si Leon at nakatingin na siya sa akin.

"Anong ginagawa natin dito?" tanong ko.

He smiled. Ngunit hindi nakatakas ang pagod sa ngiti niya. Bumagsak ang kanyang balikat sa pagsinghap. Pagkatapos ay lumapit siya sa akin at kinuha niya ang isang kamay ko.

"Saglit lang 'to..." ulit niya.

Tumango lamang ako at nagpatianod sa gusto niyang mangyari.

Dahan dahan niya akong hinila paakyat ng burol. Ang limang puno sa tuktok ng burol ay matayog na nakatayo. Para bang isinisigaw ng mga ito sa lahat ng natatanaw na kanila ang Tereles.

Ang lamesang naroon ay may isang kulay pink na balloon. Hindi ko pa nga alam kung anong mayroon ay napangiti na ako.

Lumapit kami ni Leon sa lamesa. Kinuha niya ang nakataling balloon at ibinigay iyon sa akin. Tiningnan ko ang nakasulat doon at nakita ko kung ano.

"You're my queen. Always."

Kinagat ko ang labi ko. Klase klaseng bagay ang naramdaman ko. All the suffocating pressure the pageant and my studies brought me was lifted just because of this one balloon.

Nangilid ang luha sa aking mga mata.

Umikot si Leon at galing sa likod ko ay yumakap siya.

"Hindi natin kailangan ng dahilan para pumunta rito..." aniya.

Tumango ako. Ang luhang nagbabadya ay pilit kong pinipigilan.

"I miss you..." aniya sa malambing na boses.

Tinagilid ko ang ulo ko. His head filled the gap on my neck.

"I miss you even if we see each other everyday..." aniya.

"I'm sorry..." sabi ko.

"I understand, Frey. I understand that this is important for you..."

Humigpit lalo ang yakap niya sa akin. Hindi ako kumibo dahil tama siya. I was trained to rejoice everytime I win. I was conditioned to always do my best. Lately, something changed in me. Parang... nawala iyon. And it's not entirely bad. To lose your passion for competition isn't entirely bad, right?

"I just really miss you."

Mas lalo niyang hinigpitan ang yakap. He buried his face on my neck. Ngumuso ako at pinaglaruan ang balloon. The sight of the farmlands in Alegria looked like a painting.

"I want you to stop worrying, Frey. Pero alam ko rin na bago ako, 'yan na ang ginagawa mo," bulong niya.

Tumango ako. Parang kinukurot ang puso ko sa sinabi niya. Hindi ko alam kung bakit.

"We live in a very different world. Nobody cares if I did great..."

"Hindi totoo 'yan... I care... Si Don Pantaleon. Si Gov?" sabi ko, nanginginig ang boses.

Humalakhak siya pero ramdam ko parin ang pait. "Balang araw, kapag tayo nang dalawa... You don't have to worry about anything..."

"Imposible naman yata 'yan..." sabay ngiti ko.

"Hmm. Oo nga pala. You'll still worry about our baby, about our dinner..."

Lumapad lalo ang ngiti ko. Ramdam ko ang ngiti sa kanyang pananalita.

"At kung saan tayo lalabas pagkatapos mag simba. Saan tayo mag oouting pag summer."

Suminghap siya.

"And then you'll worry about me... Titingnan mo kung gusto ko ba ng yakap... ng halik..."

"Tss..." Tumawa ako at bahagyang tinampal ang kanyang braso. "Bakit? Gusto mo ba ng yakap at halik ngayon?"

Nilingon ko siya. He smiled then bit his lower lip.

Bumaba ang tingin niya sa aking labi pagkatapos ay pumikit siya ng mariin. I smiled. Alam kong nagpipigil siya ng husto.

Though we already kissed once, I feel like if we kiss now, it's still the first time.

Pinatakan niya ng isang halik ang aking labi. Pumungay ang mga mata niya habang dinudungaw ako. Pumatak ulit siya ng isa. Then he licked his lips. Bumilis ang paghinga niya. Ganoon din ang akin.

He tasted my lips once more bago niya ako tuluyang siniil ng mariin at malalim na halik. The sound of our lips kissing sent shivers down my spine. Hinawakan niya ang aking balikat. Tumigil ako sa paghalik. I am still so dizzy because of that kiss.

Sinapo niya ang kanyang noo. Nangingiti siya ngunit parang nahihirapan din.

"Uwi na tayo..." anyaya niya.

Tumango ako at ngumisi.

Bumaba na agad kami ng burol. Pinapasok niya ako sa sasakyan pagkatapos. Bago pa man lumubog ang araw ay kailangan na naming makauwi.

Nilagay niya ang balloon sa backseat. Habang ginagawa niya iyon ay nag beep ang kanyang cellphone.

Nahagip ng tingin ko iyong kanyang cellphone. Isang hindi kilalang numero ang nagtext.

Unknow Number:

Leon...

I immediately swiped. Tiningnan ko kung sino iyon. He has dozens of unknown texters so I don't mind but when I saw the history...

Unknown Number:

Hey, this is Ayana. Kindly save my number.

Unknown Number:

Leon, is this your number?

Hindi nagreply si Leon sa bawat text ni Ayana. I'm not even sure if it's the same Ayana pero may ibang Ayana pa ba rito sa Alegria.

Nilapag ko ang cellphone ni Leon.

Gusto kong mag concentrate muna sa aking pag-aaral pero dahil sa text ni Ayana ay hindi na tuloy ako mapakali. I know that Leon's not interested. If he was, he should've at least acknowledge her. Kahit isang reply na "oo" para lang sabihing natanggap niya ang mensahe.

But I guess he knows that I'll hate it so he didn't do it. Then there's nothing to worry about, right?

"Nagtitext pala si Ayana?" tanong ko habang nagdadrive siya pauwi.

Sumulyap siya sa akin. Tumingin din ako sa kanya.

"I am not sure if that's Marj cousin, though. Hindi ko nireplyan. You replied to her texts?" tanong niya.

Umiling ako. Nakakapagod mag worry sa isang taong alam kong walang interes si Leon.

==========

Kabanata 22

Kabanata 22

OceanofPDF.com

Crown

Pagkatapos ng quiz namin ay umalis agad ako ng classroom. Naintindihan ng prof na kailangan kong mag prepare para sa talent portion na gaganapin mamaya.

Pagkauwi ay abala agad sina Mama. Tinawag niya ang ilang mga kaibigan niya upang makatulong. May dala ring mga tao ang mentor ko.

Dumiretso kami sa school para doon na magbihis at para na rin sa mga final retouches.

Ilang camera ang nagpipicture sa akin habang nag po-pose ako pagkatapos ng final retouches. Nagsisimula na raw ang programme at kailangan na naming pumunta sa backstage.

Habang nagpipicture ay nakita ko si Leon, Russel, Juliet, at Julio sa pintuan.

Nakahilig si Leon sa hamba ng pintuan at nakahalukipkip. Juliet's smiling at me.

"Sandali lang po..." sabi ko sa aking mentor.

Nilingon nila ang grupo pagkatapos ay tumango. Nilapitan ko silang apat. I understand that Marj isn't there because she's probably with Ayana.

"Hi!" sambit ko sabay ngiti sa kanila.

Inangat ni Leon ang aking baba at tinagilid niya ang kanyang ulo.

"Can't wait for all of these to be over..." sabi niya.

"Ang sabihin mo, nababanas ka lang sa mga sumusuporta!" ani Juliet sabay irap. "May supporters ka sa audience. 'Di namin kilala. Mga seniors... Naiinis 'tong si Leon."

Tumawa ako. "Baka makipag-away ka, ha! Madistract ako!"

"Kami na bahala rito, Freya." Sabay tawa ni Julio. "'Di namin hahayaang sa pageant pa talaga siya magkalat."

Nagtawanan kaming lahat. Si Leon lamang ang tanging seryoso. He needs to chill out.

I'm already nervous.

Nang tinawag na ang contestants ay constant na ang kaba ko. Sa backstage kami lang ng mentor ko ang nandoon. Si Mama, Papa, at Joaquin ay nakaabang lang sa audience.

Ganoon din sina Leon, Juliet, Russel, at Julio.

Pagkatawag kay Ayana ay gusto ko ring manood. Kaya lang pinagbawalan ako ng mentor kong manood. Sabi niya kakabahan lang daw ako pag manood ako ng kahit isa sa mga mag peperform.

The other candidates watched all the performance. Ako lang yata ang naghintay nang

'di tinitingnan ang performance ng iba.

Narinig ko ang mahinahong tugtog ng saxophone sa performance ni Ayana. Tahimik ang audience. Natulala ako habang ganoon.

Nang nasa gitna na ng tugtugin ay nakarinig ako ng pagkamangha sa mga audience. Nag slow clap pa ang isa sa mga candidates na nanonood galing sa backstage.

Nagkatinginan kami ng aking mentor. Nagkibit lamang siya ng balikat sa akin.

Sa huling parte ng kanyang performance ay pumalakpak ang lahat. They cheered for Ayana. I heard her name from the audience.

Kumalabog ang puso ko. Is her performance that good?

"Ang galing! Ibang-iba sa practice!" anang isa.

Nilingon ko ang entrance patungong backstage at sinalubong nilang lahat si Ayana.

Kitang kita ko ang kaba at ang pag-angat baba ng kanyang dibdib pagkatapos ng kanyang performance. She was all smiles though because every candidate who greeted her praised her too!

"Ang galing mo! Ang ganda!"

"Ang ganda ng effect noong ribbon nang tumalon ka! Napapalakpak ako!"

Nag-iwas ako ng tingin at pumikit. I can do this. I can do better than that! I know!

Nang tinawag na ako ay nawala ang lahat ng kaba sa akin. I only feel hollow. I fell nothing.

Ngumiti ako nang sinalubong ng sigawan sa audience. I did not even try to find my family or Leon. I am already content of how I'm feeling now. Tingin ko ay kapag nakita ko sila, kakabahan lamang ako.

Nagsimula ako sa sayaw. The audience kept cheering at my every move. I know I can do this. I know I can do better!

Wala ni isang mali sa steps ko. Wala ni isang mintis. Walang kulang at wala ring labis. So when I ended it, everyone cheered.

I smiled confidently. 'Tsaka pa lang ako naglakas loob na hanapin ang parents ko at sina Leon. Nakatayo silang lahat. Malalakas na bagsak ng palakpak ang ginawa ni Leon. Joaquin was screaming my name. Juliet smiled as she clapped fast.

I bowed. Tumingin muli ako sa audience ng isang beses bago umalis.

After that, idineklara na ni Mama na ako ang mananalo. She didn't see the spark in other candidates. 'Di na lang ako nagsalita.

Madali kasing maging confident kapag malayo pa ang contest pero kapag nandito na ay kabado na ako. Ayaw kong mag assume at sa huli ay 'di pala

magkakatotoo. But somehow y performance gave me a positive view to the competition. Kung may doubt man ako noong una, ngayon unti-unti nang nawawala.

"Gumamit yata ng auto like or something 'tong kay Ayana. Ang dami-daming nag lalike, e!" ani Juliet habang inistalk ang Facebook kung nasaan nakapost ang pictures namin.

"Nalagpasan ba iyong akin?" tanong ko.

"Hindi naman pero malapit na!"

Doon kasi babasihan ang mananalo sa Miss Photogenic.

Maaga akong natulog sa gabing iyon. I need to stop thinking about anything else. I need to concentrate on the pageant.

"Mamaya na talagang makikipag-away si Leon!" kantyaw ni Juliet.

Tumawa si Russel sa sinabi niya.

Kakatapos ko lang mag make up para sa coronation night. Tahimik si Leon habang tinitingnan akong mabuti.

"I'm not going to ruin this night for her, Juliet. Don't worry..."

"'Di bale nang masira gabi mo, ganoon?" ani Juliet.

"Papagitnaan natin 'tong si Leon mamaya, Rus..." biro nila.

"Tumigil nga kayo!" ani Leon sabay titig sa akin.

Tumabi siya sa akin. Si Juliet naman ay napatingin na ngayon sa kanyang cellphone.

Parehong tumingin si Julio at Russel sa kanyang phone. Inilag niya iyon sa kanilang dalawa.

"Five minutes, Freya, pupunta na tayo sa backstage..." anang mentor.

"Opo!" sabi ko.

Nakatitig si Leon sa akin. Kaya napatingin ako sa kanya. Nagtaas ako ng kilay.

"I can only imagine how beautiful you'd be on our wedding day..." Humalakhak siya.

Ngumiwi ako. "Tumigil ka nga..."

"But I don't want you to wear too much make up..." bulong niya. "You're more beautiful when you're bare..."

Tinitigan ko siya. Pumungay ang mga mata niya at agad siyang umiling.

"You're intimidating..."

"What?" Nanliit ang mga mata ko sabay tawa.

Hindi siya makatingin sa akin. Hinanap ko ang mga mata niya at nang nagtama ang mga mata namin ay nagtaas siya ng kilay.

"Naiintimidate ka pala, Fourth?"

Tumango siya. "Lagi. Sa'yo..."

Lumapad ang ngiti ko. I can't take it off.

"Tara, Leon! Pupunta na sila ng backstage. Baka wala na tayong maupuan!" ani Juliet.

Tumango si Leon at tumayo. Nanatili ang mga mata niya sa akin.

"Good luck! I know you can do it..." aniya.

Tumango rin ako.

Pagkaalis nila ay 'tsaka ako sobrang kinabahan. My mentor's now all serious. Si Mama naman ay paulit-ulit na chinicheck ang gamit ko kung

may kulang o ano.

Lagi akong nireretouch ng make up artist na hinire.

Nang nasa backstage na ako ay napansin ko ang dami ng tao. Hindi lang ako ang nagdala ng make up artists at mentor. Pati ang iba ay abala sa kanilang mga ganoon.

Hindi ko na hinanap si Ayana. But I know that she's somewhere on the left side.

Maraming tao at nakita ko ang Mama ni Marjorie doon.

Nang nagsimula ang pageant ay ginawa na namin ang mga nirehearsed. Galing sa rampa hanggang sa pag iintroduce ng sarili.

Everyone was so pumped up. Ang audience ay maingay at halos lahat ay nag chi-cheer.

Kumpara sa talent portion kahapon, mas maraming tao ngayon. Pati ang mga bleachers ay puno at may mga 'di pa nakakapasok sa gym.

I'm so nervouse but I know I shouldn't mention that. Mag-aalala lang si Mama pag nalaman niyang nininerbyos ako. Besides, I can make them believe that I'm not really nervous.

Bumalik kami sa stage ng naka sports attire. Nagsuot kami ng mga royal blue swim wear. Hindi iyon bikini dahil hindi naman iaallow ng school. Just the conservative swimwear.

I walked confidently. Sa unahan ay nakikita ko si Ayana na sunusubukan ding maging confident.

Pare parehong matataas ang heels namin. We were also told that if we can look at the audience while walking (instead of the floor), that would be better. Alam ko na iyan bago pa nangyari ang pageant na ito. Hindi narin naging mahirap sa akin iyan.

Pero nang nakita kong natalisod si Ayana pababa sa dalawang palapag na hagdanan sa stage ay kinabahan agad ako.

"Ohh!" sigaw ng audience nang nadapa si Ayana.

Binalewala ko iyon. Besides, the show must go on. The contestant number three helped her out.

Pagkatapos ay tumayo siya at umikot ng dalawang beses. Everyone clapped because of what she did.

"Nice comeback!" anang Master of Ceremonies.

Pagkatapos ng rampang iyon ay ang long gown na. Bumalik ulit kami sa backstage para makapagbihis.

"Anong nangyari? Naghiyawan ang audience..." tanong ng mentor.

"May nadapa..." sagot ko habang nagbibihis.

"Oh! Sino?"

"Contestant number two..." sabi ko.

Nilingon ng mentor ko si Ayana na nagbibihis rin ng kanyang gown. I'm wearing a red long gown. Ayana will wear pink.

Pagkatapos ng pagbibihis ay bumalik na ulit kami sa stage. Rampa ulit pero ngayon mas mabagal na ang bawat paglalakad. It's more dramatic. Dim na rin ang lights. At kapag nasa stage na ang lahat ng candidates ay mag sisimula na ang question and answer portion.

Pareho ang itatanong sa lahat ng candidates. Lalagyan lang daw ng headphones ang mga maghihintay. Mas madali ito kumpara sa question and answer portion ng Miss Intrams noon. Iba-iba kasi ang question kaya mahirap.

When it was my turn to walk, sobrang bagal ng paglalakad ko. I made sure that it was with grace and poise. Bawat project ko sa corners ay best pose

ko lahat.

Nginingitian ko ang judges. Hindi naman kasi kailangan lahat ng tao ang i please, iyong judges ang importante. That's what I know.

Nang nabuo na kaming lahat sa stage ay isa-isa nang tinawag para sa question and answer portion. The remaining girls (like me) wore a big headphone. Wala akong marinig kahit hiyaw ng mga audience sa bawat tanong.

Pinanood ko si Ayana nang naglakad siya patungo sa dalawang Master of Ceremonies.

Ang isang kamay niya ay nakapamaywang. Kitang kita ko ang palakpakan ng mga tao.

Hindi ko maipagkakaila. I have the hearts of almost all of the audience pero bukod sa akin, marami ring may gusto kay Ayana. Kaming dalawa ang gusto ng crowd. And that's already something. That means something. She's new here and she's just a freshman!

Nagsalita na ang Master of Ceremonies. Pagkatapos ng question ay sinagot agad ni Ayana ang tanong. Walang nagrereact sa lahat pero pagkatapos ng sinabi niya ay halos manoto sa aking headphone ang hiyawan at palakpakan ng mga tao. Ang iba ay nagstanding ovation pa!

Nanlamig ang kamay ko at bumangon ang sakit ng kaba sa aking puso. Shit!I have never been this nervous before!

Pumikit ako at huminga ng malalim.

I know I can do this.

I will win the title. I'm sure!

Dumilat ako at nakabalik na si Ayana sa linya. Umalis na ang contestant number three para sa tanong. Nakakabingi na ang bilis at lakas ng pintig ng puso ko. I can't even hear anything. Lalo na nang tinanggal na ang headphone ko dahil ako na ang susunod.

I can literally feel my heart coming out of my chest because of the loud beating.

Nakangiti parin ako kahit na ganoon.

Naghihiyawan ang lahat dahil ako na ang tatanungin. Hindi makapagsalita ang Master of Ceremonies dahil sa ingay. Nakangiti lang ako sa lahat ng tao. Ganoon din sa mga judges na nasa baba.

"Good evening, Miss Cuevas!" sabi ng lalaking emcee.

"Good evening, sir!" I greeted.

"Are you nervous?" he asked.

"Yes, I am."

"Whoa! That's surprising to hear from you!"

Tumawa ako. Naghiyawan ulit ang mga audience. Pinahupa pa muna ng mga emcee ang hiyawan bago binanggit ang question.

"So the question for the title of Miss Alegria Community college is..."

"If you are to choose one, which would you pick and why? True love or your studies and career?"

Hindi ko inasahan ang question na iyon. It's the usual beauty contests question.

It's not unique. It's too simple to be true. Sa utak ko noon, ilang beses ko na iyang nasagot at ngayon iyon parin ang sagot ko.

"Good evening everyone..." sabi ko sabay ngiti sa mga tao.

Naghiyawan ulit. Nawala na ang kaba sa aking puso.

"Thank you for that question, ma'am, sir..." sabay tango ko sa kanila. "If I would be given a chance to choose one between true love or studies and

career, I'd choose studies and career of course!"

Tahimik ang lahat sa sinabi ko. Ngunit kalaunan ay may pumalakpak na.

"Love can be found in between studies and career. I believe that love is true when it can wait after studies and career. Studies is a treasure no onw can take away.

Career is the symbol of ones achievement and hard work. And love isn't true if it can't wait for the two. Thank you and good evening once again."

Naghiyawan ang lahat. I confidently turned my back on the audience. Bumalik ako sa nakahilerang mga kandidata. Ngumiti ang pangatlong candidate at pumalakpak para sa akin. Ayana was just looking at me like I'm some puzzle she couldn't understand.

I'll win this for sure. There's no doubt now.

Inubos lahat ng candidates. Almost everyone chose studies and career but for a different reason.

Nang tinawag ang last candidate at iyon din ang sagot at naghiyawan na ang mga tao.

Tapos na ang question and answer portion! May mag peperform lang at mag la-last walk ang last Miss ACC, coronation na.

Bumalik kami sa backstage para mag retouch.

"Pare-pareho kayo ng sagot lahat..." sabi ng aking mentor.

"Of course who would choose love, right? 'Tsaka pageant ito dito sa school. It should be that..." sagot ko habang inaayos niya ang aking eyeshadow.

"Iba ang sagot noong si Ayana Clemente..."

"She answered love?"

Nawala ang excitement sa tono ko. She seriously answered love over studies and career? Paano naman niya na justify iyon?

"Oo..." sagot ng mentor ko. "Standing ovation nga, e."

Hindi ako nakapagsalita. I saw the standing ovation. I heard the cheers. But I didn't know that she answered love.

Love. How did she justify that answer? The judges won't like that answer. It's like telling everyone to be involve in a relationship instead of studying!

"Balik na, candidates..." tawag ng organizers.

"Smile, Freya..." sambit ng aking mentor.

Doon ko napagtantong 'di ako nakangiti habang nag-iisip kanina. I smiled.

"Good luck!" aniya.

Tumango ako at pumwesto na sa linya para sa huling lakad sa stage. Everyone cheered when we came back.

Kabado na ulit ako dahil ngayon na sasabihin kung sino ang mananalo.

Unang tinawag ang Best in Talent! Naririnig ko ang bawat pintig ng puso ko but I smiled so I can hide it.

"The winner for the Best in Talent is contestant number..."

Nag drumrolls pa. Hindi ko alam kung ipagdarasal ko ba na ako o hindi. I just want

the crown. I just want to win!

"Contestant number two! Ayana Kathleen Clemente of School of Business!"

Naghiyawan ang lahat. Pumalakpak kaming mga candidates. Naglakad si Ayana patungo sa harap. Nagsitayuan ang judges para maibigay sa kanya ang trophy, bouquet at sash.

Ilang sandali pang nag picture. Nanatili parin akong nakangiti.

Ang susunod na bibigyan ng award ay ang Miss Photogenic!

"The winner for Miss Photogenic is... contestant number four! Freya Dominique Cuevas!"

Naglakad agad ako patungo sa harap. I received the trophy, sash, bouquet, and the picture frame with my face in it. Ngiting ngiti ako habang nagpipicture kasama ang judges at ang organizers.

Binigyan din ako ng produkto galing sa isang sikat na facial wash dahil ako raw ang napili nila bilang pinaka magandang mukha sa pageant.

Hiyawan at palakpakan ang natanggap ko galing sa audience. I saw Leon clapping and cheering. I saw my Mama shaking hands with her friends. Joaquin is screaming my name.

Ang susunod na kokoronahan ay ang Miss Congeniality at Miss Sports Attire.

Ang nanalo sa Miss Congeniality ay si contestant number three. Ang nanalo naman sa Sports Attire ay ako ulit!

"Hakot, Freya!!!" sigaw ng isa sa mga kaklase ko.

Tumawa ako habang nilalagyan ulit ng isa pang sash at binibigyan ulit ng isa pang bouquet.

Pagkatapos ng mga special awards ay ang top four na. Tatawagin ang apat na kandidatang makakasali doon. Pagkatapos ay unang tatawagin ang Third Runner up.

Sunod ang Second Runner up. Pagkatapos ay ang First Runner up. Which means ang 'di matatawag ay ang Nanalo ng Miss Alegria Community College!

Naging mabilis ang pangyayari sa pagtawag sa top four. Binigay ko sa organizers ang bouquets at trophies ko.

"Candidate Number four, Freya Domique Cuevas!"

Tinawag ako sa top four. Tinawag din iyong candidate number three. Pati iyong candidate number six. At huling tinawag si Ayana!

I knew it! I knew she'd make it to the top four.

"Finally! The moment we've all been waiting for!" anunsyo ng babaeng emcee.

She explained how the winners are called. Alam na namin iyan dahil kasali iyan sa briefing namin.

Hindi ako nakaramdam ng kaba. I only feel hollow inside. Nothing.

"The third runner up will recieve a plaque from the school administration, a sash, bouquet, and a crown. The winner will also receive-"

Nangingiti ako sa judges na nakatingin ng lahat sa amin. They're all waiting for the results. Lima ang judges sa baba. Lahat sila ay prominente sa Alegria.

"The third runner up is candidate number six!"

Naghiyawan ang lahat. Sinisigaw ng mga tao ang pangalan naming tatlo. Tumawa ako habang nangyayari iyon.

The third runner up was crowned. It's her moment.

Tinawag ang second runner up at iyon ay si Candidate number three!

Nilingon ko si Ayana na panay ang kaway sa mga tao. Kaming dalawa na lang ang naiwan! Hindi ko alam kung ano ang mararamdaman ko.

Ewan ko kung bakit ngayon ay kinakabahan na ako. Parang pakiramdam ko lumabo ang tsansa sa korona. I was expecting her to be called as the third or second runner up. Hindi ganito!

Nadapa siya sa rampa! At sa mga practice, she sucked at the talent portion! And her answer for the question and answer portion was love! Which shouldn't be, right?

"And now... The first runner up will be called first. The last girl standing with be the Miss Alegria Community College!"

Nag drum rolls. Yumuko si Ayana. Nagkalapit kaming dalawa. We didn't hold hands

like how it usually is when it's a time like this.

"The first runner up is candidate number..."

Sinisigaw ang pangalan ni Ayana sa buong gymnasium. I just don't know if it's because everyone wants her to be the first runner up or the winner!

"Candidate number four! Freya Dominique Cuevas!"

Nanlaki ang mga mata ko. I don't know if I should smile or what!

What is it again? The first one called is the... is the... wait... is the...

"Which leads us to the Miss Alegria Community College! Candidate number two, Ayana Kathleen Clemente! Congratulations ladies! And congratulations to the new Miss Alegria Community College!"

Dinumog ako ng mga judges para sa aking korona at iba pang awards. Nanlamig ang kamay ko.

"Miss Ayana Kathleen Clemente!"

What the hell?

I lost!

==========

Kabanata 23

OceanofPDF.com

Unknown

Everyone cheered. Hindi ako sigurado kung para kanino. Masyadong naging mabilis ang mga pangyayari sa akin. Halos mabingi rin ako dahil sa nangyari.

Inutusan akong lumapit sa nanalo. Naglapit kaming apat para sa pictures.

Nilapitan muli kami ng judges. They were talking, crying, and laughing while I stood there speechless.

Pagkatapos ng picture kasama ang judges, organizers, at mga professor ay umakyat na sa stage ang aking pamilya.

I first saw my mentor who smiled at me. I did not smile back. Si Mama ay lumapit lamang si akin. Si Papa ay niyakap ako. Si Joaquin ay nasa gilid ni Papa.

Then I saw Juliet, Leon, Russel, and Julio. Niyakap agad ako ni Juliet.

Parang kinurot ang puso ko. Nilingon ko si Leon. He smiled at me. Pagkatapos ay sinalubong din ako ng yakap.

"Congratulations, Frey..." ani Juliet sa akin.

Congratulations? I lost!

Ilang picture pa ang nangyari. God, I don't know how I look in those pictures!

"Smile, Freya!" saway ng mentor ko.

'Tsaka ko pa lang binalik ang ngiti ko. Nilingon ko rin ang mga nakatingin. I saw some of my blockmates. They were disappointed with the results. But some students were also satisfied. Dinumog nila si Ayana. Maraming nakapila para makapagpicture sa kanya.

"Hindi kaya..." may binulong si Mama sa aking mentor.

Panay ang ngiti ko sa mga pictures. Nahagip ng mga mata ko si Leon na seryosong nakatingin sa akin.

Sa kanyang titig ko lang napagtanto ang lahat ng nangyaring ito. I lost. I really lost. For real. For the first time. I lost. This is my passion. This is the thing I love to do the most. This is my strength. But then... I lost... to someone new to it.

Humikbi ako at agad kong tinakpan ang aking bibig para mapigilan ang sarili.

"Shit..." ani Juliet sabay hawak sa aking baywang.

Humugot ako ng malalim na hininga. My tears were already on the sides of my eyes.

Tumingala ako para mapigilan ito.

"Freya, that's okay..." bulong ni Juliet.

Nakangiti si Marjorie nang nilapitan niya kami. Of course because Ayana won. I want to be sport. I want to accept it. I want to tell Marj how happy I am for Ayana. But I just couldn't! I am not strong enough to say that.

"Freya, Congratulations..." ani Marjorie sa akin sabay yakap.

Tumango ako at niyakap din siya pabalik.

"Tara na, Freya..." ani Mama sabay muwestra sa akin sa daanan patungong backstage.

"Uuwi na po tayo?" tanong ko.

"Anong sinabi sa'yo ng organizer after manalo?"

"Uuwi kapag 'di..." Hindi ko maituloy. Uuwi kapag 'di nanalo ng Miss ACC.

Kaya ngayon, uuwi kami. Magbibihis lang ako at agad kaming uuwi.

"Freya..." tawag ni Leon. "I can join you, right?"

Iminuwestra ni Leon ang backstage. Gusto niya atang sumama roon. Humugot ako ng malalim na hininga.

"Leon, Juliet, dito na lang kayo mag-abang. Kami na lang muna ang papasok..."

malamig na sagot ni Mama.

"Sige po, Tita..." ani Leon.

Tinalikuran ko na silang lahat. Hinawakan ng aking artist ang mga plaque at bouquet. Inayos ko ang aking gown at naglakad na pabalik sa backstage.

"Shh! Jam! Sa bahay na lang tayo mag-usap!" ani Mama papasok kami sa backstage.

"Siguro kasi sa Question and Answer Portion..." anang aking mentor.

"Kung pagandahan ay lamang si Freya..." sabi naman noong artist.

Pumasok ako sa dressing room habang nakikinig sa kanila. Of course they all want me to win. Pero kapag walang bias, sino sa amin ni Ayana ang mananalo? Obviously, though, she would win. Kaya nga siya nanalo ngayon, 'di ba?

"She has the most unique answer..." ani Joaquin.

"Ang sagot ni Freya ay iyong tama."

"Walang tama at mali na sagot," si Papa.

"Malaking ang pursyento ng talent, Mare..." anang artist ko.

Nanghihina ako habang nakikinig sa kanilang mga pinag-uusapan.

"Nagkamali iyong si Clemente sa talent!" sabi ni Mama.

"Mas gusto ng audience iyon. At mukhang mas nagustuhan din ng judges..."

Tumulo ang luha ko. I never really thought this would actually happen. Me losing...

Umiyak ako ng husto sa dressing room. Hindi ko na pinigilan ang luha ko.

Where did I go wrong? I did the talent perfectly. My walk was smooth and confident!

My answer was right and just!

Love. Love.

Kung pinili ko ang love, paano ko ijajustify iyon.

Narinig ko ang background music ng pageant sa isang cellphone sa labas.

"Kay Freya 'yan! Iyong kay Ayana Clemente, Joaquie!" saway ng aking mentor.

"Hindi ko vinideo. Kay Marjorie baka meron..."

"I want to hear her answer again!" ani Mama.

"Maayos naman ang sagot. Iyon nga talaga yata. Kasi unique ang sinagot niya. I mean, everyone answered the same. That was a very usual question... Pati answers nila, usual. Naghahanap ang judges ng may 'pak!'"

Pinalis ko ang mga luha sa aking mga mata at nagsimula ng magbihis ng white polo shirt at shorts.

Nanghihina ako. Wala akong gana sa lahat.

Ang sabi ni Papa, manalo o matalo magpaparty sa aming bahay after the pageant. May handaan kami doon. Naroon ang pamangkin ni Mama at nagbabantay para sa bisitang maaring dumating.

May lechon at iba't-ibang pagkain. But then I think dapat 'tsaka lang nag cecelebrate kung nanalo. Hindi dapat nagcecelebrate kapag ganito.

Lumabas ako ng dressing room. Hindi ko tiningnan ang mga mata ng mga tao sa paligid ko. I know they were disappointed too but they're trying their best to hide it from me. Hindi na kailangan. Ako mismo disappointed sa sarili ko.

"Ayos lang 'yan, Frey. Panalo ka pa rin..." anang aking mentor.

"Talo ang first runner up," iyon lamang ang naging sagot ko.

Ramdam ko ang pagtitinginan ni Mama at ng aking mentor. Wala na roon si Papa at Joaquin. Siguro ay nauna na sa sasakyan.

"Freya, huwag kang magsalita ng ganyan..." ani Mama.

Kahit na sinaway niya ako, alam ko na ganoon din ang tingin ni Mama. She thinks I did something wrong. She thinks something's off with my performance. And I think she's right. Dahil kung walang problema sa lahat ay sana ako ang nanalo, 'di ba?

"Hindi kaya nadaya tayo?" bulong ni Mama sa aking mentor.

Hindi ko na narinig ang sunod na mga pagpapalitan nila ng salita. Lumabas ako ng backstage. Sa likod ako dumaan. Ang make up artist ay sumama sa akin, dala dala ang aking gown at ilan pang mga gamit.

Si Joaquin na raw ang nagdala ng korona at iba pang galing sa pageant. Wala rin naman akong pakealam doon.

Sa damuhan ako naglakad. Ayaw kong lumabas sa stage dahil alam ko kung ano ang eksena doon. Dire diretso ang lakad ko. Nilingon ko ang stage sa malayo at nakita kong dinudumog si Ayana sa may bleachers kung saan nakaupo malapit sina Leon at Juliet kanina.

Juliet is busy talking to Marjorie. Leon is looking at his phone. While Ayana's in front of him being interviewed by so many people.

Nag-angat ng tingin si Leon kay Ayana. Tumigil ako sa paglalakad sa nakita ko.

Gustuhin ko mang kaladkarin si Leon dito para malayo kay Ayana, wala rin akong lakas para gawin iyon! Hindi ako pupunta doon! Hindi ako lalapit kay Ayana!

She is still in her gown! She's still in full make up while I'm the loser who cried herself inside the dressing room!

Shit!

Kinagat ko ang labi ko habang tinitingnan sina Leon at Juliet. Hinatak ni Marjorie si Juliet palapit kay Ayana para sa picture. Nagtawanan sina Russel at Julio at nakisali na rin. Leon's just there watching them.

Then I saw Ayana's hands reaching out to Leon.

I can only imagine what she said. Umiling si Leon.

Nagtawanan ulit sila. May mga lumapit na batchmates namin at nakisali sa picture.

Tumayo si Leon at umatras para bigyan sila ng espasyo ngunit ang photographer na mismo ang nagtulak sa kanya palapit sa mga iyon.

Humalukipkip ako. Tumayo si Leon sa pinakamalayong gilid ng lahat. But then after the group picture, nang umalis na ang lahat sa tabi ni Ayana ay nagkaroon ng mas maliit na group picture.

Just Leon, Ayana, Marjorie, Juliet, Russel, and Julio. Umalis si Julio sa tabi ni Ayana at tumabi siya kay Juliet dahilan kung bakit si Leon na ang katabi ni Ayana ngayon.

Nanlaki ang mga mata ko. Parang kinukurot ang puso ko habang tinitingnan sila.

"No..." I whispered to myself.

Hinawakan ko ang aking dibdib at huminga ako ng malalim. Agad kong hinagilap ang cellphone ko at nakita ko roon ang text ni Leon.

Leon:

Are you done? Can I go there now?

Leon:

Text me when you're done, please.

Leon:

You look stunning. You're my queen.

Pagalit ang pagpindot ko sa aking screen habang nagtatype ng mga messages.

Ako:

Asan kayo ni Juliet? Mag hihintay ako sa gate. Sa inyo ako sasakay!

Lumunok ako at dumiretso na sa paglalakad. Sa madidilim na parte ng campus ako dumaan para hindi ako makita kahit nino.

"Deserve ni Ayana Clemente iyon. Kailangan na ring matalo ni Freya. Nakakasawa rin na lagi siyang nananalo, e..." naririnig ko ang mga usapan ng mga estudyanteng dumadaan.

Kinagat ko ang dila ko. It's enough that I couldn't accept my defeat. I can't let them see that I'm this devastated! I at least should act the right way. Kahit iba ang sigaw ng puso at isip ko...

"My bet was Freya. Ang galing niya kaya sa rampa! Grabe! And have you seen her legs? She was the prettiest..." bulong naman noong isang estudyante.

Hating-hati ang lahat. I know. From the very beginning, people only love or hate me. There's no in between. Walang "ayos lang si Freya". It's either

"Gusto ko si Freya" or "Ayaw ko kay Freya".

"Freya! Hindi ka namin nakitang umalis..." ani Juliet nang sinalubong ko sila sa gate.

Leon is looking at me intensely. Nauna siyang naglakad kesa kay Juliet.

Nakahalukipkip ako habang hinihintay sila.

"Sa likod ako dumaan."

"Nilapitan kami nina Ayana at Marjorie doon sa inuupuan namin..." Umirap si Juliet.

"Grabe ang daming plastik! Iyong mga nambubully sa kanya noon na guys?

Nagpapapicture na sa kanya ngayon! Wow! Parang 'di nandiri noon, ha?"

Niyakap ako ng mahigpit ni Leon. Iyon ang sinalubong niya sa akin.

"My queen, 'wag malungkot..." bulong niya habang niyayakap ako.

Pumikit ako ng mariin. He rocked me slightly.

"May kainan sa bahay..." sabi ko.

Kailangan kong balewalain ang naramdaman ko kanina. Of course Ayana is Marj's cousin. And somehow we've gotten close for the past months. Hindi naman siguro iyon maiiwasan.

Though I'm pretty sure Juliet knows I have something going on with Ayana. Hindi parin niya matatanggihan si Marjorie.

"Samin ka na sumabay?" ani Leon habang niyayakap pa ako.

'Di na ako tumingin sa kanyang mga mata. Tumango lamang ako.

Sa front seat ako sumakay sa kanyang pick up. Si Juliet, Russel, at Julio ay sa likod naman.

Masyado pa silang maingay dahil sa nangyari habang ako at si Leon ay tahimik.

"Tawang tawa ako sa mali-maling sagot noong number one!" ani Russel.

"Ikaw kaya isalangsa pageant 'di ka ba magkamali?" ani Juliet.

"Bakit si Freya, 'di nagkamali?"

"Magaling na 'yan!" si Juliet. "'Di ko nga alam bakit nanalo iyong si Ayana. Her answer wasn't good. I mean, 'di pang beauty queen..."

"She answered love..." ani Julio.

Nilingon ko si Leon. Now that I think about it... Pinili ko nga pala ang aking pag-aaral at career. I said that love should wait. That's my principle. Love can endure anything. So it can endure the waiting. If it can't then it's not love.

Sa kalsada lamang nakatingin ang seryosong mga mata ni Leon.

Pero ngayon pa ba siya susuko? We're already halfway there. Ngayon pa ba siya susuko dahil sa sinabi ko sa pageant?

Pagkarating namin sa bahay ay marami ng tao. The tarp says "Congratulations Freya Dominque Cuevas!"

Sa baba may nakalagay na "Miss Alegria Community College"

I sighed. Nandyan na iyan kahit noong papunta pa lang ako sa school. Everyone expected me to win. Even my other relatives.

"Freya, ayos lang 'yan! Ikaw dapat ang nanalo roon!" sabi ng aking Auntie sabay yakap sa akin.

Kinailangan ko pang harapin ang lahat ng naroon. Hear their heartfelt words. They were sorry I didn't win. I can almost hear and taste their disappoinments.

"Ayos lang 'yan! Nadaya 'yon! Malakas daw iyong mga Clemente sa judges!" sabi naman noong kapitbahay namin.

Sina Leon, Juliet, Julio, at Russel ay labas ng bahay namin. May mga lamesa at silya doon na hinanda para sa mga bisita. Doon na sila kumain habang ako ay abala sa pagpapakita sa aming mga bisita.

Ngiti lamang ang tanging nagawa ko sa kanilang lahat. Hindi na ako dumugtong sa mga sabi-sabi.

"Kung alam lang namin na gusto pala ng judges na nadadapa iyong mananalo, sana ginawa na lang iyon ni Freya!" ani Mama.

She sounds so bitter. To my ears and probably to everyone around.

Lumabas ako ng aming bahay para mapuntahan sina Leon. Nagtatawanan sila nang nakita ko. Si Leon ay nakisali pero agad ding tumuwid sa pagkakaupo nang nakita na paparating ako.

"Salamat sa pagpunta..." sabi ko.

I am already so sleepy. Kanina pa ako pagod. Pinipilit ko lang para sa mga bisita ni Mama. Ayaw ko mang harapin, ayaw ko rin namang masabihan na nagluluksa dahil sa nangyari.

"Always, Freya... Pagod ka na? Magpahinga ka na..." ani Juliet.

"Oo nga... Aalis na rin kami ngayon," ani Leon.

Ngumiti ako. At least I have them. At least I still have my friends and Leon.

Iyon lang ang paulit ulit na iniisip ko. Dahil sa totoo lang pakiramdam ko lahat ay nakuha sa akin nang hindi ko napanalo ang pageant. Pakiramdam ko ang buong pagkatao ko iyong nawala nang nawala ang korona.

Hanggang Tuesday ang Foundation Day. Walang pasok pero maraming assignments. Dahil abala ako last week sa pageant ay inubos ko ang dalawang araw na walang pasok sa pag gawa ng assignments.

Ginawa ko rin iyong rason.

Ayaw kong pumunta sa school. I'm not ready to face everyone yet. It's too fresh. My defeat is too fresh that I can't stand being in school again. Kahit na may basketball game sina Leon.

Ang tanging inisip ko ay iyong pag-aaral ko muna. Na kailangan kong makabawi sa school dahil masyado akong distracted sa pageant. Sa pageant na wala rin palang naidulot sa akin.

Nilingon ko ang cellphone ko habang nagbabasa ako. It's been two hours since Leon's game started. Hindi parin siya nagtitext hanggang ngayon.

Ako:

Are you done?

"Freya, nag-aaral ka ba?" tanong ni Mama galing sa kusina.

Nasa sala ako ngayon. Nakaupo ako sa aming sahig habang hinaharap ang sandamakmak na assignments. Minor or Major. Dahil may mga araw na walang pasok, binanatan kami ng mga professor namin ng mga assignments.

"Opo..." sabi ko sabay harap sa aking mga aklat.

Nagbasa ulit ako sa aklat. Two paragraphs and I don't understand anything.

Nilingon ko ulit ang cellphone ko. Leon did not reply!

Ako:

Juliet, tapos na ba sina Leon?

Agad nagreply si Juliet.

Juliet:

Katatapos lang. Nag overtime. Panalo sila. Last game mamayang hapon...

Huminga ako ng malalim. Maraming naglalaro sa aking utak.I just don't want to acknowledge it.

Juliet:

Bakit ka ba kasi 'di pumunta? Sobrang dami ba niyang assignments mo? Nandito si Ayana.

Napalunok ako sa nabasa kong mensahe galing kay Juliet. Of course Ayana would like to go to school everyday! She won the crown! Kabaligtaran sa nararamdaman ko ngayon! If only I can skip classes!

Everyone expected me to win. Some hoped I won't. Wala akong pakealam sa mga may ayaw sa akin pero ngayong talo ako, parang may kakayahan silang saktan ako! It's like I lost the power a crown can give me!

Leon:

Pupunta na ako riyan... Sorry, nag overtime.

Ako:

Ayos lang. Maghihintay ako...

Dito siya kakain ng lunch. Iyon ang usapan namin. Sinabi ko na rin iyan kay Mama.

Pumayag naman siya roon. Besides, sanay na sina Mama kay Leon.

"Anong oras naman ang game n'yo mamaya? Ba't 'di pa umuuwi si Joaquin?" tanong ko habang kumakain kami ng tanghalian.

Si Papa ay nasa Maynila para sa isang proyekto. Si Mama lang at ako ang nasa bahay.

"Sabay nag lunch ang team. May ituturo rin kasi si coach mamaya..." sabi ni Leon habang kumakain.

Sabay nag lunch. Meaning, pumuslit si Leon. Nagkibit ako ng balikat at nagpatuloy sa pagkain.

"Anong oras ka aalis mamaya?" tanong ko.

"Alas kuatro ang game."

Tumingin siya sa akin.

"Quarter to four?" sabay angat ko ng isang kilay.

Tumango si Leon. "Gusto mo ng magrereview sa'yo?"

Ngumiti ako at mabilis na tumango. Somehow his presence lifts me up. Kahit na isipin ko man na nanonood si Ayana sa kanyang game, at least sa akin parin umuuwi si Leon.

Tinulungan niya ako sa aking pag-aaral. Nagtatawanan din kami kapag may naaalalang experience noon. I feel like he's trying his best to cheer me up for the past few days.

"Hala! Alas kuatro na!" sabi ko nang nahagip ang orasan.

Nilingon ni Leon ang orasan sa aming sala. Nagulat din siya sa oras.

"Sumama ka na!" ani Leon sabay tayo.

Umiling ako. "'Di na... Aantayin kita pagkatapos ng game n'yo..."

Ngumuso si Leon at nagtaas ng kilay sa akin. I know he wants me to go but I am still not in the mood. Hindi ko alam paano harapin ang mga taong umasa na ako ang mananalo.

"Bilis na, Fourth! Malilate ka na!" sabi ko sabay tayo para ihatid siya palabas.

"Mag C-CR lang ako..." aniya.

Tumango ako. Hindi man lang niya naisip na baka nagsisimula na ang game niya ngayon. Mas lalo lang siyang malilate nito!

His phone then beeped. I saw an unknown number.

Nag-angat ako ng tingin sa aming kusina. Nakapasok na si Leon sa CR.

Sa screen pa lang ay nakita ko na ang mensahe.

Unknown Number:

Where are you? The game is starting...

Niswipe ko kaagad para mabasa ang buong mensahe. Iniisip ko si Russel or Julio na hindi naphonebook ni Leon.

Unknown Number:

Where are you? The game is starting. I'll watch again. Hope you win.

Tiningnan ko ang dating mensahe. Nanlamig ako nang nakita ang dating mensahe ni Ayana kay Leon. And the recent texts were even longer. And Leon even replied to her!

Unknown Number:

Congrats kay Freya! Hindi ko inexpect na mananalo ako. I thought Number 3 would win! Ni 'di ko alam na mapapasok ako sa top 4.

Unknown Number:

Hey please tell Juliet na may dinner dito sa bahay namin. You can join. Victory Party.

Unknown Number:

Leon, about what I said... Please understand.

Unknown Number:

Can you give me a minute? Please, L

Unknown Number:

I just want to say something... Iniiwasan kong makita tayo ni Freya...

Holy shit. Napasinghap ako nang nabanggit ang aking pangalan.

Unknown Number:

Hindi naman kayo ni Freya, 'di ba?

Unknown Number:

I want to talk to you, Leon.

Leon:

I have no time for this.

Nanginginig ang kamay ko habang nilalapag ang kanyang cellphone sa lamesa. Nanuyo ang lalamunan ko.

Lumabas si Leon sa CR. Tumikhim ako at dumiretso na sa kusina para makainom ng tubig.

"You sure you don't want to come with me?" tanong ni Leon.

Nilingon ko siya habang sumisimsim ako ng tubig. Umiling ako.

Lumapit siya sa akin. His eyes were full of concern. Hinawi niya ang tikwas ng buhok sa aking tainga.

"Painom din muna bago ako umalis..." he then smirked.

Ayana. That bitch.

Tumango ako at nagsalin na rin ng tubig para kay Leon.

==========

Kabanata 24

Kabanata 24

Mang-aagaw

Hinayaan ko si Leon sa kanyang basketball game. Ngunit buong oras na wala siya at naglalaro ay wala akong iniisip kundi ang mga nangyayari roon.

I can't concentrate. Walang pumapasok sa utak ko. It's useless to text him since he's probably playing.

Paulit-ulit kong binabalikan ang mga texts ni Ayana. Gusto kong iwasan ang pag-iisip ng kung ano ngunit hindi ko parin magawa. Bakit sa mga texts niya ay parang nag-uusap sila ni Leon. Ng saglit. Kahit saglit.

At bakit hindi iyon sinasabi ni Leon sa akin?

Maybe, it's not that important. Gaya ng sinabi niya sa akin noon, hindi naman importante iyon kaya nakakaligtaan niya.

Or maybe...

I shouldn't doubt alright! I should stop overthinking!

Nanlaki ang mga mata ko nang nag alas sais na at wala parin akong nagagawa sa mga take home quizes ko. Kinuha ko ang cellphone ko para itext si Juliet bago tuluyan nang magseryoso.

Ako:

Juliet, sasabay ka ba kay Leon? Please tell me if the game's over. Thanks.

Pagkatapos ng message na iyon ay sa mga assignments na ako tumingin. Kailangan kong matapos ito bago mag bukas. May pasok na bukas!

Pinangunahan ako ng pag-ayaw ko sa pagpasok ngunit inisip ko rin na kailangan ko iyon. Kung 'di ako papasok dahil lang sa nangyari sa pageant, my studies will also be ruined.

Juliet:

'Di ako sasabay. Tapos na ang game. Talo sila.

Ayaw kong magreply. I'm sure didiretso naman si Leon dito sa bahay kung tapos na.

Mga tatlong minuto akong nagsulat ng assignment ngunit hindi ko naman maintindihan.

Ang daming erasures. My phone beeped, it's Leon.

Leon:

Punta na ako riyan. We lost :(Nanood ka sana.

Ako:

Sorry to hear. :(Punta ka na dito...

Tinext ko rin si Juliet. Hindi ko alam kung kanino siya sumasabay. Nasa kay Julio o Russel lang siguro.

Ako:

Nandyan pa ba si Ayana?

She replied immediately.

Juliet:

Wala na. Sumunod siya sa team pagkaalis.

Gusto kong sabihin kay Juliet na bantayan niya si Leon ngunit ayaw ko namang maka istorbo. May sarili siyang buhay! May sarili siyang

ginagawa!

Based on Ayana's texts, paniguradong pinipilit na naman noon na mag-usap sila ni Leon. And because it's nothing to Leon, 'di rin niya sasabihin sa akin.

Hindi naman siya natagalan kaya hindi ko na rin inusisa. Fifteen minutes pagkatapos ng text ni Juliet ay nasa bahay na siya at may dalang pagkain.

I did not bother to ask. I know what his answer will be. Ipinagkibit balikat ko na lang iyon.

Pagkauwi niya ay nagconcentrate na ako sa aking assignment para bukas. Doon lang napanatag ang loob ko. Ang malaman na nakauwi na rin siya sa kanila.

Balik eskwela kinabukasan. I am nervous. I've never been this nervous to go to school my entire life.

Pagkapasok ko pa lang sa gate ay may nakita na akong mga estudyanteng nakatitig sa akin. Hindi ko pansin kung ganito na ba sila noong 'di pa nangyayari ang pageant.

Hindi rin naman kasi ako conscious noon. Ngayon lang ako naging ganito ka conscious sa mga reaksyon nila.

"Hi, Freya! Congrats nga pala sa pagkapanalo mo ng 1st runner up!" sabi noong isang senior.

Ngumiti lamang ako sa kanya at tinanggal agad ang paningin. I am not sure if that was heartfelt or she's mocking me.

Marami pang nag congratulate sa akin. Again, I smiled at them. I appreciate their reactions. I am just not sure if it's genuine or not.

"Congratulations, Miss Cuevas. You won the first runner up title for Miss ACC,"

sabi ng aming propesor pagkatapos kolektahin ang amig mga assignments.

May hindi pa ako natatapos sa ibang subject. May time naman ako mamaya kaya doon ko na lang sa library tatapusin.

Iba na rin kasi ang sched namin ni Leon. Gaano man niya ka gustong tapatan ang akin ay mahirap na lahatin dahil may mga subjects talaga na conflict. Kaya hindi na kami tulad noon na sabay na sabay sa bawat oras.

"Though, I thought you'd really win..." dagdag ng propesor.

"Thank you, Sir. I appreciate it."

Ngumiti ako.

"Nanalo lang iyong nasa kabila dahil unique ang sagot niya..." sabi ng aking kaklase.

I smiled at them. At least here, sa accounting students, ramdam ko na tunay ang panghihinayang nila sa akin. It's not because they believed in me, though. It's because they want our course to win. But that's enough support. I'd rather that than someone mocking me.

"Mamayang alas dose ko kukunin ang take home exam n'yo para sa Microeconomics..."

"Yes!" sigaw ng mga estudyante kasama ako.

I never thought I'd cheer with them. I still need to start that one! Iyong Actg 5

lang ang natapos ko. I am not even sure about my answers. I just really need to finish that.

"Freya, totoo bang umiyak ka raw sa backstage?" tanong ng katabi ko sa akin.

"Pagkatapos noong pageant."

Kumunot lamang ang noo ko sa tanong niya.

"Saan mo naman napulot 'yan?"

"Sabi-sabi. 'Di talaga namin gusto 'yong si Clemente. Pabebe masyado..."

Tumawa lamang ako.

Now that I think about it... siguro ay hindi talaga ako disappointed dahil lamang sa 'di ako nanalo. Disappointed ako dahil si Ayana ang tumalo sa akin. Disappointed ako dahil may issue ako sa kanya kay Leon. Ayaw ko sa kanya.

At ayaw ko sa kanya dahil tinuring ko siyang kaibigan. Ayaw ko sa kanya dahil nagmagandang loob ako noon. I did not regret what I did to her. I just did not expect that everything will turn out this way.

She's texting Leon secretly. She's calling him "L" for whatever reason. And she's obviously flirting with him! Ayaw niya pang malaman ko, ha?

Kung may sadya siyang ibang bagay kay Leon, bakit kailangang ilihim sa akin? At ano naman ang ibang bagay na iyon? Wala akong ibang pwedeng maisip.

"Freya..."

Nag-angat ako ng tingin sa isang pamilyar na boses. Sa labas ng aming classroom ay naroon si Axl, naghihintay.

Kumunot agad ang noo ko. If he'll ask about Ayana's number I'll definitely ignore him. Right here and right now! I am not rude. I just want people to at least be sensitive. Bakit pa sa akin nagtatanong? Pwede namang sa iba!

"Do you know where's Ayana right now?"

Oh my God!

He graduated with flying honors in high school. Nagulat ako na ganito pala siya ka bobo sa buhay na ito!

I ignored him. Hinagilap ko ang aking mga libro para makapunta na sa library. I'd be wasting my time if I talk to him.

"Freya!" he demanded.

Nilagpasan ko siya. Hinawakan niya ang aking braso at marahas na pinaharap ako.

Nanlaki ang mga mata ko.

No. One. Holds. Me. Like. That.

"What is it!?" pagalit kong sinabi.

Pasalamat ka't hindi sampal ang inabot mo, Axl! Mabilis ang hininga ko sa sobrang galit.

"I'm asking you where-"

"Don't you see? We're not close! Juliet and Marjorie are my close friends. Ni hindi ko nga alam nasaan si Juliet ngayon tapos itatanong mo sa akin si Ayana?"

"Oh come on! Ayaw mo lang na malaman ko, e. You two were friends. Last month, you were seen hanging out together. And you joined the contest together! Paanong 'di kayo friends?"

"We are not close. I don't have her number. Kung gusto mo ng mabilisang sagot, pumunta ka kay Marjorie! She has her number!"

Umirap ako at tinalikuran siya. Nagmartsa na ako palayo.

"Are you bitter or something, Freya?" sigaw ni Axl sa akin. "Nagtatanong lang ako sa'yo! Galit ka agad?"

Wala akong pakealam sa mga nakatingin sa amin. Wala akong pakealam sa mga sinisigaw ni Axl sa akin. At lalong wala akong pakealam sa konklusyon niya.

Hindi iyan ang point dito. Ang point dito ay bakit ako ang tinatanong. Whynot ask her classmate? Why not ask someone who is close to her? Joaquin? Or someone? The heck is wrong with his logic?

Sa pagmamartsa ko patungong library ay nadaanan ko ang AVR kung nasaan sina Leon ngayon. Major subject nila ito at dalawang oras yata siya diyan.

Nakadalawang lingon ako sa may bandang pintuan dahil nahagip ng paningin ko si Ayana kasama si Susie. What the hell are they doing there?

Pakiramdam ko ay nagslow motion ang paligid nang nagkatinginan kami ni Ayana. I saw her eyes widened then pumunta siya sa likod ni Susie.

I know what that reaction is! I know exactly what that is!

Mablis silang naglakad ni Susie palayo doon.

Nagtiim-bagang ako. Uminit ang pisngi ko at bumilis ang pintig ng puso ko. This bitch is texting Leon. Oo at hindi kami, pero kapag kami ba ni Leon ay 'di siya mag titext ng ganoon? God, she knows there's something in between us! Kung nirespeto niya ang pagkatao ko, tulad ng pagrespeto ko sa kanya, dapat ay hindi niya na ito ginawa.

"Bakit nasa labas kayo ng AVR?" tanong ko nang naabutan sila.

Ginawa ko talaga ang lahat para lang maabutan sila. I want to know! I need to know!

I have to know why! To finally close this case. To finally end this one.

"Ayana, I am asking you..." sabi ko dahil nagpatuloy sila sa paglalakad ng kaibigan niya.

Nilingon ako ni Ayana. She looked like a little lamb who's so scared of the wolf.

Ako ang ang nagawan niya ng atraso rito pero parang ako pa iyong masama.

Kitang-kita ko sa mukha ng kaibigan niyang si Susie ang guilt. Hindi siya makapagsalita.

"Si Leon ang inaantay n'yo, 'di ba? Two hours pa. Mamaya pa 'yon. May isang oras pa. Bakit n'yo hinihintay?" Nagtaas ako ng kilay.

"Freya, hindi naman sa ganoon-"

"O, e ano pala, Ayana?"

She's wearing a high-waist faded pants and a sleeveless cropped top. We almost have the same outfit. Mas lalo lamang nag-alab ang galit ko.

"We were just standing th-there..." palusot ni Ayana.

Tumawa ako ng bahagya. Seriously? Walang ibang pwedeng gawing reason? Nakatayo lang talaga doon?

"Standing? Like how you're just standing every time may game si Leon? Sa bleachers?

Pati sa classroom? God, I don't even stand outside Leon's classroom just to wait for him!"

"I am not waiting for him, Fr-Freya..." giit ni Ayana.

Pumikit ako at tumawa sa inis. We really have to settle this one. I really need to

know.

"Ayana, please tell what's the meaning of all these. I am not blind. I am not dumb.

Standing outside Leon's classroom?" mas kalmado kong sinabi.

Ayaw kong mag eskandalo. Galit ako ngunit alam ko kung ano ang kailangan kong malaman sa kanya.

"If you tell me right now that you like Leon, I'd understand because Ayana, you're not the only girl who likes him. There are tons of girls out there. Stalkers and texters... It's not new to me. Iba lang ngayon kasi syempre nakilala kita sa ibang paraan. Nakilala kita na ang intensyon ko ay kaibiganin ka... tulungan ka-"

"I already told you, Freya. I'm not waiting for Leon!" pagalit na sinabi ni Ayana.

Nagulat ako roon. Sige. Sabihin na nating nagkamali ako.

"Sige. Ano? Ano pala?"

"Napadaan lang kami roon-"

"At napadaan ka lang din sa bleachers, ganoon? Napadaan ka lang tuwing may game si Leon? Napadaan ka lang?"

Kumunot ang noo ni Ayana sa akin. Para niya akong inaakusahan sa isang bagay na hindi ko alam. Bakit niya ako titingnan ng ganyan?

"What about your texts? Sinabi ni Leon sa akin na nagtitext ka sa kanya. Ano 'yon?"

That's my last card. She needs to spill her intentions. I'd be happy if she tells me now that she likes Leon. At least alam ko na nakonsensya rin siya. Na may malasakit at pagtanaw parin siya ng utang na loob kahit paano. Kahit na isipin niya na lang na kaibigan ako ng kanyang pinsan. Kahit iyon na lang.

Nanlaki ang mga mata ni Ayana sa sinabi ko.

"Inaakusahan mo ba akong mang-aagaw, Freya!?" she cried.

What a stupid question. I cannot believe it.

Napaatras ako dahil umiyak siya. Lahat ng mga dumadaan sa labas ng building ay napapatingin sa aming dalawa. Niyakap siya ni Susie at tinahan.

"Bakit ka umiiyak? I did not accuse you of anything! I did not even mention the word-"

"You sound like you're accusing me, Freya!" sigaw niya.

"Kung hindi naman pala, why the texts? Why are you outside of Leon's classroom looking so damn guilty?"

Hindi siya sumagot. Umiyak lamang siya habang niyayakap si Susie. Nilingon ko ang mga tao sa paligid. Nakatingin sila sa amin. May iilan pang nagbubulung-bulungan.

"Tama na, Freya..." ani Susie.

"Anong tama na? May ginawa ba akong masama? I'm just asking her questions. Why can't she answer? Kung totoong wala lang iyon, bakit 'di niya masagot?" sabi ko.

"Freya, what are you doing?"

Biglang pumagitna ang contestant number one noong pageant. Napadaan lang yata siya kasama ang knayang mga kaibigan.

Lumayo si Susie at si Ayana. Nanlaki ang mga mata ko.

"Ano? Naiinsecure ka ba kay Ayana kaya mo siya inaaway ngayon?"

"What?"

I cannot believe these people. I am insulted by the way they all think.

"Get over yourself! Hindi ka nanalo kasi 'di mo deserve ag korono! Ngayon inaaway mo si Ayana dahil siya ang nanalo?"

"What the hell? Who told you that this is about the crown!? I don't care about any crown!"

"Kung ganoon, ano ito?"

Iritadong iritado ako sa ekspresyon ng babaeng ito. Nakikisawsaw ngunit pakiramdam niya ay alam na alam niya ang lahat.

"Ask Ayana. Hindi niya pa nasasagot ang tanong ko-"

"Tama na 'yan, Freya," sawsaw ni Susie. "Obvious naman na galit ka lang dahil sa pageant."

Nalaglag ang panga ko.

"Stop it, Freya! Get over the pageant!"

"You are too full of yourself..."

Hindi ko na alam saan ko ididirekta ang aking paningin. Sa mga kaibigan ba nitong number one, kay Susie, o sa umiiyak na si Ayana!

"Magsama nga kayo. Dumb bitches..."

Tinalikuran ko silang lahat. Naririnig ko pa ang mga panlalait at mga sabi-sabi nila. Galit daw ako dahil natalo ako. Hindi raw ako sanay na natalo ako. At marami pang iba...

Tulala ako sa library. Hindi ko masimulan ang lahat ng gagawin ko dahil sa nangyari. Some girls who saw the commotion were also there. Tumitingin sila sa akin at nagbubulung-bulungan.

Tumunog ang bell hudyat na susunod na klase na. Wala akong nagawa sa assignment kahit number one.

Nanghina ako habang nagliligpit ng gamit. Manghihingi ako ng palugit sa professor.

Tutal ay alam niyang busy ako dahil sa pageant.

"Hindi ba ay noong Sabado lang iyong pageant? You have three days to get it done, Miss Cuevas. Oh well..." iyon ang naging sagot ng aking propesor.

Hindi ko na matandaan kung kailan ako huling napagalitan ng teacher. Ang pangit pala sa pakiramdam. Lalo na't nakatingin ang mga kaklase ko sa akin.

"Bibigyan kita ng tsansa pero may minus na 'yan!" aniya.

Tumango ako. Tatanggapin ko na iyong minus kesa wala kahit isag puntos. I really need to get this done. I really need to focus.

Tinago ko ang aking cellphone nang naramdaman ang isang text. Pilit kong tiningnan iyon kahit sa gitna ng lecture ng professor.

Leon:

Where are you? I heard what happened. Are you okay?

Kahit hirap sa pagtitext sa loob ng bag ay ginawa ko para lang makapag reply.

Ako:

I'm fine. Nasa Business Building, 3rd floor.

Leon:

Papunta na ako riyan. Sabay na tayong mag lunch?

Hindi na sana ako magrereply para makinig lamang sa prof pero naalala ko... may pasok siya ng alas dose!

Ako:

Paano 'yong klase mo? Maglunch ka na ngayon. Ihatid mo na lang akong canteen mamaya...

He replied immediately.

Leon:

Ipagpapaliban ko muna. Nasa labas na ako.

Nilingon ko ang pintuan ng aking classroom. There, I saw Leon waiting. Nakahawak siya sa railing nang nilingon ako. His eyes were serious.

"Get one whole sheet of paper. Tingnan natin kung anong naintindihan n'yo sa lecture!" hamon ng propesor.

Oh shit! Nagmadali ako sa pagkuha ng papel. Nakuha ko ang umpisa ngunit hindi ko nakuha ang kabuuan ng topic. Nilagay sa black board ang seatwork namin.

Nagseryoso ako sa pagsagot kahit na wala na akong mapiga sa aking utak. I cannot believe how stupid I am this semester! Pinangako ko sa sarili ko na aayusin ko ngayon pero umpisa pa lang ay wala na!

Nanghihina ako pagkatapos ng klase. Si Leon ay nasa pintuan na at nag-aabang.

Habang umaalis ang mga kaklase ko ay pumapasok naman siya sa classroom.

Tinulungan niya ako sa pagliligpit ng gamit. Tinitigan ko siya ng mabuti. His diamond earring shined brightly. His semi shaved hair fits his image perfectly.

Nang nag-angat si Leon ng tingin sa akin ay halos matunaw ako sa kanyang mga mata.

"Are you alright? I heard about the commotion just outside our building. Anong nangari?"

Kinuha ko ang bag ko at hinayaan siya sa mga libro ko. "Naghihintay si Ayana sa labas ng classroom mo... I asked her what she's doing there but then she cried..."

Naglakad ako palabas. Sumunod si Leon. Titig na titig siya sa akin. His curved lips pouted as he examined me.

"Sana 'di mo na lang pinatulan..." aniya.

"Nagtatanong lang naman ako. Masyado siyang defensive. Umiyak. Anong nakakaiyak sa tanong ko?" sabi ko.

Tumawa siya. "Don't worry about her. I ignore her, Freya..."

"You ignore her but she's so persistent. Ayos lang sana kung 'di ko siya kilala.

But my goodness, Fourth. She's Marj's cousin. And I'm Marj's friend..."

"You're just wasting your time, Freya. Huwag mo nang isipin ang lahat ng ito," ani Leon.

Nagkatinginan kami. He looked so serious. Like I should really believe him. It's like he's telling me that he's in control of everything. Truth is, he's not in control of everything. Our feelings decide what our actions will be. We are all slaves of our feelings. At sa oras na maapakan ni Ayana ang damdamin ni Leon, ang mararamdaman ni Leon para kay Ayana ang kokontrol sa kanya.

Thinking about it hurts big time. I looked away. Because I know it's possible.

Because I know that humans can fall in love and can fall out of love.

Staying in love is a choice. Falling in love is inevitable. So falling in love while trying to stay in love is inevitable as well. At bakit ko iisiping naiiba si Leon? We are all human. We are all capable of the inevitable. I am capable of falling out. Kaya ganoon din syempre si Leon.

Hinawakan ni Leon ang aking kamay. Tinagilid niya ang aking ulo.

Sumikip ang dibdib ko dahil sa mga naiisip.

"Stop thinking about uneccesary things, Frey. You're freaking me out..." aniya.

Ngumisi ako at umiling. Right, Leon. Right...

"Freya..." kinausap ako ng Dean dalawang linggo pagkatapos noong nangyari.

"Good morning, Madame..."

"Sit down..."

Sumunod ako sa sinabi niya. Nilapag ko ang mga aklat sa kanyang lamesa. Nagulat ako at pinatawag ako. 'Di ko alam kung anong sadya pero 'di rin naman ako kinakabahan.

"Kumusta?" tanong niya.

"I'm fine..." I said awkwardly.

It's unusual to hear a dean ask a student that one. I thought it's about something more important.

"Is there a problem?" tanong ko.

Huminga siya ng malalim. "Nagkausap kami ni Kapitana. Ang sabi niya, gusto mo raw gumraduate ng may Latin Honors, is it true?"

Napalunok ako sa tanong niya.

"Yes, po..."

"You're grades are decreasing according to your professors. This is unusual and uneccessary, uh, warning because I believe in you. I believe that you can reach for it. But your professors are just concerned... Did the pageant somehow affect your academic performance?"

Kumalabog ang puso ko. Is it that bad? Am I failing? It can't be! Hindi pa nga nagmi-midterms! They are overreacting...

"It didn't. Bakit naman maapektuhan ang grades ko?" I smiled.

Tumango ang dean at humilig siya sa kanyang swivel chair. Is my standing that bad?

==========

Kabanata 25

Kabanata 25

OceanofPDF.com

Forgiveness

"Ayos ka lang?" tanong ni Juliet sa akin.

Naabutan niya ako sa library. I'm trying so hard to do my homeworks but I'm unconsciously spacing out.

"Yup..." sabi ko kay Juliet.

She's got that weird look on her face. Tila ba may problema akong 'di sinasabi sa kanya.

Umupo siya sa harapan ko at nangalumbaba. Tinitigan niya ako kaya dinungaw ko kaagad ang aking aklat.

Simula noong umiyak si Ayana sa harap ng maraming tao, usap-usapan na na galit ako sa kanya dahil lamang sa pagkapanalo niya. Usap-usapan na na naiinsecure ako sa kanya.

Tuwing may nagtatanong sa akin tungkol doon, syempre sinasagot ko ng tunay kong nararamdaman. Na hindi ako galit dahil doon. Na tanggap ko ang pagkapanalo niya.

But did they believe me, though? I'm pretty sure they didn't. Lalo na iyong mga galit sa akin. They'd rather believe that I'm insecure. They all want to prove their speculations... At may magagawa ba ako doon? Wala. Hindi ko na kailangang ipangalandakan na hindi ako insecure at hindi ako galit dahil nasa kay Ayana ang korona. It's not my problem if they don't believe me.

"Sigurado kang ayos ka lang?" tanong ni Juliet.

Suminghap ako at sinarado ang libro. Lately my quizes are low. I'm doing my best.

Pinilig ko ang ulo ko at hinilot na lang ang sentido. Am I really doing my best?

"Oo, ayos lang ako. Hinihintay mo si Marj?" tanong ko kay Juliet.

Tumango si Juliet. She still looked curious kaya ngumiti ako.

"Dito kami magmemeeting para sa aming groupwork. Si loverboy?" tanong ni Juliet sa seryosong tono.

"Hinihintay ko siya rito. Sabay kaming magla-lunch..."

"Huh? Hindi ka pa naglalunch?"

Tumingin siya sa kanyang relo at kumunot ang kanyang noo.

"Ala una na, ah?"

"Hindi pa naman ako gutom. 'Tsaka inuna ko lang 'tong activity..." sabi ko sabay pakita sa aking libro.

Umiling si Juliet. Hindi ko na mabilang kung pang-ilang buntong hininga na ang ginawa niya para sa akin.

"Baka isama ni Marjorie si Ayana ngayon dito..." ani Juliet.

Tinitigan ko lamang siya. I'm not avoiding Ayana. Siya siguro ang iniiwasan ako.

Kahit si Marj ay 'di ko na masyadong nakakahalubilo dahil sa issue.

"Maglalibrary daw kasi," ani Juliet.

Nagkibit ako ng balikat. Ang mga mata ng mga tao ay paniguradong ididirekta sa amin. Hindi parin talaga kasi humuhupa ang usap-usapan.

"Alam mo, Freya. Hayaan mo na 'yang usap-usapan ng mga tao. Alam ko namang wala ka nang pakealam kay Ayana, e. 'Tsaka tinanong na din ni Marj is Ayana tungkol sa kay Leon. Wala raw talaga ang sinabi ni Ayana."

Tumango ako. I'm so tired of explaining it to Juliet. Paulit-ulit niya itong sinasabi sa akin na parang sirang plaka. Bumuntong-hininga siya.

"Okay, alam kong kahit ako ay 'di nagtitiwala kay Ayana. Kahit ako may pagdududa. I know how you feel. But it's my cousin you are talking about. Leon's never been this crazy over a girl, Freya..."

Ngumiti ako sa aking kaibigan. I get all the things she told me. Pagod na rin akong bigyan ng pakealam ang mga tao sa paligid.

May biglang humawak sa aking balikat. I knew instantly that it's Leon. Nilingon ko siya. He smiled. Umupo siya sa tabi ko. Hindi pa nakuntento sa lapit ng mga upuan namin ay inusog niya pa ang kanya.

"Tapos ka na?" tanong niya.

Tumango ako.

Nagpalipat-lipat ang tingin ni Juliet sa aming dalawa. Nag ngising aso si Juliet at umiling.

"Doon na ako sa kabilang section mag aantay. Maglunch na kayo!"

Tumango ako at hinagilap na ang aking mga gamit. Tumulong si Leon sa pagliligpit ng mga iyon. Hinayaan ko na lang siya.

Kinuha ko ang bag ko at umalis na roon. Iyong iibang mga tao sa library ay nakatingin sa amin. Siguro ay kuryoso parin sa estado naming dalawa.

Lately... I'm starting to think that maybe... Leon deserves the label. Pero tuwing naiisip ko iyan, naiisip ko rin ang standing ko sa klase. Ngayon ko pa talaga naisip ito na bumababa ang grades ko?

Where are the supposedly deep-rooted principles? Did I lose them along the way?

"Anong gusto mo?" tanong ni Leon nang umupo ako sa pangdalawahang upuan sa canteen.

"Fried chicken, rice, and juice..."

Tumango siya at umalis na.

Tuwing sabay kaming maglunch, ganito lagi ang eksena. Maiiwan ako sa lamesa para magbantay ng gamit at siya naman ang bibili ng pagkain.

Inayos ko ang mga gamit ko. Nag-angat ako ng tingin kay Leon na pumipila na sa counter. May ibang kilala siyang nakikipag-usap sa kanya. Tinaguan niya ang mga ito at nagtawanan pa sila sa pila.

Something beeped. Naagaw ng atensyon ko ang kanyang cellphone na umilaw.

It's an unknown number. Pinulot ko kaagad ang cellphone para basahin ang paunang mensahe.

Unknown Number:

Leon, please. Let's talk...

Sa utak ko alam ko na kung sino iyon. But maybe I'm wrong. Maybe I'm just being paranoid.

Kumalabog ang puso ko nang nilagay ang password sa kanyang phone at niswipe iyon.

I figured... if Leon really has a secret, why would he leave his phone behind? Why would he save her texts?

Kung ako ang may ililihim, I'd delete all the traces of that secret anywhere. Kapag nabuking ako, that means I've been careless. But this one? All her texts were still intact. Like how the other girls text him. Like how his other admirers... Ayana is just no one to him.

Unknown Number:

Leon, please. Let's talk. I really need to talk to you. Can we meet? In private.

Just you and me...

Kinalma ko ang sarili ko. Ayaw ko na ng ganito. Pagod na akong mag-isip. Pagod na akong magselos. Pagod na akong maging emotionally unstable.

I really think that the past semester got ruined because of all of these. I am territorial. I admit it. Kahit hindi pa kami ni Leon. I think I have every right to be, though. He's told me he loves me. On the otherhand, Ayana has the right to admire Leon, too. I get and accept that. Like all his other admirers, she has the right to proclaim her love for Leon.

Ang tanging problema ko lang sa kanya ay iyong pagiging magkaibigan namin. Maybe the word friend is too much for that. We did not really share any remarkable experience together. But I treated her like Marj and Juliet. Somehow, we were almost there. Somehow, she gained my trust. That hurt me. That made me mad. Because I trusted her.

Mabilis akong tumipa ng sagot sa kanyang sinabi.

Ako:

Alegre Barbecue and Grill. Backyard. Let's meet there 3pm today.

Pagkatapos masend ay dinelete ko ang message ko. Inangat ko ang tingin ko kay Leon na nasa counter na ngayon. Mabuti na lang at mabilis ang reply ni Ayana.

Unknown Number:

Thank you for this. You don't have class?

Ako:

Nope. I'll be there early. Don't text me anymore, please.

Unknown Number:

Thank you, Leon. Finally. Thank you so much. I really appreciate this opportunity. :D

I deleted her texts and mine. Sana ay hindi na siya magtext ulit. Mukha rin namang walang pakealam si Leon sa mga texts niya.

"Sorry ang haba ng pila..." ani Leon habang inaayos ang mga pagkain namin.

"Ayos lang."

"'Di ka pa ba ginugutom? I'm starving..." ani Leon.

"Medyo lang. Anong oras ka matatapos mamaya?"

"Hmm. My last subject will be two hours. That means hanggang alas singko. Sana lang ay maaga kami ngayon. Ikaw? Saan ka maghihintay?"

I have a two-hour class. Alas dos hanggang alas kuatro. But then I need to finally end whatever's this.

Tingin ko kasi ito talaga ang dahilan kung bakit ganito ngayon. I've been so deeply bothered with Ayana. I know I shouldn't be bothered because Leon's true to his words but... I really can't describe how I'm feeling towards here.

The ugly feeling in my gut would never let me sleep. I would never stop being paranoid.

Kapag sinabi niya sa aking gusto niya si Leon, at least matatahimik ako. Masasabi ko iyon kay Leon at hahayaan ko si Leon na mag desisyon. At kung may iba pa man siyang kailangan kay Leon, then at least I would know.

Habang kumakain ay napagtanto kong masyado akong nanghihimasok kay Leon. Masyado akong makasarili. Masyado kong pinagtutuonan ng pansin ang isang bagay na dapat ay wala akong pakealam.

But I just really couldn't explain that ugly feeling in me. I am not articulate

enough to describe it. Intuition? I'm not sure... There's something about this.

There's something about her.

"Good luck!" ani Leon nang hinatid niya ako sa aking classroom.

Ngumiti ako sa kanya at hinintay na makaalis siya. May pasok din siya sa kabilang building pero hinatid niya ako rito.

Nang nawala na siya sa aking paningin ay 'tsaka ako umalis.

"Freya! Saan ka pupunta? Malilate ka!" sabi noong kaklase ko.

"CR lang. Sakit ng tiyan ko..." I lied.

This is the first time I'll skip a class. Hindi ko inasahang sa ganitong dahilan ko ipagpapaliban ang klase.

Inilihim ko kay Leon ito dahil paniguradong pipigilan niya ako sa gagawin ko. I'll tell him exactly what happened after everything. After I confront Ayana.

Mas mabuti siyang kumprontahin sa ganitong paraan. Iyong kaming dalawa lamang.

Babae sa babae. That way, she won't have to cry. It would be useless. No one can save her from my questions. Her only escape is the truth. And that's what I need.

Dumiretso ako sa gate. Pumara ako ng tricycle.

Mas mabuti nang maaga roon. That way, Ayana won't see me going out of the school.

Magdududa siguro iyon pag naabutan ako.

Sa sentro ng Alegria ang tinukoy kong barbecue and grill. Ito ang madalas na pinupuntahan ng mga tao pagkatapos magsimba para makakain.

Ngayong araw na ito, wala masyadong naroon. Syempre hindi Linggo. At syempre dahil tapos na ang tanghalian.

Umupo ako sa pinakagilid na upuan sa backyard ng grill. Mainit sa labas ng mga tent. Ang bermuda ay halos matuyo na dahil sa init ng sikat ng araw.

Ang maliit na halaman sa gilid ko ay nilagyan ng Christmas lights. It's almost that time of the year.

Umorder ako ng softdrinks para hindi ma bored sa paghihintay. Kinuha ko rin ang aklat ko para magbasa tungkol sa subject na pinagpaliban ko.

Hindi ko namalayan ang oras. Sunod na tingin ko sa aking relo ay quarter to three na. Niligpit ko na ang mga libro ko. Hindi ko alam kung bakit sumibol ang kaba sa aking puso. It's just Ayana, Freya.

Uminom ako ng softdrink at nilingon ang looban ng grill. May dalawang tao lang ang naroon. Parehong mag-isang kumakain ang mga iyon.

Tumunog ang wind chime ng pintuan at kahit maalikabok na ang screen ay natanaw ko ang silhouette ni Ayana. Tumuwid agad ako sa pagkakaupo. I just hope she doesn't see me.

Nagtago ako ng konti sa halamang Christmas Tree sa gilid. Nang bumukas ang pintuan patungong backyard ay agaran ang pagtatama ng tinginan namin.

Tumayo ako at nilahad ang upuan sa aking harap. Nanlalaki ang mga mata ni Ayana sa harap ko. I expected that reaction. She should be shocked. Inakala niyang si Leon ang narito.

"Anong ginagawa mo rito, F-Freya?" nanginginig si Ayana.

Kitang-kita ko ang pinaghalong takot at guilt sa kanyang mukha.

"Ako ang nagtext sa'yo, Ayana. I want to know what you wanna say to Leon..." sambit ko.

Kumunot ang noo niya at mabilis ang paghinga niya.

She looks so pissed. Hindi ako nagpakita ng kahit anong emosyon.

"Ikaw iyong nagtext, Freya?" pagalit niyang tanong.

I have no time for drama. Didiretsuhin ko na siya. Bago pa siya magdeliryo o umalis.

"I texted you because I'm sure Leon isn't interested. I want to confront you formally. Hindi iyong maraming tao ang nagmamasid. Because people tend to get the wrong idea always. They always conclude that I'm the insecure bitch who wants the crown. That rumor has been going on for weeks now, right?"

Mabilis ang taas-baba ng dibdib ni Ayana dahil sa mga sinabi ko. Normal lamang ang tono ko. I did not even raise my tone.

"Kaya heto ako... pinagsamantalahan ko ang sobra-sobrang kagustuhan mo na makita at makausap si Leon na kayo lang dalawa. Honestly, I've read your messages. Ang tanging reply niya sa'yo ay iyong sinabi niyang tigilan mo na siya. Did you not get his point?"

Kitang kita ko ang pamumuo ng luha ni Ayana.

"You're not his girlfriend. Why are you acting this way?" aniya.

Uminit ang leeg hanggang mukha ko. Hindi ko inasahang sasabihin niya iyon ngayon.

Siguro ay iba lang talaga ang ipinapakita niya kapag maraming tao at kapag kaming dalawa lamang.

"Kung sasagutin ko siya ngayon, do you have a better argument, Ayana?" nagtaas ako ng kilay.

"Ayana, what is this?" isang malumanay na boses ang narinig ko sa kanyang likod.

Pumasok ang isang pamilyar na babae. Nilingon ko ang maputi, makinis, at may mahabang buhok na babae sa gilid ni Ayana. She looks familiar because...

Nanlaki ang mga mata ko nang may napagtanto. I remember a frame with her picture on it. Sa mansyon ng mga Revamonte. She's... she's Leon's mom!

"Tita, hindi si Leon ang nagtext sa akin..." malamig na utas ni Ayana nang 'di tinitingnan ang Mommy ni Leon.

Tiningnan akong mabuti ng Mommy ni Leon. She looks like a goddess straight from Mt.

Olympus. Nang naglakad siya patungo sa tabi ni Ayana ay para siyang lumulutang sa sobrang gaan sa pakiramdam.

Napaawang ang bibig ko. My breathing even stopped. I cannot believe who I'm seeing right now! Why is she with Ayana? Why is Ayana calling her Tita? Are they relatives? Friends? Oh My God, the governor's wife is here! At alam ba ni Gov ito?

Ni Don Pantaleon? Ni Tita Astrid? Ni Ate Lea? Alam ba nila na narito siya?

"What's her name, Ayana?" banayad ang boses ng Mommy ni Leon.

"Freya Cuevas, po..." ani Ayana, nakatitig parin sa akin.

Tumagilid ang ulo ng Mommy ni Leon habang sinusuri ako. Pagkatapos ng ilang sandaling katahimikan ay iminuwestra niya ang aking upuan.

"Have a sit, Freya. We thought I'd finally meet Leon here..." She smiled bitterly.

Parang kinurot ang puso ko. Agaran ang pag-upo ko bilang sunod sa kanyang sinabi.

Umupo rin siya sa aking harap. Si Ayana na lang ang nanatiling nakatayo ngayon.

"I'm sorry to bother you..." aniya.

Shit! Why is she saying sorry? Ako dapat ang mag sorry!

Nilingon ko ang galit na si Ayana. And then now I realized what I really did...

What's going on...

Maraming nabuong spekulasyon sa aking utak. Na baka... baka gusto ni Ayanang makausap si Leon para sa kanyang ina. That maybe I've been too paranoid and selfish. Nang tiningnan ko ang mga mata ni Mrs. Revamonte doon ko napagtanto kung gaano ka mali ang nagawa ko.

"I'm sorry, Ma'am!" sabi ko agad.

Umiling siya at tipid na ngumiti. "No... it's not your fault..."

Nilingon niya si Ayana na hanggang ngayon ay nakatayo parin.

"Ayana, have a sit. Since Leon's not here... We should just deal with it." Bumalik ang tingin niya sa akin. "You're Leon's friend?"

Hindi ko alam kung anong isasagot ko sa naging tanong niya. Nahirapan pa ako pero sa huli ay inamin ko rin.

"Yes..."

Ngumiti siya. "I am Leilani Hernaez Revamonte... I'm his mother..."

Tumango ako. "Kilala po kita, ma'am. I've seen your pictures. I'm sorry to intrude this meeting. I should've told Leon about this. Kung alam ko lang-"

Umiling siya. "No... don't worry about it. Hindi rin naman iyon pupunta rito..."

Sumulyap siya kay Ayana. Masama parin ang tingin ni Ayana sa akin. In her mind, I'm already tortured probably.

"May I ask... how did you know about this meeting?"

Tumikhim ako. Here we go, Freya. Wala nang mas makakapagpagaan pa sa loob ko kundi ang aminin ang mga kasalanan ko.

"Close po kami ni Leon. I've... I've read Ayana's message and I replied... I'm sorry. I really didn't mean to intrude. I just..."

Paano ko sasabihin na napaparanoid ako na baka may gusto si Ayana kay Leon? Sa harap pa ng Mommy mismo ni Leon? I don't want to give the wrong impression. This is too much for today!

"So you've read his phone... You two must be very close. Are you his girlfriend?"

"Hindi po sila ni Leon, Tita..." singit ni Ayana.

Nanliit ang mga mata ko kay Ayana. Bumaling ulit ako sa Mommy ni Leon. Her thin lips, her high cheek bones, her bare shoulders, everything about her is just divine. It's like my dream face when I age!

"Nililigawan po ako ni Leon..." sabi ko.

"Oh!" Tumawa siya. Kita ko ang pagkislap ng kanyang mga mata.

I did not laugh with her. Ayana didn't, too. Humupa rin naman ang tawa niya at napalitan ng pagkakatulala at pangingislap ng luha.

"I'm sorry. I just miss my son so much..."

Tumango ako.

"I understand po. I'm really sorry for this. I can call Leon right now so you two can talk. Nagkamali lang po talaga ako ng akala-"

"No... no... Like I said, I was sure Fourth won't come here. Ayana tried, you know..."

Ayana tried? Nilingon ko ulit si Ayana. Nothing's changed with her expression. So ito iyong itinatago ni Leon sa akin? Bakit niya itinago ito?

But then Ate Lea told me that this is his weakness.

And she said "Fourth". She calls him Fourth, too. No... I call him Fourth, too.

Maybe, she's the first person who called him Fourth. Maybe he wants me to call him Fourth so that somehow he'd remember his mother.

Hindi ako makahinga. Hindi ko alam kung bakit nanikip bigla ang dibdib ko.

Leon didn't want me to know. Ayaw niyang ipakita sa akin ang kahinaan niya. At ito... tama si Ate Lea. Ito ang kahinaan niya. Nilihim niya sa akin dahil ayaw niya.

"Ayana told him I want to meet him. Ang tanging sinabi niya lang ay ayaw niya.

Iniwasan niya rin si Ayana. So I was surprised when he agreed to meet."

Kitang-kita ko ang lungkot sa mukha ng Mommy ni Leon. Naaalala ko ang mukha ni Leon tuwing malungkot siya sa mukha ng kanyang Mommy ngayon. Tumindig ang balahibo ko.

"And you came here instead. I was not shocked at all. But I hoped he'd meet me..."

"Pwede ko pong sabihin sa kanya na gusto n'yong makipagkita. He'd agree for sure!"

I'm sure of it. Hindi ko maalala ang mga panahon na tinanggihan ni Leon ang mga bagay na gusto ko. Kaya kung sasabihin ngayon ng kanyang Mommy na papuntahin si Leon dito, kahit na malaman pa man ni Leon ang dahilan ay nakasisiguro akong 'di siya tatanggi.

"No... Please... I'm sure he won't-"

"I'm sure he'll come here... I'm sure, Ma'am. So if you would, I can text Fourth right now and ask him to come here so you two can talk..."

Kitang kita ko ang gulat sa mga mata niya. Yes, I am so sure Leon would come here.

No doubt about that.

Unti-unting sumilay ang ngiti sa kanyang labi.

"Huwag na, hija. Ayos na ito."

Tinitigan niya ako. I don't understand. Ang sabi niya ay gusto niyang makausap si Leon. Pero ngayon ay ayaw niya na. Kayang kaya kong papuntahin si Leon dito.

"I can see that you two are really close. He must be really so fond of you..."

Natahimik ako sa kanyang sinabi. Hindi ko kasi alam kung anong idadagdag ko roon.

"I just really miss him. Siya ang bunsong anak ko. He was so young when I left... I didn't want to leave. But I just couldn't take it..."

Kumunot ang noo ko habang naiisip ko lahat ng nalalaman ko.

She left because Governor cheated. She cheated too. In fact, she cheated first. But we don't know about that. I shouldn't judge. Hinayaan ko siyang magsalita.

"He didn't want to see me. Siya pa nga ang nagtaboy sa akin..." Nanginig ang boses niya habang sinasabi ito. "Siya iyong talagang may ayaw na na naroon ako."

Tumulo ang luha sa mga mata ng Mommy ni Leon. Hirap na hirap na akong makahinga sa pagpipigil ng nararamdaman. Hinaplos ni Ayana ang likod nito.

"Tita..."

"I'm sorry... I just couldn't help it. I really miss Fourth. Miss na miss ko na ang bunso ko. No matter how much he hates me, I love him so much. I love

him so much.

More than life."

Nagtiim bagang ako. Although I can feel her regret and her sorrows. Some reasons just couldn't escape my mind.

"Bakit kinailangan n'yo siyang iwan kung ganoon?"

I get that maybe her relationship with Governor's too broken... Pero iiwan mo ba ang anak mo kung ganoon? And is your love for him not enough to stay? I just don't get it.

"Hard times, hija. His father cheated on me. May anak siya sa labas. I can bear with that... But I can't bear my sons and daughter ignoring me... It's depressing.

Lalong lalo na tuwing nakikita ko si Fourth at Nicholas na parehong galit sa akin.

Na tinataboy ako ni Fourth. That he's better off without me..."

"Why is Fourth so angry with you? I'm sorry for asking, Ma'am. I just didn't get it po..."

Kahit na may alam ako ay gusto ko parig makuha ang side ng kanyang istorya.

Suminghap ang Mommy ni Leon at pinunasan ang kanyang luha sa gilid ng kanyang mga mata.

"His father's bestfriend is my first love." Pumikit siya ng mariin. "I fell in love with him again years ago."

There. What Leon told me was true. She really did cheat first. But it doesn't matter. May kasalanan din si Governor. Why did he cheat too? If he can't forgive, then leave. Hindi iyong naghihiganti.

Leon's family is so fucked up. Pinipiga ang puso ko habang naiisip ang malulungkot na mga mata ni Leon. And how he's stick to me through all of it. Ang tagal na rin simula noong nanligaw siya sa akin. At kahit hindi ko pa siya sinasagot, nandito parin siya sa akin. Hindi siya nagsasawa.

Maybe because he's seen all of it... The cheating and the betrayal. He's seen it first hand. And he didn't want it for himself.

"I know it's all my fault. I only blame myself for this. Pero gusto kong itama ang lahat ng pagkakamali ko. Gusto kong bumawi kay Fourth. Gusto kong magkaayos kaming dalawa. Siya ang pinaka naapektuhan sa lahat ng ito. Siya ang bunsong anak ko..."

she cried.

Napalunok ako. What can I do for her? What can I do for her situation?

"Gusto ko siyang makasama muli. Gusto ko siyang makasama bago ako mawala. I want him back, hija. I want my Fourth back."

Pulang pula ang kanyang ilong ngayon. Medyo humupa ang kanyang pagluha pero.

Tumuwid siya sa pagkakaupo.

Bago siya mawala? Bakit?

"I have cancer... And before this ends, I want Fourth's forgiveness. I want to make up for the lost time. I want to be with him..."

==========

Kabanata 26

Kabanata 26

OceanofPDF.com

Hindi ako kumibo sa sinabi ng Mommy ni Leon. I feel like I don't have the right to talk. I don't know how it feels.

"Ayana tried to tell Fourth na gusto kong makipag-usap sa kanya. He refused.

Iniwasan niya pa si Ayana."

Alam kong panahon na para harapin ni Leon ang Mommy niya. I don't know what I can do for this.

"Since June, I want Ayana to approach Fourth. Tell him that I want to meet him. I want us to talk but she never got the chance. August noong nadiagnose ako with cancer. This is why right now, I am already so desperate..."

Nanlaki ang mga mata ko. Bago pa lang niya nalamang may cancer siya! And is Ayana related to her? Paano sila nagkakilala?

"Magpapagamot ako pagkabalik ko ng States. Kaius, his brother, is there. His Ate Lea was with me. Nasa States din si Nico. I want to bring Fourth there too. I want my children with me habang nagpapagamot ako. I want Fourth with me..."

Kumalabog ang puso ko sa gusto niyang mangyari. She wants Fourth with her? That means he'll leave. Pero paano mangyayari iyon kung si Leon mismo ang may ayaw na sumama? Because he can't forgive her? But then he needs too. His forgiveness is long overdue!

"Sasabihin ko po ito kay Fourth,"

Umiling siya sa sinabi ko. That's the only way I can help, I think. To inform him that his mother needs him.

"I want to personally ask for forgiveness. And I don't want him to know about my condition. I will ask him to come with me to the States. Ayaw

kong magpaawa sa anak ko," she cried.

"Tita, kailangan malaman ni Leon ito. He has all the right to know..." ani Ayana.

Hindi ako nakapagsalita. Somehow, Ayana's got some point. Medyo humupa ang pag-aalab ng iritasyon ko sa kanya. But I am still not cool with her.

"I just really want to spend more time with him. I really want his forgiveness. I want to explain my side..." ani Mrs. Revamonte.

Sa kalagitnaan ng pag-iisip ko ay hinawakan niya ang aking kamay. Her hand was shaking. Tiningnan ko ang kamay niyang nakahawak sa akin. Makinis at malambot ito.

It is moist with tears too.

"I know you mean something to Fourth. I can feel it. Hindi makakaya ni Ayana ang pwede mong magawa sa anak ko. Ayana's a stranger to Fourth right now. But I kept my hopes up because there's nothing I can do-"

"Bakit hindi po kayo lumapit kay Governor?" tanong ko. "O kay Tita Astrid?"

"Astrid knows the situation. Hindi ako lumapit kay Third dahil alam kong hanggang ngayon ay galit parin siya sa akin. He will think I'm taking Fourth away from him like how I got Nico and Kai."

Kinagat ko ang labi ko. Forgiveness. That's what everyone needs. Revenge and hatred is the source of all the complications. Pero hindi na natin maibabalik ang lahat.

Ang tanging magagawa natin ang ang magpatawad.

"Freya, will you ask Fourth to meet me? To meet Ayana? Kahit dito lang din. This exact place? I need to talk to him. I need us to be together again."

"Tita, ako na. Susubukan ko po ulit. Alam kong malapit na..." ani Ayana.

Hindi ako nakahinga sa sinabi ni Ayana. Nagagalit ako pero pinilit kong hindi. We are talking about a sensitive issue here. Walang puwang ang issue ko rito.

"No, Ayana. I've already asked too much from you. I know your Mom doesn't approve any more of these. Lumipat na kayo rito sa Alegria para rito sa gusto kong mangyari. That's already a big thing for me-"

"Pero, Tita, kaya ko!" giit ni Ayana.

Umiling ang Mommy ni Leon. "If I wasn't your Mom's bestfriend, alam kong 'di siya papayag sa mga request kong ito."

Leon's Mom is the bestfriend of Ayana's Mom? And I kind of thought they were related!

"Mapapapayag ko po si Leon, Tita-"

"Susubukan ko po..." singit ko. "I can't promise I won't tell him about this meeting, but I will try to convince him to meet Ayana here..."

Nagkatinginan kami ni Ayana. Kitang kita ko ang iritasyon sa mukha niya. She's probably desperate too. Tulad ng Mommy ni Leon.

"Thank you, Freya. I appreciate this... I really do. I just hope you could convince him sooner. Kailangan ko nang umuwi para sa schedule ng aking Chemo..."

Tulala ako sa school. I can't remember how I got there. Para kasing wala ako sa sarili kanina habang sumasakay ng tricycle patungo rito. Nakaupo ako sa bench sa ilalim ng mga puno ng mahogany.

Umiihip ang panghapong hangin sa aking buhok at mukha. Inayos ko ang buhok ko.

Ano nga ulit ang dapat kong gawin? Ano nga ulit ang hinihingi ni Mrs Leilani Revamonte?

She wants to talk to Leon. She wants his forgiveness. She wants to spend time with Leon. She wants to be with him. She wants to take Fourth to the States. Kung saan siya magpapagamot.

Did I really agree with what she wants?

She's Leon's mother. And she has cancer. Galit si Leon sa kanya. Hindi magandang may galit siya sa kanyang ina...

Napaawang ang bibig ko. Isang hikbi ang pinakawalan ko. Pumikit ako ng mariin at naramdaman ko ang pamumuo ng luha sa gilid ng aking mga mata.

What?

Long Distance...

Ilang buwan kaya iyon? O aabot ba ng taon?

Papayag ba si Leon?

Tumunog ang bell. Huminga ako ng malalim at tumayo para makapunta muna sa CR. I'll meet Leon now.

Sa totoo lang hindi ko alam kung paano sasabihin kay Leon na kailangan niyang makipagkita kay Ayana nang 'di sinasabi sa kanya ang dahilan. I feel like in the end, I'll tell him about the meeting.

"How's last class?"

Ngumisi si Leon nang pinagbuksan ako ng pintuan sa kanyang sasakyan. I'm still spacing out.

"Ha? Ayos lang..." sabi ko.

Nagtaas siya ng kilay sa akin. He's not used to that. I usually tell him how I aced the quizes. For the past few weeks, hindi na iyon nangyayari.

"Mag-aaral ka ba mamayang gabi?" he asked.

Tumango ako. "Of course..."

"Good. Do you want me to help you out or... you want to study alone?"

Nagtiim bagang ako. Although I want him to be there, I need time to process everything today. "I'll study alone."

Tumango siya. "Sige, hihintayin ko na lang ang text mo. Sa bahay lang ako..."

Nilingon niya ang siomai na madalas naming pinagbibilhan. Binalik niya ang tingin niya sa akin.

"Ginugutom ka ba?"

Tumango ako kahit na wala akong maramdaman ngayon. I'm too preoccupied to even feel hunger.

Lumapit siya kaagad sa nagbibenta ng suki niyang siomai. Bumili siya ng para sa akin at para sa kanya. Habang ginagawa ay kinakausap niya si Manong.

Hinilig ko ang aking ulo sa backrest ng upuan. Kaya ko ba na wala siya?

"Kasama n'yo po ba iyong nagbibenta rin sa labas ng simbahan?" tanong ni Leon.

"Ah! Oo. Pareho lang kami ng pinagkukuhanan nito..." ani Manong.

"Oo nga. Napansin ko pareho lang ang lasa... Malaki talaga kita kapag sa maraming tao nagbibenta..."

"Oo. 'Tsaka libre ang pabahay ng may-ari. 'Di bale kung konti ang benta..." ani Manong.

Nilingon ako ni Leon. He looks so happy as he handed me the small paper plate.

Tinagilid niya ang ulo niya.

Tinanggap ko ang siomai na binigay niya. Tiningnan ko iyon ngunit inangat niya ang baba ko para magkatinginan kaming dalawa.

"Are you okay?" he asked.

Mabilis akong tumango. Naninikip ang dibdib ko sa tanong niya pero pilit akong ngumiti.

Sinubo ko ang isang piraso ng siomai. Dahan-dahan kong nginuya iyon. I want him to feel that everything's normal with me. Nag-angat muli ako ng tingin sa kanya. The expression of his eyes is intense. Para bang binabasa niyang mabuti ang kaluluwa ko habang tinitingnan ako.

"You're not okay..." pabulong niyang sinabi.

Tipid akong ngumiti. It's useless to hide it to this man. "I need to study more..."

Napalunok si Leon pagkatapos ay tumango siya.

"You're already so great, Freya... Why do you need to be more than this?"

Tumitig lamang ako sa kanya. Hindi ko masagot ang tanong.

It's not my studies this time, Leon. It's you...

Inisip kong mabuti ang lahat. Inisip ko kung paano ko sasabihin kay Leon na kailangan niyang makipagkita kay Ayana. But I'm sure hindi siya papayag kaya in the end kailangan kong sabihin sa kanya na nakausap ko ang Mommy niya. There's just no choice.

Inisip ko rin ang gusto ng Mommy niya. She wants to take Leon to the States.

Papayag kaya si Leon? But that's his mom! Papayag ba ako? Anong magagawa ko? What is my power?

"Freya,"

Pumasok agad si Mama sa kwarto ko. Sinusubukan kong mag-aral pero lagi akong natutulala sa kakaisip ng kung anu-ano.

"Ma."

Tumuwid ako sa pagkakaupo at tumingin sa aking mga aklat. Humalukipkip siya sa gilid ng aking cabinet. May dala siyang gatas para sa akin.

"Salamat..." sabi ko at bumaling ulit sa aking mga aklat.

"Nasabi sa akin ng Dean mo nga pala..."

Shit...

"You skipped a class last week? Bakit?"

Unti-unti kong kinuha ang nakabalandrang mga papel ko sa aking harap. They were marked with a big "F" on top. Iyon ang nirereview ko ngayon.

"Uh, Ma..."

Nanginig ang boses ko. Hindi ko na talaga alam ang gagawin ko. Hindi ko na alam kung alin ang uunahin ko.

Simula nang nakausap ko ang Mommy ni Leon, tuwing naaabutan ko si Ayana na nag aantay sa labas ng klase ni Leon ay hindi ko na siya pinapakealaman. I didn't mind her texts. I am so preoccupied with the problem. I am spacing out not just with my subjects but with my life! I failed quizes!

"Do you have a problem, Frey?" tanong ni Mama sabay upo sa gilid ko. "Pinapabayaan mo na ang pag-aaral mo. Simula ng natalo ka sa pageant..."

Nanginig ang aking lalamunan. Hindi ko na napigilan ang pagpatak ng aking mga luha.

All the pressure I thought won't affect me is slowly wrecking me.

Niyakap ko si Mama ng sobrang higpit at iniyak ko ang lahat ng nasa isip.

"Freya..." tawag ni Mama sa gulat.

I just really want to cry everything. I just really want to be true. I just really want to take a break from everything.

Dahil sa totoo lang, hindi ko alam kung ano na ang gagawin ko.

Kailangang umalis ni Leon ngunit ayaw ko siyang malayo!

Kailangan kong mag-aral ng mabuti pero hindi ko ginagawa dahil masyadong magulo ang pag-iisip ko!

Kailangan kong lunukin ang sakit tuwing hinahayaan ko si Ayana na makausap si Leon!

I shouldn't be jealous! I shouldn't own Leon! He's not mine to begin with!

His mother needs him! I can't be selfish but I am!

And I am just so scared he'll leave.

Lalo na dahil alam ko sa sarili ko na iyon ang dapat na mangyari. Na alam ko na ako ang inaasahan ng kanyang ina na maging dahilan ng pagsama niya!

I have a hint on what I should do. I just don't have the guts to do it yet. I can't... I can't do that... Hindi ko kakayanin.

Hindi ako tinanong ni Mama tungkol sa pag-iyak ko. She didn't mention Leon, too.

Pinatulog niya na lang ako imbes na pag-aralin.

Umiyak ako hanggang sa makatulog. Umiyak ako hanggang sa napagod ako sa kakaisip sa lahat ng ito.

Kinaumagahan ay namumugto ang mga mata ko. Today is December 12. Kagabi ay nakapagdesisyon ako. Na kung ano man ang mangyari simula sa araw na ito, iyon ay para sa ikabubuti ng lahat.

Hindi na ako tinanong ni Mama tungkol kagabi. Pero ramdam ko ang kuryoso niyang mga tingin sa akin. Ganoon din si Papa.

Pumasok ako sa klase. I was too preoccupied the whole time I'm in class.

Pagkatapos ng huling klase ko ay lumabas na ako roon. Nagkasalubong pa kami nI Axl sa corridor. Nagkatinginan kami. He looked like he wants to say something to me.

"Freya..." tawag niya.

I just hope that it makes sense this time.

"I'm sorry for what I said last month..."

Nilingon ko siya. Niyakap kong mabuti ang libro ko.

"Ayos lang..." pagkatapos ay umalis na.

I have no time for a little chit-chat. I'm just glad that he said sorry.

Nagkasalubong kami nI Leon sa hagdanan. Paakyat na rin pala siya sa aming classroom. Kinuha niya agad ang aklat ko. Binigay ko iyon sa kanya.

"Hi!" he said.

I smiled.

"Mag-aaral ka pagkauwi mo?" tanong niya.

Humugot ako ng malalim na hininga.

"Pumunta muna tayo sa Tereles Peak..." sabi ko.

Kitang kita ko ang gulat sa kanyang mukha. These past few days hindi kami masyadong namamasyal dahil lagi akong nag-aaral. Today, I am going to talk to him. I need to talk to him about something.

"Okay! Ayos lang?" tanong niya.

Tumango ako.

Dumiretso kami sa kanyang sasakyan. Tahimik ako habang pumapasok doon. He was too overjoyed, though. It broke my heart because I know what we're going to talk about now.

Bumili muna siya ng makakain namin patungo sa Tereles Peak. Pagkatapos bumili ay dumiretso na kami.

"Magtatagal ba tayo?" tanong niya.

Malamang dahil bumili na siya ng pagkain. And I think hindi rin naman ito pwede ng mabilisan.

"Baka..." ngumiti ako.

Nang nakarating na kami sa Tereles ay mataas pa ang araw. It's only 4:30 in the afternoon. Pareho kaming maaga ngayon kaya ayos lang.

Pagkalabas ko sa kanyang sasakyan ay umakyat na agad ako sa burol. Sininghap ko ang malinis na hangin ng tuktok. This view is just so relaxing.

Mas malakas ang ihip ng hangin dito sa tuktok ng burol. Hindi tumitigil sa pagsabog ang buhok ko. Tinanggal ko ang konting tuyong dahon sa may lamesa.

Paakyat na rin si Leon dala-dala ang mga pagkaing binili niya. Nilapag niya ang mga iyon doon. Tumulong ako sa pag-aayos.

Tumigil siya sa pag-aayos nang nakitang ako na ang gumagawa. Nag-angat ako ng tingin sa kanya at nakita ko ang kanyang ngiti.

"What?" I asked.

Umiling siya at lumapit sa akin. Niyakap niya ako galing sa likod. "I'm glad we're here today..."

Hindi ako nagsalita. Hinayaan ko munang ganito kami ng ilang sandali bago ako bumuntong-hininga.

"Fourth, nakausap ko nga pala si Ayana..."

"Hmm? About what?" he asked with his usual tone.

He probably really didn't want to talk about it.

"About something..." sabi ko sabay hawak sa kanyang relo.

Pinaglaruan ko ang gilid ng bilugang wrist watch niya.

"What is it?" seryoso na ang tono niya.

"About your mum..." sambit ko.

Hindi siya nagsalita. Nag-angat ako ng tingin sa kanya. Nakatingin lamang siya sa akin, seryoso at punong puno ng intensidad ang mga mata.

"She's... asked by your mom to convince you, right?" sabi ko.

Hindi parin nagsalita si Leon. Huminga ako ng malalim. Somehow, I imagined this as his reaction.

"Bakit 'di ka pumayag sa gusto niya?" tanong ko.

"I don't need to see her, Frey..." mapait niyang sinabi.

"Why?"

Hindi siya nagsalita. Imbes ay mas lalo niya lamang hinigpitan ang yakap niya sa akin.

"Fourth, nagkita kami ng Mommy mo..." sabi ko.

Ito ang dahilan kung bakit mas lalong hindi ko siya pwedeng sagutin ngayon. I've

decided to let him go. I've decided to ask him to be with his mom. I've decided to free him.

Because like what I said, true love is only true when it waits. True love is only true when it endures.

Hindi parin nagsasalita si Leon. Binaon niya ang kanyang mukha sa aking leeg. It sent shivers down my spine.

Tiniis ko ang nararamdaman ko roon. I shouldn't be distracted.

"She told me that she wants to meet you. She wants your forgiveness..."

Umiling si Leon sa aking leeg.

"I'm fine without her..." bulong niya sa aking leeg.

"No... You're not fine because you can't forgive her. You should forgive her, Fourth. She's your mother."

Umiling parin siya at nag-angat siya ng tingin sa akin. Mapupungay ang mga mata.

Ang kislap nito ay kakaiba. The sorrow and pain is evident in the way he looks at me. Sobra akong nasaktan sa nakikita ko sa kanya. Literal kong naramdaman ang pagsikip ng aking puso.

"Hindi na, Frey..."

Mas lalo akong nasaktan. The fact that he can't forgive his mom means something. It means he's still affected. It means he's still missing a part of his life. Ate Lea's right... Fourth's weakness is his mom.

Kinalas ko ang kanyang nakayakap na braso. Kitang kita ko ang gulat at takot sa kanyang mukha. Like he's offended by what I did but I want to face him. I want to talk to him without him attacking my weakness.

"Why can't you forgive your mom? It's been years. It's time to finally give her a chance..."

Umiling siya. "She fell in love with another man! All along I though that it's all dad's fault!"

"Your dad is at fault too! Hindi sulusyon ang paghihiganti, Fourth! They're both at fault!" sabi ko.

"Umalis siya sa amin at sumama siya sa lalaki niya, Freya! I can't accept that! Why did he even marry dad kung hindi niya pala mahal!? E 'di sana, iyong lalaki niya na lang ang pinakasalan niya!" sigaw ni Leon.

Kitang kita ko ang nagbabadyang luha sa kanyang mga mata. His neck to his face were bright red. Kumalabog ang puso ko. I know... I know that for sure it still affects him so much.

"And yes, I was so mad at her! I was young! She did not even think about us when she cheated! Galit din ako kay Daddy! But he endured all my rage! Siya, hindi!

Umalis siya! Umalis siya dahil mas masaya siya roon! Mas mahal niya iyon kesa kay Dad! Kesa sa amin! Kesa sa akin!"

Nanlalaki ang mga mata ko sa sinabi ni Leon. Kinagat ko ang labi ko habang tinitingnan siyang galit na galit. Mabilis ang kanyang hininga pagkatapos ng mga sigaw na iyon.

"And after all these years ngayon lang siya bumalik? Para saan? And she wants me to go abroad? No..."

Umiling iling si Leon.

"I don't want to be with her!"

Kinuyom niya ang kanyang kamao. Agad ko iyong hinawakan. Hinila ko siya palapit sa akin.

Unti-unting kumalas ang nakakuyom niyang kamao. Unti-unting bumagal ang paghinga ni Leon. Dinungaw niya ang mga kamay naming dalawa.

"I want you to talk to her, Fourth. I want you to talk to her. She's your mom.

You're her son..."

Umiling si Leon. Kitang kita ko ang sakit sa kanyang mga mata. His bloodshot eyes stared at me.

Hinawakan ko ang kanyang pisngi. Hinaplos ko iyon. Pumikit siya ng mariin.

Nakakunot ang kanyang noo habang dinadama ang aking kamay.

"Please... she deserves your word. You deserve to let go of this."

Nanatili siyang nakapikit ngunit hindi na siya umiling. Pinalupot ko ang aking braso sa kanyang leeg para mayakap siya. Ibinigay niya sa akin ang kanyang yakap.

Inangat niya ako at pinaupo sa lamesa sa tabi ng aming mga pagkain. Nanatili siyang

nakayakap sa akin. Sa aking leeg siya humihinga.

"Frey, she cheated on us. She betrayed me..." he said.

"Shh... She came back, Fourth. For you..."

Umiling siya at mas lalong humigpit ang yakap sa akin.

"She loves you, Leon."

==========

Kabanata 27

Kabanata 27

OceanofPDF.com

Martyr

Matagal kaming nanatiling ganoon doon. I was even bothered. Papalubog na kasi ang araw at magdidilim na.

Hinihintay ko siyang magsalita o sumang-ayon sa sinabi ko ngunit hindi niya ginawa.

I figured he only wants to stay like this than comment on what I just said.

"Fourth, are you willing to meet your mom?" I asked.

Hindi siya kumibo. Nanatili siyang ganoon.

"I told her to wait tonight. Sa Alegre grill. That's where I first met her..." sabi ko.

Para akong walang kausap. Kahit singhap ay wala siyang sinusukli. Ngumuso ako habang dinadama ang pag angat-baba ng kanyang dibdib sa aking likod.

"Fourth... You should learn to forgive, you know. Mahal tayo ng mga magulang natin.

Regardless of what they did... Tao lang din sila kahit paano. They can commit mistakes. In your case, that was her mistake..." sabi ko sa isang malamig na tono.

"If one day we marry... and then years after you see your first love again, Frey...

would you leave me for him?"

Nagulat ako sa tanong niya. Nilingon ko siya. Walang pagbabago sa kanyang

ekspresyon.

"Well, hindi ako magpapakasal kung 'di ko mahal..."

And besides, my first love is you, Leon. You're my first love. And only love.

"Ikaw?" ako naman ngayon. "Kung magkakahiwalay tayo ngayon at makahanap ka ng bagong mamahalin at papakasalan... pagkatapos ay nagkita tayong muli ilang taon ang lumipas, would you leave her for me?"

"I won't leave you now. So I won't find someone else... I probably never will..."

bulong niya.

Napapikit ako ng marahan. Ang tamis pakinggan. Ang sarap isiping ganoon nga. But in truth, people always leave. We always change. Our minds change. Our hearts change.

We only need time.

Dahil kung hindi nagbabago ang puso, para saan ang ikalawang pag-ibig? Bakit may nagpapakasal pagkatapos ng ilang palpak na relasyon? What are second chances for if our hearts won't change?

"That's for you, Fourth. Your mom made mistakes. Kung 'di mo siya papatawarin ngayon, kailan?"

Hinarap ko siya. Nagkatinginan kaming dalawa. Halos 'di ko na siya makita dahil sa dilim. Umilaw ang pulang ilaw sa taas ng tore malapit sa Tereles.

Ang gilid ng kanyang mga mata ay may kaonting luha. Pinalis ko gamit ang aking hinlalaki. I adore how much anger and betrayal he feels for his mom. Dahil dahil doon nalaman ko kung gaano niya ito kamahal. He will never feel this betrayed and this angry if he doesn't love her so much.

"Sasama ka ba?" he said simply.

Ngumiti ako at tumango. Gladly, Leon.

Bumaba kami ng burol. Tahimik ako sa pagbaba namin. Ganoon din siya. Hinayaan ko siyang ganoon. I want him to process everything. I want him to realize what he'll finally do now.

Hindi ko alam ilang taon siya noong iniwan siya ng Mommy niya. Ang tanging alam ko ay lubos siyang naapektuhan dito. I even think he's a playboy and a badboy way back because of what happened. Kaya siya short-tempered at mapaglaro dahil sa nangyari.

I wonder if his mom would tell him right now that she has cancer? And would she ask

Leon to go with her abroad?

At kapag nalaman kaya ni Leon na may sakit ang kanyang Mommy, sasama ba siya agad?

I need to prepare. I think long distance relationship isn't a bad thing. People from all over the world experience it. Siguro ay mahirap pero hindi naman iyon nangyayari kung hindi kaya, 'di ba?

Relationship. That word. We're not even official yet. I don't want to be a burden.

Kapag sinagot ko siya ngayon at pipiliin niyang sumama sa kanyang ina, ayaw kong isipin niyang kailangan talaga kaming mag communicate. Na kailangan kami paring dalawa. If he wants me out of his life for now (for his mother), then I'm willing to sacrifice.

Tumayo si Ayana nang nakita kami ni Leon papasok sa likod ng Alegre. Sa labas ay naroon ang mga magulang ni Ayana. Kita ko rin ang gulat sa kanilang mga mata.

Tiningala ni Mrs. Leilani Revamonte si Leon. She's wearing a maxi dress. Tumayo siya at kitang kita ko ang pangingilid ng luha sa kanyang mga mata.

Naestatwa lamang si Leon sa aking gilid. Nanatili ang mga mata niya sa kanyang ina.

I stood there too looking at them. Finally. After all those years.

Gulat din si Ayana sa nangyari. Hindi siya makapagsalita. Nanatili ang mga mata niya kay Leon.

"Fourth..." tawag ng kanyang mommy.

Tumindig ang balahibo ko. Banayad ang boses ng kanyang Mommy.

Nilakad ng kanyang Mommy ang distansya sa gitna nila ni Leon. Nang nakalapit ay tiningala niya si Leon.

Parang pinipiga ang puso ko. Hindi ko alam kung ano ang ekspresyon ni Leon dahil nakatalikod siya sa akin.

"I missed you! I missed you so much, Fourth!"

Sumabog ang luha sa mga mata ng Mommy ni Leon. Niyakap niya ito ng mahigpit.

Umatras ako at nag-iwas ng tingin. Ang sakit sakit tingnan ng pag-iyak ng kanyang Mommy. Hindi ko kayang tingnan iyon.

"I'm sorry. I'm sorry, anak. I'm so, so sorry..."

Humagulhol ang kanyang Mommy. Leon didn't move. He let her hug him. Pumikit ako nang naramdaman ang luha sa gilid ng aking mga mata.

"I never really want to leave..." anang kanyang Mommy.

"But you did, right?" malamig ang tono ni Leon nang sinabi niya iyon.

Suminghap ako at nag-angat ng tingin. Kumalas ang kanyang Mommy sa pagkakayakap.

Tumango siya habang tinitingnan si Leon. Sa likod ng kanyang Mommy ay naroon na ang Mommy ni Ayana.

"Because everyone of you hated me. And your dad didn't want me there... I was so depressed, Fourth. I can't bear seeing you ignoring me! Pero pinagsisisihan ko ang lahat ng iyon. Dapat ay tiniis ko kayo. Ilang taon akong nagdusa dahil lang sa pagalis ko..."

Binagsak ko ang mga mata ko sa sahig. Hindi ko inakalang ganito ang mararamdaman ko ngayon para sa kanya.

It pains me to see his mother cry like that. It pains me to see Leon supressing his feelings because of his anger!

"Forgive me, Fourth. Forgive me for being such a failure. Son, I want to make it up to you. I want to be with you... Spend more time with you. Gusto kong itama ang pagkakamali ko..." Humikbi siya. "Before it's too late..."

"Tita..." ani Ayana.

Nanlaki ang mga mata ko. She'll say it! Tahimik lamang si Leon habang tinitingnan ang kanyang Ina.

"I miss you, Fourth. I miss you so much..." she cried. "And I don't want to die without your forgiveness. I don't want to die without making it up to you!"

Shit!

"Leon, may sakit si Tita Leilani. She'll leave this month for her chemo abroad..."

ani Ayana.

Kitang kita ko ang pag-angat ng balikat ni Leon sa gulat. Umiling ako. I feel like I should leave now. I feel like they need time to process things.

My phone vibrated. Tiningnan ko iyon at nakita ko ang tawag ni Mama. Hindi ako nakapagpaalam. Siguro ay hinahanap niya na ako ngayon.

Iniisip kong umuwi na lang at hayaan si Fourth dito kasama ang kanyang Mommy. But then I promised him I'll be with him.

"Alam ba ni Dad?" tanong ni Leon.

Umiling ang kanyang Mommy. "He hasn't forgiven me, Fourth. And I understand. I understand why... And if you can't forgive me right now, I would understand too..."

"Then come home with us... Mag-usap kayo ni Daddy..." ani Leon.

"Leon, hindi maganda ang pakiramdam ng Mommy mo ngayon. Hindi magandang ideya iyan ngayon..." sabi ng Mommy ni Ayana.

My phone vibrated again. It's Papa this time.

Hindi na ako nagpaalam. Umalis na ako roon para masagot ang tawag sa labas.

"Hello, Pa..." salubong ko.

"Nasaan ka? Nag-aalala na ang Mama mo, Freya..."

"Nasa Alegre po ako, Pa... I'm sorry. Uuwi na rin ako ngayon."

"Anong ginagawa mo diyan? Sino ang kasama mo?"

Hindi ako agad nakasagot. I'm not sure what I'm going to say. Si Leon ang kasama ko. And we're meeting his mom here. Hindi ko dapat iyon sabihin.

"Mga kaibigan ko po..." sabi ko. "Saglit lang talaga ito, Pa..."

"Mga kaibigan? Sinong kaibigan?" tanong ni Papa.

"Si Leon po..."

Hindi nagsalita si Papa ng ilang sandali.

"Sige... Umuwi na kayo..."

Pinutol niya kaagad ang linya. Kinagat ko ang labi ko at binaba na rin ang aking cellphone. Nilingon ko ang looban at nakita kong nag-uusap pa sila. Nilingon ako ni Leon.

Papasok na sana ako nang bigla siyang tumango sa kanyang Mommy. Tinalikuran niya sila at lumabas na rin tulad ko.

"Fourth! Tapos na kayo?" sabi ko sa gulat.

"Pinapauwi ka na?"

Nilingon ko ang loob. Nakita kong tinatahan ni Ayana at ng kanyang Mommy si Mrs.

Leilani Revamonte.

"Mag-usap muna kayo! I'm fine! Or I can also go home alone right now! It's okay!"

Umiling siya. "Ihahatid na kita..."

Tumingin ulit ako sa loob. Umupo na ang kanyang Mommy. Pareho itong kinakausap ng Mommy ni Ayana at ni Ayana. He blocked my sight with his massive chest.

"Fourth!" saway ko.

"I talked to her. I still need time to think. I also want her to talk to Dad.

That's enough for tonight."

"What? Iyon lang? Pwede ka pang magtagal kung gusto mo! You don't have-"

"Sige na, Freya... Nag-aalala na ang Mama mo..."

Hindi na ako nakatanggi sa gusto niyang mangyari.

Tingin ko ay ayos na iyon pero kung ako ang nasa sitwasyon niya, hindi kasya ang buong gabi para mag-usap kami. Well, I have to understand that he's a boy. He's less expressive.

Hindi siya kumikibo habang nagdadrive. I'm scared to ask him about his plans. I feel like he needs more time to process all these.

Pagkarating namin sa bahay ay lumabas agad si Mama at Papa. Kumalabog ang puso ko at nilingon ko si Leon.

"Are we going to tell them?" I asked.

Umiling siya. "I'll respect what she wants. Hihintayin ko kung kailan siya

magdesisyon na kausapin si Dad. Until then, let's keep this a secret..."

Lumunok ako at lumabas ng sasakyan ni Leon. Ganoon din ang ginawa niya.

Matalim ang tingin ni Mama sa akin. Lumipat ang tingin niya kay Leon.

"Hijo, sa Alegre kayo kumain?" mas kalmadong tanong ni Papa.

"Opo. Pasensya na po at natagalan kami..." ani Leon sabay tingin kay Mama.

"Leon, alam mo namang tagilid si Freya sa pag-aaral, hindi ba? E kailangan niyang mag-aral. Alas nuebe na at ano pang mapapag-aralan niya ngayon? Hindi naman pwedeng 'di siya matulog-"

"Ma! Ayos lang... Nakapag-aral na po ako sa library kanina-" putol ko.

"Naku, Freya! Tigilan mo ako niyan! Hindi kaya kaya mababaha ang kuha mo dahil sa mga lakwatsa?"

Tumigil si Mama roon at mas lumambot ang kanyang ekspresyon.

"Pasensya na, Tita. Ginabi lang talaga kami ngayon. Hindi na po mauulit bukas..."

ani Leon.

Hindi na nagsalita si Mama. Tinitigan niya lamang ako.

"O, sige na, Leon. Umuwi ka na at gabi na. Hinahanap ka na siguro ni Governor..."

sambit ni Mama.

Tumango si Leon at tahimik na bumalik sa kanyang pick up. Nilingon ko siya. He glanced at me before entering.

Bumalik ang tingin ko kay Mama at Papa habang naririnig ang pag-andar at pag-alis ng sasakyan ni Leon.

Nang tuluyan na itong nakaalis ay pumasok na ako sa loob ng gate. Sumunod silang dalawa sa akin.

"Freya, ayaw kong pagbawalan ka ngunit hindi kaya ang dahilan ng pagbaba ng mga grades mo ay si Leon?"

"Hindi, Mama..." iyon lamang ang nasabi ko.

Sinusundan ako ni Mama kahit sa kusina. Nagsalin ako ng tubig at siya'y naroon sa hamba ng pintuan.

"Hindi ka naman ganito noon-"

"Mahirap po kasi ang accounting..." sabi ko.

"Ay naku, Freya! Kahit kailan 'di pa kita narinig na nahihirapan sa isang subject!

Ayaw kong akusahan si Leon pero hindi ba siya ang dahilan kung bakit ka-"

Nilingon ko si Mama pagkatapos uminom ng tubig. "Hindi po. I was just really pressured that's why I cried. Accounting is really hard, Ma. It's not about Leon..." sabi ko.

Nilapag ko ang baso at binalik ko ang pitsel.

"I'm sorry..." sabi ko sa kanya bago ko siya nilagpasan.

Kinuha ko ang bag ko sa coffee table bago ako umakyat para sa kwarto.

Tiningnan ko ang cellphone ko at nakita ang mensahe roon ni Leon.

Leon:

I'm home. Thank you for tonight.

Ngumiti ako ngunit unti-unti rin itong napawi. This is what he needs, Frey, right?

Ang mga sumunod na araw ay mas lalong bumagal sa akin. Maraming quizes na kailangan pag-aralan. Maraming maraming groupworks ang kailangan puntahan. Pati ang mga minor subjects ay kailangang pagtuonan ng pansin.

"Ididivide natin sa group ang lahat ng tasks para mas mabilis. Ang powerpoint presentation, ako na ang gagawa..." ani Axl.

We're on the same group now. Nakatingin lamang ako sa piece na kailangan naming gawan ng study at ireport sa klase bago mag Biyernes. Siya ng leader namin. Ako dapat iyon pero tumanggi ako dahil ayaw ko ng pressure. I still need to catch up with my other subjects.

"Freya, ikaw at ako ang gagawa ng presentation. Ibigay n'yo sa amin ang outputs n'yo bukas. Interpretation din each sa story para bukas ay makapag brainstorm na tayo..." ani Axl.

Sumang-ayon ako sa kanya. If I was the leader, I won't like it if my members suggest another strategy. Kaya kailangan kong sumang-ayon.

Pagkatapos ng meeting ay pinuntahan ko si Marjorie at Juliet sa canteen. They were with their group.

Iminuwestra ni Juliet ang kabilang table sa akin. They are serious about what they're talking so I did not mind sitting on another chair.

Nilapag ko ang mga gamit ko roon. Nahagip ng paningin ko si Juliet na nakatingin sa akin. Kumunot ang noo niya tila ba may ipinapahiwatig na mensahe.

May nilingon siya sa taas ng isang building. Sinundan ko ng tingin ang linya ng kanyang tinitingnan at nakita ko si Leon na naglalakad sa second floor ng katapat na building. There he is walking with Ayana. Nag-uusap silang dalawa.

Nanatili ang mga mata ko roon. Lumapit si Juliet sa akin at tumabi sa aking upuan.

"Nilalandi niya na naman si Leon?" ani Juliet.

"Hindi... Uh... Hayaan mo na..."

"Hindi? Freya, kung ako sa'yo ay baka hinarangan ko na iyang si Ayana! Nakakainis talaga. Sinabi ko kay Marj, nagkibit balikat lang siya."

Napatingin ako kay Marj. Naabutan kong nakatingin din siya sa akin. Matagal ang titigan naming dalawa. I kind of feel like she knows something. Sa bagay, maitatago ba iyon gayong magpinsan sila?

Huminga ako ng malalim at tumingin na lang ulit sa aklat ko.

"Hayaan mo na?"

"Frey! Seriously? Hayaan? Tsss..." Nanliit ang mga mata ni Juliet.

Hindi na ako nagsalita. You will know, Juliet, eventually.

And that eventually came today too. Nang nagtext si Leon sa akin alas kuatro ng hapon ay alam ko na agad.

Leon:

Frey, sumabay ka na lang kay Juliet. I told her to pick you up. My mom wants to talk to dad...

"My mom..."

Tumango ako at nagtipa ng sagot.

Ako:

Okay, no problem. Good luck! :)

Iyon siguro ang pinag-usapan nila ni Ayana. Kung noon ay 'di kilala ni Leon si Ayana at iniiwasan niya ito. Ngayon ay may pwede na silang pag-usapan.

I should control my jelousy. I should control whatever's on my mind. It's not all about me this time. It's something more important.

"Bakit wala si Leon? Bakit 'di ka niya sinundo?" tanong ni Juliet nang sabay kaming lumabas ng campus.

Susunduin siya ng kanyang Daddy. Pwede naman akong magpasundo kay Papa pero ayaw kong isipin nila na hindi ako hinatid ni Leon kaya pumayag na ako kay Juliet.

"Umuwi ng maaga?"

"Umuwi ng maaga?" Halos sigawan niya ako. "Kailan pa 'yon uuwi ng maaga nang 'di ka sinusundo?"

Binalewala ko siya. I don't want her to make a big deal about this.

"Freya, what the hell is happening? Something's off!" sabi niya.

"Basta... Iyon na 'yon."

"May tinatago ka 'no? Ano? Nilandi na naman ni Ayana? And don't act like a martyr!

It doesn't suit you!" ani Juliet.

Tumawa ako at tumingin sa aking kaibigan.

Seriously, she's more concerned and affected than I am. Alam ko namang malalaman din niya ito. Siguro ngayon ay nag-uusap na si Mrs. Revamonte at si Governor.

Pagkauwi ni Juliet, malalaman din niya.

Dumating ang kanilang sasakyan. Nakababa ang salamin nito at nakita kong ang kanyang Daddy ang nagda-drive.

"Dad!" ani Juliet sa gulat.

Bumaling siya sa akin at pinagbuksan ako ng pintuan sa likod.

"Freya..." tawag ng Daddy ni Juliet.

Kumunot ang noo ni Juliet at pumasok na sa front seat. Nilingon niya ako at ang kanyang Daddy.

"May alam ka ba sa nangyayari sa mansyon ngayon?" he asked.

"Bakit, Dy? Anong nangyayari sa mansyon?"

"Leilani showed up just this afternoon. Tumawag ang mayordoma sa bahay. Pauwi na si Papa galing sa farm. Si Third ay naroon..."

Nalaglag ang panga ni Juliet sabay tingin sa akin.

"Opo... Nagpaalam si Leon sa akin na uuwi muna siya para rito..."

"This is the secret? How come? Kailan mo nalaman? 'Tsaka... ayos lang ba? Hindi ba hindi sila ayos ni Tito?" nag-aalalang tanong ni Juliet. "And Leon! He hates his mom so much!"

"They talked yesterday... Maayos naman si Leon. He's casual to his mom. I think he's alright..."

"You were there when they talked?" pagdududa ni Juliet.

Tumango ako.

"Of course ayos lang kay Leon iyon! You were there, Freya!"

"Ayos lang iyon sa kanya dahil Mommy niya 'yon, Juliet. We can always forgive. And he can forgive because he loves his mom..."

Nilingon ni Juliet ang kanyang Daddy. He started the engine.

"Ihahatid ka namin sa inyo, Frey... Juliet, we'll go straight to the mansion..."

"Yes, Dad..." ani Juliet sabay tingin sa akin.

==========

Kabanata 28

Kabanata 28

OceanofPDF.com

Force

Nalaman din ni Juliet lahat. Kinwento ko sa kanya kung paano nangyari ang lahat.

May alam din si Marj tungkol dito. Hindi ko lang pala guni-guni iyong pakiramdam ko sa kanya.

"What's Leon's plan?" tanong ni Marjorie.

Nasa ilalim kami ng puno. Makulimlim na ang kalangitan hudyat ng nalalapit na pagbagsak ng ulan.

Dalawang araw pa lang ang lumipas simula nang nagpakita muli si Mrs. Leilani Revamonte kay Governor. Ang alam ko ay kina Leon siya tumitira sa ngayon.

"I don't know... He never told me..." sabi ko.

Tumingala ako. Si Juliet ay nakahilig sa isang puno ng mahogany. Sa gilid ko ay si Marjorie na nanatiling nakatingin sa akin.

"Matagal mo na bang alam 'to, Marj?" Juliet asked.

Umiling siya. "Nalaman ko lang 'to pagkatapos ng pageant. Tita Leilani came to Alegria right after the pageant. I don't even know her at first. Pero noong sinabi na ni Mama sa akin, doon ko napagkonekta ang lahat. Ayana's chasing Leon for this reason..."

"I didn't know that your Tita is Tita Leilani's bestfriend?"

"Sa Maynila raw sila nagkakilala ni Tita. Ni hindi nga alam ni Ayana ang tungkol sa nangyari. Lumapit lang daw si Tita Leilani sa kanila a year ago... I really never thought this would happen."

Nanatili ang mga mata ko sa field. Kitang kita ang pagdidilim ng langit sa bulubundukin ng Alegria. Maulan talaga pag Disyembre.

"Cervical Cancer daw. There are treatments here... In Manila, but I think they want better treatments abroad. And she was diagnosed there..." ani Juliet.

Hindi ako kumibo. Nanatili sa malayo ang tingin ko.

"Gusto niyang dalhin si Leon sa ibang bansa, 'di ba? Iyon din kasi ang gusto nina Nicholas at Kaius, sabi ni Tita Leilani."

"Hindi iyon papayag si Leon, panigurado..." ani Juliet.

"But that's his mom..."

Nilipat ko ang tingin ko sa dalawang taong palapit sa akin. There I saw who's coming. Tumuwid ako sa pagkakaupo.

I knew it's only a matter of time now.

"Si Tito!" ani Juliet sabay salubong kay Governor.

He's with Ate Lea. May dalawang security silang dala na nanatili sa malayo. Tumayo kaming dalawa ni Marjorie.

"Tito! Ate Lea... May pasok pa si Leon..." salubong ni Juliet sabay mano kay Governor.

Hindi kay Juliet nakatingin si Gov kundi sa akin. Naramdaman ko agad ang lamig sa aking sikmura.

I have a feeling about this. Sana lang ay mali ako. Sana lang hindi talaga ganito.

"Hindi na... si Freya ang sadya namin dito..." ani Governor.

My breath hitched. I hope I'm really wrong.

Nilingon ako ni Juliet. Kitang kita ko ang pagtataka sa kanyang mukha. Napatingin na rin si Marjorie sa akin.

Tumango lamang ako kay Governor. Sumulyap ako kay Ate Lea na tipid lamang ang ngiti sa akin.

"Do we... need to leave then?" ani Juliet sabay hawak sa braso ni Marjorie.

"Please, Juliet..." Ngumiti si Ate Lea sa aking mga kaibigan.

Suminghap ako.

Kahit ano na lang, huwag lang iyon. But who am I kidding right? Kahit ano pang dasal ko ngayon ay alam ko na ang kahahantungan nito. I should've prepared for this. Dapat ay nagkaroon ako ng plan B.

"Kung ganoon, Freya, magkita na lang tayo sa canteen..." Juliet's voice seemed small.

Parehong nakatingin si Gov at si Ate Lea kay Marj at Juliet na palayo. The two gave us curious looks. I assured them with a smile, though.

Nang tuluyan na silang nakalayo ay humakbang si Governor. Ang kanyang dalawang kamay ay nasa likod.

"Freya, nagmeryenda ka na ba?" he asked.

Tumango ako at ngumiti. I want him to think that I have no idea about this meeting... or their intentions.

"Opo. Tapos na po..."

Tumango rin si Gov. Bumaling ako kay Ate Lea na ngayon ay nakatingin sa kanyang ama.

Naagaw lamang muli ni Governor ang aking atensyon nang huminga siya ng malalim.

"I trust you know what happened. Hindi naglilihim si Leon sa'yo..."

Hindi ako kumibo. I know he knows that. Hindi ko rin kasi alam kung anong idudugtong ko kung sakaling magsalita ako. Ayaw kong pangunahan

sila.

"His mom came back from the U.S. We don't talk anymore, Leilani and I..." ani Governor habang tinitingnan ang lawak ng soccerfield sa harap. "For years, I think.

The last time we talked, noon pang dinala niya sa America si Kai at Lea... Noong kay Nico, si Nico mismo ang nagpaalam sa akin..."

Tumikhim ako at tumingin na rin sa field. I can't believe I know where this is all heading. It's too obvious.

"At ngayong bumalik siya, we've learned that she's... sick..." ani Gov. "Very sick, actually. That she needs intensive medications abroad."

Nagtiim bagang ako. Everything fits perfectly. Iyong sinasabi ni Gov sa mga nasa isip ko. I know where this is heading. They want me to ask Leon to come with her!

"I'm going with her..." ani Governor.

Nanlaki ang mga mata ko sa narinig. I did not expect him to say that! Siya ang gobernador sa buong lalawigan. Sakop niya rin ang Alegria. Kapag umalis siya...

ibig sabihin tatalikuran niya ang pagiging gobernador? Well he'll be back?

"Gustuhin ko mang manatili abroad kasama ang aking pamilya, hindi ako maaaring magtagal dahil sa trabaho. I'll be with her this Christmas. And I'll be back next year."

Manghang mangha ako sa desisyon ni Governor. Hindi ba ay magkagalit sila? Then he forgave her for everything? Ilang taon na rin naman kasi iyon.

"I want to take Leon..." aniya. "That's what she wants. What she needs actually...

Her son."

Suminghap ako. Nagkatitigan kami ni Governor. This is where Leon got his eyes.

Parang kinukurot ang puso ko habang tumatagal na nakatitig. Pakiramdam ko si Leon ang nakikiusap sa akin.

"Well... I think it's useless to say this to you. For sure you know all of these.

Leon told you, right? Last night we agreed he should go with her habang nagpapagamot. But then..." tumawa si Gov. "Tumanggi siya."

Natigilan ako sa sinabi ni Governor. Kahit tumatawa siya ay hindi ko makuha ang humor. Leon didn't want to go? And he didn't tell me about all of these!

"Sinabi niya ba sa'yo na hindi ka niya iiwan kaya siya hindi sasama?" tawa ni Governor.

What? Shit! He said that? Because of me? Hindi siya sasama?

Umiling ako ng mabilis. Gumalaw si Ate Lea sa gilid ko kaya ako napatingin sa kanya.

Tumango si Ate Lea sa akin. She agreed with what Gov just said.

"He said he'll come with his mom next year summer for about a week, Freya.

Magbabakasyon daw..." Umiling siya at nanatili ang mga mata sa fields. "Ang sabi naman ni Leilani, hindi siya aalis ng Alegria nang 'di kasama si Leon. He's stubborn. I'm surprised you put up with him..."

"I... I... I'm not his girlfriend, po. I mean... he's..."

Shit! I don't know what to say.

"Oh? You two aren't even in a relationship yet..." umiling si Governor.

"Maghihintay daw si Leilani sa summer para sabay sila ni Leon umalis at makabonding pa si Leon dito pero..."

Tumingin si Governor kay Ate Lea pagkatapos ay yumuko.

Nilingon ko si Ate Lea.

"Kung 'di siya magsisimula sa medications niya this month, baka mas lalo lang lumala..."

Although I expected this... hindi ko inakalang ganito ako kabilis ma kumbinsi. Leon didn't tell me about it because he knows I'd push him away for his mom! Alam niya!

Kilala niya ako!

"And I'm thinking, Freya... Na baka ikaw ang sulusyon dito. Besides, you're the reason why he's staying here in Alegria... My son is completely in love with you, I can see that... But I hope you can convince him to be with his mom before the year ends."

Laglag ang panga ko habang nakikinig kay Governor.

"Kaya n'yo 'yan, Frey. Kung mahal ka ni Leon, at mahal mo siya, kaya n'yo ang long distance..." ani Ate Lea.

"Freya, I know this is going to be hard for you but this is our only resort. Leon is stubborn. I'm sure you know that. He'd stick to his decisions even if it's impossible. But if you tell him, you might change his mind..." seryoso na si Governor.

Hindi ako kumibo. I'm thinking about how I'm going to say that to Leon.

Fourth, sumama ka na sa Mommy mo.

Fourth, ayos lang. May internet naman. Magchat na lang tayo.

Fourth, umuwi ka na lang dito every other month.

Wala bang ibang paraan?

Nag-angat ako ng tingin sa mag-ama. They were looking at me like I'm the answer for their prayers. Like I'm the answer they are waiting to happen.

"Paano po kung tumanggi si Fourth?" tanong ko.

"Freya..." tawag ni Ate Lea.

Kitang kita ko ang pangingilid ng luha sa kanyang mga mata.

"I know you can convince Leon. You're the only person who can convince him now...

Nagkamali ako, Frey... Nang sinabi ko sa'yong si Mommy ang kahinaan ni Leon, nagkamali ako."

Nanginig ang aking labi sa sinabi ni Ate Lea. I feel like everything's on me now.

Freya, it's okay. You can do long distance relationship. You can do it. You can endure. If this is love then it can endure, right?

"Ikaw ang kahinaan ni Leon... Ikaw, Freya..."

Umiling ako. Although I know I mean something to Leon, I also know that nothing can beat family. Hindi ako nakikipagkompetisyon. Iyong sinasabi ko ay ang katotohanan.

"I have never seen him so angry when I told him to leave you and be with our mom.

I've never seen him like that, Frey..."

"Ate Lea, he didn't tell me about that!" nabasag ang boses ko.

"There are so many things he won't tell you, Freya. Lalo na iyong mga bagay na tungkol sa inyo."

Kumuha si Ate Lea ng panyo at pinunasan niya ang tumakas na luha sa kanyang mga mata. Hinawakan ni Gov ang kanyang balikat upang pigilan sa pagsasalita.

"I hope this won't reach Leon, Freya. And I hope you can convince him. Do whatever it takes, Freya. This is for his mom..."

Naiintindihan ko lahat ng sinasabi nila. Kahit na ayaw ko sa mga hiningi ay alam ko kung para saan ang mga iyon.

Noong una iniisip ko pa lang ito, ngayon ay nandito na talaga. I thought this would happen, but I also hoped that it won't... but right now it is happening. For real, this time.

"Freya! Hindi mo pa nagagawa iyong napagkasunduan natin kahapon?" sigaw ni Axl sa harap ko.

"Shh..." saway ng ilang estudyante sa library.

Hindi ko namalayan na kanina pa pala ako tulala. Ni hindi ko nakuha ang mga sinabi ni Axl sa akin kanina dahil sa kakaisip ko roon.

"I'm sorry, Axl. Gagawin ko iyon ngayon-"

"Hindi ba nagkasundo tayo kahapon na idivide na muna ang output tapos ngayon na lang tayo mag powerpoint? Anong ilalagay natin sa parte mo kung wala kang naresearch? Wala ka ring sagot sa guide questions!"

Sinapo ko ang aking noo. Sa dami ng nangyari ay nakaligtaan ko na ang minor subjects kaya heto at sabit kay Axl.

"Kung gusto mong magbulakbol, aba, huwag mo kaming isama! Huwag ang buong grupo, Freya!" aniya sa mariing tono.

"I know... I'm sorry. I'll do it right now. Uh, you can just give me your outputs.

I'll do the presentation tonight para next week may-"

"Ano? Iaasa ko sa'yo itong presentation ng report natin? Iyong sa'yo nga, konting trabaho, 'di mo magawa? Ito pa kaya!?"

I glared at him. As much as I want to curse him out loud, he's got a point. I'm spacing out big time. I'm fucking things up.

Pinasadahan ko ng mga daliri ang aking buhok pagkatapos ay tumango na lang.

Lulunukin ko ang mga sinabi ni Axl dahil totoo naman. Wala akong kwenta sa grupo dahil 'di ko nagawa iyon.

"I'll do it tonight. I'll send it to your email tonight."

Napatingin si Axl sa aking likod. Nakita ko ang pag igting ng panga niya.

"Make sure, Freya. Alis na ako. Nandito na ang boyfriend mong dahilan yata ng pagbubulakbol mo..."

Tumingin ako sa likod at nakita ko roon si Leon. He's wearing a dark gray t-shirt and a dark maong pants. Nakatingin siya sa akin at kay Axl.

Umalis na agad si Axl sa aking harap.

"Bakit nandito iyong gagong 'yon?" tanong ni Leon habang nilalapag ang kanyang mga aklat sa lamesa.

Umupo siya sa gilid ko at inusog ang kanyang silya para mas makalapit sa akin.

"It's about our reporting."

Hindi ko na dinugtungan. Pakiramdam ko kapag sabihin ko sa kanyang galit si Axl sa akin ay kahit na ako naman ang may kasalanan, mabubulag siya roon.

"Anong reporting?" tanong niya, nakakunot ang noo.

"Sa English. World Literature. Gagawa kami ng Powerpoint para roon..."

Nilingon muli ni Leon ang pintuan kung saan lumabas si Axl. Umiling ako at tinitigan ang view ng kanyang tainga, panga, at leeg. Nang bumaling si Leon ay umigting ang panga niya.

"Pinopormahan ka ba noon?" tanong niya. "Ulit?"

Umiling ako at nag-iwas ng tingin.

Let's try today then...

"Sigurado ka? Baka feeling mo hindi pero sa totoo ay pinopormahan ka na naman noon?"

"Hindi nga..." sabi ko sabay angat ng tingin. "Sasabihin ko naman sa'yo kapag pormahan ako noon..."

Tumango siya at nilagay na ang braso sa likod ng aking upuan.

"Tapos ka na?" tanong niya.

"Oo. May gagawin lang akong assignment. Maaga kayong natapos, ah?"

He smiled. His perfect white teeth showed. I really can't help but marvel on his wicked smile. Para bang may binabalak siyang masama tuwing ngumingiti siya. O 'di kaya'y binobola ka niya. But then he's sincere with every word he says to me.

"Oo."

Natahimik ako at tumingin sa aking aklat para simulan.

"Fourth, sa bahay n'yo tumitira ang Mommy mo ngayon, 'di ba?" I asked.

Tumango siya at kumunot ang noo.

"Kailan siya magpapagamot?"

"Hmm..." ngumuso siya. "She said this month. Abroad..."

"Sinabi niya rin iyan sa akin... She also said she wants you to come with her abroad... Kailan ang alis n'yo?" diretso kong sinabi.

Napaatras siya ng konti sa sinabi ko. Ramdam ko na hirap siyang sumagot dito.

"Hindi ako sasama..." aniya nang 'di ako tinitignan.

"Huh? Bakit naman? E, Mommy mo 'yon at may sakit siya."

I know that people won't always forgive easily... especially to mistakes can shatter a soul. Kaya maiintindihan ko kung hindi pa ni Leon tuluyang napapatawad ang kanyang ina ngunit alam ko rin na nagmamalasakit parin siya ng sobra para rito.

I know he cares for his mother even though he hasn't forgiven her yet.

"I can always visit her abroad..." ani Leon sa mas confident na tono.

"Baka naman gusto niyang makasama ka ng matagal at habang ginagamot siya. Sumama ka na..." sabi ko.

Ayaw kong ipakita sa kanya na malaking bagay iyon. Pakiramdam ko kapag nalaman niyang sobra sobra akong magiging apektado sa sitwasyon ay hindi niya gagawin. So I tried to sound like it's all okay... that these are all jokes.

"Ayos lang iyon. Sasama si Daddy..." ani Leon.

"But she's your mom. If she wants you to go with her, you should. Lalo na dahil may sakit siya..."

Tumitig si Leon sa akin. Nag-iwas ako ng tingin. Pinaglaruan ko aking aking mga daliri habang nagsasalita.

"There's a possibility, right, that she'd be taken away? Ayaw mo bang samantalahin ang pagkakataong 'to para makasama siya? And maybe she'll also be healed when she's with you. Hindi ba kapag less stress at regrets ang

mga taong may sakit... mas masaya sila... hindi ba mas mabilis silang maging maayos?"

"Are you asking me to leave you?" his tone is so cold.

Napaangat ako ng tingin. Mas malamig pa sa yelo ang kanyang mga mata. It sent shivers down my spine.

"I'm asking you to be with your mom. We can Skype... We can chat. You can come home this Summer... or until your mom is okay..."

Umiling agad siya 'di pa lang ako natatapos magsalita.

"No..." simple niyang sinabi at nag-iwas ng tingin.

"Bakit hindi? Paano ang Mommy mo?" nag-aalala kong sinabi.

"Freya, nag-aaral ako rito-"

"Well you can study abroad!" sabi ko agad.

"I don't want to study abroad..." giit niya.

Nanliit ang mga mata ko. Nag-iwas agad ako ng tingin.

"Well you can if you want your Mom to be okay. You should. She wants you with her right? It's just a simple request, Fourth. She'll be happy if you do it..."

Umiling lamang si Leon. Hindi na siya nagsalita. Tinuro niya ang aking aklat na para bang sinasabi sa akin na mag-aral na ako.

"Fourth, are you listening? Gusto ng Mommy mo na mag abroad kayo para magkasama kayo habang nagpapagamot siya. Ikaw lang ang maiiwan dito kung sakali. Pwede ka namang bumalik kapag bumalik ang Daddy mo..."

Umiling siya. "Pwede namang wala ako at bibisita na lang kung kailangan."

"But that's your Mom's request! Wala ka bang pakealam sa request ng Mommy mo? I get that you're hurt and you think she betrayed you but it's different this time! She's sick."

"Freya, pupunta ako sa America pag Summer, okay? Ayos na 'yon..."

"You told her that? She agreed?"

Tumitig lamang si Leon sa akin. I know he won't tell me that his mom agreed. Hindi siya magsisinungaling. His mom will wait for him. His mom won't go to the U.S.

without him.

"Hindi? Hindi, 'di ba? Gusto niyang magkasama kayo. Bakit kaya siya umuwi rito?

Bakit ka niya hinanap? Because she wants to spend more time with you, Fourth. Gusto ka niyang isama. Give your mom a chance..."

"Tapos ano? Maiiwan ka rito? Kailan ako babalik? Makakabalik ba ako agad? Kung gugustuhin ko? Hindi. Mahihirapan akong bumalik kapag sumama ako ngayon-"

"So... finally the truth surfaced. Hindi ka sasama dahil ayaw mong maiwan ako rito?

Fourth may Skype, may Facebook... I can deal with that!" giit ko. "It's your mom we're talking about. Nakakahiya naman na ayaw mo lang sumama dahil sa akin!"

Kitang kita ko ang galit at iritasyon sa kanya. He doesn't like this topic but we really need to talk about it.

"You can deal with it. I can't. Dito lang ako, Freya! Pupunta rin ako abroad-"

Pinutol ko ulit siya. I can't believe he really is pushing this one.

"Kailan? Paano naman ang gusto ng Mommy mo? You two should bond! You don't even know the real state of her health! What if?" Hindi ko matapos ang sinabi ko dahil sa halo halong emosyon.

"This is going to be difficult for you and me, Freya. Ayaw kong mahirapan ka..."

I want to cut him off but I don't know what my argument will be. Kung sasabihin kong mahihirapan ako pero magtitiis ay mas lalo siyag gigiit na huwag nang umalis para 'di ako mahirapan.

"Hindi ako mahihirapan dahil may tiwala naman ako sa'yo! We have social media!

Communication isn't that hard, Fourth!"

"Hindi ka mahihirapan?" Tumawa siyang pasarkastiko. "Ikaw hindi. Ako oo! Ayaw kong mawala ka sa paningin ko, Freya! Hindi pa kailanman tayo nagkahiwalay tapos ngayon parang wala lang sa'yo na magkahiwalay tayo ng ganoon kalayo?"

"This is not about you and me anymore! This is about your Mom, Leon! Your Mom! Your mother! You love your mother! We can deal with this! Bakit ayaw mo akong mawala sa paningin mo? Wala ka bang tiwala sa akin?" halos tumaas ang tono ng boses ko.

"Sa'yo may tiwala ako. Sa ibang tao, wala. Freya, hindi mo alam kung anong mangyayari kapag umalis ako. Everyone will think that you're now free! Without me!"

Habang tinitingnan ko siyang nangangatwiran ay pakiramdam ko para siyang isang matayog at matibay na haligi. He won't falter. No one can break him.

"E 'di ba nagtitiwala ka nga sa akin? Trust that I won't entertain them! I won't even look at them, Fourth!"

Umiling siya at ngumisi. Nag-iinit na ang gilid ng aking mga mata sa frustration. I want to at least see hope. I want to hear him have second thoughts about this. Pero habang tumatagal, ang mga rason niya ay mas lalong nagpapalinaw na talagang hindi siya papatibag.

"I don't want anyone trying to get your attention! Ayaw ko, Freya! Please, my queen..." biglang lumambing ang boses niya sa dulo.

Pakiramdam ko ay hinaplos ng tinig niya ang aking puso.

"Let's not fight over this. My decision is final. I won't leave. I won't leave you..."

Hinaplos niya ang aking buhok. Para akong natutunaw na yelo sa bawat pasada niya sa tikwas ng aking buhok. Suminghap ako at at napapikit ng ilang sandali.

"Hey... are you hungry?" bulong niya.

Nilayo ko ng bahagya ang aking tainga dahil sa naramdamang kiliti galing sa kanyang hininga.

"I'm sorry we're fighting. But please don't ask me to leave you."

Dumilat ako. Natatabunan ang aking paningin ng nagbabadyang luha. Kitang kita ko ang concern sa kanyang mga mata.

His trying his best to cheer me up but then he's failing miserably. He licked his lower lip.

"I'm sorry. Come on... I'll help you with your homework. Sa bahay n'yo tayo?"

Umiling ako. "We need to talk..." nanginig ang boses ko.

"My decision is final, you know... It's my first time like this... You're my first time, Frey. I don't want this to fail-"

Umiling ako. "We won't fail, Fourth. We'll just have to compromise..."

Hindi pa ako natatapos magsalita ay umiiling na siya. Pumikit siya at yumuko.

"Don't be scared, Fourth. Trust me. We'll make this work..."

Inusog niya muli ang kanyang silya. He closed the very tiny space in between the legs of our chairs. For sure, kapag may nakakitang faculty ay pwede kaming masita.

Inangat niya ang aking baba at hinaplos ito. Nakikiliti ako sa bawat haplos ngunit tiniis ko iyon. I want to talk to him seriously. I don't want anything to affect this conversation.

"I won't compromise for my queen. Never..." Umiling siya.

Nagtiim bagang ako. Matagal kaming nagkatitigan doon. Hindi siya umatras sa aking tingin. Sa huli ay sinarado ko ang aklat sa aking harapan.

"Then let's end this..." sabi ko.

Nanlaki ang mga mata ni Leon sa sinabi ko. Tumayo agad ako. Natatakot akong magbago ang isip ko kapag mas matagal ko siyang tinitigan.

Tumayo rin siya sa aking gilid.

"Freya, you're kidding. Ni hindi mo pa nga ako sinasagot. Nanliligaw pa lang ako sa'yo..." natatawa niyang sinabi.

"Then basted ka!" sabi ko at hinagilap ang aking mga aklat para makaalis na.

Hinawakan niya ang mga aklat. Kitang kita ko ang pagtaas-baba ng kanyang dibdib.

Kitang kita ko rin ang hilaw na ngiti galing sa kanya. He's like torn between the joke and the real thing.

"Frey, Frey, Frey..." sunod niya nang tinalikuran ko siya. "No... No... are you kidding me? For that?"

Nakalabas kaming library. Paatras siyang naglakad para lang maharap ako.

Mabilis ang pintig ng puso ko. It's like I'm still shocked with the desisyon. I can't even feel the pain. Just the hollow space in my heart...

"For that? It's your mom! It's your family!" sabi ko.

"Ano bang gusto mong mangyari? Ayaw kong umalis! Ayaw kong iwan ka, Freya!

Please..."

Tinalikuran ko siya. Sumunod siya sa akin habang naglalakad ako. Mas lalo kong binilisan ang aking paglalakad.

"Please tell me that's a joke. This is a joke! For years... ganoon lang? Frey, huwag namang ganito..."

Hinila niya ang aking braso. Hinawi ko ang kamay niya at mas lalong binilisan ang lakad.

Wala akong pakealam sa mga nakakakita sa habulan naming dalawa. I just want to prove a point. I want him to see it. I want him to feel how serious this is!

"Freya! Freya!" nanginig ang boses ni Leon.

Napasinghap ako nang narinig iyon. Maraming estudyante kaming nakasalubong. Mas mabilis akong maglakad dahil mas maliit ang katawan ko sa kanya. He probably got stuck because of the sea of students.

"Freya!" sigaw niya.

Lumiko ako patungong gate. Sasakay ako ng tricycle para umuwi sa bahay namin. Hindi ako sasama sa kanya.

"Freya!" sigaw niya at agad akong hinila at niyakap ng mahigpit galing sa likod.

Shit! All the anger and frustration burned in me. Pakiramdam ko ay unti-unting nalusaw ang lahat ng rason kung bakit ko ginagawa ito. Pumikit ako ng mariin para lang labanan ang panlalambot.

Leon's warm and tight hug enveloped me. Ang kanyang ulo ay nasa aking leeg. Malapit na kami sa gate at may iilang estudyante roon.

"Bitiwan mo ako..." I said. "Fourth, bitiwan mo ako!"

Tinulak ko siya bahagya at hinarap. Kitang kita ko ang pagod sa kanyang mukha.

Matapang ko siyang hinarap. Nakahawak parin siya sa aking nakakuyom na kamao.

"Bitiwan mo ako..."

Umiling siya. "You're kidding right?"

"Bitiwan mo ako..." ulit ko. "I want to be alone... I don't want to be with you..."

Napaawang ang kanyang bibig. Kitang kita ko ang kabiguan sa kanyang mga mata. It's like he's still torn right now... Like he can't decide if what I'm saying is all real.

"Umuwi na tayo. Nasa labas nakapark ang sasakyan ko..." aniya na parang wala lang.

"Magtatricycle ako."

"Freya, come on..."

"Magtatricycle ako, Leon! Don't force me to you!" sabi ko at tinalikuran siya.

==========

Kabanata 29

OceanofPDF.com

Kasalanan

Tricycle ang sinakyan ko pagkauwi sa amin. Sinundan iyon ni Leon.

I never looked back. I want to be firm. He needs to realize that this is not all about us. Kahit na masakit mang gawin iyon, alam kong may kailangan akong itama.

Hindi siya tumatanggap ng opinyon ko. Masyado siyang bulag sa takot niyang magkalayo kami.

Nagmano ako kay Mama pagkapasok ng bahay. Pati kay Papa.

Iniisip kong susundan niya ako rito sa bahay kaya umakyat na ako sa taas. Pumasok ako sa kwarto at nagkulong.

Ilang minuto akong humiga sa kama. Nakatingala ako sa kisame. Walang kahit anong sakit akong naramdaman. There's just that hollow space in my heart.

Hinawakan ko ang necklace na binigay ni Leon sa akin ilang taon na ang nakalipas.

Did I do the right thing? Minsan kasi ang tamang desisyon ay masakit. Minsan ang tamang desisyon iyong mahirap.

Bumangon ako nang lumipas ang labing limang minuto. I need to study. I need to do so many things.

Hindi ko alam kung ano na ang nangyari kay Leon. Umuwi ba siya? He sounded like he didn't believe my decision. I understand. I don't believe it either.

Nakita ko sa cellphone ko ang isang text galing sa kanya. Nanginig ang kamay ko habang binabasa iyon.

Leon:

I'm sorry. I just really don't know how to leave you. I don't know what I'm going to do if we're not together...

Tinitigan ko iyon ng ilang sandali. Should I reply? And what should I say?

Minabuti kong hindi na muna magreply. Nakapile up pa ang mga gagawin ko sa school.

Uunahin ko pa iyong sinabi ni Axl sa akin. Marami pa akong pag-aaralan.

Bumaba muna ako para makakain ng hapunan. Ang mga mata ko ay sa pagkain lamang habang si Mama at Papa ay nag-uusap tungkol sa proyekto ni Papa sa Manila.

Binilisan ko ang pagkain para makaakyat na ulit.

"May laro ba si Joaquin ngayon? Natatagalan na naman siya..." ani Mama sa akin.

'Tsaka lamang ako nag-angat ng tingin kay Mama. Her eyes were curious as she looked

at me.

"Baka, Mama..."

"May laro ba sina Leon ngayon?" dagdag tanong niya.

"Baka po..." sabi ko at nag-iwas ng tingin.

Hindi na siya nagsalita pero nanatili ang mga mata niya sa akin. Uminom ako ng tubig at tumayo. Nagpaalam ako na mag-aaral muna nang 'di tinitingnan si Mama at Papa. Ngunit alam kong nakatingin ng diretso si Mama sa akin. Natatakot akong malaman niyang distracted na naman ako.

Isinantabi ko ang aking mga iniisip para lang matapos ang lahat ng gagawin.

Alas onse nang natapos ako sa mga assignments. I still need to study. Kahit isang oras lang. Kailangan ko rin kasi ng tulog dahil maaga pa ako bukas.

Tumunog ang cellphone ko para sa isang tawag. It's Juliet. Huminga ako ng malalim.

Baka magpapatulong sa isang subject?

"Hello?" salubong ko.

"Freya... Magkasama ba kayo ni Leon?" tanong niya.

Sumulyap ako sa orasan. It's exactly 11:00pm. Bakit niya ako tinatanong n'yan?

"Hindi, bakit?"

Bigla akong kinabahan. Hindi na nagtext si Leon sa akin. Hindi na rin ako nagreply sa kanya.

"Hindi pa kasi siya umuuwi sa kanila hanggang ngayon. Tumawag si Tito at tinanong ako. Nag-aalala si Tita Leilani... Anong oras ba kayong umuwi?"

"Uh... Uhm kanina lang, Juliet. Pagkatapos ng klase, umuwi ako."

Umiling ako. I need to call him. Where is he? I thought he's at home?

"Hindi kaya naglaro?"

"Hindi, e. Akala rin nila naglaro kaya hindi na sila nagulat na matagal umuwi pero

seryosong aabot ng ganitong oras? 'Tsaka tinanong ko rin si Jarrick kung kasama ba nila si Leon sa laro pero hindi raw... Hindi rin daw siya sumasagot sa mga tawag."

Kung ganoon nasaan siya?

"Ibababa ko muna. Tatawagan ko..." sabi ko.

"Okay..."

Binaba ko ang tawag para tawagan naman si Leon. Nilagay ko sa aking tainga ang cellphone habang nagri-ring ang kabilang linya.

"Hello..."

I heard Leon's tired and husky voice.

"Where are you? Anong oras na ang sabi ni Juliet 'di ka pa raw umuuwi?"

Hindi siya nagsalita. Tumayo ako. Kumakalabog ang puso ko habang dinidinig ang kanyang paghinga.

"Leon!" tawag ko.

"Freya, were you serious of your decision?"

Now is not the time to talk about this! Hinahanap siya sa kanila at kailangan niya nang umuwi.

"Leon, umuwi ka na! Nasaan ka ba? Bakit 'di ka pa umuuwi?" sunod-sunod na tanong ko.

"Please answer me first, Frey..." pagod na pagod ang kanyang boses.

Sinapo ko ang aking noo. He's really stubborn. That's the only word I can describe him right now.

Hindi ako nakapagsalita dahil hindi ko na alam kung anong sasabihin ko. Naglalakad ako ng pabalik-balik sa loob ng kwarto ko.

"I'm just outside your house. I can't go home till we talk..." aniya.

Nanlaki ang mga mata ko at dumiretso sa bintana ng aking kwarto. Tinanaw ko ang

labas at ang kalsada. Sa malayo at madilim na parte ng kalsada ay nakita kong nakaparada ang kanyang pick up!

Ilang oras na siyang nandyan?

Pinutol ko ang tawag nang 'di siya kinakausap. Agad akong nag-ayos ng konti.

Tulog na sina Mama at Papa, for sure. Si Joaquin siguro'y nasa kwarto na. Lalabas ako ngayon para puntahan si Leon.

Mabilis akong bumaba para makalabas na. Lumabas ako ng gate at namataan ko kaagad ang pick-up ni Leon. Dahil tinted ay 'di ko masyadong makita ang nasa loob.

Nang nakalapit ako ay umilaw ito. Bumukas ang mga lock at agad ko iyong binuksan.

'Di ako pumasok sa front seat.

His bloodshot eyes looked up to me. And even when he's sad and angry, he's still good looking. I really can't help noticing all his manly features. Bagsak ang balikat niya habang nakaupo doon sa driver's seat.

"Umuwi ka na..." sabi ko.

Bumaling siya sa kalsada. Kitang kita ko ang galit sa kanyang mga mata. His jaw clenched

Hindi ako nagsalita. Suminghap siya at binalingan muli ako. Pulang pula ang kanyang mga mata. May kislap iyon dahilan kung bakit parang nalulukot ang puso ko.

"Hinahanap ka na sa inyo..." sabi ko.

"Please tell me you were kidding..." aniya.

His tone broke my heart.

Huminga ako ng malalim at sumalampak sa front seat ng kanyang upuan para makausap siya ng mabuti. Pinaandar niya ang engine ng sasakyan at sinarado ang bintana sa kanyang side.

Tiningnan ko siyang mabuti. I want him to understand what I'm trying to say. I want him to realize what these all mean.

"You have a choice to continue this one, Leon. But please do consider what I want, too. I want you to go with your mom..."

Hindi pa nga ako natatapos ay umiiling na siya. It's like he doesn't want to listen to me. Kinagat ko ang labi ko. How stubborn, Leon.

"I don't want you to make me the center of your life... lalo na sa sitwasyong ito.

There are far more worse situations, Leon. Your mother has more problems than us.

And she needs you right now. We can both compromise. We can still be even when we're apart. I can compromise. You have to compromise. It's your mother..."

"I can stay here..." napapaos ang sinabi niya. "At pwede akong pumunta roon pagka summer, Freya."

"Your mom wants you to come with her, right? At tingin ko'y 'di siya aalis kung 'di ka kasama..." sabi ko.

Umiling siya at hindi na nagsalita. Alam kong alam niya iyon. Kaya hindi niya pwedeng ideny sa akin iyon.

"You have to understand, Leon. That there are more problems in this world. Hindi lang iyong tungkol sa ating dalawa."

"You're asking me to leave you, Frey... How the hell can I deal with that?" aniya.

"I'm asking you to compromise our distance. I'm not asking you to leave me."

Umiling siya. Suminghap siya at nag-iwas ng tingin sa akin. Tumingala siya at pumikit. His nose i bright red.

"You have to go home. Kung ayaw mo talaga nitong gusto ko, then I think I'm the reason why you don't want to be with your mom. And it pains me, Leon, to see that I'm the reason why your mom's in pain."

Bumaling siya sa akin. His eyes are moist for the tears.

"You're not the reason why my mom's in pain!" aniya.

"I will be! I am actually! The reason why she can't go to the U.S. right now is because you don't want to go with her!" tumaas ang tono ng boses ko.

"Did she tell you that, Freya? Who told you that? Ate Lea? Daddy?" pagalit niyang sinabi.

Shit! Now he's got it all wrong.

Love... it is not flawed. It's the lovers who are flawed. It's the human being trying to love... they're what's flawed.

In this case, Leon loves me. I can feel that. But his love for me is selfish. His love revolves around me. His world depends on me.

Iyan ang dahilan kung bakit ipinagbabawal ito habang nag-aaral tayo. Studies need full attention. And when you love, you give your full attention to that person.

Iyan ang mali. When you love, you also need to balance your other priorities.

Doon ko napagtanto na hindi lang si Leon ang nagkakaganito. Ako rin pala. The reason why I'm slowly changing is this love. I gave my full attention to it. I gave my full attention to Leon. Hindi na naging balanse.

This is what my parents warned me about.

"Leon..."

Hinampas ni Leon ang kanyang manibela. Naririnig ko ang ilang mura niya. Siguro'y iniisip niya ngayon na kaya ko siya tinutulak palayo ay hiningi ng

mga magulang niya iyon sa akin.

"Nobody told me, Leon. I just feel like I need to push you because I'm the reason why you are staying. Kapag nasa ibang bansa ka na, mag-aaral lang ako ng mabuti rito. Maghihintay ako sa pagbabalik mo. We can communicate, too. And that's okay, right?"

"Bakit ka maghihintay kung pwedeng dito lang ako, Freya?"

"Maghihintay ka rito paano ang Mommy mo?"

"Silang dalawa na lang ni Dad ang mangibang bansa!" ani Leon.

Pagod ko siyang tinitigan. He just wouldn't consider anything when it comes to us.

And that's unhealthy. This is the flaw I am talking about. It's his flaw. And mine.

"This is going unhealthy..."

Napalingon siya sa akin. Nanlalaki ang mga mata niya habang tinitingnan ko. I can sense that he's scared of what I'm going to say.

"If you can sacrifice your mother for us then, Leon, what you're feeling for me is unhealthy..." sabi ko.

Hindi siya nakapagsalita sa sinabi ko. Tumulo ang luha sa kanyang mata. Agad siyang nag iwas ng tingin. I want him to look at me while I'm saying this.

Hinawakan ko ang braso niya para makabaling ulit siya sa akin pero hindi niya ginawa.

"Kapag nagmamahal ka, kaya mong magsakripisyo at magtiwala. And it's your mother who needs you right now. I don't want to be the reason why you can't spen time with your mother. Hindi ako titigilan ng konsensya ko niyan, Leon! We can do this even when we're apart but if you're not willing to do it... then I say that what you're feeling for me is unhealthy. And I don't

want that. I don't want that in my life, Leon. I want something that's healthy. I want to grow."

Nanginig ang boses ko.

"I don't want to be stuck. I don't want my world to revolve around this. Because I know mas maraming issue pa ang mas importante sa mundong ito. Hindi lang iyong tayong dalawa!"

"Freya..." nanginig ang boses ni Leon.

Bumaling siya sa akin. Wala nang luha sa kanyang pisngi. Nasa mata niya ang sakit at hinagpis. Parang kinukurot at pinipiga ang puso ko.

"This is the love I know. And I'm sorry if the way I love you failed your expectations..."

Shit... Parang bumagsak ang langit sa akin sa sinabi niyang iyon. Nanginig ang aking desisyon. Lahat ng sinabi ko ay parang mga ibong nabulabog at lumipad paalis.

"How dare you judge the way I love you. This is how I love. This is how I love you, Frey..."

Ilang segundo akong literal na hindi nakahinga sa sinabi niya. Gusto ko na lang siyang yakapin ng sobrang higpit. Hindi ko alam kung saan ko hinugot ang lakas ko nang binuksan ko ang pintuan.

"Freya..." he called.

Nilingon ko siya. Pinilit ko ang sarili kong huwag umiyak. At least not right now!

"Umuwi ka na muna. Hinahanap ka na sa inyo..."

Hindi ko na nalaman ang sasabihin niya dahil sinarado ko na ang pintuan.

Pagkatalikod ko sa kanyang sasakyan ay bumuhos ang luha ko. Nagmamadali akong buksan ang gate para makapasok na. Umandar ang

sasakyan niya at humarurot paalis doon.

Parang sinaksak ang puso ko dahil doon pero tinalikuran ko ang kalsada at pumasok na sa loob ng bahay. Nanlaki ang mga mata ko nang nakita si Mama na nag-aabang sa pintuan para akin.

Tumigil ako sa paghinga. Alam kong buking na ako sa mga luha ko pero inisip ko parin na baka maitago ko pa kapag tumigil ako sa paghinga.

"Si Leon?" tanong ni Mama.

"O...po..." Humikbi ako sa pagkasagot.

Naglahad ng kamay si Mama sa akin at agad ko siyang inatake ng yakap.

"Ma... Lumapit po si Gov sa akin at nakiusap na pakawalan ko si Leon para makasama kay Mrs. Revamonte sa U.S. Ma... 'di ko alam ang gagawin ko. Nahihirapan ako!"

Iniyak ko ang lahat ng nasa isip ko sa balikat ni Mama. Hinaplos niya ang aking likod.

Kung nagkapalit kami ni Leon ng sitwasyon alam kong ganoon din ang gagawin ko. I'd leave for my Mom. It will always be my Mom first.

"Ma, ang hirap. Ayaw ko rin naman siyang umalis pero kailangan. At ang sakit kasi ayaw din niya! Ang sakit sakit kasi kailangan ko siyang pilitin! Ang sakit mamilit, Ma, kapag ako mismo ay ayaw!"

I cried the whole night because of that. Si Mama ay nanatili sa tabi ko habang umiiyak ako. She never said anything about the issue.

"Tahan na, Frey... You need to rest..."

My decision is firm. I need Leon to go.

Kinabukasan sa school ay halos wala akong gana sa mga klase. I know I should concentrate but I forgive myself for spacing out. I forgive myself for being so affected.

Habang naglalakad ako patungo sa sunod kong klase ay nakita ko sa malayo si Leon.

Kasama niya sina Russel at Julio.

Yumuko ako at nag-iba ng direksyon. I saw Leon tried to chase me kaya mabilis ko siyang winala.

Alam kong maabutan niya rin ako kung sakali.

Leon:

Please, huwag mo akong iwasan.

Binalik ko ang cellphone ko sa aking bag. Nakapasok na ako sa aming classroom.

Naroon na rin ang aming professor. Sa labas ng aming classroom ay naroon na si Leon, naghihintay.

May pasok siya dapat ngayon!

I couldn't concentrate the whole time I was in class because of Leon outside.

Iniisip ko kung anong sasabihin ko sa kanya pagkalabas ko. But in the end I chose to just ignore him.

"I need to go to my next class, Leon. Pumasok ka na..." sabi ko habang sinusundan niya ako.

Dumiretso na ako sa sunod kong klase. Hindi ko naman alam kung anong nangyari sa kanya pagkapasok ko sa sumunod na klase. Siguro'y sinunod niya ang gusto kong mangyari.

Pagkatapos ng huling klase ko ay inisip kong umuwi na. Ayaw kong maabutan ako ni Leon dito sa school. We'll only talk again. We don't need to. I already told him what I want him to do. And unless he wants to do it, we can't talk. Natatakot akong magbago pa ang desisyon ko.

"Akala ko 'di ka darating..." ani Axl.

Kanina pa siya naghihintay sa bench na nasa ilalim ng puno ng mahogany. Pinili kong makipagkita sa kanya sa likod ng gym imbes na sa library. I can't risk to be with him there. Pakiramdam ko kasi doon ako hahanapin ni Leon.

"I'm sorry. Nagmeeting pa kami ng ibang groupmates ko."

He took out his laptop.

Konti lang ang dumadaan doon. Dito madalas tumatambay ang mga magboyfriend na ayaw

sa maraming tao. May ilan nga kaming natatanaw sa ibang bench na naglalampungan.

Ipinagkibit balikat ko na lang iyon.

"Tapos mo na ba?" nagtaas siya ng kilay.

"Oo..." sabi ko. "I'm sorry 'di ko agad natapos."

Tumango siya. Nilapag ko ang mga papel na sinagutan ko kagabi.

"Gusto mo ikaw na gumawa ng powerpoint? Titingnan ko answers ng iba..." aniya.

Tumango ako at tinanggap ang mouse ng kanyang laptop. Nilapag niya sa harap ko ang laptop. I opened Microsoft Powerpoint.

Kinuha niya ang mga papel sa akin. Kinuha niya rin ang mga papel sa loob ng bag niya.

"Ilalagay ko lang ag title muna tapos pangalan ng groupmates. Gumawa ka ng draft sa ilalagay ko rito..." sabi ko.

"I'll dictate it. Matatagalan tayo kapag gagawa pa ako ng draft... May lakad pa ako..." ani Axl.

Nilingon ko siya. Seryoso siyang nakatingin sa mga papel. Nagkibit ako ng balikat at bumaling sa Powerpoint.

Nilagay ko ang mga pangalan namin doon. Tiningnan ko pa ang listahan dahil hindi ko saulo ang mga pangalan at apelyido.

"Wala ka bang lakad ngayon?" Axl asked.

Nilingon ko ulit siya. Nakatitig parin siya sa mga papel.

"Wala..." sagot ko.

Nagdownload ako ng magandang background para sa Powerpoint. Pagkatapos ng ilang sandali ay nilingon ko na siya para sa ilalagay.

"Tapos na ang cover. Iyong guide questions at summary..." sabi ko.

"Ilagay mo 'to," sabi niya sabay bigay sa papel ko.

Tumango ako at tinanggap iyon. Nagsimula na akong magtype sa summary at sa unang guide question galing sa aking papel.

Siguro ay nagustuhan niya ang sinulat ko kaya niya pinauna. Pagkahawak ko sa mouse ay hindi na iyon gumalaw. Sinubukan ko sa touchpad ngunit 'di parin gumalaw ang cursor.

"Axl, naghang yata..." tawag ko.

Tiningnan niya ang kanyang laptop. Ipinakita ko sa kanya ang paggalaw ng mouse.

Nakita niyang 'di gumagalaw ang cursor.

"'Di gumagalaw ang cursor..."

"May dinownload ka?" tanong niya.

"'Yong background lang para sa Powerpoint..." sagot ko.

Agad niyang hinawakan ang kamay ko na nakahawak sa mouse. Tatanggalin ko na sana ang kamay ko para mas matutukan niya ang kanyag ginagawa pero diniin niya ang kamay ko. Gumalaw ang cursor.

"Ayan na..." ani Axl habang ginagalaw ang aking kamay na nakahawak parin sa mouse.

Umatras ako ng bahagya dahil masyado na siyang malapit sa akin.

"Anong ginagawa mo!?" galit na galit ang sigaw na narinig ko dahilan ng aking pagtalon.

Agad akong pinagpawisan ng malamig. Lalo na nang nakita kong kinwelyuhan ni Leon si Axl!

Matangkad si Axl. Mas matangkad nga lang si Leon. Mas malaki rin ang pangangatawan.

Kaya noong hinila ni Leon si Axl palayo sa akin ay mabilis lang itong nagpatianod.

"Ano? Anong problema mo, Leon?!" sigaw ni Axl.

Kitang kita ko ang panginginig ng kamao ni Leon bago tumama sa mukha ni Axl iyon!

"Fourth!" sigaw ko.

Muntik nang tumihaya si Axl sa damuhan. Hawak hawak ni Axl ang dumudugong labi.

Tumayo siya ng maayos at tinuro si Leon.

"Kung maka asta ka akala mo..."

"Axl!" sigaw ko para matigil siya dahil kitang kita ko ang galit kay Leon.

Leon's bright red. His neck to his face is bright red. His fists were clenched.

Taas-baba rin ang kanyang dibdib!

I remember a memory. I remember what happened years ago!

"boyfriend ka!" dinagdagan ni Axl.

Mabilis na sumugod si Leon at sinuntok ulit si Axl! Sinubukan ni Axl na sumuntok pero mas mabilis na tumama ang suntok ni Leon sa kanyang mata!

Tumihaya si Axl. Mabilis akong tumakbo dahil mabilis na din ang suntok ni Leon sa mukha ni Axl!

Pumutok yata ang labi ni Axl. There's blood on his face!

Kitang kita ko ang lakas ng suntok ni Leon sa bawat tama. His biceps flexed with every punch. He is so angry!

"Fourth! Tama na!" sigaw ko.

Isang suntok niya ang natigil. Mabilis ang hininga ko habang tinitingnan na pikit na ang mga mata ni Axl. Gumalaw ang kamay ni Axl na nasa damuhan at puno ng putik.

Tumayo ng matuwid si Leon. Tumigil siya sa pagsuntok! Mabilis ang kanyang paghinga at nilingon niya agad ako.

Kitang kita ko ang takot, pangamba, at pag-aalala sa kanyang mukha.

"Ayos ka lang?" he asked.

Isang hakbang ang ginawa niya patungo sa akin. Isang hakbang din akong umatras.

Nanginig ang labi ko. Hindi ko alam kung anong sasabihin.

Lumipat ang mga mata ko sa kay Axl na nakahiga parin.

"Oh my God!" sigaw ng isang babae na nakakita sa pangyayari. "Tumawag tayo ng guard!"

I know what I should do! I should call the faculty... call the guards... call the school nurse or anyone who can help Axl.

Hinilamos nI Leon ang kanyang kamay. Kitang kita ko ang pagod sa kanyang mga mata.

"Are you okay?" he asked again.

Kinagat ko ang labi ko at binigay ang atensyon kay Axl. Nilagpasan ko si Leon at dinaluhan ko si Axl.

"Axl! Are you awake?" nanginig ang boses ko.

Hinawakan ko ang kanyang pisnging may dugo. Hinawakan ko ang kanyang dibdib at agad siyang nagreklamo!

Tumabi si Leon sa akin sa pagdalo kay Axl. Napatayo ako nang tinayo nI Leon si Axl.

Pero bago pa nakausad ay dumating na ang ilang faculty at guards ng school.

"What is happening here? What's wrong with him, Revamonte?" sigaw ng isang propesor.

"Miss Cuevas! What's wrong? What happened?" tanong ng security.

Napalunok ako. Hindi ako makasagot sa tanong.

"Kasalanan ko po..." ani Leon.

Kinuha ng security si Axl kay Leon. Nilapag siya sa isang stretcher. Nilingon ako ni Leon. Pinaghalong pagod at pagsisisi ang nakasaad sa kanyang mga mata.

This is nostalgic. I remember how scared I was the first time. Nag-iwas ako ng tingin kay Leon. I can't even look at him without breaking down. Shit!

"Sumama ka sa amin!" anang propesor kay Leon.

==========

Kabanata 30

Kabanata 30

The Hill

Nasa labas kami ng room ni Axl sa ospital. Ang nasa loob ay si Leon, si Governor, at ang mga magulang ni Axl.

Ayaw magpaareglo ng mga magulang ni Axl sa nangyari. Gusto nilang sampahan ng kaso si Leon.

"Tita, huwag po kayong masyadong mag-alala. Maaayos din ito..." ani Ayana sabay haplos sa likod ni Mrs. Leilani Revamonte.

Ang kasama ko sa labas ng room ay si Juliet, ang Mommy at Daddy ni Ayana, si Marjorie, si Mrs. Revamonte, si Ate Lea, at ang dalawang nurse.

"Nag-away ba kayo ni Leon?"pabulong ni Juliet sa akin.

Inako ni Leon ang kasalanan. He said that he got angry because Axl held my hand.

Iyon ang tunay na nangyari.

"I only want him to be with his Mom, Juliet. I asked him to be with her..."

"Kung sana Leilani, umalis na kayo noong nalaman niyang may sakit ka, hindi na sana umabot pa sa ganito..." sabi ng Mommy ni Ayana.

Bumaling si Juliet doon at umismid agad siya. Yumuko ako sa narinig.

"Paano kung kasuhan siya? Paano kung hindi naareglo?" tanong ni Mrs. Revamonte.

Pumikit siya at pinalis ang mga luhang lumandas sa kanyang mga mata.

"Tita, maaayos din ito ni Tito. Huwag kang mag-alala..." alu ni Ayana.

"What exactly happened, Freya?" tanong ng Mommy ni Ayana sa akin. "At bakit kayo magkasama noong Axl? Leon got angry because he saw you two, right?"

Napalunok ako sa tanong na iyon. What Leon said is what exactly happened.

"Magkasama kami ni Axl dahil may ginagawa kaming report..." sabi ko.

"Report, Freya? Bakit sa likod kayo ng gym gumawa noon? Bakit hindi sa library?"

dinagdagan ni Ayana.

Shit!

"Doon po namin nagkasundong gumawa noong project."

Nag-angat ng tingin ang Mommy ni Leon sa akin. Kitang kita ko ang pagdududa sa mga mata niya sa sinabi ko.

"Oo nga at bakit hindi sa library. Kaya siguro nagkamali si Leon sa iniisip niya dahil doon pa talaga kayo gumawa..." sabi naman ng Mommy ni Ayana.

I want to talk back so bad but I don't want Leon's mother to see my anger. Nag-iwas na lamang ako ng tingin.

Si Axl ay unconscious na sa loob. Pagkatapos ng paggalaw niya pagkabuhat ni Leon ay nawalan na siya ng malay kaya siya agad na dinala rito.

Nalingunan ko si Don Pantaleon Revamonte kasama ang kanyang mga security. Si Mama at Papa ay dumating na rin sa ospital kasunod niya.

Niyakap ako ni Mama at agad na hinarap ang Mommy nI Leon.

"Kumusta ang pakikipag areglo, Leilani?" Mom asked.

"Hindi ko sigurado. Siguro'y hindi pa naaayos dahil hanggang ngayon nasa loob parin sila," sabi ng Mommy ni Leon.

Bumaling siya sa akin. Tila ba may gustong idagdag ngunit hindi na nagawa.

Bumukas ang pintuan galing sa room ni Axl. Lumabas doon si Leon kasama si Governor!

Tumayo agad si Mrs. Revamonte at niyakap ang anak.

"Fourth, it's okay. It's okay..." paulit ulit na sinabi ni Mrs. Revamonte.

"Kumusta, Third?" tanong naman ni Daddy kay Governor.

Umiling si Governor. "Gustong mag file ng kaso. At baka rin magfile ng TRO. Sana lang ay maareglo ngayon ni Papa."

Nilingon kami ni Leon. Nakatingin na siya sa akin. I don't know how to react.

Nilipat niya ang mga mata niya kay Mama.

"Pasensya na po sa abalang nagawa ko..." aniya.

Umiling si Mama. Alam kong gusto niyang pangaralan si Leon ngunit hindi lang niya nagawa dahil nasa harap kami ng mga magulang niya.

"Kapag naayos 'to ngayon, itutuloy na namin ang pag-alis patungong ibang bansa kasama si Leon..." sabi ni Governor.

Namilog ang mga mata ko. Kitang-kita ko ang tinging ginawa ni Leon sa akin. He's watching my expression!

"I think that's what he needs. I think that's what's healthy for him."

Binigyan ako ng makahulugang tingin ni Governor. Alam ko ang ibig niyang sabihin.

He wants me to boldly agree to his decision.

Tumango ako. Parang dinudurog ang aking puso habang ginagawa iyon.

Umiyak muli si Mrs. Revamonte at niyakap si Leon. Nag-iwas ako ng tingin.

Hinawakan ni Mama ang aking braso at hinigit ng bahagya.

"Lumalalim na ang gabi, Governor. Uuwi na muna kami. Ipapanalangin ko ang pagpapatawad ng pamilya Esperanza," pumormal si Mama.

Tumango si Governor kay Mama, kay Papa, at sa akin.

Tinalikuran ko sila. Kahit na hindi nila harap-harapang sabihin ay alam kong iniisip nilang kasalanan ko ang lahat ng ito. Na kasalanan ko kung bakit nagawa iyon ni Leon. The tone of their voice didn't escape me. I know they think I'm flirting with Axl. Iyon ang dahilan kung bakit nagselos si Leon at nabugbog niya ito.

The rumors died as the days passed by. Huling araw ngayon ng pasukan bago mag Christmas vacation.

Kahit na malamig ang ihip ng hangin ay matindi ang init galing sa sinag ng araw ngayon.

Hapon na at tapos na ang klase ko. Nakatingin ako sa kabuuan ng soccerfield habang si Juliet ay nagsusulat ng assignment galing sa kanyang notebook.

Marjorie is with us too. Pareho kaming nakatingin sa kabuuan ng soccerfield.

"Tuloy na ba talaga, Juliet?"

Hindi na pumasok si Leon pagkatapos ng pangyayari. May TRO siya kay Axl. Isa pa nasuspende rin siya sa Alegria Community College.

"Tulay na," sagot ng aking kaibigan.

Tinapos niya ang kanyang sinusulat at nilingon ako.

"Hindi mo ba siya pipigilan?" tanong niya.

Umiling ako.

Nababaliw ako kung pipigilan ko siya kung ganoon. Ako ang nagpumilit pero sa huli ay ako rin pala ang aayaw. I stand by my decision.

"Naku, Freya. Matatagalan iyan. Si Gov lang ang uuwi next year panigurado. Ang sabi ni Mommy pinaghanda daw ni Tita Leilani si Kaius ng mapag eenrolan ni Leon sa ibang bansa. Ibig sabihin doon siya mag-aaral!"

Nilingon ko si Juliet. I can wait. Even if it takes that long I know I can wait.

Pahirapang magkagusto ako. Kahit kay Leon na sobrang maraming nagkakagusto ay hindi ko agad napusuan. I believe in that. I just hope that Leon's feelings won't fail us both.

"Sasama ba sina Ayana, Marjorie? Ilang araw na rin daw siyang hindi nag-aaral ah?"

tanong ni Juliet.

Napatingin si Marjorie sa akin.

"Ang alam ko kasi bago sila pumunta rito sa Alegria ay may plano na silang mag migrate. Kaya nga nagtaka ako kung bakit pa sila nanirahan dito at

bakit pa nag enrol si Ayana kung ganoon..."

"So you mean sasama siya?" Juliet asked.

"Ang alam ko pupunta rin silang America. Hindi ako sigurado kung sasama, Juliet."

Nagtiim-bagang ako. I have to really remind myself that this is not all about me.

This is for the best.

Marjorie's phone rang. Tinalikuran niya kaming dalawa ni Juliet. Nanatili naman ang mga mata ni Juliet sa akin. Kahit tahimik ay makahulugan naman ang tingin.

Bumuntong hininga ako. Sa halu-halong emosyong naramdaman ko ay halos mamanhid na ako.

Nakiusap si Leon sa akin na mag-usap muna kami bago sila umalis ng America. I agreed. We have to talk and settle things. Biglaan ang alis na ito. Biglaan ang lahat. Kailangan dahil habang tumatagal ay lalong lumalala ang sakit ng kanyang Mommy.

"Ayos ka lang ba ngayon?" tanong ni Juliet.

Tumango ako at nilingon ko siya.

"Juliet, Freya, aalis muna ako dahil ngayon pala ang meeting namin sa library, ha?"

"O sige, sige..." ani Juliet.

Tipid kong pinakitaan ng ngiti si Marjorie pagkaalis niya. I know it's just a matter of minutes now till we talk.

"Palabas na ng classroom sina Julio at Russel. Ang mabuti pa dumiretso na tayo sa gate para doon na nila tayo pick-up-in."

Tumango ako.

Leon decided to meet me at the hill beside Tereles Peak. Alam kong doon niya pipiliin. Hindi siya pwede rito sa school. Hindi rin siya pwede sa bahay dahil maraming itatanong si Mama at Papa. Hindi rin pwede sa kanilang bahay. Although they didn't say anything, I know his parents didn't like what happened between Axl and Leon and they think it's because of me.

Hindi ko alam kung paano napapayag si Leon. Hindi na kasi kami nakapag-usap pagkatapos ng nangyari. He texts me from time to time, I just feel like I shouldn't reply.

Pumasok kami ni Juliet sa backseat ng sasakyan ni Julio. Tahimik ang dalawang kaibigan ni Leon habang umaandar ang sasakyan. Tanging tunog lamang ng engine at ng aircon ang nag-iingay.

"Talaga bang bukas na ang alis nila? Hindi ako makapaniwala. Hindi naman siya kinasuhan nina Axl, a?" tanong ni Russel.

"Hindi naman kasi siya aalis dahil kinasuhan. Aalis siya dahil kailangang magpagamot ng Mommy niya sa ibang bansa. Kasama pa nga si Tito..." wika ni Juliet.

Pinag-usapan nila ang pag-alis ni Leon habang kami ay nasa lubak-lubak na kalsada patungong Tereles Peak.

Tinatanaw ko ang tuktok ng bulkan habang papalapit kami. Iniisip ko kung makakabalik pa ba ako dito kapag wala na si Leon.

Sa paanan ng burol ay naroon ang pick-up ni Leon. Lumabas ako sa sasakyan at nilanghap ang sariwang hangin.

Kumalabog ang mga pintuan na hudyat na lumabas na rin ang mga kaibigan namin.

"Ano, Freya. Hihintayin ka na lang namin dito..." ani Juliet sabay tingin sa tuktok ng burol.

Tumango lamang ako at nilanghap muli ang sariwang hangin sa lugar.

This will always be my comfort place. This will always remind me of Leon. This will always be the place where my heart belongs.

And I suddenly wonder... habang umaakyat ako sa burol... is it really possible? To have a change of heart? To finally get over someone? Bakit ngayon pakiramdam ko hindi mangyayari ito sa akin. That I would always be for Leon.

Nakatalikod si Leon sa akin. Tanaw niya ang kabuuan ng mga farm sa baba ng burol.

Umihip ang hangin.

He's wearing a black t-shirt and a dark faded jeans. Nakapamulsa siya habang tinitingnan ang mga asyenda sa baba.

Lumapit pa ako ng husto. Just near the table where we usually sit.

Hinipan ng hangin ang aking buhok. Hinagilap ko iyon upang ipirmi.

Bumaling siya sa akin. The sorrow and pain on his face is very evident. Napalunok ako nang nagtama ang tingin naming dalawa.

Unti-unti kong naramdaman ang sakit sa aking puso. This is it.

"Thank you for coming here..." banayad niyang sinabi at dalawang hakbang na lumapit sa akin.

Tumango ako.

Nagtinginan lamang kaming dalawa. I memorized all his features as I looked at him.

His nose, his expressive eyes, his thick and formed eyebrows, his diamond earring, his curved lips, his angled jaw, his semi-shaved head, and his sillhouette.

Mangungulila ako ng husto. Ngayon pa lang ay nararamdaman ko na.

I would miss the rainy days. The way he wants me to hold the umbrella for us. The way our arms would get wet because the umbrella is too small for the two of us.

I would miss the sunny days. The way he'd always want to come here. The picnics.

The study sessions. The way he looks at me while I'm reading a love novel.

I would miss everything about him.

Hindi siya ang nakadepende rito ngunit ako. And all the more that I should let go because of that. Because depending on someone isn't healthy.

"I'm happy that you finally decided to go..." sabi ko.

"Before what happened at school, nakapagdesisyon na ako," aniya. "Nang umalis ako sa inyo sa gabing iyon, I made up my mind. I'm going. I'd rather go than lose you..."

I smiled bitterly. The sadness in his eyes, it was very familiar. Ganyang ganyan ang nakikita ko sa mga mata niya minsan. At hindi ko alam kung anong mararamdaman ko ngayong sa akin na nakadirekta iyon.

"Ang sakit..." aniya.

He smiled. But then the pain didn't escape my eyes. Kinagat niya ang labi niya.

Bumagsak ang kanyang balikat.

"Ang sakit pala na tinataboy ka ng mahal mo..."

Pumula ang mga mata niya. Ganoon din ang kanyang ilong.

Parang winawasak ang puso ko habang nakikita siyang ganito. Hindi ko siya kayang tingnan. Leon looked so tough but for the past days I've seen him so broken. I just couldn't believe it's because of me.

"When I pushed my mom away, I didn't think about her feelings. But now that you're pushing me away, I realize that it's just so hard to stay..."

"I'm not pushing you away because I hate you, Leon. I'm pushing you away because I think it's for the better..."

Humakbang pa siya para mas makalapit pa sa akin. He closed the space between us.

Hinawakan niya ang aking kamay.

"Do you really want this, Freya?" he asked.

I don't want this but you need to go. If I say that he'd definitely stay, though.

Tumango lamang ako. Umiling siya.

"Say it properly then... you want this..." he said.

"Don't make this harder for me, please..." nanginig ang boses ko.

Yumuko ako. Hinagilap niya ang aking tingin. Tinaas niya ang aking baba para makita akong mabuti.

"Look at me... Look at me, Frey... Please, sweetie..."

Namumungay ang mga mata ko nang nag-angat ako ng tingin sa kanya. Kinagat ko ang pang-ibabang labi ko.

"Yes. I want this..." matapang kong sinabi.

Pumikit siya ng marahan. A tear escaped from his eyes. Para akong pinipiga habang tinitingnan siyang ganoon.

"Bullshit..." aniya at suminghot.

Hindi na siya makatingin sa akin ngayon. Seeing him breaking down like this breaks my heart. I never want him to cry for me. Ni hindi ko alam na ganito ako kahalaga sa kanya para pag-aksayahan niya ng luha.

Gusto ko siyang aluin. Gusto ko siyang hagkan. Gusto ko siyang yakapin. Gusto ko siyang ayain na sana kaming dalawa na lang muna. Sana huwag na muna naming isipin ang maraming tao. Pero hindi pwede iyon. This is the reality. We can't just escape.

"The whole time I was courting you, 'di ka ba na in love man lang sa akin kahit saglit?" He couldn't look at me.

Shit! I am so devastated to hear those words.

"Leon... Hindi kita papayagang makalapit sa akin ng ganito kung wala lang ito sa akin. Please don't take it the wrong way. I am letting you go because your Mom needs you. It's not because I don't love you."

Pagkatapos kong magsalita ay niyakap niya ako ng sobrang higpit. Sinuklian ko ang kanyang yakap.

I'm memorizing how it feels to be held by him. Pinikit ko ang mga mata ko at ninamnam ang kanyang mahigpit ng yakap. I wish that we'd stay like this. Sana ay hindi na dumating ang bukas.

Napadilat ako nang una siyang bumitiw. Umatras siya.

Sa sobrang gulat ko bumangon ang kaba at takot sa puso ko. Napaawang ang bibig ko sa ginawa niya.

"I need to go now while I still can." Umiling siya. "I need to leave now while I still can, Frey..."

Tumango ako.

Suminghap si Leon at tinalikuran ako. Unti-unti siyang naglakad pababa sa burol.

Nanatili ako roong nakatingin sa kanya.

Tinitingnan ko ang likod niya habang bumababa siya. I want to shout at him so bad!

I want to stop him from leaving so bad! I want to call out his name. Dahil alam ko... alam ko at kilala ko siya... isang tawag ko lang ay babalik siya. Isang tawag ko lang ay mapapasunod ko na siya sa akin. Isang tawag ko lang ay tatakbo siyang pabalik sa akin para lang daluhan ako.

Pero hindi ko ginawa.

Nanatili ako sa tuktok ng burol, papalubog na ang araw.

I cried so hard there. I didn't want to go home. I want to stay right here. To mourn with the cold. To sleep here till the pain subsides. I want to be here... to remember him clearly. To forget about all the pain.

This hill is the symbol of us. This hill is where it all started and where it all ended.

"That hill I think... is where we should go, Freya. Seems like a good spot for photoshoots!?"

Nagtatawanan ang mga kaibigan ko pagkatapos kong balikan ang lahat. Umiling na lamang ako at napangiti. Damn, right. It's a good spot for pictorials. Overlooking ang mga asyenda sa Alegria.

"You said he went out of the country for his Mom. He didn't come back, though?

Christmas? New Years? And what happened to the Skype and Facebook communication?

Bakit nawala? How did you two fall apart when it seems so unbreakable?" tanong ni Clarabelle habang umiinom ng cocktail.

This is the first time I opened up to them. Napapanahon lamang iyon dahil these past few days, I'm spacing out again because of this. Pumapalpak na naman ako sa trabaho at tingin ko'y dahil iyon sa pagsasarili ko nito.

Nag-angat ako ng tingin sa tatlong kaibigan kong kuryoso. Si Kellie ay panay ang linga-linga sa paligid.

"Remember Ayana? The girl I told you?"

"The one who won the prestigious Miss ACC?" nagtaas ng kilay si Casey.

"Yes..." sabi ko at binalingan ang cherry sa aking cocktail drink.

"Bakit? Sila?" tanong na sabay ni Clarabelle at Casey.

"Asshole..." ani Kellie sabay hampas sa lamesa.

Hindi ako makangiti. This ends here.

==========

Kabanata 31

Kabanata 31

OceanofPDF.com

Campaign

"Shhh!" pigil ni Clarabelle sa violent reaction ng mga kaibigan ko tungkol sa naikwento ko.

The boys were out because of a bachelor's party. Nasa VIP room iyon nitong bar na pinuntahan natin.

Nilingon ko ang nginunguso ni Clarabelle. Natanaw ko na parating ang limang kaibigan.

These are my college friends. Yes, college friends.

Hindi ako gumraduate sa Alegria Community College. Instead, I went to Manila to continue my course.

Iyon ang pinakamadilim na mga araw para sa aking pag-aaral.

I failed that semester. I failed two majors. Dahilan iyon para gawin ko silang back subject at naging irregular ang standing ko.

I failed two majors. I failed. I've never had a grade lower than 85 way back in high school. But this time, I miserably failed. I did not even had the chance to have a grade below 85 that isn't an F. I failed.

I don't blame anyone for my failure. I blame myself.

Binalik ko ang tingin sa cocktail at sumimsim ng kaonti roon.

These are my college friends. I met Clarabelle, Kellie, and Casey the first day of school in a big university here in Manila. Magkaibigan na ang tatlo noon dahil magkasama na sila simula pa lang noong freshmen. While I'm all alone... with no friends.

"Tapos na ba, Steven? Kaaalis n'yo lang, ha?" ani Clarabelle sa lalaking nasa likod ko.

"Hindi pa," ani Steven sabay tapik sa aking balikat.

Tumingala ako sa kanya. He raised his eyebrow.

"Not in the mood?"

Ipinakita niya sa akin ang kanyang cellphone. Kinuha ko iyon. Alam ko na agad kung anong gusto niyang gawin ko roon.

"Paano kung matagalan kayo?" tanong ko.

Umiling siya. "Hindi kami magtatagal. And besides, nagmamadali ka bang umuwi?"

Umiling din ako.

"Good... Clarabelle, may kinuha lang si Dennis sa may counter. Babalik din kami..."

Tumango si Clarabelle at nagkatinginan kami. Binaba ni Steven ang kanyang kamay galing sa aking balikat at nagtawanan na sila ng iba ko pang kaibigan.

I was a wreck when Leon left. Hindi ko iyon pinakita. I figured that it's normal to feel broken because I was used to him so much.

"Freya, gumising ka na! Malilate ka na sa school!" ani Mama habang padabog na kinakatok ako sa aking kwarto.

Simula nang umalis si Leon ay araw-araw na kaming nagco-communicate through Skype or Facebook.

Nag-aaral muna ako hanggang alas onse at tatawag siya ng mga 11:30PM sa akin.

Tatagal ang tawag ng isa o dalawang oras. Nabibitin parin kaming dalawa.

He didn't want to call at those times dahil ayaw niyang mapuyat ako pero wala siyang magagawa. That's my only free time.

Ayana left the school, too. Nag migrate daw sila sa US sabay kina Leon. When I asked Leon if they were in the same place he said they're not. Sa Nevada raw sina Ayana. Sina Leon naman ay nasa California, kung saan magpapagamot ang kanyang Mommy.

Today the midterm grades will be released. I am not sure if I did well with my midterm exams. Maayos lang ba iyong nakapasa lang? Kung iisipin ko ang mga kaklase kong bagsak sa exam ay tingin ko'y maayos na iyong kuha ko.

"Kumusta ang grades mo?" tanong ni Juliet sa akin.

Tinititigan ko ang grado ko sa papel. Nanlalamig ang tiyan ko habang tinitingnan na maging ang grado ko ay kapit lang talaga. I'm not making it to the dean's list for sure.

"Ayos lang..." malamig kong sinabi.

That wasn't the start of my fall. June pa lang ng school year na iyon ay nagsisimula na akong bumagsak. This is just the first wave of it...

Dahil sa grade kong iyon, I asked Leon to compromise again. I need him to call only on special days like Friday, Saturday, and Sunday. Besides, nagsimula na rin siyang mag-aral doon sa States kaya makakabenipisyo kaming dalawa.

But then on Fridays I couldn't make it. Ang usapan naming alas diez na tawag ay nagagawa ko ng Alas onse y media. And sometimes, he'll fall asleep waiting. I would get angry and sad. I would say sorry. And he'll forgive me.

That was our usual cycle.

"I miss you, Freya..." his voice echoed on my room.

"I miss you, too."

"My mom's getting better. Baka makauwi na kami ngayong pasko. Ang sabi ni Daddy hindi ka raw masyadong bumibisita sa bahay."

Ngumuso ako. "I'm sorry, Leon. I've been very busy. Hayaan mo aayain ko si Juliet at Marjorie na pumunta sa inyo. Nahihiya rin kasi ako kay Don Pantaleon kapag pupunta ako roon ng wala ka."

"Just go to my room and sleep there. Take a picture of yourself..." He smiled wickedly.

Tumindig ang balahibo ko habang naiisip iyon. Hindi ko alam kung bakit.

"Bakit ko naman gagawin iyon?" tanong ko.

"Hmmm..." He smiled again. "Basta..."

Nanliit ang mga mata ko.

"Sa kama ko, ha? I want pictures of you on my bed..."

Humalakhak ako.

I thought everything's fine. I thought I'm getting used to this. I thought LDR's not that bad...

Wala akong mapagsabihan ng kaba ko para sa finals. Kakatapos lang ng exams at hindi ako sigurado sa mga sagot ko kaya tinawagan ko si Leon. I was sure he's free today.

Connecting...

Kumalabog ang puso ko. Finally we'll see each other again!

Una kong nakita nang nagkaroon na ng ilaw sa screen ay ang mukha ni Ayana. She's wearing a white spaghetti strap and her long black hair is tied in a ponytail.

"Sinagot ko na kasi kanina ka pa tumatawag..." panimula niya.

"Where's Leon?" tanong ko sa sobrang gulat.

Why is she there? And in Leon's room? On Leon's laptop? Kung ganoon alam niya ang password ng laptop ni Leon?

"Umalis siya kasama si Kaius. Wala siya rito..." malamig na sambit ni Ayana.

"Oh... Okay... Thanks..." sabi ko at pinatay na ang tawag.

I don't want a long conversation with her. Hindi ko kasi alam talaga kung bakit galit na galit parin ako sa kanya hanggang ngayon kahit na naiintindihan ko na naman ang ginawa niya noon.

Tinanong ko si Leon tungkol doon.

"I don't remember her visiting here. I'll ask her later..." iyon ang sinabi niya sa akin.

"Ganoon ba..."

Napalunok ako. Mas lalong lumaki ang guwang sa aking puso. Tahimik ko iyong tiniis.

This is just an effect of the long distance we're experiencing.

"Are you okay?" tanong niya sa isang nag-aalalang tono.

I want follow up questions about Ayana but I have a bigger problem today.

Kinagat ko ang labi ko at unti-unting tumulo ang luha ko. Nanginginig ang kamay ko habang winagayway ang aking final grades sa screen ng cellphone para makita niya.

"What's wrong, Frey?" He panicked.

"I failed..." Humagulhol ako.

Binaba ko ang papel kung nasaan ang aking grades at pinalis ang luha ko.

"I failed two subjects and... and I don't know what to do. I don't know how to tell my parents. I don't know, Fourth..."

"That's okay. I'm sorry, Frey... I know your Mom and Dad would understand..."

Tumango ako kahit na hindi ko alam kung tama ba siya.

Nanlamig ako habang umiiyak sa lugar kung saan nabugbog ni Leon si Axl noon. Ito lamang ang lugar na maaari kong iyakan habang kausap si Leon.

Naramdaman ko kaagad ang kaibahan ng long distance sa hindi. Kung nandito siya, siguro ay kanina niya pa ako inalu at niyakap. Pero ngayong malayo siya sa akin ay hindi niya magawa.

"I wish I'm there... It breaks my heart to see that you're crying..."

Mas lalo lamang akong umiyak. Hindi dahil sa kapalpakan ko kundi dahil sa distansya namin ni Leon.

"Hindi kaya dahil ito sa mga pang gabing tawag ni Leon, Freya? Baka naman ay napupuyat ka masyado? Anong mangyayari ngayon? Kukunin mo 'tong mga subject mo sa summer?" tanong ni Mama.

Kitang kita ko ang disappoinment sa mga mata niya. She likes Leon but she doesn't like the idea of me failing because of him. Hindi naman din ito dahil kay Leon.

Hindi niya kasalanan ito. It's me and my being too affected about things like that.

"Ma, wala pong summer nito... Next sem po-"

"Freya..." umiling si Papa habangf nakikinig sa amin.

"Freya! Kung ganoon? Besides being not on the dean's list, being disqualified for latin honors, magiging irregular student ka pa?"

Gusto kong sabihin na normal lamang iyon. Na hindi ako nag-iisa. Pero anong klaseng utak iyong mag-iisip na ayos lang bumagsak basta ba hindi ka nag-iisa?

I shut my mouth then. Hahayaan ko si Mama na pangaralan ako. Hahayaan ko siya dahil tama siya. I was too affected with my love life. I was too preoccupied this semester.

Araw-araw habang nag-aantay kami na magsimula ang enrolment sa school para sa summer ay naririnig kong nag-aaway si Mama at Papa tungkol sa pag-aaral ko.

"Ma, ayos lang iyon. Pansamantala lang naman iyon. Hindi naman ikakagalit iyon ni Betty kung sakali," ani Papa. "Besides, Freya know the difference between right and wrong. I'll be there too!"

"Ang hirap, Clarence. Alam mo namang hindi maganda ang estado ng bata. Distracted siya dahil kay Leon. Alas onse gising pa dahil sa tawag ni Leon tapos alas singko y media gigising para makapasok? Sinong hindi babagsak niyan!"

Nakikinig ako noon sa mga pagtatalo nila sa labas ng kwarto. Naabutan pa ako ni Joaquin na nakatayo doon at nakahilig sa haligi.

He looked at me with curious eyes. Ang isang kamay niya ay may basketball. I didribble niya sana ngunit natigil nang napagtanto kung anong ginagawa ko sa labas ng kwarto nina Mama at Papa.

"Nagkausap na kami ni Betty at ayos lang sa kanya iyon. Isa pa, ipinapangako ko sa'yong ibubukod ko si Freya kina Betty pagkatapos ng isang taon dahil bibili ako ng condo unit."

"Ha? Clarence, para saan ang condo unit? Para kay Freya at sa pag-aaral niya sa Maynila? Dios ko naman dagdag gastusin na iyon! Alam mo namang mahihirapan tayo kung sakali!" si Mama.

"I'll treat that as an investment. Makikinabang din ang mga anak natin niyan, Mel.

Si Joaquin may planong kumuha ng abogasya pagkatapos ng kolehiyo. Si Freya, saan mo pagtatrabahuin si Freya dito sa Alegria? Accountancy? Saan? Sa mga pabrika? Sa mga asyenda? Sayang ang pagiging CPA niya kung sakali kung ikukulong mo siya rito sa probinsya! Pasasaan at mag Mamaynila talaga ang bata!"

Nagkatinginan kami ni Joaquin. Humilig siya sa dingding gaya ko. Tumabi siya sa akin.

"Ipapag-aral ka nina Mama at Papa sa Maynila, Ate?" tanong niya.

"I think so..."

Hindi ko alam kung anong mararamdaman ko para roon. Hindi ko aayawan ang gusto ni Papa. Besides, what can stop me from leaving right? My family would always be at my side even if I leave. At makakauwi naman ako rito para bisitahin si Juliet at Marjorie kung sakali.

"Kausapin mo kung ganoon si Freya. Wala akong problema sa pag-aaral niya sa Maynila, Rence, pero ayaw ko lang ng tumatanaw tayo ng utang na loob kay Betty.

Ayaw ko lang na maabala sila. Alam mo namang inaabala mo na nga sila tuwing may

proyekto ka sa Maynila..."

"Kaya nga bibili na rin ako ng unit sa susunod na taon. Magagamit ko iyon. Ni Freya. Ni Joaquin. At kapag pupunta ka ng Maynila, hindi mo na kailangang manirahan kina Betty..."

Hindi na nagsalita si Mama sa sinabi ni Papa.

I guess it's decided. I guess that's how it's going to be for me, huh?

Tumayo ako ng matuwid at nagpasyang umalis na bago pa makalabas ang isa sa kanila.

"Ate..."

Hinawakan ni Joaquin ang aking braso. Pagod ko siyang binalingan. I can see how sad he is... I just don't know why. Hindi ko mawari kung para ba iyon sa naging hatol ni Mama at Papa para sa akin o sa pagbagsak ko o sa lahat ng nangyayari sa akin. My life took a turn. Three hundred sixty degrees.

From the achiever Freya Domique Cuevas to the loser Freya Dominique Cuevas. In just a span of a year. Nawala na sa akin ang korona, bumagsak pa sa pag-aaral, at nawalay pa kay Leon.

"Ate, usap-usapan na sa team a. Na wala na raw kayo ni Leon. Totoo ba iyon?"

"Huh? Joaquin, hindi naman kami ni Leon. Pero bakit iyon ang usap-usapan n'yo?"

"Ang sabi kasi nina Jarrick ay si Ayana raw sa bahay na nina Leon tumitira. Live in daw. Hindi ako naniniwala pero..."

Umiling ako at tumawa.

"Hindi totoo 'yan..." iyon lamang ang nasabi ko sa aking kapatid.

The rumors are just rumors. I believe in what Leon said. Hindi nakatira si Ayana sa kanilang bahay. At lalong hindi sila. I believe in Leon. Dahil kung hindi ako maniniwala sa kanya, hindi ko na alam kung ano ang paniniwalaan ko!

"I never really thought that you were morbid because of these, Freya. I thought talagang tahimik ka lang masyado noong una tayong nagkakilala..."

Clarabelle's eyes twinkled. Her chinita eyes was pure and easy. Naaalala ko si Juliet sa kanya, minus the lovelife issues.

"Ay naku! Huwag ka na 'no! Kung ganoon iyong mga usap-usapan, Freya. E 'di siguro nga ganoon! Magaling magtago ang mga lalaki! Tss!" ani Kellie sabay ayos sa kanyang maiksing buhok.

"Eto na naman tayo kay Miss Bitterella. May halong ampalaya na naman siguro ang iniinom nito kaya kulay yellow green!" tumawa si Casey. "You don't have to generalize. There are some good guys out there... Look at Irvin. Ilang taon na kami niyan, hindi naman nambabae..."

"Hindi pambababae ang issue rito kundi iyong mga pagtatago, Casey. Tingin mo ba walang tinatago si Irvin sa'yo?" tanong ni Kellie.

"No... I guess the past is also a factor, Freya..." ani Clarabelle. "This Leon has a pretty dark past, right? He's a playboy, basagulero, broken family, plus he's violent. You see, sometimes, ayaw man nating ijudge tao sa past nila pero minsan nag susurface parin ang past bilang dahilan sa mga present actions."

"Right, Clarabelle! Once a playboy always a playboy..." ani Kellie sabay tango sa aming kaibigan.

They have a point. Ayaw ko mang manghusga ay talagang sasang-ayon ako roon.

He's got a dark past. He suppressed it because he likes me. Pero kapag nakaukit na sa pagkatao ay talagang hindi na magbabago iyon.

"So the next time you fall in love, make sure it's with a man who doesn't have a dark past... Who isn't a playboy, and who really treasures relationships. Hindi iyong ganoon. Minsan kasi ang mga babae ang hilig hilig sa mga playboy o badboy.

Maybe it's the thrill. But you see in the long run the thrill won't matter. It's the honesty and the faithfulness that matters..." ani Clarabelle.

Clarabelle is our cum laude. I didn't win a latin honor in college. Gumraduate ako.

Iyon lang ang importante sa akin. I failed that part of me. But then I learned from it too. I learned so many things. The postive and the negative part of doing two things at once. Doing love life and studying at once.

May positibong dala ang lovelife para sa pag-aaral. Depende iyon sa tao. In my case, I failed in that journey. I failed in balancing my lovelife and my studies.

"Say for example Steven... He's family oriented. Complete ang family niya. Wala siyang..."

"Sige advertise pa kay Steven!" tumawa si Kellie.

"Wala siyang sabit. Hindi siya playboy noong high school. Hindi rin siya badboy.

He's our class valedictorian. Our summa cum laude. Men like him are the boyfriend

and husband material..." sabay tawa ni Clarabelle sa akin.

Steven is her boyfriend's bestfriend. Magkaklase lang kaming lahat noong college.

"Kaya nasa background din talaga iyan ng tao..." dagdag ni Clarabelle.

She's right, though. I figured that one out years ago.

"You don't have to go back to Alegria naman. I mean... if you only want to help out for the elections, pwede namang pumunta ka na lang doon kapag simula na ng kampanya, 'di ba?" tanong ni Clarabelle.

"Which starts the end of this month, right?" Umirap ako.

That's the same thing.

"And besides, binyag ng anak ng bestfriend ko..."

"Oh! Binyag? So ibig sabihin kailangan mo talagang umuwi?"

Tumango ako at pinasadahan ng mga daliri ang aking buhok.

A month ago I won't even think twice about going home. The memories haunt me, yes.

But everytime I think about the betrayal and the lies, napapailing na lang ako.

They don't matter to me. Because all of them were only sugarcoated with damn fucking lies.

"Isang araw, ganoon?" tanong ni Clarabelle sa akin.

"Oo, e. 'Di ko pa natatapos yung gawain sa office. Baka mas malinaw ang utak ko pagkatapos ng binyag kaya babalik din ako agad..."

Nag-angat ako ng tingin sa mga kaibigan ko. All of them were really paying attention. Maybe it's because this is really the first time I told them about my life.

Madalas ay sila ang hinahayaan kong magsabi ng problema. Clarabelle's fight with her family. Na ayaw niyang mamahala sa business nila... Casey's boss who's always mad at her... Kellie's boyhunt and his bitterness for liars. It's easy to talk to them about their problems. It's difficult to share mine.

"So you're really affected, huh?" tanong ni Clarabelle sa akin sabay taas ng kilay.

Matalim ko siyang tinitigan. Leon left four years ago. He never bothered to go home even for Christmas. I thought he'd never come home. I thought he'd stay abroad for life. And I wish he did.

"I just don't know how to react when I see him... that's all..." sabi ko at tiningnan ulit ang aking cocktail.

Tears? They dried up... I am unable to cry for years because of this. Ubos na ang luha ko para rito. Ang tanging nararamdaman ko na lang ngayon ay ang pagod. Ang pagod sa pag-iisip. Ang pagod kung bakit malaking bagay parin sa akin itong nangyari noon. Hindi na dapat.

"His father is going to run again, right?"

Tumango ako.

"Pareho ng party ang Mama ko at ang Daddy niya. I just hope he won't help out with the campaigns..."

Umiling ako at inubos ng isang inuman ang aking cocktail drink. Fuck.

==========

Kabanata 32

Kabanata 32

OceanofPDF.com

Birthday

And in that journey I realized two things...

Una, kapag nagmahal ka, dapat ay hindi mo binibigay ang buong atensyon mo sa mahal mo. You need to divide your attention. You need to invest on other things like studies or career, family, then your love one.

Pangalawa, life goes on. People change. Hearts change. Habits change. Even the old habits. They may die hard... but yes, they actually die.

Life goes on for me and for the people around me.

Mahal na mahal ko si Leon. Sobrang mahal na mahal ko siya. I suppressed it the whole time he's here. Dahil iyon sa takot at mga prinsipyo. Ngunit nang nasaktan niya na ako ng husto doon ko napagtanto kung gaano ako ka baliw sa kanya.

Tulala ako habang naglalakad at nilalagpasan ang mga asyenda.

Pagkatapos nang nakita ko sa Skype sa pang limang pagkakataon ay hindi ko na mapigilan. And when I asked Juliet about it, she didn't know how to answer me.

Nakatulog si Leon sa kanyang kama. He's half naked. Half of his body is only covered with a comforter. Sinagot ni Ayana ang tawag ko na naroon si Leon sa background.

"Why do you always call? Paulit-ulit, Freya..." asik ni Ayana sa akin bilang pambungad.

"It's New Year of course I want to greet, Leon! At bakit ikaw ang laging nakakasagot nito, ha?"

Kitang kita ko ang galit sa mukha ni Ayana. Although it's bothering that she's only wearing a bath robe, I didn't back down.

Sobrang hina na ng tiwala ko kay Leon. Sa madalang naming pag-uusap dahil sa pagiging busy, at sa dalas ng pagsagot ni Ayana sa tawag ay nababawasan ang tiwala ko sa kanya. I didn't ask him about it. I don't want him to lie to me. Or... not really lie at that... I don't want him to keep a secret.

"Bakit 'di mo tanungin si Leon kung bakit nandito ako lagi sa kwarto niya? You really don't get it, do you?"

Pinutol ko na ang tawag dahil sa sinabi ni Ayana. I didn't want to fight. I'm tired of it.

Humagulhol sa bulkan ng Tereles ang iyak ko. I couldn't even recognize my own voice!

Tinulak ko ang lamesa kung saan madalas kami ni Leon. Tuloy tuloy ang luha ko, hindi ko mapigilan.

I sacrificed to be hurt. And yet in the end, I didn't receive anything but pain again!

Sinigaw ko ang lahat ng frustrations ko! Limang beses! Limang beses kong naabutan si Ayana na ganoon! At ilang beses na nagsinungaling si Leon sa akin?

Kung hindi niya pala kayang maghintay sa akin ay sana sinabi niya na lang! Or maybe he wasn't brave enough to break my heart! Because somehow he fell for me years ago... And now that his feelings changed, he didn't know how to stop whatever we have!

Kaya kahit si Juliet ay hindi masagot ang tanong ko! Kung si Leon at Ayana na ba!

Naupo ako sa damuhan habang marahang tinapon ang aking cellphone. Sapo ko ang noo ko habang nanginginig ang kamay ko.

Tuwing natatawagan ko si Leon at nasasagot iyon ni Ayana habang nasa Maynila ako ay lagi akong bumabagsak sa mga quizes! Fuck! My faith is

shaking so bad! Everytime!

Pero pinili ko ang maniwala...

"Freya!" tawag ni Juliet at agad akong niyakap ng mahigpit.

Niyakap ko siya pabalik. Kailangan ko iyon. Kailangan ko ang yakap!

"Juliet! Mahal na mahal ko siya! Bakit ganito?"

"Shhh... Frey, I don't really know what's happening. Nagtanong ako kay Tito tungkol sa tanong mo pero hindi niya talaga alam, e..." ani Juliet. "Why don't you ask Leon?"

"Kaya ba? Kaya ba hindi siya umuwi ngayong pasko? Ha? Ano? Hindi niya ako maharap!?"

"Freya..." nanginig ang boses ni Juliet.

"Juliet!" humagulhol ako. "If he respects me so much that he can't break my heart then fine! Bastard! I love him so much! I am so in love with him!"

Umiyak ako nang umiyak sa braso ni Juliet. Lahat ng galit ay iniyak ko na lang.

Ilang minuto ang lumipas ay tumunog ang cellphone ko. Tiningnan ko ang mensahe ni Leon.

Leon:

Freya? I'm sorry I missed your call. Natulog ako. I'll call you later. I need to do some things right now.

Pagkatapos kong makuha ang mensahe na iyon galing kay Leon ay hinagis ko na ang cellphone ko sa bulkan ng Tereles at umiyak muli.

Nag-aalab ang imahinasyon ko ng maaari niyang gawin pagkagising niya at naroon si Ayana! Natupok ako ng apoy ng galit ko.

"Freya, huwag kang mag-aalala. Kakausapin ko si Leon tungkol dito..." ani Juliet.

Ngunit kung nagkamali ako sa aking hinala ay bakit hindi na siya nagpakita. Hindi na siya muling nagparamdam. Hindi na niya pinangarap pang gawing tama ang pagkakamali.

Answer?

He made it easy for us. It's easier that way. To just leave when one of us gave up.

To just leave so you don't have to explain anything... fight for anything... or plan out how to make it all fade smoothly.

It faded. It ended. It ended that way.

Tagilid ako noon sa mga subjects ko dahil sa mga nangyari. I tried my best to catch up ngunit sadyang hindi ako makapag focus ng maayos.

Pinukpok ko ang aking ballpen sa aking libro habang nagbabasa.

"Nahihirapan ka ba?" seryoso ang baritonong boses ang tumabi sa akin.

Hindi ko siya nilingon. I know that move so well and I hate the thought of it.

"Medyo..." sagot ko kay Steven.

Dahil kaibigan ko si Clarabell, Kellie, at Casey, madali ko ring naging kaibigan ang buong barkada nila kasama doon ang mga lalaki. Steven is a dean's lister. He's far more intelligent than I ever was.

Valedictorian siya ng isang malaking unibersidad dito sa Maynila at hanggang ngayon ay puro straight As ang kanyang grado.

"Tulungan na kita..." aniya.

Binayo ng kaba ang aking dibdib. Lagi siyang nag ooffer. Gusto kong tanggihan ngunit hindi ko magawa. Gusto kong tanggihan dahil mapipilitan talaga akong mag concentrate kapag siya ang nagtuturo dahil nahihiya ako sa kapalpakan ko. Hindi ko siya matanggihan dahil alam ko sa sarili ko na kailangan ko ng tulong.

"Nakakahiya na. Lagi mo na lang akong tinutulungan..." Ngumiti ako.

"No... I actually like helping you out. You're a fast learner. You sure you won't

aim for Latin Honors?" He smiled.

Umiling ako. May bagsak nga ako, mag i-aim pa ako ng Latin Honors? Ridiculous.

"Hmm, so are you sure that's going to be your gift though?" tanong ni Steven habang pinapark sa parking lot ng condo ang kanyang sasakyan.

"Is there a problem with my gift?"

Tumawa na lang ako. Nasobrahan yata ako sa pag-inom. Paano ba naman kasi ang tagal natapos ng dinaluhan nilang bachelor party. Ala una na kaya ngayon at aalis pa ako pauwi ng Alegria dahil bukas na ang binyag ng anak ni Juliet!

"Wala naman pero magagamit lamang 'yan kapag medyo malaki na ang baby..." He laughed.

Hinilig ko ang ulo ko sa backrest ng upuan.

"Hayaan mo na, Steven. Saan din naman patungo iyang baby, 'di ba lalaki rin naman

'yan!"

"Well, you got a point there Miss Cuevas. Are you drunk?" he asked.

Dumilat ako. Ayaw ko talaga ng tinatanong ako niyan lalo na kapag nakainom.

"I'm just sleepy, you know..."

"Okay... Sabi mo, e..." Tumawa siya.

His eyes were as expressive as Leon's. At naiirita ako kung bakit kinukumpara ko pa talaga iyon kay Leon. He's tall but not as bulky as Leon. What the hell?

Pinilig ko ang ulo ko at binalingan sa likod ang malaking gift.

"Alis na ako. Baka galit na iyon si Joaquie..." sabi ko.

"Ihahatid na kita. Ako na ang magdadala niyang gift. Mukhang mabigat. And you're kind of tipsy..."

Umirap ako at lumabas ng kanyang sasakyan. Lumabas na rin si Steven para kunin ang gift sa backseat. Hinayaan ko siyang gawin iyon.

Hinintay ko siyang makapag lock ng sasakyan bago kami dumiretso sa elevator.

"Uuwi ka ng... Monday? Agad?" tanong ni Steven.

"Yeah, actually... 'Tsaka sabay kami ni Joaquin dahil may midterms pa 'yon sa Law School," sabi ko.

Tumango siya.

He's the reason why I survived college. He's the reason why I graduated. If I wasn't intimidated with his intelligent, I probably failed the course.

Nakakachallenge tuwing pinapagalitan niya ako dahil mali na naman ako.

Nakakachallenge tuwing nakikita kong lagi siyang perfect. Gamay na gamay niya ang accountancy. Hindi tulad ko na nangangamote na.

"Good..." he said.

Tumigil kami sa harap ng condo unit. Binili ito ni Papa pagkatapos ng isang taon ko rito sa Maynila. Hanggang ngayon ay nandito parin kami ni Joaquin.

"Akin na..." sabu ko sabay muwestra ko sa dala niyang gift ko para sa anak ni Juliet.

"Okay..." He tried to give it to me.

Lumapit ako para kunin iyon pero imbes na makuha iyon ay siniil niya ako ng halik sa labi.

"Steven!" saway ko ng natatawa.

Dinungaw niya ako. Mapupungay ang mga mata niya habang binibigay sa akin ang regalo.

"Bumalik ka rito, ha... Ng buo..." mataman niyang sinabi.

His smile faded. Ngumiti rin ako pabalik pagkatapos ay tumango.

Nanliligaw si Steven sa akin. Simula pa lang iyon noong college kami. I told him I need time. I honestly told him that I'm still not over my ex. He waited patiently.

Until now...

Ngayon, gusto ko na siyang sagutin. It's been years since the last time I entertained a man. Leon was the last man I treated like this. Takot na akong umibig muli pero alam ko rin na kailangan kong kalimutan na ang takot ko.

Life goes on.

Ang tanging hinihintay ko na lang ngayon ay ang kasiguraduan sa sarili ko. If I get into a relationship, I promise that I'd be for my partner and for him only. Kaya kapag sinagot ko na si Steven, gusto ko iyong wala na akong pagdududa sa sarili ko.

Na kung magkita man kami ni Leon ay maayos na ako.

Bumukas ang pintuan at agad lumayo si Steven sa akin. Tumawa ako sa reaksyon niya at nilingon ko si Joaquin. His hair is disheveled and he looks iritated.

"Joaquin, I'm sorry we're late..." ani Steven.

"Ayos lang, Steven..." Bumaling si Joaquie sa akin. "Ate, alas nuebe bukas ang binyag. Kailangan nating tumulak na ngayon para makaabot tayo..."

Nanliit ang mga mata ko. "Hindi ba sabi mo sa akin na ayos lang matagalan ako sa pag-uwi dahil mag-aaral ka pa?"

Kinuha ni Joaquin ang gift na dala ko at nilagay sa katabing sofa ng pintuan.

"Oo pero hindi naman iyong malilate na tayo bukas. Magbihis ka na. Sa byahe ka na lang matulog..." pangaral ng kapatid ko.

Tumango ako at nilingon si Steven. I winked at him.

"Magbibihis na muna ako. Maraming salamat sa paghatid..."

Ngumiti si Steven at bumaling kay Joaquin na hanggang ngayon ay nakahawak parin sa seradura ng pintuan.

Dumiretso na ako sa aking kwarto. Nilingon ko ang isang maleta kung nasaan ang aking mga gamit.

I packed days ago. Para naman hindi na ako mahirapan pagdating ng araw.

Tumikhim ako at kinuha ang tuwalya para maka deretso na sa shower. I need to wash off the alcohol and the cigarette smoke I can smell in me.

Pagkatapos kong maligo ay nagblowdry na ako ng buhok.

Matutulog lamang ako sa sasakyan. Si Joaquin ang magdadrive. Pwede ko naman siyang palitan sa pagdadrive pero mas gusto ko ang ideyang matulog

na lang muna ako.

"Nakapag impake ka na ba?" tanong ni Joaquin bigla dahilan kung bakit ako napatalon.

"Jesus, Joaquie! Knock!" saway ko.

"I would knock if you're with someone. But you're alone so there's no need..."

Nilingon ko siya at umirap na lang ako.

"Yes. I'm done packing..."

"Wow! That was fast? Did you pack beforehand?"

Suminghap ako at tiningnan siya. Medyo hilo pa ako dulot ng nainom sa bar kanina.

Makakatulog talaga ako nito sa byahe. I just wish Joaquin isn't sleepy.

"Yes. Wala na si Steven? Umuwi na?" tanong ko.

"Umuwi na siya kanina pa. Pero sabi niya dadalhin mo raw siya sa Alegria? Tama ba ang narinig ko?"

Natigil ako sa pagbabrush ng buhok. Kanina habang sumasayaw kami nina Clarabelle sa bar ay napag-usapan naming pupunta sila ng Alegria. They like outings. Hindi ko nga lang alam bakit ngayon lang nila naisipang pumunta roon, e.

"Niyaya ko sila kasama si Clarabelle, Kellie, at Casey. Pati iyong mga boyfriend.

Bakit?"

"Ano namang bibisitahin n'yo doon? Alps? Tinago? Kampo Juan?" ani Joaquin sabay halukipkip.

"Yes. Dalawang araw lang naman ang napagkasunduan. Uuwi rin sila pagkatapos."

"Naipasa mo na ba ang resignation mo talaga?" tanong ni Joaquin.

Nilapag ko ang suklay ko sa tukador at hinarap ang aking kapatid. His white v neck tshirt is kind of crumpled.

"Oo naman. Last year pa. Kaya nakapagprepare na ang management. Kailangan kong umalis. Bukod sa maraming bankcruptcy rumors ay gusto ko na rin ng bagong bangko.

Tinulungan ako ni Steven makapasok sa isa pang international bank. Baka roon..."

sabi ko.

Tumango si Joaquin at kinuha ang maliit na bag sa aking kama.

"Tara na?"

Kumunot ang noo ko. "Bakit mo 'yan kukunin?"

Tinaas niya ang aking bag.

"Isn't this what you packed?"

"Hindi iyan. Itong maleta..." sabi ko sabay kuha sa aking maliit na luggage.

"What?" Nagkamot siya ng ulo sabay kuha sa aking maleta. "Ilang araw ba tayo sa Alegria at bakit ganito ka rami? I'll leave around 1pm, Ate. Sasabay ka ba?"

"Oo naman! I'll leave the luggage para kapag umuwi ulit ako di na masyadong maraming dala..." pangatwiran ko sabay iwas ng tingin.

"Oh... Okay..."

Mariin ang tinging ipinukol ni Joaquin sa akin. Pinagtaasan ko na lang siya ng kilay.

"Let's go, Joaquie! Inaantok na ako!" sabi ko sabay nauna nang lumabas ng kwarto.

"Okay..." marahan niyang sinabi sabay labas na rin.

Bumaba na kami ni Joaquin sa condo unit. Dala niya ang maleta ko at ang gift para kay Jarrick Ceasar Revamonte San Jose Jr.

Yes, pinagbawalan ng pamilya ni Juliet na maging sila ni Jarrick. But then Jarrick knocked her up so they got no choice, really. Hindi pa kasal ang dalawa sa simbahan dahil nga ayaw ng mga Revamonte kay Jarrick. But Juliet said they'll eventually say their vows.

Tumunog ang cellphone ko sa aking bag. Dinampot ko iyon nang nakitang si Juliet ang tumatawag. Alas dos y media na ng madaling araw, ah? Bakit pa ito tumawag ng ganito?

"Freya!" salubong niya.

"Hmmm?" My voice is already husky. Antok na antok na ako.

Nasa daanan na kami ni Joaquin at tingin ko'y 100kph ang takbo niya dahil wala naman masyadong vehicle.

"Ano? Tumawag ako kanina sa inyo ng mga alas dose, ang sabi ni Tita Melfina ay wala pa raw kayo! Bukas na ang binyag ni Baby Jarrick! Pupunta ka ba o hindi? Nagtatampo na ako sa'yo ha!"

"Pupunta nga. Pupunta! Hindi ba sinabi ni Mama sa'yo na ngayon pa lang ang byahe namin ni Joaquie?"

"Ang sabi ni Joaquie nasa isang party ka raw, e! Ano? Magpaparty ka na lang, kung ganoon? Hindi ka na pupunta?"

"Pupunta nga!" iritado kong sinabi. "Bumabyahe na kami ni Joaquie ngayon!"

"Oh? Ganoon?" Nagbago ang tono ng boses niya. From panicking to relaxed. "Akala ko

'di ka pupunta..."

Hindi ako nakapagsalita. Alam ko ang ibig sabihin niya sa inakala niya. But...

no...

"Pupunta ako..." ulit ko.

"Oo, ha? Double celebration pa naman 'to ngayon. Dapat lang pumunta ka..."

Tumawa ako. "Ano? Magpapakasal kayo ni Jarrick? Engagement?"

Kinusot ko ang aking mata. Dumilat ako at nilingon ang seryosong si Joaquin. I adjusted my seat so I could sleep better.

Iniisip ko kung anong maaaring kasama sa double celebration na ito. Leon came back last New Year with his family. Homecoming? What?

I came there for baby Jarrick. Not for anyone else...

"Hehe. January 17 kasi ngayon, Frey..."

Natigilan ako sa sinabi ni Juliet. Oh... Oh alright.

"Uuwi rin naman kami bago mag ala-una," sabi ko.

Tumawa si Juliet. "I know. You said that to me. Alas onse naman ang kainan kaya ayos lang. Makakakain kapa..."

"Yeah, yeah..." Kinalma ko ang sarili ko.

It's the bastard's birthday.

==========

Kabanata 33

OceanofPDF.com

Losing

"Gising, ate..." tinapik ni Joaquin ang aking mga hita.

Bumangon ako. Bahagya ko pang nakalimutan na nasa sasakyan nga pala ako. Ganoon kalalim ang tulog ko sa byahe.

Tumigil na sa pagtakbo ang sasakyan at mataas na ang sikat ng araw. Kinusot ko ang mga mata ko.

Abala si Joaquin sa pagbaba ng mga gamit sa likod. Hindi ko alam kung bakit ang bilis ng lakad niya.

May kumatok sa aking pintuan. Lumapit si Papa sa salamin para tingnan ako sa loob.

Binaba ko ang salamin para makausap siya at masabi sa kanyang umatras siya para makalabas ako.

"Freya, bilisan mo. Alas nuebe na at nagsisimula na raw ang binyag! Mahuhuli na tayo..." ani papa.

"Huh? Tabi ka, Pa. Lalabas ako..." sabi ko.

Nagkamot ako sa ulo. Kailangan ko pang maligo, magbihis, at mag-ayos!

Tiningnan ko ang orasan sa aming bahay at nakita kong alas nuebe impunto na nga!

Nakapagbihis na si Mama at Papa. Si Mama ay may dalang pamaypay habang nanonood ng TV.

"Freya! Iyan na ba ang susuotin mo?"

Hinagod ako ng masamang tingin ni Mama pagkatapos kong magmano.

"Magbibihis pa ako, Ma..."

Nilingon ko ang banyo at naririnig ko ang agos ng shower. Siguro ay naliligo na si Joaquin!

Pwede kong pag antayin sina Mama at Papa hanggang sa matapos ako sa pag-aayos ngunit ayaw ko ng hinihintay ako. Napepressure ako.

"Ma, pagkatapos ni Joaquin ay umalis na kayo. Iwan n'yo na lang ang isang kotse at ako na ang magdadala noon."

"Huh? Eh, paano ka?"

Natigil sa pagpaypay si Mama dahil sa tanong niya sa akin.

"Kung hindi ako aabot sa simbahan ay sa mansyon na lang nila ako, okay? Maliligo at magbibihis pa ako..." sabi ko.

Hinubad ko ang aking stilletos at umakyat na para sa aking kwarto. Nilagay na yata ni Joaquin ang aking bagahe doon.

Pagkatapos sa aking kwarto ay dumiretso na ako sa kwarto nina Mama at Papa para makaligo na roon.

Habang naliligo ako ay sinisigawan ako ni Mama.

"Mauna na kami! Sunod ka na lang! Iniwan namin ang kotse!"

"Opo!" I shouted.

I knew it. Kapag pinaghintay ko sila ay mas lalo lang kaming matatagalan! Ni hindi pa ako nakakapaglagay ng conditioner sa buhok ko!

Pagkatapos ng mabilisan kong ligo ay dumiretso na ako sa aking kwarto. It took me ten minutes to blow dry my hair. And in that span of time my heart beat raised three times!

Sinuot ko ang isang puting longsleeve dress at naglagay ng accessories. I'll let my

hair down because I didn't have the time to style it properly.

Tumunog ang cellphone ko at halos mapamura ako sa gulat. Tumatawag na sa akin si Mama!

"Opo! Opo! Papunta na po!" salubong ko dahil alam ko na kung ano ang sadya niya.

"Sige, ha! Bilisan mo na at patapos na rito sa simbahan!"

"Opo. Ibababa ko na para mas mabilis kilos ko..."

Agad kong binaba ang cellphone. Hinagilap ko ang aking mga make up para pasadahan ng kahit konting kulay ang aking mukha.

Iyon yata ang mas lalong nagpatagal sa akin. I spent 20 minutes on my light make up.

"Shit!" paulit-ulit akong nagmura nang napagtantong sobrang late na ako.

Dumiretso agad ako sa aming kotse. Pinaandar ko iyon para makaalis na sa bahay.

Habang nagpapaandar ay nilakas ko ang aircon. Sobra sobra ang kaba ko dahilan kung bakit pinagpapawisan ako ng husto.

Napaungol ako nang nakita ang dami ng sasakyan sa labas ng simbahan. Naghanap ako ng pwedeng pagparkingan.

I saw Leon's pick-up. I made sure I was far from it. I parked my car near a Ram.

Hindi na ako mapakali habang tinatanggal ang susi ng sasakyan. Inalog ko ang mga kamay ko nang naramdaman ang pangininig nito.

I spent two minutes inside the car trying to breathe properly bago ako lumabas.

Inayos ko ang aking damit at ang aking buhok bago dumiretso na sa loob ng simbahan.

Pagkarating ko ay pictorials na. Maraming tao dahil parehong malalaking mga pamilya ang Revamonte at mga San Jose dito sa Alegria.

Nanatili ang mga mata ko kay Juliet at Jarrick na nasa gitna. I didn't want my eyes to roam around and see unwanted people.

"Freya!"

Mas dumoble ang kaba na naramdaman ko nang isigaw iyon ni Juliet!

"Lika! Lika rito!" sabay kaway niya sa akin.

Binigay niya ang kanyang baby kay Jarrick. I focused only on them. Sa peripheral vision ko ay nararamdaman ko ang mga tingin sa amin.

"Akala ko 'di ka makakaabot! Ninang ka pa naman!" ani Juliet sabay hila sa akin sa gitna.

Tinabi niya ako sa kanya. Ilang click ng camera at ngumiti lamang ako. Habang nagki-click ag photographer ay natanaw ko kung sinu-sino ang nasa harap.

Pinasadahan ko ng tingin si Don Pantaleon, si Governor, si Mrs. Revamonte... She survived cancer. And she looks really well right now.

I stopped there and then looked at Juliet.

"I'm sorry, I'm late. Late kasi kaming nakarating..." paliwanag ko.

"Ayos lang 'yan! Baby Jarrick... nandito si Mommy Freya!" ani Juliet sabay pakaway ng kamay ng kanyang anak. "Wala si Marj dahil hindi na raw siya aabot. Nasa Cebu siya para sa isang convention."

"Thanks for coming, Frey..." sabay ngiti ni Jarrick sa akin.

Tumango lamang ako. Aalis na sana ako ngunit nagtawag ang photographer.

"Revamonte family!" tawag niya.

Shit! Of course, I should go back to where the other people should be.

Habang patungo ang kanilang pamilya sa harap ay siyang pabalik ko. Mabilis kong nahanap si Mama at Papa. Kasama lamang nila sa kanilang inuupuan ang mga kapartido.

My Mama is running for Vice Mayor. The position she wants is big now compared to her positions for the past years. Iyan ang dahilan kung bakit talagang nagpapatulong siya sa pangangampanya.

Taas noo akong bumaling sa mga Revamonte. Nagtaas ako ng kilay at pinasadahan muli sila ng tingin.

Agad kong nahanap si Leon pero inalis ko ang paningin ko sa kanya.

Shit! Fuck!

Binaon ko ang aking mga kuko sa aking kamay para lang mapigilan ang sarili.

With the Revamonte family is Ayana's family. Sa likod ay kumpleto sina Kaius, Nicholas, at Ate Lea.

Si Ayana ay nasa tabi ni Leon na ngayon ay nasa tabi ni Juliet.

Kahit nasa gitna ang photographer ay lumilihis ang mga mata ni Leon sa akin. Nag-iwas ako ng tingin at hinawi ang buhok ko.

"Ma, si Joaquin po?" nagtaas ako ng kilay.

"Nasa kina Russel at Julio... Ayun!" sabay nguso ni Mama sa kabilang mga upuan ng simbahan.

"Next! San Jose Family!" tawag ng mga photographer.

Bumaba ng altar ang mga Revamonte. Hindi sila bumalik sa kanilang mga upuan.

Nakatayo lamang sila sa aisle.

Ang pamilya naman ni Jarrick ay dumiretso sa harap.

Medyo nabulabog kami sa kinauupuan namin nang biglaang tumunog ang isang cellphone.

That wasn't mine for sure! Hindi ganoon ang ring tone ko!

"It's in your bag yata, Freya..." saway ni Mama habang lumilinga-linga halos lahat dahil sa ingay ng ringtone.

Nanlaki ang mga mata ko. Oh! Right! Steven's phone! Hindi niya nga pala kinuha iyon kagabi! And it's inside my bag!

Kahit na nagpapanic na ay marahan kong hinalughog ang bag ko. Nang nahanap ko ang cellphone ni Steven ay niswipe ko agad iyon at naglakad na patungong aisle at nang sa ganoon ay makaalis na muna sa simbahan.

Nilagay ko ang cellphone sa aking tainga.

"Hello..."

Natigil ako sa paglalakad nang sa harap ko ay naroon si Leon. Nakapamulsa siya at seryoso ang mga mata habang tinitingnan ako ng diretso. Sa likod niya ay kitang kita ko ang pagnguso ni Kaius kay Nicholas.

Ayana's just near us and she's also looking at us.

"Excuse me..." marahan kong sinabi.

Hindi siya umilag sa dadaanan ko.

"Excuse you?" sabi ng boses sa kabilang linya.

"I'm sorry. Who's this again? Steven left his phone to me..."

Pinilit kong makadaan kahit na hindi nagpadaan si Leon. Hinila siya ni Nicholas dahilan kung bakit nakadaan ako ng maayos.

Nangangatog ang tuhod ko habang naglalakad palabas ng simbahan. Hindi ko alam kung alin ang uunahin ko. Alin ang pagkakaabalahan ko. Ang puso kong lintik na naghuhuramentado, ang tumatawag, o ang paglalakad!

"I know, Freya. This is Clarabelle. Tumawag si Steven sa aming tatlo na sabihin daw sa'yo na naiwan niya ang phone niya sa'yo. Bakit ba kasi iniiwan niya iyan? Is that your rule?" Tumawa si Clarabelle sa kabilang linya.

Nang nakalabas ako sa simbahan ay pumikit ako ng mariin.

Kung kabado ako kanina ay mas lalo na ngayon. Bawat pintig ng puso ko ay ramdam ko sa aking balat. Halos mahilo ako sa sobrang lakas at sobrang bilis.

The image of Leon's cold eyes flashed on my mind! Dumilat agad ako at dumiretso na sa kotse.

"Oo..."

"Ha? Rule mo 'yon?"

"I... I mean hindi! I mean... Clara... can I call you back?"

"Are you okay? Steven asked me to check on you because he can't. His phone is with you..."

Binuksan ko ang pintuan ng aking sasakyan at pumasok doon. Pinaandar ko iyon at binuksan ang aircon.

Fuck!

"I... I'm okay? I'm okay..."

Mabilis ang paghinga ko at halos mabingi ako sa pintig ng puso ko.

His image flashed on my mind again.

He's strikingly handsome. Mas lalo lamang siyang gumwapo. His bulky muscles are the same but it looks damn firmer now! And he's so fucking tall! He was tall before but damn he's even taller now!

Mas lalo pang nadepina ang kanyang panga. His hair's just the same semi shaved!

Naka puting long sleeve polo siya na nakatupi hanggang balikat. There's something on his arms.

"Freya!"

I snapped because of Clarabelle's voice.

"Ayos ka lang ba talaga?" tanong niya.

Pumikit ako ng mariin at napahilot na lang sa aking sentido. Is there an easy way to forget this?

"Ayos lang ako..." mas kalmante kong nasabi. "Ibababa ko muna dahil nasa binyag parin ako..."

"Is he there?" Clarabelle's tone changed.

"Of course, he is. But I'm okay..." sabi ko.

"Good. Ibabalita ko kay Steven."

"Sige... Bye..."

Binaba ko ang cellphone ni Steven at nilapag sa front seat. Huminga ako ng malalim at hinilig ang ulo sa gilid ng manibela.

"Shit! Shit! Shit!" sabay hampas ko sa manibela.

Tumuwid ako sa pagkakaupo at nilingon ang labas. Palabas na halos lahat ng bisita.

Hindi ko alam kung mauuna na ba dapat ako sa mansyon o babalik na lang sa bahay!

But if I go back to our house that would mean I'm still affected, right!

Leon, that bastard! Bakit hindi siya tumabi kanina?

Nagtiim bagang ako habang naaalala ko ulit ang nangyari!

Umilaw ang sasakyang Ram sa unahan ko. Nilingon kong muli ang labasan ng simbahan at nakita kong patungo roon si Nicholas, Mommy at Daddy ni Ayana. Is this Ayana's car?

Nang nakalapit pa sila ay naaninag ko si Ayana sa likod. At sa kanyang likod naman ay si Leon.

As if our car tints not dark enough, I tried to hide.

Kitang kita ko ang pag-igting ng panga ni Leon habang papalapit sa driver's seat ng sasakyan. Binuksan ng pamilya ni Ayana at ni Nicholas ang pintuan ng Ram at pumasok na sila sa loob.

Sinundan ko ng tingin si Leon habang hinahawakan niya ang kanyang leeg.

Humawak si Ayana sa kanyang baywang bago ito umikot para sa front seat.

Pumikit ako ng marahan. Look at it, Freya. Right in front of your eyes. To forget.

Forget the man you loved the most. He betrayed you at your weakest state.

Dumilat ako at tinitigan ulit si Leon.

The something on his arm were tattoos. Sa baba lamang ng kanyang siko ay may nakikita ako.

Pumasok si Leon sa Ram at pinaandar ito.

Tumulo ang aking luha. Isa-isa at mabilis ang patak nito.

Pinalis ko agad ang mga iyon. Kumuha ako ng tissue at agad na pinigilan ang pagbuhos.

He doesn't deserve my tears! No!

Anger is what kept me going. Gustong gusto ko nang bumalik na lang sa Maynila at huwag nang makisali rito pero ayaw kong ipakita sa kanilang lahat na hanggang ngayon ay nandito parin ako.

If this really ended years ago, I want them to know that it ended for me too. That I wasn't left behind. That... yes... I was the one who actually left first.

I hate losing.

I hate losing at something.

I won't lose to anything. Not this time that I've learned. That principle is deep-rooted in me.

Pinaandar ko ang kotse pagkatapos kong mag-ayos muli.

Hindi ako magkukulong at magpapakasawi. I am Freya Dominique Cuevas. Queen of Alegria.

Pinarada ko ang kotse sa garahe ng mga Revamonte. Nahuli ako dahil inayos ko pa ang mukha ko. I put on a winged eyeliner para lang malibang ako habang nag-aayos. Ayaw kong maisip iyong nangyari kanina.

Kinuha ko sa likod ng sasakyan ang gift ko para kay Baby Jarrick. Pagkatapos ay dumiretso na ako sa loob ng magarbong mansyon ng mga Revamonte.

"Dito na lang po ang mga regalo, Miss Freya..." sabi ng kasambahay sabay muwestra sa isang malaking lamesa.

Tumango ako at nilapag doon.

Ang mga pagkain at inumin ay nakalatag sa naglalakihang lamesa sa kaning sala. May mga lamesa rin patungo sa backyard kung nasaan ang hardin at

naroon halos lahat ng mga tao.

Taas noo kong tinahak ang distansya mula sa loob hanggang doon.

Kitang kita ko ang pagkakasamid ni Julio nang nagtama ang tinginan namin. Nilingon

din ako ni Russel.

"Ang kapatid ko?" tanong ko sa pormal na tono.

"Nasa may lamesa sa labas. Samahan ka na namin!" ani Julio.

Tumango ako at sumunod na sa dalawa.

They were with their friends. Siguro'y nagmistulang reunion na rin ito para sa kanila dahil halos kumpleto sila.

"Si Marjorie?" tanong ni Russel sa akin.

Kinuha ni Julio ang upuan at hinintay niyang maupo ako bago inayos.

"Salamat..." I smiled.

I put my bad in front of us. Joaquin's talking to the girl beside Russel's friend.

"Nasa Cebu raw, sabi ni Juliet. May convention."

Tumango si Russel at ngumiti sa akin.

Bumaling ako sa ibang lamesa. Sa isang sweets table ay nakita kong nakatayo si Leon. Sa kanyang harap ay si Ayana. Leon's looking somewhere on our table.

Nagtama ang mga mata namin. Umigting ang panga niya at nag-iwas ng tingin.

Taas noo akong bumaling kay Russel.

"Hindi kami magtatagal ni Joaquin. Uuwi rin kami ngayong ala una..." sabi ko.

Fuck. Bakit ganyan siya makatingin? Anong problema mo? Wala akong pakealam.

Whatever you have to say, keep it to yourself! Bastard!

"Ganoon ba? Sayang at may pormal na reunion pa naman kami mamaya! Sumama ka na!"

Ngumiti ako at umiling. "I can't. I have work tomorrow, unfortunately. Maybe next time..."

"Tutulong ka sa kampanya ng Mama mo?" tanong ni Russel.

"Yup. I'll be here for maybe a month? Depende pa iyon kung matanggap ako sa mga inapplyan ko ng trabaho..."

"You resigned, Freya?" tanong naman ni Julio.

"Yup. I need a new environment. And besides the bank I'm in isn't in a good state..." nagkibit ako ng balikat.

Napabaling ulit ako sa lamesa ng mga sweets kung nasaan si Leon. I saw him looking at me once again. Then he looked away when I saw him.

Ngumiti ulit ako kay Julio kahit na masyadong malakas ang pintig ng puso ko. He has even fucking facial hair.

"Hindi ka ba mapipigilan? Kahit bukas ka na lang umuwi..." ani Julio.

Umiling ako. "I really need to go to work..."

==========

Kabanata 34

Kabanata 34

OceanofPDF.com

Happy Birthday

Hindi ako halos makakain. Kaonti lang ang kinuha kong pagkain at hindi pa ako halos makasubo.

I'm just too conscious. Nasa katabing lamesa lang kasi sina Leon.

"Ate, handa ka na? Aalis na tayo ngayon. Mga fifteen minutes..." ani Joaquin pagkatapos ay tumayo.

Tumango ako. "Sabihin mo lang, Joaquie..."

Ngiting-ngiti si Juliet karga-karga si Baby Jarrick.

Tumayo ako dahil umamba siyang ibibigay sa akin si baby. Bigla pa akong kinabahan dahil hindi ko na maalala kung kailan ako huling kumarga ng baby!

"Andyan na si Mommy Freya..." baby talk ni Juliet sa anak.

"Juliet, 'di ako marunong!" sabi ko ngunit tinatanggap na si Baby Jarrick.

Dilat ang mga mata ni Baby. Ang mga kamay niya'y malikot dahilan kung bakit mas lalo akong kinabahan.

Sa gilid ni Juliet ay ang naka unipormeng yaya nito.

"Hindi ko ata 'to kaya!" sabi ko ngunit nakahawak na kay baby.

Tumawa si Juliet. "Aba magpractice ka na! Malay mo at ikaw na ang susunod?"

"Sino namang magiging ama, kung ganoon, Freya?" nagtaas ng kilay si Julio.

Ngumiwi lamang ako at binalingan ulit si Baby Jarrick.

Napangiti ako habang dinudungaw ang inosenteng bata sa aking bisig. Hindi ko pa maimagine na ako ang magkakaanak. I'm not ready yet... But it looks so wonderful to see an innocent child like this. It gives new meaning to life.

"Oh, Russel. Ikaw naman para ikaw ang susunod na magkababy..." tumawa ako at sinubukang ibigay kay Russel ang baby.

Laking gulat ko ng tinanggap niya ito. Hinayaan ko na lang siya. Ngumiti si Juliet sa akin.

Noong nalaman kong buntis siya kay Jarrick ay sobrang nagulat ako. I couldn't believe that she's still into Jarrick. Ang sabi niya sa akin ay ayaw daw talaga ng mga magulang niya sa lalaki kaya inilihim niya.

Then I was about to comment on Jarrick's moves and motives... Kung talagang seryoso siya kay Juliet, bakit hindi na lang niya ito pakasalan bago sana binuntis? But then when Jarrick told me that there's just no way her parents would approve unless she's pregnant, natahimik na lang ako.

I still don't agree with what he did. But when I saw Juliet's happy and content eyes in his arms, hindi na ako nagreklamo.

I figured that problems are just problems if you're bothered about it. Kung masaya ka ay walang problema. Sa bagay, sinong hindi magiging masaya kung may baby, hindi ba?

"Ate..." ani Joaquin sabay inom ng tubig.

Tumango ako. Alam ko na agad ang ibig niyang sabihin. Tinapik niya ang mga balikat ng mga kaibigan bago nagpaalam para pumunta sa lamesa nina Mama.

Siniko ako ni Juliet dahilan kung bakit ako lumingon.

"Kanina pa nakatitig si Loverboy..."

Halos hindi umawang ang bibig niya habang nagsasalita. Umirap lamang ako. His tactics won't work.

Suminghap si Juliet.

"Isa pa 'yan... Hindi pa kami nakakapag-usap tungkol sa'yo. And I doubt if he wants to talk about you. I've been very busy because of baby Jarrick pero hayaan mo-"

"Juliet! Calm down. I already told you. You two don't need to talk about me. No, thank you. Whatever happened in between us, past na iyon..." halos pabulong kong sinabi.

Why Juliet thinks I needed his explanation is beyond me. I don't need words. I need actions. And the chance to act is already gone. Years ago kung binalikan niya ako at nag explain siya, I would've accepted it. But right now, it's been four fucking years!

"You two didn't talk-"

"I don't need words. I wanted actions. And right now, it's too late. Kung sila na ni Ayana, e 'di sila-"

"Isa pa 'yan..." bulong ni Juliet sabay sulyap sa anak niyang pinaglalaruan ngayon ni Julio at Russel.

Lumapit si Jarrick sa kanila. Tumango lamang ako sa lalaki.

"I asked my Lolo if it really is Leon and Ayana, wala raw siyang alam. Mukha naman daw'ng hindi..."

Sumulyap ako kay Don Pantaleon na nakikipagtawanan sa ibang mga politiko sa mahabang lamesa kung nasaan si Mama at Papa.

"Sila o hindi, it doesn't matter to me anymore..." mariin kong sinabi.

Malungkot siyang tumingin sa akin. She smiled but I can sense her sadness. I smiled back. I made sure there's no trace of sadness in there.

"So you've moved on, huh?"

Bumuntong-hininga na lamang ako at nag-iwas ng tingin.

"I guess so..."

It's because there's no reason to stay. Moving on is my only choice.

Hinalikan ko ang pisngi ni Juliet. Naroon parin ang kalungkutan sa kanyang mga mata.

"I need to go. May pasok pa si Joaquie bukas at ako rin. Wala pang tulog ang kapatid ko..."

Tumango siya. "Well... at least it's worth it, right? Tita Leilani survived cancer.

In exchange, you and Leon fell apart..."

Ngumiti lamang ako. Kung hindi ko inawat ang sarili ko ay baka nanginig na ang mga gilid ng labi ko dahil sa pagpupumilit magpakita ng ngiti.

"We'll talk soon. Right now, I need to go. I need to finish the last days of my works before the campaign period."

Tumango si Juliet.

"Jarrick, aalis na kami. Maraming salamat sa pag-imbita niyo sa akin."

"Freya, mamaya?" makulit na tanong ni Julio na siyang nakahawak na ngayon sa baby.

Umiling ako. "I'm sorry. 'Di talaga ako makakadalo."

Kinawayan ko na sila. Pagkatapos ng ginawa ko ay nilingon ko ang mahabang lamesa kung saan nakatayo si Joaquin at kausap si Mama at Papa. Dumiretso ako roon ngunit kailangan kong dumaan sa lamesa nina Leon.

Siniguro kong taas noo at mga kilay ako habang dumadaan doon.

"Freya!" tawag ng Mommy ni Juliet.

Hindi sana ako lilingon dahil natatalo ng takot ko iyong kagustuhan kong bumaling pero hinawakan niya ang aking braso.

"Tita!" gulat kong salubong.

Kung tutuusin, pu-pwede na akong maging artista. Clarabelle said I'd pass for a Star Magic talent. Uncle niya yata ang kasalukuyang presidente ng isang malaking TV

station. Noong college kami gusto niya akong ipasok. Unfortunately, I'm more academically inclined. I'm not so interested with showbiz and other related jobs.

Walang patawad akong gumanap na nagulat.

"Kumusta ka na!" aniya.

"Maayos, Tita. Eto nga po't didiretso na ako sa kay Mama at Papa para makapagpaalam."

"Suot ko iyong bigay mong relo noong Christmas!" ani Tita.

Tumawa lamang ako. Sumulyap si Tita Nelia sa mga nasa lamesa. I tried so hard not to glance at them but I couldn't.

Naroon si Governor katabi si Mrs. Revamonte, Tito Daniel, Leon's Tita Astrid, Mommy at Daddy ni Ayana, si Ayana, si Leon, at ang tatlong kapatid.

"Ang bilis niyo namang umuwi? Akala ko ang sinabi ni Melfina na tutulong ka sa kampanya?"

"Tutulong ako, Tita. Pero 'di pa naman campaign period kaya uuwi lang ako kapag ganoon na po..."

"Ate... sa sasakyan lang ako. Paalam ka kay Mama at Papa..." singit ni Joaquie at nilagpasan lamang ako.

"Ganoon ba? Naku..."

"Sige po, Tita. Alis na ako..."

My smile was even too geniune for a real geniune smile. I don't care.

Sumulyap ako ng isang beses sa Mommy ni Leon. Tipid na ngiti lamang ang ginawa niya habang tinitingnan ko. Hindi ko na nilingon si Leon dahil alam kong matalim siyang nakatingin sa akin.

Dumiretso na ako sa lamesa nina Mama at Papa para magpaalam. Para akong lumulutang habang naglalakad.

Madalian ang pagpapaalam ko. Aalis na sana ako kung hindi lang ako sinita ng tatakbong Mayor.

"Ang ganda-ganda nitong si Freya, Melfina. Wala pa ba itong boyfriend?" Tawa niya.

"Ewan ko ba rito..." Nilingon ako ni Mama.

"Parang kailan lang at sumasali pa ito sa mga pageant dito. Freya..."

"Po..."

"Sabihin mo lang kung available ka at may irereto ako sa'yong pamangkin ko."

Tumawa lamang ako at magalang na nagpaalam.

Huminga ako ng malalim. Salamat at natapos din ito. Nang pumihit ako para makadiretso na sa bahay ng mga Revamonte at makapunta na sa garahe ay may tumayo sa peripheral vision ko.

Alam kong maraming tumatayo at umuupo para sa pagkain. Iilang kasambahay din ang nag wi-wait para sa mga guest ngunit iba ito ngayon.

The image is Leon. Hindi ko na siya nilingon. Bahagyang kumalabog ang puso ko ngunit nakalma rin nang nakalabas sa hardin kung nasaan ang venue.

Maingay ang classical music at ang usap-usapan ng mga tao ngunit pagkaapak ko sa labas ay hindi karaniwan ang katahimikan.

Marahan akong lumingon para tingnan kung ano ngunit binalik ko rin ang mga mata ko sa daanan nang nakita si Leon na nakatayo at sumusunod sa akin.

Fuck!

Hinawi ko ang buhok ko at taas noo na pumasok sa kanilang mansyon.

"Maraming salamat po sa pagdalo..." sabi ng kasambahay sa akin.

"Walang anuman..." nasabi ko pa habang naglalakad.

I tried so hard not to panic. Hindi ako nagmadali sa paglalakad. Nanatiling normal ang bilis ko.

Nakapasok ako sa mansyon at nararamdaman ko parin ang pagsunod niya. Tiningnan ko ang aking relo para maligaw pansamantala ang aking atensyon ngunit taksil ang aking puso. Ginigitan ako ng pawis sa noo habang bumababa sa kanilang hagdanan at palabas na sa kanilang bahay.

Marahas ang pagkaka hila niya sa akin pabalik sa pintuan dahilan sa muntikan kong pagkakadapa.

"What the?" gulat kong sinabi sabay harap sa kanya.

"Kayo pa ng boyfriend mo?" salubong niya sabay halukipkip.

He smiled but there's no humor in it. I can only sense one thing: anger.

Unti-unti ang pagpula sa kanyang mga mata. Hinarap ko siyang mabuti at hinawakan ang aking braso.

Nag-uunahan na parang mga kabayo ang mga tanong sa aking utak. What boyfriend is he talking about? But of course I won't tell him that I don't have one! Bakit niya iniisip na may boyfriend ako? And what the fuck is his problem? Bakit niya ako sinusundan? He's supposedly happy with Ayana.

"Leon, the party isn't over. Aalis na ako dahil marami pa akong gagawin sa Maynila," sabi ko. "If you want us to catch up, we can later..."

Well, unless you want me to greet you? Happy birthday!

Umigting ang panga niya. Kitang kita ko ang mas lalong pag-aalab ng kanyang mga mata.

"Yeah, right. We'll have to catch up this time because you didn't even tell me about him while I was away!" asik niya.

Angry, he looks so damn hot. Napakurap kurap ako habang tinitingnan ang pagpula ng kanyang leeg at mga mata. His jaws are more defined now that he's spitting all those words.

"Oh?" ngumiti ako.

Hindi ko kayang ipakita sa kanya ang tunay kong nararamdaman. My ego was a wreck

when he left and the whole time he's away. Hindi pwedeng makita rin niyang wasak parin ako ngayon na ilang taon na ang nakalipas!

"I thought we're already keeping secrets. You know... you're secret with Ayana while you're in California-"

"What secret are you fucking talking about?"

Humakbang si Leon sa akin. I didn't back down. I am not scared. If he's angry then I'm angry too!

"Oh let's forget about it. It's been a long time, Leon. Hindi ko alam na ganito ka pala magreact..."

"What secret are you talkiing about!" he spat.

The image of him this angry really change something in me. Something about it. I suddenly remember the first time I saw him so angry. Sa Alps...

Nagtiim-bagang ako.

"If you two share a bedroom, I won't mind. Noon, siguro, I would. But-"

"Share a bedroom? What bull are you talking about!?" humakbang siya ng isang beses.

Gustong gusto kong umatras. He's already towering over me. I'm like a mouse in a cat's shadow. Ngunit hindi tulad ng daga na tatakbo ay lumalaban ako rito.

"Oh don't play innocent now. Sa ilang beses kong naabutan si Ayana sa bedroom mo?

You think I'd believe you if you tell me she's in Nevada? No, Leon. I failed but I'm not entirely stupid. Baka nakakalimutan mo-"

"Bullshit! She's in Nevada! Madalas siyang pumupunta sa Cali dahil bumibisita si Tita kay Mommy!" sigaw niya sa akin. "And you didn't mention about that!"

"I didn't mention, Leon," sigaw ko kahit na ayaw kong magtaas ng boses. "Because you deny it! And I hate that you deny it! Ano ako? Sinungaling? Ano 'yong nakita ko? Multo!?"

"She never!" Pumikit siya ng mariin at hindi tinapos ang sinasabi.

Pulang pula na ang kanyang leeg. Mas lalo lamang akong ginanahan!

"Well so you're saying na nagsisingungaling ako?! I don't know, Leon, four, five, six times of seeing you with Ayana in your bedroom! Bathrobe? Half naked?"

"Son of a bitch!" sigaw niya sabay hilamos sa kanyang kamay.

Tumindig ang balahibo ko sa malutong niyang mura.

"But don't worry..." mabilis ang paghinga ko pero kinalma ko ang sarili ko. "It's fine now. I understand what it means... If you really did truly love me

years ago, you should've-"

"Come back?" dugtong niya. "Come back, Freya!"

Hindi ako nakapagsalita sa sigaw niya.

Huminga ako ng malalim. Kitang kita ko ang pangingilid ng luha sa kanyang mga mata.

Nahahabag ako habang tinitingnan iyon. I feel like I shouldn't hurt him. Na kahit na ang tigas tigas ng ipinapakita niya sa aking ekspresyon ngayon ay alam kong mahina parin siya. I can see it. I can see it clearly in his eyes.

Tatlong taon. Tatlong taon akong nag move on. Hindi biro iyon.

Lahat ginawa ko.

Inisip ko ang lahat ng posibleng dahilan ng ginawa ni Leon sa akin. Maybe his love isn't true. Maybe he only sees his mom on me. Hindi ko alam kung anong pagkakapareho namin ni Mrs Leilani Revamonte pero malaking posibilidad iyon.

Why'd he want me to call him Fourth, then? And fuck that stupid name! I don't want to call him Fourth if he only wants to hear it to be reminded of his mother!

Or maybe I'm a trophy? I'm a challenge that he wants to conquer. He gave up noong nasa America na siya dahil malayo na kaming dalawa. Ayana's more convenient.

And then I would laugh and thank God that he's away. Dahil hindi ako napunta sa kanya, hindi ako masasaktan in the long run.

I told myself that if we're together, may assurance ba ako na hindi siya hahanap ng iba? Nagkalayo lang nga kami, humanap na siya ng iba. May history siyang playboy.

His mother cheated. His father cheater. And maybe... the son would cheat.

So I thanked the Lord that we're not together. Iyon lang! Iyon lang ang tanging nakapagpalubag sa aking loob! Na masaya parin kahit na hindi kami ni Leon.

Kahit mahal na mahal ko siya, hindi parin binigay ng Panginoon sa akin dahil mahal ako ng Panginoon! Alam Niyang masasaktan lang ako kay Leon!

"I came back! In Manila! I came back that same year! I couldn't contact you! I called your Mom! Joaquin! Juliet! Then I came back to fucking check on you and what?"

Napakurap kurap ako.

"Liar!" asik ko. "You never came back the whole four years you were-"

"Really, Freya?" nanliit ang pulang mga mata niya.

Bumilis ang paghinga ko habang tinitingnan siya. Parang may malamig na kamay na humawak sa aking tiyan. I remember how broken I was January of that year. I couldn't think straight. I needed the help at school. I needed...

"You were in the library, remember? With a man... right?" pabulong niyang sinabi habang nanginginig ang boses niya.

Napaawang ang bibig ko sa narinig. I was... in the library with Steven.

"Under the bookshelves, remember?" Umiling siya. "Son of a bitch!"

Tumindig ang balahibo ko. Parang unti-unting nagugunaw ang aking puso. I remember it clearly.

"Liar!" sigaw ko ulit.

He can't be home by that time! Ni si Juliet ang alam ay 'di bumalik si Leon.

Nilingon niya ako. Kitang kita ko ang luha sa kanyang pisngi. Mabilis na kinain ng malalaking hakbang ang distansya sa gitna naming dalawa.

Napaatras ako dahil sa pagtulak niya sa akin. Nagkarera na ang aking pulso at parang tambol ang lakas ng pintig nito.

Ipinako niya ako sa isang marmol na pundasyon ng kanilang mansyon.

Mabilis ang taas baba ng aking dibdib habang tinitingnan ang galit sa kanyang mga mata. I've never seen him this angry. I've never seen him this mad! Kahit noong pinagsusuntok niya si Axl!

"Didn't I tell you? I'm every bad thing but I am true to my words..." he hissed.

Nangatog ang binti ko at nag-iwas ng tingin sa kanya.

"You know what I was thinking that time, huh?"

Suminghap ako para mapigilan ang nangingilid na luha. Hinawakan ng magaspang niyang kamay ang aking leeg. Using his index finger, he trailed the usual part where the necklace should be.

"The girl I loved the most... the girl..." nanginig ang boses niya. "I respected the most... turned out to be just like her-"

Isang sampal ang pinakawalan ko.

Unti-unti kong naramdaman ang galit sa aking puso. Tumagilid ang mukha ni Leon dahil sa lagapak ng sampal ko. Umigting ang panga niya at hindi agad nakabawi.

Tinulak ko siya palayo ngunit hindi siya nagpatinag. Nanatili siya roon.

"Don't you ever compare me to your mother!" sigaw ko sa sobrang galit.

Pumikit siya. Tinulak ko siyang muli at mabilis na tumakbo pababa.

Nakita ko sa fountain ang nakaparada naming pick up. Umilaw ito. Agad akong dumiretso sa front seat, pinipigilan ang paghinga.

Bago pa ako nakapasok ay narinig ko na nabasag ang kung anu-anong mga gamit.

Padabog kong sinarado ang pintuan ng sasakyan.

"Tara..." sabi ko at pinakawalan na ang aking hagulhol.

Nilingon ako ni Joaquin at pinaandar niya ng unti-unti ang sasakyan.

"Talaga bang aalis na tayo, Ate-"

"Step on the gas, Joaquie!" pagalit kong sinabi sapo ang aking noo.

Babalik pa ba ako rito? Sa Alegria?

Shit!

"Did you two talk? What happened?" usisa ni Joaquin habang palabas kami sa malaking gate ng kanilang mansyon.

And then realization dawned on me... he saw me with Steven January 17 three years ago. Fuck!

==========

Kabanata 35

Kabanata 35

Mag-Asawa

"Kung gusto mong magpalipas dito ng gabi, hindi na lang tayo tutuloy..." ani Joaquin.

Palabas na kami ng Alegria. Mabilis ang patakbo niya. Ramdam ko ang pag-aalala niya sa kanyang boses.

Hindi humuhupa ang aking luha. Parang gripo itong tumutulo kahit na pinipigilan ko.

I remember that day clearly.

"Are you listening, Freya?" medyo iritado na si Steven sa akin.

I've been spacing out for the past weeks. Simula noong nag New Year ay naiwala ko na ulit ang concentration ko sa pag-aaral.

Ganoon lang pala talaga kabilis makuha ang focus ko. Isang masakit na bagay lang na si Leon ang dulot ay nawawala na ako.

"Yeah..." I said.

Nahihiya na ako kay Steven dahil siya na nga itong nagtuturo sa akin ng libre ako pa itong nahihirapang mag seryoso.

Hindi niya obligasyong turuan ako. Nangyari lang na kaibigan ko ang mga kabarkada niya at ako ang parang laging tagilid sa kanila kaya niya ako tinuturuan. And right now, it's not his fault that I'm not focused.

Saludo nga ako sa pasensya niya. Dapat sa akin ay hinahayaan na lang na bumagsak pero hindi niya ako sinukuan.

"You're not listening, Frey. Ilang araw ka nang ganito. Are you really okay?" he asked.

Ang rason kung bakit hirap na hirap akong magshare sa mga kaibigan ko ay dahil hindi ko rin naman alam kung ano nga kami ni Leon. He's not my boyfriend but he's more than a friend too.

Pinasadahan ko ng tingin ang mga taong abala sa pagkukuha ng mga aklat galing sa bookshelves. Nasa library kami. Hindi parin naaalis sa akin ang habit na magpunta sa library.

Kung noon ay lagi kong sadya ang mga aklat dito ngayon naman ay para makapagmuni-muni.

Dito ako tinuturuan ni Steven sa lessons. Kung sa canteen kasi kami ng school ay maingay 'tsaka naroon sina Clarabelle at iba pang mga kaibigan

namin. We can't concentrate. I would always pay attention to what they have to say.

"Yes, I'm okay. I just really need a break lang siguro..." Nanginig ang boses ko.

Today is Leon's birthday. It's been 16 or 15 days since we last talked. Tinapon ko ang cellphone ko kaya hindi niya na ako nacontact. May bago akong cellphone ngayon pero wala na akong balak na makipag-usap sa kanya.

Dahil kung gusto niya talaga akong kausapin, dapat sa sumunod na araw ay nakagawa na siya ng paraan.

I never asked Juliet about him. Hindi dapat ako ang naghahanap.

"So?"

Nagtaas ng kilay si Steven sa akin. His wide eyes looked at me full of curiousity.

Tumayo ako. I didn't like the tension between us. I feel like I owe him an explanation. His trying his best to teach me but I always mess it up.

"Maghahanap lang muna ako ng libro sa may entertainment section. Baka sakaling nauumay lang ako sa mga subjects natin."

Hindi ko na hinintay ang pagsang-ayon niya. Dumiretso na ako sa pinakamalayong section kung saan halos walang estudyante.

Pilit kong nilibang ang aking mga mata sa mga pamagat ng libro ngunit nanunuot sa aking utak ang lahat.

Today is January 17, Leon's birthday. I can still remember his past birthdays.

Imbes na ako ang magbigay ng regalo ay siya itong may regalo. Magbibigay siya ng pagkain sa bahay. Buong araw siya sa bahay namin at

magtataka na ako kung ayos lang ba iyon kay Governor gayong birthday niya.

Suminghot ako at sumandal sa bookshelf. The books move because of my weight.

Pumikit ako ng mariin. Naalala kong muli ang huling tingin ko sa kanya. Ayana's in his room wearing only a bathrobe. Leon's sleeping half naked.

What did they do? And it's New Year!

Did he pass out? Did he drink too much? And why is Ayana in her bathrobe? Naligo?

Saan siya naligo? Sa banyo sa kwarto ni Leon? At bakit sa kwarto ni Leon?

Leon was half naked. Or is he naked even down there?

Walang lakas akong napaupo sa sahig. Nahulog ang ilang libro na sinandalan ko.

Pinulot ko ng isa-isa ang mga iyon. Nanginginig ang aking mga kamay.

And what's he going to tell me if I ask him about it? He'd deny it!? No... He won't deny it anymore, Freya. Kasi kung may balak siyang ideny pa iyon dapat ay gumawa na siya ng paraan para mag-usap kayo.

That was my last straw.

Niyakap ko ang limang libro na napulot at humagulhol na ako. I'm crying for the times I was so happy with him. For the times I was so content. For the times when the only problem we have is our dates...

How I miss it very much!

Kung hindi ko ba siya hinayaang umalis ay hindi ba kami magkakaganito? Kung pinigilan ko na lang kaya siya noon ay ako parin ba ngayon?

Who am I kidding, right? He cheated now. I should be glad that he cheated while we're still young! While he's not yet my boyfriend!

Halos dumugo ang labi ko sa kakakagat para lang hindi ako humikbi. I want physical pain. I want to hurt so bad I'd forget this pain in my chest!

"Freya!"

Agad na lumuhod si Steven sa tabi ko. Suminghap ako at mabilis na pinunasan ang mga luha.

I don't want anyone to see I'm hurting. I have never been this wounded before.

"Anong nangyari?" tanong ni Steven sabay yakap sa akin.

Umiling na lamang ako. Gustuhin ko man na tumigil sa pag-iyak, hindi ko naman magawa. My tears are flowing freely. My chest is hurting so bad. I feel like it's going to leave me.

"Is it my fault?"

Hindi ko na napigilan. Juliet and Marjorie are not around. They are my only friends... and then Leon.

"I pushed him away... kahit mahal na mahal ko siya! I don't even know if it's worth it!" sabi ko.

Kinalas ni Steven ang yakap niya sa akin at tinitigan niya ako. Pinalis ko ang mga luha sa aking mga mata. Tinulungan niya ako sa ginagawa ko.

Kinuha niya sa kanyang bulsa ang kanyang panyo at ipinahid niya iyon sa aking luha.

Naalala ko tuloy ang pinahiram na panyo kay Ayana. It started there, if I remember correctly!

"Fuck! Pati panyo!" sabi ko sabay bitiw sa panyo nI Steven.

"What?" mahinahong tanong ni Steven.

Steven is tall and slender. He's the serious and mysterious type. Clarabelle said he never had a girlfriend before. Hindi raw kasi siya marunong dumiskarte sa babae.

Mailap din daw at hindi umaamin sa kanyang nararamdaman.

How I wish Leon was like him. How I wish he never told me how he loves me... How I wish he left me at peace years ago. Sana ay hindi niya na lang ako sinubukan. Sana ay tumahimik na lang siya! Sana ay hindi ako ganito ngayon! Sana hindi ako umasa!

Love bears all things. Believes all things. Hopes all things. Endures all things...

It's not the script that's wrong. Ang mali ay ang taong gumagamit nito. Putting up with those words isn't realistic. I can't bear the pain. I can't believe his lies!

I cannot continue hoping like everything's okay! And I can't endure it...

"I'm sorry..." ani Steven.

Nagulat ako sa pagsosorry niya. Dahil sa sarili kong problema ay naaapektuhan ko na ang mga taong nakapaligid sa akin.

"No... No... You're not at fault. I'm sorry..." medyo huminahon ako ngunit nanatili ang sakit sa aking dibdib.

Hinawakan niya ang aking pisngi. His fingers were a bit damp because of my tears.

Napatingin ako sa kanya.

Nagtama ang mga mata naming dalawa. Hindi ko mawari kung anong ekspresyon ang nasa mga mata niya. I can sense determination. Nag-iwas ako ng tingin. He's too positive for what I'm feeling.

Tinaas niya ang baba ko para maibalik muli ang tingin ko sa kanya. And with one swift move, he caressed my lips with his.

Nanlalaki ang mga mata ko sa ginawa niya. Hindi pa ako huminga sa sobrang gulat.

He kissed me. Hindi ako nakagalaw sa ginawa niya. He kissed me thoroughly and all I think about is Leon and his kisses.

My heart is aching because despite of the pain he gave me, all I think about is him!

Nagbanta ang luha sa mga mata ko. Pumikit ako para mapigilan ito sa pagbuhos.

Dinama kong mabuti ang mga halik ni Steven.

I want to be lost. I want to forget. I want to escape the pain I'm feeling. I want to be gone even just for a while. Dahil sa sobrang sakit ay hindi ko na alam ang pakiramdam ng isang araw na hindi nasasaktan.

Everyday I'd always feel the sting on my chest. And everyday I would hope to unfeel it.

Tumigil si Steven sa halik. Kinagat ko ang labi ko at nag-iwas na lang ako ng

tingin. I've never been kissed by anyone. Si Leon lamang ang nakahalik sa akin ng ganoon o ng higit pa sa ganoon.

"I'd kiss you again so you'll forget who ever's making you cry..." ani Steven.

Huminga ako ng malalim at tumingala.

I wish it's that easy.

He was there... He was there that time! He saw us?

"Kumusta?" tanong ni Clarabelle pagkatapos ko silang pagbuksan ng pintuan.

Nakauwi na kami sa Maynila. May pasok ako bukas ngunit naisipan paring bumisita ng mga kaibigan ko. Pupunta rin naman kasi dito si Steven para kunin ang kanyang cellphone.

"Ayos lang naman..." sabi ko sabay hawak sa aking ulo.

Pagod ako sa byahe. Kahit kagigising ko lang ay ramdam ko parin ang pagod. Si Joaquie ay natutulog sa kanyang kwarto at ako naman ay sinikap na magluto para sa mga bisita.

Pumasok si Clarabelle, Casey, at Kellie sa sala. Umupo agad si Kellie sa sofa. Si Casey naman ay dumalo sa akin sa counter at si Clarabelle ay umupo sa high chair.

Katatapos ko lang magluto ng chicken curry. Fried lumpia na lang ang kulang at may pang dinner na para sa mga kaibigan ko.

"Nagkita kayo noong... hmmm ex MU mo?" ngumiti si Clarabelle at nangalumbaba sa counter.

Tumango lamang ako at tiningnan ang kumukulong cooking oil sa kawali.

Hindi ko alam kung bakit hindi ako willing na isiwalat sa kanila ang lahat. They've been my friends for three years now but I'm still not comfortable revealing this part of my life. At least not when I can still hold it within me...

"Anong nangyari?" tanong ni Clarabelle.

They were so attentive. Si Kellie na nanonood lamang ng TV sa sala ay hininaan talaga ang flatscreen para lang makarinig sa usapan.

"Wala lang. Kasama niya 'yong si... Ayana..."

"Oh? Tapos? Umuwi ba para magpakasal?"

Napatingin ako kay Clarabelle na ngayon ay nakangiti na.

"Hindi ko alam, e. I didn't ask anything about them... I don't care."

"But did you talk? You and your ex, Freya? Kahit konti? Kahit casual?" si Casey.

Tumango tango ako habang nilalagay ang lumpia sa kumukulong oil. Natahimik sila dahil naging abala ako sa pagluluto.

"Nasa baba na raw sina Steven. Hinintay lang ni Dennis para sabay na silang umakyat," sabi ni Casey.

Tumango na lamang ako sa sinabi ng kaibigan. Itinuro ko ang cellphone ni Steven sa may counter. Chinarge ko iyon dahil nag lowbat sa byahe.

"Nasa may counter lang ang phone ni Steven."

"Ilang beses nang nakalimutan ni Steven sa'yo 'tong phone niya ah? Wala bang tumatawag na ibang babae? Kahinahinala?"

Umiling naman ako. "Wala akong maalala."

Tumunog ang bell hudyat na may tao sa labas. Si Kellie na ang bumukas ng pinto at umingay kaagad ang maliit na condo unit namin.

"May dala silang pizza! Wow! I'm craving for this!" ani Kellie sabay lapag ng tatlong pizza box sa counter.

Nalingunan ko si Steven na dumiretso sa kusina. Tinuro ko sa kanya ang kanyang cellphone.

"Chinarge ko..." sabi ko ngunit hindi niya iyon nilingon.

Imbes ay lumapit siya sa akin at tumabi. Nakangiti niya akong nilingon. Pagod kong sinuklian ang kanyang ngiti.

Steven is Leon's opposite. He has good family background. He's not a playboy or badboy. He's an achiever. He's the serious type. He's an ideal

man.

Pinilig ko ang ulo ko. I need to really stop comparing.

"Ang bango ng chicken curry ah? Ano naman 'yang niluluto mo?" aniya.

Napatingin ako sa salamin sa harap. Nakatingin siya sa niluluto ko. Tiningnan ko ang sarili kong repleksyon. My face looks bare and pale. Walang kahit anong marka ng make up. Ang medyo mahaba at kulot-kulot kong buhok sa baba ay magulo. I'm only wearing my grey spaghetti strap and a short shorts.

"Lumpia..." sabi ko.

"You're really good at cooking, huh?"

Sumulyap ako sa mga kaibigan ko na kinakainan na ang isang box ng pizza. Sina Dennis at Gino ay inaasar na ang mga girls dahil sa tataba sila at sayang lang ang pag g-gym.

"I need to learn. We're living alone here... Wala si Mama at Papa..." sumulyap ako kay Steven.

Makahulugan ang tingin niya sa akin dahilan kung bakit nagtagal ako. Sumulyap ako kay Dennis na hinahalikan na ang pisngi ng naiiritang si Clarabelle. Napangiti ako at napabaling muli sa aking niluluto.

"Did you meet your ex?" tanong ni Steven.

I know he's going to ask.

But there's just something about this... something about this relationship that's different. Kakaiba ang relasyon ko kay Juliet at Marjorie kumpara sa mga tao rito.

Back in Alegria, I wouldn't hesitate on venting to Juliet and Marjorie. Pero dito hindi ko talaga alam kung bakit kay hirap. Para bang ang hirap hirap na mag open up sa kanila. I feel like they won't understand.

All of them were born in this city. They're used to gadgets and parties. They're used to this complex way of living their lives. I was born in Alegria. I was used to running around fields. My favorite pastime is watching the sunset in Tereles Peak. Habang naririnig ko ang tunog ng naaapakang tuyong dahon ay naririnig naman nila ang mga bosina ng natatraffic na sasakyan.

It's different. And I feel like they won't understand.

"Yup..." suminghap ako at kinuha ang mga lutong lumpia.

Nilagay ko iyon sa isang malaking plato. Kinuha iyon ni Steven. Ayaw ko sanang ibigay sa kanya ngunit ngumiwi siya nang umamba akong tumanggi.

"And?" he asked.

"It was only brief. Alas nuebe nang dumating kami ni Joaquie sa Alegria. Ala una nang umalis kami. And we didn't talk much, Steven."

Nag-angat ako ng tingin sa kanya. How I'm able to look at him in the eyes while telling lies was beyond me. Siguro ay natutunan ko na rin ito along the way.

Nagtaas siya ng kilay. Ngumiti lamang ako at nagkibit ng balikat.

Kinuha ko ang natitrang lumpia sa kawali at nilapag iyon ni Steven sa dining table.

Naroon na ang chicken curry at ang rice.

"Uy ang mag-asawa tapos nang magluto!" ani Casey.

"Seventh wheel na naman ako!" iritadong bulyaw ni Kellie habang kinukuha ang isa pang piraso ng pizza.

Nagtawanan sila. Napangiti na rin ako.

"Pag-usapan na natin iyong trip. Dalawang araw lang iyon pero dapat sulit, 'di ba, Freya?"

Tumango na lang ako sa tanong ni Clarabelle.

Pagresign ko sa Deutsche ay uuwi ako ng Alegria. Tutulong ako sa pangangampanya ni Mama. Pero bago iyon, at dahil hindi pa campaign period, sasama ang grupo sa akin para makapasyal sa bayang sinilangan ko.

"May itinerary ka na ba, Frey?" tanong ni Steven sa akin.

Umupo ako sa gitna. Si Steven ay nasa gilid. Nagsiupuan na rin ang mga kaibigan ko.

They filled the vacant seats of our dining table.

"'Yong plano ko, gabi ng Friday tayo babyahe. Umaga ng Sabado pupunta tayo sa Alps at Tinago. Tapos sa hapon noon ay sa Tereles. Umaga ng Linggo ay sa Kampo Juan. May mapupuntahan pa tayong ancestral house at Church Ruins pero iyon ay kung kaya pa.

Dapat kasi ala una ng hapon sa Sunday ay pauwi na kayo..."

"Hindi ka na sasama rito pag-uwi?" tanong ni Steven sa nag-aalalang boses.

"'Di bale, Steve. Meet the parents naman sa Sabado, 'di ba?" Humalakhak si Kellie.

Ngumiti si Steven at mabilis na nakipag high five sa kay Dennis at Gino. Napainom ako ng tubig. Kitang kita ko ang mapanuring mga mata ni Clarabelle.

"Kailangan kong manatili para sa campaign period..." sabi ko.

"Kung naipakilala mo na ako sa mga magulang mo, I guess they won't mind if I come there from time to time to check on you..." halos pabulong na sinabi ni Steven.

Uminit ang pisngi ko. Lalo na nang naghiyawan sa kantyaw ang buong barkada.

"Finally! The guts, Steven!" tinapik ni Clarabelle si Steven sa balikat.

Tinulak tulak din siya nina Gino at Dennis. Umiling na lang ako at bumaling sa pagkain.

"Sige na! Kumain na nga tayo!" sabi ko.

Tinusok ni Kellie ang aking pisngi. Hinawi ko iyong daliri niya at natawa na lang ako. At least there's a light part in my life.

==========

Kabanata 36

Kabanata 36

OceanofPDF.com

Promise

"Men let their penis decide their fate. That's the problem..." ani Kellie habang padabog na nilalapag ang isang figurine sa nagkapatong patong na mga papel sa aking opisina.

She's my assistant. Mapo-promote na siya sa posisyon ko dahil aalis na ako pagkatapos ng linggong ito.

She's been preaching about men and their instincts the whole morning. Hindi ko alam kung saan ang hugot ni Kellie pero sa aming tatlo ay siya lang itong sobrang bitter sa mga lalaki in general.

"They want you but someone's more convenient so they go for the convenient while

you're still unreachable..." Tumango tango pa siya.

Sa kanya ako natuto kung paano maglagay ng winged eyeliner nang 'di nasisira. At sa grupo ay siya rin itong pinakakikay. Somehow, I remember Juliet with her fashion statement. She makes me miss Juliet less. Pero kapag usapang seryoso sa buhay na ay hindi naman maaasahan si Kellie.

Ang tanging alam ko lang ngayon ay si Leon ang tinutukoy niya sa mga sinasabi niya.

I told her a little about my past last time noong nasa bar kami kasama nina Clarabelle.

Umiling siya at kinulot ang dulo ng kanyang buhok.

"Bakit ba kasi nag valentine's theme ag bangko? Hindi pa naman Pebrero, a?" Umirap siya.

Tumawa lamang ako. Nakasanayan dito sa amin na magkaroon ng theme. Employees have better attendance when we have that. Naeexcite kasi silang pumasok.

"Kung hindi lang ito ang last week mo ay nag absent na ako!" aniya.

Kanina pa siya walang tigil sa pagsasalita. Umiinom lamang ako ng kape habang nakikinig sa kanya. Patapos na rin ang araw pero marami paring kailangang gawin.

"Sana ay nireto mo na lang ako kay Joaquin! Bubuhayin ko muna siya habang estudyante pa siya-"

Nasamid ako sa kape. Humagalpak na ako ng tawa. I can't believe she said that.

"Freya! I'm serious! Buti ka pa nga namomroblema sa love life, ako kahit gusto kong mamroblema ay wala akong love life!"

"Hindi ako namomroblema sa lovelife, 'no!" sabi ko.

Ngumiwi siya sa sinabi ko. Although it gets to me sometimes, I don't weep for it anymore. Iniiwasan kong mag-isip ng marami tungkol sa amin ni Leon. Alam ko kung saan hahantong ang lahat kung iisipin ko iyon. I'd space out again and I'll be unproductive.

I admit it. May mga oras na naiisip ko iyon pero iniiwas ko at inaabala ko ang sarili ko sa pagtatrabaho.

"Sige! Let's say you're done with the Governor's son. What about Steven?"

Kumunot ang noo ko. "Anong problema kay Steven?"

"That's it, right? Anong problema kay Steven at bakit hindi mo siya masagot? Come on! I bought your reason last time... Noong 'di mo sinasagot 'yong ex mo dahil bawal ka pa. Ngayon, may trabaho ka na, bawal ka parin ba? Bakit 'di mo masagot si Steve?"

Sumimsim si Kellie sa kanyang kape.

Ngayong tinatanong niya na ako niyan ay napagtanto kong hindi ko nga pala ito masyadong napag-isipan.

Steven is perfect. Ilang beses ko na ba iyang nasabi. He likes me. He said that while we were still in college and I told him that my priority is still my studies.

Pero bakit hindi ko parin magawang pumasok sa relasyon noon?

Maybe, I've been wounded. No... not wounded. I am a wreck. Dysfunctional. Broken.

With what happened to me years ago, I'm now scared to enter this part of my life.

"Walang sparks?" tanong ni Kellie sabay hanap sa aking mga mata.

Tumunog bigla ang aking cellphone. Nagkatinginan kami ni Kellie at nagkibit siya ng balikat. Bumaling siya sa mga tatrabahuin habang ako'y tumayo para masagot ang tawag.

"Steven..." salubong ko at lumabas ng opisina.

Ang mga heart na paint sa mga salamin ng opisina ay nakabalandra. Everyone's wearing red today. Kahit hindi pa naman Heart's day ay nag-uumpisa na para sa opisina.

"Are you done? I'm in a meeting..."

"Not yet. Mag oovertime siguro ako. Ayos lang. Uuwi lang ko after this. Nakakapagod kasi..." sabi ko.

Dala ni Joaquie ang pick up namin sa school niya. Nagtataxi ako pauwi. Malapit lang din naman kasi ang Condo namin dito. Minsan ay sinusundo ako ni Steven. At kung walang lakad si Kellie ay nakikisakay ako sa kanya at hinahatid niya ako sa towers.

"Okay. Just text me when you're home..." ani Steven.

"Okay..."

Bumalik na ako sa loob. Naabutan kong tinitingnan na ni Kellie ang mga papel sa aking lamesa.

"Tatapusin ba natin 'to ngayon?" tanong ni Kellie sabay pakita sa akin ng mga papel sa harap niya.

Tumango lamang ako. I need to work until I'm tired. Para pagkauwi ko sa bahay ay tulog na agad ako. I don't want to stare at my ceiling thinking about him. I don't want to think about the memories. About my decisions... Ayaw ko na. Sadyang wala nang paraan para maibalik pa noon?

And if you ask me if I'll do it again kung maibabalik ang panahon, then yes. That's still going to be my decision. Lalo na ngayong naging maayos ang kanyang Mommy.

Anong alam ko kung ano ang nagpagaan ng loob ng kanyang Mommy. What if it's not the medicines? What if it's seeing her sons and daughter happy beside her? We can't tell. And nothing is more important than saving a life. Even a stranger. And in my case, she's not... she's his mom. My beloved's mom.

Hinilot ko ang aking sentido. Alas otso na at hindi pa kami tapos ni Kellie!

Nagpadala na kami ng pagkain para hindi magutom.

"Ayaw ko na! I'm done! We can continue this tomorrow, Freya! Ayaw ko nang magpaka martyr dito!" ani Kellie sabay tayo.

Humilig ako sa aking swivel chair. Unfortunately my eyes are still so awake. I know for sure na pagkauwi ko ay gagambalain lang ako ng mga paulit-ulit na mga tanong.

Paikot ikot lang lahat ng naiisip ko.

"Tara na! Ihahatid na kita! Makikipagkita pa ako kina Lacey at Harriet..."

Tinutukoy niya ang ilan pang mga kaibigan niya noong college. Hindi ko masyadong close ang mga kaibigan niya pero dahil magkaklase kami noon ay kahit papaano'y nakakasabay din ako.

"Saan kayo pupunta?"

"Club lang. Magpapalipas oras tapos uuwi rin bago mag twelve. Cinderella, baby...

'Tsaka maaga pa tayo bukas..."

"Sama ako..."

Tumayo ako at kinuha ang aking coat. Kung magpapaiwan ako rito ay gagambalain lang din naman ako ng mga iniisip. Kung uuwi naman ay ganoon din. Wala akong ibang pinagkakaabalahan kaya ito na lang.

"Sure?" nagtaas siya ng kilay.

"Yes..."

"Then let's go!" Nag ngising aso si Kellie at bumaba na kami sa building.

Dumiretso kami sa kanyang sasakyan. Nilapag ko ang aking coat sa likod at nag-ayos muna kami doon sa loob bago niya ito pina andar.

Hindi na ako nangamba na baka matagalan kami sa pag-uwi. Tutal naman ay nasa BGC

lang din ang pupuntahan namin.

Maingay na club music ang sumalubong sa aking tainga. Hindi gaanong maraming tao kumpara sa mga weekends.

Pinasadahan ko ng tingin ang madilim na club. The Dj's on his usual spot. Tumingala ako para makita ang balcony ng bar. Maraming lalaki roon na umiinom at nagtatawanan.

"Dito tayo, Frey..." ani Kellie sabay lakad ng diretso sa lamesa kung nasaan ang mga kaibigan niya.

"Hi! Uy Freya!" ani Lacey.

Ngumiti ako at nakipag beso na sa dalawa. Hinagod ako ng tingin ni Lacey, hindi sanay na kasama ako ni Kellie sa mga ganitong lugar.

"Sinama ko. Bored yata sa opisina..." ani Kellie sabay kuha ng dalawang kopita galing sa waiter.

Unlike how Clarabelle and Casey drinks, Kellie's a hard drinker. Hindi cocktail ang tira niya kundi expensive and very alcoholic wines.

Tinanggap ko na lang ang binigay niya. That way, I'd sleep better. I won't be haunted by my thoughts.

"Mabuti pa, Freya. Sa firm na pinagtatrabahuan ko ka mag apply. Maganda roon at mas magiging kapakipakinabang ang expertise mo..." sabi ni Lacey sa akin habang tumatango.

"Pinag-iisipan ko rin iyan. Baka sa May pa ako makabalik ng trabaho."

"Sa May pa? Ang tagal naman!" ani Harriet.

"Uuwi siya ng probinsya para sa eleksyon..." ani Kellie sabay kibit ng balikat.

"Oh?" Nagkibit din ng balikat ang dalawang kaibigan niya.

"But I really think that you should try our firm!" giit ni Lacey.

Nag-usap kami tungkol sa trabaho. The night isn't that bad. Nakasabay naman ako sa pinag-uusapan kaya ayos lang. And Kellie didn't leave the table.

"Excuse me, Miss," sabi ng waiter sabay ngiti sa akin at kay Kellie.

Naka tatlong kopita na ako ng wine na iniinom ni Kellie. My head's spinning a bit but I'm not drunk. I can still think.

"Do you have additional orders? Ang next table po ang bahala sa bill n'yo ngayong gabi. Binayaran na po ang lahat. Dom Perignon is for free..." sabi niya sabay lapag sa aming lamesa ng iba pang kopita.

Iginala ko ang aking mga mata sa mga lamesa. Nagtatawanan na ang tatlo. Nahanap ko iyong apat na lalaki sa kabilang mesa. Ang isa sa kanila ay nagtaas ng kamay. Ang dalawa ay puro expats. Ang dalawa naman ay pinoy o 'di kaya'y half.

"What did I tell you about men and their instincts, Freya?" tanong ni Kellie.

Uminom siya sa kopita ng kanyang wine at tumayo. Napatuwid ako sa pagkakaupo dahil sa bigla niyang ginawa.

Hinawakan niya ang kamay ko at agad na hinila patungo sa dancefloor. Sumunod sa amin si Lacey at Harriet.

Sa paglalakad patungo sa dancefloor ay naramdaman ko ang pamamanhid ng aking mga tuhod. Damn the wine is hitting me hard!

Tumawa si Kellie at sumayaw na sa akin. Ngumisi ako at sinabayan na lang siya.

Nakapikit siya habang dinadama ang music. Ginawa ko rin ang ginagawa niya.

Ang sarap ng pakiramdam na ganito. Iyong tipong pansamantala mong kinalimutan lahat at pinakawalan ang sarili. I just one a moment like this. Iyong tipong hindi ko na kailangan mangamba pa para sa ibang bagay. Just me, the music, and dancing!

"Oh!" ani Kellie.

May naramdaman akong sumasayaw sa aking likod. And no, it's not accidental. Tingin ko'y sumasayaw talaga iyon para sumabay sa akin.

Dumilat ako at nakita na may ibang kasayaw na si Kellie. Iyon ang isa sa mga expat.

Nilingon ko ang lalaki sa aking likod at nakita kong isa naman iyon sa mga half.

"Hi, baby..." aniya sabay ngiti.

Natigil ako sa pagsasayaw. Napansin ko ang pagkahilo ko nang tumigil ako. Hindi na umaalon ang katawan ko ngunit ang paningin ay sobrang hilo.

"Hello..." I said without thinking.

Biglang may humawak sa aking braso. Nilingon ko kung sino iyon at nakita ko ang galit na ekspresyon ni Steven.

Without a word, hinila niya ako at si Kellie paalis ng dancefloor. It was so fast that even the men who danced with us couldn't catch up.

"What the fuck?" sigaw ni Kellie habang kinakaladkad kami ni Steven palabas ng dancefloor at ng bar!

Nadaanan namin ang lamesa namin.

"Wait up!" ani Kellie habang kinukuha ang kanyang bag at ang akin.

Hinagis niya ang akin at nakuha ko naman iyon. Sa sobrang bilis ay naiwan niya yata ang kanyang powder sa lamesa.

Tumigil lamang si Steven nang nasa parking lot na kami.

Hinawakan ni Kellie ang kanyang braso at nagmura ng paulit ulit. Kumalabog ang aking puso at hinarap ko si Steven.

"What are you doing there, Freya?" pagalit niyang angil.

"I-I... I was just..."

Hindi ko alam kung ano ang isasagot ko. Do I tell him the real reason? Of course not!

"And you, Kellie! Kung gusto mong mag bar, bakit mo sinasama pa si Freya!?" pagalit na singhal ni Steven.

He looked so pissed. Magulo ang kanyang buhok kahit na sobrang pormal pa ng kanyang neck tie at ang puting long sleeve polo.

"I want to go, Steven!" I need to somehow defend my friend. "Hindi kasalanan iyon ni Kellie. Ako mismo ang nagsabi sa kanyang sasama ako."

Bumaling siya sa akin. His angry eyes now directed at me. Unti-unti itong pumungay.

"Damn, Steven! Ayos na sana, e! Tss!" ani Kellie sabay kuha ng kanyang cellphone.

"Pick up, Harriet! Kabibili ko lang noong powder ko! Naiwan pa!"

"Why do you wanna go there, Freya?"

Humakbang palapit si Steven sa akin. Matapang ko siyang tiningnan. Alam kong wala akong tamang sagot sa tanong niya.

This is the first time he got so pissed. Hindi siya madalas na nagagalit pero ngayon ay kitang kita ko ang galit sa kanyang mga mata.

"Why do you wanna go there?" may diin na ulit niya.

"I just wanna be with Kellie, Steve... And.. have fun..." sabi ko.

"Have fun?" nanliit ang mga mata niya. "Your idea of fun is going to a bar?"

Mas mahinahon na ang kanyang tono ngayon. Ginulo niya ang kanyang buhok at nag-iwas ng tingin. Hindi ako nagsalita. I want to say sorry but I know there's nothing wrong with what I did.

"Freya..." bumaling siya sa akin.

Lumapit siya at hinawakan niya ang aking pisngi. Pumungay ang kanyang mga mata.

"You didn't even text me. I was so worried. And why would you go to a bar for fun?"

Suminghap ako.

"I hate seeing you with someone else..."

Ramdam na ramdam ko ang sakit sa sinabi niya. Kitang kita ko ang disappointment sa kanyang mga mata.

"I... I'm sorry..." sabi ko.

Tumikhim si Kellie sa likod. Narinig ko rin ang halakhak niya.

Tumango si Steven sa akin at bumaling siya kay Kellie.

"The next time, Kellie, if you want to go to a bar. Huwag mo nang isama si Freya!"

"Oo na, Steven! I'm sorry I ruined your princess..." ani Kellie.

Parang may kung anong humaplos sa aking puso sa sinabi ni Kellie.

Hinawakan ni Steven ang aking braso. Hinaplos niya ang parte kung saan niya ako hinawakan kanina.

"I'm sorry. I just really don't like seeing you in a bar without me, Frey..."

Nanatili ang mga mata ko kay Steven. Kumalabog ang puso ko. But it was very different from the beats I'm feeling the last time I fell. Kaba iyon. Pinakinggan kong mabuti. Pinakiramdaman. Maybe I'm just mistaken. Baguhan pa lang ako noon kaya paano ko malalaman?

Maybe I'm falling for Steven.

Maybe this is how it feels.

Maybe what I felt for Leon years ago was just puppy love. The real thing is this.

"Let's go. Ihahatid na kita..." ani Steven.

Tumango lamang ako at tumingin sa kanyang sasakyang tumunog.

"Iuuwi ko na siya, Kellie," ani Steven.

Nilingon ko si Kellie.

"I'm sorry, Kell," pagod kong sinabi.

Tipid na ngumiti si Kellie sa akin. "I'm sorry, too. Babalik lang ako para sa cellphone ko..."

Itinuro ni Kellie ang club. Tumango ako at pumasok na sa pinagbuksang pintuan ni Steven.

Umilaw ang sasakyan nang nasa loob na kami. Tumabi si Kellie sa daanan. Binaba ko ang salamin para makakaway sa kanya. Kumaway din siya sa akin at lumiko na ito para makaalis doon.

Tahimik kami ni Steven ilang segundo pagkatapos umandar. Sumulyap siya sa akin habang nagmamaneho.

"I'm sorry for my sudden burst of anger, Freya..."

"It's okay..." agap ko.

Sudden burst of anger. That was his angry side. He called it a sudden burst. I remember someone's sudden burst of anger. Fuck.

Tumikhim ako at hinilig ang ulo sa back rest ng upuan.

"Did you drink too much?" he asked.

"Hmm. Three or four lang..." sabi ko.

"That's too much for you, Freya. And what did you drink? Kellie's taste for wines?"

"Yup..." sabi ko.

Ramdam ko ang pagpasok ng sasakyan niya sa basement parking ng aming condo.

Nanatiling pikit ang aking mga mata habang pinaparada niya ang sasakyan.

Dumilat ako nang naramdamang maayos na. Medyo umaalon parin ang paningin ko at pagod na ang aking mga mata. At least my plan's a success. I won't be thinking about so many things tonight.

"Thanks for the ride, Steven. I'm sorry for being a bother..." sabi ko.

Tumango si Steven at hinarap ako.

"You'll never be a bother to me..." aniya.

I smiled. He smiled back. Bumaba ang tingin niya sa aking labi. Naramdaman kong

muli ang kalabog sa aking puso. It's not what I feel years ago... Kaba talaga iyon.

"I can't wait to see the place where you were born, Freya..." aniya sabay lapit sa akin.

Umatras ako ng bahagya dahil sa kaba. Dudugtungan ko sana ang sinabi niya ngunit siniil niya ako ng halik.

This isn't the first time we kissed alright. But this is the first time I realized that it was wrong.

I did not respond to his kiss. Ang resulta ay mabilis lamang iyon. It's just one peck. Umatras siya at hinawakan ang aking pisngi.

"Good night, Frey. Promise me you won't do this again..."

==========

Kabanata 37

Kabanata 37

OceanofPDF.com

Heart

"The interview was great, Freya," si Steven.

A week ago, nakapag interview ako sa pinagtatrabahuan ni Steven. Half of me wants to be there but half of me wants another challenge. Palihim akong nag send ng application sa tatlong malalaking law firms. Tinext pa ako ni Lacey tungkol sa pinagtatrabahuan niya dahilan kung bakit nakapagpasa rin ako roon.

"Steven, natatakot lang kasi ako na baka kailangan na agad nila ngayon. Hindi pa ako pwede dahil sa-"

"Eleksyon?" nagtaas siya ng kilay.

Binisita niya ako Thursday night. Kapag napapaaga siya sa trabaho ay madalas siya sa condo ko. Joaquin's in his bedroom studying. Nasa hapagkainan naman kami at katatapos lang kumain.

"I can ask them to hire you on April or May, Freya. Just make sure you'll be back by that time..." ani Steven.

"Nahihiya naman kasi akong paghintayin sila. I mean, they need someone to fill the position immediately. They can't wait for me..."

"How about February, Frey? I'll drive you to Alegria every weekends to help your mom. I can also help her if you want..."

Natigilan ako sa sinabi ni Steven. Though that's a great idea but I feel like I shouldn't let him do that.

"Steven..."

Bago ko pa madugtungan ay hinawakan niya na ang kamay ko.

"Bukas pagpunta natin sa Alegria, malalaman ko kung gaano iyon kalayo at kung ano ang kondisyon ng kalsada. Then let's see, okay?"

"Steven ayaw kong naaabala ka..." sabi ko.

Umiling siya at ngumiti. "Hindi ka nakakaabala. Ito ang gusto kong gawin."

"Kahit na, Steven. Nakakahiya naman sa Mommy at Daddy mo. Anong iisipin nila kapag tuwing Sabado ay wala ka sa inyo."

"My mom likes you, Freya. Believe me, if I open this up to her she'd be glad I'm helping out your mom."

Naipakilala na ako ni Steven sa kanyang pamilya. He's still living with his parents somewhere in Makati. Noon ay madalas kaming nag go-group study sa kanila kaya hindi na rin bago sa akin ang kanyang parents.

But then again something's telling me that it's a bad idea. Pati ang pagpasok ko sa kanyang pinagtatrabahuan ay tingin ko'y hindi magandang ideya.

The problem with people who only wants the best for you is... it's hard to say no to them. It's ridiculous to say no to them.

Hindi ko nagawang umo-o, hindi ko rin nagawang tumanggi. Pag-iisipan ko pa ang lahat ng ito.

"Miss Freya! Mamimiss ka po talaga namin!" sabi ng baguhang empleyado sa bangkong pinagtatrabahuan ko.

Niyakap niya ako sa gilid. Ngumiti lamang ako at hinaplos ang kanyang braso.

Sumunod na rin ang ilang seniors ko sa pagyakap. Tumawa lamang ako sa mga reaksyon nila.

Hiyang-hiya ako kina Clarabelle, Casey, Dennis, at Gino. Paano ba naman kasi ay nag leave sila sa araw na ito dahil mamaya na kami aalis patungong Alegria.

Nagsisi ako kung bakit ngayong araw ko iyon pinlano. Sana pala naghanap na lang ako ng long weekend para 'di na nila kailangang mag leave.

Lumipad ang cork ng wine na dala ni Kellie at agad niyang nilagyan ang mga kopita sa lamesa kung nasaan ang mga pagkain.

May sorpresang farewell party sa opisina kaya imbes na umalis na ako ay natagalan pa kami rito. Hindi naman pwedeng hayaan ko sila dahil lang sa may lakad ako.

"I'm gonna miss you, too..." sabi ko.

Binigyan ako ng wine glass ni Kellie. Tinanggap ko iyon. Ganoon din ang mga kasama ko.

"Feeling ko mag-aasawa ka na kaya ka aalis, e!"

Tumawa lamang ako sa mga haka-haka nila.

"Niyaya ka na ba ni Steven?" sabay tawa ng isang ka batchmate namin noon.

Umiling agad ako.

I don't know where they get their ideas about Steven and me. Pinagtama namin ang mga wineglass at sabay sabay kaming uminom lahat.

Now that I think about it, I've never had an official boyfriend. Leon wasn't my boyfriend. Steven isn't my boyfriend either. Pwede akong tawaging No Boyfriend Since Birth. I just don't know why people are so bothered being an NBSB while I don't see any problem with that.

May mali rin naman dito sa ginagawa ko. Walang commitment. Walang karapatan. Walang future.

I did not give Leon the commitment, rights, and future he wanted years ago. Kung tutuusin sa nangyari sa kanila ni Ayana ay wala akong karapatan. What right do I have to be jealous, right? I didn't promise him anything so I shouldn't expect him to promise me anything either.

"Huy! Tulala ka na naman diyan!" sabay siko ni Kellie sa akin.

Tumiling bigla ang mga kasama ko sa opisina. Sa gulat ay nilingon ko kaagad ang pintuan at nakita ko ang isang malaking bouquet of roses. Nakatabon iyong malaking bouquet sa mukha ng lalaking kilalang kilala ko.

Umiling na lang ako at sinalubong si Steven. Tinanggap ko ang roses at ilang click agad ng camera ang naramdaman kong nakatutok sa akin.

"Propose na 'yan!" may nanguna pa!

Nanlaki ang mga mata ko at agad na umiling iling. Nakakahiya kay Steven!

Nakakahiyang ganito ang ineexpect ng mga kaibigan ko sa pagpunta niya rito!

Tumawa lamang si Steven at niyakap ako.

"Soon!" aniya sa mga expectators.

Nanatili akong umiiling sa mga empleyadong panay ang tanong sa akin. They even thought he's done proposing! Mas lalo pang umigting ang mga haka-haka na talagang ikakasal ako kaya ako aalis.

"Thanks for coming... Paano mo nalaman?" tanong ko kay Steven nang naging abala na ang lahat sa pagkain.

"Sinabi sa akin ni Kellie," sagot niya.

Tumango ako. He's wearing his gray longsleeve polo. Nakatupi iyon hanggang siko.

Ang kanyang pulang necktie ay nakasabit.

"I did not expect this. Good thing hindi ako umabsent na lang sa last day... You didn't tell me about this yesterday!" sabi ko.

Humagalpak si Steven. His hair is slightly disheveled. It made him look like a GQ

model.

"Kaya nga surprise, 'di ba?"

Hindi ko na namalayan ang oras. Nagulat na lang ako nang may tumawag na kay Kellie at ibinigay niya na sa akin ang kanyang cellphone.

It was Clarabelle. Mukhang handa na sila sa pag-alis namin!

"Freya, hindi pa ba kayo tapos ni Kellie?" tanong niya.

"Matatapos na ngayon. Uuwi na kami. Nasaan kayo?"

"Nasa baba kami ng condo mo. Actually nag decide kami na isang sasakyan na lang ang dalhin pagkatapos ay iyong kay Steven. Ayos lang ba iyon? 'Tsaka galing kaming groceries para sa pagkain-"

"May pagkain sa bahay, Clara..."

"Nakakahiya naman sa Mama mo kung iaasa natin lahat doon. 'Tsaka for emergency purposes lang naman iyon. Mamimili pa raw si Casey ng two piece ngayon para sa pagligo sa mga falls. Ano pa kayang kailangan?"

Nataranta ako sa naramdamang excitement sa kanila. Iyon ang dahilan kung bakit mabilis ko ring tinapos ang party. Iuuwi pa ni Kellie ang kanyang sasakyan sa kanila at dadaanan pa siya nina Clarabelle roon.

Ang plano ay dalawang sasakyan ang dadalhin. Itong sa kay Steven at iyong kay Gino.

Hindi rin naman kasi kami kasya sa isang sasakyan lang.

Clarabelle said that it's okay kung kaming dalawa lang ni Steven sa kanyang Honda Civic at silang lahat doon sa Everest ni Gino. Sumang-ayon na lang ako. Besides I'm used to being with Steven in his car.

"I'm sorry. Biglaang may farewell party sa office kaya kami natagalan," bungad ko pagkapark ng sasakyan sa parking lot.

Sumama sila sa akin sa condo unit ko. Natataranta na ako sa pag do-double check ng gamit habang sila ay nagpapakitaan ng mga susuotin doon.

Pabalik balik ako sa sala pagkatapos sa aking kwarto para sa mga nakalimutang gamit. Besides I'll stay in Alegria.

Bigla akong ginapangan ng kaba habang nag-iimpake. This whole Alegria thing is suddenly freaking me out.

"Marami bang lalaki roon, Freya! Baka 'di 'yon malibang si Kellie, ha!" ani Casey.

Lumabas si Joaquin sa kanyang kwarto at nagulat sa mga kaibigan ko. Mukhang bagong gising ang kapatid ko.

"Hi Joaquie!" ani Clarabelle.

Tumango lamang siya at hindi na nagsalita. They are used to him. He's always like that. Hindi ko alam kung nahihiya o wala lang. Hindi naman kasi bakas sa mga mata niya ang pagkakahiya. He's always showing his stone cold expression.

"Ikaw na ang bahala rito, Joaquie..." sabi ko habang inaayos ang bag ko.

Sinubukan ni Steven na dalhin iyong bag ko.

"Nasaan ba ang maleta mo at bakit ito ang dala mo?"

"Naiuwi ko na noong Sunday sa Alegria. Nauna na roon..." sabi ko.

Tumango si Steven. Tumikhim si Joaquin dahilan kung bakit bumaling ako sa kanya.

Umiinom siya ng malamig na tubig habang pinagmamasdan ako.

"You won't back here until?" nagtaas ng kilay ang kapatid ko.

"I'm not sure, Joaquie. Baka 'til next weekend..." sabi ko.

Tumango si Joaquin at nilapag ang baso sa may lamesa.

Nagpaalam na kaming lahat sa aking kapatid. The group was very noisy because of their excitement. Paulit ulit kong sinasabi na walong oras mahigit ang byahe.

Alas sais na ngayon. Kung tama ang kwenta ko ay makakarating kami ng mga ala una o alas dos depende sa bilis ng patakbo.

That way we can still rest until around seven in the morning. Magpapasalit salit naman si Gino at Dennis sa pagdadrive para makapagpahinga ang isa sa kanila. Si Steven ang walang papalit kaya medyo nag-aalala ako.

He's wearing a white t shirt now. Kanina sa condo ay nagpalit siya ng damit. Ang mga gamit namin ay nasa likod lang.

"Are you sure we'll do this, Steve? Pwede kitang palitan pag 'di mo na kaya ang antok..." sabi ko.

"Are you insulting me, Freya? Kaya ko ito. And I won't get sleepy. You won't sleep on me, right?"

Tumawa siya. Umirap naman ako.

"So that's your plan? Kaya ka confident kasi plano mo akong gawing clown dito para di ka antukin?" sabi ko sa pang-aasar niya.

"Just kidding. You can sleep if you don't have a heart."

Humagalpak na lang ako. Ibang klase rin ang diskarte nito.

But the etiquette for long drives says that if you're sitting on the front seat it's mean to sleep.

Kahit na hindi sabihin ni Steven iyon ay talagang iyon ang gagawin ko.

Pinick-up ng kabilang grupo si Kellie sa baba ng kanyang condo. Bumosina si Steven at nauna na sa Everest. Kami ang dapat na mauna dahil ako ang nakakaalam ng daan.

Inayos ko na lang ang playlist sa sasakyan ni Steven habang nagdarive siya. This is gonna be a long drive. I can't remember the last time I've been wide awake the whole travel time. Ang huling naaalala ko lang ay iyong pag-alis ko sa Alegria para mag enrol sa Maynila.

I remember how I cried while I was in our car.

I cried because I'm gonna miss Juliet and Marjorie. I cried because I'm gonna miss my hometown, its memories, and the feelings. I cried because I failed. Paulit ulit kong inisip noon kung bakit ako bumagsak na lang ng ganoon. Somehow I figured out why but I didn't want to admit it.

Pagkatapos ng nangyari sa amin ni Leon ay 'tsaka ko palang inungkat ang mga rason.

I fell slow but hard... I fell deep. I did not think about my principles. It wasn't him who broke my heart. I broke my own. Isa lamang siyang temtasyon. Ako iyong nagdesisyon na kumagat. Ako ang nagpadala at nagpatianod.

And then I cried more because even when my heart's in pieces, I'm still defending him. That even though he failed his words, I still didn't blame him for anything.

Ang sarili ko lang ang sinisisi ko.

It was all my fault. The falling, the feelings, the broken heart. It's not his fault. Kasalanan ko iyon dahil naging tanga ako!

"You think your parents will like me?"

After a long silence, Steven asked me that question. Tumuwid ako sa pagkakaupo at bumaling sa kanya.

"Of course. My parents are easy to please. They like my friends, Steven..." sabi

ko.

"Kinakabahan ako," aniya.

Ngumiti ako. It's amazing to see him this nervous. Hindi ko maalala ang huling beses na nakita ko siyang kabado.

"Bakit naman?"

"It's your parents, Freya... I... uh... actually have something for your mom. It's inside my bag. And for your dad, too..."

Tumawa siya.

"Ha? Anong hinanda mo? Regalo?"

Hindi ko na siya hinintay na magsalita. Inabot ko na ang bag niya at kinapa ang loob. Hindi ako nahirapang maghanap dahil naka box ang dalawang regalo. May ribbon pa!

"What's this?" tanong ko.

Nanlaki ang mga mata ko nang nasagot din agad ang tanong dahil sa nakaukit na pangalan sa labas ng dalawang box.

"Philip Stein? Oh my God, Steven! Bakit ganito ang regalo mo kay Mama at Papa?"

Tumawa lamang siya.

"Don't be shocked. I want a good first impression, Freya!" aniya.

"Pero..."

Nanatili ang mga mata ko sa nakaukit na pangalan. I can't believe it. Dalawa pa talaga!

"This will intimidate them! I mean my Mama and Papa, they're not used to these expensive things. We're living a simple life, Steven. Kahit na tatakbong vice mayor si Mama ay hindi naman kami tulad ng mga politiko sa Maynila-"

"Shhh... It's not that, Freya. I just really want your parents to know that this is serious..."

Natahimik ako sa sinabi ni Steven. Ang hirap lumunok. Ang hirap mag-isip ng diretso.

Binalik ko ang mga box sa kanyang bag.

Nanlamig ako. Nakatingin parin ako kay Steven. Sumulyap siya sa akin at ngumiti siya. Hinawkan niyang bigla ang aking kamay habang nag dadrive.

I remember that damn move!

Suminghap ako.

"Get used to it, Frey... Why are you always shocked when I say that?"

Tumawa siya. Hindi ko ginalaw ang kamay ko. Humilig lamang ako sa aking upuan.

Kailangan kong magsalita. I don't want him to feel awkward while driving.

"Thanks for the gifts, Steven. I just think it's really too much..." sabi ko sabay tingin sa labas.

Binitiwan niya ang kamay ko at nilagay niya na iyon sa manibela para sa isang liko.

"Nothing is too much for you, Freya. You deserve everything. Even more..." aniya.

Those sweet words. I feel like I don't deserve them. Imbes na ipirmi ko ang kamay ko sa gilid ay inabala ko na lang iyon sa pag aayos ulit ng playlist sa harap.

"Sina Gino ba iyang nasa likod?" tanong ko para maiwala ang usapan.

Kita ko ang pagsulyap ni Steven sa likod. Tumango siya at sumulyap sa akin.

"Yup. Take out your phone. Baka biglang mag text kapag magpapalit sila ni Dennis."

Sinunod ko ang sinabi niya. I decided the next topics. Iniwas ko sa masyadong seryosong mga usapan. Mas gugustuhin kong pag-usapan ang walang katuturang bagay kesa sa mga seryoso at malalim.

Pagod na pagod na ang mga mata ko nang lumalim ang gabi. Inabala ko ang sarili ko sa pagkain ng chichirya para lang hindi antukin. Nainom ko na rin ang isang bote ng kape.

Nagtatawanan na kami ni Steven habang pinapanood ko ang isang romantic comedy na

movie habang siya ay nagdadrive. Nakikinig lang siya sa mga dialogues ng mga bida.

It's an old movie about two young men trying to win the heart of the same girl.

It's an old movie. CIA agents ang dalawang lalaking bida. Hindi ko pa ito napapanood dahilan kung bakit nasa iPad iyon ni Steven. He downloaded the movies I haven't watched. Isa ito sa mga iyon.

Kung ako ang babae sino ang pipiliin ko? Iyon ang tinanong ko sa aking sarili.

Ang dalawang lalaki sa movie ay ibang iba sa lalaking naiisip ko. Napawi ang ngiti ko nang nasa kalagitnaan na ng movie.

No matter how hard people try to choose who to fall in love, they just can't.

Like how I told myself to fall in love with the ideals... but in the end I fell for all his flaws. The sorrow, the pain, the beautiful crooked edges, the impulse, the anger...

Tumulo ang luha ko. Nahabag sa isang movieng dapat ay komedya.

Binigyan ako ni Steven ng tissue. Tinanggap ko iyon. This is rude. Why I'm here inside the car of another man thinking about him!

Fuck it!

Pagkatapos ng movie ay agad kong sinimulan ang isa pa sa pagbabakasakali na makalimutan ko ang nauna. Animated film ang napili kong tingnan ngunit hindi na mapasok sa utak ko iyong plot.

"Siya ba iyong tinutukoy?" tanong ni Steven nang siguro'y 'di niya rin masyadong naintindihan.

"Parang... I'm not sure..." sabi ko. "I mean... I think so..."

Sumulyap siya sa akin. Nanatili ang mga mata ko sa screen. Wala akong maisagot sa tanong niya kahit ako ang nanonood.

This is how Leon got to my system. Slowly, surely, and deeply. He'd attack my weaknesses. And it's unfortunate that it always work!

Nilingon ko si Steven.

Kapag ba sinagot ko si Steven ay mawawala ang atensyon ko kay Leon? Hindi ko pa alam kung ano ang pakiramdam ng may commitment, ng may karapatan... kapag ba ginawa ko ito ay magiging maayos ako?

Huminga ako ng malalim.

"What is it, Freya?" tanong ni Steven habang nagdadrive.

Kumalabog ang puso ko. It hurt so bad. Habang malakas ang pintig nito ay sobrang sakit naman.

It's an involuntary muscle, I realized. Hindi ako sinusunod ng puso ko. It's not my slave. In fact, it doesn't recognize me as its owner. Someone else owns it. I wish I could rip it out in me and change it. Useless and dysfunctional heart.

==========

Kabanata 38

OceanofPDF.com

Roman

"Steven, I am not ready for a relationship..." walang preno kong nasabi iyon.

Hindi nagsalita si Steven habang nagdadrive. Nilingon ko siya. I want a reaction from him. I want him to tell me that it's okay. That he just wants us to be friends but it didn't came.

Isang oras ang lumipas at wala siyang nasabi. Sa sobrang tahimik ay hindi ko na namalayan na nakatulog na lang ako.

Malamig na madaling araw kaming nakarating. Tulog ang mga kapitbahay at tanging ang bahay lang namin iyong maingay.

"Magandang umaga po..."

Naghagikhikan ang mga kaibigan ko nang binati nila si Mama at Papa. Maybe because they don't know what to say, really. It's two in the morning!

"Magandang umaga!" ngumiti si Mama at iginiya ang lahat papasok sa bahay.

"Pasensya na po sa abala, ma'am. Ganitong oras pa kami nakarating."

"Hija, walang problema iyon. Pumasok na kayo at nang makapagpahinga. Maaga pa kayo bukas para mamasyal, 'di ba?"

May hinandang maiinit na kape at tsokolate si Mama sa kusina. Pinadiretso niya kami roon. Si Papa ay nandoon na.

Nagmano ako habang nauupo naman ang mga kaibigan ko sa dining table namin.

"Ma, these are my friends. Ito si Clarabelle, boyfriend niya si Dennis. Tapos si Casey naman, boyfriend niya si Gino. This is Kellie and the Steven..."

Kumaway at ngumiti silang lahat sa aking Mama at Papa. Nasa gilid ko na si Steven at ramdam ko ang tensyon sa aming dalawa. Bahagya akong lumapit kay Mama.

"Si Mama at Papa ko..." sabi ko sa mga kaibigan ko.

"Go Steve!" panunukso ni Gino sa likod ni Casey.

Nagtawanan silang lahat. Nilingon ko si Mama. Nanatili ang mga mata ni Mama sa akin. Pakiramdam ko ay may pinapahiwatig siya.

"Ma'am, may regalo nga po pala kami sa inyo..." ani Steven.

"Kami?" tanong ni Clarabelle sabay tingin kay Dennis.

"Siya lang po, Tita..." hagikhik ni Kellie.

"Steven, please..." pigil ko ngunit huli na ang lahat.

Binigay niya kay Mama ang dalawang box para sa kanila ni Papa.

"Ano to?"

Hindi pa nasasagot ang tanong ni Mama ay nanlaki na ang mga mata niya. Binuksan niya ang box.

"Naku hijo! Nag-abala pa kayo..." ani Mama.

Ngumiti si Mama at tiningnan ang isa pang box. Nilingon ko ang aking mga kaibigan.

Sinenyasan ako ni Clarabelle na wala siyang alam sa sinabi ni Steven. I understand.

They didn't know. That wasn't Steven's plan. Maybe it changed because of what I told him.

"Maraming salamat!" tumango si Mama kay Casey.

"Walang anuman, ma'am..." ani Casey at nagpakawala ng isang awkward na ngiti.

"Pagpapasalamat iyan, ma'am, para sa pagtanggap n'yo sa amin dito..." ani Steven.

"Tita na lang, Steven. At hindi niyo na dapat ito ginawa. Ang mga kaibigan ni Freya ay palaging welcome dito sa bahay ko. Ako nga ang dapat na magpasalamat sa inyo dahil nakilala niya kayo gayong wala siya gaanong kilala sa Maynila..."

Tahimik lamang ako habang nag-uusap sila tungkol sa byahe at tungkol sa pagdating.

Dad suggested we visit the new places here. May plantation daw ng mga bulaklak sa isang lumang villa. Hindi lang pala iyong sa mga Dela Merced ang mayroon.

Iginiya ni Papa ang mga lalaki sa kwarto ni Joaquin. Nakahanda na roon ang extra matress para tutulugan nilang tatlo. Ang mga girls naman ay sa kwarto ko. Naroon na rin ang mga matress.

"Ang conservative ng Mama mo, 'no?" ani Clarabelle sabay ngiti.

Nahihiya pa ako dahil sa sahig lamang si Clara nahiga kasama ko. Si Casey at Kellie ay nasa aking kama. Hindi kasi kami magkakasya at wala kaming extra bed.

"Sa amin ayos lang na isang kwarto ang dalawang babae at lalaki, lalo na siyempre kapag boyfriend at girlfriend..." ani Clarabelle.

Tumango ako nang narealize ang sinabi ng kaibigan ko. My Mama and Papa are both conservative. Iyan nga ang dahilan kung bakit pinagbabawalan akong makipagrelasyon kahit kanino. Kahit kay Leon na kilala na nila noon.

"Most parents, Clarabelle... Hindi pa ganoon ka liberated dito sa Pilipinas," ani Casey.

"Anyway, Freya, grabe si Steven! May hinanda pala talaga siyang regalo para sa Mama at Papa mo..."

"Oo nga, e..." sabi ko na lang habang iniisip pa rin iyong na sabi ko kay Steven sa sasakyan.

Hindi kalaunan ay nakatulog din kami. Sa pagod sa byahe ay hindi nahirap bumitiw sa usapan. Iyon nga lang ay konti lang ang magagawa naming tulog dahil kailangang maaga kami ngayon.

Nagising ako sa tunog ng aking alarm. Gising na si Kellie at nags-scroll na sa kanyang cellphone nang bumangon ako. Sa tabi ko si Clarabelle ay tulog na tulog pa.

Alas sais y media iyon.

"Kellie, gisingin mo na sila after five minutes, ha? Sa Tinago at Alps tayo ngayon.

Titingnan ko lang ang agahan..."

Tumango si Kellie sa akin.

Lumabas ako ng kwarto. Sa kwarto ni Joaquin ay naririnig ko ang boses ni Steven at Gino na nag-uusap. Hindi ko na sila kailangang gisingin dahil mukhang gising na sila.

Pababa ako sa hagdanan ay naririnig ko ang isang pamilyar na boses.

"Iniwan mo ang baby mo, kung ganoon?" tanong ni Mama.

"May gatas naman sa bahay. Nagstock po ako. Akala ko kasi, Tita, e, mag-isa siya.

Aalis na lang ako... Bored talaga ako sa bahay..." si Juliet.

"Juliet?" tawag ko at nagmadali sa pagbaba.

"Oh! Agang nagising, ah?"

Ngumiti ang aking bestfriend. Kinulayan niya ng brown ang buhok niyang halos tulad sa akin ang istilo. Mas lalo siyang gumanda sa kulay ng buhok niya!

Niyakap ko siya. Nasa kusina siya kausap si Mama habang naghahanda ito ng agahan namin.

"Asan si Baby Jarrick?" tanong ko.

"Ayon sa bahay. Tulog pa. Pagkaalis ko ay kakatulog lang noon. Gigising iyon mamayang mga alas nuebe para kumain. Umalis muna ako sa bahay kasi nabanggit ni Tita kahapon na uuwi ka na ngayon... Pasyal lang..." nagkibit siya ng balikat.

Bigla akong kinabahan. Nilingon ko muli ang sala. Baka mamaya ay may nakaligtaan akong tingnan doon pero wala naman.

"Isama mo na lang iyang si Juliet sa Tinago at Alps, Freya!" ani Mama nilalapag ang mga scrambled eggs sa lamesa.

"Naku! Huwag na! Nakakahiya naman at kasama mo pala ang mga Manilena mong mga kaibigan!"

Tumawa ako. "Baliw 'to! Syempre gusto kitang isama pero paano si Baby mo?"

"Iwan mo muna iyon, Juliet. At naroon naman sina Daniel. May katulong ka pa sa pagbabantay... Take a break from it," ani Mama.

Tumawa lamang ang aking kaibigan. "Okay lang sana, Tita, ngunit ayaw kong makaabala. Nakakahiya sa mga kaibigan ni Freya."

"Ano ka ba! Huwag ka nang mahiya! I've missed you. Last time na umuwi ako ay saglit lang tayong nakapag-usap. And the last time I've been with you long, you were on labor!"

Nagtawanan kaming dalawa. Hindi ko maideny na miss ko nga ang aking kaibigan. And she's alone kaya bakit naman hindi ko siya isasama?

"Maiinggit lang ako. Wala akong dalang damit. Kung pupunta ng Tinago at Alps ay hindi ko palalampasin iyon. Maliligo ako."

"Edi ipapahiram kita. I have spare swimsuits and shirts, Juliet. That's not an alibi!" sabi ko.

Humalukipkip siya at makahulugan akong tiningnan. My decision is final. I want her to join us. Besides sa sasakyan ni Steven ay kaming dalawa lang naman. Pwede pa si Juliet sa likod.

"Si Jarrick?" tanong ko nang napagtantong hindi niya nga pala kasama ang mapapangasawa.

"Tumulong may Leon sa farm nila sa San Gabriel. Nagharvest yata ng mga niyog, e..."

Nag-iwas ako ng tingin. The mention of his name made me uneasy.

"Kaninang madaling araw pa tumulak ang mga iyon. Pabalik na iyon dito, panigurado.

Mas maganda kasi ang bilihan ng niyog dito sa Alegria kumpara sa San Gabriel..."

"Oo nga. Si Leon na ba ang pinapahawak ng mga lupa? Hindi ba humahawak si Nicholas o Kaius at ang kuya Jairus mo?"

Kumuha na lang ako ng tasa at naglagay ng kape habang nakikinig sa usapan. Inside my head were awkward crickets singing their monotone.

"Si Kai kaso hindi niya talaga hilig ito. Nasa Maynila siya ulit ngayon. He'll go abroad for a project. Si Nicholas naman ay tulad ni Kuya Jairus. Sa pabrika sila nagtatrabaho. Saktong magaling si Nicholas sa pera at si Kuya Jairus naman sa pamamalakad. Leon does the dirty work here. And the land Tito Third acquired years ago in San Gabriel, si Leon na rin ang nangangalaga..."

Tinikman ko ang kape at masyado iyong mainit. Nilingon ko si Juliet na pinapanood ang reaksyon ko.

"And I thought Governor said Leon's going to head a new project?"

Tumango si Juliet. "Actually, yes. Leon said they'll try to export their products, e. Tutulungan sila ni Tita Astrid."

Sumimsim ako sa kape. Nilingon ako ni Mama at nag-iwas na lang ako ng tingin.

Binaba ko ang kape.

"Ano, Juliet. Sumama ka ha? Tatawagin ko lang ang mga kaibigan ko..." sabi ko.

Inakyat ko muli sila. Mabuti na lang at handa na rin sila pagkaakyat ko. Ang mga boys ay kinatok ko. Si Steven ang bumukas ng pintuan.

"Good morning! Kakain na..." sabi ko.

"Good morning..." sagot niya at nag-iwas ng tingin.

"Tara na! Gino! Dennis!" sigaw ni Kellie sa likod ko.

"Oo!" sagot nila.

Sabay sabay na kaming bumaba. Si Juliet ay nakaupo na sa gitnang upuan may hawak na tsokolate. May narinig akong nagulat na lalaki sa likod. Hindi ko nga lang alam kung sino.

Well, Juliet's beauty is just amazing. Lalo na ngayong nanganak na siya. Dati'y payat na payat siya ngayon ay mas nagkaroon ng hubog ang katawan. Nakataas ang kilay ni Juliet habang pinagmamasdan ang mga kaibigan ko.

"This is Juliet, my best friend. Juliet, si Clarabelle, Dennis, Casey, Gino, Kellie, at Steven... mga kaibigan ko sa Maynila."

"Hi! I hope it's okay if I join you here?" ani Juliet.

"Sure! Sure!" I can sense that Clarabelle's slightly intimidated by her confidence.

Tumawa na lang ako at pinaupo na ang mga kaibigan ko. Umupo ako sa tabi ni Juliet.

Si Steven ay nasa harap ko naman.

Kumain na kami ng agahan. I told my friends that I'm going to bring Juliet with us.

Ayaw na sanang sumama ni Juliet ngunit pinilit ko.

"Hanggang Alps lang ako, ha? Magpapasundo ako roon..." sabi niya.

Tumango ako. Hindi bale na't basta ay makakasama siya.

Isang oras ang itinagal ng paghahanda ng lahat. Naligo ako. Ang mga kaibigan ko'y hindi na dahil sa Tinago at Alps na raw sila maliligo. They are very determined to enjoy every hour of this getaway.

"Kumpleto na ba ang lahat?" tanong ko sa mga kaibigan ko.

"Ang mabuti pa, Freya ay sa bayan na lang kayo bumili ng softdrinks..." Mama suggested.

May pagkain na kami. Mag gi-grill daw ng pork belly ang mga boys sa Alps mamayang tanghali. May mga chichirya na rin kami. May softdrinks pero konti lang pala ang dala. Nainom namin kaninang umaga ang ilan kaya kailangan naming bumili.

"Kailangan din natin ng uling at gas..." sabi ni Gino.

Tumango ako. Indeed we still need to go to the market for the things we need.

Sumakay si Juliet sa likod ng sasakyan ni Steven.

"Am I going to be alone here? What about your friend Kellie, Freya?" tanong niya nang napansin na doon sa kabila sumakay ang lahat.

"Ikaw lang. Ayos lang 'yan..." sabi ko.

Nagtaas siya ng kilay sa akin. Bumuntong-hininga ako at nilingon si Steven.

"Just go straight. Sa may simbahan tayo malapit mamili para hindi na kailangang pumunta sa palengke.

"Oo nga. May malaking tindahan naman doon just beside Alegre..." dagdag ni Juliet.

"Dinalhan mo ako ng two piece? Nag to-two piece ka na pala ngayon?"

Bumaling ulit ako sa aking kaibigan.

"Of course, Juliet. I'm legal now. I can wear anything..."

Ngumisi siya.

Itinuro ko kay Steven kung saan dadaan. Nakasunod lang sina Dennis sa aming likod.

Pinarada namin ang sasakyan sa likod ng iilang truck.

"Oh?" ani Juliet sabay labas ng sasakyan.

Lumabas na rin ako. Sa kabilang sasakyan ay lumabas na rin ang mga kaibigan ko.

Agad nilang nahanap ang tinutukoy kong tindahan. Pinuntahan nila iyon. It's just across the street.

Hinintay ko si Steven na makalabas. Medyo mabagal ang kilos niya. Nasa tindahan na ang mga kaibigan ko.

Pinatunog ni Steven ang kanyang sasakyan.

"Tara na..." malamig niyang sinabi.

Tumango ako at naglakad kasabay niya patungo kina Clarabelle. Winagayway ni Clarabelle sa akin ang uling na nakita. Tumango ako.

Si Dennis ang kumuha sa mga kakailanganin. Pati ang nagdesisyon kung ilan lahat ang kukunin. Nanatili kami sa labas ng tindahan.

Kapansinpansin na sa tapat ng kalye ay may tatlong malalaking truck. At sa unahan nito ay isang pamilyar na sasakyan at may pamilyar na likod ng lalaki.

Nakita ko si Juliet na may kausap na trabahador. Kumalabog ang puso ko.

"Hanep! Shit! Ang hot naman ng likod niyan!" sabi ni Kellie sabay turo.

Agad kong binaba ang kanyang kamay. Si Jarrick ay nasa likod ng Ram ni Leon. Nag-uusap sila ni Leon. Si Leon ay nakahawak sa bed ng truck. His biceps were looking incredibly firmer than I remembered. Nakaitim siyang t shirt at dark blue maong pants. He's wearing a brown Caterpillar boots.

Nagkamot ng ulo si Jarrick at ipinasa kay Leon ang isang sako na mukhang mabigat.

Tumuwid sa pagkakatayo si Leon at tinanggap niya iyong sako.

Pagkatanggap niya noon ay ibinigay niya sa isang trabahante.

He then clicked his head. Pagkatapos ng kilos na iyon ay naghubad siya bigla ng tshirt at sinampay sa bed ng Ram.

"Fuck! Sino 'yan, Freya! Sino 'yan!?" ani Kellie.

"Shit ang gwapo!" ani Casey.

Napalunok ako. Ang ingay na ng mga kasama ko.

Nilagay muli ni Leon ang kanyang dalawang kamay sa bed ng Ram. Naghihintay sa ibibigay muli ni Jarrick. The tattoos on his right arm were dark. Hindi ko makuha kung anong mayroon doon.

"Saan diyan?" tanong ni Clarabelle.

Tinuro ni Kellie dahilan kung bakit binaba ko muli ang kanyang kamay.

"Freya naman!"

May sakong binigay si Jarrick kay Leon. Tumuwid muli si Leon sa pagkakatayo at tinanggap iyong sako.

"Shit!"

Binigay ni Leon ang sako sa isa muling trabahante at bumalik siya sa likod ng pick up. Nilagay niyang muli ang kanyang dalawang kamay sa bed. He clicked his neck once more.

Nagtilian na si Kellie at Casey sa pinapanood! And fuck he turned his head to us.

Mas lalong nagtilian ang dalawa. Pakiramdam ko ay binatukan silang dalawa ni Clarabelle sa likod.

Napaawang ang bibig ni Leon. Inayos ko ang malaking fedora sa aking ulo at nag-iwas ng tingin.

"Freya!" sigaw ni Juliet sa tapat ng kalye.

Nilingon ko muli ang tapat. Nakatingin parin si Leon sa akin. Parang may sumusundot sa aking puso pero iniwas ko ang tingin ko sa kanya.

"Nandito pala sina Jarrick at Leon! Nagdidiskarga!" sabi ng kaibigan ko.

I can see that.

"Leon, Freya?" tanong ni Clarabelle.

Bumaling ako kay Clarabelle. Saktong kakatapos lang mamili ng boys kaya lumabas na sila sa tindahan. Tumango ako kay Clarabelle.

"Hala... Alin diyan?" tanong ni Kellie.

"Anong pinag-uusapan n'yo?" tanong ni Gino.

Sa tapat ng kalye ay kumakaway na si Juliet sa akin. She wants me to cross the street and meet them there.

"Saglit lang 'to..." sabi ko.

Luminga-linga ako para matingnan kung may sasakyan bang dadaan. When the street's clear para akong lumulutang sa bawat paghakbang.

Nakatingin silang tatlo sa akin. Tumalon si Jarrick galing sa bed ng pick up at hinalikan ang ulo ni Juliet.

Nilipad ng ihip ng hangin ang aking fedora.

Shit! At ngayon pa talaga ito mangyayari gayong nanonood si Leon sa harap ko!

Dahan-dahan akong yumuko para kunin ang sumbrero ngunit umihip ulit at mas malayo ang inabot nito.

Sobrang lakas ng mura sa aking utak habang tinitingnan ko ang sombrerong palayo!

Pinulot ito ni Leon gamit ang kanyang right hand. Naisuot niya na rin ang kanyang t-shirt.

Humakbang siya ng isang beses at nilahad niya sa akin ang fedora.

His tattoos were geometric figures. Dark triangles, arrows, half circles... May

nakasulat ding letra doon. Hindi ko agad natanggap ang sombrero dahil sa paninitig ko sa kanyang tattoos.

XII II MMX-

Mas lalo niyang nilahad ang sombrero dahilan kung bakit kinuha ko na lang ito.

Hindi ko nakuha ng buo ang roman numeral na nakasulat.

"Salamat," sabi ko at nag-iwas ng tingin.

Tinalikuran niya ako at may inayos siyang ilang sako sa likod ng Ram.

Napalunok ako at nilingon sina Juliet at Jarrick.

"Sasama muna ako, ha? Sunduin n'yo ako mamaya roon!" sabi ni Juliet.

Tumango si Jarrick sa kanya. Nagngising aso si Juliet at tumingin sa akin.

"Freya!" sigaw ng mga kaibigan ko sa likod.

Sumunod pala sila sa akin! Tumikhim ako lalo na nang tumabi si Kellie sa akin at si Steven y nasa likod ko.

"Pakilala mo naman ako... Or... is that?" ani Kellie.

"Uh... This is Jarrick, Juliet's soon to be husband..."

Tumango si Jarrick. He smiled. His dimple showing... Tumikhim si Kellie sa aking likod.

"And, uh... that's Leon, Juliet's cousin..." sabi ko sabay turo kay Leon na nasa likod.

==========

Kabanata 39

Kabanata 39

Special Place

Paalis na kami roon. Nanatili ang mga mata ko sa likod ni Leon. Ni hindi niya nilingon para tingnan ang pag-alis ng mga sasakyan namin.

"Maaga pala silang natapos sa San Gabriel kaya nakauwi na sila agad dito..." ani Juliet.

Tahimik kasi kami sa loob ng sasakyan. Si Steven ay nagdadrive lamang at nakatoon ang atensyon sa kalsada.

"Ganoon ba..." sabi ko ng wala sa sarili.

"Yup. Magpapasundo na lang ako mamaya. Akala ko matatagalan pa sila. Mabuti naman at nandito na sila..." ani Juliet.

Marami pa siyang sinabi tungkol sa harvest. Wala akong masabi kundi "Talaga?" at

"Mabuti naman..."

I am still kind of thinking about what happened. Hindi na muli kami hinarap ni Leon. Nagyaya na ang mga boys na umalis na para makarating na kami ng Tinago kaya tumulak na kami.

Steven's quiet the whole drive. Awkward nga, e. Ayaw ko sanang magkaganito. He doesn't deserve this one. Wala siyang ginawa kundi ang maging mabait sa akin. And I already told him how I feel about what's in between us so I think if I treat him better right now, he'll know that it's just because we're friends.

"Maliligo ka sa Tinago?" tanong ko kay Steven.

Sumulyap siya sa akin. Para bang nagulat na kinausap ko siya. I think it's just rude to stay silent. Though I am not ready to be in a relationship, I can give him friendship.

"Yeah... Bakit? Ikaw?"

Umiling ako. "Sa Alps na ako maliligo. Hindi ko maeenjoy ang Tinago dahil hindi ako marunong lumangoy..."

"Sus, Freya. You're friends know how to swim, for sure. And I know how to swim so why are you worried?" si Juliet.

"She's right. That's okay..."

Nagkibit ako ng balikat. I'm glad I opened the topic. At least na bawasan ang awkwardness sa gitna namin ni Steven. Now that he finally talked to me, I'm relieved.

Tinuro ko kay Steven ang daan patungo sa Tinago. Nang lumiko sa lubak-lubak na kalsada papasok ay humina ang takbo ng sasakyan. Sa likod ay naroon na rin sina Gino. They weren't far behind.

"Dito na lang..." sabi ko sabay turo sa puno ng acacia.

Pinarada niya sa tabi ng puno ang sasakyan. Bumaba na kami ni Juliet. Kinuha ko ang bag ko kung nasaan ang mga damit. Although I'm not going to swim, I know Juliet would like to take a dip.

Hinawakan agad ni Juliet ang aking kamay at nagselfie pa. I smiled.

"Let's send this to Marj..."

Tumawa si Juliet. Nilingon ko ang mga kaibigan ko sa likod. Tumitili na si Casey dahil naririnig niya na raw ang bagsak ng talon at ang agos ng tubig.

Naglakad na kami patungo sa gazebo. Naaaninag na namin sa bawat hakbang ang kristal at malinaw na tubig ng Tinago.

"Wow!" ani Clarabelle sabay kuha ng picture.

The beauty of Tinago didn't fail me. Ang bawat talon ay mayaman sa tubig na rumaragasa mula sa kabundukan.

"Is this the only falls here in Alegria?" tanong ni Gino sabay tingin sa kristal na tubig.

"Nope. But this is the most accessible. Maraming falls dito kasi hindi sa highway ang pasukan. The government officials will still need to develop better roads leading there..." sabi ko.

Tinuro niya ang labasan ng tubig kung saan maraming gubat.

"What's in there, then?" tanong ulit ni Gino.

Nilingon ng lahat ang kanyang tinuro.

"Small forest, then a dam. Galing sa Dam ay ilog na ito patungo sa iilan pang farm."

"Can we go to the dam too?" tanong ni Clarabelle.

"We may... It's a privte property but they allow tourist and other visitors there..." si Juliet ang sumagot.

"Anong mga farm ay mayroon?" tanong naman ni Casey.

"Marami. Iyan ang pangunahing kabuhayan dito sa Alegria, ang pagfafarm..." sagot ko.

"So your... I mean Leon's got a farm too?"

Humalakhak si Juliet at lumapit kay Casey. Si Clarabelle ay nagtatali na sa buhok at mukhang kanina pa handang lumangoy.

"Our family has a farm here in Alegria extending to San Gabriel and the next municipality," sagot ni Juliet.

"Oh! Kaya kilalang gobernador talaga..." tumango tango si Casey.

Ilang sandali pa silang tumayo lang doon habang pinupuri ng husto ang Tinago.

"Wala bang ibang pumupunta rito? I mean families? Or... teenagers?"

"Meron naman. Actually, noong college kami ni Freya, madalas kami rito. Hindi nga lang kasi developed itong Tinago. Sa Alps ang maraming pumupunta. Spring kasi roon.

At marami pang spring na pwedeng puntahan at mas developed..." ani Juliet.

Tumango ako sa sinabi ni Juliet. Napatingin ako kay Steven at naabutan kong nakatingin din siya sa akin.

Naghubad siya ng t-shirt. Nag-iwas agad ako ng tingin. Sumunod si Gino at Dennis sa kanya.

"Nasa ilalim na nitong damit ko ngayon ang two piece..." ani Kellie sabay hubad ng kanyang t-shirt.

Si Juliet lang itong hindi handa. Binigay ko sa kanya ang two-piece na sinasabi ko.

She also asked me to cover her while she's changing.

Nagpaalam ako na sasamahan ko si Juliet. Hinayaan nila ako dahil masyado na rin silang excited na lumangoy. Nakangiti na ako habang tinitingnan ang mga kaibigan kong nag-uunahan sa paglangoy sa balsa.

Si Casey at Gino ay nasa gitna at nagyayakapan pa.

"Steven is... your suitor?" tanong ni Juliet habang nag-aayos siya.

"Parang ganoon noon."

"Did he formally cour you?"

"He did. Way back in college. I told him I wasn't ready..."

"Did Leon court you formally way back in High School?"

Iyon ang tanong na nakapagpa isip sa akin. Hindi nga pala. I can't remember a moment when Leon asked me to be his girlfriend! He didn't right? Napatingin ako kay Juliet. Kakatapos niya lang magbihis.

"I can't remember... Why?"

"He probably knows you'll reject him anyway. Kaya dinaan sa mga pahiwatig. You talked?"

Naglakad na kami ni Juliet patungo sa gazebo. Medyo kinabahan ako sa tanong niyang iyon. She knows? How?

"Yeah. Sinundan niya ako noong paalis na ako sa binyag."

"Yeah. Nagbasag siya ng mga muwebles sa sala sabi ni Manang. He didn't show up again, by the way. After mong umalis."

"Oh..."

Ngumisi si Juliet. "So... hilig mo talagang magpaligaw lang ha? Hindi mo pa sinasagot si Steven? And I wonder what's taking the decision so long, my best... Si loverboy?"

Umirap ako kay Juliet. Even before Leon came back, wala akong planong sagutin si Steven. At hinding hindi siya magiging dahilan kung bakit ko tinanggihan si Steven.

It's because after all these years, after all the pain, I still wish for the ideal.

I still wish for something that can make me feel beyond happy. The feelings Leon gave me years ago created high standards. Pakiramdam ko, kung hindi lalagpas o papatas man lang ay hindi ako magmamahal.

"Juliet..."

"Fine, fine. Are you sure you won't swim?" tanong niya.

Yup. I'm fine here..." sabi ko.

Hinayaan ko siyang lumangoy. Nanatili ako sa gazebo habang pinagmamasdan ang mga kaibigan ko. Kellie's enjoying the dip. Ang magboyfriend at girlfriend naman ay may kani kanilang space. Steven's alone swimming near the falls.

"Freya! Lika dito! Yuhoo!" sumigaw si Kellie nang tumalon siya galing sa balsa.

Nakarating na rin si Juliet sa balsa at tumayo rin siya. Ginaya niya si Kellie at tumalon na rin.

Ngumisi lang ako at kumaway.

"Lonely si Steven, oh! Samahan mo naman, Freya!" sigaw ni Kellie sabay turo kay Steven na ngayon ay naliligo sa baba ng talon.

I only smiled. That's the only thing I can do. Steven's looking at me. Kinawayan ko na lang siya.

Mabilis lang kami roon. Siguro'y mga trenta minutos lang ang itinagal. Medyo ginutom kasi ang mga lalaki kaya kinailangan umahon para makakain ng snacks. Gusto na rin nilang magsimulang mag-ihaw ng magiging pananghalian namin kaya kinailangan na rin naming umalis.

Steven's hair is slightly damp. Hinawakan niya ang kanyang tainga habang pumapasok sa sasakyan. Si Juliet naman ay nakapagbihis na ng kanyang sariling damit. Isang tuwalya ang nakalagay sa kanyang likod.

"You're still the same, Freya. You still can't swim..." Tumawa si Juliet.

"Maliligo ka naman sa Alps, 'di ba, Freya?" tanong ni Steven.

"Yup. Hindi naman kasi masyadong malalim sa Alps... May parteng malalim lang..."

"Don't worry. I'll keep an eye on you..." ani Steven.

Natahimik ako. Mabuti naman at tahimik lang din si Juliet sa likod. But I can only

imagine her face right now.

Tumunog ang cellphone niya. Palapit na kami sa Alps at panay ang turo ko kay Steven kung saan liliko.

"Hi, Sweetie... Yes, papunta na kaming Alps. Kayo?"

Kayo...

"Doon na lang kayo kumain. I'm sure Freya has enough food for everyone..."

Sumulyap ako kay Juliet. Nga naman, oo. The nerve of my bestfriend. She can confidently invite anyone to my party. Alam niyang palalagpasin ko dahil magkaibigan kami.

"Aww! That's too bad. Dito na lang ako kakain, kung ganoon. Naligo ako sa Tinago."

Nangiti siya. Once again, I am reminded of her relationship with Jarrick years ago.

He's a very horny teenager way back. And Juliet's madly in love with him. I cannot believe everything's changed right now.

"Sige ba, sige na..." Humagikhik si Juliet. "Byeee!"

May bahid na panunuya sa kanyang boses at binaba na ang cellphone.

"Kakain na sila sa bahay namin. Naroon daw sila. He's checking on our baby... I feel like I'm such a useless mother right now."

"Ayos lang 'yan. Tutal ay kung wala naman ako, lagi kang naroon."

Dumating kami sa Alps. Ang paraiso noon ay mas lalo lamang nag mukhang paraiso ngayon. Ang gubat sa paligid at ang agos ng tubig sa bawat lagoon ay nakakarelax.

It's more developed now. Mas dumami ang cottage at mas nagkaroon ng magandang landscape. May net na rin sa taas na nagpipigil sa mga tuyong dahon sa pag bagsak sa lagoon. The water's clearer, too.

"Wow!" ani Clarabelle.

Panay ang kuha namin ng picture sa kung saan-saang parte. Nagpresinta pa si Juliet na siya ang magiging photographer namin.

Halos trenta minutos ang itinagal ng pagpipicture. Hindi ko pa alam kung bakit namin ginagawa iyon. Well, I should remember that my friends are tourists. Ako lang at si Juliet ang sobrang pamilyar sa mga lugar na ito na hindi na namin kailangan pang makapagpicture.

Itinuro ko ang cottage na pinareserve ni Mama kanina. Sa tabi nito ay isang dirty kitchen kung saan pwedeng mag grill.

Nilagay ng mga girls ang mga bag sa cottage. Si Kellie at Casey ay agad na hinanap ang CR para makapag bihis muli ng two piece. Si Clarabelle ang tumulong sa mga boys sa paglatag ng mga kakailanganin sa pagluluto.

Juliet's near the lagoon chatting with a familiar face. Iyon ang nagmamay-ari ng Alps.

May iilang naliligo. Nakita ko ang dalawang pamilya sa pinakamalayong mga cottage.

May tatlong cottage na may mga highschool o 'di kaya'y mga college students din.

"Ang ganda rito, Freya! Nakakarelax! Naririnig mo ang huni ng mga ibon," si Clarabelle.

Ngumiti ako at tumango.

"Yup."

"Your hometown is an amazing place..."

"This is not even half of what's in here..." I can't help but boast.

Wait till you see Tereles.

Tulad ni Clarabelle ay tumulong ako sa pagluluto. Sina Casey at Kellie ay nagtulakan na sa malalim na lagoon dahilan kung bakit sumunod na rin si Gino sa kanila.

Nakita kong nagbihis na rin si Juliet. I thought she won't swim here. Siguro ay talagang naakit siya sa spring. Nakita kong lumangoy siya sa mas mababang parte ng lagoon. I remember that place.

"You'll swim right?" masuyong tono ni Steven sa akin.

"Yup. I'll just... prepare..." sabi ko nang napagtantong kailangan ko pa nga palang magbihis.

Kumuha ako ng mga damit sa bag. I prepared a two piece. Isang kulay itim na top at pinaghalong pink at yellow green na bottom. I'm not as gutsy as my friends so imbes na iyon ay magsusuot pa ako ng board shorts.

Pagkatapos kong magbihis ay nakita kong wala na si Steven sa dirty kitchen.

"Sige na, maligo ka na. Kami na lang muna ni Dennis dito..." ani Clarabelle in a very convincing tone.

Tumango ako at nilingon ang lagoon. Steven's with the others. Si Juliet lang ang nasa mas mababang lagoon kaya roon ako lumapit.

"Freya, dito ka! I will catch you!" sigaw ni Kellie sabay basa sa akin.

Tumawa lamang ako at umiling. I can't risk it, really. I don't want to be a burden to those who knows how to swim.

Hindi ako tumalon. Umupo pa ako sa gilid ng lagoon para lang madama ang temperatura ng tubig.

"You still can't wear a two piece properly, huh?" nagtaas ng kilay si Juliet.

Her cheeks were flushed. She looks like a model from Sports Illustrated.

"I feel like I should only wear two pieces in a beach..."

"Kapag maliligo, e 'di mag two piece. Nag aaksaya ka lang ng board shorts..."

Kumunot ang noo niya. "Hindi ka naman siguro pinagbabawalan ng manliligaw mo, 'di ba?"

Bumaling siya sa likod kung nasaan sina Steven. Umiling ako kay Juliet.

"Steven's not like that..."

"Oh! A twenty-first century man... Cool..." sabay ngiti ni Juliet.

Hinayaan kong bumagsak ang aking katawan sa lagoon. Hanggang dibdib ko ang parteng iyon. Tumawa si Juliet nang nabasa siya ng tubig.

Sinubukan kong sumisid. Sinabayan ako ni Juliet. Pero nilagpasan niya ako dahil sa bagal ng langoy ko. Umahon agad ako. Hinawakan ko ang tainga ko dahil pakiramdam ko'y may tubig na dumaloy.

Umahon din si Juliet.

Nakita kong papalapit na sina Casey, Kellie, Gino, at Steven sa amin. Masyadong playful si Casey at Gino. Binubuhat ni Gino si Casey, nilalagay sa balikat. Si Kellie naman ay panay ang sisid. Si Steven ay lumapit sa amin ni Juliet.

"Tapos na ba sila?" tanong niya.

"Hindi pa, e. Nagluluto pa..." sabi ko.

Tumango si Steven at mas lalong lumapit sa akin. I'm kinda weirded out pero bago pa ako makapag-isip ng kung anu-ano ay sinampal niya na ang tubig para mabasa ang mukha ko.

"What the?" sigaw ko sabay tingin sa kanya.

Tumawa siya at lumayo sa akin.

"Steven!" Tumawa rin ako at hinabol siya.

It was so unfair because I couldn't swim. Pumunta siya sa malalim na parte at pinagpatuloy ang pagbasa sa akin. Gumanti ako ngunit hindi iyon halos makaabot sa mukha niya! Marunong pa siyang umilag.

Lumapit siya kaya mas lalo ko siyang binasa. I felt accomplished when I finally got a hit! Pero huli na nang napagtanto kong lumalapit siya sa akin para hilahin ako sa mas malalim.

"Steven!" sigaw ko na may halong kaba at histerya.

Sumisid ako para makawala sa kanyang braso na agad nakapulupot sa aking baywang ngunit useless lamang iyon. Sabay kaming umahon dalawa. Hinahabol ko ang aking hininga at naririnig ang malakas na pintig ng aking puso dahil sa kaba.

"Are you afraid? Don't be..." ani Steven.

Humawak ako sa balikat niya. Hindi ko maramdaman ang sahig ng lagoon. Kabadong kabado ako!

"Leon! Jarrick!" si Juliet iyon.

Nilingon ko ang bandang entrance. Nakita ko si Jarrick na naglalakad patungo sa lagoon kung nasaan kami. Leon's not far behind him.

"Shit!" malutong kong mura habang nagpapanic.

Tinutulak ko si Steven ngunit 'di ako makawala. Mas dumoble ang kaba sa aking puso.

Pakiramdam ko ay mangyayari ulit ang nangyari noon. I remember the guy he punched her in Alps! I remember Axl!

"What's the problem?" tanong ni Steven.

"I... I need to..."

Panay ang tulak ko sa kanya para lang makawala ngunit hindi siya sumunod.

Naiintindihan ko naman dahil nasa malalim kaming parte. If he's going to let go of me, malulunod ako.

"Okay..." malamig niyang sinabi.

Naramdaman ko ang paglapit niya sa mas mababaw. Nilingon ko si Juliet na ngayon ay kausap na si Jarrick. Leon's just standing behind him. Looking at the whole lagoon like nothing's wrong. Really, Freya! Nothing is freaking wrong!

"Ang gwapo..." naririnig kong hagikhik ni Casey at Kellie kung saan.

Naririnig ko rin ang reklamo ni Gino sa kanilang dalawa. Nang naramdaman ko na ang sahig ay agad akong pinakawalan ni Steven. Lumayo ako agad sa kanya at nilingon si Leon.

He's looking at me with an unreadable expression. Pagkatapos ay bumaling siya kay Juliet at nakitawa sa dalawa. Naghubad si Jarrick ng t-shirt.

"Come on!" hamon ni Juliet sabay tawa.

Naghubad na rin si Jarrick ng sinturon at maong. He's only wearing a boxers right now. Napangiti ako sa kanyang pagtataas ng kilay. Tumatawa lamang si Juliet.

"Oh my God! Oh my God!" paulit ulit niyang sinabi at lumayo na sa kinatatayuan ng dalawa.

Isang bagsak ni Jarrick at sumisid agad siya patungo sa tatawa tawang Juliet.

Kinulong niya agad sa kanyang bisig ang aking kaibigan at dinala sa malalim na parte. They were too close right now I'm not sure if they're kissing.

Bumaling ako kay Leon na ngayon nakatingin na sa kanyang cellphone. Umupo siya sa bato sa tabi ng lagoon.

Napalunok ako at napayuko. Lumapit si Steven sa akin, blocking my view of Leon.

"Is there a problem?" tanong niya.

Tipid akong ngumiti at umiling.

Lumapit na rin sina Gino, Kellie, at Casey sa akin. Sumulyap ako kay Leon na hanggang ngayon ay nakatingin sa kanyang cellphone.

"Ginugutom na ako," ani Casey.

"Freya, 'yan ba 'yong mapapangasawa ni Juliet? Gwapo rin, ha? Ganda ng katawan..."

ani Kellie.

Nilingon ko ang dalawa na sobrang layo na at sobrang dikit sa isa't-isa.

"He looks so in love with her..." dagdag ni Kellie.

Tumango lamang ako at sumulyap ulit kay Leon. Hindi nagtagal ang paningin ko sa kanya dahil tinulak muli ako ni Steven at sinubukang basain!

Tumili ako at tinulak siya pabalil. Tumawa si Steven at huminahon sa aking likod.

Sumulyap ako muli kay Leon at nanatili ang kanyang mga mata sa cellphone. He looked so serious while typing something up.

Sino kaya ang ka text niya? Ayana? Pinapauwi na siya para maglunch?

Parang may bukol sa aking lalamunan habang naiisip iyon. Yumuko muli ako.

"Punta tayo sa malalim," ani Kellie at nauna na roon.

Nanatili si Gino, Steven, at Casey sa aking tabi. May bumagsak sa aming likod.

Napalingon kami at nakita naming sina Clarabelle at Dennis iyon.

"Luto na?" tanong ni Gino.

"Oo, e. Gutom na kayo? Pwede nang kumain! Hindi pa muna kami dahil nabusog kami sa snacks..." ani Clarabelle.

Tumango si Steven at nagyaya kay Dennis na mag-unahan patungo sa huling parte ng lagoon.

Pumayag siya at nagsimula sila sa kanilang paligsahan. Tiningnan ko sila ng ilang saglit bago nilingon muli si Leon na nasa kanyang cellphone parin.

He looked so out of place. His maong pants and Caterpillar boots don't seem to fit the lagoons and the whole Alps Spring.

Habang tinitingnan ko siya ay napagtanto ko kung gaano kalayo na ang agwat naming dalawa. I feel like he's high up while I'm down low. I feel like he's unreachable.

He's always been, though. But the Leon way back made me feel that I can easily touch him. The Leon right now makes me feel down. He makes me feel all the insecurities I didn't know I had.

"Kakain muna ako. Ginugutom ako, e..." sabi ko kay Clarabelle.

Hindi na ako naghintay ng pagsang-ayon. Agad na akong umahon galing sa lagoon.

Pagkaahon ko ay isang sulyap pa muli ang ginawa ko kay Leon. Nothing's changed.

Naglakad na lang ako patungo sa cottage para makakain na mag-isa.

Wala sa sarili akong kumuha ng paperplate. Kumuha rin ako ng kanin at ulam. Sa malayo ay tinitingnan ko si Leon na ngayon ay nakatayo na at nakikipag tawanan kina Juliet at Jarrick.

The other college students were looking at him. Nakikita ko ang hagikhikan at tulakan nila habang tinitingnan si Leon.

Sinubo ko ang kanin at ulam habang tinitingnan iyon. Nag squat si Leon dahil sa pag-uusap nila ni Juliet ngunit may lumapit sa kanyang babae. Tumayo si Leon at kinausap ang babae.

May pinakitang cellphone ang babae. Ilang sandali pa silang nag-usap ni Leon. Panay ang tawa ni Jarrick sa nangyayari. Napainom ako ng tubig habang pinapanood iyon.

Sa huli ay umiling si Leon. Ngumiwi ang college students at nagtilian. Umalis sila na parang mga uod na binudburan ng asin.

Sinundan ko ng tingin ang mga babae at kinabahan ako nang lumapit sila sa cottage namin. Nilagpasan nila iyon at napatingin ako sa unahan kung nasaan iyong kanila.

"May girlfriend na raw..." sabi noong isa.

Binagsak ko ang mga mata ko sa aking ulam at agad na kinain na lang ng buo ang mga iyon.

The pain in my chest isn't because of my sudden food intake. It's because of my heart reacting yet again to the same thing about Leon.

Uminom na lamang ako ng tubig at pagkatapos ay nagligpit ng gamit. Lumapit na ang mga kaibigan ko saktong tapos na akong kumain. Si Juliet ang huling lumapit sa cottage. Binigyan ko siya agad ng paperplate.

"Si Jarrick... pakainin mo rito..." sabi ko.

"Tapos na sila ni Leon sa bahay. Kakain na lang ako rito para pagkauwi ko ay diretso na ako kay baby. Last stop n'yo ba 'to?" tanong niya habang kumukuha ng ulam.

"Tereles kami mamayang hapon..."

"Oh! Sige, sige..." Ngumiti si Juliet at naglagay na ng pagkain sa paperplate.

"Grabeng gwapo ni Leon! Pinormahan na talaga noong mga babae! Kanina ko pa napapansin ang mga iyon na panay ang tilian, e," si Kellie.

Tahimik lamang ako habang pinag-uusapan nila iyon. Umalis si Leon at Jarrick doon.

Siguro ay para makapagbihis si Jarrick. Sa huli ay hindi na ulit bumalik si Leon.

Si Jarrick na lang and he came back to fetch Juliet.

"Thanks for the time, Freya. Steven, thanks for the ride. Salamat sa pagsama sa akin dito! Hope I'll meet you all soon!"

"You're welcome, Juliet!" ani Clarabelle sabay kaway.

"Ingat kayo... Si Leon?" Tumawa si Kellie.

Nagpeace sign si Kellie sa akin nang napalingon ako sa sinabi niya.

Tinuro ni Jarrick ang labasan.

"Nasa Ram lang nag-aantay. Bakit? May ipapasabi?" sumulyap si Jarrick sa akin.

Umiling ako. Umiling din ang mga kaibigan ko.

I hate how he could always affect my mood. Inubos namin ang oras namin doon sa Alps ngunit sa pag-alis ni Juliet ay lagi na lang lumilipad ang aking utak.

"Tereles, finally! This is our last stop?" tanong ni Clarabelle nang papasok na kami sa mga sasakyan.

Alas tres nang nagpasya kaming umalis sa Alps. Inisip kong ganoong oras dapat kaming umalis para pagdating ng Tereles ay kung mainit man ay hindi na masyado.

"May tindahan ba malapit doon?" tanong ni Gino.

"Hmmm... Mayroon pero lagpas pa sa kung saan papasok, e. Bakit? Anong bibilhin at baka mayroon dito?"

"Wala raw, e. Si Casey kasi may period. Ayos lang ba, Den, pumunta muna tayo sa tindahan bago sa Tereles?"

Tumango si Dennis kay Gino.

"Meron sana ako sa bahay. Walang inyo, Clarabelle? Kellie?"

"Wala, e..." kibit balikat ni Clarabelle.

"Mauna na lang kayo sa Tereles. Sa huli kami. Bibili muna kami. Makikita naman namin saan kayo lumiko, 'di ba?" ani Gino.

"Hindi na, hindi na," sabi ko.

"Bakit? Saan ba ang tindahan? Hindi na liliko?"

"Just after the road to Tereles. Makikita naman, e," sagot ko.

"Iyon naman pala. Mauna na kayo ni Steven doon at susunod kami para hindi na tayo matagalan."

Wala akong nagawa sa gusto nilang mangyari. I'm just afraid they'd get lost.

Pagkaliko ay dire diretso lang naman ang Tereles, e. Pero kahit na ganoon ay ayaw ko parin silang hayaan doon.

Pinanood namin silang pumarada sa tindahan. Sasabihin ko sana kay Steven na hintayin muna sila ngunit diniretso niya na sa lubaklubak na daan.

"Ganito ba talaga ang daanan? Ilang kilometers away kaya?" he asked.

"Around 4. That's why I want to wait for them."

Iginala ni Steven ang tingin niya sa buong fields.

"Is this a straight road?"

"Yes, but..."

"I text mo na lang sila na straight lang. They'd enjoy it better if we let them explore..."

Natahimik ako at hinagilap na lang ang aking cellphone. I guess he's right. Iyon din naman ang gusto ni Gino.

Nagtipa ako ng sasabihin sa kanila. Nagpatuloy sa lubaklubak ang daanan.

Ako:

Just go straight. The Peak is near. You'll see Steven's car pagdating n'yo roon.

"Is that it?" tanong ni Steven.

Tinutukoy niya iyong nakikita naming bulkan sa harap. Tumango ako habang tinititigan ito. Hindi pa kita ang burol dito kaya hindi ko maituro sa kanya kung saan kami pupuntang talaga.

Sumikip ang dibdib ko habang tinatanaw ito. Kailan ako huling pumunta rito? Huli akong pumarito ay noong itinapon ko ang cellphone ko.

And I remember the times when I come here to just talk to myself. To think that Leon's just somewhere near when he's far and probably sleeping.

Hindi ko namalayan na palapit na kami sa burol. Tanaw ko na ang iilang puno na nasa tuktok nito.

"Aakyat tayo diyan..." sabay turo ko sa burol ngunit bumaba ang kamay ko...

Nakita ko ang Ram ni Leon sa baba ng burol. Isa pang sasakyan ang nasa gilid nito.

"Someone's here..." Steven said.

Pinarada ni Steven ang kanyang pick-up sa gilid. Nanlaki ang mga mata ko nang nakita ko si Leon na pababa sa burol. Sa likod niya ay si Ayana.

Lumabas kaming sabay ni Steven sa sasakyan. Hindi ako halos makahinga nang nagkatinginan kami ni Leon. Napatingin na rin ako kay Ayana na ngayon ay walang kabuhay-buhay ang ekspresyon sa likod ni Leon.

He... brought Ayana here. To our special place!

Nangatog ang tuhod ko habang ibinabalik ang tingin kay Leon. Pinatunog niya ang kanyang Ram at dumiretso na siya roon.

"Papasyal kayo?" Ayana asked.

Tumango ako at nagpatuloy sa pag-akyat. Hindi ko na sila muling nilingon dahil pakiramdam ko'y magwawala lamang ako.

Fuck. It hurts. It hurts a lot. It hurts seeing him bring someone else here!

Hindi man lang ako hiningal nang nakarating na sa tuktok ng burol. Sumunod si Steven sa akin. Pinagmasdan ko ang tanawing pamilyar sa akin.

Nagbago na ang lahat. Ang alaala na lang ang hindi. But then I should just be thankful for those memories. The memories that fueled me to love... The memories that also fueled the destruction of my heart.

Love hopes, I cannot.

==========

Kabanata 40

Kabanata 40

OceanofPDF.com

Right

Tanaw namin ni Steven ang bulubundukin sa malayo. Maliwanag pa ang sikat ng araw sa aming taas. Sumilong lamang kami sa isa sa mga puno.

"Leon's grilfriend?" he asked.

I don't really know the right answer but I nodded. Naaalala ko noong college pa lang ako. Noong madalas pa kaming magkasama ni Leon. Hindi pa kami pero siguro'y lahat ng taong nakakakilala sa amin ay iniisip na kami na. I feel respected. I feel like the people of Alegria, my friends, respected what we had. They put a label on it. Sila-sila lang.

Noong dumating si Ayana ay naramdaman ko na hindi niya nirespeto iyon. I guess that's what I was yearning for from her. The respect. As a friend and as a woman.

Right now I'm giving it to her. I'm giving her what she failed to gave me: respect.

"You're prettier, though," ani Steven.

Nilingon ko si Steven. Hindi ito paligsahan kung sino ang mas maganda. Nakangiti na siya, parang nililibang ako.

Now that I think about it, Leon's with Ayana here. I'm with Steven. It hurt seeing him bring someone here. Lalo na kapag iniisip kong romansa ang rason sa pagdala niya rito kay Ayana. I brought Steven here with my friends... with no other reason but to enjoy its beauty.

Tumunog ang cellphone ko. Tinanggap ko agad ang tawag ni Clarabelle.

"Where are you?" iyon ang salubong niya.

"Nasa burol na sinasabi ko."

"We saw two cars. Kaaalis lang. Diretso lang kami? Tama ba ito..."

Two cars. I remember the other car beside the Ram. Is it Ayana's? Dalawang sasakyan pa ang gamit nila. Leon didn't...

"Diretso lang. Oo."

Hindi kalaunan ay nakarating din sila. Sa paghihintay namin ni Steven ay niyaya ko na lang siyang maglatag ng banig at ilapag ang mga pagkain na dala namin sa lamesa.

When they got there they were so amazed. Bukod sa hindi sila masyadong nakakaakyat ng bundok o ng kahit burol, ngayon lang din sila nakakita ng bulkan sa malapitan.

Imbes na magrelax ay isang oras yata silang nagphotoshoot. Dinamay pa ako ni Clarabelle sa gusto niyang mangyari. Naubusan na nga ng memory ang DSLR nila.

"Papalitan ko lang ng memory card! Ang ganda rito! Hanggang sunset tayo rito, please?" ani Clarabelle.

Tumango ako.

"Hindi ba delikado rito kapag gabi?"

"Hindi naman."

Sumali ako sa kanila. Sa tabi ko ay si Steven na nakikipagtawanan na rin kay Gino at Dennis. I remember the old times.

"Anong oras nga ang balik natin bukas? May ibang bundok pa ba rito na pwedeng puntahan?" tanong ni Gino.

"Marami pa kaso kapus sa oras," sabi ko.

"Babalik na lang kami rito ng summer para hindi kapusin!" ani Clarabelle.

"Oo nga! Hindi ba alas dose tayo aalis bukas? Hindi ka ba talaga sasama, Freya?" si Kellie.

Umiling ako. "The campaign period starts next week. Wala masyadong tao si Mama bukod sa mga kaibigan niya kayo nagpresinta akong tumulong."

"But you'll be home every weekend, right?" Steven asked.

"I... I will try."

"Mamimiss ka kasi ni Steven!" pang-aasar ni Clarabelle.

Nagtawanan sila. I tried to calm them down or change the topic para lang hindi maging awkward ngunit ayaw paawat ng mga kaibigan ko.

"Anong sinabi ng Mama mo tungkol kay Steven, Freya?" si Casey naman.

Kumakain kami ng chichirya habang nag-uusap-usap. I don't like this topic but I think it can't be helped. Nilingon ko si Steven na tulalang nakangiti ngayon.

"Wala naman," I awkwardly said. That's the truth. My mom didn't say anything.

"Magkwento ka kaagad kung may sabihin ang Mama mo tungkol sa kanya, ha? If they like him... or something!" excited na sinabi ni Clarabelle.

"Of course they'll like him!" anaman ni Kellie.

Tahimik kaming dalawa ni Steven habang nagtatalo sila sa maiisip ni Mama at Papa.

Habang nag-uusap ay tumunog bigla ang cellphone ko. Nakita kong si Juliet ang tumawag sa akin. Sinagot ko kaagad at tumayo para mapag-isa.

Nakita ko ang paglingon ni Steven. Sumenyas akong sasagutin ko lang at dumiretso na sa tabi ng puno.

"Hi! Nasa Tereles ka?"

"Yup. Why? Is there a problem?"

"With only Steven?" dagdag tanong niya.

"With the group, why?"

Sandaling hindi sumagot si Juliet.

"Juliet..." I called her.

"Okay... Sige..."

Pinutol agad ng kaibigan ko ang linya. Napatingin ako sa aking cellphone. Bakit kaya niya iyon natanong and why would she ask if we're alone here? Alam niya nang kasama ko ang grupo... Could it be...

"Freya, sinong tumawag?" tanong ni Clarabelle.

My thoughts got interrupted. I need to pay attention to my friends right now.

"Si Juliet lang. Nagtanong kung nasaan tayo..." sagot ko at ipinagkibit balikat ang tawag.

Papalubog na ang araw. Nag-aagaw ang kulay kahel at ang dilim. The sillhouette of the trees, mountains, and the whole landscape of Alegria is just majestic.

Nagbukas sila ng ilaw at dinala ang cooler galing sasakyan patungo rito. May dalang beer ang mga boys. Nakinig din kami ng music habang inaalala ang lahat ng experience namin noong college.

I only got a few experiences with them. Just half of my third year and my whole fourth year. Madalas sa pinag-uusapan ay iyong wala pa ako.

"Steven's an anti-social. Alam mo bang 'tsaka lang 'yan sumama sa mga lakad namin noong nandyan ka na?" ani Clarabelle.

Ngumiti lang ako.

Nakahiga kami rito at tinitingnan ang nagsisulputang mga bituin sa langit. Umihip ang hangin at naramdaman na namin ang lamig. The beer's cold too but when it hits our stomach it makes us feel warm inside.

Hindi kalaunan ay nagpasya kaming umalis. Sabi nila'y sa Alegre grill na lang kami kakain dahil ayaw na nilang maabala si Mama. I insisted but I also think we're too hungry to cook something so I agreed.

Nevermind the memories I have inside that grill.

Mabilis natapos ang aming gabi. Pare pareho kaming pagod sa nangyari maghapon.

Pagkahiga ng girls ay tulog agad sila. Nanatili akong gising at nagtitipa.

Ako:

Why did you ask if we're alone, Juliet?

I'm still not over it. Dammit!

My phone beeped.

Juliet:

May nagtanong. Why so curious, my dear best?

Nagtiim bagang ako habang tinitingnan ang kanyang reply.

Ako:

Loverboy?

Pumikit ako ng mariin. Kinagat ko ang aking labi at humarap sa tulog na si Clarabelle.

Juliet:

Haha. You know.

Kumalabog ang aking dibdib. And if he has feelings for Ayana, why'd he be curious about it?

Stop, Freya. Men these days can always fake their feelings. Or... they just actually don't have feelings at all.

Pinilit kong matulog. Maaga naman akong nagising. Nauna parin naman si Kellie na ngayon ay nagtitipa na sa kanyang cellphone.

"Kells, fifteen minutes and wake them up so we can go to the ruins..."

"Okay... Matutulog pa ulit sana ako..."

Bumaba ako sa kusina. Naabutan ko na naman si Mama na naglalatag ng pagkain. Sa sala namin ay puno ng mga boxes na siguro'y gagamitin sa kampanya.

Humikab ako at kumuha ng tasa para makapagtunaw ng kape.

"Freya, anong oras nga silang aalis?"

"After the church ruins visit, Ma. Bakit?"

"Si Arnel at Lita kasi may ginagawa pa sa San Gabriel. May kukunin sana iyong Papa mo kanina sa printing press para sa kampanya kaso may emergency sa site nila kaya umalis agad. Pwede bang ikaw na lang ang kumuha?"

"Anu-ano ba iyong kukunin? At anong oras kukunin?"

Nilagyan ko ng mainit na tubig ang aking tasa at hinalo na ito.

"Mamaya sanang alas diez pero pwedeng onwards. Mga flyers at iyong five hundred pieces na tarpaulin. Tingnan mo rin kung available na iyong visor at t-shirt sa bahay ng mga Ortiz."

"Umalis si Papa? Kung ganoon itatricycle ko ang lahat ng iyon?"

"Pinaiwan ko sa kanya ang pick-up. Kakailanganin talaga, e. Tinext niya na si Joaquie na iwan na lang din ang sasakyan," buntong hininga ni Mama.

Tumango ako. I can't help but realize how glad I am that I'm here. Paano kung ganito ng mangyari at si Mama lang ang mag-isa? Hindi naman pwedeng siya lang ang kumilos. Though may mga tauhan siya'y hindi naman kasing dami ng gobernador o ng sa mayor.

Alas nuebe na bumaba ang aking mga kaibigan. They were that tired!

"Signs of aging..." panunuya ko habang umiiling. "Isang lugar na lang ang pwede nating puntahan bago kayo umalis..."

Pagod na pagod pa ang mga mukha nila habang nasa hapag. That's the problem kapag mabilisan ang mga lakad.

"So saan na lang? Kampo Juan?" tanong ni Casey.

"Yup. Just there. And Steven, I can't ride with you. I need to bring our car. May utos si Mama sa akin..."

Napatingin sila kay Steven. Agad tinuro ni Gino ang kanyang sarili at si Casey.

"Kami na lang sasabay sa'yo Steven. Tapos si Clarabelle at Dennis mag-isa sa kanilang sasakyan, ayos lang Dennis?"

"Ayos lang! Hindi naman ako aantukin dahil umaga naman tayo babyahe."

They agreed to my proposition. Pumunta na kaming Kampo Juan. This is the most developed adventure park here in Alegria. Kung may dapat mang puntahan ay ito iyon.

It's for the tourist. Dinadayo pa nga ito ng mga taga Maynila.

Mabilis ding nawala ang pagod nila dahil sa napakaraming picture doon. Zipline, anicycle at marami pang ibang activities. Nagulat pa nga ako sa ibang offer nila na activities. I never thought na lumago na ng ganito ang Kampo Juan.

Sa restaurant na kami naglunch. Tinawagan pa nga ako ni Mama dahil natataranta na siya sa pagkuha ko ng mga tarpaulin. I need to send my friends off.

"Text ka, ha? Malulungkot na si Steven..." panunuya ni Casey sabay yakap sa akin.

"Magtitext ako sa inyo, panigurado..." iyon na lamang ang naging sagot ko.

Sumulyap si Clarabelle kay Steven na siyang nasa hulihan ng pagkakahilera nila.

Niyakap ko kasi sila isa-isa. Pakiramdam ko ay hindi talaga ako agarang makakauwi ng Maynila. Especially now that I realized my Mama needs me here.

Nang si Steven na ay hindi ko na alam kung yayakapin ko ba siya o hindi. Nang-asar si Kellie ngunit hinila agad siya ni Casey palayo sa amin dahilan kung bakit napag-isa kaming dalawa.

Steven's wearing a dark blue and white stripes polo, a dark maong, and sneakers. He looks like his age. Tuwing nagsusuot kasi siya ng coat and tie ay nagmumukha siyang mature. He looks like an older boy now. But his serious dark face made me feel like he's still that cold top of the class president.

"About what you said in the car..." mahinahon niyang sinabi.

Nag-unahan ang pintig ng aking puso. I treasure our friendship so much. I treasure his company. I treasure everything. He helped my move on. That's if I really ever did. Ngunit hindi ko maipagkakaila, he filled the hollow spaces for a while... So I can carry on with my studies. I hate how mean it sounds but that's the truth. His affection and concern helped me make it through. At ang tanging maisusukli ko sa kanya ay ang malasakit.

When I thought that it's better to start a whole new relationship with him, I was thinking of the reality. The fact that my want for ideals is just impossible. That this world is flawed. And that Steven is perfect even

though my feelings for him isn't... I am not in love with him but I love him. And I thought that it's enough...

That's how reality goes. That's how it should be lived.

But then the old Freya inside me is shouting like a prisoned kid. Ideals even if it breaks me. A flame that's fierce even if it burns me. Because in the end if I get burned, I will burn for the right reason. I will burn for my true feelings. I will only burn for my heart.

It's scary.

"I don't believe that you're not ready..."

My eyes widened.

"If you aren't ready then why'd you let someone kiss you? Why'd you let me kiss you..."

Tinuro niya ang aking puso. Napatingin ako sa kanyang daliri at agad niya itong binaba.

"I'm sure I have a space in there, Freya. I know you're smart. Playboys aren't prince charmings..."

Tinalikuran niya ako. Hindi ako halos makahinga sa sinabi niya.

Kumaway ang mga kaibigan ko nang paalis na sila ngunit wala akong naisukli.

I know where Steven is coming from. Being smart means you know how this all goes.

He's asking me to choose him because Leon is a jerk.

Pinaandar ko ang makina ng aming pick-up at inalala. My choice is to let go of the people I could hurt. I don't choose anyone. There's nothing to choose.

Wala ako sa sarili habang pinaparada ang aking sasakyan sa pinakamalaking printing press sa Alegria.

May mga ganito sa Maynila at sa karatig syudad ngunit mas convenient kay Mama na rito na lang magpaprint. Gagastos pa kami ng Truck kapag sa karatig syudad. Aksaya ng krudo at mas makakamahal lang kami.

"Sa Mama mo, Freya?"

Tunog ng mga makinarya sa loob ang naririnig ko. Ang humarap sa akin ay ang matandang nagmamay-ari nito. Ang kanyang mga tauhan ay abala sa pagsi-segregate ng mga kulay pula at violet na mga tarpaulin.

"Opo. Meron na?" tanong ko.

"Meron na... Saglit lang at ipapakuha ko kay Jomari. Ikaw lang ba mag-isa ang kukuha? Hindi mo kasama si Joaquin?" tanong ng matanda habang inaayos ang kanyang salamin.

"Hindi po, e. Nasa Maynila nag-aaral."

"Naku! E, marami ito! May dala ka bang sasakyan?" tanong niya sabay tingin sa mga tauhan.

"Mayroon po. Okay lang. Hindi naman ako nagmamadali..." sabi ko.

Kitang-kita ko ang pagdadalawang isip niya sa sinabi ko.

"Maupo ka muna..." iminuwestra niya ang isang lumang rattan sa likod.

Lumapit ako roon at umupo. Habang umuupo ako ay siyang pagtunog ng net door hudyat na may isa pang customer na pumasok.

Unti-unting nanlaki ang mga mata ko nang nakita si Leon. He's wearing a black polo shirt, a faded maong pants and his Caterpillar boots.

"Leon! Kay Governor ba? Handa na... Ito lahat," sabi ng isang trabahante.

Napalunok ako. Hindi pa niya ako nakikitang narito sa likod. Tinitigan kong mabuti ang kanyang balikat. Hinawakan niya ang lamesang nagbabahagi sa looban at sa tanggapan.

"Iyan lang ba?" he asked.

"Ito lang. Nakuha na nina Joe kanina ang iba, e. Ito lang ang nahuli..." sabi ng trabahante.

Binigyan siya ng logbook ng trabahante. May sinulat siya roon. Dumating ang may-ari at nakamata agad siya sa akin. Sa likod niya'y dalawa pang trabahante ang nagbubuhat ng karton kartong mga order ni Mama.

"Marami 'to, Freya. Ihahatid na lang nina Jomari sa sasakyan mo. Pick up ba ang dala mo?"

Napalingon si Leon sa likod. Tumayo ako at agad tumango sa may-ari.

"Maraming salamat po. Iyan lang po ba?" tanong ko.

"Hindi. Marami pa, e. Kaya lang si Jomari lang ipagpapabuhat ko sa iba dahil may utos ako kay Bert..."

"Ayos lang po!" sabi ko, nahihiya.

Nakatitig si Leon sa akin. Kitang kita ko sa gilid ng aking mga mata ang pagkakatitig niya. His long fingers were tapping the high table.

"Eto pa..."

Pabagsak na nilagay ng isang trabahante ang mga flyers sa lamesa. Lumapit agad ako roon. Mukha namang hindi masyadong mabigat kaya sinubukan ko iyong buhatin. Ngunit isang buhat ko pa lang ay nanginig na agad ang mga braso ko.

Lumabas na ang may-ari para manduhan ang dalawang trabahante sa paglalagay ng ilang karton sa likod ng aking pick-up.

Binagsak ko ang karton ng flyers. Hindi pa nga nakakalayo ay hinihingal na ako.

Damn!

Bubuksan ko sana at hahatiin na lang para mas magaan ngunit biglang lumapit si Leon sa akin. Nagtiim bagang ako at sinubukan ulit na buhatin iyon.

"Ako na..." he said.

Maagap akong umiling. "No, I can do this..."

Hindi ko binitiwan ang karton. Hinawakan niya rin iyon. The tattoos on his arm were now so free. I can see what in there clearly.

XII II MMXVI - There. The roman numerals finally complete.

"With your fragile arm, you can't carry this one."

Walang kahirap-hirap niyang binuhat iyon. His biceps flexed. Binitiwan ko na ang karton. I can't risk it. I don't want to suddenly caress parts of him.

"Okay, then... thanks..." I awkwardly said.

Nilingon niya ako. Nagtaas ako ng kilay sa kanya. A slow smile crept in the sides of his lips ngunit agad ring nawala at napalitan ng grim line.

"I don't know where's your car. Might want to lead the way..."

"Oh!"

Uminit ang pisngi ko. Shit!

"Right!"

==========

Kabanata 41

OceanofPDF.com

Scared

Sumunod siya sa akin patungo sa labas. His Ram was just beside our old Fuego.

"Dito..."

Tinuro ko ang likod ng aming pick-up.

Naroon na rin ang mga karton na dala ng mga trabahante kanina. Nilingon ko ang pintuan at may dala pa silang isa pang karton. Ang matandang may-ari ay nakahawak lang sa net door upang makatulong.

"Marami pa ba?" Leon asked.

Palihim ko siyang tiningnan. Something about his concern was nostalgic. Pinilig ko ang ulo ko at ibinaling ang atensyon sa mga nagdadala ng karton.

"Meron pa, Leon. Nasa likod. Ayos lang 'to, kaya na ni Jomari..." sabi ng may-ari.

"Hindi na. Tutulong na ako. Ituro n'yo lang kung saan..." ani Leon.

Hindi na siya nagtanong sa akin. Dumiretso na siya sa loob para kunin ang iba pang karton na pinaglagyan ng mga election materials.

"Salamat..." sabi ko sa mas batang trabahante na tinatawag na Jomari dahil kitang kita ko ang pawis sa kanyang noo.

Nilingon niya ako at nagkamot siya sa batok. Nangingiti siya at hindi makatingin sa akin.

"Walang anuman..."

Lumabas si Leon sa pintuan at nakita ko ang pagsulyap niya kay Jomari. Pagkatapos ng sagot ni Jomari ay nagbalik siya sa trabaho. Bahagyang tumigil si Leon nang nagkasalubong sila ni Jomari ngunit dumiretso rin nang nilagpasan lamang siya.

"Sorry... Hindi mo naman kailangang gawin ito..." sabi ko.

Napaawang ang bibig niya pagkatapos binaba ang karton. His expression went from warm to cold, suddenly.

"May isa pang karton. Ako na ang kukuha..." aniya.

Ngumuso ako at tumango. Tinalikuran niya ako at bumalik na siya sa loob. Bumalik na rin ako sa loob para makapirma sa logbook at para mabayaran na ang lahat.

Ang binatang si Jomari ang nag-asikaso sa akin. Kinuha ko ang ballpen sa counter at nagsulat ng name at address.

Nakabalik na si Leon galing sa aking sasakyan. Narinig ko ang pag-upo niya sa silyang rattan sa likod.

"Ayos na?" tanong ko kay Jomari.

"Ayos na 'to, Ma'am."

"Salamat ulit..." Nginitian ko siya.

Ngumiti siya pabalik ngunit nag-iwas din ng tingin

Binalingan ko si Leon sa likod. Malamig ang kanyang titig sa akin nang naabutan ko siya.

"Thanks, too. I need to go..." sabi ko.

Tumango lamang si Leon. Nakatayo lang ako roon na parang nag-aantay ng kung ano. My heart raced fast. I hate it. Maagap na lang akong humakbang palabas ng tindahan para makaalis na roon.

Hindi ako makapagfocus habang nagdadrive. Napupunta ang isipan ko sa nangyari kanina. Our meeting today was casual. It's like nothing happened. He's nice and casual towards me, too. Siguro ay tapos niya nang naibuhos ang kanyang hinanakit sa akin.

Huli akong nakapunta sa Villa Ortiz ay noong high school pa lamang ako. Dito nagpapaprint lagi si Mama ng mga damit at iba pa para sa eleksyon.

Alam ko pa naman ang daan ngunit madalas ay nag-aalinlangan lamang ako dahil iba na ang itsura ng mga kalye. For instance, this Acacia Tree in this corner wasn't here years ago. Right now it's standing so tall. Funny how things grow beautifully and at the same time strangely...

Niliko ko ang pick-up sa kalyeng iyon.

Mas accessible ang Printing sa Camino Real dahil sa highway lamang dadaan pero ang hirap talaga kapag nakasanayan na. Suki na si Mama sa mga Ortiz kaya roon na siya lagi nagpapaprinta kahit na malayo talaga.

Around 15 kilometers west ang binyahe ko galing sa printing press na pinanggalingan.

"Good afternoon!" sabi ko sa matandang tagapangalaga ng villa.

Pinapasok ako ng matanda. Sa bakuran pa lang nila ay nakikita ko na ang nakahilerang mga t-shirt na pinapatuyo. Nakakita ako roon ng kasing kulay ng party nina Mama. Hindi muna ako pumasok dahil tiningnan ko muna iyong naroon.

I saw some of my mother's shirts. Ibig sabihin ay hindi pa ito tuyo?

"Para ba kay Melfina ang sadya mo, Freya?" tanong ng isa sa mga may-ari ng shop.

"Ah! Ate, ikaw pala... Oo sana. Ayos na ba ang sa kanya? Sabi niya pwede na rawng makuha, e."

Tumango siya at tinuro ang loob ng kanilang bahay. "Pinaplantsa na lang iyong digital na pinaprint niya. Iyon nga lang ang mga ito..." sabay turo sa nakahilerang damit," hindi pa masyadong tuyo. Kung gusto mo balikan mo na lang bukas..."

Tumingala ako sa sinag ng araw. Mainit naman.

"Matatagalan pa kasi. Siguro may mga isang oras pa. Kanina ko pa pinrint kasi ang isang kulay. Iyon na lang ang hinihintay naming matuyo..."

"Ah! Kaya ko namang mag-antay ng isang oras..." sabi ko.

"Nakakahiya naman sa'yo..." sabi niya at iginiya ako papasok sa loob ng bahay.

Sumunod ako sa kanya.

"Ayos lang. Wala naman akong gagawin..."

"Kung ganoon..." tumigil siya sa isang sofa sa tanggapan. "Maupo ka muna rito.

Magtatawag lang ako ng kasambahay para sa'yo-"

Umiling na ako. "Ayos lang. I'm fine here..."

"No, Freya. Although this is our business. We consider our customers as visitors too."

Hindi na ako nakahindi dahil nagtawag na siya ng kasambahay. I only asked for juice. But they gave me a cake, too.

Mag-isa ako roon sa sofa. Hindi nga naman kasi kukuha ang mga tao ngayon dahil iniisip nilang makakaabala lamang sila sa Linggo ng pamilyang ito. And she told me I can come back tomorrow but I insisted. Oh well... nandito na rin lang naman ako, 'di ba? At hindi biro ang bumyahe patungo rito.

Nilibang ko ang sarili ko sa aking cellphone. Unfortunately, this part of Alegria doesn't have good network signal. Hindi ako makapag internet. At ang mga texts ay matagal masend.

Ako:

Saan na kayo? :) Ingat!

I sent it to my friends. Pagkatapos masend ay tumingin tingin na ako sa mga muwebles doon sa bahay.

Hindi ko alam kung paano ako tumagal ng mahigit isa at kalahating oras na patingin tingin lang sa mga antique na flower vase at mga frame na puno ng black and white pictures.

"Freya, handa na ang mga t-shirt. Sorry at natagalan. Pinack pa kasi ng mga trabahante."

"Ayos lang, Ate..."

"Ipapahatid ko na sa pick up mo..." she smiled.

May nakabusangot na mukha ng isang babaeng bata sa kanyang gilid. Mukhang kakagising lang nito.

"Oh, Sweetie? Gising ka na?"

Kinarga ni Ate Linda ang kanyang anak. Napangiti ako habang tinitingnan ko silang dalawa. It's an adorable site to see.

Naagaw ang atensyon ko nang nakita ang mga trabahante nilang karga sa braso ang mga t-shirt na inorder.

Sumama ako kay Ate para mapirmahan na ang Official Receipt. Pagkatapos ay dumiretso na ako sa sasakyan.

Kumpleto na ang mga inutos ni Mama sa akin. Kulay orange na ang langit. Nag-aagaw na naman ang dilim at liwanag. I finished just in time.

Pinaandar ko ang sasakyan at umalis na roon pagkatapos magpasalamat sa may-ari.

Pagkaliko ko ng gate nila ay may napansin ako sa tunog ng makina. Mas binilisan ko ang patakbo ng sasakyan, baka sakaling nabagalan lamang iyon sa akin.

Pagkaliko ko sa puno ng Acacia'ng tinutukoy kanina ay tuluyan nang namatay ang makina!

"Holy crap!"

Hinampas ko ang manibela. Bahagyang naparalisa ang utak ko. Hindi ako makapaniwalang sumuko ang makina ng Fuego sa akin. Sinubukan ko ulit ngunit hindi na umandar!

Kinuha ko ang cellphone ko at nanlaki ang mga mata ko nang nakita na wala talaga ni isang bar man lang na signal sa lugar na ito.

Pinasadahan ko ng tingin ang paligid. I'm from Alegria but I've never been stranded in a weird place like this. Walang bahay dito! Kung mayroon man ay aabutin pa siguro ng isang kilometro bago makarating!

Wala ring poste! If my Mom wins, I'd suggest they put lamp posts in all the streets here in Alegria. But then again that would be too costly. It won't be feasible.

Pero kung solar powered- God damn it, Freya! This is not the time to think about that!

Pinaandar ko muli ang sasakyan ngunit wala talagang response! I have only two things in mind right now: one is to walk till I find a house. Two is to stay and ask for help kung may madadaan man.

Madilim na ang daan. I can even imagine some chainsaw man running to me. Pinikit ko ang mga mata ko at kinusot. I need to focus.

Sa toolbox ay nahanap ko ang isang maliit na flashlight.

Hindi ako maalam sa sasakyan. Ang tanging alam ko lang ay ang pagdadrive.

Hindi ko alam kung alin ang mas maganda, nasa loob ako o nasa labas? If I stay inside, I'd get weird thoughts. If I stay out, I'd imagine a Jeepers Creeper movie!

Sa huli ay nanatili ako sa loob. Binaba ko lang ng bahagya ang bintana. Malamig na dahil gabi na! Ni isang sasakyan ay wala pang dumaan!

Pinaglaruan ko ang flashlight. Binaba ko pa ang salamin at nilagay ko ang kamay ko roon. Winagayway ko ang flashlight para na lang malibang naman ako. I turned my phone into a flashlight too para makita naman ako sa loob!

Fifteen minutes and I'll walk. Really! I can't wait here forever!

Napaupo ako ng tuwid nang namataan ang high beam sa malayo. Ang headlights ng isang sasakyan ay kitang kita ko.

Lumabas agad ako sa sasakyan at nagsimulang kumaway gamit ang magkabilang flashlight.

Bumagal ang takbo ng sasakyan. Mas lalo kong winagway ang mga flashlight.

Tinitingnan ko ang salamin ngunit masyado iyong tinted. Bumaba ang tingin ko sa emblem ng paparating at nanlaki ang mga mata ko. Binaba ko ang dalawang flashlight nang napagtanto kung sino iyon.

Tumigil sa gitna ng daan ang sasakyan at bumaba ang salamin.

It's a Ram. And I'm pretty sure no one here in Alegria owns a Ram!

Para akong nilalagnat nang naramdaman ko ang lubhang pag-init ng pisngi. Nilagay ni Leon ang kanyang braso sa pintuan nang nakababa na ng tuluyan ang salamin.

"Nasiraan ka?" tanong niya sa isang malamig na tono.

"Yup."

Pinaandar niya ang kanyang sasakyan. Sinundan ko iyon ng tingin at lumiko ito para makapark ng maayos. Ilang sandali ang nakalipas ay kumalabog ang pintuan nito.

"What happened?" he asked in a very authoritative tone.

Hindi ko alam kung bakit nataranta ako. My mind's in tangle! Hindi ko alam kung bubuksan ko ba ang pintuan ng aking sasakyan o ang makina na lang muna?

"Ewan ko. Bigla na lang nag-iba ang tunog ng makina tapos namatay..." sabi ko at binuksan ang pintuan ng sasakyan.

Nasa harap na si Leon, nakatayo. Isang flashlight ang hawak niya habang tinitingnan ako sa loob.

"Open it..." he said.

Tumango ako at natatarantang binuksan ang harap. Freya, calm down! My hands are even shaking right now! For whatever reason!

Tinagilid niya ang kanyang ulo habang tinitingnan ang makina. Yumuko siya at may tiningnan doon. Lumabas ako ng sasakyan para tingnan kung ano iyong nakikita niya.

Nag-angat siya ng mata sa akin. Kitang kita ko ang paggalaw ng mata niya sa parte kung saan ako nakatayo. He blinked once and now his eyes are back to the engine.

"May kukunin lang ako..." aniya at umalis na agad doon.

Gamit ang aking flashlight ay tiningnan ko ang engine. May kaonting usok akong nakikita. What's wrong here?

Lumagapak muli ang kanyang pintuan at tumunog ang car alarm ng kanyang sasakyan.

Tinutok ko ang aking flashlight sa engine. Ganoon din ang ginawa niya sa kanyang flashlight.

Isang mineral water ang binuhos niya sa isang tube. Yumuko agad siya para makita ang ilalim ng sasakyan. Ganoon din ang ginawa ko.

Umiling siya at tumayo ng matuwid.

"Why are you driving an old car? At sa ganitong lugar pa?" mahinang bulyaw niya.

Nahihimigan ko ang galit roon. Maging sa mga mata niya ay nakikita ko.

"Hindi ko alam na masisiraan ito. Ano bang nangyari?" tanong ko sabay tingin sa engine.

"I can fix this but we still need help. Nag overheat! Why are you here, by the way?

And why this late? Alam mong walang ilaw dito, Freya."

"Don't scold me now! I never thought that the car's in this condition. Pumunta ako sa mga Ortiz para kunin ang mga t-shirt ni Mama! Malay ko ba na masisiraan ako rito?"

"Paano kung 'di ako dumating?!" asik niya.

Nagtiim bagang ako sa tanong niya. Maagap siyang naglakad palayo sa akin. Hindi ko alam kung ano ang dapat maramdaman ko sa sinabi niya pero may kaonting kirot akong naramdaman sa aking dibdib.

"I'll put your things in my car. Kunin mo ang mga gamit mo sa loob, ilipat mo sa akin..."

And wow he didn't even ask for my permission! The nerve of Leon... Nagsimula na siya sa pagdidiskarga ng mga gamit ko sa likod.

"Why? Can't I wait here for help? You can... drive me to the nearest mechanic who can fix this."

"It's late. You forgot that this isn't Manila. Ang mga mekanikong tinutukoy mo ay tulog na ngayon. Put your things in my car! Papupuntahin ko si Mang Kador dito at ang aming mekaniko para maayos ang sasakyan mo. Bukas, maayos na iyan..." aniya habang kinukuha na ang mga karton sa likod patungo sa likod ng kanyang pick up.

Pinagmasdan ko siyang ginagawa iyon. Sinusulyapan niya lang ako gamit ang malamig niyang mga mata. What the hell? Is this really happening now?

Marami raming karton ang bubuhatin niya. Nakatunganga lang ako roon habang nag-iisip. Dinungaw ko ang cellphone ko para tingnan kung may signal na ba. Of course, wala pa rin. So what choice do I have?

Should I suggest for him to go and drive straight to my Mama? Pero wala si papa.

Pero paniguradong may sasakyan na makukuha. At bakit naman hindi ako pwedeng sumama kay Leon?

Tumigil si Leon sa harapan ko.

"What?" aniya sa sarkastikong tono.

"Fine!"

Nagmartsa ako patungo sa driver's seat. Kinuha ko ang bag ko at ang susi ng kotse.

Kinuha ko rin ang ilan pang importanteng gamit.

Pagkalabas ko ay umikot ako para makapunta sa kanyang sasakyan. Pinatunog niya ng isang beses ang kanyang sasakyan.

Nagkatinginan kami. Natigil siya sa paglilipat ng gamit. Hindi ko alam kung saan ako uupo. Sa front seat or sa likod.

Tiningnan ko ang hadle ng front seat at binuksan na lang ito. 'Tsaka siya nagpatuloy sa ginagawang paglilipat ng gamit.

The inside of his car looks so great. I can't help but admire the interior. Ano kaya ang makina nito? Gaano ka bilis ang kayang takbuhin.

Nilapag ko ang mga gamit ko sa front seat at tiningnan siya sa likod.

He clicked his neck once. Medyo pawis na ang kanyang noo at ang kanyang dibdib.

Tumikhim ako at binalikan siya sa likod.

Tutulong sana ako ngunit nakita kong huling karton na iyong nilalagay niya.

"Stay inside. Patapos na ako..." aniya.

Nanatili ako roon para tingnan ang kanyang pagtatapos. Nanatili ang mga mata niya sa akin. He looks pissed now. I crossed my arms.

"Wala ka nang naiwan sa sasakyan mo?"

Umiling ako.

"Then go in..." aniya at dumiretso na rin siya sa driver's seat.

Bumalik ako sa front seat. Inusog ko ang aking bag. Sumulyap siya sa mga gamit ko sa aking tabi. Kinuha niya ang mga iyon at nilipat sa likod.

Kinagat ko ang labi ko at umayos sa pagkakaupo. Nagtaas siya ng kilay at bahagyang sinulyapan ang aking dibdib.

Napatingin ako sa aking suot. I'm wearing a white chiffon sleeveless.

Tumingin siya sa kalsada at pinaandar na ang sasakyan.

"Put your seatbelts on..." aniya.

"Oh!"

Mabilis kong kinuha ang seatbelts at inayos na agad sa aking sarili. Pinaandar niya ang sasakyan.

Parang lumilipad ang pakiramdam ko habang umaandar ito. Tahimik kaming dalawa sa loob at tanging munting tinig lamang galing sa stereo ang naririnig naming dalawa.

Good thing there's music in here. Or else it would be crickets on my mind again.

Natapos ang kanta at isang pamilyar na intro ang narinig ko. Kaskas pa lang ng gitara ay napatingin na ako sa labas.

Suminghot ako. Determinadong manatili ang mga mata sa mga nadadaanang masusukal na kagubatan.

"Loving can hurt

OceanofPDF.com

Loving can hurt sometimes

But it's the only thing that I know..."

Wala ni isang nagsalita sa amin. Kung mayroon mang maingay, iyon ay ang puso kong naghihisterya na ngayon. Hindi ko na kilala ang sariling tunog ng aking puso. Ni hindi ko alam kung nasasaktan ba ako o natutuwa.

"We keep this love in a photograph

We made these memories for ourselves

Where our eyes are never closing

OceanofPDF.com

Hearts are never broken

And time's forever frozen still..."

Napaawang ang bibig ko para pakawalan ang init na nararamdaman sa gitna ng aking lalamunan.

I miss the times when it's all just simple.

May tumunog na beep galing sa gear. Isang beses kong sinulyapan iyon at nakita ko kung sino ang nagtext.

Ayana:

Leon, where are you?

Pinuno ko ng hangin ang aking baga para lang mapigilan ang pagsakit ng aking dibdib at binaling ulit ang mga mata sa labas.

"May signal na. Text your Mom..."

Sumang-ayon ako pero hindi ako kumibo. Kinuha ko ang cellphone ko at tiningnan ang kakapasok lang na mga texts ng mga kaibigan ko.

Steven:

We're almost home. You?

Steven:

I can't contact you, Frey. Are you okay?

Clarabelle:

Kapagod. Lapit na kami Manila. You?

Kellie:

I'm gonna miss you at work.

Casey:

Lapit na. Ikaw?

Imbes na magreply sa mga texts nila ay pinindot ko ang pangalan ni Mama. Nilagay ko sa aking tainga ang aking cellphone. Mabuti at agad iyong sinagot.

"Hmm, Freya..."

Her background sounds too noisy. Tingin ko ay nanonood siya ng TV o 'di kaya'y may mga kasama.

"Ma, nasiraan ang Fuego. Sa may Puertonera..."

"Ha? Saan ka ngayon, kung ganoon? Hindi ba walang signal doon?" Narinig ko ang pagkakataranta ni Mama.

"Ayos lang ako. Pauwi na ako. Iniwan ko na lang muna roon ang sasakyan. Maghahanap ako ng mekaniko para papuntahan doon."

"May susi ka ba? Wala ako sa bahay. Nasa mansyon ako ng mga Revamonte ngayon. May urgent meeting kami para bukas."

Sinapo ko ang noo ko.

"Wala akong susi. May susi ba sa ilalim ng paso, Ma?" Nafu-frustrate na ako.

Habang nagtatanong ako ay naririnig ko ang isa pang tawag. Tumuwid ako sa pagkakaupo. I need my Mama's answer!

"Tingnan mo roon! Hanapin mo sa mga paso. Kung wala ay baka tinanggal na ng kapatid mo iyon..."

"Tsk. Sige. Malapit na po ako. Paano kung wala? Anong oras ka po uuwi?"

"Pumunta ka na lang dito..."

What?

"Kunin mo ang susi ko... Magpapahanap na ako ngayon ng mekaniko kay Arnel... Saang banda sa Puertonera?"

"Sa may puno ng Acacia, po..."

"O siya... Text ka kung nandito ka na para makalabas ako rito... Hindi mo na kailangang magtagal. Ibibigay ko lang ang susi."

"O sige, po..."

Pinatay ko ang tawag. Binaba ko ang cellphone ko at tumingin ulit sa labas.

"May susi sa ilalim ng paso sa bahay n'yo?" Leon asked in a very hard tone.

Nilingon ko siya. Nakakunot ang noo niya. His jaw were tightly clenched. I can see it in his face.

"It's a spare key. Ganoon na simula noon..." sabi ko.

Kitang kita ko ang pag-igting muli ng kanyang panga.

Tumunog ang cellphone ko. This was the call in the middle of Mama's call! Nakita ko kung sino iyon. It's Steven!

"Hello... I'm sorry, nasa isang lugar ako na walang signal..."

"You have signal now, then? God, Freya! I was worried about you! You didn't reply."

"I know... I'm sorry. Are you home?"

Hinilot ko ang aking sentido. Sumasakit ang ulo ko sa mga pangyayari.

"Uh... I'm-"

"Sa bahay n'yo tayo?" tanong ni Leon.

Nilingon ko siya. Nakataas ang kilay niya. Nililiko niya na nga sa kalye patungo sa amin at nagtatanong pa siya?

"Who's with you?" Steven asked.

Shit!

"Uh... can I call you back? I have things to do... I'll call you back..."

"Okay..." malamig na sabi ni Steven.

Agad kong pinatay ang tawag. Tumigil ang sasakyan sa tapat ng aming bahay. Lumabas na agad si Leon sa kanyang sasakyan.

Sinundan ko siya ng tingin habang nagtatanggal ng seatbelts. Nasa likod siya ng sasakyan at nilalagay ang kanyang cellphone sa kanyang tainga.

Lumabas ako ng sasakyan. Nagtaas ako ng kilay. He's probably calling Ayana. He'll tell her he's safe. Oh well...

Tinagilid niya ang ulo niya at akmang humakbang palapit.

"Mang Kador, nasiraan ang sasakyan ni Freya sa may Puertonera. Iniwan namin doon.

Maisasama mo ba si Mario roon para matingnan?"

Kinagat ko ang labi ko nang napagtantong nagkamali ako. Binuksan ko ang aming gate at nagsimula nang maghanap sa ilalim ng mga paso.

Marami kaming halaman. Pero may mga halamang madalas pinaglalagyan ni Mama ng susi.

Sa pitong halamang alam ko, walang susi akong nakuha.

Inisa-isa ko lahat. Naramdaman ko ang pagbukas ng aming gate.

Nilingon ko siya. His dark expression's looking at me. I'm not sure if he's amused or just pissed. Nang nagsalita siya ay alam ko na agad na galit siya.

"Bakit n'yo nilalagay sa ilalim ng paso ang susi? Paano kung may biglang pumasok sa bahay n'yo?"

Umirap ako habang binabalik ang isang malaking paso sa pinaglalagyan.

"That's usual. We don't live in a mansion. We don't have security guards to open us when we don't have the key to our house. Ganyan talaga ang uso, 'di mo alam?"

"Don't go sarcastic on me now, Freya. If I'm a rapist, I'd check all the damn pots and find the key para makapasok ako ng walang kahirap-hirap! And what would you do if that happens? Uso pa ba ang tawag mo riyan?"

Tumayo ako nang nawalan ng pag-asa. I'm pretty sure the keys aren't here. Talagang kinuha iyon ni Joaquin. At pareho sila ng pag-iisip ng lalaking nasa harap ko!

"I'd tell the rapist to give me time so I can escape..."

Umirap ako.

Kitang kita ko ang nagpupuyos na galit sa mga mata ni Leon. Matalim ko lamang siyang tinitigan. Unti unti siyang pumikit. Kinagat niya ang kanyang labi. He muttered curses that sent shivers down my spine.

Napalunok ako at nilagpasan na lang siya.

"Freya, pumunta tayo sa bahay..." he said in a controlled voice.

I can almost hear his anger betraying him but he managed to say that in a better way. Ni hindi iyon tangon, e. Talagang dineklara niya ang gusto niyang mangyari.

"Anong gagawin natin doon?" tanong ko kahit alam ko na kung ano.

"You're Mama's there. They're in a meeting. Get the keys from her. I'll take you home right after..."

Nag-iwas siya ng tingin at may mura pang pinakawalan.

Mabilis niyang pinatunog ng dalawang beses ang kanyang sasakyan.

Pinanood ko siyang lumalapit sa driver's seat. Is he serious? He wants me to go to their mansion? And who's going to be there? Who's waiting for him?

"I can wait here. Pu pwede naman sigurong ipadala na lang sa volunteers iyong susi..."

"The volunteers are busy right now. It's the start of the campaign period tomorrow," ani Leon.

Nagkatinginan kaming dalawa. His piercing eyes gazed at me like I'm some puzzle he's determined to solve. Hindi niya alam na maging ako ay hindi alam kung paano ayusin ang utak ko.

"Are you scared someone would see us together?"

Napasinghap ako sa tanong niya. Hindi ko alam kung iyon nga ba.

"Why would I be?" hamon ko.

"Then get in my car..."

==========

Kabanata 42

Kabanata 42

OceanofPDF.com

Cross

Pumasok ako sa loob ng sasakyan ni Leon. Pareho ulit kaming tahimik with only the music on his stereo talking.

'Tsaka pa lang ako nakaramdam ng pagkakaduwag nang lumiko na ang kanyang sasakyan sa kanilang gate.

Lights from their garden illuminated the sculpture of the men and women holding their mansion's foundation.

Nagtiim bagang ako nang pinark ni Leon ang kanyang Ram sa tapat ng hagdanan paakyat sa bahay nila.

Nagdadalawang-isip pa ako kung papasok ba ako o hahayaan ko siyang umalis. Siya na lang sana ang kumuha ng susi ngunit ayaw ko naman siyang utusan.

Sabay kaming lumabas ng kanyang Ram. Hinintay niya akong makahakbang patungo malapit sa kanya at halos sabay na kaming naglakad.

"Nasaan sina Mama?" tanong ko nang paakyat kami.

"I don't know. I'm not sure if they're on the conference room or the dining area..."

Maliwanag ang kanilang sala. Wala ni isang tao ang naroon. And I thought I'd see my Mama here.

"Let's see if they're in our dining area..." ani Leon.

Sumunod ako sa kanya. May narinig akong ingay galing doon. Dire diretso ang lakad ko sa likod niya. Huli ko nang napagtanto na hindi sila iyon...

"Leon! You're late for dinner! Where have you been?"

Bago pa man natapos ni Mrs. Revamonte ang kanyang sinasabi ay napatingin na silang lahat sa akin. The long table was filled with Leon's

family. Ang naroon ay ang kanyang Mommy, Si Kaius at Nicholas. Naroon din ang pamilya ni Ayana. Sa gilid ni Nicholas ay isang babaeng may foreign features.

"Where's Dad? Conference room?" diretsahang tanong ni Leon.

"Yup. Why?" si Nicholas sabay sulyap sa akin.

Inisa-isa ko ang kanilang mga ekspresyon. Everyone's suddenly silent. Wala si Ate Lea, siguro ay nasa Maynila.

"Kumain muna kayo, Freya..." ani Kaius.

"Hindi na... Pupuntahan lang namin si Dad..."

Huli na nang napagtanto kong hindi nga pala ako bumati. Sinulyapan ko si Ayana na nakahawak sa tinidor at parang naparalisa sa pagkain.

Sumunod ako paalis doon kay Leon. Hindi ko alam kung nasaan ang conference room nila. Siguro ay nasa unang palapag lang since marami talagang rooms dito.

"Wait here..." ani Leon sabay muwestra sa sofa. "Ako na ang kukuha ng susi sa Mama mo."

Hindi na ako nakipagtalo. Tiningnan ko ang sofa at naupo na lang ako. Umalis si Leon at nawala siya sa dagat ng mga pintuan ng kanilang bahay.

Tiningnan ko ang cellphone ko at nakitang kong low bat na ito bago ko pa lang

mabasa ang mensahe ni Steven. Bumagsak ang balikat ko at nilingon ang klase klaseng mamahaling muwebles sa kanilang sala.

Isa-isang patak ng takong ang narinig kong papalapit. Nag-angat ako ng tingin sa kung sino ang naroon.

Ayana crossed her arms as she looks at me. Ang kanyang mahabang buhok ay nakalugay.

She's wearing a floral white dress and a white stilletos. Kahit mukha siyang anghel ay tumatakas parin ang iritasyon at galit sa kanyang mukha.

Suminghap ako at kinalma ang sarili. The last time we saw each other she was casual. But right now, I don't think she has an intention to be as casual.

"What are you doing with Leon?"

So this is how it feels. Tumayo ako. This is how it feels to be questioned by someone else. Noon ay ako ang laging nagtatanong niyan, ngayon may iba na.

"Tumirik ang sasakyan ko sa may Puertonera. Nadaanan niya ako..." I explained even when she doesn't deserve it.

I don't know what's in between them. But I can definitely give her what she failed to give me last time: respect. Respect for her feelings. Even when they're not in a relationship.

"Tapos? Sumama ka rito?"

Nagpapalpitate na ang aking kilay sa tanong niya. Anong karapatan mong mag tanong niyan? But then again, I remember myself years ago. Anong karapatan ko noon kay Leon? Ang nararamdaman ko lang naman ang inaalala ko. Here is a girl just like me years ago.

"I forgot the keys to our house. Si Mama lang ang mayroon kaya rito niya ako hinatid."

Hindi ko inakalang kaya ko iyong sabihin nang 'di nagmumura sa kanyang mukha.

"Did you really forget the keys? Or you left it?"

Bitch.

Humalukipkip na rin ako at nagtaas ng isang kilay.

"I left it at home. Huwag kang mag-alala. I did not plan this out. I accidentally

forgot about my keys and I didn't know that Leon's going to find me in that deserted place."

Kitang kita ko ang galit sa kanyang mga mata. Akma siyang bubulyaw ng kung ano pero inunahan ko na siya.

"Don't worry, I'm not going cross lines. If he likes you, I won't desperately turn his attention to me, Ayana."

"Really?" Mataman niyang sinabi. "Kung ngayon nga ay ganito ka makalapit, Freya?

Hindi ka man lang umiwas."

Wow! Just wow!

Hindi umiwas? Kung umiwas ako kay Leon kanina ay malamang nas Puertonera pa ako ngayon at nilalapa na ng mga baboyramo. And besides, hindi ako nag-abang sa kanya malapit sa kanilang mansyon para sabihing lumalapit ako. Nasa isang liblib na lugar ako! Who would think that Leon's going there? Can I read his mind? And why was he there, by the way?

"Huwag kang mag-alala, Ayana. As a sign of respect and as a woman, iiwasan ko si Leon. I don't even know what's in between you guys but I'll respect what you have for him. Might as well ask Leon to stop insisting his ideas. Para hindi na ako mahirapan."

Umiling siya at tinalikuran ako. Nawala siya sa corridor kung saan nawala si Leon.

Hinawakan ko ang puso ko dahil sa bilis ng pintig nito.

That bitch.

Hindi na ako nakaupo ulit. Gustong gusto kong magmura at magsisigaw sa galit.

Sinapo ko ang aking noo at pinirmi ang aking paghinga. I need to calm down. I can't lose it.

"Freya..." si Mrs. Revamonte iyon.

She smiled genuinely. Hindi ko na alam kung ayos pa ba ang sinukli kong ngiti.

"Magandang gabi, po..."

"Kumain muna kayo... Si Leon?" tanong niya.

Bago pa ako nakasagot ay nakalabas na si Leon sa mga corridors. Sa kamay niya ay ang susi ng bahay namin. Nilingon siya ng kanyang ina.

"Ihahatid ko si Freya sa kanila..." paalam niya ng walang lingon-lingon.

"Pasensya na po. Sa bahay na lang po ako maghahapunan."

Tumango siya at pagod na ngumiti. Sumunod ako kay Leon pababa ng kanilang bahay.

Pinatunog niya agad ng dalawang beses ang kanyang Ram.

"Leon!" tawag ko.

Nilingon niya ako nang nakarating siya sa gilid ng kanyang sasakyan. Hindi pa niya binibigay sa akin ang mga susi.

"Ipahatid mo na lang ako sa driver n'yo. O 'di kaya'y hanapan mo na lang ako ng tricycle..."

Sa kalagitnaan pa lang ng suhestyon ko ay kumunot na ang kanyang noo. It was as if I was talking bullshit and he didn't want to listen.

"Bakit pa kung pwede namang ako? I told your momma I'll drive you home."

Pumasok na siya sa loob at sinarado ang pinto. Hindi niya na ako binigyan ng pagkakataong magsalita. Tumayo ako ng ilang sandali roon at tiningnan ang kanyang sasakyan. Umilaw ang headlights at bahagyang umandar.

Bumuga ako ng hininga at umikot na lang para makasakay. Iiwasan ko siya bukas.

Iiwasan ko na siya. Dahil kung lalapit pa ako, anong kaibahan ko kay Ayana?

Nakabukas na ang pintuan ng front seat pagkahawak ko. Pumasok ako sa loob at sinarado na ang pinto. I put the seatbelts on and waited for him to turn the car around para makaalis na kami roon.

"Bibili muna tayo ng hapunan mo bago ka umuwi..." aniya.

What?

"Huwag na. I can cook. It's okay..."

Halos manginig ang aking boses. Kay hirap niya talagang iwasan. Kahit noon paman ay sobrang hirap niya nang tanggihan.

"Magluluto ka pa. Anong oras matatapos? Bumili na lang tayo. Sa alacart lang naman malapit sa inyo."

Hindi na ako nakipagtalo para matapos ang usapan. I don't want to talk that much around him. Tingin ko'y mahuhulog na naman ako sa bitag kung sakali.

Dire diretso ang byahe. Kumalam ang sikmura ko habang iniisip ang alacart malapit sa amin. Isang street lang ang pagitan.

Alam agad ni Leon saan pupunta. Bumaba siya ng sasakyan. Ganoon din ang ginawa ko.

Kumuha ako ng pera pero nakita kong nagbayad na siya. Huli na ang lahat.

"Dapat ay ako na lang ang pinagbayad mo. Akin naman 'yan..." sabi ko sabay sulyap sa barbecue.

Walong barbecue ang mayroon doon. May dalawa bang chicken thighs. Is this for me and Mama?

"It's okay. You know I don't let a girl pay..." aniya nang 'di ako tinitingnan.

Ayaw ko nang makipagtalo. Tiningnan ko na lang siya habang nanonood sa pagpapaypay ng lalaking tindero sa alacart. Ang ibang mga tao ay nasa gilid rin at naghihintay ng kanilang order.

Leon chatted with the vendor. I can't help but reminisce. Hinilig ko ang ulo ko sa salamin ng kanyang Ram.

Nakita kong bumili rin siya ng tatlong cups of rice.

"Maraming salamat!" aniya nang inabot na sa kanya ang supot.

"Walang anuman, Leon, basta ikaw!" sabi ng tindero.

Binigay ni Leon sa akin ang supot at ang susi sa bahay. Pinatunog niya ulit ang sasakyan kaya sumakay na ako.

Gusto kong magtanong kung bakit marami ang binili niya. I'm thinking if it's for my Mama. Alam niya namang nandoon si Mama sa kanila. Hindi pa siya nagdidinner, 'di ba? Then he's expecting me to invite him inside our house?

Pumikit ako ng mariin.

Parang naninikip ang dibdib ko habang iniisip na hindi pwede iyon. It's so hard but I know that the right thing is to avoid this. Ayaw kong maging katulad ni Ayana noon.

"Thanks for the ride and for the food... Papasok na ako..." sabi ko nang 'di siya tinitingnan pagkapark agad ng kanyang Ram.

Hinubad niya ang seatbelt niya. Lumabas na ako at sinarado ang pinto. Kumalabog din ang pintuan ng driver's side. Nanginginig ang kamay ko habang binubuksan ang gate.

Pagkapasok ko ay nasa harap ko na siya. Sinarado ko ang gate na pagitan sa aming dalawa. Lumapit siya roon at hinawakan ang aming gate.

Ang hirap mag-angat ng tingin ngunit nagawa ko parin. His eyes were unreadable.

It's like a mixture of sadness and loneliness.

"Thank you..."

I tried hard to control my voice.

"I... I just want to check your pots. Can I?" nag-aalinlangan ang kanyang tono.

"Oh!" tumango ako. "Wala na riyan 'yong susi na tinutukoy ko. Kinuha na ni Joaquie

'yon."

Ngumiti ako ngunit pilit. I want to let him see that it's okay. That I didn't get what he was trying to do tonight.

"Still. I want to check your pots. Delikado 'yon..." aniya sabay tingin sa aming mga halaman.

Tumango ako at binuksan muli ang gate. Pagkapasok niya at tinalikuran ko na siya at pinasok ang susi sa doorknob. Naririnig ko ang kalabog ng mga flowerpots namin.

Hinintay ko siyang matapos bago ako pumasok. Nakahawak lamang ako sa doorknob nang nagchi-check siya roon.

Bumaling siya sa akin nang napagtantong tama ako.

"See? It's not there. I need to go. I'm tired..." sabi ko.

Dahan-dahan siyang tumango. Nakatayo siya roon at nakapamaywang. Nang napagtantong tinataboy ko'y humakbang na siya pabalik sa gate.

"Good night, then. I'll just check your Fuego. Nandoon na rin sina Mang Kador.

Titingnan ko kung maaayos ba iyon ngayon. Naibigay ko na ang susi sa kanila

kanina."

Tumango at at binuksan na ang pintuan sa bahay.

"Maraming salamat, Leon."

Ang friction sa bakal ng gate ay matulis ang tinig habang sinasarado niya iyon.

Agaran naman ang pagsara ko sa pintuan. I locked everything.

Pumikit ako ng mariin pagkatapos. I remember how he looked when he realized that I'm not inviting him inside. He didn't even insist. Kahit na sobrang lamig niya na ngayon sa akin may parte paring alam niyang hindi niya dapat ipilit.

Naligo ako, nagbihis, at kumain. Nagcharge na rin ako ng cellphone at pagkatapos ay umakyat na sa aking kwarto.

I'm not sure if Mama's going home tonight. Siguro oo pero sobrang late na. Sana pala ay pinatulog niya muna rito si Tata Beri para naman may kasama ako.

Tiningnan ko ang cellphone kong may text ni Steven.

Steven:

We're home. I'm waiting for your call.

Bumuntong hininga ako at pinindot na ang kanyang numero. I need to call him and tell him that I was busy. And that right now I need to sleep.

"Tumirik kasi iyong Fuego namin. Mabuti na lang at napadaan si Leon..."

"Ah... so you were with him when I called?" tanong ni Steven.

I know I already told him that I don't want to be in a relationship. At ang huling sinabi niya paalis ng Alegria ay isang sign na hindi parin siya sumusuko sa aming dalawa. I don't want to lose our friendship but I don't want to lie to him too.

"Yes, I was with him."

"Are you still with him?"

Hindi ako agad nakasagot. Tumango ako. Mabuti na lang at hindi niya naman iyon nakikita. Marahan akong pumikit at dinamdam ang sarili kong sagot.

"Hindi na... Nasa bahay na ako. Steve, I need to sleep. Maaga pa kami bukas," sabi ko.

"Okay... Good night then..." he said coldly.

"Good night."

Pinatay ko na ang tawag. Binaon ko ang mukha ko sa aking unan. Dahil sa pagod na idinulot ng araw na iyon ay agad na lamang akong nakatulog. And mybe because the peace I felt, too. I'm at peace because I know I'm not doing anything wrong. Not to other people... To myself, maybe... Pero wala akong ginagawang masama sa ibang tao.

Maaga akong nagising. Gising na rin si Mama.

Ang tira-tirang pagkain kagabi ay niluto niyang muli. Tinawag niya na yata ang isa sa mga pinsan niya para makatulong pansamantala sa bahay.

"Anong oras kang nakauwi kagabi, Ma?" tanong ko.

"Mga alas diez na yata iyon. Matagal kaming natapos, e..." aniya.

Tumango ako at uminom na ng kape.

Today is the first day of the campaign period. Ang partido nina Governor Revamonte ay mangangampanya sa plaza mismo ng Alegria. Iyon daw ang unang gagawin nila bago sila pupunta sa mga barangay at mga sittio.

Nakasuot ako ng poloshirt na may picture ni Mama sa likod. Ang kulay nito ay kasing kulay rin ng partido ni Governor.

"Maagang hinatid ni Leon kanina ang Fuego. Naayos na raw. Nahihiya ako dahil ayaw magpabayad. Si Arnel na ang ipagdadrive ko ngayon..."

Hindi ako kumibo. Nanatili ako sa pagkain. Kitang kita ko ang makahulugang tingin ni Mama sa akin. It's like she wants a reaction from me.

"Uuwi iyong Papa mo ngayon. Baka nga nandito na iyon, e. May dala iyong isang sasakyan galing kay Betty. Luma na pero ayos na rin para may magamit sa kampanya."

Tumango ako.

Ilang sandali ay dumami na ang tao sa bahay namin. Mga tauhan ni Mama ang naroon.

Ang pansamantalang tumutulong sa kusina ay naghanda rin pala ng packed lunch and

snacks para sa mga tao.

Nalaman ko ring kaninang madaling araw ay nagdikit na sila ng mga tarpaulin sa mga bahay bahay sa gilid ng highway.

"Dapat ay patanggalin 'yang mga ganyan!" sabi ng isa sa mga tauhan ni Mama.

"Unang araw pa lang may nilabag ng utos ng Comelec ang kabilang partido! Bukod sa nauna na nga silang mangampanya ay gumawa pa sila ng sarili nilang stand sa mga posters nila. Bawal iyon, 'di ba?"

Puno ng usapang pangangampanya ang bahay. Inayos ko na lang ang bag ko kung nasaan lahat ng kakailanganin. Cellphone, make up, tubig, suklay, salamin, pantali sa buhok, charger, at pera. Hindi ko na kailangang magdala ng extra tshirt dahil paniguradong marami akong maisusuot roon.

Nagsuot ng sun visors ang mga tauhan ni Mama. Naka wayfarers lang ako at hindi na nakisama sa pagsusuot ng ganoon. Dark maong pants at white sneakers lang ang pinares ko sa polo shirt.

"Ikaw na ang sa front seat ni Arnel, Freya. Sa likod ako kasama si Lita at Isa..."

ani Mama.

Tumango ako at sinunod ang utos niya. Hindi ako masyadong makapagsalita dahil puro eleksyon ang pinag-uusapan nila.

May isang van na supporters si Mama sa kabila. Ang van ay may tarpaulin ding mukha niya at ng party nila ni Governor.

Ang alam ko'y nagpa set up sina Governor ng stage sa plaza. Sa entrance ay tutulong ako kay Aling Lita sa pagbibigay ng mga flyers. Ayaw sana ni Mama pero gusto ko.

Isa pa, baka magkulang sila sa tao dahil malaking event ito.

"Sigurado ka bang magpapabilad ka sa araw, Freya? Naku! Kay kinis mo at magbibilad ka?" tumawa si Aling Lita sa likod.

Nilingon ko siya at nginitian.

"Sus! Sisilong na lang po ako kung may pagkakataon... 'Tsaka may dala akong tubig..." sagot ko.

"Oh? Nagdala ka? May tubig na ipapamigay ang Mama mo."

"Nagdala po... Kapag naubusan ay 'tsaka na lang ako manghihingi."

Pinarada ang aming Fuego sa labas ng binarikadang plaza. May mga monoblock chair na roon at mga tent panlaban sa init ng araw. May malaking tent naman sa stage.

May mga taong nakaupo na sa audience.

"Nandito na raw ba sila?" tanong ni Mama.

"Papunta pa lang sina Governor. Si Mayor, nandito na. Pwede na tayong mauna..."

sabi ni Mang Arnel.

Sabay sabay kaming lumabas. Kinuha ko ang mga flyers at naghanap na kung saan pu-pwesto. Naging abala rin ang mga tauhan ni Mama sa pagpo-post ng mga tarpaulins.

Agad na may sumalubong kay Mama pagkalabas niya. Kaway dito, kaway doon. Kamustahan at kung anu-ano pa.

Lumayo na ako sa kanya. Paniguradong kaya na siyang alalayan ni Mang Arnel at Aling Isa.

"Dito tayo, Freya..." sabi ni Aling Lita sabay turo sa akin ang entrance sa mga barikada.

Marami nang pumapasok. Agad binibigyan ng tubig at pagkain ang mga tao. It isn't vote buying, though. It's food for the people who came here. Para lang 'yang event na kailangang pakainin na rin ang mga tao panlaban sa gutom at init. Nakuha ko iyan bata pa lang ako. Noong unang beses na tumakbo si Mama sa politika. Though it's not as grand as lunch but a little snack would do.

Ngayong under siya sa partido ng mga Revamonte, mas malaki ang budget at mas naaalagaan ang mga taong dumadalo tuwing may kampanya.

"Vote for Melfina Cuevas po..." sabi ko sa mga dumadaan.

"Freya? Freya!" isang may katandaang babae ang yumakap sa akin.

Hindi ko siya kilala. Hinagod ko ang kanyang likod habang niyayakap niya ako.

Mangiyak-ngiyak siya habang inaabutan ni Aling Lita ng tubig. Tinutulak na siya ng mga tao sa likod niya dahil gusto na rin ng mga itong makapasok.

"Bata ka pa lang noon nang tinulungan kami ng Mama mo na makalipat pagkatapos idemolish ng gobyerno ang bahay namin dahil sa road widening!" nanginig ang boses niya.

Nakangiti pa ako kanina pero unti-unti iyong napawi nang maalala ko iyon. I saw the

demolition of the houses for Alegria's road widening. Masakit iyon tingnan. I just don't know if who's right. I was positive that the people living in that area were somehow wrong. Squatters sila kung maituturing ngunit tama bang itulak sila palayo ng ganoon?

But then again... kung itotolerate sila ng gobyerno at ititigil ang road widening sa Alegria, hindi uunlad ang probinsya. So in the end they were forced to leave their houses. Dugo, pawis, at luha ang inialay nila para sa pinaglalaban nila. But we all know that in the first place, they were fighting for nothing. It's not theirs. They shouldn't fight for what isn't theirs.

But they still did, though. For love, for memories, for compassion... it's their pride, their only treasure.

How do you push people away without hurting them?

"Maraming salamat sa Mama mo, Freya! Maraming salamat sa inyo!"

Humagulhol siya.

"Sige na po, Nay. Pumasok na kayo..." sabi ni Aling Lita.

Hinagod ko ang kanyang likod at kinuhanan ng packed lunch.

"Nay, eto po oh. Kumain po muna kayo para may lakas kayo... Ipaparating ko kay Mama, Nay..." nanginig ang boses ko.

Shit, Freya! Tumigil muna ako ng ilang sandali.

I'm not usually emotional but this just sucks, right?

"Sige na po... Sasabihin ko kay Mama na bisitahin ang barangay n'yo sa lalong madaling panahon..."

Tumango siya at umiiyak parin. Ilang sandali pa siyang natayo roon habang umiiyak.

Nanatili rin ako sa kanyang gilid. Hindi ko na namalayan ang nagdagsaang mga tao papasok sa loob ng plaza.

"Salamat... Papasok na ako, Freya..." ani Nanay.

Tumango ako at kinawayan siya papasok. Sinundan ko siya ng tingin hanggang sa naupo na siya sa isang monoblock chair.

Bumuntong hininga ako.

"Ayos ka lang, Freya?" tanong ni Aling Lita.

Binigay niya sa akin ang aking tubig at iminuwestra niya ang isang monoblock chair sa tabi ng lamesang pinaglalagyan ng mga packed lunch.

"Opo. Ayos lang..." sabi ko at uminom ng tubig at umupo sa monoblock chair.

Nalingunan ko si Leon na nakapamulsa habang tinitingnan ako. He was alone standing near me.

He's wearing a gray round neck t-shirt, a dark pants, and black caterpillar boots.

Ang kumikinang na gold sa kanyang leeg ay kitang kita ko. I was sure that it was the cross necklace. Hindi ko masyadong makita ang pendant dahil

manipis iyon.

Humakbang siya patungo sa akin. Tumayo kaagad ako at bumalik sa aking pwesto. I need to be very busy so I can avoid him. I need to keep myself busy!

"Vote for Melfina Menez Cuevas, po..." sabi ko sabay abot ng mga flyers.

Nginitian ko lahat ng napapadaan hanggang sa dumaan si Leon sa aking harap.

What the hell?

Napawi ang ngiti ko. Hindi ko alam kung aabutan ko ba siya ng flyers. Tumigil siya sa aking harap.

I don't know how to react. Nakita ko ang cross pendant ng kanyang necklace.

"Vote for my Mama..." sabi ko sa kanya sabay bigay ng flyers.

Nilagpasan ko siya para mabigyan pa ang ibang taong papasok sa plaza. Why is he here? Sana naman ay dumistansya siya para hindi na mahirap 'to!

"Hindi ka ba papasok sa loob?" tanong ni Leon na ngayon ay nasa aking likod.

"Mamaya pa. May ginagawa ako..." sabi ko habang patuloy ang pag-abot sa mga taong naroon.

I craned my neck to see the other entrance. Nilingon ko si Aling Lita.

"Aling Lita, sa kabila po muna ako tutulong..." sabi ko.

Tumango si Aling lita. Sinulyapan ko si Leon na nakamata sa akin. Pagkatapos ay iniwan ko na siya roon.

==========

Kabanata 43

OceanofPDF.com

Slave

"Melfina Cuevas for Vice Mayor po..." paulit-ulit kong sinabi sa bawat taong pinagbibigyan ko ng flyers.

Mas lalong dumagsa ang mga tao. Nandito na si Leon kaya paniguradong narito na rin si Governor. Nilingon ko ang looban at tingin ko'y magsisimula na.

"Freya, pumasok ka na sa backstage para makaupo ka sa tabi ng Mama mo mamaya pag tawagin na sila. Nakarating na rin daw ang Papa mo..." sabi ni Aling Lita.

Tumango ako ngunit hindi ko agarang sinunod. Ano naman ang gagawin ko roon bukod sa pakikinig? I'd rather stay here and help through this.

My ideas instantly changed. Lalo na nang nakita ko si Leon na may hawak na ring flyers ni Mama. Binibigay niya iyon sa bawat pumapasok tulad ko. Mas marami nga lang siyang napapagbigyan dahil mas kilala siya.

Nilapag ko ang mga flyers sa lamesa at tumigil sa pagbibigay. Nalingunan ako ni Leon na ganoon ang ginawa kaya tumigil din siya.

Hindi na ako makangiti sa bawat dumadaan. Why is he helping? We don't need his help.

Lumapit siya sa akin. Humalukipkip ako habang tumitingin sa dami ng taong pumapasok. Nakikisawsaw pa siya sa ginagawa namin.

Nang nasa harap ko na siya ay may inabot siya sa likod ko. Kumuha siya ng tissue at nilahad sa akin. Sinulyapan ko iyon at pahaklit na kinuha. Kumuha pa siya ng ilan para punasan naman ang sarili niyang noo.

Pinunasan ko ang noo ko gamit ng binigay niyang tissue.

"Pawisan ka..." aniya.

"Bakit ka tumutulong?" tanong ko sabay tingin sa kanya.

Pinasadahan niya ng tingin ang mga tao. Right, these are the supporters of his father. Kung tutuosin mas maraming supporter ang kanyang ama kaya parang lalabas na nakikisakay lang kami. Iboboto ng mga tao si Mama dahil magaling siya at kapartido niya si Pantaleon Revamonte III.

"Nevermind..." sabi ko at iniwasan ulit siya.

Umalis ako roon sa entrance. Nagmartsa ako sa gilid ng barikada para makapunta sa backstage. Hindi na ako lumingon kung sumunod ba si Leon sa akin. Basta ay mabilis na lang ang lakad ko. Umiilag sa mga nakakasalubong.

Nang nasa entrance na ng backstage ay pinapasok agad ako ng security. May isang closed tent sa backstage kung saan pwedeng magpahinga ang mga kandidata. Pagkapasok ko sa barikada ay siyang pagsisimulang magsalita ng tatakbong Mayor sa partido nila. Si Mama at Papa ay paniguradong nasa stage na.

Pumasok ako sa tent. May iilang mga kandidato roon kasama ang kanilang pamilya.

Naghanap ako ng tauhan ni Mama at nakita ko sila sa isang lamesa kung nasaan naroon ang iba pang supplies namin.

Nakita ko si Mrs. Revamonte kasama si Kaius, Ayana, at ang pamilya ni Ayana. Iniwas ko na agad ang mga mata ko sa kanila at tiningnan ang mga supplies namin.

"Naubusan kayo, Freya?" tanong ng isa sa mga tauhan ni Mama. "Maraming dala sina Arnel, a?"

Umiling ako. "Tinitingnan ko lang po..."

Nasulyapan ko ang pintuan ng tent at pumasok doon si Leon. Napatingin agad si Ayana sa amin. Even her parents and Leon's mother.

Iginala ni Leon ang kanyang mga mata sa buong tent. Nag-iwas ako ng tingin at kumuha na lang ng tubig. I left my water on the entrance. Kukuha

na lang ako ng isa rito para makainom.

"Aakyat ka? Nasa stage na ang Mama mo..." si Leon na nakalapit na pala.

Hindi ko siya nilingon. Sinarado ko ang mineral water na pinag-inuman at nilapag.

Pagkatapos ay lumayo roon para abalahin ang sarili.

Nagsquat ako para matingnan ang mga karton sa ilalim kung nasaan ang mga t-shirt.

Mamimigay na lang ako ng iilan sa entrance.

"Busy ako..." sabi ko.

"Leon... Susunod na si Tito sa stage. You should stay para naman may kasama siya.

Wala kasi si Nicholas..." ani Ayana.

Umirap ako habang nagbibilang ng damit. Kinuha ko ang kaya kong dalhin pagkatapos ay tumayo.

"Ilalagay ko 'to sa entrance..." sabi ko sa tauhan ni Mama.

Tumango siya kaya nagpatuloy na ako sa paglalakad palabas.

"Leon, Ayana's right. We should let the masses see that your Dad's family is intact in this campaign-"

Nawala na ang boses ng Mama ni Leon pagkalabas ko ng tent. Nalunod iyon sa mga pangako ng kandidato ng pagka-Mayor.

Lumabas ako sa barikada at nagsimula nang magmartsa pabalik sa entrance. I got rid of Leon, thank God.

Nilingon ko ang likod ko para makasigurado ngunit saktong paglabas ni Leon sa barikada ang naabutan ko. Mas mabilis akong naglakad patungo sa

entrance.

Nilapag ko kaagad ang mga t-shirt sa lamesa ni Aling Lita.

"Ipapamigay na raw?" tanong niya.

"Pwede na naman siguro. Doon na lang sa hindi pa po nakakapagsuot ng kakulay na tshirt..." sabi ko sabay bigay nga roon sa may ibang kulay ng t-shirt.

"Tutulong na rin ako rito..." ani Leon sabay kuha sa iilang dala kong t-shirt.

What the hell?

Nilingon ko siya. Nagkatinginan kaming dalawa.

"Leon, Tita said you should go back. Tatawagin na si Tito ngayon..." si Ayana sa likod naming dalawa ay sumunod pala.

Parehong kulay ng partido ang kanyang dress. Her white wedge made her taller.

"Tinatawag ka na. Pumunta ka na roon," sabi ko at inabala ang sarili sa pag-aarrange ng mga t-shirt.

"It doesn't matter to the people, Ayana. Ilang beses ko bang sasabihin na pupunta ako kung gusto ko..." iritadong sinabi ni Leon.

Bumuntong-hininga ako at napatingin kay Aling Lita. Mapanuri ang tingin ni Aling Lita sa akin at kay Leon.

"Pupuntahan ko po muna sina Mama at Papa sa stage para makatulong ako kay Mama roon..." sabi ko.

Tumango si Aling Lita. "Dalhan mo ng tubig ang Mama mo."

Iniwan ko ulit si Leon doon. Nilagpasan ko si Ayana at tinahak ang daanan pabalik ng backstage. I am tired of their dramas. Dapat ay binabakuran ni Ayana si Leon.

Iyong tipong pinagbabawalan niya talaga. Iyon ay kung kaya niya...

Pagkapasok ko sa tent ay napatingin si Mrs. Revamonte sa akin. Ganoon din ang mga magulang ni Ayana. Hindi ko na sila tiningnan. Kumuha na lang ako ng dalawang tubig para sa aking mga magulang at lumabas na ng tent.

Umakyat ako ng Stage habang nagsasalita si Mama. Hinanap ko si Papa na kalmanteng nakaupo sa long table.

Nilapag ko sa kanyang tapat ang mineral water na dala ko. Tiningala niya ako at naglahad siya ng upuan sa kanyang tabi.

"Anong oras ka pong dumating?" tanong ko sabay nagmano.

"Alas onse... Saan ka galing?"

"Sa likod po, Pa. Namigay ng flyers," sagot ko.

Tumango siya at nilagay ang kamay sa aking tuhod. Nakinig na lang ako sa speech ni Mama dahil tingin ko'y kapag nasa field ako, guguluhin lang ako ni Leon at Ayana.

Pagkatapos ng speech ni Mama ay pumalakpak na ako. Tumayo ako para salubungin siya.

Niyakap ko siya at pagkatapos ay naupo na kaming tatlo.

Humalukipkip ako habang tinitingnan ang mga taong nakikinig sa speaker ngayon.

Pinapakilala na ng speaker ang pinuno ng local party na ito. And it's no other than

Governor Pantaleon Revamonte III!

Umakyat sa stage si Governor. Pumalakpak sina Mama at Papa ngunit nanatili lamang akong nakahalukipkip. Kasama niyang umakyat si Mrs. Revamonte, si Kaius, at si Leon.

Kitang kita ko kung saan agad nagtungo ang mga mata ni Leon pag-akyat sa stage.

Bumaling ako sa audience.

My heart is yet again betraying me. It's beating so hard and fast right now.

Umupo sila sa malayong upuan sa amin. Of course his father is running for Governor.

We can't sit together. Kahit nasa upuan niya'y nakatingin parin siya sa akin.

Days ago he was damn cold to me. I can still remember what happened in Alps. Ni hindi niya ako pinansin doon. But after what happened at Puertonera, ganito na siya kung makaasta. How quickly he changed his moods.

Dumating si Don Pantaleon. The crowed cheered. Tingin ko'y nakuha ni Governor ang puso ng masa dahil sa kay Don Pantaleon. He's a known governor too in his time. The whole Alegria loves him.

Ilang oras kaming nanatili roon. May mga kilalang businessman sa Alegria ang nag endorse na rin sa mga kandidato. Sinabi na rin ni Governor na sa mga susunod na kampanya ay sa kabilang probinsya na muna siya. That means my Mom and the Mayor's the only one who's surely going to each barangay.

Well, thank God to that. I won't see Leon much.

Pero nilinaw naman ni Governor na baka may appearance siya tuwing mangangampanya si Mama at si Mayor sa mga barangay. Naiintindihan ko naman dahil buong lalawigan siya tatakbo. Unlike my Mama and the Mayor who's running here in Alegria.

Pagkatapos magsalita ni Governor ng higit sa isang oras ay nagpatuloy sa pagsasalita ang mga malalaking taong sumusuporta sa kanya.

The past governors were there too. Kumakain ang mga tao habang nagsasalita ang speakers. Umalis naman ako para mabigyan ng pagkain si

Mama at Papa para sa tanghalian.

Nang nakita ni Leon ang pag-alis ko ay tumuwid siya sa pagkakaupo. Nilingon ako ni Mrs. Revamonte at napatingin siya kay Leon.

Pagkapasok ko sa backstage ay ang mga tauhan lamang ang naroon. Ang pamilya kasi ni Ayana ay nasa harap na mga upuan sa audience.

"Kukuha ako ng dalawang styro para kay Mama at Papa..." sabi ko sa tauhan.

"'Yong sa'yo?" tanong niya.

"Dito na lang ako. Bababa ulit..." sabi ko.

"You're leaving?" nang narinig ko si Leon ay umiling na lang ako.

Napangising-aso na ang tauhan ni Mama. Tingin ko ay napaghahalataan na nila ang pagkakairita ko kay Leon.

"I'm not. Kumuha ako ng pagkain para sa parents ko. Might want to give your parents food, too. It's lunch time..." sabi ko.

Tumango siya at nakapamaywang na pinasadahan ng tingin ang mga pagkain. Kumuha siya ng iilan. Sobra para sa kanila.

"Bibigyan ko ang ibang kandidato..." paliwanag niya nang nakitang masama ang tingin ko sa sampung styro na kinuha niya.

He's right. Kumuha na rin ko ng marami para mabigyan ang katabing kandidato namin.

Sabay kaming bumalik sa backstage. The candidates, Don Pantaleon, and his family looked at us. Inuna ko si Mama at Papa pagkatapos ay ang mga kandidato at pamilya ng mga kandidato.

Nang napansin kong kulang ay bumalik ulit ako para kumuha pa. Ganoon din si Leon.

"Ako na ang kukuha. You distribute the styros so it'd be easier..." mataman niyang sinabi.

"Ayos lang. Konti na lang din naman ang kulang..." sabi ko nang 'di siya tinitingnan.

"Kami na..." sabi ng isa sa mga tauhan ni Governor. "Leon ayos na. Kami naman ang gagawa niyan. Nagulat kami ng bigla mong ginawa..." sabay kuha ng isang tauhan sa mga styro na idadagdag sana namin.

Hinayaan ko sila at kumuha ng isa para sa akin. Kumuha ako ng monoblock chair at naupo na sa isang lamesang wala masyadong gamit.

Dahan-dahan na kumuha si Leon ng kanya. Unti-unti rin siyang lumapit sa akin. Tila ba nag-aalinlangan kung tatabi ba siya o ano.

Sa huli ay tumabi siya. Bumagsak ang balikat ko at matalim ko siyang tinitigan.

Hindi ko alam kung manhid siya o ano.

"Sumama ka na doon sa pamilya mo," sabi ko habang tinutusok ang brocolli at sinubo.

Binuksan niya ang kanyang styro.

"Bakit hindi pwedeng dito?" tanong niya.

Gusto kong bitiwan ang mga kubyertos para makausap siyang mabuti. Imbes na ganoon ay nagpatuloy ako sa pagkain.

"You should go there. Why are you staying here?" tanong ko.

Nanatili ang mga mata ko sa aking pagkain. Siya naman ay parang natigilan at napatingin sa akin.

"Is it a problem to you that I am here?"

Ngayon ay binitiwan ko na ang kutsara at mataman ko na siyang tinitigan. I want to stay silent and avoid him but it just doesn't work. He can always find a way to me.

"Days ago you were cold to me. You didn't want to even look at me. Ngayon ay ganito ka na. I'm busy, Leon. I want to help my Mama in this campaign. You should do what you should do. And that is to help your father, your family, and stick to your girl," mariin kong pagkakabigkas.

Gusto ko mang maging tunog kaswal, nakatakas parin sa aking tinig ang pait. I swallowed the bile in my throat.

Kitang-kita ko ang pagkuyom ng kanyang panga. Binitiwan niya ang kanyang mga kubyertos. He looks like he's ready for a row with me.

"Bakit mo laging pinagpipilitan na may iba ako? Did you see me with her? Did you see me kissing her?"

"I didn't but you probably did... Or you two are still probably kissing every night," mariin kong nasabi. "How would I know, right? I wasn't there and I saw you half naked while she's on your room-"

"I was sharing my room with Nicholas. Tuwing umuuwi si Nicholas sa California, Freya, sa kwarto ko siya natutulog. So my room is always open for him-"

"And for Ayana. You know what? This is useless. Just go and get out of my sight, Leon..." sabi ko sabay tingin sa aking pagkain.

"Pumapasok si Ayana nang walang pahintulot sa aking kwarto! I have already confronted her about it! Lalo na noong sinabi mo sa akin kung ano ang naabutan mo, Freya! Years ago! And you never told me about it again!"

"Because it was useless! You would always deny it!" tumaas na ang aking boses.

"I will always deny it because that's the truth! There is nothing in between us!

No! I am not in love with her! I will never be!"

"Liar! She said I shouldn't hope for you! New Year, Leon! Iyon ang bubungad sa akin! You half naked! And Ayana on your room with only a bathrobe! Ano ang iisipin ko!?"

"What? Anong I shouldn't hope for you, Freya?"

"Yes! That was what she said! So I didn't hope for you!"

"Son of a bitch!" malutong niyang mura.

Kitang kita ko ang pagkuyom ng kanyang kamao. Mabilis na ang hininga ko. Pareho nang tumataas ang boses naming dalawa dahilan kung bakit napapatingin ang mga tauhan sa amin. I don't care. If he wants this row right now then I would give him!

"I did not contact you again. You didn't contact me too. Oh! Yes!" Tumango ako.

Bakas na bakas ang pait sa aking tinig. "You were with her. Why would you contact me?"

"Walang numero si Juliet sa'yo! Kaya nga ako umuwi, hindi ba? Kasi hindi mo na ako tinitext! You cut all the cords between us! Nicholas told me you have another man but I didn't believe him! I don't believe anyone, Freya! Ikaw lang!"

Tumayo ako. I think this conversation is getting so dangerous.

Hinila ako ni Leon pabalik para makaupo ngunit hinaklit ko ang aking braso.

"Fuck, please let's talk!" aniya sabay hila muli sa akin.

Hinaklit ko ulit ang aking braso. Nasiko ko ang kanyang kamay.

"Ano pang pag-uusapan natin, ha, Leon? Yes! I kissed Steven on your birthday three

years ago. Yes, I kissed him back!"

Namula ang mga mata ni Leon. Kitang kita ko ang galit sa kanyang mga mata. The pain, the anger, the sorrow so familiar is now directed at me. Unti unti itong naging pagod at pagsusumamo.

"I don't care now! Don't remind me of that!" sigaw niya.

"I tried to move on thinking that you two are in a relationship!"

Tumayo na rin siya. May mga pumasok na mga tauhan. Maingay sila noong una ngunit nang nakita kaming dalawang nag-aaway ay natahimik agad.

"We are not in a relationship! Hindi kita nilapitan noong nasa library kayo ni Steven kasi, Freya, halos makapatay ako ng tao kapag nakikitang may humahawak sa'yo! Paano na lang kung may humahalik?" Nanginig ang boses niya.

Nanlaki ang mga mata ko.

"And now that you're telling me what Ayana told you years ago-"

"Oh you didn't know!" sigaw ko, nangingilid na rin ang luha sa aking mata. "How stupid! Kasa-kasama n'yo palagi pero wala kang alam sa kanya? Years ago I told you she shouldn't be trusted! And now why are you so shocked that she can do this to me? Huh?"

Pakiramdam ko ay dinig na rin ang boses ko sa labas. I was so angry! Mabilis na ang paghinga ko sa bawat salitang binibitiwan ko. Leon was angry too but he's in a defensive stance.

"I am not shocked! I just don't care about her! I just don't care, Freya! I thought it was obvious to you!? That you are just all I fucking think about all the time! I don't care about anyone! Kaya nga ayaw kong umalis, 'di ba? Dahil sa'yo! Kaya nga gusto kong manatili rito! Dahil gusto ko nandito ako kasama ka!"

"Bullshit!" sigaw ko sabay talikod sa kanya.

Hinila niya ako pabalik. Sobrang higpit ng pagkakahawak niya sa aking braso kaya napabalik talaga ako sa kinatatayuan ko.

"You didn't love me the way I love you. And it was okay with me!" sigaw niya.

Parang may karera sa aking puso habang tinitingnan siyang pulang pula.

"I will settle for anything you can give because I was crazy for you! Pinagbigyan ko lahat ng gusto mo! Even if it means I'd see less of you! Dahil ikaw! Kahit ano!

Kahit ano para sa'yo! Kung hindi man pumantay ang nararamdaman mo sa akin, Freya, basta kahit konti may maramdaman ka lang!"

Tumulo ang luha sa gilid ng aking mga mata. Suminghap siya at lumuwang ang pagkakahawak niya sa aking braso.

"When I left Manila, I was determined to start loving something else! Because I realized that I was too in love with you! I lost my self! Hindi ako ganito noon!

Hindi ko namalayan iyon dahil lagi kang nasa akin! Hindi ko alam na ganoon na lang ang maidudulot mo sa akin! Ganoon mo ako nasaktan!"

"And you loved Ayana-" sobrang sakit ng puso ko sa nasabi.

"No! I loved my passion! I loved my studies! The things I neglected because I was too busy loving you too much! Huwag mo nang ipilit si Ayana rito dahil wala siya sa aking buhay, Freya!" sigaw niya.

Hinaklit ko ang braso ko galing sa kanya.

"I held on to your principles. It took me years to claim your lips. Years to get your attention. I knew you wouldn't give it to someone else that easily but you did..." marahan niyang sinabi.

"Right!" sabi ko. "I kissed Steven. I want to love again."

Nanlaki ang mga mata niya sa sinabi ko. Humakbang siya palapit sa akin. Umatras ako nang napagtantong parang unti-unti siyang sasabog sa sinabi ko.

"You were in love with me?"

Shit!

Kumunot ang noo ko. You stupid bastard!

Tinulak ko siya! I can't contain him getting closer to me.

Wala yata siyang lakas dahil pagkatulak ko ay napaatras siya ng dalawang hakbang dahilan kung bakit natumba ang isang lamesang puno ng mga t-shirt.

"Hala!" sabi ng isang tauhan.

Tatlo silang naroon at agad na pinagtulungan ang lamesa. Tumuwid sa pagkakatayo si

Leon.

"It's over now, Leon. Ayana loves you. I respect her feelings even if she didn't respect mine years ago. Divert your attention to her!" sabi ko.

Matalim ang mga mata niya ngayon sa akin. It was like seeing him the first time again. It was like he's determined about something. Kinabahan ako roon. His eyes were so intense that it sent shivers down my spine.

"That doesn't work on me now. I'm not your slave... no..." umiling siya. "And I don't fucking care if you kissed someone else..."

"Freya!" tawag ni Aling Lita na tingin ko'y tinawag ng mga tauhan ni Mama.

Kinuha ko ang aking mga gamit at nagmamadaling umakma sa pag-alis ngunit hinawakan muli nI Leon ang aking braso.

Nanlaki ang mga mata ko. Lalo na nang ang isang kamay niya ay nakahawak sa aking baywang. Nasa likod ko siya. Unti-unti niyang hinaplos ang aking baywang hanggang sa aking tiyan.

I stiffened. Para akong natutunaw sa ginagawa niya. Naramdaman ko rin ang hininga niya sa aking buhok. He's so close to me. I couldn't even move and push him away.

"Why I didn't realize this before... son of a bitch..." marahan niyang sinabi sa aking buhok.

What is he talking about?

Binawi ko ang kamay ko at agad akong lumayo sa kanya. Lumapit si Aling Lita at Mang Arnel sa akin. Agad akong nagtago sa likod ni Mang Arnel. The tingling sensation on my ends won't stop beating. Damn it!

"Leon! Ano 'to? Tama na! Nagsasalita si Governor sa stage! Huwag nating guluhin ang unang araw ng kampanya!" ani Mang Arnel.

Matalim kong tinitigan si Leon. Ganoon din ang mga mata niya sa akin. Except that the sides of his lips rose for a smile.

"Alisin n'yo si Freya rito. Para hindi ako manggulo," malamig niyag banta.

Fuck!

Hindi ko na hinintay ang magiging reaksyon ng tauhan. Agad na akong umalis ng tent!

==========

Kabanata 44

Kabanata 44

OceanofPDF.com

Change

"Oh! Ano itong nasabi ni Mommy sa akin na nag eskandalo raw si Leon sa plaza?"

salubong ni Juliet sa akin.

Wala na akong mapuntahan. I have no ride. Tricycle lang ang panlaban ko nang umalis ako roon. I'll just text my Mama na umalis na muna ako.

Nasa bahay ako nina Juliet ngayon. Wala si Tito Daniel at Tita Nelia dahil sumunod umano sila sa kampanya ni Governor.

Karga karga ni Juliet si Baby Jarrick nang sinalubong niya ako sa labas. Binigay niya ito sa katulong nang nakapasok na kami sa bahay.

"We had a row. Ang kulit niya kasi..." sabi ko.

Sumunod ako kay Juliet na dire diretso sa kusina. Napatingin ako sa nakabukas na double doors ng kusina nila. Sa labas ay si Jarrick na naglilipat ng mga niyog galing sa isang basket patungo sa likod ng kanyang puting pick up.

"Jarrick, huh!" banta ko.

Ngumisi si Jarrick at nagpunas ng pawis sa noo. Nagkibit siya ng balikat.

"Hindi pa naman nagtatanong sa akin kaya wala akong sasabihin."

Hindi ako nasundan ni Leon. Hindi ko rin naman kasi siya nakitang lumabas. I don't know what happened right after I ran.

"Hay naku! Nag-usap na ba kayo ng maayos?" tanong ni Juliet sabay alog sa gatas para kay baby Jarrick.

Binigay niya iyon sa taga bantay. May crib sila sa sala at doon yata pinapatulog si Baby tuwing umaga.

"Hindi ko alam kung maayos 'yon..."

Umupo ako sa high chair ng counter. Kumuha siya ng kanin galing sa lamesa at nilapag niya iyon sa aking harap. Tatanggi sana ako ngunit napagtanto kong 'di pa nga pala ako nakakakain ng maayos.

"Mag-usap nga kayo ng maayos."

Nilapag niya na ang ulam sa aking harap pagkatapos ay umupo siya sa tabing high chair ko.

"We always end up fighting..." sabi ko.

"Syempre... may hinanakit ka sa kanya at mayroon din siya sa'yo..."

Mataman kong tiningnan si Juliet. It's as if she's amused that I'm in trouble.

Umiling ako at nagsimulang kumain. Alas dos na at dapat gutom na gutom na ako pero hindi ko maramdaman ang gutom dahil sa mga nangyari.

"Did you know that he came back years ago?"

Tinagilid ni Juliet ang kanyang ulo.

"Iyan ba iyong birthday niya?" she asked.

Tumango ako at natigilan.

"Hindi ko alam noon. Nalaman ko na lang pagkauwi niya rito ngayon. Tita Leilani told me that nagkaroon daw siya ng trip dito noon pero mabilisan lang. Umuwi kaagad. 'Di na napadpad ng Alegria..."

Pagkatapos nang nakita niya sa library ay siguro'y umalis na siya. Umiling ulit ako at nagpatuloy sa pagkain.

"Why are the Clementes living with the Revamontes?" tanong ko nang 'di tinitingnan si Juliet.

Bumuntong-hininga ang aking kaibigan. Bakit hindi kina Marjorie sila makitira. Wala si Marjorie roon at maaaring ang kanyang Mommy at Daddy lang ang nandoon. Bakit pa kailangang makitira? Do they have a deal or something? Leilani Revamonte probably wants Ayana for Leon. Kaya ganyan na...

"That I am not sure. You know, Freya... Ang mga Clemente ang tumulong kay Tita Leilani sa States. Wala si Tito roon, e. And bestfriends si Tita at ang mommy ni Ayana. Siguro ay inimbitahan ni Tita ang pamilya ni Ayana na doon na muna tumira.

There are so many rooms in the mansion..."

Pinangalahatian ko ang tubig. I still don't get it. Or maybe, I don't like that part.

"Nagseselos ka?"

Matalim kong tinitigan si Juliet.

"My God, best. You know Leon. You've known him for years. Yes, he may be a playboy.

But have you seen how he treats other girls? He ignores them. It's like he's used to them being crazy over him na normal na lang sa kanya iyon. He doesn't even look at them. May naalala ka bang pinagselosan mo noon bukod kay Ayana? Wala, 'di ba, dahil hindi niya pinapahalagahan ang ibang babae."

Hindi ako kumibo sa sinabi ni Juliet.

"Panigurado'y kahit noong sinabi ni ni Ayana kay Leon ang tungkol sa kay Tita Leilani, wala paring move na ginawa si Leon. He only moved when you pushed him.

Manang mana kay Tito. Bulag na bulag... o should I say, manang mana kay Lolo?

Sobrang loyal... Nakakasama..." Umiling siya at tumawa.

"Bakit daw ba nag eskandalo si Leon kanina?" si Jarricj iyon na ngayon ay nagpupunas na ng maruruming kamay.

Pati siya ay matalim ko na ring tinitigan. I feel like instead of finding comfort here, mas lalo lang nagkakabuhol buhol ang utak ko.

"Wala. May mga lamesa lang na natumba noong tinulak ko siya..." sabi ko.

Tumawa si Jarrick.

"Naaalala ko noon... The way to make us lose was easy..." sumulyap si Jarrick sa akin. "Kapag naglalaro si Leon, bubulungan lang 'yan ng kalaban na hahalikan nila si Freya, magagalit iyon. Imbes na manalo kami, mas matatalo lang..."

Nanlaki ang mga mata ko. I didn't know about that! He's bluffing!

Tumawa si Juliet at tumango na parang alam niya tapos ako lang itong walang kamuwang-muwang.

"You're kidding!" giit ko.

"Alam mo namang basagulero 'yang pinsan ko, 'di ba? Ang bilis mapikon niyan lalo na kapag sa'yo."

"Bahala na kung ma foul-out basta malumpo niya lang ang poporma kay Freya," sabay tawa ni Jarrick.

Kumunot ang noo ko.

"Tama na nga!" sabi ko sabay tigil sa pagkain.

Nagtawanan ang dalawa. Dito muna ako mananatili para magpalipas ng oras. Sana lang ay huwag magtraydor ang dalawang ito kundi ay masisira lang ang pag-iisip ko.

Pinatulog ni Juliet si Baby Jarrick. Pinanood ko ang pagtulog ni Baby. Ang nasa TV

ay puro mga pambatang kanta.

Umupo kami ni Juliet sa sofa habang natutulog ang baby. Sinubukan naming tawagan si Marjorie na ngayon ay nagtatrabaho pala. Syempre, Lunes.

"Hi! Hi Freya!" ani Marjorie.

Her chubby cheeks became chubbier. Nagtawanan kami at nanghingi pa siya kay Juliet ng advice kung paano magpapayat.

Nalibang ako sa usapan. Hindi ko na rin kailangang ipag-alala sina Mama at Papa dahil nakapagtext na ako kay Papa kanina. Paniguradong ngayon ay tapos na iyong kampanya sa plaza.

"Araw-araw ba ang kampanya na gagawin ng Mama mo, Freya?" tanong ni Marjorie dahil nagulat siya nang nalamang nagresign na ako.

"Hindi naman. Depende. Siguro'y ang susunod na kampanya namin ay sa Wednesday tapos sa Friday o Saturday naman. Para makapagpahinga naman."

"Oh? Ganyan kadalas kaya ka nag resign?" tanong niya.

"Gusto ko ring mag-apply sa iba, Marj. I wanna try some accounting firms. Do you know one?"

"Marami rito. Pagkatapos ng eleksyon ay lumuwas ka ulit para matulungan kita..."

Humaba pa ang usapan namin nang biglang may narinig kaming sasakyang dumating.

Nilingon ko kaagad ang bintana nina Juliet. It's already four in the afternoon.

Nanlaki ang mga mata ko nang lumabas si Leon sa sasakyan at dumiretso sa gate.

"Oh damn!" sabi ko.

"Hala! Marj, we'll call you again. Bye!" ani Juliet sabay patay sa tawag.

Hindi ko malaman kung magtatago ba ako o ano. Sa huli ay tuwid na lang akong naupo.

Si Leon ay nasa pintuan na ng bahay nina Juliet.

Galing sa kusina ay nagpakita si Jarrick ng nakangisi. Matalim ko siyang tinitigan.

"He came here voluntarily. He didn't text, I swear..." ani Jarrick sabay sama kay Juliet sa pagbubukas ng pintuan.

"O, nag eskandalo ka raw?" salubong ni Juliet.

'"Tol!" ani Jarrick.

Sa gilid ng mga mata ko ay nakita kong nilingon niya na agad ako.

"Oh! Huwag kayo ditong mag-away ha! Natutulog ang baby namin!" ani Juliet.

Nilingon ko si Leon. Now he looks amused. Para bang gusto niyang mangiti pero pinipilit niyang hindi.

'"Tol laro na lang tayo! Kanina pa ako inaantok, e!" yaya ni Jarrick sabay turo sa billiard table sa kabilang parte ng sala.

Nilingon iyon ni Leon. Tumango siya. Napabuntong-hininga na lang ako. Thank God he's not going to start a row again!

Nagkatinginan kami ni Juliet. Ngumiti siya at dinungaw si Baby Jarrick.

"Chill..." aniya.

Biglang umiyak si Baby. Kinarga agad ni Juliet. Dalawang oras lang yata iyon natulog.

"Oh... Shh.. Gutom ka?" ani Juliet.

Tumayo ako at umambang kakargahin si Baby.

"Kumuha ka muna ng gatas. Ako na muna ang kakarga..." sabi ko.

Siguro'y nakatulog ang katulong sa kwarto kaya walang kaakibat si Juliet sa pag-aalaga. Nilingon kami ni Jarrick. Nilapag niya ang cue stick sa lamesa. Umiling agad ako.

"Ako na, Jarrick..."

Lumingon si Leon sa akin. Kinagat niya ang kanyang pang-ibabang labi. Umiwas ako ng tingin at bumaling kay Baby.

"Shhh... Baby..." sabi ko dahil umaamba na naman itong iiyak.

"Leon... Ikaw na..." ani Jarrick.

Napatalon ako nang may naramdaman akong humawak sa aking baywang! Kung wala lang akong dalang baby ay kanina ko pa naitulak si Leon o 'di kaya'y kanina pa ako tumakbo.

"Don't touch me!" mariin kong sinabi at nilayo ko si Baby sa kanya.

Binitiwan niya ang aking baywang ngunit nanatili siya sa aking likod. Humalakhak siya at muling hinawakan ang aking baywang.

Gustong gusto ko siyang bigwasan sa ginagawa niya pero hindi maaari dahil sa dala kong baby.

"Ano ba, Leon..." kahit marahan ay may diin parin ang pagkakasabi ko.

"Leon, tanggalin mo nga 'yang kamay mo! 'Di pa nga kayo, kung maka asta 'to!" ani Juliet.

Tumawa pa si Jarrick. Uminit ang pisngi ko sa pagpuna ni Juliet. Inabot niya si Baby galing sa akin.

"Akin 'to. Sigurado na ako..." ani Leon.

Matalim ko siyang tinitigan. Nagtaas siya ng kilay at ngumisi.

"Eto na, Juliet..." sabi ko sabay balik sa kay Baby.

Saktong pagbalik ay nilingon ko si Leon. Ngumisi siya at lumayo sa akin. He licked his lower lip. Gustong gusto kong mainis sa kapreskuhan niya ngayon pero parang kay hirap.

"Feeling nito!" ani Juliet. "Bakit ka nga pala natagalan? I mean... kanina pa 'tong si Freya rito? Nawala ka?"

Nagpatuloy sa pagbibilliard si Leon. Yumuko siya. Hinubog ng kanyang t-shirt ang kayang back muscles. Nag-iwas ako ng tingin. Tumira siya at narinig ko ang tama ng mga bola sa lamesa.

"Kinausap ko pa si Lolo..."

"Oh? Anong sinabi mo?" tanong ni Juliet.

"Marami..."

Bumaling si Juliet sa akin at kumindat.

"Papaalisin mo na raw ba si Ayana sa inyo?" ani Juliet.

What a best friend. I suddenly want to pull her hair!

"Sinong nagpapatanong?" Tumawa si Leon.

Shit! I didn't ask that question!

"My Dad is too in love with my Mom, though. And it's not my house. Don't worry, Freya. 'Di kami nagkikita ni Ayana sa mansyon. And I'm alone in my room even if you check it..."

The hell I fucking care! Damn it!

"I hate sneaky girls..." ani Jarrick.

"Yeah right..." ani Leon. "They're creepy..."

Ngumuso ako. Hindi ko alam kung anong magiging reaksyon ko.

"Oh, eh bakit si Ayana ang sumasagot ng tawag sa Skype? May password siya sa laptop mo?" tanong ni Juliet.

This is enough! I am leaving!

"Naka-on lagi ang laptop ko. Baka sakaling tatawag..." ani Leon.

Napatingin si Juliet sa akin. Lumapit naman ako sa kanya para magpaalam. If this is going to be the scenario then no thanks.

"Aalis na ako. Baka hinahanap na ako ni Mama at Papa."

Kinuha ko ang bag ko. Pagkalingon ko sa kanilang pintuan ay naroon na si Leon at nagbubukas na ng pinto.

Matalim ko siyang tinitigan.

"I promise, I'll just drive you home and that's it..."

Humahagikhik na si Juliet sa aking likod. Saan kaya ako pwedeng pumunta rito sa Alegria nang hindi nalalaman ni Leon?

"Sige na, Freya!" Jarrick cheered.

Pinagkakaisahan nila ako. Mabilis na akong lumabas. Sumunod agad si Leon. Tinulak ko ang gate ng bahay nina Juliet.

"Say bye bye to Mommy!" ani Juliet.

Lumabas na rin si Leon pagkalabas ko. Pinatunog niya ang kanyang Ram. Binuksan ko kaagad iyon at narinig ko ang halakhak niya.

Pagkapasok ko at matalim ko siyang tinitigan na umiikot sa harap para sa driver's seat. He's smiling like an idiot!

Inayos ko ang seatbelts ko. Pumasok siya at pinaandar agad ang sasakyan. He turned the aircon on.

Ilang sandali pa kaming nanatili roon ng tahimik hanggang sa sinarado niya na ang pintuan.

"Sa bahay n'yo?" he asked.

"Oo..." sagot ko.

Tumango siya at pinaandar ang sasakyan. Nilagay niya sa aking hita ang kanyang cellphone. Kumunot ang noo ko sa ginawa niya.

"Put your number on my phone..." aniya.

"And why would I do that?"

Sumulyap siya sa akin.

"You know I can always get your number from Juliet. Mas mabuting ganyan para makuha mo na lang din ang numero ko."

Wow! That's a great reason. Hindi ko ginalaw ang cellphone niya. Tiningnan ko lang ito. His wallpaper's default. Everything's simple.

Ilang sandali pa bago ko kinuha at niswipe. Napansin ko ang pagsulyap niya at pagngisi habang tinitipa ko ang numero ko. Uminit ang pisngi ko at binalik sa kanyang gilid ang kanyang cellphone.

"What's funny?" tanong ko.

Ngumuso siya at umiling. Pinark niya agad sa labas ng aming bahay ang kanyang sasakyan. Maraming nakapark sa amin. Mga kaibigan ni Mama na tumutulong sa pangangampanya.

"Thanks..." sabi ko sabay tanggal ng seatbelts.

"You're welcome..." matigas na ingles niyang sinabi. "Uuwi na ako. I'll text you later..."

Tumango ako nang 'di siya tinitingnan at dumiretso na sa gate. Hindi ko pa nabubuksan ay nilingon ko ang kanyang sasakyan na nanatili roon.

I pushed our gate. Pumasok ako sa loob at sinarado iyon. 'Di parin siya umaalis.

Tinalikuran ko siya at pumunta na sa pintuan para makapasok sa bahay.

Tawanan galing sa mga tauhan ni Mama ang naabutan ko. Nang nalingunan nila ako ay natahimik sila.

Nagmano ako sa iilang relatives at kilalang Auntie at Uncle. Pagkatapos ay kay Mama at Papa naman.

"Galing ka kina Juliet?" tanong ni Mama, hindi pa napapawi ang ngiti galing sa tawanan nila.

"Opo... Aakyat na po muna ako sa kwarto..."

"Freya, nagkausap na ba kayo ni Leon?" tanong ni Aling Lita.

Napatingin ako kay Mama at Papa. Si Papa ay nakatingin lamang sa kanyang inumin at si Mama ay nag eexpect ng sagot.

"Opo..." sabi ko.

"Ganoon ba talaga kayo mag-usap? Kinausap ni Leon si Don Pantaleon kanina. Pati si Governor..." ani Aling Lita.

"Lita, tama na 'yan. Huwag mo nang intrigahin!" ani Aling Isa.

"Nagkagulo kanina dahil diyan, Freya. Sana ay maayos n'yo na 'yan..." ani Mama.

Tumango na lang ako at nagpatuloy sa pag-akyat patungo sa aking kwarto.

I seriously don't know what to do. Naligo ako para malinaw ang aking pag-iisip pero mas lalo lang yatang nagkabuhol-buhol.

NakipagSkype ang mga kaibigan ko nang dumating ang alas sais. Nagkaroon yata sila ng dinner at ako lang ang wala kaya nakipag Skype sila sa akin.

"We miss you, Freya!" ani Clarabelle sabay pakita isa-isa sa mga mukha nila.

Sa huli ay si Steven na tipid na ngumingiti.

"Napakaclingy namin! Busy ba ang kampanya?"

"Oo. Sorry... Ngayon kasi ang unang araw..." sabi ko.

Tinapat ulit nila ang video kay Steven. Umiwas si Steven. He looked suddenly pissed at Kellie's move.

"Miss ka na ni Steven..." ani Clarabelle.

Pagkatapos ng Skype ay nakatulog agad ako sa sobrang pagod. Ni hindi ako nakapag hapunan dahil maaga akong nakatulog. Kinaumagahan ay nagising na lang ako sa ingay galing sa aming bakuran.

May nagsisibak ng kahoy!

Kinusot ko ang mga mata ko at nilingon ang orasan sa tabi. It's 6:30 in the morning. What's with the firewood?

Kumalam ang sikmura ko. Naalala kong wala nga pala akong kain kagabi. Lumabas ako ng kwarto para makaba baba at makakain. Sumulyap ako sa pintuan namin ngunit 'di ko na pinilit makita kung sinong naroon. It's probably Papa.

Pero nang nakita ko si Papa sa hapag na nagbabasa ng newspaper ay napatingin ulit ako sa aming pintuan. Si Mama ay naglalagay ng pagkain sa lamesa.

"Who's outside?"

Binaba ni Papa ang kanyang newspaper.

"Si Leon..." sagot niya.

Napaawang ang bibig ko sabay turo sa pintuan.

"Anong ginagawa?" Pumikit ako. "Bakit siya nagsisibak ng kahoy?"

May gas stove naman kami. May dirty kitchen sa likod ng bahay pero hindi naman masyadong ginagamit maliban na lang kung magluluto si Papa ng inihaw or something...

"Maagang pumunta rito para bisitahin ka raw. Tulog ka pa kaya pinagsibak ko ng kahoy."

What the hell. Imbes na kakain na ako ay bumalik ako sa kwarto para makaligo at makapagbihis na muna.

Naghuhuramentado ang puso ko habang nagmamadali sa pagligo at pagbibihis.

Pambihirang buhay naman ito. Kung kailan ako bagong gising ay 'tsaka pa piniling pumunta rito!

Pagkatapos kong magbihis ay lumabas na ako sa kwarto. Narinig ko agad si Mama sa baba.

"Ay naku! Ewan ko sa batang iyon at bumalik sa taas, e. Talaga bang aalis ka na?"

ani Mama.

"Opo. Mag tatrabaho po muna ako. Paki sabi na lang po kay Freya... Babalik na lang din po ako bukas..."

"Mangangampanya kami bukas sa isang sittio, e. Maaga ang tulak namin, Leon..."

"Ganoon ba? Susubukan ko pong pumunta..."

Bumaba ako sa hagdanan. Tumingala agad si Leon. Hindi ko siya tiningnan. Nagtaas lamang ako ng kilay at dahan dahang bumaba.

"Ayan na pala si Freya..."

Sumulyap ako kay Leon. Pawisan siya. Bakas sa kanyang t-shirt ang pawis.

Nakapamaywang siya. Sa gilid ng maong ay may nakasabit na mga susi. He's wearing his black boots again. I can't help but stare at him.

He licked his lower lip.

"Good morning, Freya..." sabi niya.

"Good morning..."

Napatingin ako kay Mama na nakataas ang kilay sa akin at nangingiti.

"Aalis ka na?" tanong ko.

Bumuntong-hininga si Leon.

"Uh..." Humakbang siya ng isang beses papunta sa akin.

Nag-iwas ako ng tingin.

"Magtrabaho ka muna..." sabi ko.

Tumalikod si Mama at hinarap na lang ang lababo katabi ng isang kasambahay na pansamantala niyang pinapatulong.

"Uh... Sige... I'll just text you when I'm done..." ani Leon.

Umupo ako sa hapag at agad na iminuwestra ni Mama sa akin si Leon.

"Ano ka ba, Freya! Ihatid mo palabas!" pagalit na sinabi ni Mama.

Napatayo agad ako! Napapagalitan pa ako, ha!

Sinamahan ko si Leon sa labas. Naroon pala si Papa at tinitingnan ang mga nasibak na kahoy ni Leon. Sinundan niya kami ng tingin hanggang sa gate.

Nag-angat ako ng tingin kay Leon. Mapupungay ang mga mata niya habang nilalock ko ang gate sa pagitan naming dalawa.

Ganoon ang eksena sa weekdays. Sa kampanya naman ni Mama ay lagi siyang bumibisita.

Magdadala ng kung anu-anong pagkain at tubig para sa lahat.

"Andyan na naman ang bunso ni Gov, Freya..." sabi ni Mang Arnel.

Shit! Pawisan na ako dahil sa mga ginawa namin at ngayon pa napili ni Leon na bumisita?

Kumalabog ang pintuan ng kanyang Ram pagkalabas niya. He's weaing a cap and wayfarers. Black vneck t-shirt, dark maong pants, at kulay brown namang caterpillar boots ngayon. Nasa ulo ko naman ang aking wayfarers dahil kanina pa kami rito. Polo shirt at maong ang suot ko gaya ng dati. Amoy pawis pa ako!

"Sandali lang po..." sabi ko sabay bigay kay Aling Isa ng mga flyers na dala ko.

Si Mama at Mayor ay nagsasalita na sa isang maliit na stage sa basketball court ng barangay na pinuntahan namin.

Gusto kong maligo ng perfume para lang alisin ang amoy pawis sa akin! Ngunit bago ko pa mapindot ang aking perfume ay naroon na si Leon sa aking likod.

Humarap ako sa kanya. Pinasadahan niya ako ng tingin. Damn it! I'm a disaster!

Pinunasan ko ang naramdamang tumutulong pawis sa aking noo. Ganoon din ang ginawa niya gamit ang kanyang daliri. Mabilis ang pintig ng puso

ko.

Nilipat niya ang kanyang sumbrero sa aking ulo.

"Huwag kang masyadong magpabilad at magpagod..." aniya.

Nilapag niya ang isang paper bag sa likod ko. Nilingon ko iyon at nakakita ng pagkain at mga bote ng juice.

"Thanks..." sabi ko.

"Pupunta ka mamaya sa dinner?"

May meeting sina Mama mamaya. Inimbitahan ni Governor ang mga kapartido maging ang kanilang mga pamilya. Just like the old times. Ayaw kong pumunta. Tingin ko'y hindi dapat ako pumunta pero sabi ni Mama ay bastos daw kapag 'di ako pumunta.

"Hindi ko alam..." sabi ko.

"Pumunta ka. Ako na ang susundo sa'yo..." aniya.

"Ayos lang naman kung 'di ako pupunta, Leon. Sina Mama lang ang sadya ni Governor.

Hindi na kailangang pumunta pa ako..." sabi ko.

Mataman niya akong tinitigan. Pinunasan niyang muli ang pawis sa aking noo. Bahagya akong umilag dahil masyado nang nakakahiya.

"Change the way you call me, Freya..."

Napasinghap ako sa napuna niya. Ngunit hindi makatakas sa akin ang matagal nang bumabagabag sa aking utak. Kahit noon.

"I'm not like your mother..." sabi ko.

Hinawakan niya ang magkabilang gilid ng lamesa sa aking likod. Mabuti na lang at nasa backstage lang kami. Ang naroon lang ay iilang tauhan na abala

sa pakikinig sa mga sinasabi ni Mayor sa harap.

Umatras ako ngunit wala na akong maatrasan dahil sa lamesa. Yumuko siya at naglebel ang aming paningin. His biceps flexed and I can smell his manly scent. Agad akong na conscious sa amoy ko ngayon! This is just so unfair!

"She doesn't call me Fourth anymore... It reminds me too much of you." he said.

Mataman ko siyang tinitigan. Anong ibig niyang sabihin.

Bumaba ang tingin niya sa aking labi.

"You're the only one who should call me that now. Ikaw lang ang may karapatan... sa akin..." aniya.

Bumagsak ang tingin ko sa aking kamay at huminga ng malalim.

"Hmm. I'll pick you up later. I need to get back to work now."

Tumuwid siya sa pagkakatayo.

"Huwag kang papabilad. Namumula ka na. And you eat... or I'll bug you the whole time you're here..."

Dahan-dahan akong tumango. He smiled playfully.

==========

Kabanata 45

Kabanata 45

OceanofPDF.com

In Love

Dinungaw ko ang cellphone ko pagkatapos uminom ng tubig. Kanina pa kami rito at mamimigay pa ng school supplies sina Mayor sa mga bata kaya hindi pa kami makakaalis.

Leon:

Did you eat the food I gave you?

Nagtipa agad ako ng sagot.

Ako:

A little.

Nag-angat ako ng tingin sa tent. Inalalayan ni Papa si Mama pababa. Tumayo agad ako para makatulong.

Tapos na ang kanilang kampanya sa barangay na ito. Ang sabi ni Mama ay uuwi kami pagkatapos pero hindi pa kami agad nakauwi. Kinamayan niya pa lahat ng barangay officials at iba pang mga tao roon. Ganoon din si Mayor kaya natagalan pa kami.

Tumulong na lang muna ako sa pagbabalik ng ilang supplies sa mga sasakyan.

Pagkatapos namin roon ay sumakay na ako sa pick-up na dala ni Papa noong galing siyang Maynila. Doon din kasi sasakay si Mama kasama ang ilang tauhan niya. Sa kabila ay si Mang Arnel ang magdadrive.

Pagkauwi ko ay nagsimula na kaagad si Mama sa sermon.

"Freya, huwag kang bastos. Sumama ka mamaya. Hindi naman ito patungkol sa inyo ni Leon. At ano ba namang kakain ka lang pagkatapos ay uuwi. Kami na lang ng Papa mo ang sasama sa meeting tutal ay closed doors naman iyon..."

Hindi na ako nagsalita sa sunod sunod na mga sinabi ni Mama. Kahit hindi niya sabihin ngayon ay kumbinsido na ako sa pagpupunta.

I just hate to imagine their reactions. His mother, Ayana, and everyone in their house!

Umakyat ako sa kwarto. Magsha-shower na sana ako para makapagbihis na rin nang biglang may tumawag.

Si Steven iyon. Tinanggap ko ang tawag. It's been a while. He's been texting but because I'm too busy, 'di ako nakakapagreply.

"Steven! Hi!" sabi ko sabay kuha ng mga damit na susuotin ko.

"Hi!" malumanay ang boses niya. "How are you? Hindi ka na nagrereply ah?"

"Pasensya ka na. Masyado akong busy talaga sa mga ginagawa ko. May problema ba?"

tanong ko.

Hindi siya agad nakasagot. Niloud speaker ko ang cellphone ko at lumabas na ng kwarto para makaligo sa kwarto nina Mama at Papa. Nang nakarating doon ay nilagay ko ang cellphone sa sink para makausap siya.

"Wala. I just miss you..."

Tinitigan ko ang cellphone ko. I am torn between our friendship and my real feelings toward him.

"I miss you too, Steve. Pakikumusta na lang ako kina Clarabelle, Kellie, at Casey.

May dinner kaming pupuntahan-"

"Saan?" he asked.

"Sa mansyon ni Governor Revamonte..." sabi ko.

Hindi siya sumagot. Kinuha ko ang cellphone ko at pinutol ang loud speaker.

"I need to go. I'm sorry I have to prepare..." marahan kong sinabi.

Parang sumisikip ang dibdib ko sa katahimikan ni Steven sa kabilang linya.

Suminghap siya. He's still probably at work.

"Okay... Bye, Freya."

"Bye, Steven..." sabi ko at dahan-dahang pinatay ang tawag.

Iyon ang inisip ko habang nagsho-shower at nagbihis ako. Alam kong may pagkakamali ako kay Steven. I tried to love and the result? He thought there's a chance too.

Hindi namin alam pareho na ganito ang mangyayari. Kung alam ko lang noon na wala talagang kung anong namamagitan kay Leon at Ayana ay sana...

But then again, it already happened... Kahit paulit-ulit kong isipin iyon ngayon ay pareho parin ang sagot na matatanggap ko.

Pagkatapos kong magbihis ng isang black dress ay nagsuot na ako ng isang black na stilletos. I'm wondering if it's too much for just a dinner? But then again the last time I saw Ayana on their dining area, she was wearing a dress.

"Freya! Nandito na si Leon!" sigaw ni Mama pagkalabas ko ng kwarto.

Bumaba na ako. Pababa ako ay naaninag ko si Leon na inaabangan ako. Pakiramdam ko tuloy ay mahuhulog ako rito sa hagdanan.

His hair is a bit damp. His diamond earring is shining bright. Naka simpleng gray t-shirt siya, dark maong, and black caterpillar boots. Like his usual clothes. Para tuluyng gusto kong umakyat muli at magbihis ng mas simple.

Bumaling ako kay Mama na nakapagbihis naman ng dress at si Papa ay nakapolo. So there's nothing wrong with this, right?

"Isasama mo si Freya, Leon?" tanong ni Mama.

"Opo. Kung ayos lang sa inyo..." ani Leon.

Tumango naman si Mama. Nagbilin lamang na mag-ingat kami pagkatapos ay pinakawalan na.

Sumunod ako kay Leon. Nilingon niya lamang ako nang nakalapit na siya sa pintuan ng sasakyan at pinagbuksan niya ako.

Hinagod niya ako ng tingin mula ulo at paa. Nagkatinginan kaming dalawa at nagkamot siya ng ulo.

"Let's go..." aniya sabay ikot para makapunta na sa driver's side.

Pumasok ako sa loob ng sasakyan at pinaandar iyon. Nag-ayos ako ng seatbelts.

Tahimik siya kaya nilingon ko siya.

Sumulyap siya sa akin pagkaandar ng kanyang sasakyan.

"Your dress is too short..." aniya sa defensive na tono.

Napatingin ako sa aking damit. Maayos lang naman ito. Ganito madalas ang sinusuot ko sa trabaho.

"Ganito naman madalas ang sinusuot ko sa trabaho," sabi ko.

"Sa Maynila?" tanong niya na parang nakakagulat.

I realized he's not with me in that part of my life. Paano na lang kung babalik ako sa trabaho?

"Bakit ganyan?" tanong niya.

"Bakit hindi? It's okay. Hindi labag sa dress code..." sabi ko.

Natahimik siya at umigting ang panga. Umiling ako at bumaling sa kalsada. Hindi na ulit siya nagsalita. Hindi na rin ako nagsalita. Baka mamaya ay magtalo na naman kami dahil lamang sa damit kong ito. Na tingin ko'y wala namang problema.

Maraming tao sa bahay nina Leon. Nandito rin ang pamilya nina Juliet. Pati ang mga pamilya ng kapartido at ang ibang katulong nila.

Sa labas ng bahay ang kainan dahil sa dami ng tao. Hindi pa nagsisimula dahil mauuna pa yata ang meeting. Light foods and drinks pa lang ang handa.

Pagkapasok namin sa bahay nina Leon ay may iilan agad na nakatingin.

This is so unlike what usually happens years ago. Noon ay normal kaming makitang dalawa. Ngayon parang milagro na nakikita kaming magkasama.

"Leon!" ani Kaius sabay tingin sa akin.

Tumango lamang si Leon at nilingon ako. Hinintay niyang makalapit ako sa kanya ng husto bago siya naglakad muli.

"Naroon sina Mommy at Daddy sa garden. Magsisimula na ang meeting ngayon sa conference room..."

Sumulyap si Kaius sa akin. Magkasingtangkad sila ni Leon. Halos kasingkisig din.

Iyon nga lang, itong si Kaius ay parang mas kalmado tingnan kumpara kay Leon na parang laging galit.

"Magandang gabi, Freya. Mabuti at sumama ka sa kapatid ko..." sabi ni Kaius sabay ngiti.

"Magandang gabi, Kai."

"Let's go, Freya..." aniya sabay lingon sa akin.

Kulang na lang ay hatakin niya ako para sumunod lamang sa kanya.

May iilang nakatingin sa bawat galaw naming dalawa. Nginitian ko lang ang mga kakilala. Panigurado'y pinag-uusapan na kaming dalawa.

Nasalubong ko si Tito Daniel at Tita Nelia. Nakangiti ang dalawa habang karga karga si Baby Jarrick.

"Nasaan po si Juliet, Tita..." salubong ni Leon.

"Nandoon sa mga lamesa sa hardin. Naroon na rin ang Mommy at Daddy mo..."

"Magandang gabi, Tita, Tito..." bati ko.

"Magandang gabi, Freya. Hindi talaga kumukupas ang ganda mo. Parang habang tumatagal ay mas lalo ka lamang namumukadkad..."

Uminit ang pisngi ko. Nilingon ako ni Leon na ngayon ay talagang hinawakan na ang kamay ko.

"Mauna na kami Tita. Pupunta na po kaming hardin..."

Hinatak ako ni Leon palabas ng bahay. Palabas pa lang kami ay nakita ko na ang lingunan ng mga taong nakaupo sa mga long table. Ayana's family, Nicholas, Juliet, and Jarrick, everyone, probably. Bahagyang natahimik sa pagdating namin.

Hindi ko matingnan si Ayana. I know she's take this against me. I told her na lalayuan ko si Leon. Sinubukan ko pero sadyang hindi siya nakakalayo sa akin.

Hindi na ako kailangang ipakilala dahil kilala naman ako ng lahat. Tumayo si Jarrick para makaupo ako sa tabi ni Juliet. Nagtawag si Leon ng kasambahay para madagdagan ng upuan sa banda roon.

Umupo ako sa tabi ni Juliet. Sa harap niya ay ang Mommy at Daddy ni Leon, ang pamilya ni Ayana, at si Ayana mismo.

"Nandito na ba ang Mama mo, Freya?" tanong ni Governor sa akin.

"Baka nandito na po iyon. Nauna kasi kaming umalis ni Leon..."

Sumulyap ako kay Ayana na ngayon ay nakatingin sa kanyang inumin.

"You check, Third. Para makapagsimula na kayo sa paglilay-out ng gagawin n'yo sa February..." ani Mrs. Revamonte.

Tumayo si Governor at nagpaalam sa buong lamesa. Bumalik si Leon na may dala nang upuan para sa kanila ni Jarrick.

"Dito ka, Freya. Magtatabi tayo..." ani Leon nang pinatayo niya ako sa upuan kanina ni Jarrick.

Tumayo na rin si Juliet para magtatabi kami. Si Jarrick ang pinaupo niya sa kanyang upuan.

Uminom ng tubig si Mrs. Revamonte at nakatingin siya sa aming dalawa ni Leon.

"Isn't Ayana your classmate?" tanong ni Mrs. Revamonte na nakadirekta kay Juliet.

Kitang kita ko ang pagtaas ng kilay ni Juliet. Maagap siyang umiling.

"Ay hindi po. We're only friends because Freya liked her..." she said matter of factly.

Nilingon ako ni Juliet. Matalim ko siyang tinitigan. Bumaling naman si Mrs.

Revamonte sa kay Ayana na ngayon ay malungkot na nakatingin sa kanya.

"Oh so you were friends. Why won't you sit with them, Ayana? Nandito si Leon..."

ani Mrs. Revamonte.

Kitang kita ko ang pag eencourage ng Mommy ni Ayana sa kanya. Nilingon ko si Leon na ngayon ay umiiling.

"Mom, this arrangement is okay," ani Leon.

Narinig ko ang tawa ni Nicholas sa malayo. Napalunok ako at napatingin sa wine glass na nasa tabi ko.

"Wala na rin naman ang Daddy mo rito sa tabi ko kaya ipatatabi ko si Ayana rito.

She's lonely there, Leon..."

Nagtiim bagang ako. Lalo na nang tumayo si Ayana at talagang lumipat siya sa mas malapit sa amin. Nasa harap na siya ni Juliet ngayon.

"I hope it's okay, Freya..." ani Ayana.

Nag-angat ako ng tingin sa kanya. She said it confidently but she looks constipated. Nairita agad ako sa paghahamon niya.

"Of course it's okay. Bakit naman hindi?" sabi ko.

"Oo nga naman!" Mrs. Revamonte laughed. "I'm so glad to see you and Leon friends again, Freya. Kung siguro'y hindi kami bumalik ay hindi na talaga ulit kayo nag-usap..."

I licked my lips as I listened to Mrs. Revamonte. It is so obvious that she was regretful.

"Talagang babalik ako. Dito ako maninirahan..." ani Leon.

"Yes, son. What I'm saying is that if you've agreed that we'll stay in the US for good, then talking to Freya would be impossible."

"Staying in the US for good is impossible for me..." ani Leon.

Hindi na ako makatingin sa mga tao sa harap ko. Ayaw kong maging agresibo. Hindi maganda iyon ngayon.

"Yeah. And I thought you and Ayana are doing great in the US."

Shit! Napalunok ako sa sinabi ng Mommy ni Leon. Para bang may natapakan siyang land mine sa akin.

"Tita naman..." humagikhik si Ayana.

"We weren't even hanging out, Mom. What are you talking about..." ani Leon sa isang malamig na tono.

Nilingon ko siya. Kitang kita ko ang pamumula ng kanyang leeg. Nakakuyom na rin ang kanyang kamao. He's angry!

Nilingon ko ang kanyang mommy na ngayon ay hilaw ang ngiti. Nakatingin siya kay Leon na parang kabado.

"Akala ko lang kasi..." ani Mrs. Revamonte.

"We don't talk unless it's about you and the therapy. Bago ako umalis, I already told you that I'm with Freya..."

Kinurot na ni Juliet ang aking kamay. Alam ko ang ibig niyang sabihin. She wants me to stop Leon. Dahil kapag nagsimula siya ay hindi na siya matatapos.

"Please don't ruin this for me now."

"What?" natatawang sinabi ni Mrs. Revamonte. "Son, I'm not ruining anything for you. You know I love you..."

Napatingin ako kay Ayana na ngayon ay pula ang mga mata at hindi na makangiti.

"Ayana, you're the reason why Freya got mad at me. Ilang beses mong sinagot ang tawag niya habang tulog ako? And did you purposely let her see me in the background while you answer the call?" ani Leon.

Shit! Tumataas na ang boses ni Leon.

"You know I don't hurt a girl, right?" banta ni Leon.

Fuck I need to interrupt!

"Leon!" ani Mrs. Revamonte.

Hinawakan ko ang kamay ni Leon na ngayon ay nakakuyom.

"Ma walang galang na po, Mrs. Revamonte, Ayana..."

Tumayo si Nicholas at lumapit sa amin. Si Jarrick ay napatayo na rin. Natahimik naman ang kabilang table.

"I know that you dislike me for Leon. I'm not sure about your reason and I understand..." sabi ko sabay tingin kay Mrs. Revamonte na ngayon ay hindi ko malaman kung nangingiti o natatakot.

Her high cheekbones and her expression is telling me that she's still calm.

"As a mother, you probably have a bet for your son-"

"I want my son to love someone who loves him equally. Not a cheater..." ani Mrs.

Revamonte.

Para akong nadurog sa sinabi ni Mrs. Revamonte.

"Ma!" Tumayo si Leon.

"Leon..." tawag ni Nicholas.

Lumapit agad si Jarrick kay Leon.

Nagpatuloy ako sa pagsasalita.

"Honestly, it'd be easier if Leon likes your bet back. I can deal with a heartbreak. It's not new to me. How I wish Leon would like her. It'd be easier. I won't have to deal with all these." Nilingon ko si Ayana.

Kitang kita ko ang galit sa kanyang mukha.

"Freya!" marahang tawag ni Leon.

"Believe me... I want Leon to just follow whatever you tell him. Like how I obeyed what Ate Leandra and the Governor asked of me years ago. To push Leon away para makasama ka. And even when they didn't convince me, I'd still push him. Dahil kahit po hindi kita gaanong kilala, naiintindihan ko ang pakiramdam mo bilang ina. You are his family so I understand your desperation..."

Natahimik na si Leon. Ganunpaman ay ramdam ko ang galit. Kitang kita ko ang pangingilid ng luha ng kanyang Mommy habang tinitingnan siya.

Ayaw kong sabihin ang lahat ng ito but what she's showing me is just too much. And

if I don't defend myself, I'll just sink right here.

"I am in love with your son, Mrs. Revamonte. And if he loves me too then I can't sacrifice. If he doesn't love me, then, hindi ko pipilitin. I respect all your feelings. Ayana, I respect yours... Hindi na sana ako pupunta sa party na ito dahil nirerespeto ko kayo. Alam kong may masasaktan. Pumunta parin ako rito sa pag-asang may masaktan man, marerespeto n'yo parin ang pakiramdam ko o kahit ni Leon man lang..."

Tumayo ako.

Kahit ang mga kasambahay ay natigilan dahil masyado nang tahimik. I don't want to make a scene here. Lalo na dahil narito rin ang pamilya ng ibang tatakbo na kapartido nina Mama. I'm only lucky that my parents and the other candidates aren't here.

"Excuse me..." sabi ko at umalis na roon.

Hindi ko alam na hindi pala ako humihinga habang nagsasalita ng ganoon. Walang ni isang gumalaw. Kahit si Leon ay hindi gumalaw sa kinatatayuan niya pag-alis ko.

Tumulo ang luha ko pagkapasok ko sa kanilang bahay. May iilang taong nasa sala na napapatingin sa akin. Hindi ko alam kung didiretso ba ako palabas o maghahanap muna ng CR.

"Miss, asan po ang CR dito?" tanong ko sa isang kasambahay.

Hindi na ako makahinga ng maayos dahil sa pagmamadali. Katatapos ko lang sabihin lahat ng nararamdaman ko sa lamesa'ng iyon. Mabuti na lang at hindi ako umiyak nang ininsulto ako ni Mrs. Revamonte.

Though she didn't directly call me a cheater, it was still a big blow to me. Alam kong alam nilang lahat ang ikinagalit ni Leon sa akin noon. It isn't a secret.

Nicholas even knows that I'm with someone else. I'm not with someone else though.

Steven was just a companion at school!

"Diretso tapos liko ka ng kanan tapos diretso ulit. Pinakahuling pintuan..." anang kasambahay na may dalang isang tray ng cupcake.

Tumango ako at nagmamadaling pumunta sa sinasabi niya. Pagkaliko ko ng kanan ay nalito na agad ako. Maraming corridors at pare pareho ang itsura ng mga pintuan. I remember when Juliet toured me here.

Nagpatuloy ako sa paglalakad. Lumiko ulit ako sa kanan. Malabo na ang mga mata ko dahil sa luha. Halos mapamura ako nang tumulo ang panibagong mga luha.

"Freya!" sigaw ni Leon kung saan.

Nilingon ko ang corridor na walang tao. Nasa tapat ako ng isang pintuan. Agad kong binuksan ang door handle at pumasok na roon sa loob.

I remember this room. Lumapit ako sa isang greek style na bench sa gitna ng mga salamin. Nilapag ko ang aking bag sa kutson at umupo na rin ako.

The whole walls of the room is covered with mirrors. Kahit saan ako lumingon ay nakikita ko ang aking sarili. Kahit sa taas na may mga ilaw ay mas salamin din.

Kinusot ko ang mga mata ko. I want to go to the comfort room to check my face.

Pulang pula ang ilong at mga mata ko. Ayos na rin na rito ako napunta para makita ko ng husto ang mukha ko.

Suminghap ako at pinunasan ang mga panibagong luha. Kumuha pa ako ng tissue sa aking bag nang biglang bumukas ang pintuan.

Nilingon ko kung sinong naroon at nakita kong si Leon iyon, hinihingal.

Sinarado niya ang pintuan. Mabilis kong pinunasan ang aking mga luha. Mabilis ding kinain ng malalaking hakbang niya ang distansya naming dalawa.

Lumuhod agad siya sa aking paanan. Sinubukan niyang punasan ang aking mga mata pero hinawi ko ang kamay niya.

"I'm sorry..." aniya.

"Your mom hates me."

Indeed, you can't please everyone. Wala naman akong ginawa para ayawan niya ako.

Well, maybe she thought that my relationship with Steven was considered cheating.

"Her opinion doesn't matter..."ani Leon.

Tumayo siya at umupo sa tabi ko.

Hindi ko siya nilingon. Patuloy ako sa pagpupunas ng luha.

"Freya..." tawag niya.

Hinawakan niya ang aking pisngi at pilit niya akong pinalingon. Magkabilang palad niya ay nakahawak sa aking pisngi.

Nag-iwas lamang ako ng tingin. I never really thought that someone would hate me like that. Akala ko noon kung magkakaboyfriend ako magugustuhan talaga ako ng pamilya ng lalaking mahal ko. Hindi ako bulakbol sa pag-aaral. Hindi rin ako iyong tipong maraming naging boyfriend. Marunong akong magluto. I'm a CPA... who would fucking hate me, right?

"She's your mother. Her opinion is important..." sabi ko. "Kahit paano'y pamilya mo

'yan."

Nag-angat ako ng tingin sa kanya. Mapupungay ang kanyang mga mata habang kinakagat ang kanyang labi. Matuwid siyang nakaupo samantalang ako ay walang confidence sa harap niya.

"It doesn't matter to me, though..." ani Leon.

Mataman ko siyang tiningnan. He looked pained. Para bang nafufrustrate siya sa nangyayri sa aming dalawa.

"Hindi mo alam, Freya. Ikaw lang ang mahalaga. Simula nang makilala kita, ikaw na lang talaga ang mahalaga sa akin."

Parang kinukurot ang puso ko sa sinabi niya.

"You know the shit I've gone through three years without you, Freya? No... I even hate it when my mother calls me Fourth. Hindi ko alam kung galit ako kasi naaalala ko iyong halikan n'yo ng lalaking iyon o kung galit ako dahil gusto ko ikaw lang ang tumatawag sa akin ng ganoon."

"Wala kaming relasyon ni Steven. I was heartbroken! You broke my heart! Ayana told me that I shouldn't hope for you, Leon! And damn it! That was such a morbid day! It was your birthday and I couldn't greet you because you broke my heart!"

Hinampas ko ang kanyang dibdib.

Kinagat niya naman ang kanyang labi habang tinitingnan akong naiinis. Then he smiled like an idiot again. Pumungay muli ang kanyang mga mata. His head tilted as he looked at me.

"Don't ever kiss another man. You know I hate it so much, right?"

Hinaplos ng kanyang daliri ang aking labi. Parang may naglakbay na kuryente galing sa aking batok. Napaawang ang bibig ko habang hinahaplos niya ang aking pang-ibabang labi.

"Natiis kita ng ilang taon dahil lang sa galit ko. Dahil lang akala ko na may iba ka. It was so unfair because you are just all that I think about even after what happened..."

"You are all I think about too..." sabi ko at nag-iwas ng tingin.

"Really, though?" malambing niyang sinabi.

Hinaplos niya ang aking baba. Tumango ako.

"Ikaw naisip ko noong hinalikan ko si Steven."

"Fuck don't mention that again. Kahit ako pa ang iniisip mo, Freya. Hindi ko parin gusto na may kahalikan kang iba..."

Kinagat ko ang labi ko. Kitang kita ko ang sakit sa kanyang mga mata.

"You're the last girl I kissed... I have been so loyal and faithful to you..."

Hinawakan niya ang aking batok. Tumango ako sa sinabi niya. His eyes were ablazed with fire mirroring the fire I'm feeling in my veins.

Hinaplos muli ng kanyang daliri ang pang-ibabang labi ko. Napaawang ito. I felt the sting in between my thighs. Pakiramdam ko ay masyadong marahas at magaspang ang underwear ko dahil sa panibagong sensasyong naramdaman.

Napapikit ako nang siniil niya ako ng halik. Malalalim at naghahanap ang kanyang mga halik. Para bang kay tagal niyang hinintay ang lahat ng ito.

Marahang hinila ni Leon ang aking buhok. It forced my head back and my mouth opened wider for his kisses. Labas-pasok ang paghagod niya sa aking bibig.

Mabilis ang pintig ng aking dibdib. The throbbing in me came faster and faster!

Tinalunton ng daliri niya ang aking leeg hanggang sa aking dibdib. He caressed my chest. Halos manginig ako sa naramdaman.

Bumaba ang halik niya galing sa namamaga kong labi patungo sa aking leeg. Tumingala ako so I could give him more access to my neck. Para akong nawawala sa aking sarili. Para akong nalalasing.

The only thing that's on my mind right now is that I want to give him pleasure so bad.

He started kissing my neck thoroughly. Unti unti niya akong hiniga sa sofa. Dumilat ako kahit na mapupungay at pagod ang aking mga mata. I saw our reflection above.

His body is already rocking against me in a primitive movement.

He parted my legs so he'd fit in between me. Nang maramdaman ko ang umbok sa akin ay napaungol ako. The throbbing and the longing in between me worsened!

"Fuck, ang ingay mo pala..." he whispered then chuckled.

Halos mapudpod na ang pang-ibabang labi ko sa kakakagat. Dahan dahan niyang tinanggal ang aking dress. Hindi ko na alam kung bakit naiinip ako. Hindi ko alam kung bakit parang may deadline akong hinahabol.

"Leon..." I moaned his name as he kissed my neck.

"Fuck..." ani Leon nang sinabayan ko ang paggrind niya sa akin.

I'm meeting him halfway. Para maibsan ang nararamdaman kong pagkukulang sa akin.

"Freya, I'm trying my best to make this easy for you..." Hinawakan niya ang aking baywang.

I moaned again. I want to pleasure him so bad! Damn it! Hell, I don't even know how!

Inabot ko ang umbok sa kanyang maong. I caressed it back and forth. Nanlaki ang mga mata ni Leon. Para siyang nawawala sa kanyang sarili. Pumungay ang mga mata niya at tumingala siya.

So this is how!

Nanginginig ang kamay kong tinanggal ang sinturon ng kanyang maong.

"I want to take this slow for you..." aniya.

Tumingala ako at nakita ang sariling bra at panty na lang ang damit. My stilletos are still on, though.

"I want you, Fourth..." hindi ko na makilala ang sarili kong boses.

Malulutong na mura ang pinakawalan niya at agad siyang naghubad ng t-shirt.

Tinanggal niya ng tuluyan ang kanyang sinturon, sapatos at maong. Now it's just him and his boxers.

Maraming karanasan si Leon. Samantalang siya ang magiging una ko. I don't know if I'd satisfy him. I don't even know if I am capable of giving him pleasure. Iyon lamang ang gusto kong maramdaman niya sa akin ngayon.

He kissed me again. This time more aggressive! His kisses were hungry and needy.

Ang kamay niya ay hinawi ang aking bra. His large hand covered my breast and his other hand parted my legs.

Nang naramdaman ko ang kamay niya sa aking gitna ay napaungol na ako ng malakas.

That was everything that I want to feel!

"Fuck!" aniya habang patuloy ako sa pag-ungol dahil sa haplos niya.

Beads of sweat formed on my forehead and my neck. Nawalan na ako ng ulirat dahil sa ginawa niya. His hot mouth covered my breast habang patuloy niyang hinahaplos ang akin.

Sa kisame ay kitang kita ang pagflex ng kanyang muscles sa ginagawa. His body is still grinding against me.

He licked the top of my breast. His other hand played with the other. Tiningnan ko siyang mabuti at halos mapaungol ako nang nakitang para siyang batang sarap na sarap sa ginagawa.

That's all I ever want, Fourth.

Ramdam ko ang umbok niya sa aking hita. He was already so turned on. And I'm already so wet. Halos ikahiya ko ito habang hinahaplos niya ang akin.

Bumaba siya sa akin. Nanlaki ang mga mata ko nang nakitang lebel na ng kanyang mukha ang aking hita.

"Fourth!" I moaned his name again.

"Fuck!"

Kinagat niya ang aking panty at agad na binaba ito. Inangat niya ang aking tuhod.

My stilletos are still on and I don't give a damn!

Binaba niya ang huling depensa sa pagitan naming dalawa. His eyes dilate with desire when he saw me all naked in front of him. Isang malalim na halik ang ibinaon niya sa aking hiyas. No man has ever seen, touch, or even kiss that part of me.

Napapikit ako nang naramdaman ang init at lamig na pinaghalo sa kanyang hininga.

"Of Fourth!" sigaw ko.

Nanginginig ako habang ginagawa niya iyon. I cried harder when I felt the unbearable need in between me. His tongue roughly played with my jewel. Hanggang sa sumabog na ang lahat sa akin.

Wet desire gush out through me. Kasabay noon ang dahan dahang niyang pagpasok sa akin. His arousal is now against me as I spiraled down of that new experience.

"Please, Fourth!" I called.

I wanted more of him. I want him to feel pleasure!

Unti-unti siyang pumasok. Nalukot ang mukha ko sa sakit na naramdaman. Umatras siya. Ang sakit! Tumulo ang luha ko sa sakit.

"Please!" sigaw ko.

I want him to feel it so bad. I don't care if I get hurt anymore!

"But Freya..."

"Please!" I met him and followed his previous movements.

Malutong siyang nagmura at hinawakan niya ang magkabilang baywang ko.

Tinutok niya sa akin ang kanya. Then he kissed me thorougly to divert my attention.

And in one thrust, sinakop niya ng buong buo ang aking kaselanan. He filled me to the brim and then stopped.

Natigil ako sa paghalik sa sakit na naramdaman ko. I cried out his name. Dumilat ako at nakita ang posisyon naming dalawa. He covered me with his body. My stilletos are everywhere. Damn it! I never thought that legs were spread this wide when it comes to this.

"I'm in love with you, Freya..." sabi niya.

Pinunasan niya ang luha sa gilid ng aking mga mata. Ang titig niya sa akin ay parang tumatagos sa aking kaluluwa.

"I'm so in love with you too, Fourth..."

Kinagat niya ang kanyang labi at nagsimula sa dahan dahan na paglabas-pasok. It was so painful. Pero nang makita kong para siyang nalalasing sa ginagawa ay kinaya ko ang lahat. I just want to give this to him. I want him to feel it so bad.

With each thrust something hot and throbbing gathered inside me again. It's a familiar feeling. Napapikit ako habang ginagawa niya. Nang bumilis siya ay naramdaman ko muli ang sakit.

He came faster and harder. Filling me to the brim each time he pushes. And leaving me so lonely everytime he pulls. And all I ever wanted was him to fill me up. Pero ang ginagawa niya ay paulit ulit na ganoon.

I moaned the pain and the desire. I moaned his name. Mas lalo lamang siyang bumibilis at nagmumura.

Ang repleksyon namin sa taas ay nagpapatindig ng balahibo ko.

He thrusted harder and faster. Halos mapaiyak na ako sa sakit pero pinigilan ko ang sarili ko. I don't want him to stop and worry for me. I want him to stay like this.

And then his movement slowly changed. Unti unti itong bumilis at unti unti ring bumagal hanggang sa umungol siya. He cried out my name and cursed

out loud.

Hinihingal ako habang unti unti siyang nanghina. His body covered mine. His weight on me... Parang nanghihina siya. Ganoon din ako. Pumikit ako na hinang hina ang lahat.

==========

Kabanata 46

Kabanata 46

OceanofPDF.com

Fix

Hinihingal pa ako. Hinang hina ang aking braso. Ni hindi ko iyon magalaw ng maayos.

Lalo na dahil nakadagan si Leon sa akin.

Nasa aking leeg ang kanyang mukha. His heavy breathing caressed my neck. Kinagat ko ang labi ko sa kakaibang nararamdaman sa bawat paghinga niya.

"You're still that same ticklish Freya I know, huh?" bulong niya at pinako ang kamay ko kutson ng greek bench.

Wala akong lakas para tanggihan ang pagpapako niya sa aking kamay. Nilingon ko ang gilid na salamin. He looked so hot as he covered me with his naked body. Hindi ako makapaniwalang may nangyari sa amin ngayon! Na ganito kami ngayon!

"Hey... you're silent..."

"Hmm? Wala lang..."

Nag-angat siya ng ulo at nilingon ako. Nanatili ang mga mata ko sa kanyang repleksyon. Nagkatinginan kami sa salamin.

Inayos niya ang magulong buhok sa aking noo. Nakatitig na siya sa akin ngayon.

Kitang-kita ko ang dahan dahang paglapit ng kanyang mukha sa aking leeg. He started kissing my neck. Halos lumayo ako sa kanya. Halong kiliti at pagkakahumaling ang naramdaman ko sa kanyang mga labi.

"I was too hard on you... I'm sorry..." bulong niya sa aking leeg.

Umiling ako.

"It's okay. I just want you satisfied..." sabi ko habang nag-isisip.

Nag-angat muli siya ng tingin.

"What? Dammit, Freya, that's not how it should be..."

Ngumiti ako sa kanya. Galit na kasi ang ekspresyon niya. Para bang naiirita siya sa sinabi ko. Nakatitig siya na para bang nag-aantay ng paghingi ko ng tawad.

Tinalunton ng aking daliri ang kanyang leeg. He's wearing the twin necklace of what he gave me. Pumikit siya ng marahan habang dinadamdam ang aking haplos.

"Hmm... We need to go..." sabi ko.

Suminghap siya at binaon muli ang kanyang mukha sa aking leeg.

"I need to clean you up. You want to cuddle in my room?"

Napatingin na ako sa kanya dahilan kung bakit napaangat muli siya ng tingin. Is he serious about that? May kainan sa kanilang mansyon pero niyaya niya ako sa kwarto niya?

"We need to go back, Fourth. How about you? The dinner?"

"Are you hungry? Pwede nating ipahatid ang pagkain sa aking kwarto kung gusto mo."

Kinagat ko ang labi ko. What he said is tempting but unfortunately my parents are there! Kapag wala ako ay mag-aalala ang mga iyon! And what would I tell my Mama, right?

"Hindi pwede... Paano si Mama at Papa? Paano ang mga bisita n'yo?"

"We're not the main guests. We can just tell them we escaped or something..."

Ngumuso ako. He licked his lower lip. Isang patak ng halik ang iginawad niya sa akin bago siya bumangon.

Nagtaas ako ng kilay at sinulyapan ang kabuuan niya habang siyang nakaupo. He is massive and still very turned on.

Napatingin ako sa kanya. Mapupungay ang mga mata niya. Kulang nalang ay manuyo na manatili kami rito.

"We need to go..." sabay bigla kong upo.

Nalukot ang aking mukha nang naramdaman ang hapdi. Agad kong sinarado ang aking hita.

"Don't move yet..." aniya sabay tayo.

Kinuha niya ang kanyang boxers sa gilid. Sinuot niya iyon bago siya dumiretso sa pintuan.

Halos sigawan ko siya sa takot na baka mamaya ay makakita sa paglabas niya! Pero dire-diretso ang ginawa niyang paglabas.

Naramdaman ko agad ang lamig. Nanuot ito sa aking balat. Hindi ko iyon naramdaman kanina dahil nakabalot si Leon sa akin. Where the hell is he?

Tatayo sana ako ngunit naramdaman ko muli ang hapdi nang pinagtabi ko ang aking mga tuhod.

Bumukas muli ang pinto. It was Leon with a roll of tissue and some more wipes.

"Saan ka galing?" tanong ko.

"Don't move..." aniya at muling binahagi ang aking hita.

Kinagat ko ang labi ko sa biglaan niyang ginawa. Now that we're not passionately kissing, I feel awkward as he stared at me.

"Humiga ka muna..." aniya at inalalayan ako sa paghiga.

Sinunod ko ang sinabi niya. Nasa harap mo siya ngayon at kumukuha ng tissue. Now I get it. I feel wet down there. Magtatanong sana ako sa kanya

kung saan banda ang CR

pero nauna na siyang nag-isip.

Pinunasan niya ako. Pumikit ako at halos mangilabot. It's awkward seeing him looking at me like that. Seryoso pa siya habang ginagawa ang pagpupunas. When I felt his bare finger touched me napakagat labi na lang ako.

Bumaling siya sa akin.

"That's fine..." aniya.

Tumango ako at umupo muli. My hair is messy. Kita ko iyon sa mga salaming nakapaligid.

Kinuha ni Leon ang aking mga underwear malapit lamang sa akin. I'm still so exposed to him and I'm not used to it. Agad kong sinuot ang mga underwear ko. Binigay niya sa akin ang aking dress. He tried to put it on me... Tinuloy ko na lang pababa.

Nakatayo na ako ngayon. Tiningnan ko ang stilletos ko na hanggang ngayon ay suot ko parin.

Pinulot ni Leon ang kanyang maong sa sahig. Sinuot niya iyon at nagsinturon na rin.

Habang inaayos ang sinturon ay nagsusuklay naman ako ng buhok.

"We need to talk..." aniya.

Nakatingin ako sa aking repleksyon sa mga salamin. Siya naman ay walang ginawa kundi tumitig sa akin.

"Lumapit si Daddy at Ate Lea sa'yo para makiusap na itaboy ako?" panimula niya.

Tumigil ako sa pagsusuklay. Babalikan ba namin ito? Binalik ko lamang iyon kanina para kahit paano ay maaninag naman ng kanyang Ina ang

nagawa ko para sa kanya. That I am not selfish of Leon. If his family wants him, I'd give him to them. I'm not going to be the hindrance of his growth and other relationships.

"That was ages ago. At kahit 'di nila ginawa iyon ay gagawin ko iyon. Your mom was sick. She needs you... Though I want you by my side, it's unhealthy to pick me instead of your family."

Umigting ang panga ni Leon sa sinabi ko. Tiningala ko siya para ibigay sa kanyang mga hinaing ang buong atensyon.

He's still topless. The tattoos on his arm is distracting me.

Hinawakan niya ang magkabilang siko ko at lumapit siya sa akin. Halos maitulak niya ako paupo muli ngunit inalalayan niya ang aking timbang para makatayo.

"And... you can deal with a heartbreak? It's easier if I like Ayana so you won't have to deal with all of these?" malambing niyang sinabi.

Halos nakalimutan ko na nga na nasabi ko iyon kanina. Ilang sandali ko pa siyang tinitigan na parang 'di ko alam kung ano iyong tinutukoy niya.

"I want to prove a point. Leon-"

"Fourth..." pagtatama niya.

"Honestly, I didn't expect these to happen anymore. Yes, I hoped for it. I hoped that you're still not over me pero hindi ko na inexpect na ganito talaga. Because I really thought that it's you and Ayana now."

"It won't be me and Ayana, Freya," aniya sa isang malamig na boses.

"Well, that's what I thought, alright..." nag-iwas ako ng tingin.

"I also thought that it's you and that son of a bitch," ani Leon.

Matalim ko siyang tinitigan. Steven is my friend! Leon cursing him isn't good!

"Freya," bumagsak ang tingin niya sa kanyang braso. Nakapalupot na iyon sa aking baywang. "Ayana confessed years ago. She told me she likes me. That was after I was convinced that you were with someone else. I already made it clear to her that I'm not interested."

Naningkit ang mga mata ko. Pantaleon Hernaez Revamonte the Fourth rejected that opportunity? What a bluff! And even if he really did kiss someone else when we're apart I think I'd accept it. We aren't together.

"Bullshit..." marahan kong sinabi.

Kinagat niya ang kanyang labi at tumitig sa akin. "Unfortunately, it's the truth.

I've been faithful to you the whole time we got close. High school pa lang tayo, Freya. Hindi na iba sa akin ito-"

"So those years without me, you didn't touch a girl? Even a bit?"

Tumango siya.

"Then how the hell?"

Men have needs, alright. Lalo na dahil may karanasan na siya bago ako. I may be a virgin... wait... was a virgin like hours ago but I'm not totally innocent. I have read articles from magazines, heard experiences from friends (most especially Juliet) na mahirap iyon.

"By myself?" he smiled.

Uminit ang pisngi ko sa sinabi niya. God, dapat ay hindi na lang ako nagtanong!

Pilit ko siyang tinalikuran ngunit hinarap niya ako. Tumatawa na siya ngayon.

"I swear it was so hard the first year. I was used to thinking about you while doing that-"

"Leon!" sigaw ko para pigilan siya sa kanyang sinasabi.

"Sa kama mo lang ba ako tatawaging Fourth, Freya?"

"Why'd you want that name? Leon is better! Fourth is-"

"It's an F like your name so don't ask why!"

Umiling na lamang ako. Halos mapaface palm ako sa mga sinasabi niya. Well, I have known him for years and I know that he really has this kind of tongue. I mean...

What the hell?

"You're corny!" sabi ko.

Niyakap niya ako ng marahan. Nanginginig ang labi ko habang nangingiti. I feel so awkward alright! I'm trying to hide it with my smile but I just couldn't calm down!

"Last... you're in love with me?"

Umirap ako.

"You're one stupid bastard..." nasabi ko rin sa kanya ng harap-harapan. "I just can't decide if you're dense or plain stupid when it comes to girls!"

Tumawa siya at tinaas ang aking baba para makapag-angat ng tingin.

"I'm asking you, Freya! Are you in love with me?"

"Hindi ko pa ba nasagot 'yan?" iritado kong sinabi.

"Just answer the question! Is it so hard?"

"Yes! I am in love with you!" matapang kong sinabi ngunit tumiklop din kalaunan sa hiya.

Sobrang init ng pisngi ko. Niyakap niya ako at ibinaon niya ang aking mukha sa kanyang dibdib.

"I am in love with you, too. So much, Frey... Kailan ka na in love sa akin?"

Gusto ko siyang murahin ng marami. Confirmed. He's just so dense when it comes to girls who like him. That explains how dense he is towards Ayana's feelings.

"Matagal na! Bago ka pa lang umalis!" sabi ko.

"What?" He sounds so shocked. "Fuck! Freya!"

"God, isn't it obvious! I let you kiss me! I was always with you! I let you be possessive of me! I let you call me your queen!"

"I thought I was just a privileged suitor? If I had only known..." Umiling siya seryosong seryoso ang ekspresyon.

Privileged suitor ka riyan! I don't blame him, though. Hindi ko talaga sinabi sa kanya. Bago siya umalis ay naisipan ko pa noon na sagutin siya. Pero nang pumutok ang balita tungkol sa kanyang ina ay umatras ako. I know that I would end up pushing him. And giving him assurance will make it even harder.

"If I had only known that you were in love with me, 'di na ako umalis..." mataman

niyang sinabi.

Ngumuso ako. I want him to smile a bit but he was just too serious.

"No, Freya... Are you serious?"

"Buti na lang talaga. I thought confessing will make it harder for you. Mabuti na lang talaga 'di ko muna sinabi-"

Inangat niya ang baba ko para mahalikan ako. Natigil ako sa pagsasalita.

"You should've told me! Sana ay hindi ganito!"

"Sana ay 'di ka umalis, ganoon? And what assurance do we have that your mom would heal if you were not with her? It's good that she's healed. Lahat ng desisyon natin noon ay tama lang. Tama iyon lahat. Kahit itong sakit..." sabi ko.

Kitang kita ko ang pamumula sa kanyang mga mata. Kumislap ito. I missed him! How I missed that expression so bad! His pained and sorrowful expression!

"Tama lang lahat ng ito. Kahit anong sabihin mo, ina mo parin siya. I know there's a part of you that's longing for her love..."

Umiling siya. "Yes, you may be right. When she left there was a part of me that longed for her, Freya. She's my mother, after all. Pero noong nawasak ako dahil sa'yo, I realized that your part was very very different. I have grown from that boy who longed for his mother. Nakalimutan ko na iyon simula nang nagustuhan kita..." nanginig ang boses niya.

Kinagat ko ang labi ko. Magdilim ang kanyang ekspresyon at mariin aking siniil muli ng halik. His kisses right now were soft and gentle. Para akong sinasayaw ng kanyang mga halik. Unti-unting nagpapaubaya ang aking labi sa kanya.

I slightly pushed his hard rock chest. I pulled away from his kisses. Hinaplos niya ang aking likod ng paulit ulit. Ang mga labi niya'y hinahanap ang akin. Mapupungay ang kanyang mga mata at parang lasing.

"We need to go back."

"Uh-huh..." aniya at siniil muli ako ng halik.

I swear I'd give in again if this continues! And damn it! I'm still so sore from him!

"Fourth..." pigil ko.

Kinagat niya ang kanyang labi. Ganoon parin ang ekspresyon.

Kinuha ko ang t-shirt niyang nasa bench. Nilagay ko iyon sa kanyang dibdib.

"Suotin mo na..." sabi ko.

Tinanggap niya ang damit pero nakatingin parin siya sa akin. Halos matunaw ako sa kanyang tingin kaya 'di ko na pinatulan. Kumawala ako sa kanyang kamay. Hinayaan niya ako. Kita ko sa salamin ang lagkit ng pagsunod ng kanyang tingin bago diretsong sinuot ang t-shirt.

Napabuntong hininga ako at nagpatuloy sa pagsuklay ng buhok.

"We can just stay in my room, you know..."

Humalukipkip ako at inilingan siya. Talagang pinipilit niya ito.

"Okay..." aniya at pagkatapos ay inayos ang t-shirt.

Hinarap ko siya nang natapos siya. Ramdam ko sa bawat hakbang ang hapdi.

Pinagbuksan niya ako ng pintuan. Suminghap ako at agad gumapang ang kaba sa akin.

Hindi ko alam kung umabot ba kami ng oras o ano sa kwartong iyon. Hindi ko alam kung ano na ang ginagawa ng mga tao sa hardin.

Tapos na kaya sina Mama? Kumakain na kaya sila? And is it really right to go back there?

Ngayong palapit na kami ni Leon ay parang bumabaliktad ang sikmura ko. Parang gusto kong umatras. Parang mali na nandito ako ngayon.

Hinawakan ni Leon ang aking kamay. Napatingin ako roon. Nanatili ang mga mata niya sa sala, kung saan kami papunta.

Abala ang mga kasambahay sa mga pagkain. Mga tray ang nakikita kong dala-dala nila pabalik sa hardin.

"We shouldn't hold hands..." sabi ko.

"Why not? Tsss. We're together now..."

Nilingon ko siya. Seryoso siya sa sinabi at direditretso na rin ang lakad papuntang sala.

Napatingin agad lahat ng kasambahay na naroon sa amin. I even saw one na parang nagslow motion sa ginagawa. Nag-iwas ako ng tingin sa kanila.

"Leon, kanina ka pa hinahanap ni Don Pantaleon..." sabi ng isang mas nakakatandang kasambahay.

Tumango lamang si Leon sa kanya at diretso akong hinigit sa bukana patungong hardin.

Palabas pa lang kami ay nagsibalian na ng leeg ang mga kumakain. I saw my Mama and Papa just near Juliet. Nasa ibang lamesa na sila ngayon, hindi roon sa pinagkainan namin.

Sa lamesa kanina ay may nakaupo nang ibang politiko. Napatingin ako sa mga inuupuan nina Ayana kanina ngunit wala na sila roon. Pati ang kanyang mga magulang!

"Leon!" tawag ng nakatayong si Governor.

Sumulyap siya sa akin pagkatapos ay binaba ang mata sa aming mga kamay. Nilingon ko si Mama na ngayon ay nakatayo nang nakita na ako.

"Let's talk!" ani Governor sa isang matigas na boses.

Sa likod niya ay si Nicholas na parang pinipigilan siya. Si Kaius ay nakatayo at natigilan nang nakita kami roon.

Unti-unting napawi ang usapan sa buong hardin. Naramdaman ko talaga ang katahimikan galing sa kani kanina lang ay maingay na kainan.

"What is it-"

"Your mom left this dinner because of you!" pagalit niyang sinabi. "Excuse me, Freya. I need to talk to my son... I'm sorry..."

Tumango ako at pilit na kinuha kay Leon ang aking kamay. Lumingon si Leon sa akin.

"Sige na..." sabi ko.

Sa likod ko ay naroon na si Mama kasama si Juliet at Aling Lita. Hinigit ako ni Mama patungo sa kanila. Si Leon naman ay pinapasunod ng kanyang ama pabalik sa kanilang sala.

"Where have you been, Freya? At anong nangyari kanina?" tanong ni Mama sa isang maliit ngunit may diin na boses.

Pinagtulungan nila ako patungo roon sa long table kung saan sila nakaupo.

Pinagitnaan ako ni Mama at Papa. Sa harap ko ay iilang mga kakilala ni Mama na politiko, sina Juliet at ang iba pang tauhan.

Hindi na ako makapagsalita dahil sunod-sunod ang mga sinasabi nila.

"Nagalit si Leon kanina, Freya, pag-alis mo. Did he tell you about what happened?"

OceanofPDF.com

si Juliet

"What-"

"Ay naku! Nagwalk-out ang mga Clemente sa sinabi ni Leon," sabi ng isang tauhan ni Mayor. "Ang resulta, nagwalk out din si Leilani."

Tumawa ang isang politiko. "Ano ba naman itong si Third. Hindi na lang pagbigyan ang bunso..."

Nakatingin lamang si Mama sa akin habang nag-uusap sila tungkol sa nangyari.

"Ang sinabi niya na mahal na mahal ka raw niya, Freya. Harap harapan sa nirereto ni Leilani sa kanya!" sabi ng isa pang tauhan ni Mayor.

Malungkot ang mga mata ni Juliet habang tinitingnan ang reaksyon ko. Hindi ko alam kung paano ko sasalubungin lahat ng mga nasabi nila.

"Bakit pa kasi nirereto? Hindi na ito sinauna!" sabi ni Mayor.

"Matalik na magkaibigan si Leilani at ang ina noong nirereto, Mayor. Kaya ganyan..." sabi ng isa pang tauhan.

"Iyan ang hirap sa mga Revamonte. They always choose the partners of their children," sabi ni Mayor. "Hindi ba Daniel?"

Napatingin ako sa Ama ni Juliet na tahimik lamang sa tabi ni Mayor. Umiling siya at ngumisi.

"We only want the best for our children..." sagot ni Tito Daniel.

"The best for your child is the paths they choose, Daniel..." sabi ni Mama.

Tumango si Tito Daniel pagkatapos ay tumingin kay Juliet. Kumislap ang mga mata nI Juliet habang tinitingnan ang Ama.

"Freya, kumain ka na ba?" tanong ni Papa na ibang-iba sa pinag-uusapan sa hapag.

Umiling ako at tumingin sa pinggan sa aking harapan. Punong-puno ito ng pagkain.

"Kumain ka na..." ani Papa.

He looked so concerned to me. Para bang binabalewala niya lahat ng naririnig na sabi-sabi para lang mauna ang aking kapakanan.

"This is not a good time for their family to break apart, Freya..." bulong ni Mama sa akin.

Tumango ako. It's the campain period. The election is coming. Hindi maganda na sa nalalapit na eleksyon ay may isyu ang pamilya ng tatakbong gobernador! I know that.

"Hindi ko naabutan ang komosyon. Nasa meeting kami kasama si Governor. Lumabas lamang kami nang ibinalitang nagwalk out ang mga Clemente dahil kay Leon," sabi ni Mama.

Iniisip ko kung ano ang sinabi ni Leon na maaaring nakapagpaalis sa mga Clemente?

But when I think about what happened, accusing Ayana of that is already a slap for the Clementes. Kung magulang ka at inakusahan ang anak mo sa pagiging dahilan ng pagkasira ng relasyon, siguro nga'y magagalit ka. Hindi ko lamang nasaksihan dahil umalis na ako bago pa lang iyon nangyari.

Ano naman kaya ang sinabi ni Leon? Nanggatong kaya siya sa galit ng mga Clemente?

"Excuse me, Melfina..." baritonong boses ang narinig ko sa aking likod.

Tumingala ako at naaninag ko si Don Pantaleon. Nakaamba ang ngiti niya para sa akin ngunit 'di niya tinuloy at hinarap niya si Mama.

"Maaari ko bang mahiram sandali ang iyong anak?"

Tumayo si Mama. She gave him that competitive stare I know so well. Iyan iyong ipinapakita ni Mama sa aking mga mata tuwing gusto niyang manalo ako sa isang pageant.

Indeed, I wasn't made like this. I wasn't born like this. I was trained to be like

this. My mother trained to be prim and proper and to be always true to myself.

Nilagay niya rin sa aking utak na hindi ko makukuha ang bagay na gusto ko kung walang sakripisyo at kung walang paghihirap.

"Don Pantaleon, kung tungkol ito sa kinasasangkutang kumosyon ng pamilya ninyo ay nais ko sanang pagpahingahin na muna si Freya. My daughter never dreamed to be part of this family. She never dreamed to steal your beloved grandson." Sumulyap si Mama. "And I think until now she doesn't want it so bad that she'll have to destroy your unbreakable family bond."

Tumawa si Don Pantaleon sa sinabi ni Mama. Tumayo si Papa at hinawakan ang mga balikat ni Mama. Kumalabog ang puso ko sa nangyayari. This is just too much for this night!

"I got your point, Melfina. Your daughter never dreamed for my grandson. It's my grandson who dreamed for her..." sumulyap si Don Pantaleon sa akin.

Natahimik si Mama sa sinabi ni Don Pantaleon. Kasabay noon ay ang pagbalik ni Governor sa hardin.

Sa likod niya ay ang mga Clemente na parang walang nangyari. Ayana's with Leilani Revamonte and Leon came in last. Kitang kita ko ang lamig sa kanyang ekspresyon pagkapasok niya.

Iginala niya ang kanyang mga mata sa hardin. Nilingon siya ni Ayana. I saw that glimpse of hope in Ayana's face.

Bumuntong hininga ako. Naramdaman ko ang kirot sa aking puso habang tinitingnan silang halos magkalapit na.

Nang nahanap ako ni Leon ay nilagpasan niya si Ayana. Kitang kita ko ang disappointment sa mukha ni Ayana. Kinausap agad ng mga Clemente si Governor at si Mrs. Revamonte. Pagkatapos ay sabay sabay nilang tiningnan si Leon patungo sa akin.

Bumuntong hininga si Leon nang nakalapit sa aming lamesa. Bumaling siya kay Mama at Papa na nakatayo ngayon sa aking gilid. Nanatili akong nakaupo. Everything seems to stay still until Leon spoke...

"Vice Mayor Cuevas at Engineer Clarence Cuevas, papakasalan ko po ang anak n'yo..."

ani Leon.

Nanlaki ang mga mata ko. Nilingon ko si Mama na hindi man lang natinag sa sinabi ni Leon! Nilingon ko si Governor na hinaharap si Mrs. Leilani Revamonte!

"What can you offer my daughter, Leon?" malamig na tanong ni Mama.

Kitang kita ko rin ang katapangan sa mga mata ni Leon.

"I can offer her the world. As she deserves it... my name and my heart..." bumaling si Leon sa akin.

What the heck? Is this really happening?

"And where do you plan to house my daughter?

"Leon!" ani Mrs. Leilani Revamonte. "Sinabi ko na sa'yo! Let us talk in private now!"

"Leilani..." ani Don Pantaleon.

Kitang kita ko ang paghakbang ni Governor sa harap ni Mrs. Revamonte. Fire was in his eyes as he looked at his father.

Nagpatuloy si Mama sa malamig niyang tanong para kay Leon.

"And where do you plan to house my daughter? Papaano mo ito gagawin gayong..."

bumaling si Mama sa banda nina Governor. "... ang ina mo ay may tanging gusto para sa'yo at hindi ang anak ko."

"I have a villa near Puertonera, Vice Mayor."

Nagsisimula na sa pagtawa si Don Pantaleon sa likod.

"I promise to fix this. I need your daughter in my life..." ani Leon sabay tingin sa akin.

Lutang na lutang ako sa lahat ng sinabi niya.

Tinapik ni Papa ang aking likod. Hindi ko maputol ang tingin ko kay Leon. Ilang saglit pa bago ako napabaling kay Papa.

"Umuwi na tayo, anak..."

Huminga ako ng malalim at pinasadahan muli ng tingin ang mga tao roon. They are all looking at me. Bumaling ako kay Leon na parang bigo lalo na nang tumayo ako.

I smiled at him weakly.

Hinigit ako ni Mama palayo roon. Nauna si Papa sa paglalakad palayo. Tumayo rin ang mga tauhan ni Mama. Tumayo si Juliet at Jarrick. Pati sina Mayor at ang kanyang mga tauhan.

Nilingon ko si Leon na ngayon ay sumusunod na sa mga taong sumasama sa amin.

Nagmamadali kong kinuha ang cellphone ko. Lalagpasan na namin ang mga Clemente but I couldn't care about them. Hell I didn't even look at Leon's Mom!

Nilagay ko sa aking tainga ang aking cellphone. Tinawagan ko si Leon. Sinagot niya sa unang ring pa lang.

"Kailan tayo magpapakasal?" mahinang tanong ko.

Buntong hininga ang pinakawalan niya.

"Fuck... I love you, Frey. Please don't scare me like that..."

Ngumuso ako at nagpatuloy sa paglalakad. I hope that's enough for now.

We need to fix this.

==========

Kabanata 47

Kabanata 47

OceanofPDF.com

Never Fails

Nakatingin ako sa labas ng sasakyan habang nagdadrive pabalik ng bahay si Mang Arnel at ang ilan pang tauhan ni Mama.

"Buti na lang nakakain tayo!" sabi ni Aling Isa sa likod.

Hindi ko kasabay si Mama at Papa sa pag-uwi. Natagalan sila dahil nag-usap pa sila sa labas ni Mayor at pinapauwi niya na ako.

"Ikaw, Freya? Nakakain ka ba ng maayos?"

Halos mapatalon ako sa tanong ni Aling Lita. Nilingon ko siya at pagkatapos ay umiling ako.

"Arnel, bilhan muna natin 'to ng pagkain si Freya bago tayo dumiretso sa kanya."

Pumunta muna kami sa may barbecue stand malapit sa amin. Lumabas ako ng sasakyan para bumili ng makakain. Hindi naman ako gutom. Napawi ang pagod ko o 'di kaya'y nalipasan ng gutom pero bibili na lang ako in case na talagang magutom.

Pagkatapos bumili ay dumiretso na kami sa bahay. Tumunog ang cellphone ko habang nilalagay ang susi sa seradura. Tinanggap ko kaagad ang tawag na galing kay Clarabelle.

"Hi!"

"Freya, kumusta?"

Maingay ang kanyang background. It's Friday. They're probably out.

"Ayos lang. Kayo?" sabi ko.

Pinapasok ko ang mga tauhan ni Mama. Nilapag ko ang pagkain sa lamesa. Patuloy parin sila sa pag-uusap tungkol sa nangyari sa dinner kanina.

Nang maalala ko ay ang tanging tumatak sa akin ay ang nangyari sa amin ni Leon sa kwartong iyon. Damn I'll never look at their mansion, especially that room, the same way again.

"Ayos lang din. Nandito kami sa isang bar sa BGC. Miss ka na namin... 'Di ka na masyadong nagtitext..."

Nagsalin ako ng tubig para makainom. Bago iyon ay sinagot ko muna si Clarabelle.

"I'm sorry. Talagang busy. Kagagaling ko nga lang sa dinner sa bahay ng gobernador ngayon, e," sabi ko.

"Oh ganoon ba! Am I interrupting something? I'm sorry..."

"It's okay, Clara. Tatawag na lang ako ulit kapag freetime ko."

"O sige sige! Tumawag ka, ha!"

Napawi ang tawag nang pinutol ni Clarabelle ang linya.

Hinarap ko kaagad ang mga tauhan ni Mama. Sa labas ay narinig ko ang pagdating ng van at ng isa pang pick-up. Siguro'y nakarating na sina Mama at Papa.

"Hindi 'to maganda..." sabi ni Aling Lita. "Si Mayor ay papanig kay Melfina. Bukas na bukas, sa kampanya ni Governor sa San Gabriel, panigurado'y maririnig na ng mga taga roon ang nangyari ngayong gabi. Iisipin nilang hindi maganda ang relasyon ng kanyang kapartido..."

Hindi ko maiwasan ang pangangamba sa sinabi ni Aling Lita. May punto siya. Sa pagwo-walk out pa lang ni Mama, ni Mayor, at maging nina Juliet at Jarrick, hindi na magandang pahiwatig iyon.

May media silang kasama roon. Bukas na bukas o baka kahit ngayon ay nalaman na iyon ng lahat. Iisiping may personal na alitan na dapat ay wala naman. Kung hindi lang dahil sa amin ni Leon.

"Si Freya?" si Mama pagkapasok.

Nakita niya agad ako na nakahilig sa aming aparador.

"Are you okay?" she asked. "Hindi ka nakakain. Bumili kayo ng pagkain?"

Tumango ako at nilingon na ang kusina. Minabuti kong kumain na lang muna habang sila ay nagtitipon tipon sa sala para mag-usap.

"Ano ba ang problema ni Leilani kay Freya at bakit kung makaayaw ito'y parang magpapakasal na agad sila ni Leon?" ani Aling Isa kay Mama.

"May ibang gusto si Leilani para kay Leon," simple niyang sinabi. "I don't believe that she hates Freya. My daughter is an ideal wife..."

Ngumuso ako sa mga pinagsasabi ni Mama. Seriously? Though I really think she's right, kailangan pa talagang magbuhat ng bangko?

Sumulyap ako sa tumunog na cellphone. Nakita ko ang text ni Leon.

Leon:

Are you home?

Ako:

Yup. Ayos ka lang?

Leon:

Yes. Can I invite you tomorrow for dinner?

Nanlaki ang mga mata ko sa tanong ni Leon.

"Freya!" tawag ni Mama galing sa sala.

Tumayo agad ako para tingnan kung anong problema. Nakatingin siya sa kanyang cellphone at pagkatapos ay bumaling sa akin.

"Sinabi ba ni Leon sa'yo na iniimbitahan ka ng gobernador na pumunta muli sa kanilang mansyon bukas?"

Hindi ako nakapagsalita. Maybe the Governor told my Mama about it.

"Sasamahan na kita. After all, you are my daughter."

I have less than five minutes to decide about it. Nagtatalo na muli ang mga tauhan ni Mama. Kanya-kanyang opinyon sa mga desisyon ni governor.

"Takot siya kay Leilani pero ayaw niya namang maging mabaho ang pangalan niya! Mag PePebrero pa lang at marami na siyang issue."

"Kung wala ang boto ni Mayor ay malaki ang malalagas sa kanyang botante rito sa Alegria."

"Tingin n'yo ba ay importante kay Third ito?" tanong ni Papa. "Tingin ko ay wala siyang pakealam sa mga botante. Gusto niya lang maayos ang pamilya."

Humugot ako ng hininga. I am no longer a child. I don't need to be guided by my mother anymore. I can do this alone. Ako lang iyong inimbitahan sa mansyon bukas, ako lang iyong pupunta.

"Ma, ako na lang po ang pupunta. Tutal ay labas ito sa politika..."

"Freya, pagtutulungan ka nila roon. Hindi ako makapapayag ng ganyan!" giit ni Mama.

"Kaya ko, Ma..." sabi ko. "Kaya kong ipaglaban ang sarili ko..."

Nanatili ang mga mata ni Mama. Nalunod ang mga boses ng kanyang mga tiga abiso.

"Leilani is still Leon's mother. You remember the way you feel for me? If you're Leon and I want you for someone else, isn't it heartbreaking for you to disobey me?

Maaari siyang matibag sa desisyon ng kanyang ina, Freya."

Tumango ako. Naiintindihan ko ang sinasabi ni Mama.

"Walang dapat piliin si Leon, Ma. Kung papayag man siya sa kagustuhan ng Mommy niya, rerespetuin ko iyon. It's his mother. I'd give way for them to happen. But if there's a faint hope of us, then I want to try my luck. I want to give my feelings a chance..."

Dahil paano kung ngayon lang ako magmamahal ng ganito? I would regret it for the rest of my life.

I don't want to live in a world full of what ifs. I want to break because I tried.

Binigyan kami ni Leon ng pangalawang pagkakataon ngayon. Nagtagpo kami muli kahit na marami kaming naging alitang dalawa. Isn't this a sign that maybe this time I should fight for it?

Buong gabi kong tinitigan ang cross necklace na ibinigay ni Leon sa akin noon. Sana ay tama ang mga magiging desisyon ko.

Kalahati ng gabi ay iniisip ko iyong nangyari sa amin ni Leon sa kwarto ng mga salamin. I can still feel him in me. Ramdam ko parin ang bakas niya kahit pagkatapos kong maligo. And it hurt like hell but seeing him satisfied and dizzy for me makes me happy.

Hindi ko alam kung bakit.

Hindi ko alam kung bakit kahit na masakit ay natutuwa parin ako sa nangyari. And my the image of him near my entrance just won't go off my mind! Para itong nakatatak na sa aking utak.

Tumunog ang aking cellphone ala una ng madaling araw. Kumalabog ang puso ko at iniisip na si Leon siguro iyon. Ang tagal nilang natapos na mag-usap ngunit nang nakita ko ang pangalan ni Steven ay panandalian akong tumitig doon.

Sinagot ko parin iyon. I would probably forever feel guilty about what's in between us.

"Steven... madaling araw na, ah?" I tried to sound as casual pero babae ang sumagot.

"Freya, this is your Tita Marian. I'm glad you answered. I'm sorry to bother

you..." nanginginig ang boses ni Tita Marian, ang Mommy ni Steven.

Matagal din kaming naging magkaibigan ni Steven. Naipakilala niya na ako sa kanyang mga magulang at mga kapatid. Hindi na sila iba sa akin.

Napabangon ako dahil sa tono ni Tita.

"My son got involved in a car accident. He's in the hospital right now. Maraming dugo ang nawala at nabalian siya, Freya..."

Nanlaki ang mga mata ko. Ramdam ko ang lamig sa aking braso hanggang sa aking batok!

"Po? Saang ospital, Tita? Nasa Alegria po ako ngayon-"

"Before he got unconscious, he asked for you, Freya. Can you come over, please?"

Humagulhol si Tita sa cellphone.

Narinig ko ang boses ng kapatid ni Steven na si Shiela. Inagaw niya yata ang cellphone ni Steven.

"Ate Frey, please come over. Please, Ate..." nanginig din ang boses ni Shiela.

Hindi ko na alam alin ang uunahin ko. Ang magbihis, sumagot, pumunta sa kwarto nina Mama at Papa o ano!

"Sige. Sige... Babyahe agad ako..." sabi ko. "I need to go. I'll call you kapag nasa bus na ako, Shiela. Paki sabi kay Tita na pupunta na ako..." nabasag ang boses ko at pinutol ko agad ang tawag.

Tumunog ang cellphone ko at nakita kong kay Clarabelle ang tawag. Hindi ko na iyon sinagot dahil abala na ako sa pagkuha ng damit para makapagbihis.

Ang dami kong kailangang gawin. I still need to tell Leon. I need to tell my Mama and Papa. I need to check Tita. I need to answer Clarabelle's call.

Inuna ko muna ang pagbibihis. Pagkatapos ng tawag ni Clarabelle ay si Casey naman ang tumawag.

Dumiretso ako sa kwarto ni Mama at Papa. Sarado iyon pero kinatok ko parin.

"Ma!' hampas ko sa pintuan.

Nang umilaw sa loob ay tumigil ako sa paghampas.

"Freya, bakit?" ani Mama pagkatapos ay lumabas.

Si Papa ay nakahiga lang ngunit nakatingin sa akin. Siguro'y sobra sobra ang pagpapanic ko dahilan kung bakit napabangon si Papa.

"Anong oras nga po ulit ang first trip ng papuntang Maynila? Kailangan kong bumalik!" sabi ko.

"Para saan? Anong nangyayari?" ani Mama tumataas ang boses.

"Si Steven po, iyong kaibigan ko, na disgrasya. I need to go... now!" sabi ko.

Tumayo si Papa.

"Ako na ang magmamaneho-"

"Huwag na pa. Magbu-bus na lang ako. Kailangan n'yo ang mga sasakyan dito 'tsaka si Mama kailangan ng kasama bukas. Kaya ko na po ito..."

"Ihahatid ka ng papa mo sa terminal kung ganoon. Ano ba ang nangyari at bakit nadisgrasya? Lasing ba o ano? Ngayon ba iyon nadisgrasya?"

"Hindi ko pa po alam ang mga detalye pero ngayon ngayon lang po..."

Tumango si Mama. Tumunog ulit ang cellphone ko sa tawag ni Casey.

"Hello?" sagot ko pababa ng hagdanan.

Umilaw ang bahay namin dahil sa pagkakataranta ko.

"Freya, it's Steven..."

"I know, Tita Marian called me... What happened?"

Habang sinasagot ko ang tawag ay pinagbubuksan ko ang pinto. Si Papa ay direditetso ang lakad patungo sa aming Fuego. Sumunod ako sa kanya habang kausap si Casey.

"Freya, I'm sorry. He was so drunk! Ang dami niyang nainom ngayon-"

"Hindi siya umiinom masyado ah?" parang tumigil ang puso ko sa tanong ko.

Pumasok ako sa sasakyan at agad na itong pinaandar ni Papa.

"Iyon nga, e. Sorry... Gusto niyang uminom ngayon, e. Naglasing siya ngayon..."

Nanlamig ako sa sinabi ni Casey. I don't want to assume the worst but... did he drink because...

"Anong nakabangga niya?" tanong ko, kabado.

"SUV din. Wasak iyong sasakyan ni Steven, e. Napuruhan siya. Sabi ng driver noong SUV ay mabilis daw talaga ang patakbo tapos nag counterflow pa!"

Halos mapamura ako sa sinabi ni Casey.

"Bakit siya naglasing?" this is the last straw...

"Ang sabi niya lang mukhang wala na raw siyang pag-asa... sa'yo..."

Sapo ko ang ulo ko. Hindi na ako nakakibo habang nakapikit ang aking mga mata.

"I'm sorry. Nasa emergency room siya ngayon. Kasalukuyan siyang inooperahan. Ang dami niyang bali. May sugat din siya sa ulo. Nag-iiyakan ang pamilya niya rito..."

sabi ni Casey.

Hindi parin ako nakakibo. Nanghihina ako habang sinasabi niya iyon.

I am the reason why it happened to Steven. Fuck!

"Papunta na akong terminal ngayon. Sasakay ako sa first trip. Makakarating ako riyan bukas ng umaga," iyon lamang ang nasabi ko pagkatapos ay pinutol ko ang tawag.

Nakapikit ako. Nakahilig sa back rest ng sasakyan. Hindi ko lubos maisip na sa maiksing panahon ay patong patong ang nangyari sa akin.

Kinuha ko ulit ang cellphone ko pagkarating sa bus. I need to text Leon before I fall asleep inside the bus.

Ako:

Fourth, I'm going to Manila. Sorry biglaan. Naaksidente si Steven.

Iniisip ko kung makakapunta pa ba ako sa dinner. I can't assure him anything. I can't promise him that I'll be there.

Pumikit ako ng mariin at humilig na lang sa malaking salamin ng bus.

Nagising ako sa isang tawag. Alas singko y media noon nang tumawag si Leon sa akin.

Nasa byahe parin ako.

"Hello..."

I cleared my throat. Tahimik pa siya noong una pero nagsalita rin kalaunan.

"Freya, I just woke up..." his voice is husky. "Nabasa ko ang text mo. Steven?"

"My friend. The one... The one I... brought there last week."

Hindi siya nagsalita. Hindi ko alam kung paano ko pa ieexplain sa kanya. Knowing him, he'd only think about the kiss I shared with Steven. I can't blame him but Steven is still my friend.

"Nasa byahe ka?" mas lalong paos ang kanyang tinig.

"Oo."

Tumingin ako sa paligid. Nasisinagan na ng liwanag ang dilim sa labas.

"You're driving? Who's driving for you?"

"Nagcommute ako. It was sudden. Last night... I mean, kaninang mga ala una."

"I texted you right after the talk I had with my father. Nakuha mo ba?"

"Oo. I'm sorry. I got busy with what happened..." sabi ko.

"Uh-huh... I understand. Saang ospital ka pupunta?"

"Hmmm. Depende pa kung ililipat si Steven o hindi..."

"Okay. I'll just prepare for today. Text me when you have the address of the

hospital..."

"Okay..."

"Okay... I love you..." aniya.

"I love you, too..."

Humugot ako ng malalim na hininga.

"Thank you. Ibaba mo na..." aniya.

Tumango ako at binaba ang tawag.

Alas nuebe y medya nang dumating ako sa Maynila. Umuwi muna ako para makaligo at makapagbihis.

Pagkasabi ni Clarabelle sa akin kung nasaang ospital si Steven ay sinabi ko rin agad kay Leon. Wala nga lang akong panahong ielaborate ang lahat dahil abala na ako sa pag-aalala para sa kay Steve.

Pagkarating ko ng ospital ay naabutan ko si Kellie, Dennis, at Clarabelle roon.

Namumugto ang mga mata ni Clarabelle samantalang si Dennis y mukhang walang tulog.

Si Kellie ay umiiyak at tulala.

"Freya!" ani Clarabelle at sinalubong ako.

Natauhan si Dennis at Kellie sa pagdating ko. Tumingin sila sa akin. Niyakap ako ni Clarabelle ngunit nang magtama ang mga mata namin ni Kellie ay mas lalo siyang umiyak.

"Freya! What the hell did you do to Steven?" sigaw niya.

Saktong paglabas iyon ng mga magulang ni Steven sa kwarto. Napatingin ako sa kanila pero imbes na bumati ay hindi ko nagawa dahil si Kellie ay nakaturo na sa akin.

"The last thing he told us was that he was in pain! You broke his heart! You made him fall and you never catched him! Dumating lang ang ex mo, bumalik ka kaagad?

Kung hindi ka pa pala nakakarecover sa ex mo, bakit mo pa pinaasa ang kaibigan namin? Ha?" sigaw niya sa akin.

Nangilid ang luha sa aking mga mata sa mga sumbat ni Kellie. Gusto kong manlaban pero alam ko na tama siya. Yes, I sort of used his affection towards me to temporarily forget about Leon years ago. But years ago I made it clear to him that I wasn't ready, too! He hoped for the time when I'm ready but it just didn't came.

Now it's breaking my heart. Kahit ano pang rason ko, alam ko na ako talaga ang mas may sala sa aming dalawa.

"Kells, tama na..." ani Clarabelle habang hinahawakan ang balikat ni Kellie.

The tears in her eyes were all over her face. Her hair is a tied up mess.

Nanatiling nakatayo ang pamilya ni Steven sa gilid, pinapanood ang galit ni Kellie.

"You two kissed, right? Ilang beses? Damn it, Freya! You used him!"

"He's my friend, Kellie! I gave him a chance because he deserves it! I-"

"Dapat ay hindi mo na siya binigyan kung hindi ka pa pala nakakarecover! Ha!"

sumbat niya.

"Kellie! Tama na..." ani Clarabelle.

Pinagtitinginan na kami ng mga dumadaan sa corridor ng ospital.

"Kellie!" malamig na sambit ni Tita Marian para pumagitna.

Bumaling si Tita Marian sa akin. banayad ang kanyang tingin ngunit kahit ganoon ay mabilis parin ang pintig ng aking puso. I'm too nervous.

"Steven is inside the room. He's recovering. Mabuti na lang. May sugat siya sa noo.

Bali ang kamay niya. He ruptured his spleen. Inoperahan iyon kagabi..." ani Tita Marian.

Tumango ako. Bumuhos ang luha sa gilid ng aking mga mata. Hinawakan ni Tita ang aking braso.

"Can I talk to you, Freya?"

"Of course, Tita..." sabi ko.

Sumulyap si Tita kay Clarabelle, Kellie, at Dennis. Tinatahan nina Clarabelle si Kellie. Sumunod naman ako kay Tita papasok sa private room kung nasaan si Steven.

Halos mawasak ang puso ko nang nakita ko siya. Namamaga ang kanyang mukha at may bandage sa kanyang ulo. May brace ang kanyang leeg at ang kanyang braso. Natutulog siya ng mahimbing.

Sa loob ay naroon ang kanyang Daddy. Pumasok si Shiela kasama si Tita Marian.

"I'm sorry to disturb your sleep this morning but I was just so scared for Steven, Freya. He was asking for you so I called you. He wants to see you. He needs you..."

ani Tita Marian.

Alam kong pilit siyang nagtapangtapangan kahit na nanginginig ang boses niya habang sinasabi iyon.

"My son shares everything to us. He shares everything to me. Last Thursday sabi niya..." tumulo ang luha ni Tita Marian. "Parang wala na akong pag-asa ky Freya, My, e. Dumating na kasi iyong ex niya. Magkasama sila ngayon sa probinsya... Freya, he was so devastated. I don't want to believe it, Frey. But is it true? Ano ang pagkukulang ng anak ko?"

Pinagmamasdan ko ang malulungkot na mga mata ng Mommy ni Steven. She reminds me so much of my Mom. Only that she's a bit older. Naiisip ko

si Mama na ganito na ang edad. Parang kinukurot ang puso ko habang naiisip din siyang umiiyak ng ganito.

"Tita, I'll be here for Steven. He's a great friend to me. He did nothing wrong-"

Umiling si Tita Marian sa akin. Humagulhol siya lalo kaya niyakap ko siya para aluin.

Hindi ko alam kung ano pang sasabihin ko. They all know that Steven got drunk because of what happened. Kung iisipin kung ano o sino ang puno't dulo ay ako talaga ang maituturo. Nahihiya ako sa nangyari pero kailangang nandito ako para makausap sila ng maayos.

"Steven is a nice guy, Tita. I just really think that he's too good for me..." sabi ko.

Because that's the truth. That's not an alibi. That's how I really feel about Steven. Pakiramdam ko ay hindi ko deserve ang ibibigay niyang pagmamahal sa akin.

He's too perfect. I am not. He needs someone who can love him perfectly.

"Right now I just want you to please talk to him. Kapag magkamalay siya. Ngayon ay grabe pa ang epekto ng anesthesia, Freya. He asked for you and all I want is to grant his wishes right now. Ayaw kong may masamang mangyari sa anak ko, Freya..."

Humagulhol ulit si Tita Marian.

Isang oras niyang binalikan ang nangyari kagabi. Iyong pagtawag ni Clarabelle sa kanya. Ang pagsugod sa ospital. Ang pagkakakita nila kay Steven na duguan. At ang bilin ni Steven na tawagan ako bago ito nawalan ng malay at diniretso sa Emergency Room.

I stayed there for hours. Inaalu si Tita Marian at Shiela. Ang kanilang Daddy ay umaalis para sa pagkain at damit. Si Clarabelle, Kellie, at Dennis

ay umalis kanina para makapagbihis at bumalik din agad kasama na si Casey at Gino.

Nasa loob na kaming lahat ngayon. Bumaling ako kay Kellie na magpahanggang ngayon ay tulala sa gilid. Clarabelle looks disappointed too. Tuwing tinitingnan ko siya ay parang gusto niya lamang mailing.

"Kami na po muna rito, Tita. Ang mabuti pa, umuwi muna kayo para magpahinga..."

sabi ko dahil antok na antok na si Tita.

Alas kuatro na ng hapon. Nakabalik na ang Daddy ni Steven galing sa kanilang bahay pero ang Mommy niya naman ngayon ang kailangang umuwi.

If I need to stay here so I can help then I will. Iwinala ko muna sa aking utak ang mga nangyayari ngayon sa Alegria. I just want to focus here.

Tiningnan ko ang aking cellphone. Lowbat na ako kaya nagcharge na ako.

Ang huli kong natanggap na message ay galing kay Joaquin. He's asking me what's happening.

Joaquin:

Ate, nasabi ni Drixie sa akin na magulo raw sa Alegria dahil sa inyo ni Leon. Bali balita na aalis daw si Mayor at si Mama sa partido ng mga Revamonte. Hindi raw sumipot si Mayor at si Mama sa kampanya ni Gov kanina sa San Gabriel kahit na naimbitahan naman daw sila. Why are you here in Manila?

Hindi ko na nareplyan ang kapatid ko dahil sa pagiging abala dito. Maging si Leon na pinaalala sa akin ang pagkain ng lunch ay hindi ko na napagtuonan ng pansin.

"Tita, kahit bumalik na lang po kayo mamaya. Magpahinga po kayo kahit saglit. Ako na muna ang magbabantay dito..."

Nakumbinsi ko rin si Tita Marian na umuwi na muna para makapagpahinga. Ang resulta ay kami na lang muna ang naroon.

Bumili ng pagkain si Gino at Dennis habang kaming apat na babae ay nanatili sa room ni Steven.

Tahimik kami. Natutulala na rin ako sa kakatingin sa kay Steven. Nakita kong gumalaw ng isang beses ang kanyang kamay. Tumuwid ako sa pagkakaupo.

Tumayo si Kellie at dinungaw ng mabuti si Steven. Lumapit siya. Tumayo rin si Clarabelle at Kellie. Sumunod ako.

Ilang saglit ang nakalipas ay dumilat si Steven. Alas otso iyon ng gabi nang dumilat siya.

"Steve... Steve..." tawag ni Clarabelle.

"Steven..." ani Kellie sabay lapit pa.

Nasa likod lamang nila ako. I am worried. Hindi ko alam kung kailangan ba magtawag ng nurse o ano ngunit naunahan na ako ni Casey. Siya ang pumindot sa buton para makatawag ng nurse.

Mapupungay ang mga mata ni Steven anng iginala niya ito sa buong lugar.

"Steven!" ani Kellie at nabasag ang kanyang boses.

Kitang kita ko ang pagngiti ni Steven gamit ang kanyang mga mata. Ilang saglit ay ininda niya ang sakit sa kanyang tiyan.

"Where's Freya?" tanong niya na siyang nagpatigil sa excitement ni Kellie.

Nilingon ako ni Clarabelle. Kinagat ko ang labi ko at humakbang ng isang beses.

Tumabi si Kellie para makita ako ni Steven.

"Steve..." sabi ko sabay ngiti.

Kitang-kita ko ang ngiti niya nang makita ako. Inabot niya ang kamay ko kaya sinalo ko ito at hinaplos.

"What happened to you? Why are you like this?" tanong ko.

I want to sound as casual as possible. Narinig ko ang singhap ni Kellie sa gilid.

Bumalik siya sa kanyang upuan sa likod. Sumunod si Clarabelle sa kanya.

"I know you'd be worried. I know you'll come back for me..." ani Steven sa napapaos na boses.

Pumasok ang mga nurse sa kwarto. Nanatili ako sa kanyang tabi habang chinicheck ang kung anu-ano sa kanya.

Nakabukas pa ang pinto nang pumasok na rin ang kanyang Mommy at Daddy. Nakabalik na sila galing sa kanilang bahay. I was expecting them to come back later but they were early. Of course, sinong magulang ang makakatiis sa kanilang anak?

"Anak! You're awake! Steven!" sabi ni Tita Marian.

Iyakan at katahimikan ang bumalot sa kwarto. Tumabi ako para pagbigyan ang kanilang pamilya. Umupo ako sa tabi ni Kellie. Bumaling siya sa akin.

"This is how you planned it?" tanong niya sa isang sarkastikong tono.

"Kellie, please... I didn't want this to happen..." marahan kong sinabi.

"You're the reason why he almost lost his life and that's your reason now!?"

Hinilot ko ang aking sentido. I just can't take this. Indeed, I'm guilty for what happened, alright? Pero hindi ko naman siya inutusan na uminom o magpatakbo ng mabilis! Ayaw ko na lang makipagtalo. In the end, it all boils down to me. May kasalanan lahat. Sila bilang kaibigan ni Steven, si Steven dahil nagpabaya siya...

ngunit higit sa lahat ay ako. Ako ang may pinakamalaking kasalanan dito.

Hinayaan ko siyang magmura sa aking gilid habang sinasabi ang mga hinanakit.

Tinanggap ko ang lahat ng iyon. The only thing I want right now is to apologize to Steven and apologize to his mother.

"Freya..." tawag ni Steven nang umalis na ang mga nurse.

Umiling si Kellie sa nangyari. Dumating na rin sina Gino at Dennis. Nagulat sila nang makitang gising na ang kanilang kabarkada.

"Freya..." tawag ni Tita Marian.

Tumayo ako at lumapit kay Steven. Inabot niyang muli ang aking kamay kaya hinawakan ko rin ang kanya.

"I'm so happy that you're here..." aniya.

Tumango ako. "Magpagaling ka, Steven. I am not happy that I'm here now looking at you like this? Bakit ka ba kasi nagdrive ng lasing?"

Hindi siya sumagot. Narinig ko na ang mga sinabi nI Kellie sa likod. Niyayaya na siyang lumabas ni Clarabelle dahil nakakaistorbo na iyon.

Kinagat ko ang labi ko at tinitigang mabuti si Steven.

"Kellie, stop it..." saway ni Steven.

Bumaling si Kellie sa kanya. Nasa pintuan na sila para makalabas ngunit hindi tumuloy. "Stop it, Steven? She used you! Pinaasa ka niya sa wala kaya ngayon wasak ka!"

"She's here now! Why does it matter?" ani Steven sabay inda sa sakit.

"Kellie!" saway ni Tita Marian.

"Freya!" sigaw ni Kellie. "Ano? Papaasahin mo na naman ba si Steven? You're here now? It doesn't matter that you've hurt him days ago?"

Alam ko ang ibig sabihin ni Kellie. I just don't think that this is the right time to say that. Tact is not saying how you feel all the time. It's knowing when to say your feelings. But I understand that clearly, Kellie is just frustrated.

"Steven..." sabi ko. "Magpagaling ka. I came here because I am worried for you.

We've been friends for years. You are important to me..."

Napatingin si Steven sa akin. What happens to the people who's loves won't be reciprocated? Do they stop loving? Do they pursue? Do they continue loving from afar?

Nasa tao iyon. They can pursue and continue loving. But that's self-inflicted pain.

They can stop and move on... but that's just hard. Both are equally hard actually.

So does enduring the pain for all of these applicable? Does bearing the pain from unreciprocated love make you hope, believe... and what happens in the end if you endure, believe, bear, and hope? Does it never really fail?

Does love never really fail in their case?

I've decided to love Leon back. As he decides to love me back. Then does it follow that Ayana's love for Leon, and Steven's love for me... fails?

Then what happens to love never fails?

Nagtiim bagang ako habang tinitingnan ang kumikislap na mga mata ni Steven.

"So... you really are... with..." aniya.

Pumikit ako ng ilang sandali 'tsaka tumango.

Their love won't fail. Dahil sa huli, hindi mali ang pagmamahal nila. Their love didn't fail. It's the lover that failed. They failed to love the right person. I am not the right person for Steven. His love is perfect. It's me that isn't.

"I care for you Steven. Like how our friends care for you. Like how Clarabelle, Casey, and Kellie cares for you-"

"Don't compare me to yourself, Freya!" mariing sinabi nI Kellie.

Tumigil ako sa pagsasalita. Pumikit si Steven at tumango.

"I understand..." aniya.

==========

Kabanata 48

Kabanata 48

OceanofPDF.com

World

Kumalabog ang pintuan dahil sa pag-alis ni Kellie. Lumabas sina Clarabelle, Casey, Dennis, at Gino kasama niya. Ang tanging naiwan dito ay ang pamilya ni Steven.

Maging sila ay nakatayo na malapit sa pintuan. They want to give us privacy but at the same time they're worried for Steven.

Lumabas na ang kapatid at Ama ni Steven. Ang tanging natitira ay ang kanyang Mommy na unti-unti na ring umaakmang lalabas.

"He will only hurt you, Freya. I won't..." matapang na sinabi ni Steven.

Pagod ko siyang tiningnan. Hindi ko kayang turuan ang puso ko kung sino ang mahalin. Ang sarap sigurong mahalin ang taong 'di ka sasaktan. Kaya lang... pinili ng puso ko si Leon. My heart can endure anything as long as it's Leon. Napatunayan ko na iyon sa sarili ko.

"One day, you'll meet a girl who'd love you just like how you loved me, Steven."

Nag-iwas ng tingin si Steven sa akin. I can feel his pain. Gusto ko iyong pawiin

ngunit sadyang kay hirap gawin kung sasabihin ko sa kanya ang tunay kong nararamdaman.

Hinawakan ko ang kamay niya. I just want him to feel at peace. I want him to feel better. I want him to feel that I love him. Hindi tulad ng gusto niyang pagmamahal ngunit totoo... mahal ko siya. I care for him.

Biglang bumukas ang pintuan. Marahas ang pagkakabukas noon at agad nagmartsa papasok si Kellie.

Sa sobrang gulat ko ay napatayo ako. Mabilis at malakas agad ang pintig ng puso ko.

I thought she'd slap me hard! Nakatingin kasi siya ng diretso sa akin gamit ang galit niyang mga mata.

She turned to Steven. Her eyes were moist because of the unshed tears.

"Tama na nga 'yan! Hindi ka niya mahal! May iba 'yang mahal!" sigaw ni Kellie.

"Ma'am, bawal po 'yan!" saway nang nurse dahil halos mag histerya na si Kellie sa kwarto.

Lalapitan ko na sana siya para pigilan ngunit hinarap ako ni Kellie.

"Ano? Sabihin mo! Sabihin mo ng diretso! Shit, Freya! That's long overdue! You still can't say it until now!?" sigaw ni Kellie sa akin.

"Kellie!" sigaw ng Mommy ni Steven.

Napatingin ako kay Steven na kitang kita ang pagkagulat. Hindi siya kumibo.

Nakatingin lamang siya kay Kellie habang ang mga magulang, at ang nurse, ay inaalalayan siya palabas.

"Kellie! Ano ba? Hindi ka nakakabuti sa anak ko!" pagalit na sabi ni Tita Marian.

I have never seen her this angry. Parang ako iyong natatakot sa kung anong mangyari kay Tita Marian dahil sa galit niya.

Hinihila na ni Clarabelle si Kellie palabas. Ayaw lang paawat ni Kellie. Kahit ang pagtulak ni Tita Marian sa kanya ay nilalabanan niya!

"Steven! Tama na 'yang pag-asa mo! Ang tagal na niyan! Kung gusto ka ni Freya, tangina, noon ka pa niya dapat sinagot! Matalino ka nga! Bobo ka naman sa pag-ibig!

Hanggang ngayon, nagpapakatanga ka!"

"Kellie!" saway ni Clarabelle.

"Binubuwis mo ang buhay mo. Sa kakaiyak. Sa babaeng ni katiting. Ay walang nararamdaman sa'yo!" sigaw ni Kellie kahit pinagtutulakan na siya palabas.

Then slowly it hit me... Nangatog ang tuhod ko habang tinitingnan ang luha ng kaibigan ko.

Isang sampal ang lumagapak sa pisngi ni Kellie galing kay Tita Marian.

"How dare you talk to my son like that! Get out! Get the hell out!" sigaw ni Tita Marian.

Napahawak si Kellie sa kanyang pisngi. Bumuhos ang kanyang luha sa nagawa ni Tita Marian sa kanya. Para siyang natauhan sa nangyari.

Tumulo ang luha ko habang tinitingnan ang isa sa pinakamatapang na taong nakilala ko. Never did I once see her crying. Kaya ngayong umiiyak siya, parang 'di ako makapaniwala.

Tumalikod si Kellie at nagwalk out. Nagkatinginan kami ni Clarabelle. Si Casey ang umalis para sundan siya.

"Tita, pagpasensyahan n'yo na po si Kellie. Nag-alala lang siya kay Stev-"

"Clarabelle, kung nag-aalala siya sa anak ko, dapat ay alam niya na sensitibo si Steven ngayon. She shouldn't be telling him that right now! Gusto niya lang yatang mag pasikat dito!"

Nanghina ako. Nilingon ko si Steven na hanggang ngayon ay nakatingin pa sa pintuan kung saan nawala si Kellie.

Hindi ko kailanman naisip na posible ito. Posible kayang talaga? Is Kellie in love with Steven?

Pilit kong inalala lahat ng nangyari simula ng college. She never really dated anyone except her flings. At hindi ko rin talaga alam kung ano o sino talaga ang gusto niya. I just see her as a happy-go-lucky kind of girl. She

supports me and Steven so it never really crossed my mind that it's possible that she's in love with Steven.

Nanatili si Clarabelle at Dennis sa kwarto. Si Tita Marian ay hindi pa nakakalma sa ginawa ni Kellie. Panay ang salita niya kay Clarabelle tungkol sa nagawa ng kaibigan namin.

Nanatili ako sa gilid ni Steven. He seems silent for the past hour. Gising pa siya kahit na sinabi na ng nurse kanina na kailangan niya pang magpahinga. Hindi niya na ulit ako kinausap. I wonder if he hates me now or there's something bothering him.

"Sorry kay Kellie..." sa wakas ay nasabi ko para mabasag lang ang katahimikan sa gitna naming dalawa.

Bumaling siya sa akin. His bloodshot eyes are tired. I am sure he wants to sleep but something's holding him back.

"She's right, though. I am to blame for this..." sabi ko sabay tingin sa pintuan.

"She cares for you so much kaya niya iyon nagawa."

Tiningnan ko ulit si Steven para makita kung ano ang magiging reaksyon niya pero pumikit lamang siya.

"Kung bobo ako sa pag-ibig. Mas bobo siya..." ani Steven.

Natigilan ako sa sinabi niya. Nanatili siyang nakapikit.

Ilang saglit pang ganoon. Hindi matanggal kay Steven ang mga mata ko. He stayed like that too until he's asleep.

Maraming gumulo sa utak ko. Iniisip ko kung paano iyon nasabi ni Steven. Bakit naging bobo si Kellie? May alam ba si Steven na hindi namin alam?

Oh does Kellie love Steven? And does he know about it? Kailan pa? Fuck!

Nilapitan ako ni Clarabelle isang oras ang lumipas. Tulog na si Steven at nasa labas naman sina Tita Marian, kinakausap ang doktor.

"Hindi raw umuwi si Kellie sa bahay nila..." bulong ni Clarabelle sa akin.

"Sinamahan nina Casey sa isang bar."

Umirap ako sa narinig. Hindi parin nadadala! Nadisgrasya na nga si Steven dahil sa paglalasing, balak pa yatang dagdagan ni Kellie.

"Galit na galit siya. Alam kong may kasalanan ako rito, Clarabelle but... I feel like... Kellie's..."

Tumango si Clarabelle. "Iyan din ang iniisip ko. I don't really know, though. She didn't say anything to me..."

Sabay naming tiningnan si Steven. Nag-aalala ako para sa kaibigan ko. Para kay

Kellie.

Pumasok si Tita Marian sa loob.

"Freya, Clarabelle, mabuti pang umuwi na muna kayo para magpahinga. Umuwi si Shiela. Babalik siya bukas. Ganoon din sana kayo para naman ay hindi kayo mapagod..."

Ayaw ko sanang umuwi pero tingin ko'y tama si Tita. Wala pa kaming pahinga ni Clarabelle. Kailangan ko ring maligo at magpalit.

Hinatid ako ni Clarabelle at Dennis sa condo. Sa byahe ay binalikan niya is ang nangyari kagabi.

"Kellie offered to drive him home but he said he wants to be alone. Pinigilan namin siya. Pingilan siya ni Kellie. Pero talagang ayaw paawat. I guess Kellie's just sad na kahit siya ay hindi kayang paamuin si Steven pagdating sa mga ganito..." ani Clarabelle. "Takot na takot din ako. I feel guilty, Freya. Though yes, a part of me is kind of disappointed of you. Alam

ko ang kwento n'yo ng ex mo pero akala ko makakalimutan mo rin talaga iyon dahil kay Steven."

Laking pasasalamat ko na lang na ligtas parin si Steven kahit paano. Hindi ko yata kaya ang matatamong ng konsensya kung higit pa ang nangyari.

"He's stable according to the doctor. Pahinga lang daw. Pag maayos na ang sugat ay pwede na siyang makauwi."

Tumango ako.

"Bago tayo nakarating sa Alegria ay sinabi ko na kay Steven na hindi pa rin talaga ako handa. I told him years ago that but he said he'll wait. Ang mali ko ay hindi ko siya pinigilan sa pag-aantay niya. I was hoping to change my heart. I was hoping to get over my first love but I just couldn't..."

"Kung hindi iyon bumalik, Freya... may pag-asa ba si Steven?"

Nilingon ako ni Clarabelle galing sa front seat. Natulala ako pagkatapos ay umiling.

"I have accepted the reality. That maybe I can settle for the one who loves me because the one I love just don't fit at the moment. Pero hindi ko parin maipagkakaila ang hangad ko na sana ay iyong tunay kong mahal ang magmahal sa akin."

Napalunok ako.

"Kung hindi bumalik si Leon, pareho lang kami ni Steven na magdurusa. I won't be completely happy because I love someone else. And he won't be completely happy because I can't reciprocate his love..."

Tumango si Clarabelle sa sinabi ko pagkatapos ay nilingon ulit ang kalsada.

"I just hope he'll get over all of these... Pupunta ka pa ba bukas?"

"Oo."

"Aasa lang siya..." sabi ni Clarabelle.

Bumuntong hininga ako. "He's my friend, Clarabelle. At nilinaw ko na sa kanya ang tungkol sa amin. I just hope we can talk more about this tomorrow..."

"Paano ang kampanya ng Mama mo?"

Now that she mentioned it. Tumingin ako sa aking relo at nakita kong mag-aalas dose na ng hating gabi. Tapos na iyong dinner na tinutukoy ni Leon.

"Marami pang panahon. Uuwi rin ako kapag maayos na 'to..." sabi ko.

Pagkatapos akong maihatid nina Clarabelle at Dennis ay dumiretso na ako sa elevator ng basement. Hinagilap ko ang aking cellphone at binuksan. There were missed calls from Mama, Joaquin, Leon, and Juliet.

May isang text si Leon na binuksan ko.

Leon:

I'll be waiting for you...

Pumikit ako ng mariin. This was sent five PM. Naghintay siyang makauwi ako ng Alegria para sa dinner. Damn! I'm sorry.

Tatawagan ko na sana siya ngunit tumunog ang cellphone ko. Tumatawag si Juliet!

"Juliet..." sabi ko.

"Sinagot mo rin! Anong nangyari?"

"Si Steven, iyong kaibigan ko, naaksidente kaya nasa Maynila ako ngayon-"

"Yes, I've heard. I think it's from your Mom. Tita Leilani is furious because of that! I'm sorry. Pumunta ako sa dinner dahil inimbitahan kami ni Lolo. Pero alam ko nang 'di ka makakarating. So as Leon..."

"He did not show up?" gulat kong sinabi.

"Yes. Kaya Tita Leilani was so furious! Inunahan lang kita. Ayaw kong sa iba mo marinig. Ayaw ko rin sanang malaman ni Tita Melfina pero alam kong may pakpak ang balita. She'll know about this."

"What?"

Lumabas ako ng elevator. Wala na ako sa sariling naglalakad patungo sa aming unit.

"She said you're cheating with another man! Kaya ka nasa Maynila! God! Tita is so freaking crazy for Ayana! Nakakainis!"

Ang bigat ng puso ko nang narinig ko iyon! Ni hindi ko naisip na iyon ang iisipin ng mga tao roon! I was just too focused on Steven!

"I'm sorry..." ani Juliet.

Binuksan ko ang pintuan ng aming unit. Bukas pa ang ilaw ng sala at ng kusina.

Hindi pa tulog si Joaquin?

"Kararating ko lang sa condo. I'll text you kapag uuwi na ako. I need to call Leon..."

"Okay. Sige... I'll text you too. Love you..."

"Love you, Juliet...."

Binaba ko ang tawag at dumiretso na sa kusina para maghanap ng makakain o 'di kaya'y maiinom ngunit iba ang natanaw ko roon.

Nanlaki ang mga mata ko nang nakita si Leon at Joaquin. Nag iinuman sila ng beer sa aming kusina na parang wala lang.

Tumayo si Leon nang nakita ako. Unti unti kong naramdaman ang pagkalabog ng aking puso!

Damn it! He's here! Leon's in Manila! He's in my freaking kitchen!

Halos tinakbo ko ang distansya sa gitna naming dalawa. Niyakap ko siya ng sobrang higpit. Tumawa siya sa ginawa ko. Niyakap niya ako pabalik.

Tumayo si Joaquin.

"Tapos na ang inuman. Tss..."

I did not mind my brother. Gusto ko lang mayakap ng sobrang higpit si Leon!

"You're here! You're here!" sabi ko.

Dinungaw niya ako. Nakangiti ang mga mata niya habang tinitingnan akong mabuti.

"Bakit 'di mo sinabi!" sabi ko.

"I tried to call you pero 'di mo sinagot. 'Di ka na rin makontak kaya naisipan kong sorpresahin ka na lang..." he explained.

"Tulog na ako, 'tol..." sabi ni Joaquin sabay tapik sa balikat ni Leon.

Tumango si Leon at ngumiti sa kapatid ko. My eyes were just all on him.

"Aalis na rin ako maya..." ani Leon.

"Tsss..." Tumawa si Joaquin at umalis na sa kusina.

"Aalis ka?" I can't even identify my own voice damn it! Masyadong malambing!

Nang maamoy ko ang kapreskuhan niya ay napagtanto kong dapat 'di ko siya niyayakap ng ganoon dahil tingin ko'y mabaho ako ngayon.

Lumayo ako ng bahagya sa kanya.

"Maghohotel sana ako..." aniya.

"You can sleep here!"

"Sa couch?" nagtaas siya ng kilay.

Uminit ang pisngi ko. Iniisip ko na ngayon kung ano ang iisipin ni Joaquin o kung ikukwento ba niya kay Mama at Papa na dito natulog si Leon. I need to ask him to keep quiet. Wala naman akong masamang intensyon pero nakakaguilty!

"Sa kwarto ko..." pabulong kong sinabi.

Humalakhak siya. Matalim ko naman siyang tinitigan. He seems so happy about it.

Tinalikuran ko siya para makapunta na sa kwarto. Sumunod siya sa akin.

Nilapag ko ang bag ko sa aking kama at nilingon siya. Pinasadahan niya ng tingin ang aking kwarto.

"Ang liit naman nitong kwarto mo..." aniya.

Umirap ako. Shit! Nakakahiya naman talaga at sinabi niya pa.

"I know the rooms in your mansion are too big. I'm not as rich as you..."

Umupo siya sa aking kama. I'm not even sure kung kasya kaming dalawa riyan. Now that he's here and he's sitting on it, I realized that he's just too big.

Akala ko noon pwedeng pang dalawahan ang kama ko pero ngayong nandito si Leon, napagtanto kong mahirap pala.

"I can sleep on the couch if you want..." I offered.

"No... Ako nga dapat ang matulog sa couch n'yo. This is fine..."

Hinaplos niya ang puting bedsheet ko.

"Uh... Well... Okay... I need to... shower..." sabi ko sabay turo sa bathroom ng kwarto.

Tumango siya at nagtanggal ng sapatos. Kumuha ako ng tuwalya at nagmamadaling pumasok sa bathroom.

"Can I shower too?"

Nanlaki ang mata ko sa tanong niya. Nagsasalita ako pero walang lumalabas sa aking bibig.

"Of course pagkatapos mo, Freya..." dagdag niya bago ako maka-oo sa ibang akala.

Fuck.

"Okay. May dala ka bang mga damit?"

"Yup. My bag's outside. Kukunin ko lang..." aniya.

Sinarado ko ang pinto at ilang saglit akong pumikit at dinamdam ang kahihiyan na sana'y natamo kanina kung 'di ko lang napigilan ang sarili ko.

Mabilis akong nagshower. Nagbihis na rin ako sa loob.

Lumabas ako ng kwarto at naramdaman ko agad ang lamig. Leon's already topless. His tattoos are showing.

"Sorry... Nilakasan ko ang aircon..." aniya.

"Ayos lang..." sabi ko at nagsuklay ng buhok.

Tumayo siya at naghubad ng pantalon. Nakatingin siya sa akin habang ginagawa niya iyon kaya nag-iwas ako ng tingin. I've seen him in all his glory but I'm not used to it. I won't ever be used to it, probably. Lalo na kapag iyang nag-aalab na mga mata niya ang nakatingin sa akin.

Pumasok siya sa loob ng bathroom nang 'di ko tinitingnan. Habang naliligo siya ay agad akong nagpahid ng lotion. Halos iligo ko lahat ng iyon.

Pantulog ang suot ko ngayon. Isang kulay lavender na lacey shorts and spaghetti strap na terno nito. Gusto kong ideny sa sarili ko na may espesyal

sa gabing ito pero hindi ko magawa.

Come on, Freya. Sa ibang gabi ay pajama at spaghetti strap lang suot mo. Anong kaibahan ng gabing ito at bakit seda ang suot mo ngayon?

Humiga ako at tiningnan ang aking social media accounts. Naisipan kong hanapin siya sa Facebook pero wala akong nahanap na pangalan niya. Tinype ko lahat. Pantaleon Revamonte, Fourth Revamonte, Leon Revamonte... pero wala.

Nakita kong online pa si Juliet sa Facebook. Chinat ko agad siya.

Ako: Juliet... Nasa Manila si loverboy. Shh.

Juliet: Seriously?

Juliet: Talaga?

Bumukas ang pintuan ng banyo. Tumunog muli ang aking Facebook dahil kay Juliet.

Tinago ko agad ang aking cellphone sa ilalim ng aking unan.

Nakatingin na si Leon sa akin. Nakatapis siya ng tuwalya sa baba. May kinuha siya sa bag niya at bigla niyang hinubad ang tuwalya. Pumikit ako kaya humalakhak siya.

"Tss. It's not your first time to see this..."

Fuck, Leon. Hindi na ako nagsalita. Basta ay dapat magbihis na siya!

Nang umuga ang aking kama sa gilid ay nilingon ko na siya. Ngayon ay nasa tabi ko na siya. He's wearing only his boxershorts and nothing more. He's topless beside me.

"Hindi ka magt-t-shirt?" tanong ko.

Umiling siya at nilagay ang kanyang braso sa aking unan.

"Dito ka humiga..." aniya.

"Hindi ba nakakangalay 'yan?" tanong ko.

Umiling siya kaya sinunod ko.

Kinuha niya ang aking comforter at tinakip niya sa aming dalawa. Inayos ko iyong bandang akin.

Kinulong niya sa kanyang binti ang aking mga binti. I can slightly feel him on my stomach. Ngumiwi ako habang naiimagine iyon. Niyakap niya ako ng mahigpit at inamoy niya ang aking leeg. Hindi ko alam kung para ba iyon magkasya kami sa maliit kong kama o ano.

"Bango mo..." bulong niya at may naramdaman ako sa ilalim ng unan ko.

"Hmm?"

Kinuha niya ang cellphone ko! Ipinakita niya iyon sa akin.

"Who are you texting?" Nagtaas siya ng kilay at binigay sa akin ang cellphone.

"It's Juliet." Tumunog ulit ang aking cellphone at ipinakita ko sa kanya.

Huli na nang napagtanto ko kung ano ang nilalaman ng chat.

"Loverboy, huh?" aniya.

Kinagat ko ang labi ko.

"Nickname niya na sa'yo 'yan simula pa noong highschool."

"Tsss. Kung anu-ano na lang talagang naiisip n'yong dalawa."

Mas lalo niya akong niyakap.

"You don't have a new Facebook?"

Nawala kasi iyong dati noon.

"I don't have. Make one for me..." bulong niya.

"Hmm..."

Sabay naming tiningnan ang nilalaman ng Facebook ko.

"Click the messenger again. May mga pumuporma sa'yo oh..." aniya sabay turo sa mga nakahilerang nagchachat na kilala.

"Dating officemate ko 'to... Tapos ito nakilala ko sa bar... Ito classmate ko noon..."

"Nakilala sa bar?" mariin ang pagkakasabi niya. "Sana 'di na lang talaga ako umalis. Bakit mo pa natutunan ang mga iyan..."

Humalakhak ako. "Ang OA mo."

"Do you dance in a bar?" bulong niya.

"Hmmm of course. Why?"

"Damn it... Do you dance with boys?"

Hindi ko na sinagot. Mamaya ay mahighblood na naman siya. Tinitigan ko na lang siya. Nanliit ang mga mata niya ngunit sa huli ay sumuko at hinalikan ang aking leeg.

"Three years. We should make up for it. I want to know your new hobbies, the new things you know, the people you've met, your experiences, everything..." bulong niya.

Iniisip ko ang lahat ng mga sinabi niya. Ilang sandali siyang nanatili sa aking leeg. His breathing slowly tickled me kaya lumayo ako sa kanya.

"Fourth..." saway ko.

"Shh... Your brother might hear you..."

"Tss..." Iniba ko na lang ang usapan dahil kinakabahan ako sa tono niya. "Anong oras kang dumating?"

"Kaninang mga alas singko. Pupuntahan sana kita sa ospital kaya lang may inasikaso pa ako... I didn't want to bother you too. I'll give you the time you asked."

"Kung ganoon pagtawag ko umalis ka agad ng Alegria?"

"Hmmm. You can say that... How's your friend? Bakit daw siya naaksidente?"

Hindi ko mapigilan ang pagngiti. Kitang kita ko sa mukha niya ang pagsisikap na maging kaswal sa usaping ito.

"Hmmm. Naglasing daw kasi siya tapos ayon nabangga sa isa pang SUV."

"Naglasing? I bet because of you, then?"

Hindi ako kumibo sa sinabi niya. Bumuntong hininga si Leon.

"I remember the days it was too fresh to me. Gabi gabi rin akong naglalasing noon."

"Buti 'di ka pinagsamantalahan ni Ayana?" parang kinabahan ako sa tanong ko.

"I don't get high drunk that much, Frey. I'm still conscious when I'm drunk."

"Really? What if you kissed Ayana while you-"

"Hindi ko siya kasama sa mga gabing iyon. She's far from me. She's in Nevada. And I don't go to bars to drink unlike you. Minsan lang kapag nandyan si Kuya Kai at Kuya Nico. I drink at home everytime it's cold and I think of you..."

Tumango ako sa sinabi niya. Pinagsalikop niya ang aming mga daliri. Tiningnan ko iyon at pinaglaruan. Hinawakan niya ang ring finger ko at hinilot iyon.

"I'm sorry 'di tayo sumipot sa dinner n'yo. Ang sabi ni Juliet ay nagalit daw ang mommy mo..."

"Hayaan mo sila."

"Fourth, hindi kasi pwedeng ganyan. We need to face them, too. After this, we'll go back to Alegria and talk to them okay?" sabi ko.

Tumango siya at hinalikan ang aking noo.

"Babalik ka pa bukas sa ospital?" tanong niya.

"Oo..."

Nagkatinginan kaming dalawa. Kitang kita ko ang pag-iisip niya ng paraan. Para bang isa akong puzzle na gustong-gusto niyang isolve.

"Can I come with you? Hindi ako papasok sa room."

"Maiinip ka lang..." sabi ko.

"Ngayon pa ba ako maiinip?"

Huminga ako ng malalim at tumango. Pagkatapos ng tango ko ay tiningnan ko ang kanyang labi. He licked his lips. I know he knows that I'm looking at it.

Hinaplos niya ang aking tiyan. The soft silk caressed my skin. Kinagat ko ang labi ko.

Then slowly he kissed me. I kissed him back thoroughly. Hindi ako eksperto sa paghalik kaya hindi ko alam kung tama ba ang ginagawa ko. Basta ang alam ko ay punong puno ng puso ang halik ko sa kanya. Sa bawat lapat ng aking labi ay parang ibinubuhos kong lahat sa kanya. Iyong tipong nilalatag ko ng mabuti ang puso ko.

Binibigyan ko siya ng karapatang saktan ako habang ipinagdarasal na sana ay hindi.

Hinawakan niya ang aking panga habang naghahalikan kami. Napadaing ako nang mas lalong lumalim at pumusok ang kanyang halik.

"Fuck, Freya... You really are damn mine..." bulong niya nang bumitiw kami sa halik.

Para akong nalalasing dahil sa mga halik niya. Pagod ang aking mga mata habang tumatango. I want more of his kisses.

Narinig kong tumunog ulit ang cellphone ko. Kinuha niya iyon. I didn't care if he reads all my fucking messages.

Niyakap ko siya at sinabayan siya sa pagbabasa.

Juliet: Freya! You're kidding right?

Juliet: Yuhoo! Freya!

Juliet: Freya! 'Di ako dinadalaw ng antok!

Juliet: Bastedin mo na si Leon diyan! Presku noon! Hindi nagpropose, 'di ba?

Diretso ka na lang tinanong?

Juliet: Sabihin mo ayusin niya si Tita Leilani bago ka niya pakasalan!

Tumawa ako sa mga messages ni Juliet.

Nagulat ako nang biglang tinaas ni Leon ang aking cellphone. Naka camera ito at kinlick niya agad. Pagkatapos magpicture ay nanlaki ang mga mata ko. Damn I'm so turned on in that fucking picture, Leon!

"Baka kumalat 'yan! Makita ni Mama at Papa!" angil ko nang sinend niya kay Juliet.

"Juliet wants us together. She won't do that to us. And besides, I'm marrying you very, very soon. It doesn't matter if we're seen sharing a bed, Freya..." aniya sabay baba sa aking cellphone.

Mabilis na tumunog ang cellphone ko siguro dahil sa reply ni Juliet. Titingnan ko sana but he resumed his kisses. I just couldn't resist.

"We'll share a bed everyday. We'll make love every night... And every time you

want..."

Uminit ang pisngi ko sa lambing ng boses niya.

"I'll please you everyday, Frey... Like how I want it to be years ago. I'll make sure... You deserve the world, Frey. So I'll make sure I'll be your world..."

bulong niyang nangingiliti sa aking tainga.

Naalala ko iyong sinabi niya noon. Gagalingan niya para 'di ko makalimutan. Indeed, masyado niya talagang ginalingan. Dahil hindi ko nakalimutan. Damn, Leon.

==========

Kabanata 49

Kabanata 49

OceanofPDF.com

Engaged

Mahimbing ang tulog ko sa bisig ni Leon. Walang ni isang problema akong naisip kahit na dapat ay magulo na ang utak ko dahil sa mga nangyayari.

I guess this is what healthy love is all about. When you're together, every problem just fades. Siguro ay dahil sa sarili mo alam mong kaya mong harapin ang mga problema basta ba ay magkasama kayo.

Maaga akong nagising kinabukasan. Pagkadilat ko ay napaisip agad ako kung totoo bang nandito si Leon gayong wala siya sa aking tabi.

But when I saw his things on the table beside me, napangiti ako. It's real. He's not here because? Hmm...

Sumulyap ako sa orasan at alas singko y media pa lang iyon ng umaga. Dapat ay magluluto ako ng breakfast para sa kanya.

Lalabas na sana ako para makapagluto pero mas inuna ko ang pagpunta sa bathroom para makapag toothbrush. Damn... Napansin ko mas conscious at mas maalaga ako ngayon sa sarili ko simula nang naging kami ni Leon.

Ilang sandali ako sa bathroom para makapag-ayos. Nasa loob pa lang ako nang narinig kong bumukas ang pintuan ng aking kwarto.

"Freya..." tawag ni Leon.

Lumabas ako pagkatapos mag-ayos. Nakita ko siyang may dalang tray. He's just in his boxers and a white t-shirt.

"Nagluto ka?" tanong ko sa sobrang gulat. "Ang aga pa... I should be the one cooking..."

"Nasanay akong maagang gumising dahil sa trabaho..."

Nilapag niya ang tray sa aking kama. May pagkain doon. Sunny side up egg and bacon.

May fruits pa sa gilid. May isa ring pulang box sa tabi ng juice.

"Kumuha ako ng pagkain n'yo sa ref..." he smiled.

Kita sa mga mata niya na kakagising niya lang. Still he looks smoking hot.

Umupo ako sa kama para tingnan ang niluto niya.

"Gising na si Joaquin?" tanong ko.

Umiling siya.

Tumango ako at tinanggap ang kubyertos na binigay niya. Nagsimula na kaming kumain.

Nagparte siya ng bacon at sinubo sa akin. Ngumiti ako at tinanggap iyon. Para akong highschool na sinusubuan ng boyfriend kung makaasta. Mabilis ang pintig ng puso ko kahit simpleng kain lang naman itong ginagawa naming dalawa.

Uminom ako ng juice. Pagkalapag ko ay agad niyang pinunasan ang tapon sa gilid ng aking labi.

Tahimik kami habang kumakain. Gusto kong magsalita pero parang mas maeenjoy ko ito kapag tahimik ako.

"Anong oras kang babalik ng ospital?" tanong niya.

"Hmm... Nine AM? I'm not sure..." sabi ko.

Tumango siya at sinubo ang huling bahagi ng pagkain na niluto niya. Kumuha ako ng fresh watermelon sa gilid at kinain iyon.

Hindi siya conscious kumain sa harap ko samantalang ako ay nahihiya! Sinubo niya

rin ang isang watermelon pagkatapos ay nilipat ang tray sa lamesa sa gilid ko.

Umupo siya muli sa kama at hinaplos ang gilid ng aking labi. Uminit ang pisngi ko sa ginawa niya.

"I should be the one cooking our breakfast..." sabi ko sabay nguso.

"Okay, next time," aniya sabay tabi sa akin at yakap.

Hinalikan niya ang aking batok. Halos itulak ko sa dahil sa kiliting naramdaman.

"Kailangan mas maaga kang gumising sa akin, kung ganoon..." aniya.

Tumango ako. I should take note of that. He's an early riser. Anong oras naman kaya itong nagigising? Alas kuatro? Alas singko?

Humalakhak siyang bigla habang niyayakap ako. Nilingon ko siya at kumunot ang noo ko.

"You took a bath?"

Ngumuso ako. "Oh. Bakit?"

"Ang aga, huh?" niyakap niya ako ng sobrang higpit.

Pinilit niya ang mukha niya sa aking leeg. Tiniis ko ang kiliting naramdaman ko para lang pagbigyan siya.

"That's what I do first thing in the morning..." sabi ko.

"Hmmm..." sabay singhot niya sa aking leeg.

Bumaling ulit ako sa tray at napansin muli ang pulang box sa gilid. Unti-unti kong narinig ang pintig ng puso ko. Hindi kaya...

"What's that red box near the juice?" I asked.

Humalakhak muli siya. "I thought you'd never ask..."

"What's that?" ulit ko binabalewala ang lambing sa kanyang tono.

Tumuwid siya sa pagkakaupo at kinuha ang pulang box sa gilid ng juice. May nakaukit doon na isang mamahaling brand. Nanlaki ang mga mata ko nang binuksan niya ito.

Isang diamante ang bumulaga sa akin. Simple at elegante ang disenyo ng singsing.

Kinuha niya ang singsing at itinabi ang pulang box. Kinuha niya rin ang kamay ko at ni hindi siya nagtanong kung maaari ko ba itong isuot. Diretso niyang sinuot sa aking daliri iyon.

"You're engaged to me now," aniya sabay angat ng tingin sa akin.

Gulat pa ang aking ekspresyon habang tinitingnan ang singsing. Alam kong binabantaan niya na ako noon na magpapakasal kami pero mas lalo iyong naging totoo ngayon!

Mapupungay ang kanyang mga mata habang tinitingnan ang ekspresyon ko. Nanikip ang dibdib ko sa sobrang saya. Pinipigilan ko na ang luha ko dahil ayaw kong umiyak!

"Really?" tanong ko.

He only answered me with a smile. Tumulo ang luha ko sa saya dahil sa nangyari at mangyayari.

For years I thought this would only happen in my dreams!

Siniil niya ako ng halik. Marahan at malambing ang bawat lapat ng kanyang labi sa akin. Tila ba nanunuyo sa akin iyon.

Unti-unti akong humiga. Inalalayan niya ang akin ulo sa paghiga. Hinayaan ko siyang gawin iyon.

I give up my everything to Leon. I give him my future. I give him the right to me.

Because I think that's how it should be. Hindi ko alam kung paano pa ibigay sa kanya ang pagmamahal ko. Ito lamang ang tanging paraan ko.

Hinaplos niya ang aking baywang pataas. The silky feels of the cloth made me tremble with desire.

Naramdaman ko na humaplos sa aking hita ang kanya. Napadilat ako at napatigil siya sa paghalik. I felt the tip's kind of wet and it's very turned on right now.

"You are..."

"Yes, my queen. I'm sorry. It's what I feel every morning. Dumoble dahil katabi

kitang natulog kagabi."

Tumawa ako ngunit naputol dahil sa halik niya. Hindi ko maintindihan kung ano ang gusto niya. His kisses were soft but his hands were restless. Tila ba gusto niyang dahan-dahanin pero hirap siya dahil siya mismo ay nagmamadali.

"Do you always wear silk when you sleep?" bulong niya habang siningit ang kamay sa aking suot.

His large hand covered my breast. I arched my back at the feel of his hot palm.

Hindi ko alam kung magsisinungaling ba ako sa kanya na "oo" lagi akong ganito kung matulog. At simula ngayon ay matutulog na akong ganito!

"Hmm. No... Just this night."

He let out a laugh. Uminit ang pisngi ko. Mas lalo lang pumungay ang kanyang mga mata. Para siyang mas lalong nalalasing habang tumatagal.

"Then there's really something special about me, huh?"

He kissed me again. This time it was wild and with no inhibitions. I kissed him back. I tried hard to equal his feelings.

Hinawakan ko ang kanyang dibdib. I caressed the ripples of his ironclad chest.

Bumaba ang kamay ko sa kanyang boxers.

Napangiti ako nang naramdaman iyong kanya. He was really so damn turned on and wet.

Hinubad niya ang sedang pang-itaas ko. Ni hindi ko namalayan na nabuksan niya na rin ang aking bra.

Once again, I'm half naked in front of him. Pinasadahan niya ng tingin ang aking katawan. His eyes are filled with so much desire. Hindi ko alam kung bakit nakakaramdam ako ng hiya.

Nag-iwas ako ng tingin sa kanya ngunit hinawakan niya ang pisngi ko para lang bumalik ang tingin ko.

He covered my naked breast with one hand. Napapikit ako at napadaing.

Wait! I shouldn't be noisy! Si Joaquin ay tulog pa!

Kinagat ko ang labi ko para mapigilan ang pagdaing. Sinilip ko si Leon na hanggang ngayon ay nakatingin parin sa akin. It's like he's enjoying the look on my face.

Damn it!

Liquid heat came gushing down on me. Ramdam ko iyon lalo na nang tumutok iyong kanya sa akin. I could die anticipating all of these!

He covered my breast with his hot mouth. Dinungaw ko ulit siya at nakitakong nakatingin parin siya sa aking reaksyon. Dumaing ulit ako.

Bumaba ang kanyang kamay sa akin at hinaplos niya iyon. In just a snap I am naked in front of him. Pilit kong pinagtatabi ang aking mga hita sa kahihiyan dahil nang haplusin niya iyon naramdaman ko ang ebidensya ng pagkakagusto ko sa kanya!

He gently parted my legs and put all of him right in my entrance.

In that familiar rhythm, he started grinding against me. His arousal brushed against my entrance making me tremble in desire and anticipation.

Binalik niya ang kanyang halik sa aking leeg.

"Freya, I still can't believe that this is happening to us..." bulong niya sa aking tainga.

Kinagat ko ang labi ko at tiningnan ko siya. Hinawakan ko ang kanyang panga bilang pagmamakaawa ng halik. Pinagbigyan niya ako. Ngayon malalim at mapupusok na ang kanyang mga halik sa akin.

Every time he pushes, I would meet him halfway. And everytime we meet, may libo-libong sensasyon akong nararamdaman. Kaya inulit-ulit ko iyon. I can't help it. I'm getting addicted to him!

Paulit ulit namin iyong ginagawa. I can feel his wetness against me. I want him to get naked kaya inabot ko ang dulo ng kanyang t-shirt. Kahit wala akong lakas ay sinubukan ko iyong tanggalin sa kanya.

He got my message so he stopped kissing and removed his shirt. He removed his boxers too.

Nanghina pa ako lalo nang naramdaman ang kanyang mainit na balat sa akin. His arousal meets my entrance everytime he pushes.

"Fourth..." sa sobrang lambing ng boses ko ay hindi ko na makilala iyon.

Dahan dahan ang pagpasok niya. With every push, his arousal would advance an inch.

Halos mapudpod ang labi ko sa kakakagat habang dinadama siya.

And then the familiar feeling gets to me. Para itong unti-unting nakakarating sa tuktok!

"Ahh!"

Hindi ko na napigilan nang naramdaman ko iyon. This one is more intense than the first time!

I cried his name as my world kept spinning. He caressed me gently down there I couldn't help but tremble. Humigpit ang hawak ko sa kanya at sa huli ay unti-unting nanghina. Kahit malakas ang aircon ay ramdam ko ang pawis sa aking dibdib.

"Oh fuck..." mahinahon niyang sinabi at unti-unting pinasok ng buo ang kanya sa akin.

Pulang pula ang kanyang dibdib hanggang leeg.

Nalukot ang aking mukha sa sakit na naramdaman ko. Not as painful as the first time but it still is so painful!

Hinalikan niya ako ng mariin. Kasabay noon ang kanyang pagalaw sa akin. His kisses diverts my attention from the pain to his passion. Dahan-dahan ang ginawa niya sa akin kaya naibsan ang sakit na naramdaman ko.

"Does it hurt still?" bulong niya.

"It's okay..." sabi ko.

Hinalikan niya ang aking leeg. Pumikit ako at dinamdam ang kanyang halik. He thrusted harder and a little bit faster.

Napadaing ako sa ginawa niya. Isang mura ang pinakawalan niya at bahagya siyang bumangon.

Nilagay niya ang aking mga binti sa kanyang braso. Tiningnan ko siyang nakaluhod sa aking harap. He looked dizzy and so turned on.

Pumikit ulit ako at tumingala. Then he started thrusting in me fast and hard. I couldn't fathom the vibrations I felt within me. Halong sakit at saya ang naramdaman ko sa ginagawa niya.

Dumilat ako at nakita ko siyang nakaawang ang bibig habang tinitingnan akong

mabuti. His rhythm now went faster and harder. Para bang mas lalo siyang nag-iinit sa nakikitang reaksyon galing sa akin. His eyes were feeding on the sight of me so aroused!

Napaliyad ako nang mas lalo siyang bumilis. I can feel my heartbeat right where he thrusts in me.

Napadaing ulit ako ng malakas. Agad kong tinikom ang bibig ko nang napagtanto ang kalagayan namin. Tinakpan ko iyon ng aking palad.

Tumingala siya at pumikit nang mas lalo pa siyang bumilis at sa huli ay dinungaw ako nang pumirmi siya. Kinagat niya ang kanyang pang-ibabang labi at dinungaw ang nagdudugtong sa aming dalawa.

Pareho kaming hinihingal. His rhythm is not slower. His thrust deeper. Ilang saglit ay tumigil siya at marahan na binaba ang aking pagod na binti. Marahan niya rin akong dinaganan at nilagay niya ang kanyang mukha sa aking leeg.

"I would never get tired of looking at you aroused... Fuck..." bulong niya.

Hindi na ako kumibo. Nawalan ako ng lakas sa nangyari. Hinaplos ko ang kanyang ulo at batok.

"I love you, Fourth..." sabi ko habang ginagawa iyon.

"I love you always..." Hinalikan niya ang aking leeg.

We laid there for a while. Hanggang sa nakatulog na lang ulit ako dahil sa pagod at init na pinadama niya sa akin.

I woke up because of his kisses. Marahan akong dumilat at tumingala sa kanya.

"I'm sorry, I fell asleep..." sabi ko sabay tingin sa relo ng aking kwarto.

It's nine AM! Tiningnan ko ang aking katawan at nakapagbihis na ako ngayon ng mga underwear. Niyakap ko ng mahigpit si Leon.

"I didn't want to wake you up but... what about your visit to the hospital..."

Dumilat ulit ako at tumingin sa kanya. Nagtaas ako ng kilay. I couldn't believe that he's actually encouraging me to visit Steven.

Some things change, huh? Well, hindi ko alam. Siguro ay napagtanto niya lang talaga na wala kami ni Steven. I don't want to try and see Leon's reaction if I'm with other boys. Heck, I don't want him jealous at all. Siya lang ang mahal ko. Siya lang ang mamahalin ko ng ganito. There is no need for him to feel insecure.

"Mag-aayos na ako ngayon," sabi ko.

"You were noisy. Check if Joaquin heard you too..." Humalakhak siya.

Nanlaki ang mga mata ko. Hindi ko naisip iyon kanina!

"I was?" tanong ko.

Tumango siya pagkatapos ay umiling. "We need a sound proof master's bedroom..."

Kitang-kita ko ang malalim niyang pag-iisip sa huling sinabi. Hinampas ko ang kanyang dibdib at agad nang bumangon.

I'm sore in between me. Ilang saglit akong umupo muna bago tuluyang tumayo.

Naligo muli ako at nagbihis. Nagmamadali ako para lang makalabas at matingnan kung gising na nga ba ang kapatid ko.

Lumabas ako habang si Leon ay naliligo pa. Naabutan ko si Joaquin sa kusina na tinitingnan ang mga pagkain na niluto ni Leon.

"Kumain ka na. Luto 'yan ni Leon..." sabi ko at pinagmasdan ang magiging reaksyon niya.

Tumango lamang ang kapatid ko nang 'di ako tinitingnan. Nagsalin ako ng tubig sa baso, nakatitig parin sa kanya.

Sumulyap siya sa akin at nagtaas ng kilay. Kumuha siya ng pagkain sa lamesa ng nakataas ang kilay.

Damn it! I feel so guilty!

"Engaged na kayo?" tanong ni Joaquie.

Ipinakita ko sa kanya ang aking singsing pagkatapos ay tumango ako. Ramdam ko ang kaba sa akin.

"Yeah. Bumuli siya kahapon pagrating niya rito sa Maynila..." ani Joaquin.

Pagkatapos ay wala na siyang sinabi. Umupo na lang siya sa dining table. His hair slightly disheveled.

Tumikhim ako para mapawi ang awkwardness.

"Umuwi na kayo ng Alegria, Ate. Nagkakagulo na roon. Hindi man sinasabi ni Mama sa'yo pero... alam kong magulo na roon."

Tumango ako. "Bibisita ako kay Steven. If he's better, yayayain ko na si Leon na umuwi..."

Tumango si Joaquin at nagpatuloy sa pagkain. Galing sa kwarto ay lumabas si Leon.

Nag-aayos siya ng relo. He's wearing a dark maong pants, maroon v neck t-shirt and bare foot. Napangiti ako.

"Alis na tayo?" tanong ni Leon.

Tumango ako at bumaling muli kay Joaquin. "Sinabi mo ba kay Mama na nandito si Leon?"

Umiling ang kapatid ko. "Pero paniguradong alam na noon."

Ngumuso ako at tumango. I guess Joaquin just won't tell anyone. Or maybe he has no idea. Sinalubong ko si Leon at niyaya na siyang umalis.

Pagkatapos naming mag-ayos ay bumaba na kami. Dala niya ang kanyang Ram kaya iyon ang sasakyan namin patungo sa ospital.

Sinabi ko na sa kanya ang mangyayari. Na maaari akong matagalan kaya pwede siyang pumunta muna sa pinakamalapit na pasyalan kung sakaling maiinip. But if Steven's okay, I'll see if I can tell him na uuwi na kami ng Alegria dahil magulo roon.

Pumayag si Leon pero wala siyang sinabi na papasyal siya. I guess that option is just not for him. He'd wait. That was for sure.

May dala akong mga prutas na nakalagay sa isang water cellophane. Sa laki ng binili ni Leon natatabunan niyon ang aking mukha. Pagkapasok ko sa kwarto nI Steven ay napatayo agad si Tita Marian.

Hinawi ko ang dala ko para makita si Steven. Nanlaki ang mga mata niya pagkakita sa akin. Ngunit unti unti rin siyang bumuntong hininga at nag-iwas ng tingin.

"Freya!" ani Tita Marian.

"Hi, Tita! How's Steven?" tanong ko sabay lapag ng prutas sa gilid ng kama ni Steven.

"He's fine. Just a bit grumpy..."

"I have fruits for you all." Ngumiti ako.

Sinuklian ni Tita Marian ang aking ngiti pagkatapos ay pinaglaruan ang buhok ko.

"You look blooming..."

Napawi ang ngiti ko sa sinabi niya. It's so out of place. I'm shocked with her sudden remark.

Tinanggap ni Tita Marian ang prutas at tinuro ang lababo.

"Huhugasan ko lang ang iba para makakain kayo..."

Tumango ako at hinayaan siya. Tiningnan ko pa siya papuntang lababo bago lumapit kay Steven.

He looks better now. Hindi na masyadong namamaga ang kanyang mukha.

"Steven..." tawag ko.

Sumulyap siya sa akin at ngumiti.

"Kailan daw bibisita sina Clarabelle?" tanong niya.

"Hmm. I didn't ask her yet but I can call her now..."

Kinuha ko ang cellphone ko at pinindot ang numero nI Clarabelle. Tinanggap agad iyon ng aking kaibigan.

"Hi! Nandito ako sa ospital ngayon. Kailan ang punta n'yo ulit dito?" tanong ko.

Nakatingin si Steven sa akin. It's like he's expecting something.

"Kakagising ko pa lang. Sina Casey sabi noon ay pupunta ng Alas diez. Ako baka ala una kasama si Dennis."

"Papunta na raw sina Casey dito. Si Clarabelle mamaya pang ala una..." sabi ko kay Steven.

Tumango si Steven at nagtaas ng kilay.

"Si Kellie?" he asked.

Natigilan ako sa tanong niya. Nag-iwas siya ng tingin sa akin. Now that he mentioned it. Where the hell is Kellie.

"Clarabelle, si Kellie?"

Tinalikuran ko si Steven.

"Ewan ko. Sabi ni Casey hinatid daw nila kagabi bahay nila. Lasing na lasing daw.

Ewan ko babalik pa iyon. Nasampal ni Tita Marian, e."

"Oo nga, 'no... Sige, sige... Tatawagan ko..." sabi ko.

Binaba ko ang tawag at bumaling ako kay Steven. Nakatingin siya sa akin. It's as if he's waiting for something.

"Hmmm. Hindi raw sigurado si Clarabelle kung babalik pa si Kellie, e. Alam mo naman..." sabi ko.

"Bakit? Baka sobrang nalasing? 'Di nakabangon?" sabi niya sa isang sarkastikong tono.

Humugot ako ng malalim na hininga. Bahagyang pumintig ang puso ko sa excitement.

I'm feeling something strange. A weird kind of excitement. Hindi ko mapangalanan iyon.

"I'll call her..." sabay pindot sa cellphone ni Kellie.

"Don't!" sigaw ni Steven sa akin pero huli na ang lahat.

Naidial ko na ang numero ni Kellie! Tatlong ring at sinagot niya na. Her voice is husky like she just woke up. Agad ko iyong niloud speaker para na rin marinig ni Steven ang sasabihin.

"What?" salubong niya sa akin.

"Kells, pupunta ka ba kay Steven ngayon?" tanong ko.

"Who's this?" tanong niya at may narinig akong kaluskos. "Damn it! Stop kissing me, Bruno!"

Nanlaki ang mga mata ko sabay tingin kay Steven. What the hell?

"Si Freya 'to..." sabi ko.

Ilang saglit pang hindi nagsalita si Kellie.

"Ay... Sorry kakagising ko lang. Hindi ko alam, Frey. I'll see."

"Hmmm. Magpapahinga ka ba ngayon? Bukas, pupunta ka?"

"I have work tomorrow..." aniya.

"Oh... Right. Uh... Okay... Sige..." sabi ko. "Bye-bye..."

Hindi na nagsalita si Kellie. Pinatay niya na agad ang tawag. Binaba ko ang cellphone ko at tumingin kay Steven.

Hindi ko alam kung anong sasabihin ko sa kanya sa nangyari. Nanatili siyang nakatingin sa akin ng ilang saglit bago nag-iwas at pumikit.

"Uh... Andyan na yata sina Casey..." sabi ko sabay tingin sa pintuan.

Sumulyap ako kay Steven at hindi parin siya bumabawi ng tingin sa akin. Niyakap ko si Casey at pinapasok.

Hinayaan ko si Steven na matulog o pumikit ng walang kibo. Si Tita Marian na ang kinausap ko dahil ayaw na yatang makipag-usap ni Steven sa amin.

"He can heal the wounds at home but mas gusto ko rito muna siya. After a week, we'll go home at doon ipagpatuloy ang pagpapahinga niya..." ani Tita Marian.

"Mabuti nga pong ganoon..." sabi ko.

Ilang saglit pa naming pinag-usapan ang mga plano para kay Steven. Mag li-leave muna siya sa trabaho dahil sa nangyari. Bukas ay papasok na sina Casey at Clarabelle sa trabaho kaya sina Tita Marian at mga kamag-anak na lang nI Steven ang magbabantay muna sa kanya rito.

"Hindi na kailangan. Pwede naman akong mag-isa..." ani Steven.

Nawala sa akin ang ideya na kailangan naming umuwi ni Leon. This is more important.

I want to help.

"Pwede rin ako, Tita. I don't have work anymore..." I volunteered.

"It's okay, Freya. You don't have to. Really, I can do this..." sabi ni Steven.

"Steven, anak, nag-vo-volunteer na si Freya..." sabi ni Tita Marian.

"It's really okay. I know she's busy with the campaign. Dapat nga ay bumalik ka na ng Alegria, Freya. Asikasuhin mo na lang ang kampanya ni Tita Melfina..." ani Steven.

Tumunog ang cellphone ko. Dinungaw ko iyon at nakita ang numero ni Kellie. She's calling!

"Wait... It's Kellie..." sabi ko.

Kitang kita ko ang gulat sa mukha ni Steven. Tumayo ako at tinalikuran ko sila.

This time, I won't make it loud speaker. Para kung may kung ano ay 'di na nila marinig.

"Kellie..."

"Is he fine?" mas seryoso ang boses niya ngayon.

"Yup. He is. Hindi ka bibisita ngayon?" tanong ko.

"Hindi. I'm just checking if he's fine... He's fine even after you told him you can't love him back?"

"I guess so..."

"Okay... Sige..." binaba niya ang tawag.

Binaba ko ang cellphone at muli ay bumalik sa inuupuan ko kanina. Napansin ko ang paninitig ni Steven sa akin. Tinitigan ko siya pabalik.

"Anong sabi?" he asked.

Pinigilan ko ang ngiti ko.

"Nagtanong lang siya kung ayos ka na raw ba. Sabi ko okay ka na..." sabi ko.

"Tsss..." Pumikit ulit siya.

"Sino raw iyon, Freya?" tanong ni Tita Marian.

Napalunok ako. "Si Kellie po, Tita..."

Tinikom ni Tita ang kanyang bibig at hindi na nagsalita. Nagkatinginan kami ni Casey. Is there something that we do not know?

"Freya, if you want to leave for Alegria. You can. I'm fine here. Hindi ko naman talaga kailangan ng bantay..."

"Pero Steven..." pigil ni Tita Marian.

"Kailangan ko nang gumaling..." ani Steven sa isang malamig na boses.

"Kaya nga magpapahinga ka, 'di ba?" sabi ko.

"And you're engaged... I know you need to go..." aniya.

Napahawak ako sa singsing sa aking daliri. Kinuha ni Casey ang aking kamay para matingnan iyon.

"Leon's in Manila?"

==========

Kabanata 50

This is the final chapter of Ripped: Freya (AGS #2)

Kabanata 50

OceanofPDF.com

Decision

Nag-angat ako ng tingin kay Leon. Naghihintay siya sa isang bench sa labas ng

ospital. Nang nakita niya akong papalabas ay tumayo siya at naglakad agad palapit.

I made him wait for a couple of hours.

He looked so out of place. Parang isang modelo ng GQ na nakatayo sa isang mataong lugar. He'd make everyone's head turn. Napangiti ako.

"Lunch?" salubong niya sa akin.

"Yup."

"Anong oras ka babalik?" tanong ni Leon.

Ngumuso ako at nag-isip pa.

Alam kong kailangan na naming bumalik ni Leon sa Alegria. Ngunit alam ko rin na kung pipiliin kong pansamantalang manatili para kay Steven ay maiintindihan niya iyon. It will break his heart but I know he can compromise.

"We can go back to Alegria right now..." sabi ko.

Kitang-kita ko ang pagpipigil niya sa pagkakabigla. He maintained a straight face but it seems like he wants to smirk or something.

"How about your friend? Is he okay?"

"He's recovering, Fourth. Ang sabi niya ay ayos lang daw na umalis ako. He can deal with it. I don't want to leave, though. As a friend, I am concerned but I know that there's an important thing going on between us, too. We need to go back to Alegria..."

Tinitigan niya ako ng ilang sandali. Pagkatapos ay hinawakan niya ang aking siko.

"Really?" mahinahon niyang tanong.

Tumango lamang ako sa tanong niya.

"Then we have to eat our lunch first. Babyahe ba agad tayo?" tanong niya.

"Hmm. Pwede. I still have clothes at home so it's alright. We don't need to go back to our condo."

Paulit-ulit niyang kinagat ang labi niya. Nilingon niya ang kanyang sasakyan sa parking lot at agad na pinatunog.

"Let's go, then?" anyaya niya.

Tumango ako at ngumisi. Inakbayan ako ni Leon patungo kami ng sasakyan. Suminghot siya sa aking buhok. Nagtaas ako ng kilay at nilingon siya.

Nagmura siya ng marahan at pinagtaasan din ako ng kilay.

"You're so clingy..." I said.

Tumango siya. "The first time you kissed me years ago, I got so addicted. The first time we made love days ago, mas lumala pa yata."

Hinalikan niya ng marahan ang braso ko. Tumindig ang balahibo ko sa ginawa niya.

Naalala ko tuloy na noon, pagkatapos mismo ng nangyari sa Tereles, hindi na siya masyadong nahahagilap nina Julio at Russel. He's just always with me.

Pagkatapos naming kumain sa isang restaurant ay tinawagan ko na si Joaquin para malaman niya na uuwi na muna kami ni Leon. Pagkatapos kay Joaquin ay si Mama naman.

"Magkasama kayo ni Leon?" tanong ni Mama.

I'm surprised she didn't know about that. Akala ko ay sasabihin din ni Joaquin.

"Yes, Ma..."

"Hindi mo naman kailangang umuwi muna, Frey. How's Steven? I understand that he still needs you."

"He's recovering. Mabuti na lang at hindi naman malala ang nangyari. He encouraged me to do this, too..."

Iniisip ko na ayaw lang ni Mama na malaman ko ang tunay na problema nila sa Alegria. If you search it on Facebook or even on Google, you'll see that there's really a controversial issue on their party.

Hindi sumasama si ang candidate for Mayor at Vice Mayor sa conference at kampanya.

Kung sumasama man ay awkward. And Mrs. Revamonte is vocal about her dislike for what my mother and the Mayor did.

Hindi ko alam kung sino ang lulubog. Ang partido nila, si Governor, o sina Mama.

"Well, okay. If that's what you want," aniya.

Pagkababa ko sa tawag ay si Leon naman ang tumawag kay Governor. Nakaloudspeaker ang cellphone niya at tahimik ako sa gilid habang siya ang nagdadrive ng Ram.

"Leon, kailan ka uuwi."

"Dad, bumabyahe kami ni Freya ngayon pauwi..." matamang sinabi ni Leon.

Nilingon ko siya. Nakamata lamang siya sa kalsada at kalmado kahit na mabilis ang takbo ng Ram.

"Anong oras kayo umalis ng Maynila?" tanong ni Governor.

"Mga alas dose. Baka makauwi po kami ng nasa mga alas otso. Can you please set up a dinner for us and for Freya's family?"

Halos tawagin ko si Leon para manaway. Hindi naman kailangang agaran. We can wait for a couple of days but he already asked his dad!

"I will try to convince your mom about this, Leon. She already thinks that it's over for you and Freya. Totoo bang hindi siya dumating sa dinner dahil nadisgrasya ang isang lalaking... kaibigan... niya?"

"I told you that before I went to Manila. Yes, it's true."

Huminga ng malalim si Governor.

"Tinawagan mo na ba si Papa tungkol dito? Alam ba niyang pauwi ka?"

"Hindi pa pero tatawagan ko..."

"I will update you about this later. Nandito ang Ate Leandra mo. And your Tita Astrid."

Ngumiwi ako. They're complete! His whole family is complete.

"Then that's good. I'll invite Tito Daniel and his family, too, dad. Pati ang pamilya ni Freya."

Isang malalim na singhap ang narinig namin kay Governor bago sumang-ayon.

Hindi ako nakatulog buong byahe. We used that time to talk about what happened within the three years we lost. Or maybe... we didn't really lose it. We needed that time to grow. We needed that time to develop wisdom leading us to our decisions right now.

"May business sina Tito roon sa California. Sinubukan kong magtrabaho roon habang nag-aaral..." ani Leon.

Pinagmasdan ko siya habang sinasabi niya iyon. Hindi naman siya makatingin sa akin dahil nasa kalsada ang kanyang atensyon.

"Pagkatapos kong mag-aral ay nagfull time ako roon."

"Sinong kumumbinsi sa'yo na umuwi rito?"

Paano kung hindi siya umuwi? Paano kung hindi ako pumuntang Alegria pagkauwi niya?

Sumulyap siya sa akin. Pakiramdam ko ay nagulat siya sa tanong na iyon.

"It's my plan. Pinatapos ko lang ang tests ni Mommy." Ngumuso siya parang nagpipigil ng ngiti.

Kumunot ang noo ko pero binalewala na lang iyon.

"Why were you really convinced that I was with Steven?" tanong ko.

"You kissed him, Freya. That's enough reason to believe..." mariin na ang tono niya ngayon. "Ikaw? Why were you so convinced that I'm with Ayana? Because you saw me behind her? I didn't even touch her."

Now we're touching that topic again. Umirap lamang ako.

"Paanong 'di ka naghanap ng iba kung iniisip mong may iba na ako?" tanong ko, kuryuso.

"Freya, I started this game way too early. I am tired of the games. The day I kissed your lips I realized that I like it better that way. I want a love that's true, not the temporary pleasure."

Tumawa ako. It's so weird hearing a playboy say that.

"Kahit na inisip mo na may iba ako, ganoon?"

Hindi siya agad nagsalita. Nanatili ang mga mata ko sa kanya. He looked so serious.

His brows furrowed.

"Kahit na may iba ka, nakahalik ng iba, o kahit ano pa, pagbalik ko rito... gusto kong subukan ka ulit. Kakalimutan ko lahat ng ginawa mo sa tatlong taong wala ako."

Napaawang ang bibig ko.

"If I tell you that I really did have a boyfriend within those years-"

"Then, whatever, Freya. I'd try again."

Nanikip ang dibdib ko sa diin ng kanyang boses. He said that with conviction. It's like it's hurting him but he can set the pain aside!

"Did you have, then?" maliit ang boses niya.

Umiling agad ako. "No... Wala, Leon..." nanginig ang boses ko.

"Good. I'm still lucky that you couldn't move on from me."

Nagtiim bagang ako.

"Ang sakit kaya noon sa pakiramdam, Leon! It's not like I purposely waited for you to come home! I just can't get over you..."

Kinuha niya ang aking kamay at dinala sa kambyada. Pinuno ko ng hangin ang aking baga para maibsan ang sakit na naramdaman.

"Kung 'di ako bumalik ng Alegria para sa kampanya, siguro ay 'di tayo nagkausap ng mas maayos-"

"Tsss... Papa-Maynila ako kung ganoon. I didn't go to Manila because your momma told me you'd be home for the campaign period."

"Huh? Nagkausap kayo ni Mama?"

Ngumuso siya at inangat ang kamay ko. Hinalikan niya ang likod ng aking palad.

"Oo. I was still so mad at you, though. I couldn't handle watching you with the

other man who claimed your lips..."

Pinagsalikop ko ang mga daliri naming dalawa.

I can't believe that the heavens gave me a man like him. He's not perfect, alright, but he's my kind of man.

"Do you plan to work again after the elections?" tanong ni Leon nang natahimik.

"Sana..." sabi ko. "Pero sa Maynila, e."

If he asks me to stay, I would. Maghahanap na lang ako ng trabaho sa gobyerno sa Alegria o sa karatig probinsya. Basta ba magkasama kaming dalawa.

"Can you work on Alegria instead? Kasal na tayo niyan. I don't want my wife to be away from me. Kahit ilang kilometro pa 'yan..."

"Hmmm..."

"And if you get pregnant, can you promise me to stop working until our baby's a little bit big?" seryoso niyang tanong.

Nanlaki ang mga mata ko. Baby? Is Leon serious with all these? Hindi ko alam na ganito siya ka advance mag-isip.

Humalakhak siya dahil nakita niya ang pagkakagulat ko. Hindi ko pa naiisip iyang mga sinasabi niya pero dahil naitatanong niya ay napapaisip tuloy ako.

Kinwento ko rin sa kanya ang pag-aaral ko sa Maynila. Na hindi ako gumraduate with flying colors. Na sa mga panahong iyon ang pag graduate ko na lang ang iniisip ko.

Na ang pag graduate ay malaking achievement na para sa akin. How weird is that, right? When back in Alegria, before Leon left... I was always the top of our class.

Pero noong umalis siya, lumubog ako ng husto.

"You're still the most brilliant girl I know even without your trophies and medals, Freya."

I don't regret anything, though. My failures taught me that life's not ideal. We can hope for the ideals. We can try to live like the ideal... but we really can't be ideal.

"You think you won't fail kung 'di ako umalis?" tanong niya.

Nagkibit ako ng balikat. Ngumuso si Leon. Hinintay ko ang idudugtong niya.

"Baka kung 'di ako umalis, mas napaaga ang kasal natin. Not sure I can wait till you really graduate..." Humalakhak siya.

"Naku! Buti na lang pala talaga umalis ka, kung ganoon..." Tumawa rin ako.

Nagtaas siya ng kilay at mas lalong hinigpitan ang pagkakahawak sa kamay ko.

"Enough of the past now. I'm marrying you anyway... It doesn't matter..."

Habang nagdadrive siya ay nanatili ang mga mata ko sa kanya. Nilagay ako ni Leon sa isang pedestal noon. He respected me so much. He can even wait for me until I'm ready. Hinawakan niya ako na parang isang babasaging kristal. He was always careful...

Hindi ko alam na dapat pala siya ang hawakan kong ganoon. I grew up with all the love I need. He didn't. He rejected his mom's love. And his mom failed to give him the love he deserves. He was emotionally unstable. He'd date girls to fill that gap. He'd use his friends to forget about what's lost.

Malakas at matibay siya kahit na ang totoo siya itong babasaging kristal sa aming dalawa.

I was still hard on him, though. I didn't even think about his feelings. He adopted the principles I know because he loves me. He was willing to break apart for me.

Hindi ko alam na baliktad pala iyon. Leon needs the love he gave me. Leon needs me more than I need him. Leon longed too much for my love.

Kaya ngayon, ibibigay ko sa kanya ang lahat lahat ng nararapat.

Dumiretso kami sa kanila. Tinawagan na ni Leon si Mama tungkol sa dinner na niset ng kanyang Daddy. Mabuti naman at pumayag si Mama. Ang akala ko ay 'di na siya dadalo para makaiwas sa kontrobersya.

Pagkapark ng Ram sa tapat ng kanilang bahay ay dinalaw na agad ako ng kaba.

Sabay kaming bumaba ni Leon. Hinintay niya ako bago nagsimulang maglakad. Hinagilap niya agad ang aking kamay at pinagsalikop ang mga iyon.

Akala ko'y bibitiwan niya ang kamay ko pagkarating sa hardin kung saan sinet up ang isang napakahabang lamesa para sa pamilya ngunit nagkamali ako.

Nilingon kami ng lahat pagkarating. They were silently eating. I can imagine the awkwardness they felt before we came.

"Leon... Freya..." ani Juliet.

Walang media. Walang ibang politiko. Ang tanging naroon ay ang pamilya namin nina Leon. Juliet's family including Jairus, Leon's brothers and sister, Tita Astrid, Don Pantaleon, Leon's parents, Ayana's family, and my family. Si Joaquin na nga lang ang kulang, e.

My Papa didn't even invite my Tita who's supposed to be here, too. Just the two of them, my Mama and Papa.

"Here, Leon... Freya..." baritonong boses ni Don Pantaleon ang nagsalita.

Tinuro niya ang dalawang magkatabing upuan sa gilid niya.

Tumango si Leon at hinila ako patungo roon. Si Ayana ay nakatingin sa akin. She looked tired and angry at the same time. Mrs. Leilani Revamonte looked curious.

Kitang kita ko ang pagbaba ng mga mata niya sa aking kamay kung nasaan ang singsing na binigay ni Leon sa akin.

Kumuha si Leon ng pagkain at nilagyan agad ng pagkain ang aking pinggan.

Napatingin ako kay Juliet na tahimik na pinagmamasdan ang ginagawa ni Leon.

"Let's let them eat first, shall we?" patawang sabi ni Don Pantaleon.

Tumango si Mama sa huling banda ng long table. Tapat niya ay mga magulang yata ni Juliet. Sina Kaius at Ate Leandra ay nakatingin sa amin ni Leon.

Ulam naman ang nilagay ni Leon sa aking pinggan. Sa bawat binibigay ng kasambahay ay tinatanong niya muna ako kung gusto ko ba noon.

"Konti lang..." sabi ko.

"Is this enough, then?" tanong niya nang siya na mismo, imbes ang kasambahay, ang naglagay ng ulam.

May narinig akong humagikhik sa linya namin. I think it's either Jairus or Nicholas. Bumaling ako kay Leon. Pinagtaasan niya lamang ako ng kilay.

Pagkatapos ng paglalagay ni Leon ng pagkain sa aming mga pinggan ay nagsimula na akong kumain. Nawala ang gutom ko sa byahe dahil sa katahimikan dito. Nakakatakot.

"Don Pantaleon, patatagalin pa ba natin ito? Our decision is long overdue. We have decided days ago pero binigyan lamang namin ng palugit-" sambit ni Mommy ni Ayana.

"Days ago it was already clear. You were free to decide. You should have actualized your decision. Why did you have to wait-"

"Papa!" sambit ni Governor.

Tumawa lamang si Don Pantaleon at tumuwid siya sa pagkakaupo. Tapos na si Leon sa pagkain. Hindi pa ako tapos pero ayaw ko nang magpatuloy.

"Kumain ka pa..." pabulong na sinabi ni Leon.

Hindi ba siya naiintimidate sa mga tao rito? Nakatingin lamang siya sa akin. It's like all he thinks about is me and my food.

Nilagay ni Don Pantaleon ang kanyang mga kubyertos at pinagpahinga ang magkabilang kamay sa mga corner ng long table.

"Leilani... what really is your plan?"

"Papa, we want to clear things out-"

"Third, I don't want to hear you say anything. Alam ko at alam ng lahat dito na hindi ikaw ang nagdedesisyon. I've always admired your submission to the one you love but I'm not pleased with Leilani's ideas."

"Papa, alam ko ang nakakabuti para sa anak ko-"

"Is that why you fixed Kai's marraige?" tanong ni Don Pantaleon.

Napatingin ako kay Kaius. Nagtaas ng kilay si Kaius at uminom ng wine sa kanyang wine glass.

"And here you are trying to fix Leon's too..." ani Don Pantaleon. "I'm sorry, Mr.

and Mrs. Clemente but my grandson denies, with conviction, his mother's offer to marry your daughter. It's a foolish idea."

"Papa!" pagalit na angil ni Mrs. Revamonte. "Ayos lang sana kung maayos na babae ang pinipili ni Leon. But Freya just isn't as pure as you think-"

"How dare you say that to my daughter, Leilani!" sigaw ni Mama sabay tayo.

Tumayo si Papa para pakalmahin si Mama. Tumayo rin si Tita Nelia at lumapit kay Mama. Nakita ko ang pagtataas ng kilay ni Tita Astrid sa kay Leon at sa akin na nanatiling nakaupo lamang.

"Hindi ba ay hindi siya sumipot sa napagkasunduang mas naunang dinner para sa isang lalaking 'kaibigan' niya 'di umano? And Ayana's told me that that man is her boyfriend. Pagdating ni Leon ay 'tsaka lamang siya lumapit muli. Because my son is a bigger catch-"

Tumayo si Leon dahilan kung bakit natigil si Mrs. Revamonte. Tumayo si Ayana at dumalo kay Mrs. Revamonte. Ang kanyang mga magulang ay tumayo na rin at hinihila siya palayo roon.

"Freya isn't in a relationship with anyone while I was away-"

"How sure are you that she didn't lie, Leon! You're only blinded. It's just love!

Open your eyes!" angil ni Mrs. Revamonte.

Gusto kong magsalita pero pinigilan ko ang sarili ko. Taas noo si Tita Astrid na nakatingin sa aking reaksyon. Palipat lipat na ang mga mata ko.

"Even if she had a boyfriend within those three years, I don't fucking care! We're engaged now. I am marrying her no matter what."

"Leon!" mangiyak-ngiyak na sinabi ni Mrs. Revamonte.

"This is ridiculous, Leilani! Aalis na kami!" anang mommy ni Ayana.

Hinigit nila palayo si Ayana sa kay Mrs. Revamonte. Ayaw bumitiw ni Ayana. Para akong naestatwa habang pinagmamasdan si Ayana na pilit na nilalayo.

"Let's go, Ayana..." mahinahong sinabi ni Mr. Clemente sa anak.

Umiyak si Ayana. Tinuro niya ako nang nahila na siya ng kanyang ama palayo. Pilit niyang hinawi ang kamay ng ama niya para lang maharap ako. Nanatili akong nakaupo habang tinuro ako ni Ayana.

"That girl doesn't deserve you, Leon! She's selfish! She only wants what's good for herself! She doesn't think about your feelings!"

Tumayo si Ate Lea at pinigilan si Ayana sa pagsasalita.

"Ayana's right, Leon. I wouldn't fight for this if it isn't true..." ani Mrs.

Leilani.

"Mommy, tama na po..." sabi ni Ate Lea.

"Kung ang sarili ko lang ang talagang inisip ko, sana pala hindi ko na lang pinagtulakan si Leon noon para makasama n'yo sa Amerika..." malamig kong sinabi.

Dinirekta ko iyon kay Mrs. Revamonte.

"Sana 'di kami nagkaproblema. Sana ay ayos kaming dalawa. Kung sana inisip ko na lang pala ang sarili ko ilang taon na ang lumipas..." sabi ko.

Humagulhol si Mrs. Revamonte. Tumayo si Governor at inalu niya ito.

"Let's go, Ayana!" sigaw ng Daddy ni Ayana at hinila na siya paalis doon.

Sumunod ang kanyang mommy na nagpupuyos sa galit. Nanatili si Mrs. Revamonte roon sa amin kahit na panay ang tawag niya sa Mommy ni Ayana.

"My..." malamig na sinabi ni Leon. "Kahit ano pang gawin n'yo, si Freya talaga ang papakasalan ko. I'm not like Kuya. I have forgiven you years ago... I don't know if I can still forgive if you make Freya hate me..."

"Leon!" sabi ko sabay hila sa kanyang braso.

"See?" sigaw ni Mrs. Revamonte. "Something as unhealthy as this shouldn't be tolerated, Leon! You are too in love! You are blinded! You can even disrespect your family! And Freya doesn't mind because it's her advantage!"

"Leilani!" sigaw ni Mama. "Freya! Let's go..."

Nagmartsa si Mama palapit sa akin. Sumunod si Papa sa kanya. Tumayo ako hindi para sumama kundi para magmakaawa sa kanila na pagbigyan saglit.

"Melfina, pagbigyan mo muna ang apo ko," pakiusap ni Don Pantaleon.

"Ayaw kong isipin n'yo na may matinding pangangailangan kay Leon ang anak ko. Kung ayaw ng pamilya n'yo sa anak ko, hindi namin ipipilit..." mariing sinabi ni Mama.

"Nakikiusap ako, Tita. Hindi man ako kailangan ni Freya ay kailangan ko siya. Ako ang nagpupumilit dito..." ani Leon.

Shit!

Tumayo ako at hinaplos ang braso ni Leon.

"My... if you can't accept what's in between me and Freya, that just isn't my problem. We are here to try. Baka sakaling magbago ang isip n'yo sa aming dalawa.

Ngunit kung hindi, hindi ng isipan ko iyong magbabago. Mananatiling pareho ang desisyon ko. Freya is going to change her name for me. I am going to marry her even if you disagree..."

"Aba, Leon. Ayaw kong usap usapan sa buong Alegria na ang anak ko ay 'di gusto ng pamilya ng mapapangasawa niya!" giit ni Mama.

"Tita Melfina, gusto ko po si Freya..." mariing sambit ni Juliet. "Pamilya po ako ni Leon."

"Ate Astrid!" tawag ni Mrs. Revamonte.

Tumikhim si Tita Astrid at bumaling kay Mrs. Revamonte. Tumayo siya at dinaluhan ito.

"Leilani, give this up..." aniya. "I know what you're feeling. Your son loved you dearly. And hated you for what you did years ago. Now he's found a new love, greater even than the love you have ever experienced from him. You can't accept it.

That's why you want him to have someone else. Hindi si Freya, dahil kapag si Freya... maaalala mo lang kung ano ang kayang gawin ni Leon para sa kanya, 'di ba?"

Hinawakan ni Leon ang aking kamay. Sa gilid ng aking mga mata ay nakita kong nakatingin siya sa akin.

"Are you okay?" bulong niya.

Hindi ako sumagot. Nanatili ang mga mata ko sa kay Mrs. Revamonte na ngayon ay nanlalaki ang mga mata. Nakatingin siya kay Tita Astrid.

Umiling si Ate Lea at hinaplos ang likod ng kanyang mommy.

"Do not forget. It was Freya who asked Leon to forgive you. If Leon didn't love Freya so much, ilang taon pa kaya ang binilang mo para lang makabalik ka sa mansyong ito. Do not forget. It was Freya who pushed Leon away so you can be with him. It was Freya who sacrificed for you, Leilani. I understand your sentiments but I wish for you to make your second life worth while by trying to accept things that are out of your control..."

Pumikit si Mrs. Revamonte at humagulhol. Niyakap siya ni Ate Lea.

"Ate!" malamig na tono ni Governor.

"Third... This is why I didn't marry. We are all so stubborn when it comes to love.

You are stubborn, Third. Dapat ay natuto ka na. Hindi pinipilit ang pag-ibig. Ang pagmamahal ay hindi nagtatagal kung nag-iisa kang nagmamahal. Kung noon ay pinakawalan mo si Leilani nang nalaman mong hindi ikaw ang pag-ibig niya, hindi ka na sana nasaktan ng ganito..."

"Enough, Astrid!" sigaw ni Don Pantaleon. "Now is not the time to dig too much about the past. I want to hear Leon and Freya..."

Humigpit ang hawak ko sa kamay ni Leon. Pagod na nag-angat ng tingin si Governor sa anak. Nakatayo na sina Juliet at ang kanyang pamilya sa aming likod. Si Nicholas ay nasa gilid ko. Si Kaius ay nasa kay Tita Astrid.

"We will set the date of our wedding next month. It's settled. Kung hindi po kayo sang-ayon, gustuhin ko mang makadalo ang mga magulang ko... Dad..."

"Leon, I will come, son..." ani Governor sabay pikit.

"Mommy... You are important to me. I have forgiven you years ago. And right now, I'm here because I want you to watch me marry the love of my life. Nasa inyo na po iyon kung sasama kayo. Hindi po ako nandito para humingi ng approval sa inyo. I am here to inform you all that I am... marrying Freya Dominique Cuevas... no matter what."

Natahimik ang lahat sa sinabi ni Leon. Nabasag lamang ang katahimikan nang tumawa si Don Pantaleon.

"Freya..." tawag ni Mama sa akin.

Nilingon ko siya. Pinagkunutan niya lamang ako ng noo. Umiling ako at dumikit pa lalo kay Leon. Not now, Mama, please. Leon needs my support. I will support him.

"Bago umuwi si Leon dito sa Alegria, pinakiusap niya na sa akin ang villa ko sa Puertonera. And willingly gave him that piece of land because among

all my grandchildren, he's the only one who openly said that he didn't like Manila or the States. He wants to live here... for good. Pero alam ko na noon kung bakit gusto niya rito..." Tumingin si Don Pantaleon sa akin. "Years ago, ipinakilala niya si Freya sa akin. Tingin pa lang ni Leon kay Freya, alam ko na. Melfina, Leilani...

there is just nothing you can do..."

"Don Pantaleon, I willingly accept whoever my daughter loves. Sana lang ay huwag maliitin at huwag isipin na namimilit kami. There's no problem with me..." mariing sinabi ni Mama.

"Thank you, Tita..." mariing sambit ni Leon kay Mama.

Kinagat ko ang labi ko at tiningnan ko si Mama. Nakatitig siya sa akin ngayon. Her expression is unreadable.

"That is all I ever want to hear..."

Hinawakan ni Juliet ang kamay ko at inangat para makita ang engagement ring.

Tinapik naman ni Jairus at Nicholas ang likod ni Leon.

"Leon... is this really your decision?" tanong ng mangiyak-ngiyak na si Mrs.

Revamonte.

"Leilani, you should rest..." ani Governor sabay muwestra na pumasok na muna sa bahay.

Lumapit si Tita Astrid sa amin at kinausap niya si Mama. Si Ate Leandra ay nakisali na rin sa paghawak sa kamay ko habang tinitingnan ang aking singsing.

"Yes... This is my decision."

Tumalikod si Mrs. Revamonte at umiyak. Dinaluhan siya ng ibang kasambahay at inalalayan papasok sa bahay.

Hinarap ko si Leon. I can't be totally happy when someone's sad because of our happiness.

"Leon, paano na 'yan? Ang mommy mo... Sina Ayana..." sabi ko.

Inangat niya ang baba ko. Ang mga tao sa gilid ay nag-uusap na patungkol sa nangyari o 'di kaya'y sa kasal. Nagpaalam si Ate Lea na siya na ang bahala kay Mrs.

Revamonte pero 'di parin ako panatag. I know that this is not going to be easy.

"I ask you Melfina to join us," ani Tita Astrid.

Napatingin ako kay Mommy at Daddy.

"Isama mo na si Clarence, Astrid..." sabi ni Don Pantaleon.

"There are some things we should also settle. Hindi na kailangan ang mga bata. It's all clear for Leilani that Leon and Freya will push this even if she doesn't agree.

Ngayon tayo naman ang mag-uusap tungkol sa bagay na ito. Nicholas!"

"Po!" ani Nicholas na agad na nasa harap ni Tita Astrid. "Tell your cousins to go home. Daniel and Nelia will come with us too. We'll be in the conference room..."

"Si Mommy?" ani Nicholas.

"Dadalhin siya ni Leandra at ni Third doon."

"Tita, go easy on mommy, please..." ani Kaius.

Tumawa si Tita Astrid. "We're not going to do something bad to Leilani, Kaius. Ang mabuti pa pumunta ka sa kwarto ng mga Clemente. See if they

have everything that they need if they leave."

Giniya ni Leon ang aking baba sa para maharap ulit siya.

"Hey, don't worry okay..." aniya.

"Hindi na tayo sasama sa pag-uusapan nila?" tanong ko ng pabulong.

Umiling siya. "It's impossible to love someone without hurting anyone, Freya.

That's too ideal... Hmmm."

Tumango ako dahil sa lambing ng kanyang boses.

"Susuko rin 'yan si Mommy," ani Leon.

"Yeah. She got no choice. 'Di kasi susuko si Leon..." tumawa si Juliet.

Leon covered me with his chest. Para bang ayaw niyang mag eye-to-eye contact pa kami ni Juliet.

"Stop butting in, Juliet..." sabi ni Leon.

Humagalpak lamang si Juliet at sinubukang tingnan ako. Tinabunan ako ni Leon.

Hinampas ko ang kanyang dibdib.

"Ang damot mo, Leon! Iwan mo 'yan, Freya! Ayaw yatang magkaibigan tayo!"

Kitang kita ko ang agarang pagkakairita ni Leon kay Juliet. Tumawa si Nicholas.

"You know exactly how to make him angry, Juliet."

Bumaling si Nicholas sa akin at ngumisi. Tumawa na rin si Jarrick sabay tago kay

Juliet sa likod niya.

Umalis sina Mama at Papa, sumama kay Don Pantaleon at Tita Astrid. Ganoon din si Tita Nelia at Tito Daniel.

Hinila ko ang kamay ni Leon para makabaling siya sa akin. Agaran ang pagpungay ng mga mata niya.

"Don't listen to them, Freya."

Tumawa ako habang tinitingnan siyang nanunuyo.

"Let's celebrate..." tinapik ni Nicholas ang likod ni Leon pero 'di man lang sumulyap si Leon.

Tumango ako kay Leon.

"I want to see your villa..." sabi ko.

"Right now?" his face brightened up.

Umiling agad ako. "Bukas na... Your brother is asking for a celebration, Fourth."

"We can... tell them we'd celebrate tomorrow instead... so we can go to my villa..." pabulong niyang sinabi.

Tumawa lamang ako sa gusto niyang mangyari.

Leon, you are really so stubborn.

But... thank God you are.

==========

Wakas

OceanofPDF.com

Wakas

I won't forget how it all started.

Freya Dominique Cuevas is a big joke to me. She's prim and proper. She's nice and

almost too good to be true. Lalo na kung kaswal mo siyang makakausap. Aside from that, she is also damn good looking.

With her long straight hair, innocent eyes, narrow nose, fair skin, and cherry pink lips, you'd think it's a sin to even look at her in a different light. Dapat ay kaibigan mo lang siya. Dapat ay hindi ka na lalagpas doon. Dahil alam mo sa sarili mo na mabibigo ka lang. She can reject you without even blinking. She can say no and still be nice to you. And you know she's not going to be nice because she is...

she's going to be very nice because she has to. Because you're pitiful.

Halos masamid ako sa iniinom na alak. Agad kong pinasa kay Julio ang shot glass nang nakita ko si Freya kasama ang aking pinsan at ang kaibigan nilang si Marjorie.

"Anong nangyari sa'yo?" tanong ni Julio.

Umiling ako, tumayo, at bahagyang nagtago para 'di nila ako makita.

"Nandyan ang pinsan ko. Baka magsumbong..."

Sumulyap sila sa mga dumaan. Namataan agad nila si Juliet.

"Oh? Natatakot ka pa pala?"

Nanatili ang mga mata ko sa kanila. My cousin is loud and squeaky. Marjorie is too silent. While Freya's just the right mix of it.

Hindi ako naniniwala sa pag-ibig.

If love is what they say it is, why is it easy for other people to have a change of heart? If love is a virtue that can inspire you to be faithful and loyal, why do people, who claimed to be in love, cheat?

If my Mom loved my Dad, why did she cheat? If Dad loved my Mom, why did he cheat?

Understandable, alright! She cheated first!

But is that called love still? Cheat because she cheated first?

It's a complex thing that I didn't want to understand. Ang lahat ng ito ay babagsak lamang sa kung anong makukuha mo kapag kayong dalawa na. And that is... sex.

People can freely have it without love. Kung bakit pa sinasali ng mga tao ang pag-ibig ay hindi ko na alam. Pu-pwede namang wala.

Matapang kong masasabi iyan sa kahit kanino. Kay Daddy, kay Lolo, kay Juliet, sa

mga kapatid ko, sa mga pinsan ko, pero kapag kaharap ko si Freya, hindi na iyon pwede. I feel like when she's around, I need her to see me as a person who has better views about life.

Alam kong hindi maganda ang mga nasa isip ko, pero tingin ko ay masyado lamang talagang ideal ang love. Hindi para sa akin iyon. Para sa akin lamang iyon kapag kaharap ko si Freya. Kailangan ituwid ang baluktot na pag-iisip kapag kasama si Freya.

"Those judgemental eyes..." humalakhak ako nang palapit si Juliet sa amin. "Tapon n'yo mga sigarilyo n'yo..." sambit ko kay Julio at Russel.

Nag-angat ako ng tingin kay Juliet. Nasa isang tindahan kami 'di kalayuan sa school at ngayon sinusugod na ako ni Juliet. Kasama niya pa talaga si Freya.

Sa malayo pa lang ay kitang kita ko na ang pagtataka at mga kunklusyon sa mga mata ni Freya. I held the girlfriend of the week's hands tight so I'll

forget about my supposedly "respect" for the queen.

Hindi maganda iyon. Anong espesyal sa kanya? Wala naman. She's a typical probinsyana. Idealistic, innocent, like nobody would dare to hurt her... wake up!

The real world can hurt you!

Pinanood ni Freya ang ginagawa ng mga kasama ko. Pinanood ko rin kung paano bahagyang kumunot ang noo niya sa mga nakikita.

"Isusumbong kita kay Tito! Andito ka na naman! Naninigarilyo at nag-iinuman kayo, Leon!" sabi ng aking pinsan.

"Mag-aaksaya ka lang ng laway, Juliet..." sabi ko sabay lipat ng tingin kay Freya.

Bahagyang umubo si Freya at tinakpan niya na ang kanyang ilong dahil sa usok na binubuga ni Julio. Hindi niya tinapon ang kanyang sigarilyo!

"Julio..." sabi ko sabay senyas sa kanyang sigarilyo.

"Juliet, tara na..." ani Freya.

Nilipat ko ang tingin ko kay Freya. Nagtaas siya ng kilay sa akin at nag-iwas ng tingin. Para bang nandidiri.

Kinabahan agad ako. Binitiwan ko ang aking girlfriend at nilingon ulit si Julio.

Hinithit pa niya ng isang beses ang sigarilyo bago tinapon.

"Saglit lang, Freya... Itong si Leon talaga! Busy si Tito, Leon, tapos si Lolo,

nag-aalaga ng farm. Buti na lang si Nicholas nambababae lang. E, ikaw? Babae, at iba pang bisyo ang inaatupag mo!"

Nakatalikod na si Freya sa amin at hinihila niya na si Juliet. Ayaw pa awat ng pinsan ko.

"Go and mind your own business..." sabi ko.

Inamoy ni Freya ang kanyang buhok at pagkatapos ay sinuklay niya iyon gamit ang mga daliri. Hinawi niya ito at nilingon niya kami.

"Juliet, amoy sigarilyo na ang buhok ko. Lalayo lang ako kung 'di ka pa tapos..."

ani Freya.

Napangisi ako. Kaya kong gayahin ang boses niyang malambing. Sinipat niya ako bago siya tuluyang umalis.

Nang nakatayo na siya roon sa may puno ay humalukipkip siya at tiningnan muli ako.

Ang arte nito. Bagay lang sa kanya. Ganyan dapat, Freya. Hindi ka kung sinu-sino lang.

"Hmp! Bahala ka riyan! Basta isusumbong kita kay Tito!" sigaw ni Juliet sabay martsa patungo kay Freya.

Naglakad agad silang dalawa palayo. Sinundan ko ng tingin ang dalawa habang lumalayo.

Titingin si Freya! Titingin 'yan!

Papasok na sila ng gate nang dumiretso lang sila nang 'di siya tumingin. Si Juliet lang iyong tumingin sa amin at umirap.

Pumikit ako ng mariin.

"Hayaan mo na 'yon, Leon. Hindi ka isusumbong noon..." sabay hawak ng girlfriend ko sa aking kamay.

Dumilat ako at hinarap sina Julio at Russel.

"Sa susunod pag nakalapit silang dalawa, tapon n'yo agad ang mga sigarilyo n'yo!"

sabi ko.

"Bakit? Hikain ba iyon si Freya? Hindi naman, a..." ani Julio at nag-iisip. "O si Juliet?"

Umiling ako. "Basta. Huwag kayong manigarilyo kapag nandyan sila."

"Leon naman, ang arte nito. Bakit?" tanong ni Lilienne.

"Basta!" iritado kong sinabi.

Malamig ang simoy ng hangin sa burol. Ang mga puting tela na nakagapos sa mga upuan ay sumasabay sa indayog ng mga dahon sa mga puno.

Tahimik ang lahat nang binigyan kami ng pagkakataon ng pari para magsalita. I will tell her everything I ever wanted to tell her before. At parang hindi yata magkakasya ang habang-buhay para sabihin sa kanya ang lahat ng ito.

"Today, Freya Dominique Cuevas Revamonte, I confess to you, to everyone, and to God... everything..." Humalakhak ako habang binabasa ang sulat.

The exchange of vows was already done. I asked the priest to give me more time for this. Tumawa ang pari sa sinabi ko.

"I did so many things way back... just to win you. Do you know that?"

The most beautiful woman in the world is right in front of me. And she's my wife!

Nakangiti si Freya ngunit ang gilid ng mga mata ay basa. Nakaayos ang kanyang buhok at ang dugtong noon ay ang mahabang belo na kanina'y binuksan ko para mahalikan siya. She was so surprised that this is part of the wedding. Hindi siya handa at ayos lang iyon. Gusto ko lang malaman niya ang lahat ng ito.

And then I recalled the first time my friends knew that I have a thing for her.

"Si Freya lang 'yan. Wala si Juliet!" ani Julio nang itinapon ko ang isang pakete ng sigarilyo.

"Tapon mo 'yang sigarilyo mo..."

"Itong si Leon, ang OA! Si Freya lang 'yan, no!" ani Suki.

"Itapon n'yo sabi 'yan!" iritado kong sinabi.

Nasulyapan kami ni Freya. Bumaba ang mga mata niya sa kung ano sa mga kasama ko at

nag-iwas na lang siya ng tingin.

My heartbeat is racing so fast. Pakiramdam ko ay kung anu-ano na naman ang iisipin niya. I'm not smoking, Freya. She seems so judgemental or something.

"At ano naman ngayon kung malaman ni Freya? Alam nga ni Juliet, e. Alam na rin ng Daddy mo. Bakit kapag si Freya ay talagang naiirita ka. Pa impress ka masyado kay Miss Universe, e."

Humagalpak silang lahat sa sinabi ni Suki. Umiling ako at hinayaan silang magtawanan. Pinagmasdan ko ang isnaberang si Freya na patuloy sa paglalakad palayo sa amin.

"Susundan-" naputol ang sinabi ni Lilienne nang tama siya.

Umalis ako roon para sundan si Freya sa kung saan siya patungo. I'd entertain her.

See if she's mad or turned off.

"'Wag mong sabihin kay Juliet, ha?" sabi ko.

"Alam na ni Juliet. 'Di ko na kailangang sabihin..." malamig niyang sinabi at diretso ang tingin sa malayo.

"Okay... Balik muna ako sa girlfriend ko..." sabi ko sabay ngisi.

Nilingon niya ako at tumango siya. "Bye..."

Nagpatuloy siya sa paglalakad na parang wala lang ang lahat. What a cold, cold girl! Kinagat ko ang labi ko habang tinitingnan siyang lumalayo sa akin.

Nacha-challenge ako... Gusto ko siya... Pero... hindi ko siya pwedeng ligawan.

"Bakit naman?" natatawang tanong ni Lilienne.

"Babastedin lang ako noon. Mataas standards noon..."

"Then lagpasan mo ang standards niya! Simple..."

Matalim ko siyang tinitigan. "Ano? Magsa-scientist ako?"

Tumawa si Lilienne. "Hindi! Ang kahinaan ng mga matatalino, Leon, ay ang pag-ibig.

Paniguradong kahit na ganoon iyon, mahuhulog iyon basta ba nakita niyang sincere ka!"

"Ayaw ko. Kulang pa ako sa kanya. 'Di 'yon makokontento sakin..."

Tumawa ng napakalakas si Lilienne at kinalabit sina Julio at Russel na parehong may pinag-uusapang mas seryoso. Siniwalat niya ang mga sinabi ko sa dalawa. Umiling lamang ako at nagpatuloy sa pag-iisip.

"Tuwing nakikita kita sa campus noong high school pa lang tayo, lagi kong sinusubukang makipag-usap sa'yo. I want to see if you're angry or annoyed with me.

You were always casual. You always made me feel like you don't really care about me."

Umiling si Freya at mas lalong umiyak. Tumawa ako. It's true! She can't lie about that!

"But of course that was before I pursued you seriously..."

Nagtawanan silang lahat. Humugot ako ng malalim na hininga. Nahihirapan pa yata ako sa paghinga.

"Noong may nasuntok ako sa Alps, doon ako unang natakot. I punched that boy because I feel like you were violated. And I hate seeing you like that..."

"Bugbog 'yon, Leon!" sigaw ni Kuya Nicholas.

Tumawa lamang ako sa sinabi ng aking kapatid.

"Put the towel on your body. Magbihis ka na rin... Juliet, kayo ni Marjorie..."

sabi ko sa kanilang tatlo kahit na si Freya lang talaga ang gusto kong mag-ayos.

Hindi nagsalita si Freya. I know she knows that I punched that guy for her. At ngayon... anong iniisip niya? Na masama akong tao? Na ganoon ako magalit? Fuck! At iisipin niya kung bakit ako ganoon sa kanya? Bakit ako nagalit ng ganoon? She'd think I have a thing for her. And will she like it? Of course not!

"Hindi ka nagsasalita..." sabi ko nang naramdaman ang lamig sa kanya.

"Uh... Wala... Ayos ka lang?"

Hindi siya makatingin. Tumango ako.

"Did I... Uh... scare you?"

Punong puno ng takot ang aking tanong. Kinakabahan ako sa maari niyang isagot pero mas nakakakaba pala ang gagawin niya. Damn, Freya Cuevas!

Tumango lamang siya at iniwan ako roon. Pinagmasdan ko siyang 'di ako nililingon.

WHAT? What is she thinking? She'll drive me nuts thinking about her opinion of me?

At kailan ba ako nagkaroon ng pakealam sa opinyon ng ibang tao? Ngayon lang! At kay Freya lang talaga! Kailangan mabuti ang opinyon niya sa akin! Kailangan tama ako!

Bakit sa kanya lang ang mahalaga sa akin? Hindi bale na kung isipin ng iba na masama ako basta kay Freya, hindi!

Fuck...

"February twelve, prom night, Freya..." I chuckled. "I'm sorry. Una sa lahat, dapat

'di ako ang partner mo noon. It was Russel, actually. Malayo ang apelyido natin but I did everything just for us to be paired..."

Nilingon ko ang iilang teacher namin noong highschool. They all laughed. Pagbaling ko kay Freya ay nanlaki ang mga mata niya. Nilingon niya rin ang mga teacher namin.

"Sabi ko... 'di na ako mag ka-cutting magpartner lang tayo..."

Tawanan ulit ang bumalot sa burol. Umihip ang hangin. Hinawakan ko ang kamay niya.

"And that day, I shouldn't be the prom king, too. There was no doubt that the title is yours... But the prom king isn't for me... I'm the least favorite of the faculty..."

"Ha? Kung ganoon, anong ginawa mo?" malambing niyang tanong.

"I promised them I'll pass all my exams. Sisiguraduhin kong mataas ang marka ko...

Kapag hindi, ibabagsak nila ako sa senior high. And I won't make it to college that same year."

Humagalpak ulit sa tawa ang lahat pero si Freya sa harap ko ay umiiyak at umiiling na. Nangilid ang luha sa aking mga mata kahit na natatawa rin ako.

"Tama na..." aniya.

Kinagat ko ang labi ko.

"Frey, nawalan lamang ako ng kontrol nang hiningi mo na sa akin ang umalis..."

Nanginginig siya habang umiiyak. There are still so many things I'd like to tell

her. Not to upset her but for her to know about my stupid decisions back when we were young... and even just recently but... masyado na siyang naging emosyonal ngayon.

"You always know your power over me. And you know how to use it well... You used it really well..." Tumango ako.

Pinunasan ko ang luhang lumandas sa kanyang mga mata. Humugot siya ng malalim na hininga.

"When you asked me to leave you, I know I didn't have a choice. Your decision is also mine, Frey... Kahit labag iyon sa akin... Sinubukan kitang pakiusapan pero alam ko na kapag itutuloy mo ang desisyon mo, wala akong magagawa..."

Huminga siya ng malalim. Hindi ko matatapos ang lahat ng ito pero gusto kong ipagpatuloy kahit ang parteng ito na lang.

"Then I realized, I have made you my anchor. I am already worshipping your decisions. I have fully submitted my self to you..."

Umiling siya. "Fourth..."

Tumango naman ako. "It's not right... okay? I know... So I guess leaving was still a good thing. I needed to be away from you. You needed to be away from me too."

Tumango siya. Ngayon ay wala nang natawa. Naririnig ko ang singhot sa mga audience.

Nilingon ko ang mga magulang namin. Mommy is crying so hard. Tita Melfina's eyes were just teary while Tito Clarence is crying.

"But now... I can officially say that yes... From this day on... Your decisions are mine, too. I will submit yourself to you, and you to me... We won't be anchors, Frey... but we will sail together..."

Tumango siya at niyakap ako ng sobrang higpit. Tumawa ako sa kanyang ginawa.

"I love you so much... I love you, Fourth... I love you... I am in love with you..." paulit ulit niyang sinabi.

"I have always been in love with you too..."

Nang bumalik ako para makita ulit siya, nanghina ako sa nadatnan ko.

Nahanap ko siya na nakaupo sa sahig sa gitna ng mga bookshelves. Mabilis ko siyang pinuntahan ngunit may isang lalaking nakauna patungo sa kanya.

I remember what Kuya Nicholas told me.

"May manliligaw yata siya... That's what my friend told me..." ani Kuya Nicholas.

It's normal, alright. She's beautiful but, damn it, nobody should even try because she's mine!

Palapit na ako nang nakita kong hinalikan siya noong lalaki! Nanlaki ang mga mata ko at agad-agad ang sugod ko. I suddenly want to push him... no... I want to kill him!

Tumigil sila saglit at nanghina ako nang nakita kong umatake ng halik si Freya sa kanya. She parted her lips and gave way to him.

Naestatwa ako sa kinatatayuan ko. Umigting ang panga ko at matinding galit ang naramdaman ko.

Pakiramdam ko ay talagang makakapatay ako ng tao. Hindi ako makakapayag na buhay ang lalaking nakikita kong humahalik kay Freya ngayon. I want to pound on his face!

Fuck!

Pumikit ako ng mariin habang inaalala ang atake ng halik ni Freya. She wants to kiss him. She wants it. She wants him...

And what about me? Did she think about me? I was faithful to her! Damn it! Why is she kissing someone else? Is that a mistake? Pinilit ba siya?

Alam ko ang lahat ng sagot doon. Ganunpaman ay gusto ko paring pagsusuntukin ang lalaking humalik sa kanya. Gusto ko siyang bugbugin hanggang sa hindi na ito magkamalay.

But instead of doing that, umatras ako at tinalikuran silang dalawa.

Leon, open your eyes. She clearly kissed him! She wanted to kiss him. She craved for someone else's lips!

"Did it go well?" salubong ni Kuya Nicholas sa akin pagdating.

Hindi ko na siya tiningnan. Pilit kong sinarili ang nararamdaman at ayaw kong malaman ng ibang tao. Ayaw kong malaman nila na binigo ako ng babaeng pinakamamahal ko.

"Ang sabi ni Nicholas, hindi ka raw sumasagot sa tanong niya. Maayos ba ang pag-uwi mo sa Pilipinas? Hindi kayo nagtagal, a?"

"It's okay..." sabi ko ng walang gana.

Sa hapag kami nag-usap noon. Everyone was quiet. It seems that they are all curious about what happened. Kasalanan ko rin. Ni hindi ako nag-antay ng sikat ng araw bago umalis doon. Hindi ko kakayanin.

Freya probably found someone else while I'm here. Hindi niya lang masabi sa akin.

Of course because the nice, prim, and proper Freya Cuevas of Alegria didn't know how to break the news to me. She'd rather want me to cheat on her, para siya ang masaktan, kesa ganito... kesa sabihin sa akin ng diretso na may gusto na siyang iba.

At oo! Gusto niya iyon! Why would someone kiss a person, right?

Mom cheated with her ex because she wants her ex! Dad cheated because he wants the other girl! And I don't want Freya to want someone else other than me!

"It's okay? That means? Nag-usap ba kayo ni Freya? Hindi ka nagtagal, a?"

"Mom, I said it's okay..." nilingon ko si Mommy na ngayon ay maputla at hinang-hina dahil sa therapy.

Pinigilan ko ang galit ko. I don't want to be a burden here.

"Kwarto lang ako..." sabi ko sabay tayo.

"Fourth..." tawag ni Mommy.

"Don't!" sigaw ko sabay lingon ko sa kanya. "... call me that."

Pagkatapos ay tinalikuran na silang lahat.

Paano ko makakayang pakinggan ang pangalang iyon kung ang naiisip ko ay si Freya?

Ang malambing at matamis na boses ni Freya.

Fuck.

Dapat ay 'di ko siya iniwan. Dapat ay nanatili ako. Dapat ay 'di ko siya sinunod.

Where did her decisions take us? Where did it take me? Huh, Freya? You think it was a wise decision! You think that was a great decision! It isn't! For me, it isn't...

Pero paano kung ayos pala iyon sa kanya? Paano kung iyon pala talaga ang gusto niya?

Ilang buwan akong gulong gulo. I focused more on my studies. Dinagdagan ko ang hobbies ko. Sumama ako kay Kuya Nico at Kuya Kai tuwing may trips sila sa iba't-ibang States.

"Maghanap ka na lang ng iba..." ani Kuya Nicholas isang gabi sa bar.

Tumawa si Kuya Kai. "You really think it's that simple, Nicholas. Kapag nagmahal ka, hindi na madaling maghanap ng iba. Unless if it's not true."

"Love and sex are two different things, Kuya. You can always have the latter without the first..."

Iginala ko ang paningin ko sa paligid.

"Dude, you forgot about Ayana. Alam mo namang gusto ka noon. She's literally just waiting for you to happen to her. One time, I saw her almost naked inside your room," ani Nicholas sabay tawa.

Sinipat ko agad si Nicholas. "I don't like her."

"You don't have to like her..." ani Nicholas sabay ngisi.

Umiling ako at nilapag ang scotch na kanina ko pa pinaglalaruan.

Hindi ko maalala kung paano ko nagawa iyon noon. I would always jump from one girl to another. And I would never feel guilty or bored. But right now... everything seems so boring to me.

"May iba na siyang boyfriend, Leon. Kung hindi ka maghahanap ngayon, matatalo ka lang niya," bulong ni Nicholas. "Mas una siyang naka move on."

"So what if she'll realize that, anyway?"

"What?" kumunot ang noo ng aking kapatid.

Tumawa si Kuya Kaius at uminom.

"If she thinks that I haven't moved yet, then she's fucking right! I haven't moved.

And it's all because of her. It's because she wrecked me!"

"Leon! Parang tinanggap mo na rin ang pagkatalo mo!" Umiling si Kuya Nicholas.

"Baka kasi bumalik, Nicholas. Kapag na guilty si Freya... babalik iyon. Mabait pa naman 'yon..." Humalakhak si Kuya Kaius.

"Guilt? Iyon lang? Tapos kapag makipagbalikan na siya, ayos lang sa'yo? Kahit na nagkaroon na siya ng relasyon sa iba?" pagalit na tanong ni Kuya Nico.

Tumitig lang ako sa scotch. 'Di ko siya sinagot dahil maging ako, 'di ko alam kung ano ang sagot ko para riyan.

Pagbabalik si Freya sa akin kahit na may iba na siya...

Hell why did she kiss him in the first place? Why did she love him?

Pero kapag iiyak siya at magmakaawa sa akin... Kapag sabihin niyang mahal niya ako... Pumikit ako ng marahan at umiling.

I would take her again.

I'd forget about the past.

It's just because of the distance. She longed for me. She found me in someone else.

She... she wants me there but I couldn't... She liked someone else. That's a phase.

Her heart was unstable. She was vulnerable...

At kapag ako na... kapag ako na ulit... I will make sure that it's all just going to be me. She wouldn't remember anyone from her past. I'll make sure of that. She will never want to have anyone else again. She would always want to have me. She will never forget.

Ngunit tuwing naiisip ko si Freya na may kahalikang iba, naaalala ko ulit ang aking galit. It's a cycle. I'd cuddle myself with all my assumptions and the future I want... tapos naiisip ko ulit ang nangyari. Babalik na naman ako sa mga pananaw ko.

I learned that in this life, if you really want something, you choose what to believe. And for Freya, I choose to think and believe in our future. I will forget about what happened in the past. I will set it aside. Makausap ko lang si Freya at malaman ang nararamdaman niya, kakalimutan ko na agad lahat ng iyon.

I want to start a new relationship with her. I hope she'd let me.

"And now we're here!" tumawa siya at binuksan ang double doors ng aming villa.

Hating gabi na. Disoras na natapos ang party galing sa aming kasal. Nakakapagod.

Kanina ko pa siya nakikitang humihikab pero tingin ko'y pinipilit niyang maging maliksi parin hanggang ngayon.

"Let's rest..." sabi ko sabay sarado ng pintuan.

Inanyayahan kami nina Lolo na sa mansyon na muna matulog kaya lang ay gusto ni Freya na sa unang gabi ay dito kami sa villa.

This is just near my Lolo's other villa. Sa labas ng gate namin ay nandyan din ang bahay ng ilang trabahador sa aming farm. And Juliet's and Jarrick's

new house is also just a few blocks away.

Pinili ko ito kesa sa ibang properties ni Lolo dahil tanaw nito ang flower plantation nga isang pamilya rito sa Alegria. Maganda ang tanawin kapag umaga.

Nilingon ako ni Freya at agad na niyakap. Niyakap ko siya pabalik ng mas mahigpit.

Finally, I'm home with her. I don't have to drive her home. I don't have to go home alone. I don't have to sleep in my room alone. From now on, I'm always going to be with her. Anywhere I go...

Yumuko ako at agad ko siyang kinarga. Tumili siya sa ginawa ko dahilan kung bakit tumindig ang balahibo ko.

Oh no, Freya. You won't sleep yet tonight. Not when you're wriggling and laughing on my arms.

Dahan-dahan ko siyang inakyat para makapunta na sa aming kwarto.

Nagpatuloy siya sa kanyang tawa at bahagyang pagtampal sa aking dibdib.

"Dahan-dahan, Fourth!" aniya.

Ngumisi lang ako at binuksan ang pintuan ng aming kwarto.

She's wearing a short white dress and a cream-colored pumps. Nagpalit na siya kanina pagkatapos ng party para sa konting after party.

Marahan ko siyang nilapag sa aming kama. Tiningala niya ako habang kinakalas ko ang butones ng aking polo. Kinagat niya ang kanyang labi. Mas lalong bumilis at lumalim ang paghinga ko.

The girl of my dreams is on my bed right now... I still can't believe she married me today.

Tumawa siya nang hinubad ko ang aking polo. Tinakpan niya ang isang mata niya at tinanggal ko ang kamay niya roon.

Dahan-dahan kong tinanggal ang kanyang sapatos. Her feet is red... maybe because she's standing the whole day.

I massaged her feet. Dumaing siya sa ginawa ko at humikab ulit. My queen is sleepy now. I'm not. I want her right now but if she's too tired. I'll let her sleep.

Kinalas ko ang isa pang sapatos para ma-masahe ko ang isa pa niyang paa. Kinagat niya ang kanyang labi at marahan siyang pumikit dahil sa masahe ko.

Dinaganan ko siya. I did not put my weight on her, of course.

"Are you sleepy?" tanong ko sabay halik sa kanyang leeg.

"Hmmm... No... I like your touch..."

Napaangat agad ako ng tingin. Nakangisi na siya pagkatingin ko. She better stop saying that if she's really sleepy. Ayaw ko siyang masyadong pagod!

"I think you're tired..." Let's see what she's going to say this time.

"Are you?"

A playful smile is on her. Pinatakan ko siya ng halik. She responded quickly and deeply. I cannot believe it. My wife is turn on? And she's supposedly tired!

Damn it!

Ayaw ko siyang pagurin pero kung ganito...

I started kissing her thoroughly. I claimed every corner of her mouth. It's rightfully mine, anyway.

I pulled her hair back so I can thoroughly kiss her more. She moaned. Parang may kumalabit sa aking sistema at dumoble pa ang lakas ko.

I slid my hand beneath her skirt. Ang kabilang kamay ko ay nasa kanyang leeg para igiya ang kanyang mukha sa akin.

I slid my fingers to her soft flesh. Mas lalo siyang dumaing dahilan kung bakit tumindig ulit ang aking mga balahibo.

Binaba ko ang isang kamay ko sa kanyang dibdib. I continued caressing her delicious flesh in between her thighs. I showered her neck with kisses and I toyed with her mounds.

My fingertips were at the edge of her when I felt her hot and wet desire. Napamura ako at napatigil sa ginagawa.

She is very excited. She is very turned on. And she is so ready for me.

Mabilis akong bumaba para maghubad ng maong. I told myself to make this slow but how can I actually make this slow when she's just so hot damn I can even come before I can enter!

Her expression is unreadable. Everytime we're doing this, hindi ko talaga siya makilala. It's like the other side of her that's only seen by me.

Hinubad niya ang kanyang dress habang naghuhubad ako. Iniwas niya ang tingin sa akin nang hinubad ko ang aking boxers.

"No... No... you don't have to do anything. I will do it for you, Frey..." sabi ko at kinuha ang kanyang dress.

Gusto ko ako iyong naghuhubad sa kanya. But thinking about her just so damn excited for this turns me on big time.

Hindi na siya humiga ulit. Hinayaan niya akong halikan siya habang nakaupo. I caressed her tender flesh as I kissed her. Her gasps became soft moans. Her body is responding to every stroke I'm doing to her.

Binahagi ko ang kanyang mga hita. Tumingin siya sa akin. She looks dizzy and drunk.

Pumikit ulit siya at tumingala.

I took that as a signal to kiss her neck. I kissed her there. Galing sa baba ng kanyang tainga hanggang sa kanyang dibdib. I pushed my finger into her soaking entrance. Niyakap niya ako ng mahigpit habang sinusundan ang galaw ng aking kamay.

She began moaning so loud. Tumigil ako sa paghalik at tiningnan ko siyang mabuti habang dinadama ang lahat ng ito.

"Fourth! Please!"

My poor little Freya is begging for more. I'm giving it to you, Frey.

Pinagpatuloy ko ang aking ginagawa habang mas lalong lumakas ang kanyang mga daing.

Then I felt her body's convulsions. She squeezed my fingers tightly and I stopped what I did. She came. Nanghina ang kamay niyang nakapalupot sa aking leeg.

Bumagsak siya sa kama dahil sa panghihina. Dinaganan ko siya at hinalikan sa pisngi.

Damn, I'm horny. But if she's tired...

Tinalikuran niya ako habang siya'y nakahiga. Nilingon niya ako. She parted her lips, almost begging me to kiss her.

I kissed her. But I can't fully kiss her because she turned her back on me. Pilit ko siyang hinalikan sa ganoong posisyon.

Her legs folded. She's in foetus posistion.

I cursed again. Maraming gumulo sa aking utak. I thought of making love to her in this position. But then... I didn't want her to feel awkward.

Humiga ako tulad ng posisyon niya. I caressed her mounts from the back. She gsped as I played with her nipple.

My other hand reached for her entrance from the back. Her gasps turned into load moans. Damn, she's soaking wet!

Tinutok ko iyong akin sa kanya.

"Fourth!" she moaned as I continued to caress her entrance with mine.

Unti-unti ay pinasok ko siya. I filled her to the brim.

"Ah!"

Freya really has to tone down with her moans. I don't want to come too early, alright!

I started thrusting in that position. Mas lalo pang lumakas ang kanyang boses.

Pumikit ako ng mariin at pinagpatuloy ang ginagawa ko.

I thrusted harder and faster until I heard her loud desperate moans. Niyakap ko siya nang naramdaman ko iyon. She's sweating and breathing harder.

"I love you, Freya. I love you..." I said as my body convulsed for it.

Pareho kaming malalim ang hininga pagkatapos.

"Don't move..." sabi ko nang umamba siyang haharap sa akin.

Kinagat niya ang kanyang labi at pinilit na lumingon sa akin. I kissed her once. I want to just cuddle with her but I need to clean her up.

Today is February 13. I married her on our anniversary. I didn't need more time. I was so sure I'll marry her.

Pagkatapos ng lahat ay niyakap ko siya. Pinalupot niya ang kanyang kamay sa aking dibdib.

"I love you..." she said again.

Ngumiti ako. Nakapikit na siya. Masyadong mahigpit ang yakap niya ngayon. Parang gustong-gusto niya ang nangyari.

"I really damn love you..." ulit niya na parang 'di siya nakukuntento.

"I love you, more. I need to keep loving you that way so you'll stay in love."

Dumilat siya at tumingala sa akin. "No need. Kahit noon pa man, Fourth. Mahal na mahal na kita. Kahit noong 'di pa tayo naghahalikan, mahal na kita."

She looks so concerned. Alam ko ang iniisip niya. She thinks I have trust issues. I had trust issues. That's why I didn't believe in love.

Hindi niya alam... Hindi niya talaga alam na siya ang nagturo sa akin kung paano.

That to love is to bear all things... To believe the uncertainties... To hope for the unknown... and to endure the pain. It was all because of her. She taught me how to love. And our relationship taught me how to love the right way.

Kinurot ko ang kanyang ilong.

"Mas minahal mo lang ako ngayon, ganoon?"

She smiled. Her eyes twinkled. Freya, you are my everything.

OceanofPDF.com